# Lumang Tipan

## Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo



# Lumang Tipan

**Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo**

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

**Mga Puna at Mungkahi**

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa:

Curriculum Planning
50 East North Temple Street, Floor 24
Salt Lake City, UT 84150-3200
USA
e-mail: cur-development@ldschurch.org.

Mangyaring isulat ang inyong pangalan, tirahan, purok, at istaka. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kahusayan ng aklat at sa mga puntong maaari pa itong pagandahin.

Pabalat: *Ipinakikilala ni Hannah ang Kanyang Anak na si Samuel kay Eli*, ni Robert T. Barrett

© 1996, 2001 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 1/01
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/01
Pagsasalin ng *Old Testament: Gospel Doctrine Teacher's Manual*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang at Pamagat ng Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| Mga Tulong Para sa Guro | | vii |
| 1 | “Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian” (Moises 1) | 1 |
| 2 | “Ikaw ay Pinili Bago Ka pa man Isinilang” (Abraham 3; Moises 4:1–4) | 6 |
| 3 | Ang Paglikha (Moises 1:27–42; 2–3) | 10 |
| 4 | “Dahil sa Paglabag Ko ang Aking mga Mata ay Namulat” (Moises 4; 5:1–15; 6:48–62) | 14 |
| 5 | “Kung Ikaw ay Gumawa ng Mabuti, Ikaw ay Tatanggapin” (Moises 5–7) | 20 |
| 6 | “Si Noe . . . ay Naghanda ng Isang Daong sa Ikaliligtas ng Kaniyang Sangbahayan” (Moises 8:19–30; Genesis 6–9; 11:1–9) | 27 |
| 7 | Ang Tipang Abraham (Abraham 1:1–4; 2:1–11; Genesis 12:1–8; 17:1–9) | 32 |
| 8 | Pamumuhay nang Matwid sa Masamang Daigdig (Genesis 13–14; 18–19) | 38 |
| 9 | “Diyos ang Maghahanda ng Kordero” (Abraham 1; Genesis 15–17; 21–22) | 43 |
| 10 | Mga Biyaya ng Pagkapanganay; Kasal sa Loob ng Tipan (Genesis 24–29) | 48 |
| 11 | “Paano ngang Aking Magagawa Itong Malaking Kasamaan?” (Genesis 34; 37–39) | 56 |
| 12 | “Pinalago ng Diyos sa Lupain ng Aking Kadalamhatian” (Genesis 40–45) | 62 |
| 13 | Pagkaalipin, Paskua, at Exodo (Exodo 1–3; 5–6; 11–14) | 68 |
| 14 | “Magiging Isang Tanging Kayamanan nga Kayo sa Akin” (Exodo 15–20; 32–34) | 75 |
| 15 | “Tumingin sa Diyos at Mabuhay” (Mga Bilang 11–14; 21:1–9) | 83 |
| 16 | “Hindi Ko Masasalangsang ang Salita ng Panginoon” (Mga Bilang 22–24; 31:1–16) | 89 |
| 17 | “Mag-ingat Ka nga, Baka Iyong Malimutan” (Deuteronomio 6; 8; 11; 32) | 94 |
| 18 | “Magpakalakas Ka at Magpakatapang na Mabuti” (Josue 1–6; 23–24) | 100 |

| | | |
|---|---|---|
| 19 | Ang Pamumuno ng mga Hukom (Mga Hukom 2; 4; 6–7; 13–16) | 106 |
| 20 | "Buong Bayan . . . ay Nakakaalam na Ikaw ay Isang Babaing may Bait" (Ruth; I Samuel 1) | 112 |
| 21 | Pararangalan ng Diyos ang mga Nagpaparangal sa Kanya (I Samuel 2–3; 8) | 117 |
| 22 | "Ang Panginoon ay Tumitingin sa Puso" (I Samuel 9–11; 13; 15–17) | 123 |
| 23 | "Ang Panginoon ay nasa Gitna Natin Magpakailanman" (I Samuel 18–20; 23–24) | 131 |
| 24 | "Likhaan Mo Ako ng Isang Malinis na Puso" (II Samuel 11–12; Mga Awit 51) | 136 |
| 25 | "Purihin ng Bawat Bagay na may Hininga ang Panginoon" (Mga Awit) | 144 |
| 26 | Haring Salomon: Taong Matalino, Taong Mangmang (I Mga Hari 3; 5–11) | 151 |
| 27 | Ang Impluwensiya ng Masasama at mga Matwid na Pinuno (I Mga Hari 12–14; II Mga Cronica 17; 20) | 157 |
| 28 | "Pagkatapos ng Apoy ay Isang Marahang Bulong na Tinig" (I Mga Hari 17–19) | 164 |
| 29 | "Kinuha . . . Niya ang Balabal ni Elijah" (II Mga Hari 2; 5–6) | 171 |
| 30 | "Magsiparoon sa Bahay ng Panginoon" (II Mga Cronica 29–30; 32; 34) | 177 |
| 31 | "Mapalad ang Tao na Nakakasumpong ng Karunungan" (Mga Kawikaan at Eclesiastes) | 185 |
| 32 | "Talastas Ko na Manunubos sa Akin ay Buhay" (Job 1–2; 13; 19; 27; 42) | 193 |
| 33 | Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa Daigdig (Jonas 1–4; Mikas 2; 4–7) | 199 |
| 34 | "Magiging Asawa Mo Ako sa Katuwiran" (Oseas 1–3; 11; 13–14) | 204 |
| 35 | Inihahayag ng Diyos ang Kanyang mga Lihim sa Kanyang mga Propeta (Amos 3; 7–9; Joel 2–3) | 209 |
| 36 | Ang Kaluwalhatian ng Sion ay Magiging Pananggalang (Isaias 1–6) | 215 |
| 37 | "Sapagkat Ikaw ay Gumawa ng Kagila-gilalas na Bagay" (Isaias 22; 24–26; 28–30) | 220 |
| 38 | "Liban sa Akin ay Walang Tagapagligtas" (Isaias 40–49) | 225 |
| 39 | "Anong Pagkaganda sa mga Bundok" (Isaias 50–53) | 230 |
| 40 | "Iyong Palakihin ang Dako ng Inyong Tolda" (Isaias 54–56; 63–65) | 234 |

| | | |
|---|---|---|
| 41 | "Ginawa Kita sa Araw na Ito . . . na Pinakahaliging Bakal" (Jeremias 1–2; 15; 20; 26; 36–38) | 239 |
| 42 | "Aking Isusulat sa Kanilang Puso" (Jeremias 16; 23; 29; 31) | 244 |
| 43 | Ang mga Pastol ng Israel (Ezekiel 18; 34; 37) | 248 |
| 44 | "Bawat Likhang may Buhay . . . Saan mang Dako Umaagos ang Tubig, ay Mabubuhay" (Ezekiel 43–44; 47) | 255 |
| 45 | "Kung Ako'y Mamatay ay Mamatay" (Daniel 1; 3; 6; Esther 3–5; 7–8) | 260 |
| 46 | "Isang Kaharian na Hindi Magigiba Kailanman" (Daniel 2) | 267 |
| 47 | "Magsibangon Tayo at Magtatag" (Ezra 1–8; Nehemias 1–2; 4; 6; 8) | 272 |
| 48 | "Ang Dakila at Kakila-kilabot na Araw ng Panginoon" (Zacarias 10–14; Malakias) | 279 |

# Mga Tulong Para sa Guro

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na: "Inaasahan ko na para sa inyo [ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan] ay magiging isang bagay na higit na kawili-wili at hindi isang tungkulin lamang; na, sa halip, ito ay magiging isang pakikipagsuyuan sa salita ng Diyos. Ipinapangako ko sa inyo na habang nagbabasa kayo, ang inyong mga kaisipan ay magkakaroon ng kaliwanagan at ang inyong espiritu ay mabibigyang inspirasyon" ("The Light Within You," *Ensign*, Mayo 1995, 99).

Bilang guro sa Doktrina ng Ebanghelyo ay may pagkakataon kayong tulungan ang mga miyembro ng inyong klase na matutuhang mahalin ang Lumang Tipan at hanapin ang kaliwanagan ng kaisipan na ipinangako ni Pangulong Hinckley. Habang nagtuturo kayo ay masusundan ninyo ang halimbawa ng Tagapagligtas, na nagmahal sa mga banal na kasulatan at ginamit ang mga ito upang turuan ang kanyang mga disipulo.

Pagkatapos na mabuhay na mag-uli si Jesus, ginamit niya ang mga banal na kasulatan upang ituro sa dalawang disipulo ang makapangyarihang katotohanan. Ang isang disipulo na nagngangalang Cleopas at ang kanyang kasama ay kasalukuyang naglalakad sa lansangang patungong Emaus, na nag-uusap tungkol sa narinig nilang balita na ang katawan ni Jesus ay wala na sa libingan. Habang naglalakad sila ay sinabayan sila ni Jesus subalit siya ay hindi nila nakilala. Tinanong niya sila kung ano ang pinag-uusapan nila at kung bakit sila malungkot, at sinabi nila sa kanya ang tungkol sa Pagpapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli. Nang marinig ito ni Jesus ay "ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kanya sa lahat ng kasulatan" (Lucas 24:27).

Hiniling ni Cleopas at ng kanyang kasama na lumagi sa piling nila ang Tagapagligtas, at sa pag-upo nila upang kumain siya ay nakilala nila bilang ang nabuhay na mag-uling Panginoon. Sa gayon ay naglaho siya sa kanilang paningin, at sinabi nila sa isa't isa, "Hindi baga nag-aalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?" (Lucas 24:32).

Ang mga banal na kasulatan na nagdulot ng nag-aalab na damdamin sa puso ng mga disipulo ay mula sa mga aklat ni Moises at ng mga propeta—ang mga banal na kasulatan na kilala natin bilang ang Lumang Tipan. Habang itinuturo ninyo ang mga sagradong katotohanang ito ay magpapatotoo ang Espiritu Santo tungkol sa katotohanan ng mga bagay na ito sa inyong klase na tulad ng ginawa niya kay Cleopas at sa kanyang kasama.

Dapat mapatatag ng pag-aaral ng Lumang Tipan ang mga patotoo ng mga miyembro ng klase tungkol sa Tagapagligtas at ang kanilang matibay na pangako na ipamumuhay ang kanyang ebanghelyo. Sa pamamagitan ng paggabay ng Espiritu sa kanilang pag-aaral, ang mga miyembro ng klase ay dapat na makapagpatotoo na tulad ni Job na, "Talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan" (Job 19:25).

## Pagtuturo sa Pamamagitan ng Espiritu

Kapag naghahanda para sa klase sa Doktrina ng Ebanghelyo, mahalaga na hangarin ninyo ang inspirasyon at gabay mula sa Espiritu ng Panginoon. "At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya;" ang sabi ng Panginoon, "at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (Doktrina at mga Tipan 42:14). Alalahanin na ang Espiritu Santo ang guro sa inyong klase.

Ang paraan ng inyong pagsasaliksik sa Espiritu ay sa pamamagitan ng panalangin, pag-aayuno, araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsunod sa mga kautusan. Samantalang naghahanda para sa klase, manalangin na tulungan kayo ng Espiritu na maunawaan ang mga banal na kasulatan at ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Matutulungan din kayo ng Espiritu upang makapagplano ng mga makabuluhang paraan upang matalakay ang mga banal na kasulatan at itugma ang mga ito sa kasalukuyan (1 Nephi 19:23). Sa tulong ng Espiritu, kayo ay magiging mabisang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon upang maituro ang kanyang salita sa kanyang mga anak.

Ang ilang mungkahi sa kung paano aanyayahan ang Espiritu sa inyong klase ay nakalista sa ibaba:

1. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-alay ng panalangin bago magsimula at pagkatapos ng aralin. Habang nagkaklase, manalangin sa inyong puso na gabayan kayo ng Espiritu, na buksan ang mga puso ng mga miyembro ng klase, at magpatotoo at magbigay ng inspirasyon.

2. Gamitin ang mga banal na kasulatan (tingnan sa "Pagtutuon ng Pansin sa mga Banal na Kasulatan" sa ibaba).

3. Magbigay ng patotoo sa tuwing ipadarama sa inyo ng Espiritu na gawin ang gayon, hindi lamang sa pagtatapos ng aralin. Magbigay ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Madalas na anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbigay ng kanilang mga patotoo.

4. Gamitin ang mga himno, awit sa Primarya, at iba pang sagradong musika upang ihanda ang mga puso ng mga miyembro ng klase na madama ang Espiritu.

5. Ipadama ang pagmamahal sa mga miyembro ng klase, sa iba, at sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

6. Magbahagi ng mga kaisipan, damdamin, at karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin sa aralin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na gawin din ang gayon. Maaari ding sabihin ng mga miyembro kung paano nilang naipamuhay o naituro ang tinalakay sa mga nakaraang aralin.

## Pagtutuon ng Pansin sa mga Banal na Kasulatan

Ang paghahanda para sa klase sa Doktrina ng Ebanghelyo ay nangangailangan ng matiyaga at mapanalanging pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Iniutos ng Panginoon na, "Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin

munang matamo ang aking salita." Sa pagkakamit ninyo ng kanyang mga salita sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, ang Panginoon ay nangangako na "kakalagan ang iyong dila; kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Ang manwal na ito ay kasangkapan na tutulong sa inyo na maituro ang mga banal na kasulatan. Himukin ang mga miyembro ng klase na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa klase linggu-linggo. Kung maaari, dapat gamitin ang mga edisyon ng mga banal na kasulatan na pag-aari ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sumangguni sa mga piling bahagi na nasa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.

Habang nagkaklase, panatilihing nakatuon ang pansin ng mga talakayan sa mga banal na kasulatan. Pagpasiyahang mabuti ang inyong paggamit ng mga komentaryo at ng iba pang pinagkukunan ng impormasyon na hindi batay sa banal na kasulatan. Ang mga miyembro ng klase ay dapat turuan na magsaliksik ng kaalaman at inspirasyon mula sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta sa mga huling araw.

Ang bawat miyembro ng klase ay dapat bigyan ng kopya ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Lumang Tipan* (34592 893). Ang buklet na ito ay naglalaan ng mga buod at mga tanong na makatutulong sa mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga banal na kasulatan, pag-isipang mabuti kung paano ipamumuhay ang mga ito, at maghanda para sa talakayan sa klase. Himukin ang mga magulang na gamitin ang gabay sa pag-aaral sa pag-aaral ng kanilang mag-anak ng banal na kasulatan.

---

## Pagkakabuo ng Aralin

Ang manwal na ito ay isinulat para sa mga klase sa Doktrina ng Ebanghelyo ng kabataan at may sapat na gulang at gagamitin tuwing ikaapat na taon. Ang mga aralin ay inayos upang maglaman ng mas maraming impormasyon kaysa sa maaaring ituro ninyo sa isang pulong ng klase. Hangarin ang Espiritu ng Panginoon sa pagpili ng mga pangyayari, tanong, at gawain sa banal na kasulatan na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

Ang bawat aralin ay kinapapalooban ng sumusunod na mga bahagi:

1. *Layunin*. Ang pangungusap tungkol sa layunin ay nagbibigay sa inyo ng isang pangunahing ideya na pagtutuunan ng pansin habang inihahanda at itinuturo ninyo ang aralin.

2. *Paghahanda*. Ibinubuod ng unang bahagi nito ang mga pangyayari sa banal na kasulatan na nasa balangkas ng aralin. Ang ilang aralin ay nagmumungkahi ng karagdagang babasahin na magbibigay sa inyo ng dagdag na pang-unawa. Sa maraming aralin ang bahaging ito ay kinapapalooban din ng iba pang mga mungkahing paghahanda, katulad ng mga kagamitan na maaaring nais ninyong dalhin sa klase.

3. *Gawaing pantawag-pansin*. Ang gawaing ito ay binubuo ng isang simpleng gawain, pakay-aralin, o tanong upang tulungan ang mga miyembro ng klase

na maghandang matuto, makisali, at madama ang impluwensiya ng Espiritu. Gamitin man ninyo ang gawaing pantawag-pansin ng manwal o ang sarili ninyong pantawag pansin, mahalagang ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa simula ng aralin. Ang gawain ay dapat maging maikli.

4. *Talakayan at pagsasagawa ng banal na kasulatan*. Ito ang pangunahing bahagi ng aralin. Pag-aralan nang may panalangin ang mga pangyayari sa banal na kasulatan upang mabisa ninyong maituro at matalakay ang mga ito. Gamitin ang mga mungkahi sa "Mga Tulong Para sa Pagtuturo ng mga Banal na Kasulatan" (ibaba) upang iba-ibahin ang paraan ng inyong pagtuturo at upang mapanatili ang interes ng mga miyembro ng klase.

5. *Katapusan*. Tutulungan kayo ng bahaging ito na ibuod ang aralin at himukin ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang mga alituntunin na inyong tinalakay. Pinaaalalahanan din kayo nito na magbigay ng patotoo. Tiyakin na maglaan ng sapat na oras upang tapusin ang bawat aralin.

6. *Karagdagang mga ideya sa pagtuturo*. Ang bahaging ito ay kinabibilangan ng mga karagdagang katotohanan mula sa mga pangyayari sa banal na kasulatan, mapagpipiliang mga paraan sa pagtuturo, mga gawain, at iba pang mga mungkahi na karagdagan sa banghay ng aralin. Maaari ninyong gamitin ang ilan sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

---

## Mga Tulong sa Pagtuturo ng mga Banal na Kasulatan

Gamitin ang sumusunod na mga mungkahi upang mas mabisang maituro ang mga pangyayari sa banal na kasulatan at mas maraming mapagpipilian:

1. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo, ang Jehova ng Lumang Tipan, na kung kaninong pagsilang, misyon sa buhay na ito, ikalawang pagparito, at pamumuno sa milenyo ay nakapropesiya sa Lumang Tipan.

2. Hilingin sa mga miyembro ng klase na mag-isip at magbahagi ng mga tiyak na paraan kung paano maiaangkop sa kanilang buhay ang isang talata sa banal na kasulatan.

3. Bilang karagdagan sa doktrina, bigyang-diin ang mga kuwento sa Lumang Tipan, lalung-lalo na ang mga kuwento ng pananampalataya, na tinitiyak na nauunawaan ng mga miyembro ng klase ang mga ito at talakayin ang mga paraan kung paano ipamumuhay ang mga ito.

4. Papaghanapin ang mga miyembro ng klase ng mga salita, parirala, o ideya na madalas ulitin sa isang talata ng banal na kasulatan o may natatanging kahulugan para sa kanila.

5. Isulat sa pisara ang ilang parirala, mga mahalagang salita, o tanong na nauugnay sa pangyayari sa banal na kasulatan. Pagkatapos ay basahin o ibuod ang pangyayari. Kapag narinig na ng mga miyembro ng klase ang mga parirala, mahalagang salita, o sagot sa mga tanong, huminto at talakayin ang mga ito.

6. Sa kabuuan ng Aklat ni Mormon, ang pariralang "at sa gayon nakikita natin" ay ginamit upang ipakilala ang buod ng mga alituntuning itinuro. Pagkatapos talakayin ang isang talata sa banal na kasulatan, hilingan ang mga miyembro ng klase na tapusin ang pangungusap na "at sa gayon nakikita natin" upang ipaliwanag ang alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo.
7. Hanapin at talakayin ang mga sagisag na ginamit sa kabuuan ng Lumang Tipan. Halimbawa, ang babaeng ikakasal at ang Lalaking ikakasal ay sumasagisag sa Israel at sa Tagapagligtas.
8. Pansinin kung paano mapaghahambing ang mga tao at ang mga pangyayari sa mga banal na kasulatan. Halimbawa, maaari ninyong ihambing si Cain kina Abel at Enoc (Moises 5–7); sina David at Bath-sheba (II Samuel 11) kina Jose na ipinagbili sa Egipto at sa asawa ni Potiphar (Genesis 39:7–13); o ang propetang si Elijah sa masamang Haring si Achab (I Mga Hari 16:29–33; 17–19).
9. Magdaos ng isang tanghalan ng mga mambabasa (readers' theater) sa pamamagitan ng pagpapabasa sa mga miyembro ng klase ng mga salita ng iba't ibang tao sa mga banal na kasulatan.
10. Hatiin ang klase sa dalawa o mas marami pang maliliit na grupo. Pagkatapos pagbalik-aralan ang pangyayari sa banal na kasulatan, ipasulat sa bawat grupo ang mga alituntuning itinuro sa kuwento. Pagkatapos ay hayaang maghalinhinan ang mga grupo sa pagtalakay kung paano naaangkop ang mga alituntuning ito sa kanilang buhay.
11. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magdala ng lapis na pangmarka sa mga makabuluhang talata habang tinatalakay ninyo ang mga ito.

---

**Paghimok ng Talakayan sa Klase**

Karaniwan ay hindi kayo dapat magbigay ng mga *lecture* ngunit dapat ninyong sikaping tulungan ang mga miyembro ng klase na makisali nang makabuluhan sa pagtatalakay sa mga banal na kasulatan. Habang nakikisali ang mga miyembro ng klase ay mas lalo nilang natututuhan ang tungkol sa mga banal na kasulatan at mas nauunawaan nila kung paano ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Hangarin ang patnubay ng Espiritu sa pagpapasiya kung ano ang mga itatanong, paano isasaayos, at paano palalawakin ang mga ito. Ang mga talakayan sa klase ay dapat nakasentro sa mga bagay na makatutulong sa mga miyembro na lumapit kay Cristo at mamuhay bilang kanyang mga disipulo. Pangasiwaan muli ang mga talakayan na hindi nakakakamit sa mga layuning ito.

Ang mga sanggunian sa banal na kasulatan ay inilaan upang tulungan kayo at ang mga miyembro ng klase na mahanap ang mga sagot sa karamihan sa mga tanong sa mga banal na kasulatan. Ang mga sagot sa ilan sa mga tanong ay magmumula sa mga karanasan ng mga miyembro ng klase.

Ang pagtalakay sa buong kagamitan ng aralin ay hindi kasing halaga ng pagtulong sa mga miyembro ng klase na mas maunawaan ang mga banal na kasulatan at ipangako ang kanilang sarili sa higit na pagiging disipulo. Kung ang

mga miyembro ng klase ay natututo mula sa isang mabuting talakayan, higit na makatutulong kung ipagpapatuloy ito sa halip na talakayin ang buong kagamitan ng aralin.

Gamitin ang mga sumusunod na patnubay upang humimok ng talakayan sa klase:

1. Magtanong at pagkatapos ay magbigay ng isang sanggunian sa banal na kasulatan upang makahanap ng sagot ang mga miyembro ng klase.

2. Magtanong ng mga tanong na mangangailangan ng pag-iisip at talakayan, sa halip na masasagot lamang ng oo o hindi. Ang mga tanong na nagsisimula sa *bakit*, *paano*, *sino*, *ano*, *kailan*, at *saan* ay karaniwang pinakamabisa sa panghihimok ng talakayan.

3. Himukin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang nadarama tungkol sa natututuhan nila mula sa mga banal na kasulatan. Himukin din silang magbahagi ng mga karanasan na nagpapakita kung paano ipamumuhay ang mga alituntuning mula sa banal na kasulatan. Magbigay ng mga positibong puna tungkol sa kanilang ibinahagi.

4. Maging sensitibo sa mga pangangailangan ng bawat miyembro ng klase. Kahit na dapat himukin ang lahat ng miyembro ng klase na makisali sa mga talakayan sa klase, ang ilan ay maaaring mag-atubili sa pagsagot. Maaaring isa-isa ninyo silang kausapin upang malaman kung ano ang kanilang pakiramdam tungkol sa pagbabasa nang malakas o pakikilahok sa klase. Pag-ingatan na huwag tawagin ang mga miyembro ng klase na maaaring mapahiya.

5. Himukin ang mga miyembro ng klase na maghanda para sa klase sa pamamagitan ng pag-aaral sa iniatas na kuwento sa banal na kasulatan at ng *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Lumang Tipan* (34592 893). Mas magagawa nilang makisali sa mga talakayan kung sila ay handa. Imungkahi na talakayin ng mga miyembro ng klase sa kanilang mag-anak ang mga pangyayari sa banal na kasulatan at gayundin ang mga aralin.

# “Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian”

Aralin **1**

*Moises 1*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na (1) tayo ay mga anak ng Diyos, (2) mapaglalabanan natin ang mga tukso ni Satanas, at (3) ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay ang isakatuparan ang ating pagkakaroon ng imortalidad at buhay na walang hanggan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan mula sa Mahalagang Perlas:

   a. Moises 1:1–11. Nakita ni Moises ang Diyos at nakipag-usap sa kanya nang harap-harapan. Nalaman ni Moises na siya ay anak ng Diyos na kawangis ng Bugtong na Anak ng Ama. Paalala: Dapat maunawaan ng mga miyembro ng klase na si Jehova, at hindi ang Ama sa Langit ang nagpakita kay Moises sa pangitaing ito. Si Jehova ang Jesucristo bago pa ang buhay na ito at ang Diyos ng Lumang Tipan. Siya ay kaisa ng Ama sa layunin at kinatawan ng Ama sa kapangyarihan at awtoridad. Ang kanyang mga salita ay sa Ama, at minsan, tulad sa Moises 1:6, siya ay nagsasalita para sa Ama. (Tingnan sa James E. Talmage, *The Articles of Faith*, ika-12 edisyon [1924], 470–71.)
   b. Moises 1:12–13. Hinarap ni Satanas si Moises; itinaboy siya ni Moises.
   c. Moises 1:24–39, Nagpakita muli ang Diyos at itinuro ang tungkol sa kanyang gawain at kaluwalhatian.

2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ituturo ang mga pangyayari sa banal na kasulatan. Dahil mahihirapan kayong itanong ang bawat tanong o talakayin ang bawat punto sa aralin, may panalanging piliin ang mga pinakamainam na tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaaring kailanganin ninyong iangkop ang ilang tanong upang lumapat sa katayuan ng mga miyembro ng klase.

3. *Kumuha ng kopya ng Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Lumang Tipan* (34592 893) para sa bawat isa sa inyong klase. (Dapat ay naka-order na ang purok ng mga gabay sa pag-aaral na ito bilang bahagi ng taunang order para sa kurikulum; isang miyembro ng pamunuang obispo ang dapat magbigay nito sa panguluhan ng Panlinggong Paaralan.)

4. Kung gagamit kayo ng ikalawang gawaing pantawag-pansin, kumuha ng papel o bag na yari sa tela at lagyan ito ng ilang bagay araw-araw, katulad ng bato, suklay, at lapis.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Pambungad sa Lumang Tipan

Ang Lumang Tipan ay isang ulat ng pakikitungo ng Diyos sa kanyang mga pinagtipanang tao mula sa panahon ng Paglikha hanggang sa ilang daang taon bago sumapit ang pagsilang ng Tagapagligtas. Ang Lumang Tipan ay nagbibigay

ng mga makapangyarihang halimbawa tungkol sa pananampalataya at pagkamasunurin. Ipinakikita rin nito ang mga bunga ng pagkalimot, pagsuway, o pagsalungat sa Diyos. Ang mga propesiya nito ay nagpapatotoo sa pagsilang ng Mesiyas, sa sakripisyo ng pagtubos, ikalawang pagparito, at pamumuno sa milenyo.

Bilang karagdagan sa Lumang Tipan, ang kursong ito ay kinabibilangan ng mga aklat ni Moises at Abraham mula sa Mahalagang Perlas. Ang mga aklat na ito ay naglalaan ng mahahalagang karagdagan at paglilinaw sa ilan sa mga materyal sa aklat ng Genesis. Ang aklat ni Moises ay hango mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Ang aklat ni Abraham ay pagsasaling ginawa ng Propetang si Joseph Smith mula sa ilang *papyri* na nagmula sa Egipto. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pagsasalin ni Joseph Smith, tingnan sa "Pagsasalin ni Joseph Smith," sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.

**Gawaing Pantawag-pansin**

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

1. Patingnan sa mga miyembro ng klase ang Moises 1:6, 20–22, at 39 upang matukoy ang mahahalagang katotohanan na ipinahahayag. Maaaring magkaiba-iba ang mga sagot. Ipaliwanag na ang araling ito ay magtutuon ng pansin sa tatlong katotohanan na nakalista sa ilalim ng "Layunin" sa pahina 1.

2. Pumili ng dalawang miyembro ng klase at ibigay sa kanila ang isang bag na naglalaman ng ilang bagay na gamit araw-araw (tingnan sa "Paghahanda," pahina 1). Sabihin sa mga kasali na maglalaro sila subalit huwag magbigay ng mga tagubilin o huwag ipaliwanag ang pakay ng laro. Hilingin sa mga kasali na buksan ang bag at simulan ang paglalaro. Aasahan nila na ipaliliwanag ng mga laman ng bag ang laro. Gayunman, hindi maibibigay ng mga laman ng bag ang impormasyong ito, at magtataka ang mga kalahok kung ano ang dapat nilang gawin.

   Ituro na upang maunawaan ang isang laro ay kailangan nating maunawaan ang pakay o layunin nito. Gayundin naman na kailangan nating maunawaan ang pakay o layunin ng ating buhay upang maunawaan natin ang ating buhay sa mundo. Tinutulungan tayo ng Moises 1 na maunawaan ito sa pamamagitan ng pagsagot sa tatlong mahahalagang katanungan:

   Sino tayo?
   Paano natin mapagtatagumpayan ang impluwensiya ni Satanas?
   Ano ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos?

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan. Sa angkop na pagkakataon sa aralin, ipamigay ang *Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase sa Lumang Tipan* (34592 893) at himukin ang mga miyembro ng klase na gamitin ito upang palawakin pa ang kanilang personal at pangmag-anak na pag-aaral ng banal na kasulatan.

**1. Itinuturo ng Diyos na si Moises ay anak ng Diyos.**

Ituro at talakayin ang Moises 1:1–11.

- Ano ang natutuhan ni Moises tungkol sa Diyos mula sa mga karanasang inilarawan sa Moises 1:1–7? Ano ang nalaman ni Moises tungkol sa kanyang sarili? (Maaari ninyong ipatala sa mga miyembro ng klase kung gaano kadalas tinukoy ng Diyos si Moises bilang "aking anak" sa mga talatang ito.)

- Ano ang ibig sabihin ng si Moises ay nilikhang "kawangis" ng Tagapagligtas? (Moises 1:6). Ano ang kaibahang magagawa sa ating buhay ng kaalaman na tayo ay mga anak ng Diyos, na nilikha tayong kawangis ang kanyang Anak?

  Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks na: "Isaalang-alang ang kapangyarihan ng ideya na itinuro sa ating pinakamamahal na awit na 'Ako ay Anak ng Diyos.' . . . Narito ang sagot sa isa sa mga dakilang tanong sa buhay, 'Sino Ako?' Ako ay anak ng Diyos na may espiritung mula sa makalangit na mga magulang. Ang angkan na iyon na ating pinagmulan ang nagpapaliwanag tungkol sa ating walang hanggang potensiyal. Ang makapangyarihang ideya ay mabisang pampasigla. Ang bawat isa sa atin ay mapatatatag nito upang makagawa ng mga tamang pagpili at mahanap ang pinakamagaling nating katangian. Itanim sa isipan ng isang . . . tao ang makapangyarihang ideya na siya ay anak ng Diyos, at sa gayon ay nakapagbigay kayo ng paggalang sa sarili at panghihikayat na labanan ang mga problema sa buhay" (sa Conference Report, Okt. 1995, 31; o *Ensign*, Nob. 1995, 25).

- Sa pamamagitan ng palagiang pagtawag kay Moises na "aking anak" at sa pagsasabing siya ay nilikhang "kawangis ng aking Bugtong na Anak," si Moises ay binigyan ng Diyos ng pagtitiwala at pang-unawa sa kanyang kahalagahan. Paano tayo matutulungan bilang mga magulang ng pagsunod sa alituntuning ito? Paano nito mapatatatag ang mga kasal? Paano nito mapatatatag ang mga pagkakaibigan?

  Imungkahi na sa daigdig kung saan nananaig ang pagtuligsa at negatibong panunuya ay dapat nating sundin ang halimbawa ng Panginoon at sabihin ang mga bagay na makatutulong sa iba na makita ang kanilang sarili bilang mga anak ng Diyos na may karangalan at kahalagahan.

- Ang kahalagahan at walang hanggang potensiyal ni Moises ay binigyang-diin sa Moises 1:1–7. Gayunman, pagkatapos siyang lisanin ng Diyos, sinabi ni Moises na, "Ngayon, sa kadahilanang ito, aking nalaman na ang tao ay walang kabuluhan" (Moises 1:10). Sa paanong paraan totoo ang kapwa konseptong ito? (Ang Diyos kailanman ay mas matalino at mas makapangyarihan kaysa sa mga mortal na tao. Wala tayong kabuluhan kung wala siya. Gayunman, bilang mga anak niya ay may potensiyal tayong maging katulad niya.)

**2. Hinarap ni Satanas si Moises; itinaboy siya ni Moises.**

Ituro at talakayin ang Moises 1:12–23.

- Noong dumating si Satanas, ano ang iniutos niyang gawin ni Moises? (Tingnan sa Moises 1:12.) Bakit sa palagay ninyo tinawag ni Satanas si Moises na "anak ng tao"? (Nais ni Satanas na papaniwalain si Moises na siya ay hindi anak ng Diyos.) Bakit gusto ni Satanas na mag-alinlangan tayo o ipagwalang bahala natin na tayo ay mga anak ng Diyos? Paano niya sinisikap na gawin ito?

- Paano tumugon si Moises nang tawagin siya ni Satanas na "anak ng tao"? (Tingnan sa Moises 1:13.) Paano tayo matutulungang lumaban sa tukso ng isang malakas na patotoo na tayo ay mga anak ng Diyos?

- Ilang ulit sinabihan ni Moises si Satanas na lumayo? (Tingnan sa Moises 1:16, 18, 20, at 21.) Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa paglaban sa mga panunukso ni Satanas?
- Paano tumanggap ng lakas si Moises upang mapaglabanan ang mga panunukso ni Satanas? (Tingnan sa Moises 1:18, 20–21.) Paano pinaalis ni Moises si Satanas? Paano tayo mapalalakas ng panalangin upang mapaglabanan ang tukso? Ano pa ang maaari nating gawin upang makamtan ang ganitong lakas?

**3. Nagpakita muli ang Diyos at nagturo tungkol sa kanyang gawain at kaluwalhatian.**

Ituro at talakayin ang Moises 1:24–39.

- Matapos umalis si Satanas ay nakita muli ni Moises ang kaluwalhatian ng Diyos at pinagpakitaan muli ng isa pang pangitain tungkol sa mundo at sa mga naninirahan dito (Moises 1:24–28). Ano ang dalawang katanungan ni Moises nang ipakita sa kanya ang pangitaing ito? (Tingnan sa Moises 1:30.) Ano ang mga kasagutang ibinigay ng Diyos? (Tingnan sa Moises 1:31–32, 39.)
- Kahit na ang Diyos ay lumikha ng mga daigdig at mga tao na hindi natin mabilang, tiniyak niya kay Moises na alam niya ang lahat ng ito (Moises 1:35). Paano ninyo nadama na ang bawat isa sa inyo ay kilala at mahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? (Maaari kayong magbigay ng patotoo tungkol sa isang pagkakataon nang madama ninyo ang kanilang pagmamahal at pagmamalasakit sa inyo.)
- Ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ano ang kawalang-kamatayan? Sino ang tatanggap ng kawalang-kamatayan? Ano ang buhay na walang hanggan? Sino ang tatanggap ng buhay na walang hanggan?

  Sinabi ni Elder James E. Faust na: "May pagkakaiba ang kawalang-kamatayan, o walang hanggang pag-iral, at buhay na walang hanggan, na ang ibig sabihin ay pagkakaroon ng lugar sa kinaroroonan ng Diyos. Sa pamamagitan ng awa ni Jesucristo, ang kawalang-kamatayan ay darating sa lahat ng tao . . . , makatarungan o di-makatarungan, matwid o masama. Gayunman, ang buhay na walang hanggan ang 'pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos' (Doktrina at mga Tipan 14:7). Makakamtan natin ang dakilang kaloob na ito, sang-ayon sa Panginoon, 'kung susundin mo ang aking mga kautusan at magtitiis hanggang wakas.' Kung makapagtitiis nga tayo ang pangako ay, 'ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan' (Doktrina at mga Tipan 14:7)" (sa Conference Report, Okt. 1988, 14; o *Ensign,* Nob. 1988, 12).

- Bakit mahalagang malaman natin kung ano ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos? Ano ang ilang tiyak na paraan upang matulungan natin siya sa dakilang gawaing ito?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na: "Narito tayo upang tulungan ang Ama sa Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian, 'ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao' (Moises 1:39). Kasing halaga ng inyong obligasyon sa inyong nasasakupang tungkulin ang aking obligasyon sa aking nasasakupang tungkulin. Walang tungkulin sa

simbahang ito ang maliit o walang gaanong kabuluhan. Sa pagsisikap nating lahat na matupad ang ating tungkulin ay naaantig natin ang buhay ng iba. Sa bawat isa sa atin sa kani-kanyang tungkulin ay sinabi ng Panginoon na: . . . 'Sa paggawa ng mga bagay na ito ginagawa mo ang higit na mabuti sa iyong kapwa tao, at itinataguyod ang kaluwalhatian niya na iyong Panginoon' (Doktrina at mga Tipan 81:4)" (sa Conference Report, Abr. 1995, 94; o *Ensign,* Mayo 1995, 71; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 81:5–6).

Katapusan

Itinuturo ng Moises 1 ang makapangyarihang doktrina na tayo ay mga anak ng Diyos. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pag-isipang mabuti ang kahalagahan ng katotohanang ito. Magpatotoo na kilala at mahal ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin. Himukin ang mga miyembro ng klase na ipahayag sa kanilang mag-anak ang kanilang damdamin tungkol sa natutuhan nila mula sa Moises 1.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. "Si Moises ay naiwang mag-isa" (Moises 1:9)

- Maaaring may mga pagkakataon na tayo ay "naiiwang mag-isa" tulad ni Moises noon—mga panahon na hindi natin gaanong nadarama ang Espiritu o marami tayong mga pagsubok. Ano ang matututuhan natin mula sa Moises 1 na makatutulong sa atin sa mga panahong tulad nito? (Ang mga sagot ay maaaring kapalooban ng: Ang gayong mga kahirapan ay maaaring hindi naman dahil sa mali nating nagawa; hindi tayo tuluyang iniiwan ng Diyos, katulad ng nasa talata 15; at madalas tayong nakatatanggap ng dagdag na kalakasan sa pamamagitan ng pagharap sa ating mga pagsubok, pagtawag sa Diyos, at pagpapatatag ng ating pananampalataya.)

### 2. Ang lahat ay anak ng Diyos

- Tinanggap ni Moises ang pangitain na nakatala sa Moises 1 bago niya pinamunuan ang mga anak ni Israel palabas sa Egipto. Sa palagay ninyo paano siya tinulungan ng pangitaing ito sa kanyang pagsisikap, lalo na nang masiraan siya ng loob sa madalas na pagrerebelde ng mga tao at kakulangan nila ng pananampalataya? Paano makatutulong sa atin bilang guro o pinuno ang pagkaalam na tayong lahat ay mga anak ng Diyos? Paano makatutulong ang kaalamang ito sa ating pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng mag-anak, mga kaibigan, at sa ibang tao?

### 3. Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia

Kung may makukuhang *Old Testament Video Presentations* (53224), maaari ninyong ipalabas ang "The Power of the Joseph Smith Translation," isang limang minutong pagtatanghal, bilang bahagi ng aralin. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang aklat ni Moises ay hinango mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia.

Aralin
# 2

# "Ikaw ay Pinili Bago Ka pa man Isinilang"

*Abraham 3; Moises 4:1–4*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang doktrinang pag-oordena noon pa at ang kanilang sariling pananagutan na tumulong sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos at magdala ng mga kaluluwa kay Cristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan mula sa Mahalagang Perlas at Doktrina at mga Tipan.

   a. Abraham 3:11–12, 22–23; Doktrina at mga Tipan 138:53–57. Si Abraham ay nakipag-usap nang harap-harapan sa Panginoon at nalaman niyang sa buhay bago ang buhay sa mundo ay maraming "mararangal at dakila" na mga espiritu ang inordenan noon pa sa kanilang misyon sa lupa (Abraham 3:11–12, 22–23). Marami pang nalaman si Pangulong Joseph F. Smith tungkol sa "mararangal at dakila" sa isang pangitain tungkol sa pagdalaw ng Tagapagligtas sa daigdig ng mga espiritu bago ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli (Doktrina at mga Tipan 138:53–57).

   b. Abraham 3:24–28; Moises 4:1–4. Ipinakita kina Abraham at Moises sa isang pangitain na si Jesucristo ay pinili sa Kapulungan sa Langit upang maging ating Tagapagligtas at na pinili nating sumunod sa kanya. Ipinakita rin sa kanila na si Lucifer (Satanas) at ang mga espiritung sumunod sa kanya ay itinaboy sa langit.

2. Karagdagang babasahin: Isaias 14:12–15; Apocalipsis 12:7–9; Alma 13:3–5; Doktrina at mga Tipan 29:36–39; at ang nalalabi sa Abraham 3 at Doktrina at mga Tipan 138.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

1. Ituro na ang mga banal na kasulatan ay nagiging mas makabuluhan sa atin kapag isinasagawa natin sa ating buhay ang mga aral ng mga ito. Upang magawa ito, kadalasan ay kailangan nating ilagay ang ating sarili sa katayuan ng mga sinaunang propeta at ng kanilang mga tagasunod. Gayunman, sa Abraham 3:22–28 ay hindi natin kailangang ilagay ang ating sarili sa katayuan ng ibang tao dahil ang mga talatang ito ay tungkol sa mahahalagang pangyayari na kung saan tayo ay kasali. Ang mga pangyayaring ito ay naganap doon sa buhay bago ang buhay sa mundo.

2. Gumuhit ng 16 na patlang sa pisara upang sumagisag sa 16 titik sa salitang *pag-oordena noon pa*. Ipaliwanag na ang salitang isinasagisag ng mga patlang na ito ay may kaugnayan sa buhay bago ang buhay sa mundo.

Bigyan ang mga miyembro ng klase ng 17 pagkakataon upang hulaan kung aling mga titik ang bumubuo sa salita. Kapag nakahula sila ng tamang titik, isulat ito sa angkop na patlang o mga patlang. Kapag nagbanggit sila ng isang titik na hindi ginamit sa salita, isulat ito sa ibang bahagi ng pisara upang maiwasan ang pag-uulit nito.

Kapag napunan na ng mga miyembro ng klase ang lahat ng patlang o nahulaan na nila ang salita, tulungan silang ibigay ang kahulugan nito. (Ang pag-oordena noon pa ay ang ordenasyon ng Diyos sa kanyang mga espiritung anak sa buhay bago ang buhay sa mundo upang isakatuparan ang ilang tiyak na misyon habang nabubuhay sila dito.) Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kung kailan maraming espiritu ang inordenan upang gumawa ng mahahalagang bagay para sa Ama sa Langit.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Natutuhan ni Abraham na sa buhay bago ang buhay sa mundo ay maraming espiritu ang inordenan noon pa sa kanilang misyon sa buhay na ito.**

Ituro at talakayin ang Abraham 3:11–12, 22–23, at Doktrina at mga Tipan 138:53–57.

- Sa pangitain na nakatala sa Abraham 3, ipinakita ng Panginoon kay Abraham ang Kapulungan sa Langit na ginanap bago pa nilikha ang mundo. (Alalahanin na sinabi ng mga propeta sa mga huling araw na ang Kapulungan sa Langit ay magkakasunod na pulong sa halip na isang pulong lamang.) Sino ang mga dumalo sa kapulungan? (Ang Ama sa Langit at ang kanyang mga espiritung anak.) Ano ang matututuhan natin tungkol sa kapulungang ito mula sa Abraham 3:22–23?

- Sino ang "mararangal at dakila" na inilarawan sa Abraham 3:22–23? (Ang mga propeta at iba pang pinuno sa Simbahan.) Ipaliwanag na noong 1918 ay nakita ni Pangulong Joseph F. Smith ang ilan sa mga "mararangal at dakila" na ito sa isang pangitain sa daigdig ng mga espiritu. Sino ang nakita ni Pangulong Smith? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:53; tingnan din sa ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo.)

- Ano ang ibig sabihin ng si Abraham ay "pinili bago pa man [siya] isinilang"? (Tingnan sa Abraham 3:23. Siya ay inordenan noon pa na maging propeta.) Ano ang ibig sabihin ng inordenan noon pa? (Tingnan ang pakahulugan sa ikalawang gawaing pantawag-pansin.) Anong gawain ang inordena noon pa sa mga taong binanggit sa Doktrina at mga Tipan 138:53? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:53–56.)

- Ang ordenasyon noon pa ay nagbigay ba ng katiyakan na sina Abraham, Joseph Smith, at iba pa ay magiging mga propeta? Ano ang kaugnayan ng ordenasyon noon pa at ng kalayaang pumili? (Kahit na inordenan noon pa ang isang tao sa isang tungkulin, ang pagtawag na iyon ay batay pa rin sa pagiging karapat-dapat ng tao at ng kanyang maluwag na pagtanggap nito.)

- Bilang karagdagan sa pag-oordena noon pa sa mga propeta sa kanilang mga tungkulin, ang Diyos ay nag-ordena rin noon pa ng marami "pang ibang piling espiritu" upang tumulong sa pagtatatag ng kanyang kaharian sa maraming paraan. Ano kaya ang maaaring inordena noon pa na gawin natin? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:56.)

  Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson:

  "Kayo ay inilaan ng Diyos upang mabuhay sa mga huling araw bago ang Ikalawang Pagdating ng Panginoon. Ang ilang tao ay tatalikod sa katotohanan; subalit ang kaharian ng Diyos ay mananatiling matatag upang sumalubong sa pagbabalik ng pinuno nito—maging si Jesucristo. Kahit na ang ating salinlahi ay maihahalintulad sa kasamaan noong panahon ni Noe, nang linisin ng Panginoon ang mundo sa pamamagitan ng baha, ay may malaki pa ring kaibahan sa pagkakataong ito. Ito ay dahil inilaan ng Diyos para sa huling laban ang ilan sa mga pinakamalalakas niyang anak, na tutulong sa matagumpay na pagtataguyod ng kaharian. . . . .

  " . . . Huwag magkamali tungkol dito—kayo ay isang bantog na salinlahi. Kailanman ay hindi nagkaroon ng higit na pag-asa sa mga matapat sa gayong kaikling panahon na katulad ng sa atin" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 104–5).

- Paano tayo makatitiyak na nagagampanan natin ang tungkuling inordena sa atin noon pa? (Maaaring kasama sa mga sagot ang pamumuhay ng ebanghelyo, pag-aaral ng ating mga basbas patriyarkal, at paghahangad na makatanggap ng sariling paghahayag. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na upang magampanan ang mga tungkuling ito, kailangan ay magkusa tayo at maging karapat-dapat. Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 58:27–28.)

**2. Si Jesucristo ay pinili sa Kapulungan sa Langit upang maging ating Tagapagligtas; pinili nating sumunod sa kanya. Si Lucifer (Satanas) at ang mga espiritung sumunod sa kanya ay itinaboy mula sa langit.**

Ituro at talakayin ang Abraham 3:24–28 at Moises 4:1–4.

- Ipaliwanag na sa Kapulungan sa Langit ay inilahad ng Ama sa Langit ang kanyang plano ng kaligtasan at pumili ng Tagapagligtas natin. Sino ang dalawang espiritu na nag-alok na maging Tagapagligtas natin? (Tingnan sa Abraham 3:27; Moises 4:1–2.) Paano nagkaiba ang kanilang mga alok? (Nais ni Jesus na sundin ang plano ng Ama sa Langit at ibigay sa Ama ang kaluwalhatian. Nais ni Lucifer na sundin ang kanyang sariling plano at kamtin ang kaluwalhatian.) Bakit pinili ng Ama sa Langit si Jesucristo na maging ating Manunubos? (Tingnan sa Moises 4:2–3.)

- Sino ang pinili nating sundin sa Kapulungan sa Langit? Paano natin malalaman na sinunod natin si Jesucristo? (Isinilang tayo sa mundo upang tumanggap ng pisikal na katawan.)

- Ano ang ibig sabihin ng mga katagang *unang kalagayan* at *ikalawang kalagayan* sa Abraham 3:26? (Ang *unang kalagayan* ay tumutukoy sa buhay bago ang buhay sa mundo, at ang *ikalawang kalagayan* ay tumutukoy sa ating buhay dito sa mundo. Napanatili natin ang ating unang kalagayan sa

pamamagitan ng pagpiling sundin si Jesucristo sa halip na sundin si Lucifer.) Anong biyaya ang tinanggap ng bawat isa sa atin nang dahil sa napanatili natin ang ating unang kalagayan? (Ang pagkakataong maisilang sa mundo.) Anong mga biyaya ang matatanggap natin kung mapananatili natin ang ikalawang kalagayan? (Tingnan sa Abraham 3:26.) Paano natin mapananatili ang ating ikalawang kalagayan?

- Ano ang nangyari kay Lucifer (Satanas) at sa mga pumiling sumunod sa kanya? (Sila ay itinaboy sa langit at pinagkaitan ng pagkakataon na magkaroon ng pisikal na katawan. Tingnan sa Moises 4:3; Abraham 3:28; Apocalipsis 12:7–9; Doktrina at mga Tipan 29:36–37.)
- Ano ang ginagawa ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod ngayon? (Sinisikap pa rin nilang sirain ang ating kalayaang pumili. Narito sila ngayon sa mundo bilang masasamang espiritu na tumutukso sa atin na magkasala. Tingnan sa Moises 4:4.) Ano ang ilang paraan na kung saan ay sinisikap ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod na limitahan o sirain ang ating kalayaang pumili? Ano ang maaari nating gawin upang makilala at mapaglabanan ang kanilang mga ginagawang panunukso?
- Paano nakatutulong sa inyo ang kaalaman na pinili ninyong sundin si Jesucristo sa Kapulungan sa Langit? Himukin ang mga miyembro ng klase na patuloy na gumawa ng mga pasiya upang sundin si Cristo, katulad ng ginawa nila sa buhay bago ang buhay sa mundo.

---

Katapusan

Magbigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo at sa kanyang ginagampanan bilang ating Tagapagligtas na inordenan noon pa. Ipahiwatig ang inyong pagtitiwala sa kakayahan ng mga miyembro ng klase na magampanan ang kanilang misyon na inordena noon pa sa kanila upang tumulong sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. “At susubukan natin sila”

- Ang Abraham 3:24–25 ay tumutukoy sa isa sa pangunahing layunin kung bakit nilikha ni Jesucristo ang mundo sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit. Bakit nilikha ang mundo? Paano nakatutulong sa inyo ang malaman na pinili ninyong pumarito sa mundo samantalang alam ninyong susubukin kayo dito?

### 2. “Mga dakila at makapangyarihan”

- Sa kanyang pangitain na nakatala sa Doktrina at mga Tipan 138, nakita rin ni Pangulong Joseph F. Smith ang ilan sa “mga dakila at makapangyarihan” na nanirahan sa mundo bago isinilang si Cristo. Sino ang nakita ni Pangulong Smith? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:38–49. Maaari ninyong isulat sa pisara ang mga pangalang ito. Ituro na marami pang matututuhan ang mga miyembro ng klase tungkol sa mga taong ito sa darating na taon sa Panlinggong Paaralan.)

Aralin
3

# Ang Paglikha

*Moises 1:27–42; 2–3*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na makadama ng pasasalamat dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay para sa ating kapakinabangan at tayo ay nilikhang kawangis niya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan mula sa Mahalagang Perlas.

   a. Moises 1:27–42. Tumanggap si Moises ng isang pangitain tungkol sa mga nilikha ng Diyos at inutusan siyang sumulat ng tala tungkol sa paglikha ng mundo.
   b. Moises 2:1–25; 3:1–14. Nalaman ni Moises na ang Diyos ang lumikha sa lahat ng bagay.
   c. Moises 2:26–31; 3:7, 15–25. Nalaman ni Moises na ang mga lalaki at babae ay nilikhang kawangis ng Diyos.

2. Karagdagang babasahin: Abraham 4–5; Genesis 1–2.

3. Kung gagamitin ninyo ang ikalawang gawaing pantawag-pansin, magdala ng luwad o yeso.

4. Kung makukuha ang sumusunod na *audiovisual* na kagamitan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:

   a. "In the Image of God," isang tatlong minutong bahagi mula sa *Old Testament Video Presentations* (53442).
   b. Isang maikling palabas na hango sa "The Creation," na unang bahagi ng *videocassette* na *Beginnings/Abraham* (53150).
   c. Ang larawang Paglikha—Mga Buhay na Nilalang (62483; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 100).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

1. Hilingin sa mga bata na isaalang-alang kung gaanong impormasyon ang ibibigay nila kung sinisikap nilang sagutin ang isa sa mga sumusunod na tanong para sa isang bata na hindi pa nag-aaral. Paano nananatiling nakalutang sa hangin ang eroplano? Paano gumagana ang isang telebisyon? Paano lumalaki ang mga halaman? Ang karamihan sa atin ay isasaalang-alang ang pang-unawa ng isang batang hindi pa nag-aaral at magbibigay lamang

tayo ng mga pangkalahatang konsepto, na iniiwan ang mga detalye hanggang sa magkaroon ng hustong isip ang bata.

- Paanong katulad ng mga pahayag ng Panginoon tungkol sa Paglikha ang mga halimbawang ito? (Ang ipinahayag ng Panginoon ay iyon lamang bahagi ng walang hanggang katotohanan na kayang unawain ng ating mga mortal na kaisipan at kailangan natin upang magtamo ng kaligtasan.)

Tatalakayin ng araling ito ang mga katotohanang ipinahayag ng Panginoon tungkol sa Paglikha.

2. Hilingan ang isang miyembro ng klase na gumawa o magdrowing ng maliit na hayop na ginagamit ang luwad o yeso (magbigay lamang ng isa o dalawang minuto). Pagkatapos ay talakayin ang katotohanan na kahit na makalikha tayo ng modelo ng isang bagay na may buhay, tanging ang Diyos ang makalilikha ng buhay mismo. Tatalakayin sa araling ito ang dakilang himala ng paglikha ng Diyos sa mundo at sa lahat ng bagay na nabubuhay dito.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Nakita ni Moises ang pangitain tungkol sa mga nilikha ng Diyos.**

Ituro at talakayin ang Moises 1:27–42.

- Sino ang sumulat sa pangyayari tungkol sa Paglikha sa Genesis? (Tingnan sa Moises 1:40; 2:1.) Bakit isinulat ni Moises ang pangyayaring ito? (Tingnan sa Moises 1:40–41.) Ano ang matututuhan natin mula sa Moises 1:27–39 tungkol sa kapangyarihan ng Diyos? Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagmamahal ng Diyos sa kanyang mga anak?
- Paano nagkakaiba ang mga ulat tungkol sa Paglikha na matatagpuan sa Genesis, Moises, at Abraham? (Nakita nina Abraham at Moises sa pangitain ang pagsasaayos ng mundong ito at pagkatapos ay isinulat nila ang kanilang mga pangitain. Ang bawat isa sa kanila ay may kaunting pagkakaiba sa mga detalye. Ang pangyayari sa Genesis ay orihinal na isinulat ni Moises, ngunit ang ilan sa kabuuan ng kanyang ulat ay nawala. Ang kabuuang ito ay ipinanumbalik sa aklat ni Moises.)

**2. Nalaman ni Moises na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay.**

Ituro at talakayin ang Moises 2:1–25; 3:1–14.

- Sino ang lumikha sa mundo? (Tingnan sa Moises 1:32; 2:1; tingnan din sa Juan 1:1–3, 14; Mga Hebreo 1:1–2; Mosias 3:8; Doktrina at mga Tipan 14:9.) Bakit mahalaga na malaman natin kung sino ang Manlilikha?
- Ano ang inihayag ng Diyos tungkol sa layunin ng Paglikha? (Tingnan sa Moises 1:39; Abraham 3:24–25; tingnan din sa 1 Nephi 17:36; 2 Nephi 2:11–15. Ang layunin ng Paglikha ay maglaan ng isang lugar kung saan maaaring bumaba ang mga espiritung anak ng Ama sa Langit upang

magkaroon ng pisikal na katawan at susubukin sila o patutunayan kung siya ay susundin nila kapag malayo sila sa kanyang piling. Ang mga matapat ay tatanggap ng buhay na walang hanggan. Maaari ninyong ituro na kahit na ang pangyayari tungkol sa Paglikha ay kasama sa aklat ng Genesis, ang mga layunin at kahalagahan ng Paglikha ay ipinaliwanag lamang sa pahayag sa mga huling araw.)

- Sa paanong paraan tayo inihahanda para sa buhay na walang hanggan ng buhay sa lupa? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng: Nakatanggap tayo ng pisikal na katawan, natutuhan nating gamitin ang ating kalayaang pumili, nagkaroon tayo ng kaalaman, nagkaroon ng mag-anak, tumanggap ng mga ordenansa, at gumawa ng mga tipan.)

- Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa mga resulta ng Paglikha? (Tingnan sa Moises 2:4, 10, 12, 18, 21, 25, 31; 3:2. Sa maikling ulat tungkol sa Paglikha ay walong ulit na ipinahayag ng Diyos na ang kanyang ginawa ay mabuti.) Alin sa mga nilikha ng Diyos ang pinakamaganda para sa inyo? Bakit tayo makikinabang sa maingat na pagpuna sa mga kagandahan ng paglikha sa araw-araw?

- Ang mundo ba ay nilikha mula sa wala? (Tingnan sa Abraham 3:24; 4:1.)

  Sinabi ng Propetang si Joseph Smith na: "Ang salitang *create* ay nagmula sa salitang [Hebreo] na *baurau* na hindi nangangahulugan na lumikha mula sa wala; ang ibig sabihin nito ay isaayos; katulad ng pagsasaayos ng isang tao sa mga kagamitan upang makagawa ng isang barko. Sa gayon ay mahihinuha natin na may mga kagamitan ang Diyos sa pagsasaayos ng daigdig mula sa kaguluhan—magugulong bagay" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 350–51).

- Paano naaapektuhan ng ulat tungkol sa Paglikha ang inyong damdamin para sa Ama sa Langit at kay Jesucristo? Paano "nagpapatotoo" tungkol sa Diyos ang mga bagay na nilikha? (Tingnan sa Moises 6:63; Alma 30:44.) Paano kayo makapagpapakita ng pasasalamat para sa kaloob ng Paglikha?

**3. Nalaman ni Moises na ang mga lalaki at babae ay nilikhang kawangis ng Diyos.**

Ituro at talakayin ang Moises 2:26–31; 3:7, 15–25.

- Kaninong wangis ba tayo nilikha? (Tingnan sa Moises 2:26–27.)

  Sinabi ng Unang Panguluhan na: "Ang lahat ng lalaki at babae ay kawangis ng Ama at ng Ina nating lahat, at tunay na mga anak ng Diyos" ("The Origin of Man," *Improvement Era*, Nob. 1909, 78).

- Paano magiging pagpapala sa ating buhay ang kaalamang tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos? Paano ito dapat makaapekto sa ating mga pakikipag-ugnayan sa ibang tao?

- Ano ang itinuturo ng mga salita ni Enoc sa Moises 7:30 tungkol sa pangangalaga ng Diyos sa bawat isa sa atin? Ano ang itinuturo ng mga ito tungkol sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo?

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Panginoon nang sabihin niya sa atin na magkaroon tayo ng kapangyarihan sa kanyang mga nilikha sa

mundong ito? (Tingnan sa Moises 2:26. Kailangan nating igalang ang mundo at pangalagaan ang mga nilikha ng Diyos.) Paano natin magagampanan nang mas mabuti ang ating tungkulin upang magkaroon ng kapangyarihan sa kanyang mga nilikha?

---

Katapusan

Magbigay ng patotoo tungkol sa katotohanan ng mga alituntuning inyong naituro. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa Paglikha.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Tagal ng Paglikha**

Ang haba ng panahon na kinailangan sa Paglikha ay hindi alam. Ang katagang *araw* sa pangyayari tungkol sa Paglikha na nasa banal na kasulatan ay hindi nangangahulugan ng 24 na oras. Ang salitang Hebreo na *yom* ay maaaring isalin bilang "araw," "oras," o "panahon." Sinabi ni Apostol Pedro na "ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon" (II Pedro 3:8; tingnan din sa Abraham 3:4).

Aralin 4

# "Dahil sa Paglabag Ko ang Aking mga Mata ay Namulat"

*Moises 4; 5:1–15; 6:48–62*

**Layunin**

Tulungan ang bawat miyembro ng klase na maunawaan na ang Pagkahulog ay mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit para sa atin.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Moises 4; 5:10–11; 6:48–49, 55–56. Si Satanas ay nagpunta sa Halamanan ng Eden at sinikap na linlangin si Eva. Kinain nina Eva at Adan ang bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama (4:5–12). Dahil sa pagkahulog, sina Adan at Eva ay itinaboy mula sa halamanan (4:13–31). Sa dakong huli ay nagalak sina Adan at Eva sa mga pagpapalang dulot ng Pagkahulog (5:10–11). Itinuro ni Enoc ang mga epekto ng Pagkahulog (6:48–49, 55–56).
   
   b. Moises 5:14–15; 6:50–54, 57–62. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang mga tao ay nailigtas sa pisikal na kamatayan sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli at maaaring maligtas mula sa espirituwal na kamatayan sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, kaloob na Espiritu Santo, at pagsunod sa mga kautusan.
   
   c. Moises 5:1–9, 12. Sinimulan nina Adan at Eva ang kanilang buhay bilang mga mortal. Nagkaroon sila ng mga anak at tinuruan sila ng mga katotohanan na kanilang natutuhan (5:1–4, 12). Si Adan ay nag-alay ng mga hain na kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak (5:5–9).

2. Karagdagang babasahin:Genesis 2–3; I Mga Taga Corinto 15:20–22; 2 Nephi 2:5–30; 2 Nephi 9:3–10; Helaman 14:15–18; Doktrina at mga Tipan 19:15–19; 29:34–44; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2; "Pagkahulog ni Adan," *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

3. Maaari ninyong hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang pangyayari tungkol sa Pagkahulog nina Adan at Eva (Moises 4:6–31) at ang isa pang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang pangyayari tungkol sa pag-aalay ni Adan ng mga hain (Moises 5:5–9).

4. Kung makukuha ang sumusunod na *audiovisual* na kagamitan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:

   a. "The Fall," isang anim na minutong pagtatanghal mula sa *Old Testament Video Presentations* (53224).
   
   b. Ang larawang Adan at Eva (62461 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 101).


**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Idrowing sa pisara ang paglalarawan na nasa pahinang ito. Sabihin sa mga miyembro ng klase na sinabi ni Elder Bruce R. McConkie na ang ating kaligtasan ay naging posible dahil sa "tatlong banal na pangyayari—ang tatlong haligi ng kawalang hanggan" (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 81). Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ilang pangyayari na may sapat na kahalagahan na maituturing na "mga haligi ng kawalang hanggan" upang maging posible ang kaligtasan? (Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie na ang tatlong haliging ito ay ang Paglikha, ang Pagkahulog, at ang Pagbabayad-sala, na bahagi lahat ng plano ng Diyos para sa ating kaligtasan. Isulat ang mga salitang *Paglikha, Pagkahulog,* at *Pagbabayad-sala* sa tatlong haliging nasa pisara.)




Ipaliwanag na tutulungan tayo ng araling ito na maunawaan kung paanong ang Pagkahulog ay naging mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit upang isakatuparan ang ating kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan (Moises 1:39).

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

### 1. Ang Pagkahulog nina Adan at Eva at ang mga epekto nito sa kanila at sa atin

Ituro at talakayin ang Moises 4; 5:10–11; 6:48–49, 55–56.

Sa Halamanan ng Eden ay inutusan ng Diyos sina Adan at Eva na "maging palaanakin, at magpakarami, at kalatan ang lupa" (Moises 2:28). Sila ay inutusan din niyang huwag kumain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama (Moises 3:17). Hangga't hindi sila nakakain ng ipinagbabawal na bunga, sila ay mananatili sa halamanan at hindi mamamatay. Subalit hindi rin nila masusunod ang kautusang magpakarami (Moises 5:11; 2 Nephi 2:23). Binigyan sila ng Ama sa Langit ng kalayaang pumili sa dalawang kautusan.

Sandaling pagbalik-aralan ang pangyayari tungkol sa Pagkahulog nina Adan at Eva mula sa Moises 4:6–31, o ipagawa ito sa inatasang miyembro ng klase.

- Ano ang mga naging bunga ng Pagkahulog kina Adan at Eva— at sa atin? (Tingnan sa Moises 4:22–29; 5:10–11; 6:48–49, 55–56; 2 Nephi 2:22–23; 9:6; Genesis 3:16–23.) Maaari ninyong ilista sa pisara ang ilan sa mga bungang ito. Ituro na marami sa mga katotohanang ito tungkol sa Pagkahulog ang naipanumbalik sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith na hindi alam ng karamihan sa daigdig.

  a. Sina Adan at Eva ay nagkaroon ng mga anak, na naging daan upang makapunta tayo sa daigdig at makatanggap ng katawang mortal (Moises 5:11; 6:48; 2 Nephi 2:23, 25).
  b. Mararanasan natin ang pisikal na kamatayan, o paghiwalay ng pisikal na katawan mula sa espiritu (Moises 4:25; 6:48; 2 Nephi 9:6).
  c. Mararanasan natin ang espirituwal na kamatayan, o pagkawalay sa piling ng Diyos (Moises 4:29; 6:49; 2 Nephi 9:6).
  d. Tayo ay mga kasalo ng kalungkutan at kapighatian (Moises 6:48; Genesis 3:16–17).
  e. Nagkakasala tayo (Moises 6:49, 55; 2 Nephi 2:22–23).
  f. Isinumpa ang lupa, na naging dahilan upang magtrabaho tayo (Moises 4:23–25; Genesis 3:17–19).
  g. Matututuhan nating makilala ang mabuti at masama (Moises 4:28; 6:55–56; 2 Nephi 2:23; Genesis 3:22).
  h. Magkakaroon tayo ng kagalakan sa buhay na ito (Moises 5:10; 2 Nephi 2:23, 25).
  i. Malalaman natin ang kagalakan ng ating pagkatubos (Moises 5:11).
  j. Makakamtan natin ang buhay na walang hanggan (Moises 5:11).

  Habang tinatalakay ninyo ang mga bungang ito ng Pagkahulog, bigyang-diin kung paano naging kapaki-pakinabang sa atin ang Pagkahulog. Nililinaw ng pahayag sa mga huling araw na kahit na noong bago pa isagawa ang Paglikha, nilayon na ng Ama sa Langit na gawing panahon ng pagsubok at pagpapatunay ang ating buhay sa mundo upang higit tayong maging katulad niya (Abraham 3:24–26). Kinailangan nito na maging mga mortal tayo, na natututong pumili sa mabuti at masama, na ginawang posible sa pamamagitan ng Pagkahulog.

- Paano makatutulong sa atin sa mortalidad ang pagkakaroon ng tamang pang-unawa sa Pagkahulog?

- Bakit mahalagang maunawaan na nakinita ng Diyos ang Pagkahulog at ito ay mahalagang bahagi ng kanyang plano para sa ating kaligtasan?

- Umasa si Satanas na sa pamamagitan ng paghikayat kina Adan at Eva na kainin ang ipinagbabawal na bunga ay mahahadlangan niya ang plano ng Diyos (Moises 4:6). Ano ang itinuturo sa atin ng Pagkahulog tungkol sa kakayahan ni Satanas na hadlangan ang mga layunin ng Diyos? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 3:1–2.)

**2. Iniligtas tayo ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan.**

Ituro at talakayin ang Moises 5:14–15; 6:50–54, 57–62.

Ang Pagkahulog nina Adan at Eva ang dahilan ng pagkakaroon ng pisikal at espirituwal na kamatayan sa daigdig. Ang pisikal na kamatayan ay ang paghiwalay ng katawan sa espiritu na nagaganap sa pagwawakas ng ating buhay sa mundo.

Ang espirituwal na kamatayan ay ang pagkawalay sa piling ng Diyos, na naganap noong itaboy sina Adan at Eva sa halamanan. Ipaliwanag na hindi natin kayang pagtagumpayang mag-isa ang kamatayan. Dahil dito, isinugo ng Ama sa Langit ang kanyang Bugtong na Anak upang tubusin tayo mula sa kamatayan sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-salang sakripisyo (Alma 22:14).

- Kapag nagtuturo ang mga propeta tungkol sa Pagkahulog nina Adan at Eva, karaniwan ay itinuturo din nila ang tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (Moises 5:10–15; 6:48–62; 2 Nephi 9:6–10). Bakit mahalagang ituro ang Pagbabayad-sala na kasama ang Pagkahulog? (Ang Pagkahulog ang dahilan kung bakit kailangan ang Pagbabayad-sala sa plano ng Diyos para sa ating kaligtasan. Ang pagtuturo ng Pagbabayad-sala na kasama ang Pagkahulog ay tumutulong sa atin na maunawaan kung paano tayo tinubos mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan.)

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na: “Ang plano ng pagtubos ay kailangang magsimula sa pagkahulog ni Adan. Sa mga salita ni Moroni, ‘Sa pamamagitan ni Adan ay dumating ang pagkahulog ng tao. At dahil sa pagkahulog ng tao, si Jesucristo ay pumarito . . . at dahil kay Jesucristo dumating ang pagtubos sa tao’ (Mormon 9:12). Katulad ng kung paanong hindi naghahangad ng pagkain ang tao hangga’t hindi siya nagugutom, gayundin naman na hindi niya hinahangad ang kaligtasan mula kay Cristo hangga’t hindi niya nalalaman kung bakit kailangan niya si Cristo. Walang sinuman na sapat at wasto ang kaalaman kung bakit kailangan niya si Cristo hangga’t hindi niya nauunawaan at tinatanggap ang doktrina ng Pagkahulog at ang mga epekto nito sa sangkatauhan” (sa Conference Report, Abr. 1987, 106; o *Ensign,* Mayo 1987, 85).

- Paano tayong maliligtas mula sa pisikal na kamatayan? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–22; 2 Nephi 2:8; 9:6. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayo ay mabubuhay na mag-uli.)

- Paano tayo maliligtas mula sa espirituwal na kamatayan? (Tingnan sa Moises 5:14–15; 6:50–52, 59; Helaman 14:15–18; Doktrina at mga Tipan 19:15–19. Dahil sa Pagbabayad-sala, tayo ay magiging malinis at karapat-dapat na manirahan sa piling ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag, kaloob na Espiritu Santo, at pagsunod sa mga kautusan.)

Ang propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon ay nagalak sa pagkatubos mula sa kamatayan na nagaganap sa pamamagitan ng pagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas (2 Nephi 9:10). Maaari ninyong naising basahin ang talatang ito at ibahagi ang inyong patotoo at ang ilan sa inyong damdamin tungkol sa mga biyayang tinatanggap natin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na gayon din ang gawin.

### 3. Sina Adan at Eva ay nagsimulang mamuhay bilang mga mortal, nagkaroon ng mga anak, itinuro sa kanila ang ebanghelyo, at sinamba at sinunod ang Diyos.

Ituro at talakayin ang Moises 5:1–9, 12.

- Ano ang ginawa nina Adan at Eva matapos silang palayasin sa Halamanan ng Eden? (Tingnan sa Moises 5:1–5, 12.) Sa paanong paraan katulad ng buhay

natin ngayon ang buhay nina Adan at Eva noon? Ano ang matututuhan natin mula sa Moises 5:1–9, 12 tungkol sa mga layunin ng ating mortal na buhay?

- Pagbalik-aralan ang pangyayari sa Moises 5:5–9, o ipagawa ang gayon sa inatasang miyembro ng klase. Anong kautusan ang ibinigay ng Panginoon kay Adan? (Tingnan sa Moises 5:5.) Bakit nag-alay si Adan ng mga handog kahit hindi niya alam ang dahilan sa paggawa ng gayon? (Tingnan sa Moises 5:6.)

  Sinabi ng Propetang si Joseph Smith na: "Ang anumang bagay na hihilingin ng Diyos ay tama, . . . kahit na hindi natin nakikita ang dahilan kahit matagal nang lumipas ito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 256).

- Bakit mahalagang sundin ang mga kautusan ng Panginoon kahit na hindi natin nauunawaan ang lahat ng dahilan ng mga ito? Paano kayo pinagpala sa pagsunod sa isang kautusan na hindi ninyo lubusang nauunawaan?

- Ano ang layunin ng mga hain na inialay ni Adan? (Tingnan sa Moises 5:7–9. Ang mga iyon ay kawangis, o katulad ng sakripisyong gagawin ng Ama sa Langit sa kanyang Bugtong na Anak. Ang pag-aalay ng gayong mga hain ay bilang paalala kay Adan at sa kanyang mga inapo na ang lahat ng tao ay matutubos mula sa Pagkahulog sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.) Anong mga paalala sa doktrinang ito ang ibinigay sa atin? Paano natin maipakikita ang pasasalamat para sa Pagkahulog at Pagbabayad-sala?

---

**Katapusan**

Basahing muli ang patotoo ni Eva tungkol sa mga biyayang dulot ng Pagkahulog (Moises 5:11). Ipahayag ang pasasalamat sa mga ginawa nina Adan at Eva, sa Pagkahulog, at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. Ang pagkain sa ipinagbabawal na bunga ay hindi kasalanan

Upang matulungan sa pagpapaliwanag na sina Adan at Eva ay hindi nagkasala nang kainin nila ang ipinagbabawal na bunga ay basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Elder Dallin H. Oaks:

"Si Eva ang unang lumabag sa mga patakaran sa Eden upang pasimulan ang mga kalagayan ng mortalidad. Ang kanyang pagkilos, maging anuman ito, ay paglabag batay sa mga kautusang ibinigay sa kanila doon ngunit ayon sa plano ng Diyos ay isang maluwalhating pangangailangan upang buksan ang pintuan tungo sa buhay na walang hanggan. Ipinakita ni Adan ang kanyang katalinuhan sa pamamagitan ng paggawa din ng gayon. . . .

" . . . Ipinagdiriwang natin ang pagkilos na isinagawa ni Eva at pinararangalan ang kanyang katalinuhan at lakas ng loob sa dakilang bahagi ng tinatawag na Pagkahulog. . . . Sinabi ni Elder Joseph Fielding Smith na: 'Hindi ko kailanman binanggit ang bahaging ito ni Eva sa pagkahulog bilang kasalanan. . . . Ito ay paglabag sa batas, subalit hindi isang kasalanan.' . . .

"Ang mungkahing ito ng paghahambing sa pagitan ng *kasalanan* at *paglabag* ay nagpapaalala sa atin sa mga salita sa ikalawang saligan ng pananampalataya: "Naniniwala kami na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga *kasalanan,* at hindi dahil sa *paglabag* ni Adan" (idinagdag ang pagkahilig ng mga titik). Inuulit din nito ang isang pamilyar na kaibahan ng batas. Ang ilang gawain, tulad ng pagpatay, ay mga krimen dahil ang mga ito ay likas na mali. Ang iba pang gawain, tulad ng pagmamaneho nang walang lisensiya, ay mga krimen dahil lamang sa ipinagbabawal ng batas ang mga ito. Sa ilalim ng mga pagkakaibang ito, ang kilos na nagbunga sa Pagkahulog ay hindi isang kasalanan—likas na mali—kundi isang paglabag—mali dahil ito ay labag sa mga kautusang ibinigay kina Adan at Eva. Ang mga salitang ito ay hindi palagiang ginagamit upang tumukoy sa isang bagay na kakaiba, ngunit ang kaibahang ito ay tila makahulugan sa mga kalagayan sa Pagkahulog" (sa Conference Report, Okt. 1993, 98; o *Ensign,* Nob. 1993, 73).

**2. Ang pagkakaiba ng *mga bunga ng* at *pananagutan* sa Pagkahulog**

Minana ng lahat ng inapo nina Adan at Eva ang *mga bunga* ng Pagkahulog, kabilang na ang pisikal at espirituwal na kamatayan, subalit hindi ang *pananagutan* sa Pagkahulog. Itinuturo ng ikalawang saligan sa pananampalataya na "ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, at hindi dahil sa paglabag ni Adan." Tingnan din sa Moroni 8:5–23.

**3. "Sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban"**

Ang sumusunod na mga pangungusap ay maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na maunawaan ang pahayag ng Panginoon kay Eva nang sabihin niyang, "Sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya ay papanginoon sa iyo" (Moises 4:22).

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na: "May tanong ako tungkol sa salitang papanginoon (*rule*). Nagbibigay ito ng maling pakahulugan. Mas nanaisin kong gamitin ang salitang *mamumuno* dahil iyon ang kanyang ginagawa. Ang isang matwid na asawang lalaki ang namumuno sa kanyang maybahay at mag-anak" ("The Blessings and Responsibilities of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, 72).

Sinabi ni Elder M. Russell Ballard na: "Ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga propeta na ang mga lalaki ay tatanggap ng pagkasaserdote, magiging mga ama, at buong kahinahunan at dalisay at walang maliw na pagmamahal nilang pamumunuan at pangangalagaan ang kanilang mag-anak sa katwiran na tulad ng pamumuno ng Tagapagligtas sa Simbahan (tingnan sa Mga Taga Efeso 5:23)" ("Equality through Diversity," *Ensign,* Nob. 1993, 90).

Aralin
# 5 "Kung Ikaw ay Gumawa ng Mabuti, Ikaw ay Tatanggapin"

*Moises 5–7*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang pagpili na sundin si Jesucristo ay umaakay tungo sa kalayaan, kaligayahan, at buhay na walang hanggan, samantalang ang mga pagpili na sundin si Satanas ay humahantong sa kapighatian at pagkaalipin.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan mula sa Mahalagang Perlas.

   a. Moises 5:16–41. Minahal ni Cain si Satanas nang higit pa kaysa sa Diyos at sinunod ang utos ni Satanas na mag-alay ng hain sa Panginoon (5:16–19). Tinanggihan ng Panginoon ang alay ni Cain at inutusan si Cain na magsisi (5:20–25). Nakipagtipan si Cain kay Satanas at pinatay niya si Abel (5:26–33). Isinumpa ng Panginoon si Cain, at pinalayas si Cain sa kinaroroonan ng Panginoon (5:34–41).

   b. Moises 6:26–63. Si Enoc, na isa sa mga inapo ni Adan, ay tinawag ng Panginoon na mangaral ng pagsisisi sa mga tao (6:26–36). Sinunod ni Enoc ang utos ng Panginoon at tinuruan ang mga tao (6:37–63).

   c. Moises 7:13, 17–21, 23–47, 68–69. Ang pananampalataya ni Enoc ay napakalaki kung kaya't ang mga bundok ay natinag sa kinalalagyan, ang mga ilog ay nag-iba ng kanilang pinag-aagusan, at ang lahat ng bansa ay nagkakaroon ng malaking takot (7:13, 17). Ang Panginoon at si Enoc ay nanangis dahil sa kasamaan ng mga tao sa mundo (7:23–47). Ang mga tao sa lungsod ni Enoc ay may iisang puso at iisang isipan sa Panginoon, at ang buong lungsod ay dinala sa langit (7:18–21, 68–69).

2. Karagdagang babasahin: Moises 5:42–55; 6:10–23; 7:14–16, 59–64; 2 Nephi 2:25–27; Genesis 4:1–16.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Bago magklase ay isulat nang magkatabi sa pisara ang mga sumusunod na grupo ng pangungusap:

| Set 1 | Set 2 |
|---|---|
| “Sino ang Panginoon na nararapat ko siyang makilala?” | “Siya ang aking Diyos at inyong Diyos.” |
| “Ako ay malaya na.” | “Bakit kayo nagpapayo sa inyong sarili, at itinatatwa ang Diyos ng langit?” |
| “Ako ba ay tagapagbantay sa aking kapatid?” | “Kayo ay aking mga kapatid.” |

Sabihin sa mga miyembro ng klase na ang mga pangungusap sa dalawang listahang ito ay ginawa ng dalawang lalaki na makikilala nila sa araling ito. Tanungin ang mga miyembro ng klase kung ano ang mapupuna nila sa bawat isa sa mga lalaking ito batay sa kani-kanyang mga pangungusap. (Maaari ninyong tipunin sa maliliit na grupo ang mga miyembro ng klase upang talakayin ang mga pangungusap. Kapag natalakay na ng grupo ang mga pangungusap sa loob ng lima o anim na minuto, ipabuod sa isang tao mula sa bawat grupo ang natalakay ng kani-kanyang grupo para ibahagi sa iba pang miyembro ng klase.)

Kapag tumugon na ang mga miyembro ng klase, ipaliwanag na ang mga pangungusap sa unang set ay ginawa ni Cain, na pumiling sumunod kay Satanas. Ang mga pangungusap sa ikalawang set ay ginawa ni Enoc, na pumiling sumunod sa Panginoon. Ang mga pangungusap ng bawat lalaki ay nagpapakita ng kanyang saloobin tungkol sa Diyos.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Si Cain ay nakipagtipan kay Satanas, pinatay niya si Abel, at isinumpa siya ng Panginoon.**

Ituro at talakayin ang Moises 5:16–41.

- Umasa sina Adan at Eva na susundin ng kanilang anak na si Cain ang Panginoon tulad ng ginawa nila. Subalit si Cain ay “hindi nakinig” sa kanyang mga magulang at sa Panginoon at nagtanong na, “Sino ang Panginoon na nararapat ko siyang makilala?” (Moises 5:16). Ano ang ipinakikita ng tanong na ito tungkol sa saloobin ni Cain sa Diyos? Ano ang kailangan nating gawin upang makilala ang Diyos? (Tingnan sa Alma 22:17–18.)
- Bakit nag-alay ng handog si Cain sa Panginoon? (Tingnan sa Moises 5:18.) Ano ang inialay ni Cain? (Tingnan sa Moises 5:19.) Bakit tinanggap ng Panginoon ang handog ni Abel at tinanggihan ang alay ni Cain? (Tingnan sa Moises 5:5, 20–23. Inutusan ng Panginoon sina Adan at Eva at ang kanilang mga anak na ialay ang mga panganay ng kanilang mga kawan. Sumunod si Abel, subalit pinakinggan ni Cain ang mga salita ni Satanas at inalay ang bunga ng lupa.) Bakit mahalagang mag-alay ng mga handog sa paraan na iniutos ng Panginoon?

Itinuro ng Propetang si Joseph Smith na: "Inialay ni Abel sa Diyos ang isang handog na katanggap-tanggap, na mga panganay ng kawan. Inialay naman ni Cain ang bunga ng lupa, at hindi ito tinanggap dahil hindi niya ito magawa nang may pananampalataya. . . . Ang pagbubuhos ng dugo ng Bugtong na Anak sa pagbabayad-sala para sa mga tao . . . ang plano ng pagtubos; . . . at dahil ang paghahandog ay ginawa upang sumagisag sa isang bagay, na kung saan ay malalaman ng tao ang dakilang Handog na inihanda ng Diyos; ang pag-aalay ng handog na taliwas dito, ay hindi pagpapairal ng pananampalataya . . . ; dahil dito ay wala ngang pananampalataya si Cain; at ang anumang bagay na walang pananampalataya ay kasalanan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 58).

- Paano ang naging reaksiyon ni Cain nang tanggihan ng Panginoon ang kanyang handog at tinawag siya upang magsisi? (Tingnan sa Moises 5:21, 26.) Bakit kung minsan ay mahirap tayong tawagin sa pagsisisi? Paano tayo magkakaroon ng mga pusong naghahangad na magsisi?
- Pagkatapos patayin ang kanyang kapatid na si Abel ay sinabi ni Cain na, "Ako ay malaya na" (Moises 5:33). Ano sa palagay ninyo ang inakala ni Cain na nagpalaya sa kanya? Paano nakapagpapabawas sa ating kalayaan ang pagsuway sa mga kautusan ng Diyos? Paano dinaragdagan ng pagkamasunurin ang ating kalayaan?
- Paano tumugon si Cain nang tanungin siya ng Panginoon kung nasaan si Abel? (Tingnan sa Moises 5:34.) Ano ang ibig sabihin ng maging tagapagbantay ng ating kapatid? (Tingnan sa 1 Juan 3:11, 17–18.) Sa paanong mga paraan tayo maaaring kumilos bilang mga tagapagbantay ng ating mga kapatid?

  Sinabi ni Obispo Robert L. Simpson na: "Ang daigdig ngayon ay nagsasabing hayaan ninyo ang inyong kaibigan. May karapatan siyang gawin ang anumang gusto niya. Sinasabi ng daigdig sa inyo na ang panghihikayat na dumalo sa simbahan o pulong ng saserdote o pagwawalang bahala sa isang masamang pag-uugali ay maaaring humantong sa pagkabigo at hindi makatwirang panggigipit; subalit inuulit ko ang salita ng Panginoon: Kayo ang tagapagbantay ng inyong kapatid, at kapag kayo ay nagbalik-loob, kayo ay may tungkuling patatagin ang inyong kapatid" (sa Conference Report, Okt. 1971, 114; o *Ensign,* Dis. 1971, 103).

- Ano ang nangyari kay Cain bilang bunga ng pagpili niyang sundin si Satanas sa halip na sundin ang Diyos? (Tingnan sa Moises 5:23–25, 36–41.) Paano naapektuhan ng pagpili ni Cain ang kanyang mga inapo at gayundin naman ang kanyang sarili? (Tingnan sa Moises 5:41–43, 49–52, 55.) Paano makaaapekto sa mga miyembro ng ating mag-anak ang ating mga matwid at hindi matwid na pagpili?

**2. Si Enoc ay nangaral ng pagsisisi sa mga tao.**

Ituro at talakayin ang Moises 6:26–63.

- Ano ang naging reaksiyon ni Enoc nang tawagin siya ng Panginoon na mangaral ng pagsisisi sa mga tao? (Tingnan sa Moises 6:31.) Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Enoc kung susunod siya ayon sa ipinag-uutos? (Tingnan sa Moises 6:32–34.) Ano ang matututuhan natin mula sa kuwento ni Enoc tungkol sa kung paano pinipili ng Panginoon ang kanyang mga pinuno?

(Tingnan din sa I Samuel 16:7.) Ano ang matututuhan natin mula kay Enoc tungkol sa paglilingkod sa Panginoon kahit na kung minsan sa pakiramdam natin ay hindi natin kaya?

- Bakit kaya nasaktan ang mga tao nang magsimula si Enoc sa pangangaral ng pagsisisi? (Tingnan sa Moises 6:37; tingnan din sa 1 Nephi 16:2; Mosias 13:7.) Bakit nagpatuloy sila sa pakikinig sa kanya kahit na nasasaktan sila? (Tingnan sa Moises 6:38–39. Noong una ay nag-uusyoso lamang sila, subalit natanto nila na siya ay tao ng Diyos.) Paano tayo magkakaroon ng patotoo na ang buhay na propeta ay tao ng Diyos? Paano makatutulong sa atin ang patotoong ito na sundin ang propeta kahit na hindi bantog ang kanyang mga aral?
- Anong mga doktrina ng ebanghelyo ang itinuro ni Enoc habang nananawagan siya sa mga tao na magsisi? (Tingnan sa Moises 6:47–63. Kung tinalakay ninyo ang mga talatang ito sa aralin 4, maaaring hindi na ninyo kailangang pagbalik-aralan muli ang mga ito.)
- Ginawa ng Panginoon na tayo ay maging "malaya sa [ating] sarili" (Moises 6:56). Ano ang ibig sabihin nito? (May kapangyarihan tayong pumili.) Bakit mahalaga ang kalayaan sa pagpili sa plano ng Diyos para sa ating kaligtasan? (Kailangan natin ang kalayaang pumili upang managot tayo sa ating mga pagpili.) Ano ang mga bunga ng pagpiling sundin si Satanas? Ano ang mga bunga ng pagpiling sundin ang Panginoon? (Tingnan sa 2 Nephi 2:25–27.)

**3. Ang mga tao sa lungsod ni Enoc ay may iisang puso at iisang isipan sa Panginoon, at ang buong lungsod ay dinala sa langit.**

Ituro at talakayin ang Moises 7:13, 17–21, 23–47, 68–69.

- Anong mga himala ang isinagawa ng Panginoon dahil sa malaking pananampalataya ni Enoc? (Tingnan sa Moises 7:13.) Anong mga himala ang isinasagawa ng Panginoon sa ating panahon dahil sa pananampalataya ng mga tao?
- Paano pinagpala ang buhay ng mga taong nakinig sa mga salita ni Enoc at nagsisi ng kanilang mga kasalanan? (Tingnan sa Moises 7:17–18.) Bakit tinawag na Sion ang kanilang lungsod? (Tingnan sa Moises 7:18.) Ano ang ibig sabihin ng "iisang puso at iisang isipan"? Ano ang maaari nating gawin upang maging iisang puso at iisang isipan sa Panginoon? sa ating mag-anak? sa Simbahan?
- Ano ang nangyari sa bandang huli kay Enoc at sa mga tao sa kanyang lungsod? (Tingnan sa Moises 7:19–21, 69.)
- Sa Moises 7:28 ay nakita ni Enoc na nanangis ang Panginoon. Bakit tumatangis ang Panginoon? Bakit pinag-alinlanganan ni Enoc ang pagtangis ng Panginoon? (Tingnan sa Moises 7:29–31.) Ano ang sagot ng Panginoon? (Tingnan sa Moises 7:32–33, 36–37.) Ano ang nadarama ninyo tungkol sa Panginoon habang binabasa ninyo ang mga talatang ito?
- Nang makita ni Enoc ang kasamaan ng mga tao, siya man ay tumangis (Moises 7:41, 44). Paano inaliw ng Panginoon si Enoc? (Tingnan sa Moises 7:44–47.)

Maaari ninyong sabihin sa mga miyembro ng klase na tatalakayin ng mga susunod na aralin ang muling pagkakatatag ng Sion sa mga huling araw (kabilang na ang Bagong Jerusalem), ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas,

at ang kanyang pamumuno sa milenyo sa ibabaw ng mundo, na nakita ni Enoc sa isang pangitain (Moises 7:62–65).

Katapusan

Ituro na pinili ni Cain na sundin si Satanas at ituro ang kanyang masasamang gawain sa kanyang mga anak at tagasunod. Bilang bunga, ang mga inapo ni Cain ay lalong naging masasama at isinumpa ng Diyos dahil sa kanilang kasamaan. Sa kabaligtaran ay pinili ni Enoc na sundin ang Panginoon. Bilang bunga ng pagpili ni Enoc na maging masunurin at ituro ang ebanghelyo sa lahat ng makikinig, isang lungsod ang naging lubos na matwid kung kaya inalis sila sa mundo upang manahanan sa piling ng Diyos.

Magpatotoo na ang mga pagpili na ginagawa natin upang sundin si Jesucristo ay makatutulong sa atin upang mapalapit sa kanya at maakay tayo tungo sa kalayaan, kaligayahan, at buhay na walang hanggan.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pag-iingat ng mga talaan ng mag-anak**


- Bakit mahalagang mag-ingat ng isang aklat ng alaala at talaangkanan sina Adan at Eva at ang kanilang mga inapo? (Tingnan sa Moises 6:5–8, 45–46.) Bakit mahalaga para sa atin ang mag-ingat ng gayong mga talaan sa ngayon? Paano nakatulong sa inyo ang mga nakasulat na kuwento tungkol sa buhay ng inyong mga ninuno? Paano maaaring makatulong sa mga miyembro ng inyong mag-anak ang kuwento ng inyong buhay at pananampalataya?
- Paano maituturing na talaan ng mag-anak ang mga banal na kasulatan? Paano mabisang magagamit ng mga magulang at guro ang mga banal na kasulatan sa pagtuturo sa mga bata?

**2. Pinaghambing sina Enoc at Cain**

Gumuhit sa pisara ng dalawang set ng mga baitang, isang pataas at isang pababa (tingnan ang paglalarawan sa pahina 21). Pamagatan ang mga pataas na baitang ng *Mga saloobing aakay sa atin patungo sa Diyos*, at isulat ang pangalan ni Enoc sa unang baitang. Pamagatan ang mga pababang baitang ng *Mga saloobing aakay sa atin sa kapahamakan*, at isulat ang pangalan ni Cain sa unang baitang.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang unang talata na nakasaad sa mga baitang ni Enoc (Moises 7:59) at ang unang talatang nakasaad sa mga baitang ni Cain (Moises 5:16). Pagkatapos ay magsulat ng ilang pangunahing salita sa angkop na mga baitang na nasa pisara. Ulitin ito sa mga natitirang baitang. Kapag nabasa na ang lahat ng nakasulat sa mga baitang, isulat sa huling baitang ni Enoc ang *Pamumuhay sa piling ng Diyos*, at sulatan ang huling baitang ni Cain ng *Espirituwal na kapahamakan*. Talakayin kung paano nakatulong kay Enoc ang kanyang mga salita at kilos upang mas mapalapit sa Diyos, samantalang ang mga salita at kilos ni Cain ay nakapagpalapit sa kanya kay Satanas.

- Sa paanong mga paraan natin masusundan ang halimbawa ni Enoc at mas mapapalapit sa Diyos?




**3. “Pahiran mo ang iyong mga mata . . . at ikaw ay makakikita” (Moises 6:35)**

Minsan ay pinagaling ni Jesucristo ang isang lalaking bulag sa pamamagitan ng pagpapahid ng putik sa mga mata nito (Juan 9:1–7). Si Enoc, na hindi pa espirituwal na matatag ay espirituwal na bulag sa ilang bagay, ay inutusan ding “pahiran ang [kanyang] mga mata ng putik, at hugasan ang mga ito” (Moises 6:35).

- Ano ang nakita ni Enoc nang gawin niya ito? (Tingnan sa Moises 6:36.) Ano ang itinuturo sa atin ng masimbulong paghuhugas ng putik?
- Ano ang maaari nating gawin upang mas lubusan nating mabuksan ang ating mga mata sa mga bagay ng Diyos? Paano natin mapagbubuti ang ating pag-aaral ng mga banal na kautusan upang sa gayon ay makita natin ang mga kayamanan na taglay ng mga ito?

**4. Mga mahal sa buhay na naliligaw ng landas**

- Kahit na itinuro nina Adan at Eva sa kanilang mga anak ang ebanghelyo (Moises 5:12) ay pinili pa rin ni Cain at ng iba pa na mamuhay nang masama. Ano ang maaari nating gawin upang tulungan ang ating sarili na pagtiisan ang sakit na dulot ng pagkaligaw ng landas ng mga mahal sa buhay? Ano ang magagawa natin upang matulungan ang mga mahal sa buhay na ito?

Ipinayo ni Elder Richard G. Scott na:

"Marami sa inyo ang nakadarama ng malaking kapighatian dahil sa isang anak o asawa na tumalikod sa kabutihan upang gumawa ng kasamaan. Ang aking mensahe ay para sa inyo.

"Ang inyong buhay ay puno ng dalamhati, sakit, at kung minsan, ng kabiguan. Sasabihin ko sa inyo kung paano kayong maaaliw ng Panginoon.

"Una, kailangan ninyong makilala ang dalawang saligang alituntunin:

"1. Samantalang maraming bagay kayong magagawa upang tulungan ang isang mahal sa buhay na nangangailangan, may ilang bagay na kailangan ang Panginoon ang siyang gumawa.

"2. Gayundin, walang magaganap na pangmatagalang pagbabago kung walang matwid na paggamit ng kalayaan sa pagpili. Huwag ninyong tangkaing isaisantabi ang kalayaan sa pagpili. Ang Panginoon mismo ay hindi gagawin ang gayon. Ang sapilitang pagsunod ay hindi magdudulot ng anumang biyaya (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:26–33).

"Magmumungkahi ako ng pitong paraan kung paano kayong makatutulong.

"Una, magmahal kayo nang walang itinatakdang hangganan. . . . Ikalawa, huwag ipagwalang bahala ang paglabag, kundi sa halip ay ipadama ang bawat pag-asa at pagtataguyod sa nagkasala. . . . Ikatlo, ituro ang katotohanan. . . . Ikaapat, buong katapatang magpatawad sa tuwing kakailanganin ito. . . . Ikalima, manalangin nang may pagtitiwala na sasagutin ng Ama sa Langit ang inyong panalangin. 'Malaki ang nagagawa ng maningas [o palagian] na panalangin ng taong matuwid' (Santiago 5:16). . . .

"Ikaanim, tingnan ang kaugnayan ng problema sa ibang alalahanin sa inyong buhay sa ngayon at sa kawalang-hanggan. . . . Kapag nagawa na ninyo ang mga bagay na magagawa ninyo upang makatulong, isalalay sa mga kamay ng Panginoon ang bagay na ito at huwag nang mag-alala pa. Huwag mabagabag nang dahil sa wala na kayong magawa pa. Huwag sayangin ang inyong pagod sa walang kabuluhang pag-aalala. . . . Darating ang sandali na makadarama kayo ng mga pahiwatig at malalaman ninyo kung paano pa kayo makatutulong. Makatatagpo kayo ng higit na kapayapaan at kaligayahan, hindi ninyo mapababayaan ang iba na nangangailangan sa inyo, at makapagbibigay pa kayo ng dagdag na tulong dahil sa walang hanggang pananaw na iyon. . . .

"*Isang huling mungkahi—Huwag kailanman tumigil sa pagtulong sa isang mahal sa buhay, huwag na huwag!*" (Sa Conference Report, Abr. 1988, 69–71; o *Ensign*, Mayo 1988, 60–61).

# “Si Noe . . . ay Naghanda ng Isang Daong sa Ikaliligtas ng Kaniyang Sangbahayan”

Aralin
6

*Moises 8:19–30; Genesis 6–9; 11:1–9*

---

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magnais na mamuhay nang karapat-dapat at iwasan ang mga kasamaan ng daigdig.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Moises 8:19–30; Genesis 6:5–22; 7:1–10. Ipinangaral ni Noe ang ebanghelyo, ngunit hindi nakinig ang mga tao (Moises 8:19–25). Dahil sa kasamaan ng mga tao, ipinahayag ng Panginoon na lilipulin niya ang lahat ng tao sa mundo (Moises 8:26–30; Genesis 6:5–13). Inutusan ng Panginoon si Noe na gumawa ng isang arka at dalhin ang kanyang mag-anak at dala-dalawa ng bawat bagay na may buhay sa loob nito (Genesis 6:14–22; 7:1–10).

   b. Genesis 7:11–24; 8; 9:8–17. Umulan sa loob ng 40 araw at 40 gabi (7:11–12). Ang lahat ng tao at mga nilalang na wala sa arka ay namatay, at tinabunan ng mga tubig ang mundo sa loob ng 150 araw (7:13–24). Nang kumati ang tubig ay nilisan na ni Noe, ng kanyang mag-anak at ng mga hayop ang arka (8:1–19), at si Noe ay nag-alay ng handog sa Panginoon (8:20–22). Itinatag ng Panginoon ang kanyang tipan kay Noe at naglagay ng bahaghari bilang tanda ng tipan (9:8–17; pansinin na ang Pagsasalin ni Joseph Smith sa talata 15 ay nagsasaad na ang tipan ay sa pagitan ng Diyos at ni Noe; hindi sa pagitan ng Diyos at ng bawat nilalang).

   c. Genesis 11:1–9. Ilang salinlahi pagkatapos ng baha ay sinikap ng mga tao na magtayo ng tore patungong langit (ang tore ni Babel). Nilito ng Panginoon ang kanilang wika upang hindi sila magkaintindihan at ikinalat sila sa buong mundo.

2. Karagdagang babasahin: Mga Hebreo 11:7; Moises 7:32–36.

3. Kung makukuha ang sumusunod na mga *audiovisual* na kagamitan, maaari ninyong gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:

   a. Isang maikling palabas mula sa “Noah and the Flood,” ika-2 bahagi ng *videocassette* na *Beginnings/Abraham* (53150).

   b. Ang mga larawang Paggawa ng Arka (62053; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 102); Si Noe at ang Arka na may mga Hayop (62305; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 103); at Paglikha—Mga Buhay na Nilalang (62483; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 100).

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

1. Kung sapat ang laki ng inyong silid-aralan, hilingan ang ilang miyembro ng klase na tumayo at pumila nang tuwid, na nakadipa ang kanilang mga kamay at nag-aabot ang dulo ng kanilang mga daliri. Ipaliwanag na kakailanganin ang halos 85 miyembro ng klase na nakatayo sa ganitong paraan upang makagawa ng linya na kasing haba ng arka na ginawa ni Noe.
2. Ipakita ang tsart sa hulihan ng aralin upang tulungan ang mga miyembro ng klase na mailarawan sa kanilang isipan ang laki ng arka ni Noe kung ihahambing sa mga barko na maaaring mas tanyag.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Tinanggihan ng mga tao ang panawagan ni Noe sa pagsisisi; gumawa si Noe ng arka.**

Ituro at talakayin ang Moises 8:19–30 at Genesis 6:5–22; 7:1–10. (Kung may tanong ang mga miyembro ng klase tungkol sa "malinis" at "hindi malinis" na mga hayop ay maaari ninyo silang pasangguniin sa Levitico 11:1–31.)

- Ano ang katayuan ng daigdig nang tawagin ng Panginoon si Noe upang mangaral ng ebanghelyo? (Tingnan sa Moises 8:20–22.) Anong mga pagkakahalintulad ang nakikita ninyo sa mga tao noong panahon ni Noe at sa mga tao sa ating panahon? Paano sana naiwasan ng mga tao noong panahon ni Noe ang kapahamakan? (Tingnan sa Moises 8:23–24.) Paano makatutulong sa atin ang pakikinig at pagsunod sa mga propeta upang maiwasan ang espirituwal at temporal na kapahamakan?
- Bakit ginawa ni Noe ang arka? (Tingnan sa Mga Hebreo 11:7.) Pinayuhan ng mga pinuno ng Simbahan ang bawat isa sa atin na "gumawa ng personal na arka" (W. Don Ladd, sa Conference Report, Okt. 1994, 36; o *Ensign,* Nob. 1994, 29). Ano ang magagawa natin upang espirituwal na mapangalagaan ang ating sarili at ating mag-anak? Aling mga kautusan sa palagay ninyo ang natatangi ang kahalagahan sa pangangalaga sa atin sa ngayon? (Maaari ninyong gamitin ang polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan* [34285 893] sa inyong talakayan.)
- Ano ang maaari nating gawin upang maging temporal na handa sakaling may kalamidad o iba pang pangangailangan? (Tingnan ang mga siping-banggit sa ibaba at ang siping-banggit na mula kay Elder L. Tom Perry sa pahina 54.) Bakit marami sa atin ang nagpapaliban sa paggawa ng mahahalagang paghahanda? Paano natin higit na maipapangako ang ating sarili sa paghahanda sa ngayon?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na, "Ang pahayag na gumawa at mag-imbak ng pagkain para sa ating temporal na kaligtasan sa ngayon ay maaaring kasing-halaga ng paglulan sa arka ng mga tao noong panahon ni Noe" (sa Conference Report, Okt. 1987, 61; o *Ensign,* Nob. 1987, 49).

Itinuro ni Elder W. Don Ladd na: "Kapag nagsimula nang umulan ay huli na ang lahat upang umpisahang gawin ang arka. . . . Kailangan . . . nating makinig sa mga tagapagsalita ng Panginoon. Kailangan nating magpatuloy nang mahinahon upang sumulong at maghanda para sa tiyak na darating. Hindi tayo kailangang masindak o matakot, dahil kung nakahanda tayo, sa espirituwal at temporal, tayo at ang ating mag-anak ay makaliligtas sa anumang baha. Ang ating mga arka ay lulutang sa karagatan ng pananampalataya kung ang ating mga gawa ay naging matatag at tiyak sa paghahanda para sa hinaharap" (sa Conference Report, Okt. 1994, 37; o *Ensign,* Nob. 1994, 29).

- Anong mga katangian ang ipinakita ni Noe sa paggawa ng arka? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pananampalataya, pagkamasunurin, at pagtatrabahong mabuti.) Paano nating mapagbubuti ang mga katangiang ito sa ating sarili?

  Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball na noong gawin ni Noe ang arka ay, "walang katibayan ng pag-ulan at pagbaha. . . . Ang kanyang mga babala ay itinuring na wala sa katwiran. . . . Kahangalan ang gumawa ng arka sa tuyong lupa na matinding nasisikatan ng araw at katulad din ng dati ang daloy ng buhay! Ngunit kinapos ng panahon. Natapos ang arka. Dumating ang mga baha. Nalunod ang mga suwail at rebelbe. Sinundan ng himala ng arka ang pananampalatayang ipinakita sa pagtatayo nito" (*Faith Precedes the Miracle* [1972], 5–6).

**2. Nilinis ng Panginoon ang mundo sa pamamagitan ng baha.**

Ituro at talakayin ang Genesis 7:11–24; 8; at 9:8–17.

- Ano ang nangyari nang dumating ang baha? (Tingnan sa Genesis 7:23.) Anong mga arka sa paligid natin sa ngayon ang makatutulong sa atin upang maligtas mula sa kasamaang nakapalibot sa atin? (Maaari ninyong isulat ang mga sagot sa pisara at anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung paano nakatulong ang "mga arkang" ito upang mapangalagaan sila. Ang mga posibleng maging sagot ay ang ating mga tahanan at mag-anak, kaibigan, templo, *seminary,* mga pulong sa Simbahan, panalangin, mga banal na kasulatan, at mga nabubuhay na propeta.) Paano nating matutulungan ang iba na makatagpo ng kanlungan sa "mga arkang" ito?

- Pagkatapos tumigil ang ulan, bakit nagpalabas si Noe ng isang kalapati mula sa arka? (Tingnan sa Genesis 8:8.) Ano ang nangyari noong unang dalawang pagkakataon na nagpalabas siya ng kalapati? (Tingnan sa Genesis 8:8–11.) Ano ang nangyari sa ikatlong pagkakataon? (Tingnan sa Genesis 8:12.)

- Ano ang unang ginawa ni Noe pagkatapos niyang lisanin ang arka? (Tingnan sa Genesis 8:20.) Paano nating maipakikita ang ating pasasalamat sa Panginoon kapag tinutulungan niya tayo sa isang mahirap na kalagayan?

- Ano ang inilagay ng Diyos sa langit pagkatapos ng baha? (Tingnan sa Genesis 9:3.) Ano ang sinabi ng Diyos na isasagisag ng bahaghari? (Tingnan sa Genesis 9:12–13, 16–17.) Anong tipan ang ginawa ng Diyos kay Noe? (Tingnan sa Genesis 9:8–11, 15; tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 9:21–22, 24.

**3. Itinayo ng mga tao ang tore ng Babel.**

Ituro at talakayin ang Genesis 11:1–9.

- Bakit nagpasiya ang mga inapo ni Noe na magtayo ng tore patungo sa langit? (Tingnan sa Genesis 11:4.) Ano sa palagay ninyo ang nais nilang maisagawa sa pamamagitan ng "katanyagan" para sa kanilang sarili? Ano ang pagkakaiba ng pagpapatanyag sa ating pangalan at ng pagtataglay natin ng pangalan ni Cristo? Anong mga pananagutan ang napapasaatin kapag tinataglay natin ang pangalan ni Cristo? (Tingnan sa Mosias 18:8–10.)
- Ano ang ibinunga ng pagsisikap na magtayo ng tore patungong langit? (Tingnan sa Genesis 11:5–9.) Bakit hindi natin kayang abutin ang langit nang mag-isa o sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng tao? Ano ang paraan ng Panginoon upang makarating tayo sa langit?

---

Katapusan

Ipaliwanag na ang mga taong nagtayo ng tore ni Babel ay naparusahan dahil sinikap nilang abutin ang langit sa pamamagitan ng makamundong pamamaraan. Sa kabaligtaran, si Noe at ang kanyang mag-anak ay naligtas mula sa baha dahil namuhay sila ayon sa mga kautusan ng Diyos.

Magpatotoo na ang tanging paraan upang makarating tayo sa langit—upang makapamuhay muli sa piling ng Ama sa Langit—ay sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kailangan nating mamuhay nang matwid, tulad ng ginawa ni Noe, na may pananampalataya kay Cristo, pagsisisihan ang ating mga kasalanan, tanggapin ang mga sagradong ordenansa, at magtitiis hanggang sa kahuli-hulihang sandali ng ating buhay. Kung gagawin natin ang mga bagay na ito, mapagtatagumpayan natin ang kasamaan at makababalik tayong muli sa piling ng Diyos.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.


**1. Nakita ni Enoc ang kapanahunan ni Noe sa isang pangitain**

Nakita ni Enoc, na lolo sa tuhod ni Noe, sa isang pangitain ang kasamaan ng salinlahi ni Noe at ang ibubunga nitong pagbaha (Moises 7:41–52). Namighati si Enoc dahil sa kasamaang ito, at hiniling niya sa Panginoon na maawa kay Noe at sa kanyang mga anak. Nangako ang Panginoon kay Enoc na hindi na Niya kailanman wawasakin ang daigdig sa pamamagitan ng baha (Moises 7:51). Ipinangako rin ng Panginoon kay Enoc na si Noe ay magiging kanyang inapo, at sa gayon ay magpapatuloy sa mundo ang lahi ni Enoc maging pagkatapos ng baha (Moises 7:52; 8:2, 6, 8–9). Inulit muli ng Panginoon ang tipang ito kay Noe pagkatapos ng baha (Genesis 9:8–17; pansinin na ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng talata 9 at 11 ay tumutukoy sa tipan ng Panginoon kay Enoc; tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 9:21–25.

**2. Inililigtas ng Panginoon ang mga matwid**

Katulad ng kung paano naligtas si Noe at ang kanyang mag-anak mula sa baha dahil sa kanilang pagkamatwid ay gayundin naman na pinangalagaan ng Panginoon ang mga taong matwid noong panahon ng tore ni Babel. Sandaling talakayin ang kuwento tungkol kay Jared at sa kanyang kapatid, na matatagpuan sa Ether 1:1–5, 33–37, at kung bakit ang kanilang wika ay hindi nilito.

**Paghahambing ng mga Sukat ng Iba't Ibang Barko (tingnan sa gawaing pantawag-pansin)**



Aralin
7

# Ang Tipang Abraham

*Abraham 1:1–4; 2:1–11; Genesis 12:1–8; 17:1–9*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga biyaya at pananagutang kasama ng tipang Abraham.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Abraham 1:1–4; 2:1–11; Genesis 12:1–8; 17:1–9. Hinangad ni Abraham na maging matwid at mamuhay nang karapat-dapat sa mga pagpapala ng Diyos. Nakipagtipan ang Diyos kay Abraham, na nangangakong magkakaroon siya ng hindi mabilang na inapo na tatanggap ng lupang pangako at ng mga biyaya ng pagkasaserdote at ng ebanghelyo.
2. Karagdagang babasahin: Genesis 15; Doktrina at mga Tipan 132:19–24, 29–32; "Tipang Abraham," sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.
3. Kung makukuha ang sumusunod na *audiovisual* na kagamitan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:
   a. Isang maikling palabas mula sa "Abraham—The Journeys" o "Abraham—The Promise," mga bahagi 3 at 4 ng *videocassette* na *Beginnings/Abraham* (53150).
   b. Mga larawan ng mga misyonero (62611) at isang lokal na templo.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

- Ano ang basbas ng patriyarka?

  Ang Unang Panguluhan ay nagsabing: "Ang mga basbas ng patriyarka ay [mga] inspiradong pahayag tungkol sa lipi ng tumatanggap, at gayundin, kapag nabibigyang inspirasyon ng Espiritu, ay isang inspirado at mapropesiyang pahayag tungkol sa misyon sa buhay ng tumatanggap, na may kasamang mga pagpapala, babala, at panghihikayat na ipadarama sa patriyarka na dapat ibigay. . . . Ang katuparan ng lahat ng pagpapala ay batay sa katapatan sa ebanghelyo ng ating Panginoon" (liham sa mga pangulo ng istaka, ika-28 ng Hunyo 1957; sinipi sa *Mormon Doctrine,* ni Bruce R. McConkie, ika-2 edisyon [1966], 558).

- Ilan na sa inyo ang nakatanggap ng inyong basbas ng patriyarka? Ano ang ibig sabihin na pagpapahayag ng patriyarka tungkol sa ating lipi sa basbas? (Kapag ipinahayag ng patriyarka ang ating lipi, inihahayag niya sa atin na tayo ay mga inapo ng propetang si Abraham sa pamamagitan nina Ephraim, Manases, o ng iba pang inapo ni Abraham.)

Ipaliwanag na tinatalakay ng araling ito ang mga biyayang matatanggap natin at ang mga pananagutan natin bilang mga inapo ni Abraham.

---

Talakayan at Pagsasagawa sa Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Nakipagtipan ang Diyos kay Abraham.**

Ituro at talakayin ang Abraham 1:1–4; 2:1–11; at Genesis 12:1–8; 17:1–9.

- Noong binatilyo pa si Abraham ay nais niyang maging matwid at mamuhay nang karapat-dapat sa mga pagpapala ng Diyos. Sang-ayon sa Abraham 1:2–4, anong mga pagpapala ang hinangad ni Abraham?

- Inutusan ng Diyos si Abraham at ang kanyang mag-anak na lisanin ang kanilang tahanan sa Ur at maglakbay patungo sa isang lupain na pinangalanan nilang Haran (Abraham 2:1–4). Doon ay nanalangin si Abraham at tumanggap siya ng isang pangitain na kung saan ay nakipagtipan ang Diyos na pagpapalain siya at ang kanyang inapo. Ito ang tinatawag na tipang Abraham. Anong mga pagpapala ang ipinangako ng Diyos kay Abraham sa tipang ito? (Tingnan sa Abraham 2:6–11; Genesis 12:1–8; 17:1–9. Maaari ninyong ituro na kinailangang maghintay si Abraham nang maraming taon bago matupad ang ilan sa mga ipinangakong pagpapalang ito, at ang mga ito ay nagkakaroon pa rin ng katuparan hanggang sa ngayon.)

  Ang sumusunod na tsart ay makatutulong sa inyo na ibuod ang mga pagpapala ng tipang Abraham. Maaari kayong maglagay sa pisara ng tsart na dinaglat, na nag-iiwan ng puwang para sa bahaging "Mga Pananagutan" katulad ng ipinapakita sa pahina 35.

| Mga Pagpapala at Pananagutan ng Tipang Abraham | | | |
|---|---|---|---|
| Mga Makalupang Pagpapala: | Isang lupang pangako na matitirhan (Abraham 2:6, 19; Genesis 12:7; 17:8) | Maraming inapo (Abraham 2:9–10; Genesis 12:2–3; 17:2, 4–6) | Ang ebanghelyo ni Jesucristo at ang pagkasaserdote para kay Abraham at sa kanyang mga inapo (Abraham 2:9–11; Genesis 17:7) |
| Walang Hanggang: Magkakaagapay | Ang kahariang selestiyal (Doktrina at mga Tipan 88:17–20) | Walang hanggang kasal at walang hanggang pag-unlad (Doktrina at mga Tipan 132:19–22) | Kadakilaan at buhay na walang hanggan (Doktrina at mga Tipan 132:23–24) |

**2. Tayo ay mga tagapagmana ng mga pagpapala at pananagutan ng tipang Abraham.**

Ipaliwanag na ang lahat ng miyembro ng Simbahan ay mga "binhi ni Abraham," na ang ibig sabihin ay mga inapo niya tayo. Sinabi ni Elder Joseph

Fielding Smith na: "Ang halos karamihan sa mga naging miyembro ng Simbahan ay mga literal na inapo ni Abraham sa pamamagitan ni Ephraim, na anak ni Joseph. Ang mga hindi literal na inapo nina Abraham at Israel ay kailangang maging gayon, at kapag nabinyagan na sila at napagtibay ay naihuhugpong sila sa punungkahoy at tatanggapin ang lahat ng karapatan at pribilehiyo bilang mga tagapagmana" ("How One May Become of the House of Israel," *Improvement Era,* Okt. 1923, 1149).

- Bilang mga binhi ni Abraham, ang mga miyembro ng Simbahan ay mga tagapagmana sa mga pagpapala at pananagutan ng tipang Abraham. Paano tayo magiging mga tagapagmana ng tipang ito? (Kapag tayo ay nabinyagan sa Simbahan, ang pangakong *kaligtasan* ng tipang Abraham ay sinasariwa sa atin. Kapag nabuklod tayo sa templo, ang pangakong *kadakilaan* ng tipang Abraham ay sinasariwa sa atin. Upang tanggapin ang mga pagpapala ng tipan, kailangan nating tuparin ang mga kaukulang tungkulin at mamuhay nang karapat-dapat.)

  Si Elder Bruce R. McConkie ay nagpaliwanag na:

  "Unang tinanggap ni Abraham ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbibinyag (na siyang tipan ng kaligtasan); pagkatapos ay iginawad niya sa kanya ang nakatataas na pagkasaserdote, at pumasok siya sa selestiyal na kasal (na siyang tipan ng kadakilaan), na sa gayon ay tumanggap ng katiyakan na makakamtan niya ang walang hanggang pag-unlad; sa dakong huli ay tumanggap siya ng pangako na ang lahat ng pagpapalang ito ay ihahandog sa lahat ng kanyang mortal na inapo. (Abraham 2:6–11; Doktrina at mga Tipan 132:29–50.) Kasama sa banal na pangako kay Abraham ang katiyakan na si Cristo ay darating sa pamamagitan ng kanyang lipi, at ang katiyakan na ang mga inapo ni Abraham ay tatanggap ng tiyak na piling lupang pangako bilang walang hanggang mana. (Abraham 2; Genesis 17; 22:15–18; Mga Taga Galacia 3.)

  "Ang lahat ng pangakong ito kung pagsasama-samahin ay ang tinatawag na *tipang Abraham*. Ang tipang ito ay sinariwa kay Isaac (Genesis 24:60; 26:1–4, 24) at muli, kay Jacob. (Genesis 28; 35:9–13; 48:3–4.) *Ang mga bahagi nito na nakapatungkol sa pansariling kadakilaan at walang hanggang pag-unlad ay sinasariwa sa bawat miyembro ng sambahayan ni Israel na pumapasok sa orden ng selestiyal na kasal;* sa pamamagitan ng orden na ito ang mga taong kasali ay nagiging mga tagapagmana ng lahat ng pagpapala nina Abraham, Isaac, at Jacob. (Doktrina at mga Tipan 132; Mga Taga Roma 9:4; Mga Taga Galacia 3:4.) (*Mormon Doctrine,* ika-2 edisyon [1966], 13).

- Anong mga pagpapala ang maaari nating matanggap sa pamamagitan ng tipang Abraham? (Matatanggap natin ang lahat ng pagpapalang tinanggap ni Abraham, katulad ng nakabalangkas sa naunang tsart. Ang mga pagpapalang ito ay kinabibilangan ng ebanghelyo, ang pagkasaserdote, kadakilaan, at mga ugnayan ng walang hanggang mag-anak.)

- Ano ang ating mga pananagutan bilang mga tagapagmana ng tipang Abraham? (Tingnan sa Abraham 2:9, 11; Genesis 18:19. Kailangan nating tulungan ang lahat ng anak ng Diyos, kapwa buhay at patay, na tanggapin ang buong pagpapala ng ebanghelyo. Kailangan din nating sundin ang mga kautusan ng Diyos.)

Kung naisulat ninyo ang tsart sa pahina 28 sa pisara, magdagdag ng isa pang bahagi sa ibaba ng tsart, na inililista ang ating mga pananagutan tulad ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Mga Pananagutan: | Tulungan ang lahat ng anak ng Diyos na tanggapin ang buong pagpapala ng ebanghelyo (Abraham 2:9, 11) | Sundin ang mga kautusan ng Diyos (Genesis 18:19) |

- Paano nating matutulungan ang iba na makatanggap ng ebanghelyo? (Sa pamamagitan ng gawaing misyonero, sa pagsasagawa ng mga ordenansa ng templo para sa mga patay, at sa pagiging mga halimbawa ng katwiran. Maaari kayong magpakita ng mga larawan ng isang templo o ng mga misyonero.)

Ang Pangulong Ezra Taft Benson ay nagsabing: "Ang mga pananagutan ng mga binhi ni Abraham, na walang iba kundi tayo, ay ang maging mga misyonero na 'magdadala ang ministeryo at Pagkasaserdoteng ito sa lahat ng bansa' (Abraham 2:9)" (sa Conference Report, Abr. 1987, 107; o *Ensign,* Mayo 1987, 85).

Ginawa ni Elder Boyd K. Packer ang sumusunod na paghahambing upang bigyang-diin ang ating pananagutan na ibahagi ang ebanghelyo sa iba:

Isipin na inatasan tayo ng ating obispo na magplano ng piknik para sa mga miyembro ng purok. Dapat ay maging pinakamaganda ito sa mga naging pagtitipon sa kasaysayan ng purok, at hindi natin dapat isipin kung magkano ang magagasta. Ipinareserba na natin ang isang magandang pagdarausan ng piknik sa bansa. Kailangan ay tayo lamang ang gagamit nito.

Sumapit ang araw at ang lahat ay nasa ayos na. Ang mga mesa ay isinaayos at napakarami ng pagkain. Pagkatapos, samantalang binibigkas ang basbas sa pagkain, isang lumang kotse ang lumiko sa lugar na pinagdarausan ng piknik at pupugak-pugak na huminto. Isang nag-aalalang lalaki ang nagtaas ng takip ng makina ng kotse, at sumingaw ang init mula rito. Ilang bata ang lumabas sa kotse. Dinala ng isang nag-aalalang ina ang isang kahon sa katabing mesa. Naglagay siya ng ilang tirang pagkain sa mesa, na sinisikap na magmukha itong masarap para sa kanyang mga nagugutom na anak. Ngunit kulang ang pagkain.

Pagkatapos ay nakita ng isa sa mga batang babae ang ating mesa. Hinila niya ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki papalapit sa atin at pilit na isinungaw ang kanyang ulo sa pagitan natin. Umusog tayo nang kaunti. Sinabi ng batang babae na, "Tingnan mo 'yon o; ano kaya ang lasa no'n."

Ano ang gagawin natin? Hindi ba natin papansinin ang mga tao o sasabihan silang tumahimik? Ituturo ba natin silang muli pabalik sa kanilang mesa at bibigyan sila ng ilang pagkain na hindi naman natin talaga kailangan? O aanyayahan natin silang lumapit at makisalo sa atin, na maupo sa pagitan natin at ibahagi ang saganang pagkain, at sasabihin sa kanilang hayaan tayong tumulong sa pagkukumpuni ng kanilang sasakyan at bibigyan sila ng anumang bagay para sa kanilang paglalakbay?

Si Elder Packer ay nagtanong na: "May mas tatamis pa bang gawain kaysa sa makitang kumain ang mga nagugutom na batang iyon? May hihigit pa bang kapanatagan ng kalooban kaysa sa pagtigil sa ating mga kasayahan upang tulungan [silang] magkumpuni ng kanilang sasakyan? . . .

" . . . May mga tao sa buong mundo at gayundin na malalapit sa atin—ang ating mga kapitbahay, kaibigan, ilan sa ating sariling mag-anak—na, malaki ang kakulangan sa mga espirituwal na bagay. Ang ilan sa kanila ay namamatay na sa gutom! Kung tatahimik lamang tayo, ito ay walang ipinagkaiba sa pagpipiging sa harapan ng mga nagugutom" (sa Conference Report, Abr. 1984, 59–61; o *Ensign,* Mayo 1984, 41–42).

- Ano ang itinuturo sa atin ng paghahambing na ito tungkol sa ating pananagutan na tulungan ang iba na tanggapin ang mga pagpapala ng ebanghelyo? (Mapalad tayo na nasa atin ang kabuuan ng ebanghelyo, ang pinakamalaking piging na nakilala ng daigdig [Doktrina at mga Tipan 58:8–12]. Inaasahan ng Diyos na ibabahagi natin ang mga pagpapalang ito sa iba, kapwa sa buhay at sa patay.)

- Paanong ang paghahayag ng lipi sa ating basbas ng patriyarka ay katulad ng isang tawag na gampanan ang ating mga tungkulin bilang mga tagapagmana sa tipang Abraham? (Sa pamamagitan ng paghahayag na tayo ay binhi ni Abraham, binibigyang-diin ng ating mga basbas ng patriyarka ang ating pribilehiyong tanggapin ang mga pagpapala ng tipang Abraham at ang ating tungkuling gampanan ang mga responsibilidad na kasama nito.)

---

Katapusan

Magbigay ng patotoo tungkol sa mga pagpapala ng tipang Abraham. Himukin ang mga miyembro ng klase na gampanan ang kanilang mga tungkulin bilang mga tagapagmana ng tipang ito.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**Ang hamon ng pamumuhay sa daigdig**

Ipaliwanag na ang mga sinaunang Israelita ay napalibutan ng maraming bansa ng mga taong hindi naniniwala sa tunay na Diyos. Ang mga bansang ito ay kinabilangan ng mga taga Asiria, taga Babilonia, taga Egipto, at iba pa.

- Bakit sa palagay ninyo iniligay ng Panginoon ang kanyang pinakipagtipanang mga tao sa gitna ng sinaunang daigdig sa halip na sa isang lugar na kung saan ay makapag-iisa sila. (Tingnan sa Deuteronomio 4:6–8. Nais niyang magpakita sila ng halimbawa para sa iba at upang isakatuparan ang tipang Abraham na pagpalain ang lahat ng bansa.)

  Ipaliwanag na marami sa mga kuwento sa Lumang Tipan ang nagpapakita ng tagumpay o kabiguan ng mga tao ng Panginoon na tuparin ang kanilang mga tipan at impluwensiyahan ang iba tungo sa kabutihan. Sina Abraham, Jose, Daniel, Esther, at marami pang iba ay mga mabubuting impluwensiya. Sina

Samson, Achab, ang mga anak ni Israel na gumala sa ilang, at iba pa ay hinayaang maimpluwensiyahan sila ng daigdig.

Katulad ng ginawa niya sa sinaunang Israel, tayo na mga pinagtipanang tao ng Panginoon sa mga huling araw ay inilagay niya sa gitna ng daigdig. Ang hamon sa atin ay ang impluwensiyahan ang daigdig sa mga matwid na paraan sa halip na hayaan nating impluwensiyahan tayo ng daigdig sa mga hindi matwid na paraan.

Aralin
# 8

# Pamumuhay nang Matwid sa Masamang Daigdig

*Genesis 13–14; 18–19*

**Layunin**

Upang patatagin ang pangako ng mga miyembro ng klase na humawak nang mahigpit sa matwid na mga pamantayan sa mga panahon ng paglaganap ng kasamaan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan. Paalala: Sinasabi sa Genesis 17:5 ang tungkol sa pagpapalit ng Panginoon sa pangalang Abram ng Abraham. Ang pangalang *Abraham* ang ginagamit sa kabuuan ng araling ito.

   a. Genesis 13. Pagkaraang manirahan sa Egipto nang ilang panahon nang dahil sa taggutom sa lupain ng Canaan, si Abraham at ang kanyang mag-anak ay nagbalik sa Canaan. Si Abraham ay nanirahan sa Hebron, at ang kanyang pamangkin na si Lot ay nanirahang malapit sa Sodoma.
   b. Genesis 14:1–2, 8–24. Si Lot ay nabihag sa kasalukuyan ng mga digmaan ng mga hari at iniligtas ni Abraham (14:1–2, 8–16). Si Abraham ay nagbayad ng mga ikapu kay Melquisedec at tumangging tumanggap ng mga labi ng digmaan mula sa hari ng Sodoma (14:17–24).
   c. Genesis 18:16–33; 19:1–29. Ipinahayag ng Panginoon na wawasakin niya ang Sodoma at Gomorra dahil sa kasamaan ng mga tao (18:16–22). Nagmakaawa si Abraham sa Panginoon na huwag wasakin ang mga lungsod kung makatatagpo siya ng mga matwid na taong naninirahan doon (18:23–33). Si Lot at ang kanyang mag-anak ay inutusang lisanin ang Sodoma (19:1–23; pansinin na sa Pagsasalin ni Joseph Smith, ang Genesis 19:11–13 ay nagsasaad na *hindi* inialay ni Lot ang kanyang mga anak na babae sa mga kalalakihan ng Sodoma; sa halip ay sinikap niyang pangalagaan ang kanyang mga anak na babae mula sa mga kalalakihan). Winasak ng Panginoon ang Sodoma at Gomorra (19:24–29).

2. Karagdagang babasahin: Genesis 12; Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:25–40; 19:9–15.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala sa klase ng isang bagong pahayagan.

4. Maaari ninyong ipalabas ang isang maikling palabas mula sa "Abraham—The Promise" o "Abraham—Sodom and Gomorrah," mga bahagi 4 at 5 ng *videocassette* na *Beginnings/Abraham* bilang bahagi ng aralin.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

Ipakita sa klase ang isang bagong pahayagan. Magbigay ng puna sa kung paano tayong napapalibutan ng mga hindi matwid na impluwensiya nang hindi nagtutuon ng pansin sa mga partikular na balita. Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa kahalagahan ng pagiging matwid maging kapag nakapalibot sa atin ang kasamaan.

---

Talakayan at Pagsasagawa sa Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Si Abraham at ang kanyang mag-anak ay nanirahan sa Hebron, at si Lot at ang kanyang mag-anak ay nanirahang malapit sa Sodoma.**

Ituro at talakayin ang Genesis 13.

Maaari kayong magbigay ng maikling buod tungkol sa mga paglalakbay ni Abraham sa puntong ito ng kanyang buhay. Lumaki siya sa Ur ng mga Caldeo, pagkatapos ay dinala siya ng Panginoon upang manirahan sa Aran (Genesis 11:31; Abraham 2:1–5). Sa dakong huli ay dinala siya ng Panginoon mula sa Aran patungo sa lupain ng Canaan at nangakong, "Sa iyong lahi ay ibibigay ko ang lupaing ito" (Genesis 12:7). Dahil sa taggutom sa Canaan, si Abraham at ang kanyang mag-anak ay nagpunta sa Egipto (Genesis 12:10). Ang Genesis 13 ay nagsisimula sa pagbabalik ni Abraham at ng kanyang mag-anak sa Canaan mula sa Egipto.

- Bakit hindi maaaring mamuhay na magkasama sina Abraham at Lot at ang kanilang mga mag-anak noong magbalik sila sa Canaan mula sa Egipto? (Tingnan sa Genesis 13:5–7.) Ano ang matututuhan natin tungkol kay Abraham mula sa kanyang mga puna sa Genesis 13:8–9? Paano natin masusundan ang halimbawa ni Abraham kapag may mga pakikipagsalungatan tayo sa mga miyembro ng mag-anak o sa ibang tao?
- Saan pinili ni Lot na tumira? (Tingnan sa Genesis 13:10–12.) Ituro na ang mga tao sa Sodoma ay ubod ng sama (Genesis 13:13), subalit pinili pa rin ni Lot na tumira sa malapit sa kanila. Ano ang bagay na kaakit-akit kay Lot sa Sodoma? (Tingnan sa Genesis 13:10. Iyon ay "patubigan sa magkabi-kabila" at maganda.)
- Noong una si Lot ay "tumahan sa mga bayan ng kapatagan," sa labas ng Sodoma, ngunit kanyang "inilipat ang kanyang tolda hanggang sa Sodoma" (Genesis 13:12). Sa bandang huli ay nanirahan siya sa mismong lungsod ng Sodoma (Genesis 14:12). Anong mga bagay ang maaaring gawin natin na siyang espirituwal na katumbas ng pagtatayo ng mga tolda hanggang sa Sodoma? (Maaari tayong makisalamuha sa masasamang bagay sa halip na iwasan ang mga ito, o maaari nating pahintulutan ang ating sarili na gumawa ng maliliit na kasalanan nang hindi iniisip na hahantong ang mga ito sa malalaking kasalanan.) Paano natin mababago ang ating pag-uugali bago lumaki ang maliliit na problema o mga kasalanan?
- Tulad ni Lot, ang mga tao ni Haring Benjamin sa Aklat ni Mormon ay nagtayo din ng kanilang mga tolda na nakaharap sa isang tiyak na direksiyon. Saan nakaharap ang kanilang mga tolda? (Tingnan sa Mosias 2:6.) Paano natin

higit na maihaharap ang ating mga tahanan sa templo sa halip na iharap ang mga ito sa mga makamundong lugar?

**2. Iniligtas ni Abraham si Lot, nagbayad ng mga ikapu kay Melquisedec, at tumangging kumuha ng mga nasamsam sa digmaan mula sa hari ng Sodoma.**

Ituro at talakayin ang Genesis 14:1–2, 8–24.

- Samantalang nakatira si Lot sa Sodoma, ang mga hari ng ilang estadong-lungsod, kabilang ang Sodoma at Gomorra ay nagsimulang makipagdigmaan sa isa't isa (Genesis 14:1–2, 8–9). Ano ang nangyari kay Lot sa panahon ng digmaang ito? (Tingnan sa Genesis 14:10–12.) Paano tinulungan ni Abraham si Lot pagkatapos na siya ay mabihag? (Tingnan sa Genesis 14:13–16.)
- Sino ang nasalubong niya pagkatapos niyang mailigtas si Lot? (Tingnan sa Genesis 14:17–18.) Sino si Melquisedec? (Tingnan sa Genesis 14;18; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:1–2.) Ano ang ibinigay ni Abraham kay Melquisedec? (Tingnan sa Genesis 14:20; tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:36–40 sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)
- Bakit tumanggi si Abraham na tumanggap ng kahit na isang sinulid bilang gantimpala mula sa hari ng Sodoma? (Tingnan sa Genesis 14:21–24. Ayaw niyang tumanggap ng anumang bagay mula sa isang hindi matwid na hari.) Ano ang maituturing na "sinulid" ng imoralidad sa daigdig ngayon? Ano ang maituturing na "sinulid" ng hindi pagkamatapat? Paano natin ibinababa kung minsan ang ating mga pamantayan bilang kapalit ng kasamaan na handa nating tanggapin sa libangan na ating hinahangad? Bakit mahalaga na huwag nating hayaan ang kahit na kaunting makamundong bagay na pumasok sa ating buhay? (Tingnan sa 2 Nephi 28:20–21.)
- Ano ang matututuhan natin tungkol sa pangako ni Abraham sa Panginoon sa pamamagitan ng paghahambing sa kanyang mga reaksiyon kay Melquisedec at sa hari ng Sodoma?

**3. Winasak ng Panginoon ang Sodoma at Gomorra.**

Ituro at talakayin ang Genesis 18:16–33; 19:1–29.

- Dahil sa kasamaan ng mga tao sa Sodoma at Gomorra, binalak ng Panginoon na wasakin ang mga lungsod (Genesis 18:20–21). Ano ang hiniling ni Abraham sa Panginoon pagkatapos niyang malaman ang tungkol sa planong ito? (Tingnan sa Genesis 18:23–32.) Ano ang matututuhan natin mula sa katotohanang nakahanda ang Panginoon na hindi wasakin ang mga lungsod kung may matatagpuang mga matwid na tao sa mga ito?
- Bakit inutusan si Lot na lisanin ang Sodoma? (Tingnan sa Genesis 19:12–13, 15.) Ano ang naging reaksiyon ng mga manugang na lalaki ni Lot nang sabihan niya silang lumisan? (Tingnan sa Genesis 19:14.) Bakit tumatanggi ang ibang tao na ilayo ang kanilang sarili sa masasamang impluwensiya kahit na alam na nila ang nagbabantang kapahamakan?
- Anong payo ang ibinigay ng mga anghel habang nililisan ni Lot at ng kanyang mag-anak ang lungsod? (Tingnan sa Genesis 19:17.) Ituro na ang

Tagapagligtas ay nagbigay ng gayunding payo sa kanyang mga tagasunod (Lucas 9:62; 17:29–32; Doktrina at mga Tipan 133:14–15). Ano ang isinasagisag ng "paglingon"? (Pag-aatubiling talikuran ang ipinagbabawal sa atin; hindi lubusang pagsunod kay Cristo.) Paano tayo "lumilingon" kung minsan?

- Ano ang nangyari sa asawa ni Lot nang lumingon siya sa Sodoma? (Tingnan sa Genesis 19:26.) Ano ang maituturo sa atin ng kuwento tungkol sa asawa ni Lot tungkol sa pagsisisi? (Upang makapagsisi ay kailangan nating baguhin ang ating mga puso at ating pag-uugali. Kung minsan ay kailangan nating pumili ng bagong kapaligiran at mga bagong kasama upang magawa ito.)

- Ano ang nawala kay Lot dahil sa kanyang "inilipat ang kanyang tolda hanggang sa Sodoma"? Ano ang maaaring mawala sa atin kapag inilalagay natin ang ating sarili sa mga kalagayan na kung saan ay alam nating matutukso tayo? Paano tayong naaapektuhan kapag hinahayaan natin ang ating sarili na mapalibutan ng kasamaan, kahit na hindi tayo tuwirang kasali sa makasalanang gawain?

- Ano ang iminumungkahi ng Genesis 19:29 na siyang dahilan kung bakit naligtas si Lot noong wasakin ang Sodoma at Gomorra? (Naalala ng Panginoon ang kabutihan ni Abraham.) Paano magiging kapaki-pakinabang sa iba ang ating matwid na pag-uugali?

  Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagsabing: "Ang daigdig natin ngayon ay halos katulad noong kapanahunan ng propetang Nephite na nagsabing:' . . . kung hindi dahil sa mga panalangin ng mabubuti . . . kahit ngayon kayo ay dadalawin ng lubusang pagkalipol. . . . ' (Alma 10:22.) Siyempre, maraming marami ang mga matwid at matapat na ipinapamuhay ang lahat ng kautusan, at ang kanilang buhay at panalangin ang nagliligtas sa daigdig mula sa pagkawasak" (sa Conference Report, Abr. 1971, 7; o *Ensign,* Hunyo 1971, 16).

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng pagpapanatili sa ating sarili na malaya sa kasalanan, kahit na nakapalibot sa atin ang kasamaan. Himukin ang mga miyembro ng klase na magsikap na maging matwid na impluwensiya sa daigdig sa halip na hayaang impluwensiyahan sila ng mga makamundong bagay.

Maaari kayong magtapos sa pamamagitan ng sumusunod na pahayag mula kay Elder M. Russell Ballard:

"Sa Simbahan ay madalas nating binabanggit ang dalawahang bahaging pangungusap na, 'Mamuhay sa mundo ngunit huwag maging makamundo.' Sa panonood natin ng mga palabas sa telebisyon na kung saan ay ginagawang pangkaraniwan at kaakit-akit ang kalapastanganan, karahasan, at kataksilan, kadalasan ay inaasam natin na sana ay maikakandado natin ang daigdig sa kahit na paanong paraan at ihiwalay ang ating mag-anak mula sa lahat ng ito. . . .

"Marahil ay dapat nating sabihin ang dalawahang bahaging pangungusap na kababanggit lamang bilang dalawang magkahiwalay na paunawa. Una, *'Mamuhay sa mundo.'* Makisali; makialam. Sikaping maging maunawain at mapagpaubaya at pasalamatan ang mga pagkakaiba sa kultura ng mga tao at sa paraan ng kanilang pag-iisip at pamumuhay. Gumawa ng mga makabuluhang kontribusyon sa lipunan sa pamamagitan ng paglilingkod at pakikisali. Ikalawa,

*'Huwag maging makamundo.'* Huwag sundan ang mga maling landas o huwag baguhin ang inyong mga pinahahalagahang pamantayan o prinsipyo o tanggapin ang hindi tama. . . .

"Ang mga miyembro ng Simbahan ay kailangang maging impluwensiya sa kabutihan ng mga tao sa halip na sila ang maimpluwensiyahan ng iba. Kailangan tayong kumilos upang pigilin ang patuloy na paglaganap ng kasalanan at kasamaan sa halip na hayaang lumaganap ang kasalanan o kasamaan nang hindi man lamang gumagawa ng kahit anong hakbang upang pigilan ito. Kailangan ng bawat isa sa atin na tumulong sa paglutas ng problema sa halip na iwasan o ipagwalang bahala ito" (sa Conference Report, Abr. 1989, 100–101; o *Ensign,* Mayo 1989, 80).

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang mga kasalanan ng Sodoma at Gomorra**

Katulad ng nakasaad sa Genesis 19:4–11 at sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Genesis 19:9–15, ang mga tao ng Sodoma at Gomorra ay gumagawa ng mabibigat na kasalanang seksuwal. Subalit ang mga kasalanang ito, kahit na matindi, ay hindi lamang ang mga kasalanan na naging dahilan ng pagkawasak ng mga lungsod. Ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang Ezekiel 16:49–50, at talakayin sa klase ang iba pang mga kasalanan na ginawa ng mga tao sa Sodoma at Gomorra. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na maaari tayong malipol sa pamamagitan ng tila maliliit na kasalanan at gayundin naman ng malalaking kasalanan.

**2. Pamumuno sa pamamagitan ng halimbawa**

Upang mailarawan ang isang paraan kung paano makaiimpluwensiya sa kabutihan ang mga Banal sa mga Huling Araw sa halip na maimpluwensiyahan sila ng daigdig, maaari ninyong ipalabas ang "Leading by Example," isang pitong-minutong palabas mula sa *Old Testament Video Presentations* (53224). Sa palabas na ito, ang matwid na halimbawa ng isang kabataang babae ay nakatulong sa isang kaibigan upang magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo.

# “Diyos ang Maghahanda ng Kordero”

Aralin
9

*Abraham 1; Genesis 15–17; 21–22*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na mas mabuting maunawaan ang sakripisyo ng Ama sa Langit sa pag-aalay niya ng kanyang Anak habang pinag-aaralan nila ang kahandaan ni Abraham na ialay si Isaac.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan. Paalala: Sinasabi ng Genesis 17 ang tungkol sa pagpapalit ng Panginoon sa pangalan ni Abram ng Abraham at sa pangalan ni Sarai na Sara (tingnan sa mga talata 5, 15). Ang mga pangalang *Abraham* at *Sara* ang ginagamit sa kabuuan ng araling ito.

   a. Abraham 1:1, 5–20. Sa kanyang kabataan, si Abraham ay pinagmalupitan ng mga huwad na saserdote ni Faraon. Tinangka nilang ialay siya, subalit iniligtas siya ni Jehova.
   b. Genesis 15–17; 21. Sa dakong huli ng kanyang buhay, si Abraham ay naghangad at pinangakuan ng supling (15:1–6). Ibinigay ni Sara si Agar kay Abraham upang maging asawa niya; Isinilang ni Agar si Ismael (16:1–16). Binanggit muli ng Diyos ang kanyang tipan kay Abraham, na nangangakong siya ang magiging ama ng maraming bansa (17:1–14; tingnan sa aralin 7). Ang pagsilang ni Isaac, na siyang magpapatuloy sa tipan, ay ipinahayag (17:16–22). Isinilang ni Sara si Isaac (21:1–12).
   c. Genesis 22. Inutusan ng Diyos si Abraham na ialay si Isaac (22:1–2). Naghanda si Abraham upang ialay si Isaac, ngunit sa halip ay naglaan ang Diyos ng isang lalaking tupa upang ialay (22:3–19).

2. Karagdagang babasahin: Mga Hebreo 11:8–19; Santiago 2:21–23; Jacob 4:5; Doktrina at mga Tipan 132:34–36.

3. Kung gagamitin ninyo ang ikalawang gawaing pantawag-pansin, tanungin ang ilang miyembro ng klase ng mga isang linggo bago ituro ang araling ito upang maghanda silang magsabi tungkol sa isang pagkakataon nang sila ay pagpalain dahil sa maluwag sa kanilang kalooban ang magsakripisyo.

4. Kung makukuha ang sumusunod na *audiovisual* na kagamitan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:

   a. Isang maikling palabas mula sa “Abraham—The Promise” o “Abraham Is Commanded to Sacrifice Isaac,” mga bahagi 4 at 6 ng *videocassette* na *Beginnings/Abraham* (53150).
   b. Ang mga larawang Iniligtas ng Isang Anghel si Abraham (62607 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 104) at Dinala ni Abraham si Isaac Upang Ialay (62054; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 105).

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

1. Hilingan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang tao na mahal na mahal nila o ng isang bagay na lubos nilang pinahahalagahan.
   - Ano ang mararamdaman ninyo kung hihilingin ng Diyos na iwan ninyo, o isakripisyo, ang tao o bagay na ito? Ano ang gagawin ninyo?
2. Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ikuwento ang isang pagkakataon nang pagpalain sila dahil nakahanda silang magsakripisyo.

Pagkatapos ng alinman sa mga gawaing ito, ipaliwanag na inutusan ng Diyos si Abraham na ialay ang kanyang anak na si Isaac, na mahal na mahal ni Abraham. Hindi naman tuluyang ipinagawa ang sakripisyong ito kay Abraham, ang buong puso niyang paggawa nito ay "ipinalalagay sa kanya sa kabutihan" (Doktrina at mga Tipan 132:36). Dahil sa kabutihan ni Abraham, siya at ang kanyang mga inapo ay lubos na pinagpala.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Muntik nang maialay si Abraham ng mga huwad na saserdote ni Faraon.**

Ituro at talakayin ang Abraham 1:1, 5–20. Bahagi ng araling ito ay nakatuon sa utos ng Diyos kay Abraham na ialay si Isaac. Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang kahalagahan ng utos na ito at ang tindi ng pananampalataya ni Abraham, ang araling ito ay magsisimula sa isang maikling talakayan tungkol sa karanasan ni Abraham noong siya, na nasa kanyang kabataan, ay muntik nang maialay ng huwad ng saserdote ni Faraon.

- Ano ang mga kalagayan sa Caldea noong nakatira pa roon si Abraham? (Tingnan sa Abraham 1:1, 5–8.) Ano ang tinangkang gawin ng mga saserdote ni Faraon kay Abraham? (Tingnan sa Abraham 1:7, 12.) Paano naligtas si Abraham mula sa mga huwad na saserdote? (Tingnan sa Abraham 1:15–16, 20.)
- Paano kaya nakatulong kay Abraham ang kanyang karanasan sa altar ng mga huwad na saserdote sa kanyang mga naging pagsubok sa hinaharap? Paano makatutulong sa atin ang ating mga pagsubok upang makapaghanda tayo sa mga kahirapan sa hinaharap?

**2. Si Abraham ay nagkaroon ng mga anak kina Agar at Sara.**

Ituro at talakayin ang Genesis 15–17; 21.

- Anong pangako ang ibinigay ng Panginoon kay Abraham na may kinalaman sa mga bata? (Tingnan sa Genesis 15:1–6.) Bakit ibinigay ni Sara si Agar kay

Abraham upang maging asawa niya? (Tingnan sa Genesis 16:1-3; Doktrina at mga Tipan 132:34–35.) Anong pangako ang ibinigay ng Panginoon kay Agar? (Tingnan sa Genesis 16:10–11.)

- Ano ang inihayag ng Diyos kay Abraham sa Genesis 17:15–16, 19, at 21? Paano tumugon si Abraham? (Tingnan sa Genesis 17:17. Pansinin na samantalang isinasaad ng King James na Bersiyon ng Biblia na si Abraham ay "nagtawa" nang marinig niyang magkakaroon si Sara ng anak na lalaki, ay may panghaliling salin ang salitang Hebreo at ito ay ang salitang "nagalak." Isinasaad sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia na si Abraham ay "nagalak" sa balita.)
- Ano ang maituturo sa atin ng pahayag na sina Abraham at Sara ay magkakaroon ng anak na lalaki tungkol sa kung paano isinasakatuparan ng Diyos ang kanyang mga pangako? (Tutuparin ng Diyos ang kanyang mga pangako, at maaaring hindi ito sa paraan o panahon na inaasahan natin. Ituro na si Abraham at maraming iba pa sa mga banal na kasulatan ay kinailangang maghintay ng maraming taon bago ibinigay sa kanila ang mga ipinangakong pagpapala.)
- Paano nagkaiba ang mga pangakong ginawa ng Diyos kina Isaac at Ismael? (Tingnan sa Genesis 17:19–21.)

**3. Inutusan ng Diyos si Abraham na ialay si Isaac.**

Ituro at talakayin ang Genesis 22.

- Bakit hiniling ng Diyos kay Abraham na ialay si Isaac? (Tingnan sa Genesis 22:1.) Bakit mahirap na pagsubok ito para kay Abraham? (Hindi lamang dahil sa anak niya si Isaac, kundi dahil ipinangako rin ng Diyos na ang tipang Abraham ay magpapatuloy sa pamamagitan ni Isaac at ng kanyang mga inapo [Genesis 17:19]. Ang isa pang dahilan kung bakit mahirap ito ay dahil sa noong binatilyo pa si Abraham, siya mismo ay muntik nang maialay ng mga huwad na saserdote ni Faraon [Abraham 1:1, 5–20].)
- Paano tumugon si Abraham sa utos ng Diyos na ialay si Isaac? (Tingnan sa Genesis 22:2–3.) Ano ang matututuhan natin mula kay Abraham tungkol sa pananampalataya at pagkamasunurin? (Tingnan sa Mga Hebreo 11:17–19; Santiago 2:21–23.)
- Paano tumugon si Isaac sa situwasyong ito? (Tingnan sa Genesis 22:3–10. Walang katibayan na sumalungat si Isaac sa layon ni Abraham na ialay siya.)

  Ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks na: "Nang makarating sila sa sinabing lugar, si Abraham ay nagtayo ng dambana [altar] at nilagyan ito ng mga kahoy. Pagkatapos ay sinasabi sa Biblia na 'tinalian [ni Abraham] . . . si Isaac na kanyang anak, at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy" (Genesis 22:9). Ano ang inisip ni Isaac nang gawin ni Abraham ang gayong bagay? Ang Biblia ay hindi nagbanggit ng anumang paghihirap o pagtutol. Ang tanging maibibigay na paliwanag sa katahimikan ni Isaac ay ang kanyang pagtitiwala at pagkamasunurin sa kanyang ama" (sa Conference Report, Okt. 1992, 51; o *Ensign,* Nob. 1992, 37).

- Ang kusang-loob na pag-aalay ni Abraham kay Isaac ay katulad ng kusang-loob na pag-aalay ng Ama sa Langit sa kanyang Bugtong na Anak (Jacob 4:5;

Genesis 22:8, 13). Ano ang ilang pagkakatulad ng karanasan ni Abraham at ng Ama sa Langit? Ano ang malaking kaibahan?

- Sa paanong paraan tayo maihahalintulad kay Isaac? Kung isinasagisag tayo ni Isaac, sino naman ang isinasagisag ng lalaking tupa sa kadawagan? Paano makatutulong sa inyo ang mga paghahambing na ito upang mas maunawaan ninyo ang pagmamahal sa inyo ng Ama sa Langit sa pag-aalay ng kanyang Anak?

  Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks na: "Ang kuwentong ito . . . ay nagpapakita ng kabutihan ng Diyos sa pangangalaga kay Isaac at sa paglalaan ng kahalili upang hindi siya mamatay. Dahil sa ating mga kasalanan at ating pagiging mortal, tayo, tulad ni Isaac, ay isinumpa sa kamatayan. Kapag naglaho nang lahat ang pag-asa, ay inilalaan ng ating Ama sa Langit ang Kordero ng Diyos, at tayo ay ililigtas ng kanyang sakripisyo" (sa Conference Report, Okt. 1992, 51; o *Ensign,* Nob. 1992, 37).

- Ano ang pinatunayan ni Abraham sa kabila ng pagsubok na ito? (Tingnan sa Genesis 2:11–12.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga situwasyon, na mula sa banal na kasulatan o sariling karanasan, kung saan ang mga tao ay sinubukan bilang pagkakataon upang mapatunayan ang kanilang katapatan. Hilingin din sa mga miyembro ng klase na magsabi tungkol sa kagalakan at mga pagpapala na dumating sa kanila sa pamamagitan ng pagpapatunay ng katapatan.

- Bakit tinukoy si Isaac sa Genesis 22:16 bilang bugtong na anak ni Abraham? (Si Isaac ang anak na magpapatuloy ng tipan. Binibigyang-diin din ng sangguniang ito ang pagkakatulad ni Isaac at ng ating Tagapagligtas, ang Bugtong na Anak ng Ama.) Anong mga pagpapala ang tiniyak kay Abraham dahil sa kanyang katapatan? (Tingnan sa Genesis 22:15–18.) Anong mga pagpapala ang ipinangako sa atin sa pamamagitan ng tipang Abraham? (Tingnan sa aralin 7.) Ano ang ating mga tungkulin bilang mga tagapagmana ng tipang Abraham?

---

Katapusan

Ipahayag ang inyong pasasalamat sa halimbawa ng pananampalataya at pagkamasunurin na ipinakita ni Abraham. Magpatotoo na ang kusang-loob na pag-aalay ni Abraham kay Isaac ay katulad ng kusang-loob na pag-aalay ng Ama sa Langit sa kanyang Bugtong na Anak. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa Pagbabayad-sala at sa dakilang pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo para sa atin.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagkatuto mula sa mga pagsubok**

- Sinabi ni Pangulong Hugh B. Brown na inutusan ng Diyos si Abraham na ialay si Isaac dahil "kailangan ni Abraham na matutuhan ang isang bagay tungkol kay Abraham" (sa Truman G. Madsen, *The Highest in Us* [1978], 49).

Ano kaya ang natutuhan ni Abraham tungkol sa kanyang sarili mula sa karanasang ito? Ano ang natutuhan ninyo mula sa inyong mga pagsubok?

- Ipinahayag ng Panginoon na tayo ay kailangang subukin "maging gaya ni Abraham" (Doktrina at mga Tipan 101:4). Bakit sa palagay ninyo kailangan ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:5, 35–38; 122:5–7.) Ano ang magagawa natin sa ngayon upang maihanda ang ating sarili sa mga sakripisyong maaaring ipagawa sa atin ng Panginoon?

**2. Pagkakaroon ng matatag na pakikipag-ugnayan sa Diyos**

Inilalarawan ng Abraham 1 at 2 ang mga pakikipag-ugnayan ni Abraham at ng kanyang ama sa Diyos. Ang ama ni Abraham ay bumabaling sa Diyos sa mga panahon ng kahirapan, subalit bumabalik sa pagsamba sa mga diyus-diyosan kapag maayos ang takbo ng kanyang buhay (Abraham 1:5, 30; 2:5). Si Abraham naman sa kabilang banda ay patuloy sa paghahanap sa Diyos (Abraham 1:2, 4; 2:12).

- Paano nating mahahanap ang Diyos at magagawang palagian at hindi pabagu-bago ang ating pakikipag-ugnayan sa kanya? Paano natin magagawang higit na palagian ang ating pangako sa Diyos upang sa gayon ay hanapin natin siya hindi lamang sa mga oras ng kapayapaan at kapanatagan kundi maging sa mga oras ng pagsubok?

Aralin
# 10 Mga Biyaya ng Pagkapanganay; Kasal sa Loob ng Tipan

*Genesis 24–29*

**Layunin**

Patatagin ang pagnanais ng mga miyembro ng klase na mamuhay nang karapat-dapat sa mga biyaya ng kanilang pagkapanganay at ng walang hanggang kasal.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

    a. Genesis 24. Binigyang-diin ni Abraham ang kahalagahan ng kasal sa loob ng tipan (walang hanggang kasal) sa pamamagitan ng pagpili ng isang karapat-dapat na asawa para kay Isaac.
    b. Genesis 25:20–34. Tumanggap si Rebeca ng isang paghahayag tungkol sa kanyang hindi pa naisisilang na kambal na anak na mga lalaki (25:22–23). Kapag malaki na ang mga anak na lalaking ito, ipagbibili ni Esau ang kanyang pagkapanganay kay Jacob (25:29–34).
    c. Genesis 26–29. Si Isaac at ang kanyang mga inapo ay pinangakuan ng mga biyaya ng tipang Abraham (26:1–5). Nag-asawa si Esau sa labas ng tipan at nagdulot ng kalungkutan sa kanyang mga magulang (26:34–35). Binasbasan ni Isaac si Jacob na maghari sa mga tao at mga bansa (27:1–46). Iginawad ni Isaac kay Jacob ang mga pagpapala ng tipang Abraham at pinaalis siya upang maghanap ng karapat-dapat na asawa (28:1–10). Pinakasalan ni Jacob sina Lea at Raquel sa loob ng tipan (29:1–30).

2. Kung gagamitin ninyo ang unang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang maliit na mangkok o supot ng nilutong *popcorn* o isang prutas.

3. Kung ang tinuturuan ninyo ay mga tinedyer o wala pang asawang may sapat na gulang, maaari ninyong gamitin ang ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo na, “Ang tamang pag-aasawa ay nagsisimula sa tamang pakikipagtipanan.”

4. Kung makukuha ang sumusunod na *audiovisual* na mga kagamitan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:

    a. “Marriage in the Covenant,” isang apat na minutong yugto mula sa *Old Testament Video Presentations* (53224).
    b. Isang maikling palabas mula sa “Rebekah” o “Esau and Jacob” mga bahagi 1 at 2 ng *videocassette* na *Isaac and Jacob* (53151).
    c. Ang larawang Si Rebeca sa Balon (62160).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang masimulan ang aralin. Piliin ang gawain na magiging pinakaangkop sa klase.

1. Ipakita ang isang mangkok o supot ng *popcorn* o isang prutas, pagkatapos ay itanong ang sumusunod sa mga miyembro ng klase:

   - Kung papipiliin kayo sa isang mangkok ng *popcorn* (o isang prutas) ngayon din o pangakong maraming *popcorn* (o prutas) sa bandang huli, matapos kayong magtanim, magbungkal, at mag-ani ng mga butil ng mais ( o prutas), alin ang pipiliin ninyo? Bakit?

   Ipaliwanag na madalas tayong maharap sa pamimili ng mga bagay na madaling mapapasaatin o mga bagay na kailangan nating paghirapan at hintayin. Kung minsan ay pinipili natin ang magdudulot ng kaagad na kasiyahan (aliw o kaluguran), kahit na ang pagpiling gumawa at maghintay ay magbibigay ng mas malaking pagpapala sa dakong huli. Ang pagpili kung gusto natin ang *popcorn* (o prutas) ngayon o mamaya ay hindi mahalagang pasiya. Gayunman ay kinakaharap natin ang iba pang mga pagpili sa buhay—katulad ng mga pagpapasiya kung sino at saan ikakasal—kung saan ang pagpili ng kaagad na katiwasayan ay magkakait sa atin ng maluwalhati at nagtatagal na mga pagpapala.

2. Itanong sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod:

   - Gumugol na ba kayo ng pera o panahon para makamit ang isang bagay upang pagkatapos ay matuklasan lamang na hindi pala ito dapat na ginugulan ng gayon?

   Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na magsabi ng tungkol sa mga pagkakataon nang magbayad sila nang labis para sa isang bagay na inakala nilang gusto nila (maaari ninyong naising magbahagi ng sarili ninyong karanasan).

   Ipaliwanag na maaari ding mangyari ang ganitong bagay sa espirituwal. Sa paggawa ng mga maling pagpili, maaari nating maipagpalit ang mga walang hanggang pagpapala sa mga bagay na wala naman talagang halaga. Gayunman, sa pamumuhay ng matwid ay matatanggap natin ang lahat ng pagpapalang inihahanda ng Ama sa Langit para sa atin).

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan.

Habang itinuturo ninyo ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Binigyang-diin ni Abraham ang kahalagahan ng kasal sa loob ng tipan (walang hanggang kasal).**

Ituro at talakayin ang Genesis 24. Habang tinatalakay ninyo ang kahalagahan ng walang hanggang kasal, maging sensitibo sa damdamin ng mga miyembro ng klase na hindi pa naikakasal sa templo o may mga magulang na hindi pa naikakasal sa templo.

- Bakit masyadong mapilit si Abraham na mag-asawa si Isaac ng isang babaing mula sa kanyang sariling kamag-anakan sa halip na mula sa mga taga Canaan, na siyang lupain na tinirhan nina Abraham at Isaac? (Nais ni Abraham na

mag-asawa si Isaac ng isang taong katulad nila ang pananampalataya upang makapag-asawa siya sa loob ng tipan. Ito ay kinakailangan nang sa gayon ay maibigay sa mga inapo ni Abraham ang mga pagpapala ng tipang Abraham.) Bakit mahalagang makasal tayo sa loob ng tipan? (Kung kailangan, ipaliwanag na sa ating panahon, ang mga katagang *kasal sa loob ng tipan, walang hanggang kasal,* at *kasal sa templo* ay kadalasang napagpapalit-palit ang paggamit.)

- Gaano katagal nang ipinag-utos ng Diyos ang kasal sa loob ng tipan? (Ito ay walang hanggang ordenansa na siyang naging utos ng Panginoon sa lahat ng panahon nang nasa lupa na ang kabuuan ng ebanghelyo. Sina Adan at Eva ang kauna-unahang tao sa mundo na pumasok sa ordenansang ito.)

- Inutusan ni Abraham ang kanyang tagapaglingkod upang humanap ng mapapangasawa ni Isaac (Genesis 24:4). Ano ang hinangaan ninyo sa tagapaglingkod ni Abraham? (Tingnan sa Genesis 24. Maaaring iba-iba ang mga sagot ngunit kabilang dito ang siya ay mapagkakatiwalaan, matapat, at madasalin. Maging pagkatapos ng mahabang paglalakbay ay ayaw niyang kumain hangga't hindi niya nagagawa ang ipinag-uutos ni Abraham. At sa halip na lumagi para sa 10 araw na piging ay gusto na niyang isama si Rebeca at magbalik kaagad kay Abraham.) Ano ang matututuhan natin mula sa tagapaglingkod ni Abraham upang higit tayong matulungan na magawa ang mga tungkuling ibinigay sa atin ng Panginoon?

- Paano nalaman ng tagapaglingkod ni Abraham na si Rebeca ay magiging mabuting asawa kay Isaac? (Tingnan sa Genesis 24:15–20, 58. Si Rebeca ay mabait at handang tumulong sa iba, tulad ng ipinakita na pag-igib niya ng tubig para sa tagapaglingkod ni Abraham at sa kanyang mga kamelyo. Maaari din ninyong naising ituro na ang isang kamelyo ay makakainom ng hanggang 30 galon sa loob ng isang araw, kung kaya marami ang naigib na tubig ni Rebeca para mapainom ang 10 kamelyo. Handa ring iwan ni Rebeca ang kanyang mag-anak upang magpakasal kay Isaac, marahil dahil sa malaki ang kanyang pananampalataya at alam niyang kalooban ng Panginoon na magpakasal siya kay Isaac.)

- Anong mga katangian ang gusto ninyo sa isang asawa? Bakit mas mahalaga ang mga espirituwal na katangian kaysa sa pisikal na kaanyuan? Anong mga katangian ang dapat paunlarin ng bawat isa sa atin (may asawa man tayo o wala) upang maging mabubuti tayong asawa?

- Kailan dapat maghanda ang isang tao para sa walang hanggang kasal? Ano ang ilang bagay na magagawa ng mga bata at ng mga kabataan upang makapaghanda para sa walang hanggang kasal? Paano matutulungan ng mga magulang at ng iba pang mga may sapat na gulang ang mga bata at kabataan na maghandang makasal sa templo?

  Si Pangulong Howard W. Hunter ay nagsabing: "Magplano tayo at magturo at magsumamo sa ating mga anak na magpakasal sa bahay ng Panginoon. Muli nating pagtibayin nang buong sigasig kaysa noong mga nakaraan na tunay na mahalaga kung saan ikakasal ang isang tao at sa anong awtoridad sila ipinapahayag bilang mag-asawa" (sa Conference Report, Okt. 1994, 118; o *Ensign,* Nob. 1994, 88).

**2. Ipinagbili ni Esau kay Jacob ang kanyang pagkapanganay.**

Ituro at talakayin ang Genesis 25:20–34.

- Anong paghahayag ang tinanggap ni Rebeca tungkol sa kanyang kambal na anak na lalaki na hindi pa isinisilang? (Tingnan sa Genesis 25:22–23.) Bakit hindi pangkaraniwang paghahayag ang sinabi ng Panginoon na "ang matanda ay maglilingkod sa bata"? (Ang pagkapanganay ay karaniwang ipinapasa mula sa ama tungo sa panganay na anak na lalaki. Ang pagtanggap ng pagkapanganay na ito ay nangangahulugan na ang panganay na anak na lalaki ay tatanggap ng dobleng mana sa kayamanan ng mag-anak, at bilang kapalit ay pangangasiwaan ang mag-anak at pangangalagaan ang kanyang ina at mga kapatid na babae kapag namatay na ang kanyang ama. Ang pangungusap na "ang matanda ay maglilingkod sa bata" sa paghahayag ng Panginoon kay Rebeca ay nangangahulugan na sa situwasyong ito ang nakababatang anak na lalaki ang tatanggap ng pagkapanganay at ang kanyang mga inapo ang magiging pinagtipanang tao.)

- Ano ang nadama ni Esau, ang nakatatandang anak na lalaki, tungkol sa kanyang pagkapanganay ayon sa tipan na ginawa sa pagitan ng kanyang lolong si Abraham at ng Panginoon? (Tingnan sa Genesis 25:29–34. Ang kahandaan ni Esau na ipamigay ang pagkapanganay upang mabigyang kasiyahan ang kanyang pansamantalang pisikal na pagkagutom ay nagpapakita kung gaano kaliit ang pagpapahalaga niya sa pagkapanganay.)

- Bilang mga miyembro ng Simbahan, ang bawat isa sa atin ay may karapatan sa isang espirituwal na pagkapanganay mula sa ating mga makalangit na magulang. Anong mga biyaya ang kabilang sa ating pagkapanganay? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagkasaserdote, mga biyaya ng templo, ordenansa, paghahayag, at ang kakayahang makamtan ang kadakilaan.)

- Paano nakaaapekto sa ating kakayahang tumanggap ng mga biyaya ng pagkapanganay ang kung saan tayo ikinasal? (Pumapasok tayo sa bahagi ng tipang Abraham na tumutukoy sa kadakilaan at walang hanggang pag-unlad sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad sa mga tipan ng endowment sa templo at walang hanggang kasal.)

- Paano ipinamamalas ng ating mga salita at kilos ang pagpapahalagang ibinibigay natin sa ating pagkapanganay? Paano maaaring magawa ng ilan sa atin ang pagkakamaling tulad ng ginawa ni Esau, ang pagpili ng mga bagay na nagdudulot ng dagliang kasiyahan sa halip na mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan?

- Sa pagpili ng magiging tagapagmana sa tipan, mas ginusto ng Panginoon si Isaac kaysa sa kanyang nakatatandang kapatid na si Ismael (Mga Taga Galacia 4:22–23), si Jacob kaysa sa kanyang nakatatandang kapatid na si Esau, si Jose kaysa sa kanyang nakatatandang kapatid na si Ruben (I Mga Taga Cronica 5:1–2), at si Ephraim kaysa sa kanyang nakatatandang kapatid na si Manases (Genesis 48:17–20). Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa kung paano tayo nagiging karapat-dapat sa mga pagtawag at pagpapala ng Diyos?

**3. Pinakasalan ni Jacob sina Lea at Raquel sa loob ng tipan, at sa pamamagitan niya ay nagpatuloy ang tipang Abraham.**

Ituro at talakayin ang Genesis 26–29.

- Ano ang ipinahihiwatig sa atin ng pagpili ni Esau ng mga asawa tungkol sa kanyang mga higit na binibigyan ng pagpapahalaga? (Tingnan sa Genesis 26:34–35; 28:6–9.) Ano ang matututuhan natin tungkol kay Jacob mula sa kanyang pagsisikap na makapag-asawa sa loob ng tipan? (Tingnan sa Genesis 28:1–5; 29:1–28. Ang isang bagay na matututuhan natin ay napakahalaga kay Jacob ang kasal sa loob ng tipan. Naglakbay siya nang malayo upang makahanap ng isang matapat na babae na pakakasalan. Pagkatapos ay nagtrabaho siya kay Laban sa loob ng pitong taon bago napangasawa si Raquel at nagpatuloy na nagtrabaho para sa kanya pagkaraan nito.) Paano natin maipakikita na ang pag-aasawa sa loob ng tipan ay mahalaga sa atin?

  Ikinuwento ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang tungkol sa isang mag-anak na sumapi sa Simbahan sa Australia at pagkatapos ay ipinagbili ang lahat ng kanilang ari-arian upang makapaglakbay sila patungong New Zealand at maibuklod bilang isang mag-anak. Ang ama ng mag-anak na ito ay nagsabing: “Hindi namin kayang magpunta [sa templo]. Ang aming mga ari-arian sa mundo ay kinabibilangan ng isang lumang kotse, aming muwebles, at aming mga pinggan. Sinabi ko sa aking mag-anak na, ‘Hindi natin maaatim na *hindi* magpunta sa templo. Kung bibigyan ako ng Panginoon ng lakas, makapagtatrabaho ako at kikita ng sapat na salapi para magkaroon ng isa pang kotse at muwebles at mga pinggan, subalit kung mawawala sa akin ang mga mahal kong ito sa buhay, ako ay talagang magiging maralita kapwa sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan’ ” (*Be Thou an Example* [1981], 138).

- Pagkatapos maikasal ang dalawang tao sa templo, ano ang kailangan nilang gawin upang makatiyak na ang kanila ay talagang walang hanggang kasal? Paano mapananatili at mapagbubuti ng isang magkabiyak ang ugnayang mag-asawa upang sa ganoon ang mga tipan at biyayang ipinangako sa templo ay magkaroon ng katuparan? (Maaari ninyong naising anyayahan ang ilang miyembro ng klase na magbahagi ng halimbawa ng isang bagay na ginagawa ng kanilang asawa o ng kanilang magulang upang makapagdulot ng diwang selestiyal sa kasal.)

---

Katapusan

Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapakasal sa loob ng tipan at pamumuhay nang karapat-dapat sa mga biyaya ng pagkapanganay. Hamunin ang mga miyembro ng klase na gumawa ng matatalinong pagpili at huwag ipagpalit ang mga walang hanggang biyaya sa panandaliang aliw o kasiyahan.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Si Rebeca ang napiling maging asawa ni Isaac**

Isulat ang bawat isa sa mga sumusunod na sipi mula sa Genesis 24 sa magkakahiwalay na papel at bigyan ng isa o higit pa ang bawat miyembro ng

klase. Ipagamit sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga banal na kasulatan upang malaman kung sino ang gumawa ng mga pangungusap at kung saang mga talata nakatala ang mga pangungusap. Kapag natapos na ang mga miyembro ng klase, talakayin ang mga pangungusap at ang nilalaman ng mga salita kung saan ibinatay ang mga ito. Ituro ang kahalagahan ng kasal sa loob ng tipan, ang pananampalataya at katapatan ng lingkod ni Abraham, at ang mga katangian ni Rebeca na nagpagindapat sa kanya upang siya ang mapili na makasama sa walang hanggan.

a. "Hindi mo papag-aasawahin ang aking anak sa mga anak ng mga Cananeo."

b. "Ikaw ay paroroon sa aking lupain, at sa aking kamag-anakan, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak."

c. "Ang Panginoon, ang Diyos ng langit . . . ay magsusugo siya ng kanyang anghel sa unahan mo."

d. "Sa ganito ay malalaman kong nagmagandang-loob ka sa aking panginoon."

e. "Iiigib ko naman ang iyong mga kamelyo, hanggang sa makainom na lahat."

f. "Anak ako ni Bethuel, na anak ni Milca, na ipinanganak niya kay Nahor."

g. "Purihin ang Panginoon, ang Diyos [na] pinatnugutan ako . . . sa daan hanggang sa bahay ng mga kapatid ng aking panginoon."

h. "At siya'y magsasabi sa akin, Uminom ka, at iiigib ko pati ng iyong mga kamelyo; ay siyang maging babaing itinalaga ng Panginoon sa anak ng aking panginoon."

i. "At ngayon, kung inyong mamagandahing loob at mamarapatin sa aking panginoon ay sabihin ninyo sa akin: at kung hindi, ay sabihin din ninyo sa akin."

j. "Narito, si Rebeca ay nasa harap mo, dalhin mo, at yumaon ka, at siya'y maging asawa ng anak ng iyong panginoon, na gaya ng sinalita ng Panginoon."

k. "Sasama ako."

l. "Kapatid namin, maging ina ka nawa ng yutayuta."

Mga sagot: a-Abraham (b. 3); b-Abraham (b. 4); c-Abraham (b. 7); d-tagapaglingkod (b. 14); e-Rebeca (b. 19); f-Rebeca (b. 24)'; g-tagapaglingkod (b. 27); h-tagapaglingkod (b. 44); i-tagapaglingkod (b. 49); j-Laban at Bethuel (b. 51); k-Rebeca (b. 58); l-mag-anak ni Rebeca (b. 60).

**2. "Ang tamang pagpapakasal ay nagsisimula sa tamang pakikipagtipanan"**

- Sina Isaac at Jacob ay kapwa tinagubilinan ng kanilang mga ama na magpakasal sa mga babae na tulad nila ang pananampalataya. Si Esau ay nagdulot ng kalungkutan sa kanyang mga magulang sa pamamagitan ng pagpapakasal sa mga asawang hindi naniniwala sa Diyos ni Abraham. Bakit mahalagang magpakasal sa isang tao na katulad natin ang pananampalataya?

  Ibinigay ni Pangulong Spencer W. Kimball ang payong ito: "Sinabi ni Pablo sa Mga Taga Corinto na, 'Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di

nagsisisampalataya' . . . 'Marahil ay nais ni Pablo na makita nila na ang mga pagkakaiba sa relihiyon ay napakahalagang pagkakaiba. Ang mga pagkakaiba sa relihiyon ay nagpapahiwatig ng mas malawakang di-pagkakasundo. Ang mga katapatan sa Simbahan at katapatan sa mag-anak ay nagkakasalungat. Ang buhay ng mga bata ay kadalasang nasisiphayo. Ang di-miyembro ay maaaring kasing-talino, mahusay na mahusay at kaakit-akit, at maaaring taglay niya ang pinakakalugud-lugod na personalidad, ngunit kung hindi iisa ang kanilang pananampalataya, ay magkakaroon sila ng problema sa kasal sa hinaharap. May ilang kalagayan kung saan hindi nangyayari ang ganito ngunit sa pangkalahatan ay malungkot ang bungang dulot nito" ' (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 240).

- Ano ang maaari ninyong gawin upang matulungan kayong matiyak na ang taong pakakasalan ninyo ay isang taong maaari ninyong pakasalan sa walang hanggan? Paano maaapektuhan ng inyong kasalukuyang pakikisalamuha at pakikipagkaibigan ang nalalabing panahon ng inyong buhay at kawalang hanggan?

  Ipinagpatuloy ni Pangulong Kimball na: "Malinaw na ang tamang pagpapakasal ay nagsisimula sa tamang pakikipagtipanan. Karaniwan ay pinakakasalan ng isang tao ang isa sa kanyang mga . . . kahalubilo. Kung gayon, ang babalang ito ay may matinding pagbibigay-diin. Huwag magbakasali sa pakikipagtipanan sa mga hindi miyembro, o sa mga miyembrong hindi maganda ang pagkakapalaki at walang pananampalataya. Maaaring sabihin ng isang babae na, 'Eh, hindi ko naman balak pakasalan ang taong ito. "Katuwaan" lang naman itong pakikipagtipanan na ito.' Subalit hindi magagawang ipakipagsapalaran ng isang tao ang umibig sa isa na maaaring hindi kailanman tatanggap sa ebanghelyo. Totoo, may maliit na porsiyento ang sa dakong huli ay nabinyagan pagkatapos makapag-asawa ng mga miyembro ng Simbahan. . . .  Sila ang ating kakaunting bilang ng pinagpala. . . .  Subalit ang karamihan ay hindi sumapi sa Simbahan at . . . ang alitan, kabiguan at diborsiyo ang naging resulta ng marami sa kanilang mga kasal" (*The Miracle of Forgiveness*, 241–42).

### 3. Ang Diyos ay nagbibigay ng paghahayag sa mga babae gayundin sa mga lalaki

Ang karamihan sa mga pangyayari sa banal na kasulatan na may kinalaman sa paghahayag ay tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga pinuno ng pagkasaserdote, na mga kalalakihan. Gayunman, ang Genesis 25:22–23 ay naglalaman ng pangyayari tungkol sa pagbibigay ng Diyos ng paghahayag sa isang babae.

Hinggil sa panalangin ni Rebeca ay sinabi ni Elder Bruce R. McConkie na: "Maaari bang banggitin ko ang ninuno nating lahat, si Rebeca, bilang halimbawa ng kung ano ang magagawa ng kanyang mga anak na babae sa Simbahan sa ngayon? . . . Noong nababagabag si Rebeca at nangangailangan ng banal na patnubay ay siya mismo ang dumulog sa Panginoon tungkol sa bagay na ito, at bilang tugon siya ay nakipag-usap sa kanya. Ang Panginoon ay nagbibigay ng paghahayag sa mga babae na nananalangin sa kanya nang may pananampalataya (sa Conference Report, Komperensiya sa Pook ng Tahiti 1976, 16).

- Paano kapwa maihahanda ng mga kalalakihan at kababaihan ang kanilang sarili upang makatanggap ng pansariling paghahayag?

**4. Ang pangitain ni Jacob tungkol sa isang hagdan na umaabot sa langit**

- Samantalang naglalakbay si Jacob mula sa Canaan patungo sa lupain ng kanyang mga kamag-anak upang maghanap ng mapapangasawa at para makaiwas sa galit ni Esau, siya ay tumigil upang magpahinga nang gabing iyon at nagkaroon ng kagila-gilalas na panaginip (Genesis 28:10–19). Ano ang nakita ni Jacob sa kanyang panaginip? Anong mga biyaya ang ipinangako sa kanya ng Panginoon? (Tingnan sa Genesis 28:13–15. Ito ang mga biyaya ng tipang Abraham, na sinariwa kay Jacob sa pangitaing ito; tingnan sa aralin 7.) Ano ang isinasagisag ng hagdan?

  Ganito ang sinabi ni Elder Marion G. Romney tungkol sa panaginip na ito: "Natanto ni Jacob na ang mga tipan na ginawa niya sa Panginoon . . . ay ang mga baitang sa hagdan na aakyatin niya mismo upang makamtan ang mga ipinangakong biyaya—mga biyayang magbibigay-karapatan sa kanya upang makapasok sa langit at makisalamuha sa Panginoon" (Temples—The Gates to Heaven," *Ensign*, Mar. 1971, 16).

Aralin
# 11 "Paano ngang Aking Magagawa Itong Malaking Kasamaan?"

*Genesis 34; 37–39*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na (1) matutong gawing magkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ang lahat ng karanasan at kalagayan at (2) palakasin ang kanilang pangako na sundin ang pamantayang seksuwal sa moralidad ng Panginoon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Genesis 37. Si Jose, na panlabing-isang anak ni Jacob, ay kinamuhian ng kanyang mga kapatid at ipinagbili upang maging alipin.
   b. Genesis 39. Umunlad si Jose bilang alipin ngunit pinaratangan ng kahalayan at ipinakulong (39:1–20). Binigyan ng katiwala ng kulungan si Jose ng tungkuling mamuno sa iba pang mga bilanggo.
   c. Genesis 34:1–12; 35:22; 38:1–30. Hindi maganda ang ibinunga ng kasalanang imoralidad sa mag-anak ni Jacob—kay Dina, ang kanyang anak na babae (34:1–12); kay Ruben, ang kanyang panganay na anak na lalaki (35:22); at Juda, isa pa niyang anak (38:1–30).

2. Karagdagang babasahin: Genesis 34:13–31.

3. Kung makukuha ang sumusunod na *audiovisual* na kagamitan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:

   a. Isang maikling palabas mula sa "The Dreamer" o "Joseph Interprets Pharaoh's Dream," mga bahagi 1 at 2 ng *videocassette* na *Joseph and His Brothers* (53152).
   b. Ang mga larawang Ipinagbili si Jose ng Kanyang mga Kapatid na Lalaki (62525 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 109) at Iniwasan ni Jose ang Asawa ni Potiphar (62548 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 110).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Hilingin sa klase na magbanggit ng ilan sa mga palabas sa sine, telebisyon, aklat, o magasin na kasalukuyang tanyag sa inyong pook.

- Anong mga pamantayang seksuwal sa moralidad ang inilalahad ng mga tanyag na palabas, aklat at mga magasin na ito ng media? Paano kaiba ang mga pamantayang ito sa pamantayan ng Panginoon na itinuturo sa mga banal na kasulatan at ng mga pinuno ng Simbahan?

Ipaliwanag na kadalasan ay kaiba ang moral na pag-uugali ng lipunan sa mga moral na pamantayang itinatag ng Panginoon. Ang mga pamantayan ng Panginoon ay hindi nagbabago samantalang ang mga pamantayan ng lipunan ay maaaring magbago.

Tinatalakay ng araling ito ang mga karanasan ng isang taong sumunod sa mga pamantayan ng Panginoon tungkol sa moralidad at ng ibang taong hindi sumunod dito. Tinatalakay din ng aralin ang mga ibubunga ng pagsunod at hindi pagsunod sa pamantayan ng Panginoon.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Ipinagbili si Jose ng kanyang mga kapatid upang maging alipin.**

Ituro at talakayin ang Genesis 37.

Pinakasalan ni Jacob sina Lea at Raquel, na mga anak ng kapatid ng kanyang ina na si Laban, at pinakasalan din ang kanilang mga alila na sina Zilpa at Bilha. Ang mga asawa ni Jacob ay nagsilang ng labindalawang anak na lalaki, na nagpasimula sa labindalawang lipi ng Israel (pinalitan ng Panginoon ang pangalan ni Jacob at ginawang Israel; tingnan sa Genesis 32:28). Ang ikalabing-isang anak na lalaki ni Jacob ay si Jose; bilang panganay na anak nina Jacob at Raquel ay tinanggap ni Jose ang pagkapanganay nang mawala ito ni Ruben, na panganay na anak nina Jacob at Lea, nang dahil sa kasamaan (I Mga Cronica 5:1–2).

- Bakit nagseselos kay Jose ang kanyang mga kapatid? (Tingnan sa Genesis 37:3–8.) Paano ang inyong reaksiyon kapag nasasaktan ng inyong mag-anak ang inyong damdamin o kapag mas mabuti ang pakikitungong ipinakikita sa kanila? Paano natin mapaglalabanan ang pagseselos o pagkapoot sa mga miyembro ng mag-anak o kaibigan?

- Paano tumugon si Jose nang hilingin ng kanyang ama na magpunta siya sa Sichem upang tingnan kung ano ang katayuan ng kanyang mga kapatid? (Tingnan sa Genesis 37:13–14. Alalahanin na ang Sichem ay mga 45 milya ang layo.) Ano ang ginawa ni Jose nang hindi niya matagpuan ang kanyang mga kapatid sa Sichem? (Tingnan sa Genesis 37:15–17. Alalahanin na ang Dotan ay humigit kumulang sa 12 milya pa ang layo.) Ano ang matututuhan natin tungkol sa batang si Jose mula sa pangyayaring ito? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang siya ay masunurin sa kanyang ama at matiyaga sa paggawa ng ipinag-uutos ng kanyang ama.)

- Ano ang napagkaisahang gawin ng mga kapatid ni Jose nang makarating si Jose sa bukirin na pinagpapastulan nila ng kanilang tupa? (Tingnan sa Genesis 37:12–18.) Paano naging kaiba ang dahilan ni Ruben sa hindi pagpatay kay Jose sa dahilang ibinigay ni Juda? (Tingnan sa Genesis 37:21–22, 26–27.) Sa dakong huli, ano ang ginawa ng magkakapatid kay Jose sa halip na patayin siya? (Tingnan sa Genesis 37:28, 31–33.)

**2. Tumanggi si Jose na gumawa ng "kasalanan laban sa Diyos."**

Ituro at talakayin ang Genesis 39.

- Paano pinagpala ng Panginoon si Jose pagkatapos na maipagbili siya bilang alipin? (Tingnan sa Genesis 39:1–4.) Bakit nagtiwala nang gayon si Potiphar na isang mayamang pinuno ni Faraon, kay Jose na isang alipin? (Tingnan sa Genesis 39:5–6.)

- Ano ang ginawa ni Jose nang tangkain siyang tuksuhin ng asawa ni Potiphar na gumawa ng mali? (Tingnan sa Genesis 39:11–12. Ituro na kaagad inilayo ni Jose ang kanyang sarili sa situwasyong iyon.) Paano natin mapamamarisan ang halimbawa ni Jose kapag tayo ay tinutukso?

- Ano ang mga maaaring idahilan ni Jose kung ginusto niyang magpaubaya sa mga panunukso ng asawa ni Potiphar? Anong mga idinadahilan ng mga tao sa ngayon upang mabigyang katwiran ang mga moral na paglabag? Bakit hindi mabibigyang katwiran ang mga dahilang ito?

- Paano naparusahan si Jose sa kanyang pagiging malinis nang lapitan siya ng asawa ni Potiphar? (Tingnan sa Genesis 39:12–20. Mula sa pagiging katiwala ng sambahayan ni Potiphar siya ay naging isang bilanggo.) Sa daigdig ngayon, paano pinakikitunguhan ng ilang tao ang mga taong malinis? (Maaaring iba-iba ang mga sagot. Ang mga taong malinis ay binabatikos kung minsan at iniiwasan ng lipunan, ngunit kadalasan sila ay iginagalang.) Maaari ninyong talakayin ang tungkol sa pamimilit ng daigdig sa mga kabataan na maging imoral at kung paano nila maiiwasan ang pamimilit na ito.

- Binibigyang-diin sa mga banal na kasulatan na samantalang si Jose ay nasa kulungan, ang Panginoon ay sumakanya (Genesis 39:21–23). Ano ang inihahayag nito tungkol kay Jose? (Nagpatuloy siyang manampalataya sa halip na mag-alinlangan o sisihin ang Diyos sa pagkakakulong niya na naging bunga ng pagiging malinis.) Ano ang matututuhan natin mula kay Jose tungkol sa kung paano gagawing para sa kabutihan ang masasamang karanasan? (Maaari ninyong basahin ang Mga Taga Roma 8:28 habang nagtatalakayan.)

  Ipinaliwanag ni Elder Hartman Rector Jr. na: [Ang] kakayahang gawing mabuti ang anumang bagay ay isang katangiang tulad ng sa Diyos. Sa tuwina ay tila palaging kayang gawin ito ng ating Ama sa Langit. Ang anumang bagay, gaano man ito kasama, ay nagiging tagumpay sa Panginoon. Si Jose, kahit na isang bilanggo at talagang hindi dapat dumanas ng kapalarang ito, gayunman ay nanatiling matapat sa Panginoon at patuloy na ipinamuhay ang mga kautusan. Siya ay gumawa ng isang bagay na napakabuti sa kabila ng kanyang nakalulunos na katayuan. Ang mga taong tulad niya ay hindi magagapi" (sa Conference Report, Okt. 1972, 170; o *Ensign,* Ene. 1973, 130).

**3. Sina Sichem, Ruben, at Juda ay nakagawa ng mabibigat na kasalanang moral.**

Ituro at talakayin ang Genesis 34:1–12; 35:22; at 38:1–30. Huwag habaan ang pagtalakay sa mga kasalanan ng mga kalalakihang ito; gamitin sila bilang paghahambing sa katapatan ni Jose.

- Ituro na hindi lahat ng mag-anak at mga kakilala ni Jose ay magiting na tulad niya kapag nahaharap sa tukso. Paano ang naging reaksiyon nina Sichem, Ruben, at Juda sa panunuksong seksuwal?
- Pansinin ang salitang gamit sa Genesis 34:3 na naglalarawan sa damdamin ni Sichem kay Dina: "At inilakip niya ang kanyang kaluluwa kay Dina . . . at kanyang sininta ang dalaga." Bakit hindi tugma sa mga ikinilos ni Sichem ang paglalarawang ito? (Kung tunay na minahal ni Sichem si Dina, hindi niya dudungisan ang pagkatao nito. Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na kadalasan ay ginagamit ng mga tao ang dahilang "Nagmamahalan kami" upang mabigyang katwiran ang imoral na gawain, ngunit ang mga taong tunay na nagmamahalan ay hindi magdudulot ng ikababagabag ng budhi ng isa at hindi rin magdudulot ng pagdurusa upang bigyang kasiyahan lamang ang pisikal na damdamin at pagnanasa. Ang mga kilos na nagpapahirap sa isang tao upang manalangin, ginagawang hindi karapat-dapat ang mga tao upang hindi makapasok sa templo, o sumisira sa mga mag-anak ay hindi inuudyukan ng pag-ibig.)
- Noong isa-isang basbasan ni Jacob ang kanyang mga anak na lalaki sa dakong huli ng kanyang buhay, tinukoy niya ang pagkakasala ni Ruben at inilarawan si Ruben na tila "tubig na umaawas" (Genesis 49:3–4). Paano ito maituturing na isang tamang paghahambing? Ano ang sinabi ni Jacob kay Ruben na magiging bunga ng kanyang pagiging tulad ng "tubig na umaawas"?
- Paghambingin ang naging kabayaran ng pagiging malinis ni Jose at ang naging kabayaran ng pagiging imoral ni Ruben. Ano ang nawala kay Ruben nang dahil sa kanyang imoralidad? (Tingnan sa I Mga Cronica 5:1–2.) Ano ang mga bungang espirituwal at temporal ng kasalanang seksuwal sa ngayon? Bakit ganoon na lamang ang pagpapahalaga ng Panginoon sa pagiging malinis ng isang tao?
- Palaging itinuturo ng mga pinuno ng Simbahan na ang pagkamasunurin sa mga kautusan ng Diyos ay tunay na kalayaan. Paano natin ito nakikita sa buhay ni Jose? Paano nagbunga ng kabawasan sa kalayaan ang pagkamasuwayin nina Sichem, Ruben, at Juda? Paano tayo gagawing mas malaya ng pagpiling sundin ang mga kautusan sa halip na piliing suwayin ang mga ito? (Tingnan sa Juan 8:31–36.)

---

Katapusan

Magpatotoo na sa tulong ng Panginoon, ang lahat ng ating karanasan at kalagayan ay magiging para sa ating ikabubuti. Magpatotoo din tungkol sa kahalagahan ng pananatiling moral na malinis sa kaisipan at kilos. Hamunin ang mga miyembro ng klase na suriin ang mga palabas sa sine, magasin at iba pang mga lathalain ng media at gamitin lamang ang mga nagpapakita sa pamantayan ng Panginoon tungkol sa seksuwal na moralidad. Himukin ang mga miyembro ng klase na mangakong tulad ni Jose na susundin ang batas ng kalinisang puri.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Betel—ang bahay ng Diyos**

- Habang naglalakbay si Jacob mula sa Canaan patungo sa lupain ng kanyang mga kamag-anak, siya ay tumigil upang magpahinga nang sumapit ang gabi at nagkaroon ng pambihirang panaginip tungkol sa isang hagdan na umabot sa kalangitan (Genesis 28:10–19; tingnan sa ikaapat na karagdagang ideya sa pagtuturo na nasa aralin 10). Tinawag ni Jacob ang lugar na ito na *Betel,* na ang ibig sabihin ay "bahay ng Diyos" (Genesis 28:19). Anong lugar ang may katulad na pangalan sa ngayon? (Ang templo, na tinatawag na bahay ng Panginoon.)

  Ipinahayag ni Elder Marion G. Romney na, "Ang mga templo sa ating lahat sa ngayon ay tulad ng Betel kay Jacob" (Temples—The Gates to Heaven," *Ensign,* Mar. 1971, 16).

- Sa Genesis 35:1–15 ay dinala muli ni Jacob ang kanyang mag-anak sa sagradong lugar na ito. Ano ang ipinagawa ni Jacob sa kanyang mag-anak upang makapaghanda sa pagbabalik sa Betel, ang "Bahay ng Diyos"? (Tingnan sa Genesis 35:2.) Paano maihahambing ang mga bagay na ito sa mga ginagawa nating paghahanda upang magpunta sa bahay ng Panginoon? Anong "mga dayuhang diyos" ang maaaring kahalubilo natin?

  Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagsabing:

  "Tayong mga tao ay binasbasan ng Panginoon ng kaunlarang hindi mapapantayan ng nakaraang kapanahunan. Ang mga mapagkukunang inilagay sa ating kapangyarihan ay mabubuti, at kailangan sa ating gawain dito sa mundo. Ngunit natatakot ako na marami sa atin ang binigyan ng kasaganaan ng mga materyal na ari-arian at kayamanan. Ang mga ito ay sinisimulang sambahin bilang mga diyus-diyosan, at higit ang kapangyarihan ng mga ito kaysa sa atin. Marami ba ang mabubuting bagay na ito sa ating buhay kung kaya hindi kayang matagalan ng ating pananampalataya? . . .

  "Sa kabila ng ating malaking katuwaan sa paglalarawan sa ating sarili bilang makabago, at ng pag-iisip na nagtataglay tayo ng kaalaman [ng mundo] na hindi tinaglay ng mga tao noong nakalipas na panahon—sa kabila ng mga bagay na ito, tayo, sa kabuuan, ay mga mapangalunyang tao—isang katayuang lubhang karumal-dumal sa Panginoon" ("The False Gods We Worship," *Ensign,* Hunyo 1976, 4, 6).

- Paano natin "maisasantabi ang [ating] mga dayuhang diyos . . . at magiging malinis" at karapat-dapat na dumalo sa templo? (Tingnan sa Genesis 35:2; Mga Awit 24:3–4, II Mga Taga Corinto 7:1; Moroni 10:30, 32.)

**2. Nagkita muli sina Esau at Jacob**

- Sa pagbabalik sa lupain ng Canaan, alam ni Jacob na makikita niyang muli ang kanyang kapatid na si Esau (Genesis 32:3–23; 33:1–17). Bakit takot si Jacob na makita si Esau? (Tingnan sa Genesis 32:11.) Paano naghanda si Jacob sa pagkikita nila ni Esau? (Tingnan sa Genesis 32:13–20.) Ano ang naging reaksiyon ni Esau kay Jacob nang magkita silang muli? (Tingnan sa Genesis 33:4, 8–11.) Ano ang matututuhan natin mula kina Jacob at Esau tungkol sa paglutas ng mga kaguluhan sa mag-anak?

**3. Mga babaeng kinakasama (concubines) noong panahon ng Lumang Tipan**

Sa Genesis 35:22, si Bilha na isa sa mga alila ni Raquel ay binanggit bilang babae ni Jacob. Ibinigay ni Elder Bruce R. McConkie ang sumusunod na paliwanag tungkol sa gamit ng salitang *babaeng kinakasama* sa Lumang Tipan:

"Sa buong kasaysayan ng pakikitungo ng Diyos sa kanyang mga tao, kabilang na ang mga nasa sambahayan ni Israel, ang mga babaeng kinakasama ay mga legal na asawa na ikinasal sa kanilang asawang lalaki sa bago at walang hanggang tipan ng kasal. . . .  Noong unang panahon ay itinuturing silang *mga pangalawang asawa*, na ang ibig sabihin ay, mga asawang hindi nagkaroon ng pantay na katayuan na katulad ng sa mga tunay na asawa sa sistemang panlipunan na umiiral noon" (*Mormon Doctrine,* ikalawang edisyon [1966], 154).

Aralin
# 12 "Pinalago ng Diyos sa Lupain ng Aking Kadalamhatian"

*Genesis 40–45*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na kung tayo ay matapat at masunurin ay ilalaan ng Diyos ang ating mga paghihirap para sa ating kapakinabangan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Genesis 40–41. Sa kulungan ay nabigyan ni Jose ng tamang pakahulugan ang mga panaginip ng mga tagapaglingkod ng Faraon. Sa gayon ay binigyang kahulugan niya ang mga panaginip ng Faraon tungkol sa baka at mais. Ginawang pinuno ng Egipto si Jose sa ilalim ng pamamahala ng Faraon at inihanda niya ang mga tao para sa darating na taggutom.

   b. Genesis 42–45. Makalawang ulit pinapunta ni Jacob ang kanyang mga anak na lalaki sa Egipto upang bumili ng butil (pagkain). Nagpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid at pinatawad sila at magkakasama silang nagalak.

2. Karagdagang babasahin: 2 Nephi 2:2; Doktrina at mga Tipan 64:8–11; 122:5–9.

3. Maaari ninyong hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang maglahad ng maikling buod ng Genesis 42–43.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isang kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Hilingin sa mga miyembro ng klase na ilarawan nila sa kanilang isipan na namatay na sila at nakapasok na sa daigdig ng mga espiritu at ginugunita na ngayon ang kanilang mga karanasan sa mortalidad. Ipaliwanag na magtatanong kayo ng ilang katanungan upang tulungan silang mag-isip kung paanong nahubog ng pagsubok ang kanilang buhay. Pagkatapos itanong ang apat na katanungan, anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbigay ng puna sa kahit alin sa mga tanong na gusto nila.

- Ano ang ilan sa mga pagsubok na inyong nakaharap sa buhay ninyo sa mundo?
- Anong mga aral ang natutuhan ninyo mula sa mga pagsubok sa buhay?
- Kung mabubuhay kayong muli, ano ang inyong babaguhin sa paraan ng inyong paglutas ng inyong mga pagsubok?

- Paano kaya ninyo maaaring higit na nagamit sa kabutihan ang inyong mga karanasan sa buhay?

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol kay Jose na anak ni Jacob, at kung paano siya naging matapat at masunurin sa kabila ng malalaking pagsubok.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan.

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Binigyang pakahulugan ni Jose ang mga panaginip ng katiwala ng saro, ng puno ng mga magtitinapay, at ng Faraon. Ginawang pinuno ni Faraon si Jose sa buong Egipto.**

Ituro at talakayin ang Genesis 40–41.

Pabalik-aralan sa klase ang nakaraang aralin sa pamamagitan ng pagbanggit sa ilan sa mga pagsubok na naranasan ni Jose sa unang bahagi ng kanyang buhay (Genesis 37; 39). Maaari ninyong isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng:

a. Kinamuhian siya ng kanyang mga kapatid na lalaki (Genesis 37:4).
b. Nagsabwatan ang kanyang mga kapatid na patayin siya at pagkatapos, sa halip na gawin ang gayon ay ipinagbili siya upang maging alipin (Genesis 37:18–28).
c. Ikinulong siya nang wala sa katwiran pagkatapos tumangging gumawa ng masama (Genesis 39:20).

- Paano tumugon si Jose sa kanyang mga pagsubok? Paano binasbasan ng Panginoon si Jose sa kanyang pagiging matwid sa kabila ng mga pagsubok?

- Nakasama ni Jose sa kulungan ang katiwala ng saro ng hari at ang magtitinapay na kapwa nagkaroon ng mga panaginip na hindi nila maunawaan. Nang bigyang kahulugan ni Jose ang panaginip ng katiwala ng saro ng hari, ano ang hiniling niya sa katiwala bilang kapalit nito? (Tingnan sa Genesis 40:14–15.) Ano ang nangyari nang makalabas na ng kulungan ang katiwala ng saro ng hari? (Tingnan sa Genesis 40:21, 23.) Bakit isa na namang pagsubok ito kay Jose? (Tingnan sa Genesis 41:1, 14. Nanatili siyang nakakulong sa loob pa ng dalawang taon.)

- Bakit sa wakas ay pinalabas sa kulungan si Jose? (Tingnan sa Genesis 41:1, 8–15.) Ano ang naging tugon ni Jose nang sabihin ng Faraon na narinig niyang nabibigyang pakahulugan ni Jose ang mga panaginip? (Tingnan sa Genesis 41:16.) Paano natin mabibigyan ng kaukulang pagpapasalamat ang Panginoon para sa ating mga talino at kaloob? (Magagamit natin ang mga ito upang luwalhatiin ang Diyos at pagpalain ang iba, at hindi para tayo ang luwalhatiin.)

- Ano ang napanaginipan ni Faraon? (Tingnan sa Genesis 41:1–7; 17–24.) Ano ang pakahulugan sa panaginip ni Faraon? (Tingnan sa Genesis 41:25–32.) Matapos ibigay ni Jose ang pakahulugan, ano ang iminungkahi niyang gawin ni Faraon? (Tingnan sa Genesis 41:33–36; tingnan din sa karagdagang ideya sa

pagtuturo.) Paano tumugon si Faraon sa mungkahi ni Jose na maghanda para sa taggutom? (Tingnan sa Genesis 41:37–43.)

**2. Nagpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid na lalaki at pinatawad sila.**

Ituro at talakayin ang Genesis 42–45. Maaari ninyong maikling ipabuod sa isang inatasang miyembro ng klase ang Genesis 42–43.

- Bakit nagpunta sa Egipto ang mga kapatid ni Jose sa kauna-unahang pagkakataon? (Tingnan sa Genesis 42:1–3.) Bakit nagbalik sila sa Egipto sa ikalawang pagkakataon? (Tingnan sa Genesis 42:33–34; 43:2.) Bakit nag-atubili si Jacob na papuntahin si Benjamin sa Egipto na kasama ng kanyang mga kapatid na lalaki? (Tingnan sa Genesis 42:36, 38.) Bakit sa bandang huli ay pinayagan din niyang umalis si Benjamin? (Tingnan sa Genesis 43:3–5, 11–14.)
- Sa pagpapadala kay Benjamin sa Egipto na kasama ang kanyang mga kapatid ay nadama ni Jacob na mawawalan na naman siya ng isa pang anak (Genesis 42:36). Paano ginawa ng Panginoon na maging isang pagpapala kay Jacob ang bagay na ito na itinuring ni Jacob na isang pagsubok?
- Noong bata pa si Jose ay nagkaroon siya ng panaginip na nagsasabing sa bandang huli ay yuyukod sa kanya ang kanyang mga kapatid (Genesis 37:5–11). Paano natupad ang panaginip na ito? (Tingnan sa Genesis 42:6; 43:26–28.) Paano naging pagpapala ang katuparang ito na inakala ng kanyang mga kapatid na magiging isang malaking pagsubok sa kanila?
- Pagkalipas ng mahigit sa 20 taon matapos nilang ipagbili sa pagkaalipin si Jose, ang kanyang mga kapatid ay nakadama pa rin ng pagkabagabag ng konsiyensiya dahil sa kanilang ginawa (Genesis 42:21). Paano magiging isang positibong puwersa sa ating buhay ang pagkabagabag ng ating konsiyensiya? Paano ito magiging negatibong puwersa? Paano naaapektuhan ng lubos na pagsisisi ang pagkabagabag ng konsiyensiya? (Tingnan sa Enos 1:4–6.)
- Paano ipinakita ni Juda na kapatid ni Jose na naging mas mabait na siyang tao mula noong huli niyang makita si Jose? (Tingnan sa Genesis 44:18, 30–34. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ideya ni Juda ang ipagbili sa pagkaalipin si Jose.)
- Bakit sa palagay ninyo nag-alala ang mga kapatid ni Jose nang ipagtapat niya sa kanila ang kanyang tunay na pagkatao? (Tingnan sa Genesis 45:1–3.) Paano ipinakita ni Jose na pinatawad na niya ang kanyang mga kapatid? (Tingnan sa Genesis 45:4–11, 14–15.) Paano kaya nakatulong sa espirituwal na kabutihan ng kanyang mga kapatid ang pagpapatawad ni Jose?
- Ano ang sinasabi ng daigdig na gawin natin kapag may maling ginawa sa atin ang isang tao, tulad ng ginawa kay Jose ng kanyang mga kapatid? Ano ang sinasabi ng Panginoon na gawin natin? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 64:8–11.) Paano kayong pinagpala nang minsan ay naging mabuti ang inyong pakikitungo sa ibang tao na nagmalupit sa inyo? Paano tayo magiging higit na mapagpatawad?
- Paano naging pagpapala kay Jose, sa kanyang mag-anak, at sa buong Egipto, ang pagkakakulong niya sa Egipto, na isang pagsubok sa kanya? (Tingnan sa

Genesis 45:4–8.) Paano natin masusundan ang halimbawa ni Jose sa paglutas ng ating sariling mga hamon at pagsubok sa buhay?

- Sa Bagong Tipan ay sinabi ng Apostol na si Pablo sa mga taga Roma na "ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos" (Mga Taga Roma 8:28). Paano ito naging totoo sa inyong buhay? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga sariling karanasan na kung saan ang isang pangyayari na sa una ay negatibo ay naging pagpapala sa bandang huli.

Katapusan

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na sa lahat ng kanyang mga pagsubok ay nanatiling matapat si Jose. Pinatawad pa niya ang kanyang mga kapatid sa pagbebenta sa kanya sa pagkaalipin. Dahil sa kanyang kabutihan, si Jose ay lubos na pinagpala. Magpatotoo na kung matapat tayo ay pagpapalain tayo ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng bagay para sa ating kabutihan.

## Mga Karagdagang Ideya para sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang Jose na dakila sa mga huling araw**

Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Genesis 50:24–38 ay naglalaman ng mga propesiya na ginawa ni Jose tungkol sa isa sa kanyang mga inapo na magiging isang "piling tagakita" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:26; 2 Nephi 3:6). Ang propetang si Lehi sa Aklat ni Mormon ay inulit ang mga propesiyang ito sa 2 Nephi 3:5–15. Ang inapong tinukoy sa mga propesiyang ito ay ang Propetang si Joseph Smith.

Talakayin kung paano nagkaroon ng katuparan sa buhay ni Joseph Smith ang mga sumusunod na propesiya na ginawa ni Jose ng Egipto:

a. Ang isa sa mga inapo ni Jose ay magiging isang "piling tagakita" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:26; 2 Nephi 3:6).
b. Ang tagakitang ito ay lubos na igagalang ng iba pang mga inapo ni Jose (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:27; 2 Nephi 3:7).
c. Ituturo niya sa kanila ang mga pakikipagtipan ng Diyos sa kanilang mga ninuno (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:28; 2 Nephi 3:7).
d. Magiging masunurin siya sa Diyos (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:28; 2 Nephi 3:8).
e. Siya ay magiging isang dakilang propeta, tulad ni Moises (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:29; 2 Nephi 3:9).
f. Siya ang magiging kasangkapan sa paglitaw ng bagong banal na kasulatan (ang Aklat ni Mormon) na magtataguyod at makikiisa sa kasalukuyang gamit na banal na kasulatan (ang Biblia) (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:30–31; 2 Nephi 3:11–12).
g. Kahit na siya ay mahina ay palalakasin siya ng Panginoon (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:32; 2 Nephi 3:13).

h. Siya at ang kanyang ama ay pangangalanang Joseph (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:33; 2 Nephi 3:15).

**2. Paghahanda para sa taggutom**

- Pinayuhan ni Jose si Faraon na gamitin ang pitong taon ng kasaganaan upang ihanda ang Egipto para sa susunod na pitong taon ng taggutom (Genesis 41:29–30, 34–36). Anong payo ang ibinibigay sa atin ng ating mga pinuno ng Simbahan tungkol sa paghahanda para sa mga panahon ng taggutom o iba pang kahirapan?

  Itinuro ni Elder L. Tom Perry na:

  "Kasing halaga ng espirituwal na paghahanda natin sa ating sarili, ang pangangailangan nating ihanda ang ating sarili para sa mga temporal na pangangailangan. . . .  Maraming taon na tayong tinatagubilinan na sundin ang kahit apat man lamang na kailangan sa paghahanda para sa mga bagay na darating.

  "Una, magkaroon ng sapat na edukasyon. Pag-aralan ang isang kasanayan o propesiyon upang magbigay sa inyo ng matatag na hanapbuhay na magbibigay ng sapat na pambayad sa mga pangangailangan ninyo at ng inyong mag-anak. . . .

  "Ikalawa, huwag kailanman gagasta nang higit sa inyong kinikita at mag-ipon para sa panahon ng kahirapan. Simulang sundin sa inyong buhay ang isang mahigpit na plano ng kung paano gamitin ang ipinagkaloob sa inyo ng Panginoon. Tulad ng regular ninyong pagbabayad ng inyong ikapu, magtabi ng halagang kakailanganin ng mag-anak sa hinaharap sa oras ng kagipitan.

  "Ikatlo, iwasan ang labis na pangungutang. Ang kailangang pangungutang ay dapat lamang gawin pagkatapos ng maingat na pagsusuri at panalangin at pagkatapos humingi ng payo. Kailangan natin ng disiplina upang manatiling may kakayahang magbayad. . . .

  "Ikaapat, magkaroon at mag-imbak ng reserbang pagkain at mga panustos na magtataguyod sa ating buhay [kung pinahihintulutan ng batas ang gayong pag-iimbak]. Mag-ipon ng damit at mag-impok ng pera sa bangko sa paraang makatwiran at maayos na naiplano upang makatugong mabuti sa mga panahon ng biglaang pangangailangan. Tandang-tanda ko pa na noon pa man ay tinuruan na tayong maghanda para sa kinabukasan at maglaan ng isang taong pantustos ng ating mga pangangailangan. Sa palagay ko ay tila ba ang mga panahon ng kasaganaan ang halos na naging pangkalahatang dahilan upang isantabi natin ang payong ito. Naniniwala akong lumipas na ang pagwawalang bahala sa payo na ito. Kung isasaalang-alang nating mabuti ang mga nangyayari sa daigdig sa ngayon ay maiisip natin na kailangan nga natin ang bagay na ito" (sa Conference Report, Okt. 1995, 46–47; o *Ensign,* Nob. 1995, 36).

- Sa panahon ng taggutom, ang "lahat ng mga taga ibang lupain ay nagsiparoon kay Jose" upang bumili ng pagkain dahil ang Egipto ang tanging bansa na nakapaghanda para sa taggutom (Genesis 41:54–57). Paano makapagbibigay sa atin ng pagkakataon na maglingkod sa iba ang pagiging handa?

**3. Ang mga anak na lalaki ni Jose**

- Pagkatapos siyang gawin ni Faraon na pinuno sa buong Egipto ay naging asawa ni Jose ang isang babaeng nagngangalang Asenath, at nagkaroon sila ng dalawang anak na lalaki (Genesis 41:45, 50). Ano ang ipinangalan nina Jose at Asenath sa kanilang mga anak? (Tingnan sa Genesis 41:51–52.) Bakit naaangkop ang mga pangalang ito sa mga anak ni Jose? (Maaaring kailanganin ninyong sabihin sa mga miyembro ng klase na ang ibig sabihin ng *Manases* ay "paglimot" at ang ibig sabihin ng *Ephraim* ay "mabunga."

Aralin
13

# Pagkaalipin, Paskua, at Exodo

*Exodo 1–3; 5–6; 11–14*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na (1) magtiwala na tutuparin ng Panginoon ang kanyang mga pangako, (2) dagdagan ang kanilang pasasalamat sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, at (3) gawing higit na makabuluhan ang sakramento sa kanilang buhay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Exodo 1–3. Ginawang alipin ng mga Egipcio ang mga anak ni Israel (1:1–14). Ipinag-utos ni Faraon na ang lahat ng mga anak na lalaking isisilang sa mga Israelita ay papatayin (1:15–22). Si Moises ay isinilang at pinalaki ng anak na babae ni Faraon (2:1–10). Pinatay ni Moises ang isang Egipcio at tumakas papuntang Madian, kung saan ay naging asawa niya si Zephora (2:11–22). Nagpakita ang Panginoon kay Moises sa nagniningas na puno at tinawag siya upang iligtas ang Israel mula sa pagkaalipin (3:1–22; pansinin na sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, ang salitang *anghel* sa Exodo 3:2 ay pinalitan at ginawang *presensiya*.

   b. Exodo 5–6. Hiniling nina Moises at Aaron kay Faraon na palayain na ang Israel, subalit tumanggi si Faraon at lalo pang pinahirapan ang mga tao (5:1–23). Ipinangako ng Panginoon na tutuparin niya ang kanyang tipan kay Abraham (6:1–8). (Paalala: Ang mga kabanata 7–10 ay nagsasabi ng tungkol sa paglapit ni Moises kay Faraon nang maraming ulit, na hinihiling sa kanyang palayain ang Israel. Sa kabila ng maraming palatandaan, kababalaghan, at salot, ay tumanggi pa rin si Faraon. Ipinaliliwanag ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng mga talatang ito na tinigasan ni Faraon ang kanyang puso.)

   c. Exodo 11–13. Nangako ang Panginoon na magpapadala ng isa pang salot sa Egipto na kung saan ang panganay sa bawat tahanan ay mamamatay (11:1–10). Tinagubilinan ng Panginoon si Moises tungkol sa Paskua, na siyang mangangalaga sa Israel mula sa salot (12:1–20). Ang mga panganay sa Egipto ay nangamatay (12:29–30). Sinabi ni Faraon kay Moises na ilabas ang kanyang mga tao mula sa Egipto, at lumisan ang mga Israelita (12:31–42). Sinabihan ni Moises ang mga anak ni Israel na ipangilin sa hinaharap ang Pista ng Tinapay na Walang Lebadura bilang tanda ng kanilang kaligtasan (13:1–16). Ang Panginoon ang nangunguna sa kampo ng Israel sa anyong ulap kapag araw at haligi ng apoy kapag gabi (13:17–22). (Pansinin na ang mga pamagat na "Kapistahan ng Paskua" at "Pista ng Tinapay na Walang Lebadura" ay kadalasang magkasinghulugan ang gamit; ang Paskua ang unang araw ng Pista ng Tinapay na Walang Lebadura.)

   d. Exodo 14. Hinabol ni Faraon at ng kanyang hukbo ang mga anak ni Israel (14:1–9). Natakot ang mga tao, at humingi si Moises ng tulong sa Panginoon (14:10–18). Ang mga anak ni Israel ay naligtas mula sa hukbo at tumawid sa Dagat na Pula sa tuyong lupa; hinabol sila ng mga tauhan ni Faraon at nalunod ang mga tagatugis (14:19–31).

2. Karagdagang babasahin: Exodo 4; 7–10, 15.
3. Hilingan ang isang miyembro ng klase na maglahad ng maikling buod ng Exodo 1 at 2.
4. Maghanda ng mga piraso ng papel na sinulatan ng mga salitang *Paskua* at *Sakramento.*
5. Kung makukuha ang sumusunod na *audiovisual* na kagamitan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito bilang bahagi ng aralin:
    a. "Animal Sacrifice and the Atonement," isang siyam na minutong palabas mula sa *Old Testament Video Presentations* (53224).
    b. Ang mga larawang Si Jesus, ang Cristo (62572 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240); Si Moises sa mga Takbang Yantok (62063 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 106); Si Moises at ang Nagniningas na Palumpong (62239 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 107); at Ang Pagtawid sa Dagat na Pula (62100).

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Tanungin ang mga miyembro ng klase kung naranasan na nilang mailigtas sa isang mapanganib na kalagayan. Anyayahan ang isa o dalawa sa kanila na maikling ibahagi ang kanilang karanasan, o magbahagi kayo ng sarili ninyong karanasan. Tanungin ang mga miyembro ng klase kung ano ang nadama nila sa taong nagligtas sa kanila.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa isa sa mga pinakamadulang pagliligtas na naganap sa kasaysayan—ang pagkaligtas ng mga anak ni Israel mula sa salot ng kamatayan at mula sa pagkaalipin sa mga Egipcio. Ipaliwanag din na sa maraming paraan ay isinasagisag ng pagliligtas na ito ang isang higit na dakilang pagliligtas—ang ating pagkaligtas mula sa kasalanan at kamatayan sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Pagkatapos lumipat sa Egipto si Jacob at ang kanyang mag-anak, ang mga Israelita ay nanirahan doon sa loob ng 430 taon. Sa panahong iyon, isang Faraon ang hinirang at inalipin sila at pinatawan sila ng mabibigat na pasanin. Tulad ng ipinropesiya ni Jose, inalagaan ng Panginoon si Moises upang iligtas ang mga anak ni Israel (2 Nephi 3:10).

**1. Tinawag ng Panginoon si Moises upang iligtas ang Israel sa pagkaalipin.**

Ipasalaysay sa inatasang miyembro ng klase ang maikling buod ng Exodo 1 at 2; pagkatapos ay ituro at talakayin ang Exodo 3.

- Paano tinawag ng Panginoon si Moises upang iligtas ang Israel sa pagkaalipin? (Tingnan sa Exodo 3:1–4.) Ano ang sinabi ng Panginoon kay Moises habang tinatawag siya? (Tingnan sa Exodo 3:5–10.) Ano ang matututuhan natin tungkol sa Panginoon sa kanyang pagtawag kay Moises? (Maaaring kabilang sa mga sagot ang kilala ng Panginoon ang kanyang mga tao, maawain siya sa kanila, nais niyang pagpalain sila, at tinutupad niya ang kanyang mga pangako sa kanila.)
- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ilarawan sa kanilang isipan na sila ang mga anak ni Israel na naninirahan sa Egipto. Sa loob ng maraming salinlahi ay tinuruan silang sila ang mga pinagtipanang tao ng Diyos at na tutuparin niya ang kanyang mga pangakong ginawa kay Abraham. Subalit ngayon sila ay mga alipin, na naninirahan sa kalupitan at pagkaalipin. Ano ang matututuhan natin mula sa kalagayang ito na makatutulong sa atin kapag nakararanas tayo ng kahirapan? (Hindi tayo nalilimutan ng Diyos sa ating mga kahirapan, tulad ng kanyang ipinakita sa pagtawag kay Moises at sa bandang huli sa pagliligtas sa Israel. Subalit karaniwan ay hindi niya tayo kaagad inililigtas sa mga pagsubok. Gaano man katagal ang pagsubok, dapat tayong magpatuloy na manalangin sa kanya, na nagtitiwala na mahal niya tayo at magiging para sa ating kabutihan ang lahat ng bagay kung susunod tayo sa kanya. (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 90:24; 98:3; Mosias 24:14–15.) Paano kayo nakatanggap ng kaaliwan at tulong mula sa Panginoon sa mga panahon ng kahirapan?
- Ano ang sinabi ni Moises nang tawagin siya ng Panginoon upang iligtas ang Israel? (Tingnan sa Exodo 3:11; 4:1, 10.) Sa anong mga paraan nadama ni Moises ang kanyang mga kakulangan? Anong mga katiyakan ang ibinigay sa kanya ng Panginoon? (Tingnan sa Exodo 3:12; 4:11–12.) Ano ang nadarama ninyo kapag nakatatanggap kayo ng tawag mula sa Panginoon? Bakit maaaring makabuti ang ilang damdamin ng kakulangan? Paano kayong tinulungan ng Panginoon sa mga tungkulin na kung saan ay nakadarama kayo ng mga kakulangan?
- Ano ang isinakripisyo ni Moises sa pagtanggap ng tawag na pamunuan ang kanyang mga tao? (Tingnan sa Mga Hebreo 11:24–26.) Ano ang ating mga isinasakripisyo sa pagtanggap ng mga tawag upang paglingkuran ang Panginoon? Bakit mahalagang buong puso tayong magsakripisyo para sa Panginoon?

**2. Ang Panginoon ay nagpadala ng mga salot sa Egipto.**

Ituro at talakayin ang Exodo 5–6. Maaari din ninyong naisin na magbigay ng maikling buod ng Exodo 7–10, na ipinaliliwanag na maraming ulit na nilapitan ni Moises si Faraon at hiniling sa kanyang palayain ang Israel. Sa kabila ng mga palatandaan, kababalaghan, at salot, ay tumanggi pa rin si Faraon. Marahil ay hindi ninyo dapat gugulin ang oras ng klase sa pagbabalik-aral sa bawat isa sa mga palatandaan, kababalaghan, at salot na ito.

- Paano tumugon si Faraon noong unang pagkakataon na hilingin nina Moises at Aaron na palayain ang mga anak ni Israel? (Tingnan sa Exodo 5:1–9.) Paano tumugon ang mga anak ni Israel sa pagsubok na ito? (Tingnan sa Exodo 5:15–21.) Paano tumugon si Moises dito? (Tingnan sa Exodo 5:22–23.) Ano

ang matututuhan natin mula sa pangyayaring ito? (Ang isang bagay na matututuhan natin ay kailangan ang pagtitiyaga sa kahirapan. Tutuparin ng Panginoon ang kanyang mga pangako, kahit na maaaring hindi niya gawin ang gayon sa panahon o paraan na ating inaasahan.)

- Matapos dagdagan ni Faraon ang paghihirap ng Israel ay inulit ng Panginoon ang kanyang mga pangako kay Moises. Ano ang mga pangakong ito? (Tingnan sa Exodo 6:4–8.) Paano tumugon ang mga anak ni Israel nang ipagunita sa kanila ni Moises ang mga pangakong ito? (Tingnan sa Exodo 6:9.) Bakit tumitigil ang ilan sa atin sa pakikinig sa mga propeta at sa paniniwala sa mga pangako ng Diyos sa mga panahon ng pagsubok? Paano tayo mananatiling may pananampalataya sa Diyos sa mga panahon ng kahirapan?
- Paano tumugon si Moises nang utusan siya ng Panginoon sa ikalawang pagkakataon na lumapit kay Faraon upang hingin ang kalayaan ng Israel? (Tingnan sa Exodo 6:10–12.) Ituro na tayo rin kung minsan ay maaaring mag-alinlangan na gawin ang hinihiling ng Panginoon dahil sa takot o dahil iniisip natin na hindi ito maaaring mangyari. Paano kayo tinutulungan ng Panginoon kapag nakadarama kayo ng pag-aalinlangan o pagkatakot?

**3. Tinagubilinan ng Panginoon si Moises tungkol sa paghahanda para sa Paskua.**

Ituro at talakayin ang Exodo 11–13.

- Ano ang layunin ng unang Paskua? (Tingnan sa Exodo 12:12–13, 22–23.) Bakit nais ng Panginoon na patuloy na ipangilin ng Israel ang Kapistahan ng Paskua sa mga darating na taon? (Tingnan sa Exodo 12:24–27, 42; 13:1–10.)
- Ipaliwanag na bilang karagdagan sa pagpapaalala sa Israel na pinangalagaan sila ng Diyos mula sa salot ng kamatayan at iniligtas sila mula sa mga Egipcio, ang Paskua ay sumasagisag din sa isang mahalagang pangyayari sa hinaharap. Ano ang pangyayaring ito? (Ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo, ang Kordero ng Diyos, na nagligtas sa atin mula sa kasalanan at kamatayan. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 5:7.) Paano isinasagisag ng Paskua ang Pagbabayad-sala?

  Maaari ninyong naising ipakita ang sumusunod na pagkakatulad ng Paskua at ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo:

  a. Gagamit ang mga anak ni Israel ng panganay na lalaking tupa na walang bahid-dungis sa Paskua (Exodo 12:5). Ang Tagapagligtas ang panganay na Anak ng Diyos, ang Kordero ng Diyos na walang bahid-dungis (1 Pedro 1:19).
  b. Iwiwisik ng mga anak ni Israel ang dugo sa haligi at itaas ng kanilang mga pinto para maligtas ang kanilang mga panganay sa kamatayan (Exodo 12:7, 22–23). Ang dugo ng Tagapagligtas, na ibinuhos sa Getsemani at sa krus, ang lumilinis sa mga matapat at nagliligtas sa kanila mula sa espirituwal na kamatayan (Mosias 4:2).
  c. Ang mga anak ni Israel ay kakain ng tinapay na walang lebadura (Exodo 12:8, 15–20). "Ang lebadura, o pampaalsa, ay itinuring noong sinauna na sagisag ng pagkabulok dahil madali itong masira at nagiging maamag. . . . Para sa mga Israelita, ang pagkain ng tinapay na walang lebadura ay

sumasagisag na kumakain sila ng tinapay na hindi nabubulok o walang dumi, ang tinatawag na, Tinapay ng Buhay, na si Jesucristo (tingnan sa Juan 6:35)" (*Old Testament Student Manual: Genesis—2 Samuel* [1981], 119). Ang pag-aalis ng lebadura ay nangangahulugan din ng pagsisisi, o pag-aalis ng kasalanan sa buhay ng isang tao.

d. Ang pagkain sa Paskua ay dali-daling kakainin ng mga anak ni Israel (Exodo 12:11). Tulad ng mga Israelita, kailangan tayong dali-dali at kaagad na tumugon sa kaligtasan na iniaalay sa atin ng Tagapagligtas.

- Sa Huling Hapunan ay pinasimulan ng Tagapagligtas ang sakramento bilang kapalit ng Paskua (Mateo 26:19, 26–28). Ipakita ang larawan ng Tagapagligtas na inilalagay sa gawing kaliwa nito ang papel na sinulatan ng *Paskua* at sa gawing kanan naman ang papel na sinulatan ng *Sakramento*. Ano ang pagkakatulad ng Paskua at ng sakramento? (Tingnan sa Exodo 12:14; 13:9–10; Doktrina at mga Tipan 20:75–79.)

  Itinuro ni Elder Howard W. Hunter na sa hapag ng Paskua na sa ngayon ay tinatawag na Huling Hapunan, "ang tinapay at alak, sa halip na mga hayop at mapapait na gulay (herbs), ay [naging] sagisag ng dakilang katawan at dugo ng Kordero, mga sagisag na kakainin at iinumin nang buong pagpipitagan at bilang pag-alaala sa kanya magpakailanman.

  "Sa simple ngunit makapukaw-damdaming paraan na ito ay pinasimulan ng Tagapagligtas ang ordenansa na kilala na ngayon bilang ang sakramento ng Hapunan ng Panginoon. Kasama dito ang paghihirap sa Getsemani, ang pagpapakasakit sa Kalbaryo, at ang pagkabuhay na mag-uli mula sa halamanang libingan, ang Getsemani: Tingnan sa Mateo 26:36. Ang pagpapakasakit sa Kalbaryo ay nangangahulugan ng 'ang pagpapakasakit na pagganap ni Jesus sa sinaunang batas at naghatid sa isang bagong dispensasyon ayon sa mas mataas, mas banal na pagkaunawa sa batas ng pagpapakasakit. Hindi hihilingan pa ang tao na mag-alay ng panganay na tupa, dahil inialay ng Panganay ng Diyos ang kanyang sarili bilang 'walang katapusan at walang hanggang hain' " (sa Conference Report, Abr. 1985, 22; o *Ensign*, Mayo 1985, 19).

- Sinabi ni Elder Howard W. Hunter na tulad ng kung paano isang tipan ng proteksiyon para sa sinaunang Israel ang Paskua ay gayundin naman na "bagong tipan ng kaligtasan" sa atin ang sakramento (sa Conference Report, Abr. 1974, 24; o *Ensign,* Mayo 1974, 18). Paano isang tipan ng kaligtasan para sa atin ang sakramento? (Ang sakramento ay nagpapaalala sa atin sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, na nagdudulot ng walang hanggang kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapalaya sa atin mula sa mga gapos ng kasalanan at kamatayan. Ang mga tipan na ating sinasariwa sa pagtanggap natin ng sakramento ay naglalaan din sa atin ng walang hanggang kaligtasan.)

  Itinanong ni Elder Jeffrey R. Holland:

  "Nakikita ba natin [ang sakramento] bilang *ating* paskua, alaala ng *ating* kaligtasan, paglaya at pagkatubos?

  "Dahil sa maraming bagay na nakataya, ang ordenansang ito na alaala ng ating pagkawala mula sa anghel ng kadiliman ay dapat tanggapin nang higit

na mataimtim kaysa sa ginagawa natin kung minsan. Ito ay dapat na maging sandali ng makapangyarihan, magalang, at malalim na pag-iisip. Dapat itong makahimok ng mga espirituwal na damdamin at impresyon" (sa Conference Report, Okt. 1995, 89; o *Ensign,* Nob. 1995, 68).

- Sa kanyang mga tagubilin tungkol sa Paskua, binigyang-diin ng Panginoon ang pangangailangan ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak tungkol sa kahulugan nito (Exodo 12:26–27; 13:8, 14). Bakit mahalagang gawin ito ng mga magulang na Israelita? Paano ito maaaring umangkop sa ating kapanahunan? (Katulad ng sinaunang Israel, dapat nating ituro sa ating mga anak ang kahulugan ng sakramento at ng iba pang mga ordenansa na nagpapaalala sa atin sa mga ginawa ng Panginoon sa pagliligtas sa atin mula sa kasalanan at kamatayan.)

**4. Ang mga anak ni Israel ay tumawid sa Dagat na Pula.**

Ituro at talakayin ang Exodo 14.

- Pagkatapos pumayag si Faraon na lisanin ng mga anak ni Israel ang Egipto, sila ay kanyang binalingan at pinasundan sa kanyang hukbo (Exodo 14:5–9). Ano ang ginawa ng mga anak ni Israel nang makita nila ang lumulusob na hukbo? (Tingnan sa Exodo 14:10–12.) Ano ang sinabi ni Moises sa mga anak ni Israel nang manghina ang kanilang pananampalataya? (Tingnan sa Exodo 14:13–14.) Paano tayo magkakaroon ng matatag na pananampalataya na sapat upang itaguyod tayo kapag puno tayo ng takot?
- Paano iniligtas ng Panginoon ang mga anak ni Israel mula sa lumulusob na hukbo ng mga Egipcio? (Tingnan sa Exodo 14:21–31.) Paano makatutulong sa atin ang kuwentong ito sa oras ng ating pagsubok?

---

Katapusan

Magpatotoo na kung paanong tinupad ng Panginoon ang kanyang pangako na ililigtas ang mga Israelita sa pagkaalipin, ay gayundin naman na kanyang tutuparin ang kanyang pangako sa atin. Himukin ang mga miyembro ng klase na dagdagan ang kanilang pasasalamat sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas at tanggapin ang sakramento nang karapat-dapat at buong pag-iisip, na sinusunod ang tipan na "lagi siyang alalahanin" (Doktrina at mga Tipan 20:77).

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ginagaya ni Satanas ang kapangyarihan ng Diyos**

- Ano ang ginawa ni Faraon nang ipinakikita sa kanya nina Moises at Aaron ang mga palatandaan ng kapangyarihan ng Diyos? (Tingnan sa Exodo 7:8–12, 17–22.) Ano ang matututuhan natin tungkol kay Satanas mula sa mga talatang ito?
- Ano ang ilang paraan ng panggagaya ni Satanas sa kapangyarihan at mga pagpapala ng Diyos sa ngayon? Anong mga kaloob ang ibinigay sa atin ng

Panginoon upang tulungan tayong malaman ang mabuti at masama? Paano natin madaragdagan ang ating kakayahang malaman ang mabuti sa masama?

**2. Ang mga salot**

- Bakit ipinadala ng Panginoon ang mga salot sa Egipto? (Tingnan sa Exodo 7:5, 17; 8:10; 9:14, 29; 10:2; 14:4.) Ano ang reaksiyon ni Faraon sa mga salot? (Tingnan, halimbawa ang Exodo 8:8, 15, 25, 28, 32.) Bakit hindi dinapuan ng mga salot ang mga anak ni Israel? (Tingnan sa Exodo 9:4–6, 23–26; 10:22–23; 11:4–7.)

**3. Ang Paskua**

Habang itinuturo ninyo kung paano ang Paskua ay sagisag ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari ninyong naising kunin ang mga sumusunod na bagay upang mailarawan ang mga sagisag ng Paskua:

a. Larawan ng tupa at ng isang pinto.
b. *Tortillas, crackers,* o tinapay na walang lebadura (na sasagisag sa tinapay na manipis na walang lebadura).
c. Makabuhay o ampalaya (para sa mapapait na gulay).
d. Isang pares ng sapatos o sandalyas (kumain ang mga Israelita nang nakasuot ang kanilang mga sapatos, na sumasagisag sa dali-dali nilang paglisan sa Egipto).

**4. "Lahat ay nangabautismuhan . . . sa alapaap at sa dagat" (I Mga Taga Corinto 10:2)**

Maaari ninyong naising basahin ang I Mga Taga Corinto 10:1–4, kung saan ay itinuturo ni Pablo na ang mga anak ni Israel ay nangabinyagan sa alapaap at sa dagat. Sa pagpapaliwanag tungkol sa kabuluhan nito, sinabi ni Elder Bruce R. McConkie na, "Sinasabi ni [Pablo] na maging ang Israel, nang sila ay tumawid sa Dagat na Pula, ay nilisan ang kamunduhan ng Egipto, upang ang kanilang mga inapong Kristiyano, sa pamamagitan ng pagbibinyag, ay tatalikod sa mga pagnanasa ng laman at mamumuhay ng tulad sa Diyos" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1966–73], 2:355).

# “Magiging Isang Tanging Kayamanan nga Kayo sa Akin”

Aralin
# 14

*Exodo 15–20; 32–34*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na tanggapin ang espirituwal na tubig at tinapay ng Panginoon, itaguyod ang kanyang mga piniling pinuno, at sundin ang kanyang mga kautusan upang sila ay magawa niyang isang “banal na bansa” (Exodo 19:6).

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Exodo 15:22–27; 16:1–31; 17:1–7. Ang mga anak ni Israel ay bumulung-bulong dahil sila ay nauuhaw at nagugutom, at naglaan ang Panginoon ng tubig, mana, at pugo.

   b. Exodo 17:8–13; 8:13–26. Dumating si Amalec upang makipaglaban sa Israel. Nananaig ang Israel kapag nakataas ang mga kamay ni Moises, ngunit nananaig si Amalec kapag napapagod na si Moises at naibababa ang kanyang mga kamay. Itinaas nina Aaron at Hur ang mga kamay ni Moises, at nanalo sa digmaan ang Israel (17:8–13). Sinunod ni Moises ang payo ni Jethro na magtalaga ng mga hukom at ipinakatawan sa kanila ang awtoridad (18:13–26).

   c. Exodo 19–20. Nakipagkita ang Panginoon kay Moises sa Bundok ng Sinai at ibinigay sa Israel ang Sampung Utos.

   d. Exodo 32–34. Tinanggap ni Moises ang mga tapyas ng bato na naglalaman ng mga tagubilin mula sa Panginoon subalit binasag ang mga tapyas nang magbalik siya mula sa Sinai nang makita ang mga tao na sumasamba sa isang gintong guya. Kinuha ng Panginoon mula sa Israel ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at binigyan sila ng mas mababang batas, ang batas ni Moises (Pagsasalin ni Joseph Smith, Exodo 34:1–2). Tumabas ng bagong tapyas ng bato si Moises upang palitan ang binasag niyang tapyas, subalit hindi na kasama sa mga bagong tapyas na bato ang walang hanggang tipang banal na pagkasaserdote (tingnan sa Exodo 34:1–5; Pagsasalin ni Joseph Smith, Deuteronomio 10:2). Ang mga tao ay nakipagtipan na susundin ang batas ni Moises (34:10–35).

2. Karagdagang babasahin: Mga Awit 78; I Mga Taga Corinto 10:1–11; Doktrina at mga Tipan 84:19–27.

3. Magdala sa klase ng ilang aklat o iba pang mabibigat na bagay kung gagamitin ninyo ang pakay aralin sa araling ito.

4. Kung may makukuhang *Old Testament Video Presentations* (53224), maaari ninyong ipalabas ang “Modern Idolatry,” isang pitong minutong palabas, bilang bahagi ng araling ito.

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

- Ilarawan sa inyong isipan na kailangan ninyong maglakbay sa ilang na hindi pa ninyo napuntahan kahit kailan at wala pa sa mapa. Paano kayo maghahanda para sa paglalakbay na ito? (Maaaring iba-iba ang maging sagot, ngunit ang isang bagay na makatutulong sa paghahanda ay ang maghanap ng gabay.)
- Anong mga katangian ang nais ninyo sa isang gabay na nagtuturo sa inyo ng daan patungo sa ilang? (Ang mga sagot ay maaaring iba-iba, ngunit dapat ay alam ng gabay ang lugar at dapat ay mapagkakatiwalaan siya.)
- Sino ang gabay ni Moises at ng mga anak ni Israel matapos nilang lisanin ang Egipto at maglakbay na sa ilang? (Ang Panginoon.)

Ituro na ang mga karanasan ng mga Israelita habang naglalakbay sa ilang ay makapagtuturo sa atin ng mahahalagang aral habang naglalakbay tayo dito sa mortalidad. Ang isang mahalagang aral ay ang maaari tayong magtiwala sa Diyos na gagabayan at pangangalagaan niya tayo tulad ng ginawa niya sa mga Israelita.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan. Dahil mahirap maitanong ang lahat ng katanungan o matalakay ang bawat punto sa aralin, may panalanging piliin ang mga pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

**1. Ang Panginoon ay naglaan ng tubig, mana at pugo para sa mga anak ni Israel.**

Ituro at talakayin ang Exodo 15:22–27; 16:1–31; at 17:1–7.

Pagkatapos tumawid ng mga Israelita sa Dagat na Pula, ang Panginoon ay nagtagubilin kay Moises na pamunuan sila patungo sa lupang pangako. Ngunit sinubok muna ng Panginoon ang pananampalataya ng mga Israelita sa ilang. Marami sa mga tao ang kulang sa pananampalataya at nagreklamo sa Panginoon sa halip na bumaling sa kanya. Gayunman, ang Panginoon ay naglaan ng tubig upang mapawi ang kanilang uhaw at mana at pugo para mapawi ang kanilang gutom.

- Anong problema ang nakaharap ng mga Israelita sa Exodo 15:22–24 at 17:1–3? Paano tumugon si Moises nang ang mga tao ay bumulung-bulong laban sa kanya? (Tingnan sa Exodo 15:25; 17:4. Bumaling siya sa Panginoon upang humingi ng tulong.) Ano ang matututuhan natin mula sa tugon ni

Moises? Paano tumugon ang Panginoon sa mga panalangin ni Moises na paghingi ng tulong? (Tingnan sa Exodo 15:25–26; 17:5–7.)

- Ang Panginoon ay naglaan ng pisikal at espirituwal na tubig para sa mga anak ni Israel. Ang pisikal na tubig ay nagmula sa bato na pinalo ni Moises; ang "espirituwal na inumin" ay nagmula sa "espirituwal na Bato," na si Cristo (I Mga Taga Corinto 10:4). Ano ang espirituwal na tubig na dumadaloy mula kay Cristo? (Tingnan sa 1 Nephi 11:25.) Paano natin maiinom ang tubig na iyon? Ano ang pangako sa mga taong iinom ng tubig na iyon? (Tingnan sa Juan 4:14; Doktrina at mga Tipan 63:23.)

- Anong problema ang nakaharap ng mga Israelita sa Exodo 16:2–3? Paano tumugon ang Panginoon? (Tingnan sa Exodo 16:4, 11–15.) Bilang karagdagan sa pagpawi ng gutom ng mga tao, ano ang iba pang layunin ng pagpapadala ng mana?

  a. Ipakikita nito sa Panginoon kung susundin siya ng kanyang mga tao (Exodo 16:4, 16–31).
  b. Magbibigay ito sa mga tao ng araw-araw na palatandaan ng kapangyarihan at pagmamahal ng Panginoon (Exodo 16:12).
  c. Ituturo nito sa mga tao na "hindi lamang sa tinapay [nabubuhay ang tao], kundi sa bawat bagay na nagmumula sa bibig ng Panginoon" (Deuteronomio 8:3).
  d. Magiging daan ito ng pagpapakumbaba ng mga tao at matutulungan silang tumanggap ng kaligtasan (Deuteronomio 8:16).

- Paano kaya nakatulong ang pagpapadala ng mana sa pagsasagawa sa bawat isa sa mga layuning ito? Paano isinasagawa ng Panginoon ang bawat isa sa mga layuning ito sa ating buhay?

- Paano kumakatawan kay Cristo ang mana? (Tingnan sa Juan 6:35.) Paano kaiba sa mana ang buhay na tinapay ni Cristo? (Tingnan sa Juan 6:48–51.) Paano natin matatanggap sa araw-araw ang buhay na tinapay ni Cristo?

- Kailangan ng mga Israelita na magtipon ng mana upang mapanatili ang kalakasan ng katawan. Paano ito maihahalintulad sa kailangan nating gawin upang mapanatili ang espirituwal na kalakasan? (Tulad ng kung paano natin kailangan ang araw-araw na pangangalaga upang mapanatili ang kalakasan ng katawan, gayundin naman na kailangan natin ang araw-araw na pangangalaga upang mapanatili ang espirituwal na kalakasan. Hindi tayo makaaasa na magkakaroon ng espirituwal na kalusugan kung ang pag-aaral natin ng mga banal na kasulatan at ang ating panalangin ay paminsan-minsan lamang.)

- Ano ang karaniwang nangyayari kapag magdamag na itinatabi ng mga Israelita ang mana? (Tingnan sa Exodo 16:19–20.) Ano ang nangyayari kapag itinatabi nila ang mana sa magdamag bilang paghahanda para sa Sabbath? (Tingnan sa Exodo 16:22–25.) Paano natin maiaangkop ang alituntuning ito sa ating paghahanda sa buong linggo para sa Sabbath?

- Ano ang maaaring nangyari sa mga Israelita kung sinubukan nilang maglakbay sa ilang nang walang tulong mula sa Panginoon? Ano ang mangyayari sa atin kung susubukan nating maglakbay sa buhay na ito nang walang tulong mula sa Panginoon?

2. **Itinaas nina Aaron at Hur ang mga kamay ni Moises upang manaig ang Israel sa pakikipagdigmaan laban kay Amalec. Sinunod ni Moises ang payo ni Jethro na magtalaga ng mga hukom at ipakatawan sa kanila ang awtoridad.**

Ituro at talakayin ang Exodo 17:8–13 at 18:13–26. Ituro na ang kapwa pangyayaring ito ay nagtuturo sa atin ng kahalagahan ng pagsuporta at pagtataguyod sa mga pinuno ng Simbahan.

- Ang mga tauhan ni Amalec ay maraming taon nang nakikipagdigmaan sa mga anak ni Israel, simula pa noong kapanahunan ni Moises. Paano nagapi ng mga Israelita ang mga tauhan ni Amalec sa digmaang inilarawan sa Exodo 17:8–13? (Kapag itinataguyod nina Aaron at Hur si Moises sa pamamagitan ng pagtataas ng kanyang mga kamay ay nananaig ang Israel sa digmaan.) Anong uri ng mga espirituwal na digmaan ang sinasagupa natin sa ngayon? Paano nakatutulong sa atin ang pagtataguyod sa propeta upang manaig sa mga digmaang ito?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na: "Naaalala ko kung paano itinataas ni Moises ang kanyang mga kamay habang nasa tuktok siya ng bundok para sa ikapapanalo ng hukbo ng Israel. Habang nakataas ang kanyang mga kamay ay nananaig ang Israel, subalit kapag bumabagsak ang mga ito dahil sa pangangawit, sa gayon ay nananaig ang kalaban. Kaya't 'inalalayan [ni Aaron at ni Hur] ang kanyang mga kamay, ang isa'y sa isang dako, at ang isa'y sa kabilang dako,' at ang Israel ay nagtagumpay (Exodo 17:12). Gayundin naman na magtatagumpay tayo kapag itinaas natin ang mga kamay ng mga hinirang na tagapaglingkod ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1986, 98; o *Ensign,* Mayo 1986, 77).

- Ano ang ikinababahala ni Jethro nang makita niya ang mga tao na lumalapit kay Moises sa araw at gabi? (Tingnan sa Exodo 18:13–18). Ano ang ipinayo ni Jethro na gawin ni Moises? (Tingnan sa Exodo 18:19–23.)

- Anong mga tungkulin ng isang propeta ang binanggit sa Exodo 18:16–20?

  Maaari ninyong papaghanapin ang mga miyembro ng klase ng mga tungkulin sa mga talatang ito, pagkatapos ay isulat ang mga sagot sa pisara. Maaari rin ninyong naising gamitin ang pakay aralin: Anyayahan ang isang miyembro ng klase na itaas ang kanyang mga kamay. Kapag nabanggit ang unang tungkulin, maglagay ng isang aklat o iba pang mabigat na bagay sa mga kamay ng miyembro ng klase. Magdagdag ng isa pang aklat o mabigat na bagay habang binabanggit ang ibang mga tungkulin.

  a. Maging hukom sa mga tao (Exodo 18:16).
  b. Maging kinatawan ng mga tao sa harapan ng Diyos (Exodo 18:19).
  c. "Ituturo . . . sa kanila ang mga palatuntunan [ordenansa] at ang mga kautusan [batas]" (Exodo 18:20).
  d. "[Ipakikilala] . . . sa kanila ang daang nararapat lakaran" (Exodo 18:20).
  e. "[Ipakikilala] sa kanila . . . ang gawang kanilang nararapat gawin (Exodo 18:20).

- Paano natin maitataas ang mga kamay at mapagagaan ang mga dalahin ng ating propeta at mga apostol sa ngayon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan

21:4–5; 107:22. Habang nagmumungkahi ang mga miyembro ng klase, kunin ang ilan sa mga aklat o iba pang bagay mula sa mga kamay ng miyembro ng klase na may hawak sa mga ito.)

- Paano natin masusuportahan at maitataguyod ang ating mga lokal na pinuno sa Simbahan? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagsasalita ng mabuti tungkol sa kanila, paglilingkod nang buong sipag sa ating mga tungkulin sa Simbahan, at pagiging mabubuting tagapagturo ng tahanan at tagapagturong dumadalaw.)

- Paano kayong pinagpala sa inyong pagsuporta sa mga pinuno ng Simbahan? (Maaaring naisin ninyong gamitin ang Doktrina at mga Tipan 21:6 sa talakayang ito.)

**3. Nakipagkita ang Panginoon kay Moises sa Bundok ng Sinai at ibinigay sa Israel ang Sampung Utos.**

Ituro at talakayin ang Exodo 19–20.

Sa loob ng tatlong buwan ng pagpunta ng Israel sa ilang ay nais na ng Panginoon na itatag ang kanyang tipan sa kanila (Exodo 19:5–6). Bilang bahagi ng tipang ito ay ipinahayag niya kay Moises ang Sampung Utos.

- Samantalang nagkakampo ang mga anak ni Israel sa Bundok ng Sinai, ano ang ipinangako ng Panginoon kung magiging masunurin sila? (Tingnan sa Exodo 19:3–6. Sila ay gagawin niyang "isang tanging kayamanan, . . . isang kaharian ng mga saserdote, at isang banal na bansa.") Ano ang ibig sabihin ng mga pangakong ito? Paano naaangkop sa atin sa ngayon ang mga pangakong ito?

  Ang ibig sabihin ng mga pangakong ito ay magiging pinagtipanang tao ng Panginoon ang Israel, higit na kalulugdan kaysa sa iba at piniling magtaglay ng pagkasaserdote at maghatid ng ebanghelyo sa lahat ng mga tao (tingnan din sa Deuteronomio 7:6; 14:1–2; I Pedro 2:9).

- Anong mga bagay ang nais ng Panginoon na maranasan ng kanyang mga tao sa Bundok ng Sinai? (Tingnan sa Exodo 19:9, 11, 16–17; Doktrina at mga Tipan 84:23.) Ano ang sinabi ng Panginoon na kailangang gawin ng kanyang mga tao bago sila makipagkita sa kanya? (Exodo 19:10, 14.)

- Ang Bundok ng Sinai ay banal na lugar kung saan nais ng Panginoon na makipag-usap sa kanyang mga tao at ipakita ang kanyang sarili sa kanila. Anong mga banal na lugar ang inilaan niya kung saan makatatanggap tayo ng gayunding mga pagpapala? (Mga templo; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:15–16; 109:12–13.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung paano nakatulong sa kanila ang templo upang marinig ang tinig ng Panginoon at madama ang kanyang presensiya.

- Ang unang apat na kautusan sa Exodo 20 ay nagtuturo tungkol sa tamang ugnayan natin at ng Diyos (Exodo 20:3–11). Paano naaangkop sa ngayon ang kautusang sambahin ang Panginoon at huwag magkakaroon ng ibang diyos sa kanyang harapan? Ano ang ibang huwad na diyos na sinasamba ng mga tao sa ngayon? (Tingnan sa I Samuel 15:23; Mga Taga Efeso 5:5; Doktrina at mga Tipan 1:15–16.)

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na:

"Ang pagsamba sa diyus-diyosan ay isa sa mga pinakamabigat na kasalanan. . . .  Ang mga makabagong diyus-diyosan ay maaaring nasa kaanyuan ng mga damit, tahanan, negosyo, makina, sasakyan, mga bangka na gamit sa paglilibang, at maraming iba pang bagay sa mundo na naglalayo sa atin sa landas na patungo sa pagiging diyos. . . .

"Ang mga bagay na hindi nakikita o nahahawakan ay madali ring maging mga diyus-diyosan sa atin. Ang mga digri sa unibersidad at gantimpalang napanalunan at titulong ibinigay sa mga taong nasa mataas na katungkulan ay maaaring maging mga diyus-diyosan. . . .

"Maraming tao ang inuuna muna ang pagbili at pagkumpleto ng kasangkapan sa tahanan at pagbili ng sasakyan—at pagkatapos ay hindi nila kayang magbayad ng ikapu. Sino ang kanilang sinasamba? Tiyak na hindi ang Panginoon ng langit at lupa. . . .

"Marami ang sumasamba sa pamamaril ng usa at ng iba pang mga hayop, pangingisda, pagbabakasyon, lingguhang pagpipiknik at paglilibot. Ang diyus-diyosan naman ng iba ay ang mga larong pampalakasan, *baseball, football,* ang *bullfight,* o *golf*. . . .

"Ang isa pang imahen na sinasamba ng mga tao ay ang kapangyarihan at katanyagan. . . .  Ang mga diyus-diyosang ito ng kapangyarihan, kayamanan, at impluwensiya ay gumugugol ng marami sa ating oras at katulad na katulad ng mga gintong guya ng mga anak ni Israel sa ilang" (*The Miracle of Forgiveness,* [1969], 40–42).

- Ano ang ilang paraan kung saan binabanggit ng mga tao ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan? Bakit mahalagang huwag nating banggitin ang kanyang pangalan sa walang kabuluhan?
- Bakit mahalagang panatilihin nating banal ang araw ng Sabbath? (Tingnan sa Exodo 20:8; 31:16–17; Isaias 58:13–14; Doktrina at mga Tipan 59:9–10.) Paano natin mapagpapasiyahan kung anong mga gawain ang angkop sa Sabbath? Paano kayong nabiyayaan sa pagsunod ninyo na gawing banal ang araw na ito?
- Pagbalik-aralan ang anim na kautusan na may kinalaman sa ating pakikitungo sa ibang tao (Exodo 20:12–17.) Paano bumubuti ang ating pakikitungo sa iba sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusang ito? (Maaari ninyong ituon ang inyong pansin sa bawat isa sa mga kautusan, na ibinibigay ang kahulugan at tinatalakay ang mga ito kapag naaangkop.)

**4. Pinasimulan ng Panginoon ang batas ni Moises.**

Ituro at talakayin ang Exodo 32–34.

Noong makipag-usap ang Panginoon kay Moises sa Bundok ng Sinai ay inihayag niya ang isang batas na kinapapalooban ng mga ordenansa ng Pagkasaserdoteng Melquisedec (Doktrina at mga Tipan 84:19–23). Gayunman, ang pag-uugali ng mga Israelita na mapagsamba sa mga diyus-diyosan ay nagpakita na hindi sila handa na ipamuhay ang kabuuan ng ebanghelyo (Exodo 32:1–9; Doktrina at mga Tipan 84:24). Dahil madali nilang nalimutan ang Panginoon, kinuha niya

sa kanila ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at inihayag ang mas mababang batas—ang batas ni Moises (Pagsasalin ni Joseph Smith, Exodo 34:1–2; Doktrina at mga Tipan 84:25–27).

Hindi pinalitan ng batas ni Moises ang mga kautusan, tipan, o alituntunin ng ebanghelyo. Sa halip ito ay naglaan ng "isang batas ng mga gawain, at ng mga ordenansa, isang batas na kanilang mahigpit na susundin sa araw-araw, upang mapanatili sila sa pag-alaala sa Diyos at sa kanilang tungkulin sa kanya (Mosias 13:30). Ang batas ni Moises ay nagturo sa mga tao na ikumpisal ang kanilang mga kasalanan at isauli o pagbayaran ang bagay na nawala dahil dito, sumunod sa mahigpit na patakaran sa pag-aalay ng mga hayop bilang hain, panatilihing malusog ang kanilang katawan, itaguyod ang gawain ng Panginoon, magpasalamat, at makipagkasundo sa Diyos.

- Bakit ibinigay ng Panginoon sa mga anak ni Israel ang batas ni Moises? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 3:23–24; Mosias 13:29; Alma 25:15–16; Doktrina at mga Tipan 84:19–27.) Paano makatutulong ang batas na ito upang gawing banal ang Israel at ilapit sila kay Cristo? (Tingnan sa Mosias 13:30; Alma 34:14–15.)

- Kailan natupad ang batas ni Moises? (Tingnan sa 3 Nephi 15:4–10.) Ngayon na hindi na hinihiling ng Diyos ang pag-aalay ng mga hayop, na mahalagang bahagi ng batas ni Moises, anong pag-aalay ang hinihiling niyang gawin natin? (Tingnan sa 3 Nephi 9:19–22.) Ano ang ibig sabihin ng mag-alay ng isang nawiwindang na puso at nagsisising espiritu?

  Itinuro ni Elder M. Russell Ballard na:

  "Kahit na natupad ang batas ni Moises, ang mga alituntunin ng batas ng pag-aalay ay patuloy na magiging bahagi ng doktrina ng Simbahan.

  "Samantalang ang pangunahing layunin ng batas ng pag-aalay ay patuloy pa rin na pagsubok at pagtulong sa atin na lumapit kay Cristo, dalawang pagbabago ang ginawa pagkatapos ng huling pag-aalay ni Cristo. Una, pinalitan ng ordenansa ng sakramento ang ordenansa ng pag-aalay ng [hayop]; at ikalawa, inilipat ng pagbabagong ito ang pansin ng pag-aalay mula sa alagang hayop ng tao tungo sa sarili mismo ng tao. Sa isang banda, ang pag-aalay ay nabago mula sa iniaalay tungo sa nag-aalay. . . .

  " . . . Pagkatapos ng kanyang ministeryo sa lupa ay itinaas ni Cristo ang antas ng batas ng pag-aalay. . . . Sa halip na hilingin ng Panginoon ang alagang hayop o butil na ani ng tao, ngayon ay nais ng Panginoon na talikuran niya ang lahat ng hindi maka-Diyos. Ito ay mas mataas na pagpapatupad ng batas ng pag-aalay; ito ay tumitimo sa kaibuturan ng kaluluwa ng isang tao" (*The Law of Sacrifice* [talumpating ibinigay sa Church Educational System Symposium, ika-13 ng Ago. 1996], 5).

---

Katapusan

Magpatotoo sa mga miyembro ng klase na kung kanilang tatanggapin ang espirituwal na tubig at tinapay ng Panginoon, itataguyod ang kanyang mga piniling pinuno, at susundin ang kanyang mga kautusan, sila ay aanyayahan niya sa kanyang banal na bundok—ang templo. Doon ay makikipagkita sila sa

kanya, tatanggapin ang kanyang mga batas, mamamasdan ang kanyang kaluwalhatian, at hahayo nang may inspirasyon na maging higit na katulad niya.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. Ang Sampung Utos

Pansinin na ang Sampung Utos ay inulit sa Deuteronomio 5:5–21, Mosias 12:33–36 at 13:12–24, at Doktrina at mga Tipan 42:18–27 at 59:5–16. Pagbalik-aralan ang mga talatang ito para sa karagdagang mga ideya tungkol sa Sampung Utos.

### 2. Ang gintong guya

Maaari ninyong naisin na talakayin ang kuwento tungkol sa paggawa at pagsamba sa gintong guya na nakatala sa Exodo 32. May ilang alituntunin na makukuha mula sa kuwentong ito, kabilang na ang dalawang nasa ibaba:

a. Ang matatandang kaugalian at mga paniniwala o pag-uugali ay mahirap alisin. Kahit na pisikal na nilisan ng mga Israelita ang Egipto ay hindi pa rin sila espirituwal na malaya mula sa mga impluwensiya nito. Pagkatapos na marinig ng mga Israelita ang tinig ng Diyos na ipinahahayag ang Sampung Utos mula sa Sinai ay mabilis nilang nalabag ang unang dalawang utos.
b. Mahalagang paglabanan ang mga negatibong pamimilit ng mga kasa-kasama. Si Aaron ay sumunod sa hindi matwid na nais ng mga Israelita. Kung minsan ay kailangang magsabi ng "hindi" ang mga magulang at pinuno, kahit na masaktan ang damdamin ng mga taong nasa ilalim ng kanilang pananagutan.

# “Tumingin sa Diyos at Mabuhay”

Aralin
# 15

*Mga Bilang 11–14; 21:1–9*

**Layunin** Himukin ang mga miyembro ng klase na paglabanan ang mga makamundong pagnanasa at takot at tumingin sa Tagapagligtas at sa kanyang mga propeta para sa patnubay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Mga Bilang 11. Nagreklamo ang mga Israelita tungkol sa mana at nais nilang kumain ng karne (11:1–9). Humingi si Moises ng patnubay mula sa Panginoon at ng tulong sa pagdadala ng kanyang pasanin (11:10–15). Tulad ng tagubilin ng Panginoon, tinipon ni Moises ang pitumpung elder upang tulungan siya (11:10–17, 24–30). Sinagot ng Panginoon ang paghahanap ng mga Israelita ng karne sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng napakaraming pugo at pagpapadala ng salot sa kanila dahil sa kanilang kasakiman at katakawan (11:18–23, 31–35).
   b. Mga Bilang 12. Sina Miriam at Aaron ay nagsalita laban kay Moises, na nagrereklamo tungkol sa kanyang pag-aasawa ng isang babaeng Cusita at hinamon siya bilang kanilang namumunong awtoridad (12:1–3). Pinagalitan at pinarusahan ng Panginoon sina Miriam at Aaron sa kanilang pagbulung-bulong (12:4–16).
   c. Mga Bilang 13–14. Tinagubilinan ni Moises ang 12 kalalakihan na halughugin ang lupain ng Canaan (13:1–20; pansinin na ang “Jehoshua” sa talata 16 ng Ingles na Biblia ay isang anyo ng pangalang Joshua [Josue]). Bumalik sila na may dalang mabuting balita tungkol sa mga kayamanan ng lupain, subalit lahat sila maliban kina Josue at Caleb ay natakot sa mga naninirahan at nagnais bumalik sa Egipto (13:21–14:10). Sinabi ng Panginoon kay Moises na ang walang pananampalataya at mapagreklamong mga Israelita ay maglalagalag sa ilang sa loob ng 40 taon, hanggang sa mamatay ang salinlahi ng lahat ng may sapat na gulang maliban kina Josue at Caleb (14:11–39).
   d. Mga Bilang 21:1–9. Nilipol ng mga Israelita ang mga Cananeo na lumusob sa kanila (21:1–3). Nagpadala ang Panginoon ng mga mababangis na ahas bilang parusa sa walang tigil na pagrereklamo ng mga Israelita (21:4–6). Gumawa si Moises ng ahas na tanso, ipinatong ito sa isang tikin, at sinabi sa mga tao na kung titingin sila dito, sila ay mabubuhay (21:7–9).

2. Karagdagang babasahin: Juan 3:14–16; 1 Nephi 17:41; Alma 33:18–22; 37:46–47; Helaman 8:13–15.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, gumawa ng poster na nasusulatan ng mga salitang *Ang Lupang Pangako*.

4. Kung may makukuhang larawang Si Moises at ang Ahas na Tanso, maaari ninyong naising gamitin ito sa aralin (62202).

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Isulat sa pisara ang salitang *Egipto*. Ilagay ang poster na nasusulatan ng mga salitang *Ang Lupang Pangako* sa kabilang dako ng silid. Hamunin ang mga miyembro ng klase na lumakad mula sa pisara patungo sa poster samantalang nililingon ang salitang *Egipto*.

Kung nahihirapan ang miyembro ng klase na marating ang poster ay itanong ang sumusunod:

- Bakit mahirap lumakad nang pasulong at tuwid samantalang kayo ay nakalingon?

Kung madaling mararating ng miyembro ng klase ang poster ay itanong ang mga sumusunod:

- Hanggang saan kaya ang mararating ninyo nang hindi lumilihis mula sa matuwid na linya? Bakit mahirap lumakad nang pasulong at tuwid samantalang kayo ay nakalingon?

Ipaliwanag na ang paglalarawang ito ay maihahambing sa paglalakbay ng mga Israelita mula sa Egipto. Sa kabila ng mga pagpapalang tinanggap ng mga Israelita mula sa Panginoon, ang kanilang takot at kakulangan ng pananampalataya ang kadalasang nagiging sanhi ng kanilang pangangarap na sana ay hindi nila nilisan ang Egipto. Ang kanilang paghahangad sa Egipto ang umantala at nagpahirap sa kanilang paglalakbay patungo sa pangakong lupain.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan. Dahil mahirap maitanong ang bawat isa sa mga ito o talakayin ang bawat punto ng aralin, may panalanging piliin ang mga pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaaring kailanganin ninyong iangkop ang ilan sa mga tanong sa katayuan ng mga miyembro ng klase.

**1. Sinagot ng Panginoon ang paghahanap ng mga Israelita ng karne sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng napakaraming pugo at pagpapadala ng salot sa kanila.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 11.

- Kahit na malaking biyaya mula sa Panginoon ang mana, ang mga Israelita ay nagsimulang magreklamo tungkol dito (Mga Bilang 11:6). Ano ang nag-udyok sa kanila upang magreklamo? (Tingnan sa Mga Bilang 11:4–5; sinimulan nilang isipin at hangarin ang karne at iba pang pagkain na kinain nila sa Egipto.) Ano ang mga panganib ng paghahangad ng higit sa mga bagay na nasa atin na?

- Ang mga Israelita ay naging hayok sa karne kung kaya't hindi na nakatuon ang kanilang pansin sa lupang pangako at nagsimulang mangarap na sana ay hindi nila nilisan ang Egipto (Mga Bilang 11:4–6). Ano ang ilan sa mga makabagong halimbawa ng mga taong tumatalikod sa dakilang pagpapala upang bigyang kasiyahan ang kagyat na mga hangarin? Bakit ginagawa ito ng mga tao? Paano natin mapaglalabanan ang gayong mga tukso?
- Paano tinugunan ng Panginoon ang paghahangad ng mga Israelita sa karne? (Tingnan sa Mga Bilang 11:18–20; 31–33.)
- Si Moises ay lubhang nabigatan sa mga kasalanan ng mga Israelita kung kaya hiniling niya sa Panginoon na bawian na siya ng buhay (Mga Bilang 11:14–15). Paano siyang binigyan ng kaginhawahan ng Panginoon? (Tingnan sa Mga Bilang 11:16–17. Pitumpung kalalakihan ang tinawag upang tulungan si Moises.) Anong mga dakilang pagpapala ang tinanggap ng mga kalalakihang ito? (Tingnan sa Mga Bilang 11:24–29.)

**2. Pinagalitan ng Panginoon sina Miriam at Aaron sa kanilang pagsasalita laban kay Moises.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 12.

- Sina Miriam at Aaron ay nagsalita laban kay Moises na kanilang namumunong awtoridad, na nagsasabing sila man ay nakatanggap ng paghahayag (Mga Bilang 12:2). Ano ang sagot ng Panginoon sa kanilang idinadaing? (Tingnan sa Mga Bilang 12:5–9.) Ano ang mga hangganan sa ating karapatang tumanggap ng paghahayag?

  Sinabi ni Elder James E. Talmage na: "Ang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ay nagkaroon na noon at magpahanggang sa ngayon ng responsibilidad at pribilehiyo na tanggapin at ipahayag ang salita ng Diyos para sa daigdig. Ang bawat miyembro, magulang, at pinuno ay may karapatang tumanggap ng paghahayag para sa kanilang sariling nasasakupan ngunit hindi nila tungkulin ni wala silang karapatang ipahayag ang salita ng Diyos na lampas sa mga hangganan ng kanilang sariling responsibilidad" (sa Conference Report, Okt. 1989, 9; o *Ensign,* Nob. 1989, 8).

- Pinagalitan at pinarusahan ng Panginoon sina Miriam at Aaron sa pagrereklamo tungkol sa pagpapakasal ni Moises sa isang babaeng Cusita (Mga Bilang 12:1, 9–10). Paano tayo naaapektuhan kapag binabatikos natin ang mga pinuno ng Simbahan? Paano nakaaapekto sa ating mag-anak at mga kaibigan ang ating pambabatikos sa mga pinuno ng Simbahan?
- Sinasabi sa Mga Bilang 12:3 na "si Moises ay totoong maamong loob." Ano ang ibig sabihin ng maging maamo ang kalooban?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na, "Ang maamong kalooban ay nagpapahiwatig ng diwa ng pasasalamat na kabaligtaran ng ugaling pag-asa sa sarili nang hindi nangangailangan o tumatanggap ng tulong mula kahit kanino. Ito ay pagkilala sa isang dakilang kapangyarihan na higit sa ating sarili, pagkilala sa Diyos, at pagtanggap sa kanyang mga kautusan" ("With All Thy Getting Get Understanding," *Ensign,* Ago. 1988, 3–4).

- Paano ipinakita ni Moises ang kanyang kababaan ng kalooban nang maparusahan si Miriam nang dahil sa pagrerebelde laban sa kanya? (Tingnan sa Mga Bilang 12:13–15. Sa halip na ikatuwa ang kanyang awtoridad na pamunuan ang kanyang kapatid na babae, nagsumamo siya sa Panginoon na pagalingin ito. Ipinagpaliban niya at ng kanyang mga tauhan ang kanilang paglalakbay hanggang sa gumaling si Miriam.) Paano magiging maamo ang ating kalooban, maging kapag binabatikos o nilalabanan tayo ng mga tao? Paano nakatutulong ang pagtugon sa pambabatikos nang may maamong kalooban?

**3. Tinagubilinan ni Moises ang 12 kalalakihan na tiktikan ang lupain ng Canaan.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 13–14.

- Nang marating ng mga Israelita ang hangganan ng lupain ng Canaan ay nagsugo si Moises ng 12 kalalakihan sa lupain upang tiktikan ang mga kayamanan at mga tao nito (Mga Bilang 13:17–20). Anong ulat ang kanilang dala tungkol sa mga kayamanan ng lupain? (Tingnan sa Mga Bilang 13:23–27.) Ano ang iniulat ng 10 kalalakihan maliban kina Caleb at Josue tungkol sa mga taong naninirahan sa Canaan? (Tingnan sa Mga Bilang 13:28–33.) Paano nagkakamali ang ilan sa atin tulad ng 10 kalalakihang ito?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

  "Sampu sa mga espiya ang biktima ng kanilang sariling mga pag-aalinlangan at takot. Nagbigay sila ng negatibong ulat tungkol sa dami at laki ng mga Cananeo. . . . Inihalintulad nila ang kanilang sarili sa mga tipaklong kung ihahambing sa mga higanteng kanilang nakita sa lupain. . . .

  "May mangilan-ngilan tayong nakikita sa ating paligid na walang malasakit sa kinabukasan ng gawaing ito, ipinagwawalang-bahala ito, nagsasalita tungkol sa mga hangganan nito, nagpapahiwatig ng takot, gumugugol ng kanilang panahon sa pagsasaliksik at pagsusulat tungkol sa inaakala nilang mga kahinaan na sa katunayan ay hindi naman makabuluhan. Dahil sa pag-aalinlangan tungkol sa nakaraan nito, wala silang pananaw tungkol sa kinabukasan nito" (sa Conference Report, Okt. 1995, 93–94; o *Ensign,* Nob. 1995, 71).

- Paano naiba ang ulat nina Caleb at Josue sa ulat ng 10 kalalakihan? (Tingnan sa Mga Bilang 13:30; 14:6–9.) Bakit hindi natakot sina Caleb at Josue sa mga naninirahan sa Canaan? (Tingnan sa Mga Bilang 14:9.) Ano ang ilang paraan kung saan ay masusundan natin ang halimbawa nina Caleb at Josue kapag nahaharap tayo sa mahihirap na kalagayan?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

  "Walang puwang sa gawaing ito ang mga naniniwala sa ebanghelyo na nagtuturo lamang ng pagkabigo o kalungkutan at kawalang pag-asa. Ang ebanghelyo ay mabuting balita. Ito ay mensahe ng tagumpay. Ito ay nilayon na tanggapin nang buong sigla.

  "Hindi kailanman sinabi ng Panginoon na hindi magkakaroon ng mga kahirapan. Ang ating mga tao ay dumanas ng lahat ng uri ng kahirapan tulad ng dinanas ng mga taong sumalungat sa gawaing ito. Subalit sila ay

tinulungan ng kanilang pananampalataya upang mabata ang lahat ng kanilang mga kapighatian. Ang gawaing ito ay patuloy na sumusulong at hindi kailanman umatras simula nang umpisahan ito. . . .

"Ito ay panahon na kung saan ay naiisip ng mga tao ang mga kabiguan at kahirapan ng buhay. Ang ating misyon ay tungkol sa pananampalataya. Sa aking mga kapatid sa lahat ng dako, nananawagan ako sa inyo na patatagin pa ang inyong pananampalataya, isulong ang gawaing ito sa buong daigdig. Mapatatatag ninyo ito sa pamamagitan ng paraan ng inyong pamumuhay" (sa Conference Report, Okt. 1995, 94–95; o *Ensign,* Nob. 1995, 71–72).

- Paano ang naging reaksiyon ng kongregasyon sa mga salita nina Caleb at Josue? (Tingnan sa Mga Bilang 14:10.) Paano pinarusahan ng Panginoon ang mga Israelita sa kanilang patuloy na pagbulung-bulong at sa kanilang pagnanais na makabalik sa Egipto? (Tingnan sa Mga Bilang 14:22–23, 26–35.) Paano niya pinarusahan ang 10 kalalakihan na nagbigay ng negatibong ulat tungkol sa Canaan? (Tingnan sa Mga Bilang 14:36–37.) Paano niya biniyayaan sina Caleb at Josue sa kanilang katapatan? (Mga Bilang 14:24, 38.)

**4. Gumawa si Moises ng ahas na tanso at sinabihan ang mga tao na kung titingin sila dito, sila ay gagaling.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 21:1–9.

- Kahit na tinulungan ng Panginoon ang mga Israelita sa paggapi sa lumulusob na mga Cananeo, ang mga Israelita ay nagpatuloy sa pagbulung-bulong. Paano sila pinarusahan ng Panginoon? (Tingnan sa Mga Bilang 21:6.) Paano tumugon ang mga Israelita sa parusang ito? (Tingnan sa Mga Bilang 21:7.)
- Ano ang sinabi ng Panginoon na gawin ni Moises nang hilingin sa kanya ni Moises na alisin ang mga mababangis na ahas? (Tingnan sa Mga Bilang 21:8–9.) Ano ang kinailangang gawin ng bawat tao upang maligtas mula sa mga tuklaw ng mababangis na ahas?
- Sina Nephi at Alam, dalawa sa mga propeta ng Aklat ni Mormon, ay nagturo na marami sa mga Israelita ang namatay dahil ayaw nilang tumingin sa ahas na tanso. Bakit hindi sila tumingin? (Tingnan sa 1 Nephi 17:41; Alma 33:18–20.)
- Sino ang isinagisag ng ahas na tanso? (Tingnan sa Juan 3:14–16; Helaman 8:13–14.)
- Kung paanong kinailangan ng mga anak ni Israel na tumingin sa ahas na tanso upang mabuhay, gayundin naman na kailangan nating tumingin kay Jesucristo upang tumanggap ng buhay na walang hanggan (Alma 37:46–47; Helaman 8:15). Ano ang ibig sabihin ng tumingin kay Cristo? Paano nagagawa ng maraming tao sa ngayon ang pagkakamaling nagawa ng mga Israelita na hindi pagtingin sa ahas na tanso? (Tingnan sa Alma 33:20. Ayaw nilang tumingin kay Jesucristo dahil hindi sila naniniwala na ang paggawa ng gayon ay makapagliligtas sa kanila.)

  Sinabi ni Elder Carlos E. Asay na: "Tayo, tulad ng sinaunang Israel, ay kailangang ibaling ang ating mga mata at isipan kay . . . Cristo kung umaasam tayo na magkakaroon ng buhay na walang hanggan. . . . Ang ating mga paningin ay hindi dapat gumala-gala sa daanan o matuon nang lubusan sa

mga bagay ng daigdig na lumilipas. Ang mata . . . ay kailangang maturuang tumingin paitaas. Kailangan nating tumingin sa Diyos at mabuhay!" (Sa Conference Report, Okt. 1978, 81; o *Ensign,* Nob. 1978, 54).

- Itinuro ni Alma na kung paano madali ang mapagaling mula sa mababangis na ahas ay gayundin naman na madali ang landas tungo sa buhay na walang hanggan (Alma 37:46). Sa paanong paraan madali ang landas tungo sa buhay na walang hanggan? Paano pinahihirap ng ilang tao ang landas patungo sa buhay na walang hanggan? (Tingnan sa Jacob 4:14. Nilalampasan nila ng tingin ang mga simple at nagliligtas na mga alituntunin ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, at pagkamasunurin.) Paano natin mapananatiling nakatuon ang ating pansin sa pananampalataya kay Cristo?

---

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na lampasan ng tingin ang mga bagay ng daigdig at huwag matakot sa "mga higante" na humahadlang sa atin sa mga bagay na pinakamahahalaga. Magpatotoo na kung tayo ay "titingin sa anak ng Diyos nang may pananampalataya" (Helaman 8:15) at susundin ang kanyang mga propeta, tayo ay pagpapalain sa buhay na ito at sa darating na buhay.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Tayo'y magbalik sa Egipto" (Mga Bilang 14:4)**

- Ano ang tugon ng mga Israelita nang sila ay:

  a. Napagitan sa mga Egipcio at sa Dagat na Mapula? (Tingnan sa Exodo 14:10–12.)
  b. Bigyan ng mana lamang? (Tingnan sa Mga Bilang 11:4–6, 18–20.)
  c. Hamunin sa tungkuling magapi ang lupain ng Canaan? (Tingnan sa Mga Bilang 14:1–4.)
  d. Mawalan ng pag-asa dahil sa mahirap na paglalakbay sa ilang? (Tingnan sa Mga Bilang 21:4–5.)

- Bakit sa palagay ninyo napakahirap talikuran ng mga Israelita ang Egipto? Ano ang ilan sa mga bagay na mahirap nating talikuran sa ngayon? Paano natin mapatatatag ang bawat isa samantalang tinatalikuran natin ang mga matandang kaugalian o makamundong pag-uugali?

**2. Saan maghahanap ng patnubay**

Itinuturo sa atin ng aklat ng Mga Bilang kung saan tayo dapat maghanap ng patnubay. Maaari ninyong naising bigyang-diin ang mga aral na ito sa pamamagitan ng pagsusulat sa mga sumusunod na alituntunin sa pisara habang itinuturo ninyo ang mga pangyayari sa banal na kasulatan:

a. Tumingin sa propeta (Mga Bilang 12).
b. Tumingin sa lupang pangako—para sa atin, ang kahariang selestiyal (Mga Bilang 13–14).
c. Tumingin sa Tagapagligtas (Mga Bilang 21:4–9).

# “Hindi Ko Masasalangsang ang Salita ng Panginoon”

Aralin **16**

*Mga Bilang 22–24; 31:1–16*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na magpasailalim sa kagustuhan ng Diyos nang walang pag-aalinlangan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Mga Bilang 22:1–21. Si Balac, na hari ng Moab, ay natakot sa paglapit ng mga Israelita. Inalok niya si Balaam ng mga gantimpala kung pupunta siya sa Moab at isusumpa ang mga Israelita. Inutusan ng Diyos si Balaam na tumanggi, at sumunod si Balaam (22:1–14). Inalok ni Balac si Balaam ng karagdagang karangalan at kayamanan kung pupunta siya sa Moab at isusumpa ang Israel. Sinabihan ng Diyos si Balaam na maaari siyang magpunta subalit ang tanging sasabihin niya ay ang mga salitang ibibigay sa kanyang ng Diyos (22:15–21). Nagpasiya si Balaam na magpunta. Pansinin na ang ibig sabihin ng salitang *talastas* sa talata 6 ay “alam.” Pansinin din na sinasabi sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mga Bilang 22:20 na maaaring sumama si Balaam sa mga kalalakihan kung nais niya.)

   b. Mga Bilang 22:22–35. Nagalit ang Diyos kay Balaam sa kanyang pagpunta sa Moab, dahil alam niyang umaasa siyang makatatanggap ng ilang gantimpala mula kay Balac. Sa kanyang paglalakbay, napag-alaman ni Balaam ang mga panganib ng paglabag sa kagustuhan ng Diyos nang kausapin siya ng kanyang asno at ng isang anghel.

   c. Mga Bilang 22:36–24:25. Nakipagkita si Balaam kay Balac (22:36–23:2). Tatlong ulit na hiniling sa kanya ni Balac na isumpa ang Israel, ngunit sinunod ni Balaam ang Diyos at pinagpapala ang Israel sa bawat pagkakataon (23:36–24:9). Isinumpa niya ang Moab at nagpropesiya tungkol kay Jesucristo (24:10–25).

   d. Mga Bilang 31:1–16. Nilipol ng mga Israelita ang mga taga Madian at pinatay si Balaam. Ipinaliwanag ni Moises na pinayuhan ni Balaam ang mga taga Madian na ibuyo ang mga Israelita sa kasalanan. (Ang mga bunga ng payo ni Balaam ay inilarawan sa Mga Bilang 25:1–3. Kahit na hindi tuwirang isinumpa ni Balaam ang Israel, malinaw na naghangad siya talaga ng gantimpala mula kay Balac kung kaya iminungkahi niyang ibuyo sa kasalanan ang Israel, na naging dahilan ng pagkawala ng pagkalinga ng Diyos sa kanila.)

2. Karagdagang babasahin: II Pedro 2:15–16; Judas 1:11; Apocalipsis 2:14.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Hilingin sa mga miyembro ng klase na makinig na mabuti sa mga sumusunod na pangungusap at isipin kung anong uri ng tao ang bubuo sa kanila:

> “Kahit ibigay sa akin [ng hari] ang kanyang bahay na puno ng pilak at ginto, ay hindi ko masasalangsang ang salita ng Panginoon kong Diyos” (Mga Bilang 22:18).
>
> “Yaong lahat na sinasalita ng Panginoon, ay siya kong nararapat gawin” (Mga Bilang 23:26).
>
> “Hindi ko masasalangsang ang salita ng Panginoon, na gumawa ako ng mabuti o masama sa aking sariling akala; kung ano nga ang salitain ng Panginoon, ay siya kong sasalitain” (Mga Bilang 24:13).

- Ano ang ilan sa mga katangian ng taong magsasabi ng mga bagay na ito? (Ang gayong mga pangungusap ay nagmumungkahi na ang isang tao ay masunurin, matapat, at mapagpakumbaba.)

Ipaliwanag na ang mga pangungusap na ito ay binigkas ng isang lalaking nagngangalang Balaam, na nagkunwaring masunurin subalit ang kanyang puso ay naghangad ng mga makalupang gantimpala at karangalan. Ipinakikita ng araling ito ang mga bunga ng matigas na pamimilit na gawin ang mga bagay sa ating pamamaraan upang maisakatuparan ang mga makalupang gantimpala at karangalan.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Tinanggihan ni Balaam ang mga alok ni Balac na gantimpala bilang kapalit ng pagsumpa sa Israel.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 22:1–21.

- Dahil sa takot sa paglapit ng mga Israelita, si Balac na hari ng Moab, ay nagpadala ng mga mensahero kay Balaam upang mag-alok ng mga gantimpala kung siya ay darating sa Moab at isusumpa ang Israel (Mga Bilang 22:5–7). Paano tumugon si Balaam sa alok na ito? (Tingnan sa Mga Bilang 22:8–14.) Anong mga tinatawag na gantimpala ang iniaalok sa atin kung minsan bilang kapalit ng pagsuway sa Diyos?
- Pagkatapos tumanggi si Balaam na magpunta sa Moab, si Balac ay nagpadala ng ikalawang grupo ng kalalakihan, na higit na kahanga-hanga kaysa sa nauna, upang subukang hikayatin siya. Ano ang inialok ni Balac kay Balaam? (Tingnan sa Mga Bilang 22:15–17.) Paano tumugon si Balaam? (Tingnan sa Mga Bilang 22:18–19.) Bakit sa palagay ninyo nais niyang tanungin muli ang Panginoon? (Marahil ay inisip ni Balaam na magbabago sa kanyang pasiya ang Panginoon at papayagan siyang kunin ang mga gantimpalang inialok ni Balac.) Ano ang mga panganib ng paghahanap ng mga dahilan upang gawin ang isang bagay na labag sa mga kautusan at payo ng Diyos?
- Pinahintulutan ng Panginoon si Balaam na sumama sa mga mensahero ni Balac kung nais niya. Subalit gayunman ay nagalit ang Panginoon kay Balaam

sa kanyang pagsama (Mga Bilang 22:20–22). Ano ang ipinahihiwatig ng galit ng Panginoon tungkol sa nilalaman ng puso ni Balaam? (Tingnan sa II Pedro 2:15; Isaias 29:13.)

**2. Ipinakita ng Panginoon ang panganib ng matigas na pamimilit ni Balaam na gawin ang gusto niyang gawin.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 22:22–35.

- Sa kanyang paglalakbay patungong Moab, tatlong ulit na pinilit ni Balaam ang kanyang asno na lumakad (Mga Bilang 22:22–30). Sa paanong paraan ito katulad ng pakikipag-ugnayan ni Balaam sa Panginoon? (Nais ni Balaam na ipilit ang kanyang gusto sa asno at sa Panginoon. Maaari rin ninyong ituro na nakita ng asno ang anghel, ngunit hindi ito nakita ni Balaam. Gayundin naman na maraming bagay ang nakita ng Panginoon na hindi nakita ni Balaam.)
- Ano ang ilan sa mga makabagong kahalintulad ng mga tao at mga grupo na matigas ang ulong ginagawa ang nais nila sa halip na magpasailalim sa kagustuhan ng Diyos o sa matwid na payo ng mga magulang o mga pinuno?

  Maaari ninyong talakayin ang ilan sa mga sumusunod na halimbawa:

  a. Isang bata, na hindi masaya sa sagot ng isang magulang, ang lumapit sa isa pang magulang, na umaasam ng ibang kasagutan.
  b. Isang miyembro ng Simbahan, na hindi panatag sa payo ng isang pinuno ng pagkasaserdote, ang lumapit sa isa pang pinuno ng pagkasaserdote.
  c. Isang miyembro ng Simbahan ang nangangatwiran na ang isang kautusan ay hindi angkop sa kanya na hindi tulad sa ibang mga miyembro.
- Pinagalitan ng Panginoon si Balaam sa pamamagitan ng anghel at ng asno. Paano tumugon si Balaam sa mga salita ng pagkastigo ng anghel? (Tingnan sa Mga Bilang 22:31–35.) Bakit pinagagalitan ng Diyos ang kanyang mga anak? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 95:1.) Paano magiging pagpapala sa atin ang pagkastigo ng Diyos?

**3. Tumanggi si Balaam na isumpa ang Israel.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 22:36–24:25.

- Nang makarating si Balaam sa Moab ay tatlong ulit na hiniling ni Balac sa kanya na isumpa ang Israel. Sa bawat pagkakataon ay sinabihan ng Panginoon si Balaam na basbasan ang Israel, at sumunod si Balaam. Anong mga kalakasan ang ipinakita ni Balaam sa pangyayaring ito? (Tingnan sa Mga Bilang 22:38; 23:8, 19–20; 24:1, 12–13.) Anong mga kahinaan ang taglay pa ni Balaam? (Tingnan sa Mga Bilang 22:41; 23:1–3, 13–15, 27–30. Kahit na tumanggi si Balaam sa kahilingan ni Balac na isumpa ang Israel ay sinundan-sundan pa rin niya si Balac sa lahat ng dako at nakinig sa kanyang mga kahiligan kahit na alam niyang mali ang mga ito.) Ano ang mga panganib ng pakikinig sa mga hindi matwid na mungkahi (mula sa mga kaibigan o sa media, halimbawa) kapag alam nating ang mga ito ay mali?

**4. Nilipol ng mga Israelita ang mga taga Madian at pinatay si Balaam.**

Ituro at talakayin ang Mga Bilang 31:1–16.

- Bakit nakipagdigmaan ang mga Israelita sa mga taga Madian? (Tingnan sa Mga Bilang 31:1–3; ang Panginoon ay galit sa mga taga Madian sa pagbubuyo sa mga Israelita sa kasamaan, tulad ng nakatala sa Mga Bilang 25:1–3.) Sino ang nagpayo sa mga taga Madian na tuksuhin ang mga anak ni Israel na makisali sa pagsamba sa diyus-diyosan at imoralidad? (Tingnan sa Mga Bilang 31:16.) Bakit ibinigay ni Balaam ang payong ito? (Kahit na sinunod ni Balaam ang mga utos ng Panginoon na basbasan sa halip na sumpain ang Israel, sa kanyang puso ay hinangad niya ang mga makalupang karangalan at gantimpala. Upang tanggapin ang mga gantimpalang ito, iminungkahi niyang ibuyo sa kasalanan ang Israel, na naging dahilan upang mawala sa kanila ang pangangalaga ng Diyos.) Ano ang nangyari kay Balaam samantalang nakikipagdigmaan ang mga Israelita sa mga taga Madian? (Tingnan sa Mga Bilang 31:8.)

- Tatlong manunulat sa Bagong Tipan ang bumanggit kay Balaam (II Pedro 2:15–16; Judas 1:11; Apocalipsis 2:14.) Ano ang kanilang mga impresiyon tungkol sa kanya?

- Ano ang mga mapupulot nating aral mula sa kuwentong ito? (Ang mga miyembro ng Simbahan na naghahangad ng mga makalupang gantimpala at karangalan, na naghahanap ng mga idadahilan upang gawin ang isang bagay na labag sa payo at mga kautusan ng Diyos, o nagsisikap na pasimulan ang mga makadaigdig na ideya, kaugalian, o pamantayan sa Simbahan ay sumusunod sa hindi matwid na halimbawa ni Balaam. Ito ay tinatawag na "aral (doktrina) ni Balaam" sa Apocalipsis 2:14.)

  Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie:

  "Ibang klaseng kuwento ito! Narito ang isang propeta ng Diyos na matatag sa kanyang pangako na ipahahayag lamang kung ano ang itatagubilin ng Panginoon ng langit. Tila wala kahit na kaunting bahid ng pag-aalinlangan sa kanyang isipan tungkol sa landas na kanyang tatahakin. Kinakatawan niya ang Panginoon, at ni ang isang bahay na puno ng ginto at pilak, ni ang mataas na karangalan na iniaalok ng hari ay hindi makakukumbinsi sa kanya na huwag sundin ang kanyang tiyak na landasin. . . .

  "Subalit ang kasakiman sa kayamanan at paghahangad sa karangalan ang tumukso sa kanya. Kahanga-hanga [para sa kanya] ang maging mayaman at makapangyarihan. . . .  Marahil ay hahayaan siya ng Panginoon na ibaba niya ang kanyang mga pamantayan at magkamit ng ilang makamundong kaunlaran at kapangyarihan. . . .  Nagtataka ako kung paanong ang ilan sa atin kung minsan ay humihingi ng gabay mula sa Simbahan at pagkatapos, tulad ng ginawa ni Balaam, ay nagsusumamo para sa ilang makamundong gantimpala. . . .

  "Si Balaam . . . na minsa'y nagkaroon ng inspirasyon at kapangyarihan, ay naligaw ang kaluluwa sa bandang huli dahil hinangad niya ang mga bagay ng daigdig na ito sa halip na hangarin ang mga kayamanan ng walang hanggan" ("The Story of a Prophet's Madness," *New Era,* Abr. 1972, 7).

- Balikan ang mga pangungusap sa gawaing pantawag-pansin. Ituro na kahit na tila mahigpit ang pagsunod ni Balaam, ang mga naisin ng kanyang puso ay ang tumanggap ng mga makalupang gantimpala at karangalan. Ano ang

itinuturo ng kuwentong ito sa atin tungkol sa kahalagahan ng pagpapanatiling malinis ng mga mithiin ng ating puso? Paano natin mapananatiling malinis ang mga mithiin ng ating puso?

---

Katapusan

Magpatotoo na kung tunay na nagpakumbaba si Balaam sa pagsunod sa kagustuhan ng Diyos, maraming kasalanan at pagdurusa ang kanyang maiiwasan gayundin ang Israel. Himukin ang mga miyembro ng klase na maging matatag sa paggawa ng ipinag-uutos ng Panginoon sa halip na matigas na ipagpilitang gawin ang nais nilang gawin—na hangaring malaman at gawin ang ipinagagawa sa kanila ng Panginoon nang hindi ito iniiwasan o binabago.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagsunod sa Panginoon**

Matututuhan natin mula kay Balaam ang kahalagahan ng pagsunod sa Panginoon. Matututuhan din natin ito mula sa mabubuting halimbawa ng maraming kalalakihan at kababaihan sa mga banal na kasulatan. Maaari kayong sumangguni sa mga sumusunod na halimbawa:

a. Ang Tagapagligtas, na batid ang paghihirap na kanyang daranasin sa Getsemani at sa krus ay, "nanikluhod at nanalangin, na sinasabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito; gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo" (Lucas 22:41–42).
b. Nang utusan si Abraham na ialay ang kanyang anak na si Isaac, siya ay "bumangong maaga" upang simulan ang paglalakbay patungo sa Bundok ng Moria (Genesis 2:3).
c. Nang sabihan si Maria na magiging ina siya ng Anak ng Diyos, ang sagot niya ay, "Narito ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita" (Lucas 1:38).
d. Nang utusan si Nephi na magbalik sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso mula kay Laban, kaagad siyang sumagot na, "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon" (1 Nephi 3:7).
e. Ang mga anak ni Helaman ay nagtagumpay sa digmaan dahil "sinunod nila at tinupad gawin ang bawat salita ng pag-uutos nang may kahustuhan" (Alma 57:21).

**2. "Pinigil ka ng Panginoon sa karangalan" (Mga Bilang 24:11)**

- Nang tumanggi si Balaam na isumpa ang Israel at tinanggap ang mga gantimpala at karangalang mula kay Balac ay sinabi sa kanya ni Balac na, "Pinigil ka ng Panginoon sa karangalan" (Mga Bilang 24:11). Paano tayo pinipigilan kung minsan ng pagsunod sa Panginoon sa pagtanggap ng mga makalupang gantimpala at karangalan? Ano ang ipinapangako ng Panginoon bilang kapalit ng mga makalupang gantimpala? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 81:6.)

Aralin
17

# "Mag-ingat Ka nga, Baka Iyong Malimutan"

*Deuteronomio 6; 8; 11; 32*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na (1) alalahanin ang Panginoon at ang mga tipan nila sa kanya at (2) lumikha ng isang kapaligiran na makatutulong sa kanila upang gawin ang gayon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. Deuteronomio 6:1–9; 11:18–21. Nagbigay ng tagubilin si Moises sa mga Israelita upang tulungan silang maalala ang kanilang mga tipan. Tinagubilinan niya ang mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang kanyang mga salita.
   b. Deuteronomio 6:10–12; 8:1–20. Ipinaalala ni Moises sa mga Israelita ang mga pagpapalang bigay ng Diyos sa kanila. Binalaan niya na sila ay malilipol kung hindi nila susundin ang mga kautusan ng Diyos at aalalahanin Siya.
   c. Deuteronomio 32:1–4, 15–18, 30–40, 45–47. Pinayuhan ni Moises ang mga Israelita na alalahanin ang Bato ng kanilang kaligtasan (si Jesucristo).

2. Karagdagang babasahin: Deuteronomio 4; 7:1–4; 13:1–8; 34.

3. Kung gagamitin ninyo ang unang gawaing pantawag-pansin, magdala ng mga bagay mula sa tahanan na nakalarawan sa ilalim ng "Gawaing Pantawag-pansin."

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin


Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

1. Mag-*display* ng mga bagay mula sa inyong tahanan na magpapaalala sa inyo sa Panginoon at sa inyong mga tipan sa kanya. (Ang gayong mga bagay ay maaaring kabilangan ng mga banal na kasulatan, larawan, aklat, at tugtuging musikal.) Sabihin sa mga miyembro ng klase kung bakit mahalaga sa inyo ang mga bagay na ito. Ipaliwanag na bahagi ng araling ito ay tungkol sa pisikal na mga bagay na ginamit ng mga sinaunang Israelita upang paalalahanan ang kanilang sarili tungkol sa Panginoon at sa kanilang mga tipan sa kanya. Ituro na ang mga pisikal na bagay ay mabisang tagapagpaalala rin sa atin.

2. Isulat ang mga sumusunod sa pisara:

   *Iligaw, dayain, siluin, linlangin, sakmalin, himukin, tuksuhin, akayin, kapootan, bulagin, magsinungaling, purihin nang labis, lipulin.*

- Ano ang isang bagay na taglay ng mga salitang ito? (Ang isang katangiang taglay ng mga ito ay naglalarawan sa mga pamamaraan ni Satanas sa kanyang pagsisikap na ilayo tayo sa Panginoon.)
- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 76:28–29. Ipaliwanag na ang mga talatang ito ay mula sa isang pangitain na ibinigay kina Joseph Smith at Sidney Rigdon. Ano ang magagawa natin upang mapangalagaan tayo mula sa impluwensiya ni Satanas? (Maaaring naisin ninyong gamitin ang sumusunod na balangkas upang ilarawan ang ilan sa mga bagay na magagawa natin upang maipagsanggalang ang ating mga sarili sa mga tukso ni Satanas.)




Ipaliwanag na sa aklat ng Deuteronomio ay itinuro ni Moises sa mga Israelita kung paano lumikha ng isang kapaligiran na makatutulong sa kanila upang mapaglabanan ang mga panunukso ni Satanas. Binabalik-aralan ng araling ito ang payo ni Moises at tinatalakay kung paano natin maisasagawa ang mga ito sa ngayon.

---

## Talakayan at Pagsasagawa sa Banal na Kasulatana

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Pagkatapos subukin, kastiguhin, at turuan ang mga Israelita sa ilang sa loob ng 40 taon, sinabi ng Panginoon na handa na silang pumasok sa lupang pangako. Ngunit una sa lahat ay may mga mahalaga siyang tagubilin para sa kanila. Ibinigay ni Moises ang mga tagubiling ito sa tatlong sermon na nakatala sa Deuteronomio.

Sa mga sermong ito ay ibinalik ni Moises sa kanilang alaala ang 40 taong paglalakbay ng Israel sa ilang, na kinikilala ang kamay ng Diyos sa kanilang pagkakaligtas. Tinalakay din ni Moises ang mga tungkulin ng Israel bilang pinagtipanang tao ng Diyos. Binigyang-diin niya na kailangan nilang sundin ang mga kautusan ng Diyos, lalung-lalo na ang utos na alalahanin Siya at tumigil sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. Nagbabala si Moises na kahit handa nang pumasok sa lupang pangako ang mga anak ni Israel, kung babalikan naman nila ang kasamaan ay mawawala ang kanilang mana at sila ay ikakalat.

**1. Si Moises ay nagbigay ng mga tagubilin sa mga Israelita upang tulungan silang maalala ang kanilang mga tipan.**

Ituro at talakayin ang Deuteronomio 6:1–9 at 11:18–21.

- Ang Deuteronomio ay naglalaman ng mga huling salita ni Moises sa mga Israelita. Kung magbibigay kayo ng huling pananalita sa inyong mag-anak at mga kaibigan, ano kaya ito?
- Ano ang iniutos ng Panginoon na gawin ng mga Israelita sa Deuteronomio 6:5–7? Paano natin mailalagay sa ating puso ang mga salita ng mga banal na kasulatan? Paano mabisang maituturo ng mga magulang ang ebanghelyo sa kanilang mga anak at paano silang matutulungan na matutuhang mahalin ang mga banal na kasulatan?
- Ano ang ipinayo ni Moises na gawin ng mga Israelita sa Deuteronomio 6:8–9 at 11:18–20? (Pansinin na ang mga *pinakatali* (frontlets) ay "maninipis na piraso ng pinatuyong balat ng tupa na nasusulatan ng apat na talata ng banal na kasulatan . . . na ibinalumbon at ikinabit sa hibla ng balat na isinusuot . . . sa palibot ng noo o mga bisig" (Bible Dictionary, "Frontlets," 676).
- Bakit sa palagay ninyo sinabihan ni Moises ang mga tao na maglagay ng mga talata ng banal na kasulatan sa pagitan ng kanilang mga mata, sa kanilang mga kamay, sa mga haligi ng kanilang bahay, at sa kanilang tarangkahan? Paano maaapektuhan ng gayong mga palaging paalala ang ating mga kilos? Ano ang magagawa natin sa ating mga tahanan upang mapaalalahanan tayo tungkol sa Panginoon, sa kanyang mga salita, at sa ating mga tipan sa kanya? Ang mga larawan ba sa ating dingding, ang mga aklat na ating binabasa at ang mga palabas sa sine at telebisyon na ating pinanonood ay nagpapaalala sa atin sa Panginoon, o nagpapahiwatig ang mga ito ng paghahangad sa mga bagay ng daigdig?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na ang mga taong "pinamumunuan" ni Cristo ay lubos na itinutuon ang pansin kay Cristo. . . .  Pumasok ka sa kanilang mga tahanan at ang mga larawan sa kanilang dingding, ang mga aklat na nasa kanilang salansanan, ang musika sa kapaligiran, ang kanilang mga salita at kilos ay nagpapahayag na sila ay mga Kristiyano" (sa Conference Report, Okt. 1985, 6; o *Ensign,* Nob. 1985, 6–7).

**2. Pinayuhan ni Moises ang mga Israelita na sundin ang mga kautusan ng Diyos at alalahanin Siya.**

Ituro at talakayin ang Deuteronomio 6:10–12 at 8:1–20.

- Ano ang mga pangunahing mensahe ni Moises sa Deuteronomio 6:10–12 at 8:1–20? Ano ang ibig sabihin ng kalimutan ang Panginoon? (Tingnan sa Deuteronomio 8:11.) Ano ang mga bunga ng pagkalimot sa kanya? (Tingnan sa Deuteronomio 8:19.) Paano tayo makatitiyak na hindi natin malilimutan ang Diyos?
- Anong mga kalagayan o hamon ang binanggit ni Moises na maaaring maging dahilan ng paglimot ng mga tao sa Diyos? (Tingnan sa Deuteronomio 6:10–12; 8:10–20.) Bakit nalilimutan ng ilang tao ang Panginoon matapos niyang pagpalain sila nang sagana? (Tingnan sa Deuteronomio 8:17.)

Sinabi ni Pangulong Brigham Young na: "Ang lubos kong kinatatakutan tungkol sa [mga miyembro ng Simbahang ito] ay ang maging mayaman sila sa bansang ito, malimutan ang Diyos at ang kanyang mga tao, maging lubos na masagana, at bigla na lamang mawala sa Simbahan at mapunta sa impiyerno. Mapagtitiisan ng mga taong ito ang panlulusob ng mga kaaway, pagnanakawan, kahirapan, at ang lahat ng uri ng kahirapan, at mananatili silang matapat. Subalit ang higit na kinatatakutan ko sa kanila ay hindi nila kayang paglabanan ang kayamanan; ngunit gayunman ay kailangan silang subukin sa pamamagitan ng mga kayamanan, dahil sila ang magiging pinakamayayamang tao sa mundong ito" (sa Preston Nibley, *Brigham Young: The Man and His Work* [1936], 128).

- Sino ang pinagmumulan ng anumang kasaganaan na maaaring mapasaatin? (Tingnan sa Deuteronomio 8:18.) Paano natin magagamit ang ating kasaganaan sa pagpapalawak ng gawain ng Panginoon? (Tingnan sa Deuteronomio 8:18; Jacob 2:18–19.)

**3. Pinayuhan ni Moises ang mga Israelita na alalahanin ang Bato ng kanilang kaligtasan (si Jesucristo).**

Ituro at talakayin ang Deuteronomio 32:1–4, 15–18, 30–40, 45–47.

- Sino ang Bato na tinukoy sa Deuteronomio 32:3–4? (Si Jesucristo; tingnan din sa mga talata 15, 18, at 30–31.) Bakit sa palagay ninyo kung minsan ay tinatawag si Jesucristo na Bato? (Tingnan sa Helaman 5:12.)
- Ipinahayag ni Moises na ang "kanilang bato" (ang mga huwad na diyos ng masasama) "ay hindi gaya ng ating bato" (Deuteronomio 32:31). Paano kaiba ang "kanilang bato" sa "ating Bato"? (Tingnan sa Deuteronomio 32:37–40.)
- Ano ang ibig sabihin ng magtatag sa ibabaw ng Bato? (Tingnan sa Deuteronomio 32:46–47; Mateo 7:24–27; Doktrina at mga Tipan 50:44.) Paano natin magagawa ito? (Tingnan sa Deuteronomio 18:18–19, na, sa pagpopropesiya tungkol sa pagdating ni Cristo, ay nagsasabi tungkol sa pangangailangang makinig sa kanyang mga salita.)

---

Katapusan

Ibigay ang inyong patotoo tungkol sa Tagapagligtas at ipahiwatig ang inyong pasasalamat sa mga ginawa ninyong tipan sa kanya. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pag-alala sa Diyos at pagtupad sa mga tipan na ginawa natin sa kanya. Magpatotoo na ang lahat ng bagay na inilalagay natin sa ating paligid—tulad ng mga larawan, aklat, at musika—ay magiging mabibisang tagapagpaalala ng bagay hinggil sa Panginoon at sa mga tipan na ginawa natin sa kanya. Ituro na ang ating layunin sa paglalagay natin ng mga bagay na ito sa ating paligid ay tulad ng layunin ng sinaunang mga Israelita sa pagsusuot ng mga *pinakatali* [frontlets]: upang tulungan tayong magtatag sa ibabaw ng Bato—upang tulungan tayong maalaala at sundin ang Panginoon.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. “Iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay” (Deuteronomio 6:9)**

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isulat ang mga ipinintang larawan, poster, tugtuging musikal, at iba pang mga bagay na nasa loob ng kanilang tahanan. Palagyan sa kanila ng pamagat ang bawat bagay ng “+” (na ang ibig sabihin ay malamang na maakay sila ng bagay na ito upang maalala ang Panginoon) o ng “-” (na ang ibig sabihin ay malamang na ilayo ng mga bagay na ito ang kanilang mga puso sa Panginoon). Maaari ninyong imungkahi na gawin ito ng mga miyembro ng klase na kasama ang mga miyembro ng kanilang mag-anak sa oras ng gabing pantahanan ng mag-anak.

**2. “Hindi ka niya pababayaan” (Deuteronomio 4:31)**

- Pagkatapos magpropesiyang tatalikod ang mga Israelita upang sumamba sa ibang diyus-diyosan at sila ay ikakalat (Deuteronomio 4:25–28), si Moises ay bumigkas ng mga salita ng pag-asa. Ano ang ipinangako niya sa mga buong pusong maghahanap sa Panginoon? (Tingnan sa Deuteronomio 4:29–31; Isaias 49:14–16.) Paano natupad ang pangakong ito sa inyong buhay? Ano ang kailangan nating gawin upang hanapin natin ang Panginoon nang buong puso at kaluluwa?

**3. Paglabanan ang mga negatibong impluwensiya ng iba**

- Anong panganib ang binigyang babala ni Moises sa Deuteronomio 13:6–8? Paano natin malalaman kung sinisikap ng isang tao na hilahin tayong papalayo sa Panginoon? Paano natin pakikitunguhan ang gayong tao?

**4. “Huwag silang haharap na walang dala sa Panginoon“ (Deuteronomio 16:16)**

- Ang lugar na binanggit sa Deuteronomio 16:2, 11, at 16 ay ang tabernakulo, na isang naililipat-lipat na templo para sa mga Israelita. Sa paghahanda para sa kapistahan sa tabernakulo ay tinagubilinan ni Moises ang mga tao na huwag “haharap na walang dala sa Panginoon” (Deuteronomio 16:16). Paano ito naaangkop sa ating pagdalo sa templo? Paano natin maihahanda ang ating sarili sa pagdalo sa templo nang sa gayon ay hindi tayo papasok sa templo ng “walang dala”? Paano tayo matutulungan ng paghahandang ito na “magalak sa harap ng Panginoon” sa loob ng templo? (Deuteronomio 16:11.)

- Ipinayo ni Pangulong Howard W. Hunter na: “Tayo ay maging paladalo sa templo. Dumalo sa templo nang kasingdalas ng ipahihintulot ng ating sariling mga kalagayan. Mag-ingat ng larawan ng templo sa inyong tahanan upang makita ito ng inyong mga anak” (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign*, Nob. 1994, 8). Bakit mahalaga para sa atin ang magpunta sa templo nang madalas hangga’t maaari? Bakit mahalagang mag-ingat ng larawan ng templo sa ating tahanan?

**5. “Sinomang tao ay hindi nakaaalam ng libingan niya” (Deuteronomio 34:6)**

Ang tanging nalalaman ng manunulat na tumapos sa aklat ng Deuteronomio ay nawala si Moises kung kaya ipinagpalagay niyang namatay si Moises, na inilibing siya ng Panginoon, at na walang sinumang nakaaalam kung nasaan ang kanyang libingan. Gayunman, alam nating si Moises ay naisalin (translated). (Para sa pagpapaliwanag tungkol sa katayuan ng mga nilalang na

naisalin [translated beings], tingnan sa 3 Nephi 28:7–9, 37–40.) Ibinibigay ng *Bible Dictionary* ang sumusunod na paliwanag tungkol sa pagkasalin [translation] ni Moises:

"Tulad ng nangyari sa maraming sinaunang mga propeta, ang ministeryo ni Moises ay lumagpas sa hangganan ng panahon ng kanyang sariling buhay dito sa lupa. Kasama ni Elijah, siya ay nagpunta sa Bundok ng Pagbabagong Anyo at iginawad ang mga susi ng pagkasaserdote kina Pedro, Santiago, at Juan (Mateo 17:3–4; Marcos 9:4–9; Lucas 9:30; Doktrina at mga Tipan 63:21; *History of the Church,* 3:387). Mula sa pangyayaring ito na naganap bago ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, nauunawaan natin na si Moises ay isang nilalang na naisalin [translated] at hindi namatay tulad ng nakaulat sa Deuteronomio 34 (Alma 45:19). Kinailangan siyang maisalin upang magkaroon ng katawan ng laman at buto sa panahon ng pagbabagong anyo [transfiguration], yamang ang pagkabuhay na mag-uli ay hindi pa nagaganap. Kung naging espiritu lamang siya, hindi niya magagampanan ang gawain sa bundok—ang pagkakaloob ng mga susi sa mga mortal na sina Pedro, Santiago, at Juan (ihambing sa Doktrina at mga Tipan 129)" (Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Moises," 735).

Aralin
# 18 "Magpakalakas Ka at Magpakatapang na Mabuti"

*Josue 1–6; 23–24*

**Layunin**

Himukin ang bawat miyembro ng klase na maging malakas at matapang sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:
   a. Josue 1. Tinawag ng Panginoon si Josue upang humalili kay Moises at inutusan siyang maging malakas, magkaroon ng lakas ng loob, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at sumunod sa mga kautusan. Inihanda ni Josue ang mga Israelita upang magmay-ari sa lupaing ipinangako ng Panginoon sa kanila.
   b. Josue 3–4; 6. Tinawid ng mga Israelita ang Ilog Jordan sa tuyong lupa at naglagay ng 12 bato bilang palatandaan ng kanilang pagtawid. Sa pamamagitan ng pananampalataya ng mga Israelita ay nawasak ang Jerico.
   c. Josue 23; 24:14–31. Si Josue at ang kanyang mga tao ay nakipagtipan na paglilingkuran nila ang Panginoon.
2. Karagdagang babasahin: Josue 7; 14.
3. Hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ikuwento ang pangyayari tungkol sa digmaan sa Jerico na tila nasaksihan niya ito (Josue 6). Hilingan ang isa o dalawa pang miyembro ng klase na maghandang magbahagi ng isang karanasan na nagpapaalala sa kanila sa kapangyarihan at pagmamahal ng Diyos.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, kumuha ng isang papel, *tape* o goma, at isang aklat. Kung gagamitin ninyo ang mga tanong sa bitag o patibong, maaaring naisin ninyong magdala ng isang maliit na bitag, tulad ng panghuli ng daga, upang mailarawan ang talakayan.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol kay Josue, ang propeta na namuno sa mga anak ni Israel sa kanilang pagsakop sa lupang pangako. Sa pagtawag kay Josue na maging isang propeta, pinayuhan siya ng Panginoon na "magpakalakas [ka] at magpakatapang na mabuti" (Josue 1:6). Isulat ang katagang ito sa pisara. Ipakita ang isang papel at isang aklat. Hilingan ang isang miyembro ng klase na itayo ang papel sa tagiliran nito at sikaping ibalanse ang aklat sa ibabaw nito.

Pagkatapos itong subukan ng miyembro ng klase, ipaliwanag na may paraan upang gawing matatag ang papel at maipatong ang aklat dito. Ibalumbon ang

papel at upang gawing tila tubo at talian ito ng goma o lagyan ng *tape*. Itayo ang papel sa patag na lugar. Maingat na ipatong ang aklat sa ibabaw nito. (Maaari ninyong gawin ito bago magklase upang makapagsanay.)

Ipaliwanag na si Josue ay naging malakas nang pahintulutan niya ang Diyos na hubugin ang kanyang pagkatao. Gayundin naman, kung papayagan natin ang Diyos na siyang humubog sa ating pagkatao, tayo ay magiging malakas at maisasagawa natin ang mga bagay na ipinagagawa sa atin ng Panginoon.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Sa loob ng 40 taong paglalakbay sa ilang ng mga Israelita ay ibinigay na ni Moises sa kanila ang mga batas ng Diyos, kumilos bilang tagapagsalita ng Diyos, at naglingkod bilang kanilang gabay. Siya lamang ang tanging pinuno na nakilala ng isang buong salinlahi ng mga Israelita. Ngunit kinuha siya ng Panginoon sa pagwawakas ng kanilang 40 taong paglalakbay sa ilang—sa oras mismo ng pagharap nila sa isang malaking pagsubok. Sa pag-alaala sa kanyang mga pangako sa Israel, ang Panginoon ay humirang ng bagong pinuno, si Josue, na buong kakayahang pinamunuan ang pagsakop at paninirahan sa lupang pangako.

**1. Tinawag ng Panginoon si Josue.**

Ituro at talakayin ang Josue 1.

- Anong mga hamon kaya ang nakaharap ni Josue nang tawagin siya ng Panginoon na humalili kay Moises sa pamumuno sa mga Israelita? (Pamumunuan niya ang Israel sa pagsakop at paninirahan sa Canaan, na isang napakalaking gawain. Magiging kapalit siya ng isang dakilang pinuno.) Anong katiyakan ang ibinigay ng Panginoon kay Josue habang naghahanda si Josue sa pagpasok sa lupang pangako? (Tingnan sa Josue 1:5.) Paano tayo matutulungan ng katiyakang ito sa ating mga bagong tungkulin o hamon sa buhay? Paano kayo tinulungan ng Panginoon sa gayong mga pagkakataon?
- Anong utos ang tatlong beses na inulit ng Panginoon sa Josue 1:6–9? Ano ang sinabi ng Panginoon na kung saan ay kakailanganin ni Josue ang tapang at lakas upang magawa ito? (Tingnan sa Josue 1:7. Ituro na kahit na kakailanganin ni Josue ang tapang upang makipaglaban sa maraming digmaang militar, ay kakailanganin din naman niya ang tibay ng kalooban—ang katapangang gawin ang tama.) Anong mga hamon ang kinakaharap natin sa ngayon na nangangailangan ng lakas at tibay ng kalooban? Anong mga halimbawa ng tibay ng kalooban ang napagmamasdan ninyo?
- Ano ang ipinagawa ng Panginoon kay Josue upang "magtatamo ka ng mabuting kawakasan"? (Tingnan sa Josue 1:8. Ipaliwanag na ang aklat ng batas ay ang mga banal na kasulatan.) Bakit sa palagay ninyo magiging napakahalaga para kay Josue ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan upang magtagumpay sa kanyang tungkulin? Paano nakatutulong sa atin ang palagiang pag-aaral ng banal na kasulatan?

**2. Tinawid ng mga Israelita ang Ilog Jordan sa tuyong lupa; sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, ang Jerico ay nawasak.**

Ituro at talakayin ang Josue 3–4 at 6.

- Nang kailangang tawirin ng mga Israelita ang Ilog Jordan, ang mga pampang nito ay umaapaw. Paano ipinakita ng Panginoon sa mga anak ni Israel na sinasamahan niya si Josue tulad ng kanyang ginawa noon kay Moises? (Tingnan sa Josue 3:7–8, 14–17; 4:14. Kung kailangan, ipaliwanag na ang kaban ng tipan ay isang nalilipat-lipat na altar na naglalaman ng mga sagradong kasulatan, kabilang na rito ang mga isinulat ni Moises at ang mga tapyas ng bato na naglalaman sa Sampung Utos.) Paano ipinakikita sa atin ng Panginoon na pinamumunuan at binibigyang inspirasyon niya ang buhay na propeta tulad ng ginawa niya sa mga naunang propeta?

- Ano ang kailangang gawin ng mga saserdoteng may dala sa kaban bago tumigil ang mga tubig ng Ilog Jordan? (Tingnan sa Josue 3:13–17. Kailangan nilang tumuntong sa umaapaw na ilog habang dala-dala ang kaban.) Paano hinihiling ng Panginoon kung minsan ang gayunding mga bagay mula sa atin?

  Sinabi ni Elder Boyd K. Packer:

  "Pagkatapos na pagkatapos ng pagtawag sa akin bilang Pangkalahatang Awtoridad ay nagpunta ako kay Elder Harold B. Lee para humingi ng payo. Pinakinggan niyang mabuti ang aking problema at iminungkahing makipagkita ako kay Pangulong David O. McKay. Pinayuhan ako ng Pangulong McKay kung anong direksiyon ang dapat kong tahakin. Gustung-gusto kong sumunod ngunit wala akong makitang posibleng paraan upang magawa ko ang ipinayo niya.

  "Nagbalik ako kay Elder Lee at sinabi ko sa kanyang wala akong makitang paraan upang tahakin ang direksiyong ipinayo na dapat kong tahakin. Sinabi niyang, 'Ang problema sa iyo ay nais mong malaman ang resulta bago ka magsimula. Sinabi ko na nais kong makita man lamang ang isa o dalawang hakbang nito. Sa gayon ay itinuro niya sa akin ang isa sa pinakamahalagang aral sa aking buhay. 'Kailangang matuto kang lumakad sa gilid ng liwanag, at humakbang ng ilang hakbang patungo sa kadiliman; sa gayon ang liwanag ay lilitaw at ituturo sa iyo ang daan sa unahan' " ("The Edge of the Light," *BYU Today,* Mar. 1991, 22–23).

- Bakit gumawa ng bantayog ng 12 bato ang Israel pagkatapos silang tumawid sa Ilog Jordan? (Tingnan sa Josue 4:1–9. Iyon ay sagisag ng patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Panginoon sa mga susunod na salinlahi, na nagpapaalala sa kanila na pagpapalain sila ng Panginoon tulad ng kanyang ginawa sa kanilang mga ninuno.) Anong mga personal na bantayog ang nagpapaalala sa inyo sa kapangyarihan ng Diyos sa inyong buhay? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng sakramento; mga larawan ni Cristo, templo, at mga propeta; ang mga banal na kasulatan; at mga espirituwal na karanasan na nakatala sa mga talaarawan.) Paano mapagpapala ng mga bantayog na ito ang buhay ng iba? (Tingnan sa Josue 4:21–24.)

  Magpatotoo na sasagutin ng Panginoon ang mga panalangin, magbibigay ng mga pagpapala, magbibigay ng paghahayag, at magsasagawa ng mga kahanga-hangang gawain para sa bawat salinlahi. Hilingan ang inatasang miyembro ng

klase na magbahagi ng mga karanasan na nagpapaalala sa kanila sa kapangyarihan at pagmamahal ng Diyos.

- Hilingan ang inatasang miyembro ng klase na ilarawan ang pagbagsak ng Jerico na tila nasaksihan niya talaga ito (Josue 6). Ano ang dahilan ng pagbagsak ng mga pader ng Jerico? (Tingnan sa Mga Hebreo 11:30.) Bakit pagpapakita ng pananampalataya ang ginawang pagkilos ng mga Israelita?

- Sino lamang sa mga naninirahan sa Jerico ang naligtas? (Tingnan sa Josue 6:17, 22–25; tingnan din sa Josue 2:1–15.) Ano ang matututuhan natin mula sa pagliligtas kay Rahab at sa kanyang mag-anak?

**3. Si Josue at ang kanyang mga tao ay nakipagtipan na paglilingkuran ang Panginoon.**

Ituro at talakayin ang Josue 23 at 24:14–31.

- Sa dakong huli ng kanyang buhay ay ipinaalala ni Josue sa mga Israelita ang ginawa ng Diyos para sa kanila. Pinayuhan din sila ni Josue tungkol sa pag-iwas sa mga bitag at patibong. Kung nagdala kayo ng maliit na bitag, ipakita ninyo kung paano ito gamitin. Kung hindi kayo nagdala ng bitag, ilarawan kung paano ito ginagamit. Ano ang ilang bagay na kailangan nating gawin upang maiwasan ang mahuli sa bitag? (Kailangan muna nating malaman na ito ay isang bitag at pagkatapos ay lumayo rito.)

- Sa kanyang huling payo, hinikayat ni Josue ang Israel na "lumakip . . . sa Panginoon" sa halip na "[lumakip] sa nangalabi sa mga bansang [Cananeo] ito" (Josue 23:8, 12. Pansinin na sa pagkakataong ito, ang ibig sabihin ng salitang *lumakip* ay pagdikitin o pagsamahin). Paano tayo "makalalakip sa Panginoon" sa halip na lumakip sa daigdig? Paano isang bitag o patibong sa mga Israelita ang paglakip sa mga bansa ng mga Cananeo? Ano ang ilan sa mga bitag at patibong na kinakaharap natin sa daigdig sa ngayon?

- Anong mahalagang payo ang ibinigay ni Josue sa huling sandali ng kanyang buhay? (Tingnan sa Josue 24:14–15.) Kanino nakipagtipan na maglingkod si Josue at ang Israel? (Tingnan sa Josue 24:15–18, 21–25, 31.) Bakit hindi mapaglilingkuran ng isang tao ang tunay na Diyos at ang mga diyus-diyosan nang magkasabay?

- Bakit mahalaga *ngayon* na piliing paglingkuran ang Panginoon? Paano natin maipakikita na pinili nating paglingkuran siya?

  Sinabi ni Elder Marvin J. Ashton na: "Pinaalalahanan tayo ni Josue tungkol sa kahalagahan ng mabilis na paggawa ng mga pasiya: 'Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; . . . ngunit sa ganang akin at ng aking sambahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon' (Josue 24:15). Hindi bukas, hindi kapag handa na tayo, hindi kapag maluwag na para sa atin—kundi 'ngayong araw na ito' ngayon din kaagad, ay piliin na ninyo kung sino ang inyong paglilingkuran. Siya na nag-aanyaya sa ating sumunod ay palaging nariyan sa ating harapan kasama ang Kanyang Espiritu at impluwensiya na nangunguna sa daanan. Itinakda na niya at minarkahan ang landas, binuksan ang mga tarangkahan, at ipinakita ang daan. Inanyayahan Niya tayong lumapit sa Kanya, at ang pinakamainam na panahon upang matamasa ang Kanyang pagsubaybay ay ngayon din kaagad. Matatahak natin

nang mainam ang landas at mananatili tayo sa landas sa pamamagitan ng paggawa tulad ni Jesus—gumawa ng taos pusong pangako na gagawin ang kagustuhan ng Kanyang Ama" (sa Conference Report, Abr. 1983, 41; o *Ensign*, Mayo 1983, 30–31).

Katapusan

Ang huling payo ni Josue sa mga Israelita ay kinapalooban ng utos na ibinigay din ng Panginoon nang tawagin siyang maging propeta—magpakalakas at magpakatapang na mabuti (Josue 23:1–6). Ang utos na ito ay angkop pa rin sa ngayon tulad noong unang panahon dahil tayong lahat ay kasangkot sa mahalagang espirituwal na digmaan sa pagitan ng mabuti at masama.

Sinabi ni Elder Ezra Taft Benson na dalawang alituntunin ang mahalaga para sa katiwasayan at kapayapaan: "Una, magtiwala sa Diyos; at ikalawa, determinasyon na sundin ang mga kautusan, paglingkuran ang Panginoon, gawin ang tama. . . . Pinakalinaw ng Panginoon sa mga paghahayag na kahit na maging mapanganib ang mga panahon, kahit na mapalibutan tayo ng tukso at kasalanan, kahit na magkaroon ng damdamin na kawalang katiwasayan, kahit na magsipanglupaypay ang puso ng mga tao at mapuno ng agam-agam ang kanilang kaluluwa, kung magtitiwala lamang tayo sa Diyos at susundin ang kanyang mga kautusan ay hindi tayo kailangang matakot" (sa Conference Report, Okt. 1950, 146).

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Paghalili sa isang matagumpay na pinuno**

- Maraming tao, tulad nina Josue at Brigham Young, ang tinawag upang maging kahalili ng mga dakilang pinuno. Ano kaya ang ilan sa kanilang mga hamon sa buhay? Ano sa palagay ninyo ang nakatulong sa kanila upang maging matagumpay? Ano ang maaari nating gawin upang matulungan tayong maging matagumpay kapag pinalitan natin ang isang tao na nagtagumpay, maging ito man ay sa trabaho, simbahan, paaralan, o tahanan?

**2. Ang mga bunga ng mga kasalanan ng isang tao sa ibang tao**

- Ituro ang kuwento tungkol kay Achan sa Josue 7. Dahil sa pagkamasuwayin ni Achan, ang mga Israelita ay natalo ng mga naninirahan sa Hai (Josue 7:1–5). Ano ang nagawa ni Achan na naging sanhi nito? (Tingnan sa Josue 7:20–21. Tinaglay niya ang hindi pagsang-ayon ng Panginoon sa Israel sa pagsuway niya sa Panginoon sa pamamagitan ng pagkuha ng mga damit at salapi mula sa Jerico.)
- Ano ang ipinahihiwatig ng mga epekto ng kasalanan ni Achan tungkol sa kung paano makaaapekto sa ibang tao ang ating kani-kanyang kasalanan? Ano ang mali sa pag-aakalang ang sarili lamang natin ang naaapektuhan ng ginagawa natin at hindi ito makasasakit sa iba? (Maaari kayong gumamit ng mga halimbawa ng kung paano nakaaapekto sa ibang tao ang mga kilos ng isang tao: Ang sakunang sanhi ng isang lasing na nagmamaneho ay makaaapekto sa buhay ng mga walang malay na taong nasugatan. Ang isang taong nanggugulo

sa klase sa Panlinggong Paaralan ay nakapagpapahirap sa iba upang makapagtuon silang mabuti ng pansin at madama ang Espiritu. Ang isang taong nakagawa ng seksuwal na kasalanan o hindi sumusunod sa Salita ng Karunungan ay nagdudulot ng pasakit at pagdurusa sa iba. Maaaring masira ng isang taong taksil ang isang mag-anak at makapagdudulot ng lubos na kasakitan sa mga walang malay na miyembro ng mag-anak. Ang bawat miyembro ng Simbahan na hindi sumusunod sa Panginoon ay maaaring maging hadlang sa pagtanggap ng buong Simbahan ng mga pagpapala ng Panginoon.)

Sinabi ni Elder James E. Talmage na: "Ang mga pansariling pagpili ay hindi pansarili lamang; ang lahat ng ito ay may epekto sa madla. . . .  Ang ating lipunan ay ang kabuuan ng ginagawa ng milyun-milyong indibiduwal sa kanilang sariling buhay. Ang kabuuan ng sariling pag-uugali ay may epekto sa lipunan ng buong daigdig na tunay na napakalaki. Wala talagang mga pansariling pagpili lamang" (sa Conference Report, Abr. 1987, 101; o *Ensign*, Mayo 1987, 80).

**3. Tinanggap ni Caleb ang lupain ng Hebron.**

- Isinasalaysay sa Josue 14 kung paano tinanggap ni Caleb ang lupain ng Hebron mula kay Josue. Bakit tinanggap ni Caleb ang lupain ng Hebron? (Tingnan sa Josue 14:6–14. Pansinin na ang katagang "lubos na sumunod sa Panginoon" ay inulit-ulit sa mga talata 8, 9, at 14.)

Ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang kanyang paghanga kay Caleb at iminungkahi ang ilang aral na mapupulot natin mula sa kanya:

"Mula sa halimbawa ni Caleb ay matututuhan natin ang napakahalagang mga aral. Tulad ng kung paano kinailangan ni Caleb na maghirap at manatiling totoo at tapat upang kamtin ang kanyang mamanahin, ay gayundin naman na kailangan nating alalahanin na kahit na pinangakuan tayo ng Panginoon ng lugar sa kanyang kaharian, kailangan din nating magpatuloy at matapat na magsikap upang maging karapat-dapat na tumanggap ng gantimpala.

"Tinapos ni Caleb ang kanyang makabagbag damdaming paghahayag sa pamamagitan ng isang kahilingan at isang hamon na lubos kong sinasang-ayunan. Ang mga Anaceo, na mga higante, ay naninirahan pa sa lupang pangako, at kailangan silang malupig. Ganito ang sinabi ni Caleb na ngayon ay 85 taon na, 'Ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito' (Josue 14:12).

"Ito ang aking damdamin sa gawain sa sandaling ito. May malalaking hamon sa hinaharap, mga dambuhalang pagkakataon na haharapin. Handa kong tanggapin ang nakasasabik na pagkakataong iyon at nadarama kong nais kong sabihin sa Panginoon, nang buong pagpapakumbaba na, 'Ibigay [po ninyo] sa akin ang lupaing maburol na ito,' ibigay po ninyo sa akin ang mga hamong ito" (sa Conference Report, Okt. 1979, 115; o *Ensign,* Nob. 1979, 79).

**4. "Piliin Ninyo sa Araw na Ito Kung Sino ang Inyong Paglilingkuran"**

Kung may makukuhang *Old Testament Video Presentations* (53224), ay maaari ninyong naising ipalabas ang "Choose You This Day Whom Ye Will Serve," isang anim na minutong yugto tungkol sa pagsubok sa pagkamasunurin ng mga lalaking kabayo ng Arabia sa oras ng pagkagutom at pagkauhaw.

Aralin
19

# Ang Pamumuno ng mga Hukom

*Mga Hukom 2; 4; 6–7; 13–16*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na hangarin ang mga impluwensiya na makapagpapatatag sa kanila sa pamumuhay ng ebanghelyo sa masalimuot na daigdig.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Mga Hukom 2:6–23. Ang pag-ulit ng pagtalikod sa katotohanan ay nagsimula nang talikuran ng sumisibol na salinlahi ng mga anak ni Israel ang Panginoon upang paglingkuran ang mga diyus-diyosan ng mga taong nakapaligid sa kanila.
   b. Mga Hukom 4:1–16. Inutusan si Barac na palayain ang Israel mula sa mga kamay ni Jabin, ang hari ng Canaan (4:1–7). Pumayag siyang magpunta kung sasama sa kanya si Debora (4:8–9). Iniligtas nila Debora at Barac ang Israel mula sa mga Cananeo (4:10–16).
   c. Mga Hukom 6–7. Inutusan si Gedeon na iligtas ang Israel mula sa mga taga Madian (6:1–24). Siya at 10 pang kalalakihan ang nagwasak sa altar ni Baal isang gabi (6:25–35). Tiniyak ng Panginoon kay Gedeon na tutulungan siya sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng dalawang palatandaan (6:36–40). Iniligtas ni Gedeon at ng 300 kalalakihan ang Israel mula sa mga taga Madian (7:1–25).
   d. Mga Hukom 13–16. Tinagubilinan ng isang anghel ang mga magulang ni Samson na palakihin siya bilang isang Nazareo (13:1–25). Si Samson ay nagpakita ng kagila-gilalas na lakas ngunit sinuway ang marami sa kanyang mga pangako bilang Nazareo (14–15). Nagpaubaya si Samson sa mga pandaraya ni Dalila; ginupitan ang kanyang buhok, at naging mahina siya, nadakip siya ng mga Filisteo, at namatay samantalang pinababagsak niya ang kanilang templo (16:1–31).

2. Karagdagang babasahin: “Mga Hukom, Aklat ng,” sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.

3. Maaari ninyong naising hilingan ang mga miyembro ng klase na maghandang ibuod ang isa o higit pa sa mga pangyayari sa banal na kasulatan na nasa araling ito.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**


Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ikinuwento ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang isang pagkakataon nang magtanim siya ng isang batang puno sa kanyang bakuran ngunit nakaligtaang

gumamit ng mga tulos (istaka) upang tulungan itong lumaki nang tuwid. Sa paglipas ng panahon ay naihilig ito ng hangin sa isang panig. Natanto ni Pangulong Hinckley na kung naitali niya ang puno sa mga tulos (istaka) ay maaaring nasuportahan ito hanggang sa maging sapat na ang lakas nito upang mapaglabanan nito mismo ang hangin. (Sa Conference Report, Okt. 1993, 77–78; o *Ensign,* Nob. 1993, 59.)

Ipaliwanag na kung minsan ay tulad tayo ng batang puno, na hindi nakakayanan ang hangin (ang mga panunukso ni Satanas) sa pamamagitan ng ating sarili lamang. Sa aklat ng Mga Hukom ay matututuhan natin ang ilan sa mga "tulos" (istaka) na makasusuporta sa atin. Iguhit sa pisara ang isang batang puno na nakatali sa apat na tulos na sumusuporta. Habang patuloy ang inyong pagtalakay sa apat na pangyayari sa banal na kasulatan na nasa aralin, pamagatan ang bawat tulos na tulad ng sumusunod:




Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.


Sa pamumuno ni Josue ay nasakop ng mga Israelita ang karamihan sa lupang pangako. Nang mamatay si Josue ang Israel ay hindi na nagkakaisa sa ilalim ng iisang pinuno hanggang sa dumating ang kapanahunan ng propetang Samuel at ng Haring Saul. Sa pagitan ng panahong ito, 12 hukom ang naglingkod bilang mga pinuno ng Israel at mga pinunong militar. Halos panay trahedya ang kabuuan ng kanilang pamumuno dahil maraming beses na dumanas ang Israel ng paulit-ulit na pagtalikod sa katotohanan, pagkaalipin, pagsisisi, at pagkaligtas.

Bilang kabaligtaran ng madidilim na bahaging ito ng kasaysayan ay may mga kuwento tungkol sa mga taong nanatiling matapat, na nagpakita ng mga makapangyarihang halimbawa ng pagpapairal ng pananampalataya at lakas ng loob sa isang daigdig na tumalikod sa katotohanan. Sina Debora at Gedeon ay kapwa mga matwid na hukom na hinirang ng Panginoon upang iligtas ang Israel. Ang pananampalataya ni Debora ang naging pangunahing dahilan ng pagkaligtas ng Israel mula sa hukbong Cananeo. Ang pag-asa ni Gedeon sa Panginoon ang naging dahilan ng mahimalang pagtatagumpay ng kanyang 300 kataong hukbo sa mga taga Madian.

### 1. Ang kalakasan ng mga matwid na magulang at ang mga bunga ng hindi pagsunod sa kanilang mga pamamaraan

Ituro at talakayin ang Mga Hukom 2:6–23.

- Sa aklat ng Mga Hukom ay naranasan ng mga anak ni Israel ang ilang paulit-ulit na pamumuhay sa katwiran at pagtalikod sa katotohanan (tingnan sa balangkas [diagram] na "Paulit-ulit na Pagtalikod sa Katotohanan sa Mga Hukom" sa pahina 89). Paano sinimulan ng sumisibol na salinlahi ng mga Israelita ang paulit-ulit na pagtalikod sa katotohanan? (Tingnan lalo na sa Mga Hukom 2:10, 12, 17, 20, at 22. Imungkahi na markahan ng mga miyembro ng klase ang mga susing salita sa mga talatang ito. Ituro na iniwan ng mga anak ni Israel ang Diyos at iniwan ang mga pamamaraan at mga tipan ng kanilang mga magulang.)
- Bakit kung minsan ay tinatalikuran ng mga anak ang mga matwid na aral at pamamaraan ng kanilang mga magulang? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maging matapat? Paano kayo napalakas ng inyong mga magulang o ng ibang miyembro ng mag-anak sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay?
- Paano natin malalaman ang mga unang palatandaan ng pagtalikod sa katotohanan? Paano maititigil ng isang tao ang paulit-ulit na pagtalikod sa katotohanan? Paano natin matutulungan nang tama ang isang miyembro ng mag-anak o kaibigan na tila tumatalikod sa katotohanan?




### 2. Debora—ang lakas ng isang matwid na kaibigan

Sandaling pagbalik-aralan ang kuwento tungkol kay Debora at Barac mula sa Mga Hukom 4:1–16, o ipagawa ito sa inatasang miyembro ng klase.

- Ano ang iniutos ng Panginoon na gawin ni Barac? (Tingnan sa Mga Hukom 4:6–7.) Ano ang nadama ni Barac tungkol sa iniatas na gawaing ito? Sa anong kondisyon papayag makipaglaban si Barac laban kay Sisara pati ang kanyang 900 karo? (Tingnan sa Mga Hukom 4:8.) Bakit sa palagay ninyo maluwag sa kalooban ni Barac na harapin si Sisara kung sasama sa kanya si Debora?
- Ano ang hinahangaan ninyo kay Debora? Anong mga katangian ang taglay ni Debora na maaaring wala kay Barac? (Tingnan sa Mga Hukom 4:4–9, 14.)

- Ano ang matututuhan natin mula kay Debora tungkol sa pagiging isang tunay na kaibigan? (Ang isang bagay na matututuhan natin ay ang mga tunay na kaibigan ay nagbibigay inspirasyon sa atin na sundin ang Panginoon at binibigyan tayo ng lakas upang gawin ang tama.) Paano kayong natulungan ng inyong mga kaibigan sa pagharap sa mahihirap na hamon ng buhay o sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon? Paano tayo magiging mas mabuting kaibigan sa ibang tao?

  Imungkahi sa mga miyembro ng klase na isulat ang mga pangalan ng kanilang mga kaibigan at tanungin ang kanilang sarili (1) kung katulad sila ni Debora sa mga kaibigang ito at (2) kung ang mga kaibigang ito ay tulad ni Debora.

**3. Gedeon—ang lakas ng pananampalataya sa Diyos**

Sandaling pagbalik-aralan ang kuwento tungkol kay Gedeon mula sa Mga Hukom 6–7, o ipagawa ito sa inatasang miyembro ng klase.

- Ano ang ipinagawa ng Panginoon kay Gedeon? (Tingnan sa Mga Hukom 6:14.) Ano ang unang tugon ni Gedeon? (Tingnan sa Mga Hukom 6:15.)
- Paano tiniyak ng Panginoon kay Gedeon na inutusan nga Niya [ng Panginoon] siya na iligtas ang Israel at na makakasama niya ang Panginoon at tutulungan siya? (Tingnan sa Mga Hukom 6:16–23, 36–40; 7:9–15.)
- Nang maniwala si Gedeon na talagang inutusan siya ng Panginoon na iligtas ang Israel, siya ay sumulong nang may pananampalataya. Bakit nais ng Panginoon na bawasan ang hukbo ni Gedeon na binubuo ng 32,000 kalalakihan at gawing 300 na lamang ang makikipaglaban sa mga taga Madian? (Tingnan sa Mga Hukom 7:2.) Nais ng Panginoon na magtiwala sa kanya ang mga Israelita at kilalanin ang kanyang kapangyarihan, at hindi ang kanilang kapangyarihan.) Paano tayo tinuturuan ng Panginoon na magtiwala sa kanya at kilalanin ang kanyang kapangyarihan sa ngayon?
- Ano ang nangyari nang makaharap ni Gedeon at ng kanyang 300 kalalakihan ang mga taga Madian? (Tingnan sa Mga Hukom 7:16–23.) Bakit sa palagay ninyo pinasigaw ni Gedeon ang kanyang mga tauhan ng, "Ang tabak ng Panginoon at ni Gedeon"? (Tingnan sa Mga Hukom 7:20. Alam ni Gedeon—at nais niyang malaman ng kanyang mga tauhan—na ang Panginoon ay kasama nila.)
- Ano ang matututuhan natin mula kay Gedeon? Paano kayo tinulungan ng Panginoon na gawin ang isang mahirap na bagay na ipinagagawa niya sa inyo? (Habang nagbabahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan, magpatotoo na kapag inuutusan tayo ng Panginoon na gawin ang isang bagay ay tutulungan niya tayong magawa ito.)

**4. Samson—ang lakas ng mga tipan at ang mga bunga ng paglabag sa mga ito**

Sandaling pagbalik-aralan ang kuwento tungkol kay Samson mula sa Mga Hukom 13–16, o ipagawa ito sa inatasang miyembro ng klase.

- Paano nalaman ng ina ni Samson, na isang baog, na magkakaroon siya ng anak na lalaki? (Tingnan sa Mga Hukom 13:2–3.) Ano ang sinabi ng anghel sa ina ni Samson tungkol sa kanyang isisilang na anak na lalaki? (Tingnan sa

Mga Hukom 13:4–5. Ipaliwanag na ang mga Nazareo ay nakikipagtipan sa Panginoon na ihihiwalay ang kanilang sarili sa mga bagay ng daigdig at maging banal sa kanya. Ang panata ng Nazareo ay itinakda sa Mga Bilang 6:2–6, 8.)

- Anong mga pagpapala ang ibinigay ng Panginoon kay Samson upang tulungan siyang maisakatuparan ang kanyang misyon na iligtas ang Israel mula sa mga Filisteo? (Tingnan sa Mga Hukom 13:24–25; 14:5–6, 19; 15:14–15. Siya ay binigyan ng Panginoon ng espirituwal at pisikal na lakas.)

- Bilang isang Nazareo at miyembro ng sambahayan ni Israel, si Samson ay nakipagtipan sa Panginoon. Gayunman, hindi nagtagal ay nilabag niya ang kanyang panata sa pagiging Nazareo at ang kanyang mga tipan bilang miyembro ng sambahayan ni Israel. Anong mga panata at tipan ang kanyang nilabag? (Ang ilan sa mga tipan na nilabag ni Samson ay nakasulat sa ibaba.)

  a. Nag-asawa siya sa labas ng pinagtipanang sambahayan ni Israel (Mga Hukom 14:1–3).
  b. Naging imoral siya dahil sa isang patutot (Mga Hukom 16:1).
  c. Pinagupitan niya ang kanyang buhok (Mga Hukom 16:4–20).

- Ano ang mga naging bunga ng paglabag ni Samson sa kanyang mga tipan? (Tingnan sa Mga Hukom 16:17–21. Nawala ang kanyang espirituwal at pisikal na lakas, at binulag at iginapos siya ng mga Filisteo. Kung kailangan, ipaliwanag na hindi ang buhok ni Samson ang pinagmumulan ng kanyang pisikal na lakas. Sa halip, ang kanyang buhok ay tanda ng kanyang tipan sa Panginoon, at nang gupitin ang kanyang buhok ay kinuha ng Panginoon ang kanyang pisikal na lakas dahil nasira ang tipan.) Ano ang nangyayari kapag nilalabag natin ang ating mga tipan? Ano ang mga tanda ng ating mga tipan sa Panginoon?

- Ang mga tipan natin sa Panginoon ay dapat maging mapagkukunan ng lakas, patnubay, at pangako. Anong mga tipan ang ginagawa natin sa Panginoon? Paano kayo pinalakas ng mga tipang ito? (Ang isang paraan na pinalalakas tayo ng mga tipan ay sa pamamagitan ng pagtulong sa atin na mapaglabanan ang mga pagsisikap ni Satanas na bulagin at igapos tayo.)

- Malayo sana ang mararating ni Samson. Ang anghel na nagbalita ng kanyang pagsilang ay nagsabing siya ang magsisimula sa pagliligtas sa Israel mula sa mga Filisteo. Pinagkalooban siya ng Panginoon ng maraming kaloob, kabilang na ang pisikal na lakas. Anong mga panloob na kahinaan ang naging dahilan ng kanyang pagbagsak? (Tingnan sa Mga Hukom 15:7; 16:1; Doktrina at mga Tipan 3:4. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagpapalayaw sa sarili, kahalayan, paghahangad na makaganti, at paglabag sa mga tipan.) Paano natin mapaglalabanan ang mga kahinaan na maaaring humadlang sa atin upang marating ang ating potensiyal?

---

Katapusan

Ipaliwanag na sa aklat ni Josue ay nakipaglaban ang mga Israelita at napanalunan nila ang maraming pakikipagdigmaan sa mga Cananeo. Gayunman, sa aklat ng Mga Hukom ay nagsimulang matalo ang mga Israelita sa mga espirituwal na digmaan, at hinayaan ang kanilang sarili na maimpluwensiyahan ng mga makamundong kaugalian at huwad na diyos ng mga Cananeo. Tayo rin ay nahaharap sa mga espirituwal na digmaan. Magpatotoo na mapagtatagumpayan

natin ang mga digmaang ito kapag (1) sumusunod tayo sa mga pamamaraan ng mga matwid na magulang at mga ninuno, (2) nagiging mabubuting kaibigan, (3) ating dinaragdagan ang ating pananampalataya sa Panginoon, at (4) tinutupad ang ating mga tipan.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Kontribusyon ng mga magulang sa pagiging makamundo ng kanilang mga anak (Mga Hukom 1:28)**

- Ang pagkabigo ng sumisibol na salinlahi ng mga Israelita na manatiling matapat ay hindi naman kanilang kasalanan lamang. Ayon sa Mga Hukom 1:21, 27–33, at 2:1–4, paano nailatag ang pundasyon na naging dahilan ng pagkabigo ng mga anak? (Iyon ay nailatag ng pagkabigo ng mga magulang na itaboy ang mga Cananeo. Kahit na talagang malakas ang mga magulang sa paglaban sa mga impluwensiya ng daigdig sa kanilang palibot, ang mga anak naman ay mahihina.)
- Paano inilalantad ng ilang mga magulang sa ngayon ang kanilang mga anak sa mga makamundong impluwensiya na ginagawa ang kamaliang ginawa ng mga magulang ng "bumabangong salinlahi" ng mga Israelita? (Humimok ng mga tiyak na sagot.)

**2. Mga himala sa ating kapanahunan**

- Bakit kaya ipinagpapalagay ng ilang tao, tulad ni Gedeon, na mas marami ang mga himalang ginawa ng Panginoon sa mga nakaraang salinlahi kaysa sa mga ginagawa niya sa kanilang kapanahunan? (Tingnan sa Mga Hukom 6:13.) Ano ang ating papel sa pagsasagawa ng mga himala? (Tingnan sa Moroni 7:35–38.) Paano ninyo malalaman na patuloy sa paggawa ng mga himala ang Diyos hanggang sa ngayon? Paano natin higit na makikilala ang mga maliliit na himala sa ating buhay?

**3. "Baka ang Israel ay magmalaki laban sa akin" (Mga Hukom 7:2)**

- Bakit inutusan ng Panginoon si Gedeon na pauwiin ang karamihan sa kanyang mga kawal bago makipaglaban sa mga taga Madian? (Tingnan sa Mga Hukom 7:2.) Paano "nagmamalaki" ang ilan sa atin sa ngayon? (Sa halip na kilalanin na ang ating mga pagpapala at lakas ay nagmumula sa Panginoon, ang ilan sa atin ay nagsasabing nakamtan nila ang lahat ng nasa kanila sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap.) Paano natin malulutas ang ganitong problema?

**4. Paglaban sa mga tukso**

- Bakit, matapos na malaman ni Samson na tatlong ulit tinangka ni Dalila na ipagkanulo siya ay sinabi pa rin ni Samson sa kanya ang lihim ng kanyang lakas? (Tingnan sa Mga Hukom 16:15–17.) Paghambingin ang mga tugon ni Samson kay Dalila at ang mga tugon ni Jose sa asawa ni Potiphar (Genesis 39:7–12). Paano natin mapaglalabanan ang mga mapagpumilit na tukso?

Aralin
# 20

# "Buong Bayan . . . ay Nakakaalam na Ikaw ay Isang Babaing may Bait"

*Ruth; I Samuel 1*

---

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na gayahin ang mga mabubuting katangian nina Ruth, Noemi, at Ana.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Ruth 1–2. Pagkatapos mamatay ang kanyang asawa ay nilisan ni Ruth ang kanyang tahanan upang magtungo sa Bet-lehem na kasama ang kanyang biyenang babae na si Noemi. Sa Bet-lehem, si Ruth ay nagtrabaho sa mga bukirin ni Booz na magandang nakitungo sa kanya.
   b. Ruth 3–4. Si Ruth ay nasa paanan ni Booz at nangako si Booz na pakakasalan siya. Nagpakasal sila at nagkaroon ng anak. Kabilang sa kanilang mga inapo sina Haring David at Jesucristo.
   c. I Samuel 1; 2:1–2, 20–21. Si Ana ay pinagkalooban ng isang anak na lalaki, na ibinigay niya sa Panginoon tulad ng kanyang ipinangako. Sa bandang huli ay biniyayaan pa siya ng mga anak.

2. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng papel at *ballpen* o lapis para sa bawat miyembro ng klase.

3. Kung may makukuhang *Old Testament Video Presentations* (53224), maaari ninyong naising ipalabas ang "Hannah's Faith," isang tatlong minutong yugto, bilang bahagi ng aralin.

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng papel at *ballpen* o lapis.

Ipaliwanag na kahit na maikli lamang ang aklat ni Ruth ay ipinakikita nito na si Ruth ay isang matwid na babae. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod at ipasulat sa bawat miyembro ng klase ang mga sagot sa kani-kanyang papel:

- Kung ang inyong pag-uugali ay ilalarawan sa ilang salita lamang, anong mga salita ang nais ninyong gamitin? Ano ang isang bagay na magagawa ninyo sa linggong ito upang maging higit na tumugma sa ninanais na paglalarawang ito?

Ipaliwanag na tatalakayin sa araling ito ang mga mabubuting katangian ni Ruth at ng dalawa pang kababaihan, na sina Noemi at Ana.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Nilisan ni Ruth ang kanyang tahanan upang magtungo sa Bet-lehem na kasama ni Noemi.**

Ituro at talakayin ang Ruth 1–2.

- Bakit nagpunta si Noemi at ang kanyang mag-anak sa Moab upang manirahan doon? (Tingnan sa Ruth 1:1–2.) Bakit nagbalik si Noemi sa Bet-lehem matapos mamatay ang kanyang asawa at mga anak na lalaki? (Tingnan sa Ruth 1:6. Ang Bet-lehem ang kanyang tahanan, at tapos na ang taggutom.)
- Samantalang naninirahan sa Moab ay pinakasalan ng mga anak ni Noemi sina Orpha at Ruth, na mga babaeng taga Moab (Ruth 1:4). Paano nagpakita ng pagmamahal at pagmamalasakit si Noemi sa kanyang mga manugang nang mag-alok silang babalik sila sa Bet-lehem na kasama niya? (Tingnan sa Ruth 1:7–13.) Ano ang matututuhan natin mula sa pagmamalasakit ni Noemi sa kanyang mga manugang na makatutulong sa atin sa ating mga pakikipag-ugnayan sa ating mag-anak?
- Ang isa sa mga manugang ni Noemi, si Orpha, ay nagbalik sa kanyang mag-anak, ngunit ang isa pa, si Ruth, ay nagpilit na magpunta sa Bet-lehem na kasama ni Noemi. Ano ang matututuhan natin tungkol kay Ruth sa kanyang pangako kay Noemi na nasa Ruth 1:16–17? (Siya ay mapagmahal, matapat, at handang magpakasakit.) Paano tayo makapagpapakita ng higit na katapatan sa ating mga mag-anak? Paano tayo makapagpapakita ng higit na di-pagkamakasarili, tulad ng ginawa ni Ruth?
- Ano ang mga bagay na tinalikuran ni Ruth sa pagpunta niya sa Bet-lehem na kasama ni Noemi? (Ang mga sagot ay maaaring kapalooban ng kanyang inang bayan, mag-anak, mga kaibigan, at relihiyon.) Ano ang nakamtan ni Ruth sa pagsama niya kay Noemi? (Ang ebanghelyo ni Jesucristo; tingnan sa unang karagdagang ideya sa pagtuturo.) Ano ang matututuhan natin mula kay Ruth tungkol sa mga pagpapakasakit para sa ebanghelyo?
- Matapos magpunta sa Bet-lehem, ano ang ginawa ni Ruth upang maglaan ng pagkain para sa kanyang sarili at kay Noemi? (Tingnan sa Ruth 2:2. Maaaring kailanganin ninyong ipaliwanag na ang mamumulot ay isang taong pinayagang magtipon o kumuha ng butil (uhay) na natira sa bukid pagkatapos ng anihan.) Kaninong bukid namulot si Ruth? (Tingnan sa Ruth 2:1, 3.) Bakit humanga si Booz kay Ruth? (Tingnan sa Ruth 2:5–7, 11. Nakita ni Booz na si Ruth ay masipag. Nalaman din niya ang lahat ng ginawa ni Ruth para kay Noemi.) Paano nagpakita ng kabaitan si Booz kay Ruth? (Tingnan sa Ruth 2:8–9, 14–16.)
- Paano ipinakita ni Ruth ang kanyang di-pagkamakasarili nang magbalik siya mula sa pamumulot? (Tingnan sa Ruth 2:14, 17–18. Iniuwi ni Ruth kay Noemi ang napulot niyang uhay, at dinalhan din niya si Noemi ng pagkaing naitabi niya mula sa kanyang pananghalian.) Paano kayo nabiyayaan ng mga hindi makasariling kilos ng ibang tao?

**2. Nagpakasal sina Ruth at Booz at nagkaroon ng anak.**

Ituro at talakayin ang Ruth 3–4.

- Pinayuhan ni Noemi si Ruth na gawin ang isang rituwal na inaasahan niyang hahantong sa pagpapakasal nina Ruth at Booz (Ruth 3:1–5). Sa pamamagitan ng paghiga sa paanan ni Booz, si Ruth, sa katunayan ay nag-aalok ng kasal sa kanya. Ano ang ipinahayag ng pagiging masunurin ni Ruth sa payo ni Noemi tungkol sa kanyang damdamin kay Noemi?

- Paano tumugon si Booz nang magising siya at makitang nakahiga sa kanyang paanan si Ruth? (Tingnan sa Ruth 3:8–15. Pansinin na noong sabihin ni Ruth na, "Iladlad . . . ang iyong kumot sa iyong lingkod," ang ibig niyang sabihin ay "bantayan mo ako, ipagsanggalang mo ako, pangalagaan mo ako.") Sa anong kondisyon pumayag si Booz na pakasalan si Ruth? (Tingnan sa Ruth 3:11–13. Ipaliwanag na nang mamatay ang asawa ni Ruth, ang pinakamalapit niyang kamag-anak na lalaki ay dapat magpakasal kay Ruth. Hindi si Booz ang pinakamalapit na kamag-anak na lalaki, ngunit pumayag siyang magpakasal kay Ruth kung hindi magpapakasal ang pinakamalapit na kamag-anak na lalaki.)

- Ano ang pagkakakilala kay Ruth ng mga taga-Bet-lehem ? (Tingnan sa Ruth 3:11.) Paano naging kapaki-pakinabang sa kanya ang pagkakakilalang ito sa pakikipag-ugnayan niya kay Booz? Bakit mahalagang malaman ng mga miyembro ng ating mag-anak, kaibigan at mga kapitbahay kung ano ang pinaniniwalaan natin at kung anong mga bagay ang ating pinahahalagahan?

- Ano ang ginawa ni Booz matapos mangakong pakakasalan si Ruth? (Tingnan sa Ruth 3:15; 4:1–8.) Paano ipinakita ni Booz na siya ay isang taong may integridad? (Tingnan sa Ruth 4:9–10, 13. Tinupad niya ang kanyang pangako kay Ruth at ginampanan ang kanyang tungkulin bilang kamag-anak na lalaki ng kanyang namatay na asawa.)

- Sinong tanyag na hari ng Israel ang naging inapo nina Ruth at Booz? (Si Haring David ay isa sa kanilang mga naging apo; tingnan sa Ruth 4:17, 21–22.) Sino pa ang inapo nina Ruth at Booz? (Si Jesucristo; tingnan sa Mateo 1:5–16; Juan 7:42.)

- Tinawag ni Elder Thomas S. Monson si Ruth bilang isang bayani (sa Conference Report, Okt. 1974, 156; o *Ensign,* Nob. 1974, 108). Sa anong mga paraan sa palagay ninyo isang bayani si Ruth? (Sinabi ni Elder Monson na si Ruth ay isang halimbawa ng katapatan. Maaaring magmungkahi ang mga miyembro ng klase ng mga karagdagang paraan ng pagiging bayani ni Ruth.)

**3. Si Ana ay pinagkalooban ng isang anak na lalaki, na ibinigay niya sa Panginoon tulad ng kanyang naipangako.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 1.

- Si Ana, na asawa ni Elcana, ay walang anak. Taun-taon ay nasa templo siya at umiiyak at nananalangin na magkaroon ng anak na lalaki (I Samuel 1:1–7). Ano ang pangakong ginawa ni Ana sa Panginoon sa I Samuel 1:11? Ano ang matututuhan natin tungkol kay Ana mula sa pangakong ito? (Siya ay babaing may malaking pananampalataya; maaaring magmungkahi ng mga karagdagang sagot ang mga miyembro ng klase.)

- Sino ang nakasaksi kay Ana na nananalangin sa templo? (Tingnan sa I Samuel 1:9–12.) Ano ang sinabi ni Eli kay Ana tungkol sa kanyang pangako sa Panginoon? (Tingnan sa I Samuel 1:17.) Ano ang nadama ni Ana matapos niyang marinig ang mga salita ni Eli? (Tingnan sa I Samuel 1:18.) Paano tayo matutulungan ng mga pinuno ng Simbahan kapag tayo ay nababagabag?
- Sinabi ni Ana kay Eli na kanyang "inihayag ang [kanyang] kaluluwa sa harap ng Panginoon" (I Samuel 1:15). Paano natin magagawang higit na taimtim at makahulugan ang ating mga personal na panalangin?
- Ano ang nangyari bilang katugunan sa pangako ni Ana sa Panginoon? (Tingnan sa I Samuel 1:19–20.) Paano tinupad ni Ana ang kanyang pangako matapos maisilang si Samuel? (Tingnan sa I Samuel 1:21–28.) Ano ang mga ipinapangako natin sa Panginoon? (Ang mga sagot ay maaaring kapalooban ng mga tipan natin sa kanya sa pagbibinyag at sa loob ng templo.) Ano ang matututuhan natin mula kay Ana na makatutulong sa atin na maging masigasig sa pagtupad sa mga pangakong ito?
- Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Ana tungkol sa pagbibigay kay Samuel upang makapaglingkod sa Panginoon? Ano ang hinihiling sa atin ng Panginoon na ibigay natin sa kanya? Ano ang dapat nating maging pag-uugali sa pagbibigay natin sa kanya? (Dapat tayong magbigay nang maluwag sa kalooban, na inaalaalang ang lahat ng bagay na nasa atin ay nagmumula sa Panginoon.)
- Nang dalhin ni Ana si Samuel sa templo, siya ay naghandog ng mga alay at umawit ng mga papuri sa Panginoon. (I Samuel 1:24–25, 28; 2:1–2). Bakit mahalagang maalaala na pasalamatan ang Panginoon sa mga biyayang ibinibigay niya sa atin?
- Si Ana ay naghintay nang maraming taon bago siya pinagkalooban ng mga anak (I Samuel 1:2; 2:21). Sino pa ang ibang mga tauhan sa Biblia na pinagpala dahil sa buong pagpapasensiyang paghihintay sa Panginoon? Ano ang sinasabi ng daigdig tungkol sa kung kailan natin dapat tanggapin ang mga bagay na ninanais natin? Ano ang sinasabi ng Panginoon? Paano tayo matututong maghintay nang buong pagpapasensiya sa mga pagpapalang darating sa takdang panahon ng Panginoon?

## Katapusan

- Anong mabubuting katangian ang ipinakita nina Ruth, Noemi, at Ana? (Isulat ang mga katangiang ito sa pisara.)

Himukin ang mga miyembro ng klase na pamarisan ang mabubuting katangian na ipinakita nina Ruth, Noemi, at Ana. Magpatotoo na ang pagpapabuti pa ng mga katangiang ito ay higit na makapaglalapit sa atin sa ating Tagapagligtas, na si Jesucristo.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagtanggap sa mga nagbalik-loob na mga Gentil sa tipang Abraham**

Ipaliwanag na si Ruth ay hindi Israelita nang siya ay isilang. Nang kanyang lisanin ang Moab upang magtungo sa Bet-lehem na kasama ni Noemi ay iniwan din niya ang kanyang relihiyon at sumunod sa Diyos ng Israel, na sinasabi kay Noemi na, "Ang iyong Diyos ay [magiging] aking Diyos" (Ruth 1:16). Sa pamamagitan ng pagpapakasal kay Booz, si Ruth ay naging bahagi ng magiting na lipi ng Israel, isang ninuno ni Haring David at ni Jesucristo.

- Paano ipinakikita ng pagbabalik-loob at pagtanggap kay Ruth sa sambahayan ni Israel ang saloobin ni Cristo sa mga nagnanais sumapi sa kanyang Simbahan? (Tingnan sa 2 Nephi 26:33; Alma 19:36; 3 Nephi 21:6.) Paano natin matutulungan ang mga bagong kasapi na madamang malugod silang tinatanggap sa Simbahan?

**2. Angkop na panghuhusga**

- Habang pinagmamasdan ni Eli na saserdote si Ana na nananalangin sa loob ng templo, siya ay nagkamali sa paghusga sa kanya, sa pag-aakalang "siya ay lasing" (I Samuel 1:13). Ano ang mga panganib ng panghuhusga sa mga tao na batay lamang sa kaanyuan? Paano natin maiiwasan ang ganitong uri ng panghuhusga?
- Sinabi ni Pangulong Hugh B. Brown na, "Kung nagkakamali ako [sa panghuhusga sa mga tao,] nais ko sanang nasa panig sila ng pagkahabag" (sa Eugene E. Campbell at Richard D. Poll, *Hugh B. Brown: His Life and Thought* [1975], 225). Paano natin maipamumuhay ang alituntuning ito?

**3. Paglutas sa mga alalahanin at pagkaligalig sa pamamagitan ng pagpunta sa templo**

- Saan ginawa ni Ana ang pangangako sa Panginoon? (Tingnan sa I Samuel 1:9–11.) Paano tayo matutulungan ng pagpunta sa templo sa ating mga alalahanin at pagkaligalig?

  Sinabi ni Elder John A. Widtsoe na: "Naniniwala ako na mas mainam at mas mabilis na malulutas ng taong maraming ginagawa . . . ang kanyang mga alalahanin at pagkaligalig sa bahay ng Panginoon kaysa sa alinmang pook. Kung [gagawin] niya ang gawain sa templo para sa kanyang sarili at sa kanyang mga namatay na mahal sa buhay, siya ay makapagdudulot ng malaking pagpapala sa mga nangamatay na, at . . . isang pagpapala ang darating sa kanya, dahil sa mga hindi inaasahang pagkakataon, sa loob o sa labas ng templo ay darating sa kanya, bilang paghahayag, ang kalutasan sa mga suliranin na bumabagabag sa kanyang buhay. Iyan ang regalo na dumarating sa buhay ng mga pumapasok sa templo nang wasto" (sinipi ni David B. Haight, sa Conference Report, Okt. 1990, 76; o *Ensign,* Nob. 1990, 61).

# Pararangalan ng Diyos ang mga Nagpaparangal sa Kanya

Aralin 21

*I Samuel 2–3; 8*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro na maunawaan ang mga pagpapalang nakakamit kapag higit nating pinararangalan ang Panginoon at binigyang-lugod siya kaysa ating sarili, ang iba, o ang daigdig.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:
   a. I Samuel 2:12–17, 22–25. Ang mga anak na lalaki ni Eli ay nagkasala at pinayuhan sila ng kanilang ama.
   b. I Samuel 2:27–36; 3:12–14. Isang alagad ng Diyos ang nagbabala kay Eli tungkol sa mga ibubunga ng kasamaan ng kanyang mag-anak.
   c. I Samuel 3. Tinawag ng Panginoon si Samuel, at siya ay tumugon.
   d. I Samuel 8. Nais ng mga Israelita na magkaroon ng hari upang sila ay maging “gaya ng lahat ng mga bansa.” Sila ay binalaan ni Samuel tungkol sa mga panganib ng gayong pagpili.
2. Maaari ninyong hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang pangyayari tungkol sa pagkatawag ni Samuel (I Samuel 3) at isa pang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang pangyayari tungkol sa paghahangad ng Israel na magkaroon ng hari (I Samuel 8).
3. Kung magpapasiya kayong talakayin ang polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893) sa araling ito, magdala ng isang kopya nito sa klase.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang larawan ng Tagapagligtas (62572; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240). Kung pipiliin ninyong huwag nang iguhit ang mga drowing sa pisara, magdala ng isang salamin, isang bagay na sasagisag sa ibang tao, at isang mapa, globo, o iba pang bagay na sasagisag sa daigdig.
5. Kung makakakuha ng larawang Tinawag ng Panginoon ang Batang si Samuel, maaari ninyong naising gamitin ito sa aralin (62498 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 111).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**


Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Bago magklase, maglagay ng larawan ng Tagapagligtas at takpan ito. Iguhit sa pisara ang tatlong hugis na nasa pahina 97 at takpan ang mga ito (o ilagay at takpan ang tatlong bagay na nakalista sa ilalim ng “Paghahanda”). Ipaliwanag na ang bawat isa sa mga nakatagong bagay ay may kaugnayan sa taong pinararangalan natin at sinisikap na pasayahin.

- Sang-ayon sa I Samuel 2:30, sino ang pararangalan ng Panginoon?

Sabihin sa mga miyembro ng klase na tatalakayin sa araling ito ang mga pagpapalang nagmumula sa pagpaparangal sa Panginoon. Ipaliwanag na inyong aalisan ng takip ang mga nakatagong bagay sa angkop na pagkakataon sa aralin.




Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Mas higit ang pagpaparangal ng mga anak na lalaki ni Eli sa kanilang sarili kaysa sa Panginoon.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 2:12–17, 22–25.

Sina Ophni at Phinees ay mga anak ni Eli, na isang mataas na saserdote, at sila rin ay mga saserdote. Gayunman, sila ay masasama. Kapag ang mga Israelita ay dumarating upang maghandog ng mga alay sa tabernakulo, sapilitang kinukuha nina Ophni at Phinees ang laman ng mga inialay na hayop bago pa sunugin ang mga taba sa altar. Kinukuha din nila ang ilang laman na iniluluto ng mga nag-aalay para sa hapag ng alay (I Samuel 2:12–17). Ang mga ito ay mabigat na paglabag sa mga batas ng Diyos, katumbas mismo ng pagnanakaw sa Diyos. Ang mga anak ni Eli ay nakagawa ng napakabigat na kasalanan sa pagsiping sa mga babaeng naglilingkod sa pintuan ng tabernakulo (I Samuel 2:22).

- Ano ang naging epekto ng mga ikinilos ng mga anak ni Eli sa ibang tao na nasa Israel? (Tingnan sa I Samuel 2:17, 24.)
- Ano ang ipinahihiwatig ng mga kilos ng anak ni Eli tungkol sa kung sino ang pinili nilang parangalan? (Alisin ang takip ng unang iginuhit o ng isang salamin.) Kung minsan, kailan sa buhay natin higit nating pinaparangalan at pinasasaya ang ating sarili kaysa sa Panginoon? Ang mga miyembro ng klase ay maaaring magmungkahi ng mga pagkakataong tulad ng sumusunod:

  a. Libangan
  b. Paggugol ng Sabbath
  c. Pagtitipanan at moralidad

d. Pag-aayuno
e. Mga tungkulin sa Simbahan

- Bakit kaya kung minsan ay pinipili nating pasayahin ang ating sarili kaysa sa Diyos? Ano ang mga bunga ng pagpaparangal sa ating sarili nang higit kaysa sa Diyos?

**2. Higit na iginalang ni Eli ang kanyang mga anak kaysa sa Panginoon.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 2:27–36; 3:12–14.

- Ano ang naging pananagutan ni Eli nang malaman niya ang tungkol sa kasamaan ng kanyang mga anak? Ano ang ginawa niya? (Tingnan sa I Samuel 2:22–25.) Ano ang kanilang tugon? (Tingnan sa I Samuel 2:25.)

- Pagkatapos pagalitan ang kanyang mga anak ay wala nang ginawa pa si Eli upang itama ang malalaking kasalanan sa kanyang mag-anak at sa tabernakulo. Bilang bunga, isang alagad ng Diyos ang dumating at kinastigo siya, na sinasabi sa kanyang higit niyang iginalang ang kanyang mga anak kaysa sa Diyos (I Samuel 2:27–29). Sa paanong paraan higit na iginalang ni Eli ang kanyang mga anak kaysa sa Diyos? Ano ang sinabi ng alagad ng Diyos na mangyayari sa sambahayan ni Eli? (Tingnan sa I Samuel 2:30–35.)

- Sa anong mga paraan kung minsan natin higit na pinaparangalan ang mga tao kaysa sa Diyos? (Alisin ang takip ng ikalawang iginuhit o ang bagay na sumasagisag sa ibang mga tao.) Maaaring magmungkahi ang mga miyembro ng klase ng mga paraan tulad ng sumusunod:

  a. Pinapayagan natin ang ating mga kaibigan na hikayatin tayong gumawa ng isang bagay na alam nating mali.
  b. Hindi matapat ang ating pagkilos dahil natatakot tayo sa kung ano ang maaaring isipin sa atin ng ibang tao.
  c. Nakakaligtaan nating itama ang mga miyembro ng ating mag-anak at mga kaibigan sa kanilang mga maling ginagawa dahil nais nating panatilihin ang mabubuting pakikipag-ugnayan sa kanila.

  Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith: “Dapat ay [walang] sinuman sa atin na hindi matalino sa pagtatakda ng mga hangganan at pagbabawal, na hindi iniisip ang iba at kakaunti ang pagmamahal para sa ating mga anak kung kaya hindi natin sila pinipigilan sa maling landasin, sa maling gawain at sa kanilang kahangalan, sa higit na pagmamahal sa mga bagay ng daigdig kaysa sa mga bagay ng kabutihan, dahil sa takot na masaktan natin sila” (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 286).

- Paano magagampanan ng mga magulang ang kanilang tungkulin sa mga suwail na anak nang may diwa ng pagmamahal? Ano ang tungkulin ng mga anak habang nagsisikap ang kanilang mga magulang na akayin sila sa kabutihan?

**3. Iginalang ni Samuel ang Panginoon.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 3. Maaari ninyong naising ipabuod nang maikli sa inatasang miyembro ng klase ang kabanatang ito. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang batang si Samuel ay naglingkod sa templo matapos

siyang ibigay ng kanyang ina na si Ana, sa paglilingkod sa Panginoon, tulad ng kanyang ipinangako (I Samuel 1).

- Sino ang nakipag-usap kay Samuel nang gumabi na? (Tingnan sa I Samuel 3:4.) Sino ang unang naisip ni Samuel na tumatawag sa kanya? (Tingnan sa I Samuel 3:5–6, 8.) Paano nalaman ni Samuel na ang Panginoon ang siyang tumawatag? (Tingnan sa I Samuel 3:8–9.)

- Paano nakikipag-usap sa atin ang Panginoon? (Madalas siyang makipag-usap sa pamamagitan ng mga ibinubulong ng Espiritu Santo. Maaaring magmungkahi ang mga miyembro ng klase ng mga karagdagang pamamaraan ng kanyang pakikipag-usap sa atin.) Paano natin maihahanda ang ating sarili upang matanggap at maunawaan ang mga mensahe mula sa Panginoon?

- Sa anong mga paraan iginalang ni Samuel ang Panginoon? (Alisin ang takip ng larawan ng Panginoon.) Maaari ninyong isaalang-alang ang mga sumusunod na talata sa inyong talakayan:

  "At ako'y magbabangon para sa akin ng isang tapat na saserdote, na gagawa ng ayon sa nasa aking puso at nasa aking pag-iisip" (I Samuel 2:35).

  "Tinawag ng Panginoon si Samuel: at kanyang sinabi, Narito ako" (I Samuel 3:4).

  "Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel, Magsalita ka; sapagkat dinirinig ng iyong lingkod" (I Samuel 3:10).

- Ipinangako ng Panginoon na pararangalan niya ang mga nagpaparangal sa kanya (I Samuel 2:30). Paano pinarangalan ng Panginoon si Samuel? (Tingnan sa I Samuel 3:19.) Paano sa palagay ninyo tayo pararangalan ng Panginoon kung pararangalan natin siya tulad ng ginawa ni Samuel?

**4. Pinarangalan ng mga Israelita ang daigdig.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 8. Maaari ninyong naising ipabuod nang maikli sa inatasang miyembro ng klase ang kabanatang ito.

- Anong uri ng pamahalaan mayroon ang Israel sa kasalukuyan ng ministeryo ni Samuel? (Tingnan sa I Samuel 8:1. Ang mga Israelita ay pinamahalaan ng mga hukom.) Sino ang dapat ituring ng Israel na kanilang hari? (Tingnan sa I Samuel 12:12.)

- Bakit hinangad ng mga anak ni Israel na magkaroon sila ng isang hari? (Tingnan sa I Samuel 8:5, 20.) Sa paghiling na magkaroon ng isang hari "gaya ng lahat ng mga bansa," sino ang tinanggihan ng Israel? (Tingnan sa I Samuel 8:7.) Ano ang itinagubilin ng Panginoon kay Samuel na kanyang sasabihin tungkol sa mga problema ng pagkakaroon ng hari? (Tingnan sa I Samuel 8:9–18.) Ano ang tugon ng mga Israelita sa mga babala ni Samuel? (Tingnan sa I Samuel 8:19–22.)

- Sa paghiling na magkaroon ng isang hari, sino ang pinarangalan ng mga Israelita? (Alisin ang takip ng ikatlong iginuhit o ng bagay na sumasagisag sa daigdig.)

- Sa anong mga paraan natin hinahangad kung minsan na maging "gaya ng lahat ng mga bansa"? (Tingnan sa I Samuel 8:5.)

Maaari ninyong naising gamitin ang polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893) upang talakayin ang mga pamantayang itinakda para sa atin ng Panginoon upang hindi tayo makisali sa mga masasamang pamamaraan ng daigdig. Ipaliwanag na ang mga pamantayang ito ay angkop sa mga may sapat na gulang at gayundin sa mga kabataan.

- Ang Panginoong Jesucristo ang ating tunay na hari, tulad ng kung paanong siya ang tunay na hari ng mga Israelita (Mga Awit 47:7; 89:18; 149:2). Paano dapat maapektuhan ng kaalamang ito ang ating mga saloobin sa mga pamamaraan ng daigdig? Paano natin kung minsan tinatanggihan ang Panginoon bilang ating hari?

---

Katapusan

Ituon ang pansin sa apat na bagay na naka-*display* habang nagkaklase. Ipaliwanag na tayong lahat ay kailangan pumili araw-araw kung sino ang ating pararangalan. Magbigay ng patotoo tungkol sa mga pagpapala at kagalakan na natanggap ninyo sa pagpaparangal ninyo sa Panginoon. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang sariling mga karanasan o patotoo.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Kahalagahan ng mga bagay na pinipili natin**

- Kung minsan ay ipinagpapalit natin ang mga bagay na mas malaki ang halaga sa mga bagay na mas mababa ang halaga. Ano ang mga bagay na tinalikuran ni Eli at ng kanyang mga anak dahil sa kanilang mga pagpili? Anong mga bagay ang binanggit ni Samuel na tatalikuran ng mga Israelita kung nais nilang magkaroon ng isang hari? (Tingnan sa I Samuel 8:11–17.) Anong mga bagay na may malaking halaga ang tinatalikuran natin kung minsan para makamit ang mga bagay na mas mababa ang halaga?

**2. "Ang sinumang tinatawag ng Panginoon ay pinagigindapat ng Panginoon"**

Binigkas ni Pangulong Thomas S. Monson ang sumusunod na pahayag upang ipakita kung paano pinararangalan ng Panginoon ang mga nagpaparangal sa Kanya:

"Ang ilan sa inyo ay maaaring talagang mahiyain o itinuturing na may kakulangan ang inyong sarili upang tanggapin ang isang tungkulin. Alalahanin na ang gawain ay hindi sa inyo at sa akin lamang. Ito ang gawain ng Panginoon, at kapag nasa paglilingkod tayo ng Panginoon, tayo ay may karapatan sa tulong na ibibigay ng Panginoon. Alalahanin na ang sinumang tinatawag ng Panginoon ay ginagawang karapat-dapat ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1996, 62; o *Ensign,* Mayo 1996, 44).

Pagkatapos ay isinalaysay ni Pangulong Monson ang sumusunod na kuwento:

"Dapat ba nating madama na ang [isang] iniatas na gawain ay napakahirap o gugugol talaga ng panahon, hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang karanasan

ng isang matapat na tagapagturo ng tahanan at ng kanyang kasama sa noon ay kilala bilang Silangang Alemanya (East Germany).

"Si Kapatid na Johann Denndorfer ay nagbalik-loob sa Simbahan sa Germany, at pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay natagpuan niya ang kanyang sarili na isa ring bilanggo sa kanyang sariling bayan—ang bayan ng Hungary sa lungsod ng Debrecen. Gustung-gusto niyang madalaw ang templo! Gustung-gusto niyang tanggapin ang kanyang espirituwal na basbas! Ang maraming kahilingan na maglakbay patungo sa templo sa Switzerland ay tinanggihan, at halos mawalan na siya ng pag-asa. Sa gayon ay dumalaw ang kanyang tagapagturo ng tahanan. Si Kapatid na Walter Krause ay naglakbay nang malayo mula sa hilagang-silangang bahagi ng Germany hanggang sa Hungary. Sinabi niya sa kanyang kasama sa pagtuturo ng tahanan na, 'Gusto mo bang sumama sa akin sa pagtuturo ng tahanan sa linggong ito?'

"Ang kanyang kasama ay nagsabing, 'Kailan tayo aalis?'

" 'Bukas,' ang sagot ni Kapatid ng Krause.

" 'Kailan tayo babalik?' ang tanong ng kasama.

" 'E, mga isang linggo siguro—kung makababalik nga tayo kaagad!'

"At umalis sila upang dalawin si Kapatid na Denndorfer. Wala siyang tagapagturo ng tahanan simula pa noong bago mag-umpisa ang digmaan. Ngayon, nang makita niya ang mga lingkod ng Panginoon, siya ay labis na nagalak. Hindi siya nakipagkamay sa kanila; sa halip, siya ay pumasok sa kanyang silid tulugan at kinuha mula sa isang lihim na taguan ang kanyang ikapu na itinabi niya mula sa araw na siya ay maging miyembro ng Simbahan at hanggang sa makabalik siya sa Hungary. Ibinigay niya ang ikapu sa kanyang mga tagapagturo ng tahanan at sinabing" 'Ngayon ay bayad na ako sa Panginoon. Nadarama ko na ngayon na karapat-dapat na akong makipagkamay sa mga lingkod ng Panginoon!'

"Tinanong siya ni Kapatid na Krause tungkol sa kanyang pagnanais na makadalo sa templo sa Switzerland. Sinabi ni Kapatid na Denndorfer na: 'Imposible nang mangyari. Ilang ulit ko nang sinubukan. Nakumpiska pa nga ng pamahalaan ang aking mga aklat sa Simbahan, ang mga pinakamamahal kong kayamanan.'

"Binigyan ni Kapatid na Krause, na isang patriyarka, ng basbas ng patriyarka si Kapatid na Denndorfer. Sa bandang huli ng basbas, sinabi niya kay Kapatid na Denndorfer na, 'Lapitan mo ulit ang pamahalaan tungkol sa pagpunta sa Switzerland.' At muli ay minsan pang nagpadala ng kahilingan si Kapatid na Denndorfer sa mga awtoridad. Sa pagkakataong ito ay dumating ang pahintulot, at may kagalakang nagpunta si Kapatid na Denndorfer sa Templo sa Switzerland at lumagi nang isang buwan. Tinanggap niya ang kanyang sariling endowment, naibuklod sa kanya ang kanyang yumaong asawa, at naisagawa niya ang gawain para sa daan-daan niyang ninuno. Nagbalik siya sa kanyang tahanan na may panibagong lakas sa katawan at sa espiritu" (sa Conference Report, Abr. 1996, 64–65; o *Ensign,* Mayo 1996, 45–46).

# “Ang Panginoon ay Tumitingin sa Puso”

Aralin 22

*I Samuel 9–11; 13; 15–17*

---

**Layunin** Himukin ang mga miyembro ng klase na magtiwala sa Panginoon sa halip na manalig sa kanilang sariling pang-unawa.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. I Samuel 9–11. Humingi ng patnubay si Saul mula sa propetang si Samuel (9:1–14, 18–24). Inihayag ng Panginoon kay Samuel na si Saul ang magiging hari (9:15–17). Pinayuhan ni Samuel si Saul at pinahiran siya ng langis at naging unang hari ng Israel (9:25–27; 10:1–8). Si Saul ay espirituwal na isinilang muli, at siya ay nagpropesiya (10:9–13). Ipinakilala ni Samuel si Saul sa mga tao (10:17–27). Pinamunuan ni Saul ang Israel at nagtagumpay sa isang pakikidigmaan sa mga Ammonita (11:1–11). Tumanggi siyang parusahan ang mga kalalakihan na nag-alinlangan sa kanyang kakayahan na pamunuan ang mga tao (11:12–15).

   b. I Samuel 13:1–14. Naghandog si Saul ng sinunog na alay nang walang tamang awtoridad.

   c. I Samuel 15. Si Saul ay inutusang lipulin ang mga Amalecita at ang lahat ng kanilang mga ari-arian, ngunit iniligtas niya ang ilan sa kanilang mga hayop para sa pag-aalay (15:1–9). Tinanggihan ng Panginoon si Saul bilang hari, at sinabihan ni Samuel si Saul na ang pagsunod ay mas mabuti kaysa sa pag-aalay (15:10–35).

   d. I Samuel 16. Pinili ng Panginoon si David, na isang batang pastol, upang pumalit kay Saul bilang hari (16:1–13). Ang Espiritu Santo ay lumayo kay Saul, at isang masamang espiritu ang umangkin sa kanya (16:14–16; pansinin na itinama ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang mga talatang ito upang ipakita na ang masamang espiritu ay *hindi* mula sa Diyos). Pinili ni Saul si David para maging tagatugtog ng kanyang arpa at maging tagadala ng kanyang sandata (16:17–23).

   e. I Samuel 17. Pinatay ni David si Goliath sa pamamagitan ng makapangyarihang gawa ng Panginoon.

2. Karagdagang babasahin: I Samuel 12; 14.

3. Maaari ninyong naising hilingan ang isang miyembro ng klase na ibuod ang kuwento tungkol sa pagpili ng Panginoon kay David bilang hari (I Samuel 16:1–13) at isa pang miyembro ng klase na maghandang ibuod ang kuwento tungkol sa pagpatay ni David kay Goliath (I Samuel 17:1–54).

4. Kung gagamitin ninyo ang alinman sa mga gawaing pantawag-pansin, isulat ninyo ang sumusunod na banal na kasulatan sa pisara o sa isang poster: “Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kanyang ituturo ang iyong mga landas” (Mga Kawikaan 3:5–6). Kung gagamitin ninyo ang unang gawaing pantawag-pansin, pumili ng isang salita

na hindi pamilyar sa mga miyembro ng klase, tulad ng *pamatok, agingay,* o *kingmen* mula sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Isulat ang salitang ito sa pisara o sa isang poster.

5. Kung may makukuhang kopya ng sumusunod na *audiovisual* na materyal, maaari ninyong naising gamitin ang mga ito bilang bahagi ng aralin:

   a. " 'The Lord . . . Will Deliver Me,' " isang apat na minutong yugto tungkol kay David mula sa *Old Testament Video Presentations* (53224).
   b. Ang larawang Pinatay ni David si Goliath (62073 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 112).

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na pinakaangkop sa klase.

1. Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa hindi pamilyar na salita na nasa pisara o sa poster (tingnan sa "Paghahanda" sa itaas). Hilingin sa mga miyembro ng klase na hulaan ang ibig sabihin ng salita. Pagkatapos ng ilang paghula, ipahanap sa mga miyembro ng klase ang tamang kahulugan na nasa *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

   Ipaliwanag na ang paghula sa kahulugan ng isang hindi pamilyar na salita ay tulad ng paggawa ng mga pasiya na batay lamang sa inyong sariling pang-unawa. Ipakita ang teksto ng Mga Kawikaan 3:5–6. Bigyang-diin na tulad ng kung paano tayo babaling sa isang mapagkakatiwalaang mapagkukunan upang malaman ang tamang kahulugan ng salita, ay gayundin na kailangan nating magtiwala sa Panginoon at hangaring malaman ang kanyang kagustuhan upang makagawa ng mga tamang pasiya sa ating buhay. Pinaghahambing ng araling ito ang mga karanasan ng dalawang kalalakihan, sina Saul at David, upang ituro ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Panginoon at paghahangad sa kanyang patnubay kapag gumagawa tayo ng mga pasiya.

2. Hilingan ang mga miyembro ng klase na magsalaysay ng ilan sa mahahalagang pasiya na ginawa nila kamakailan lamang. Tanungin sila kung ano ang nakatulong sa kanila sa paggawa ng mga pasiyang iyon.

   Ipakita ang teksto ng Mga Kawikaan 3:5–6 (maaari ninyong naising ipasaulo ang banal na kasulatang ito sa mga miyembro ng klase). Ipaliwanag na pinaghahambing ng araling ito ang mga karanasan ng dalawang kalalakihan, sina Saul at David, upang maituro ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Panginoon at paghahangad sa kanyang patnubay kapag gumagawa tayo ng mga pasiya.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin sa banal na kasulatan. Dahil mahihirapan kayong

itanong ang lahat o talakayin ang bawat punto sa aralin, may panalanging piliin ang mga pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Kung nais ninyong magtuon ng pansin kina David at Goliath, halimbawa, ay kaunting oras lamang ang dapat ninyong gugulin sa pagtalakay sa buhay ni Saul.

**1. Si Saul ay humingi ng patnubay mula kay Samuel at pinahiran ng langis upang maging hari.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 9–11.

- Gusto ng mga Israelita na magkaroon ng isang hari tulad ng mga bansang nakapalibot sa kanila. Sa pagpapaubaya sa kahilingan ng mga Israelita, sinabi ng Panginoon kay Samuel na kanyang pahiran ng langis si Saul bilang unang hari ng Israel. Si Saul ay "isang bata at makisig, . . . at walang lalong makisig na lalake kaysa kanya" (I Samuel 9:2). Ano ang ginawa ni Saul bago siya hinirang na maging hari na kaagad na nagpakita ng kanyang mabubuting katangian?

  a. Masigasig siya sa paghahanap sa asno ng kanyang ama (I Samuel 9:3–4).
  b. Maluwag sa kanyang kalooban ang makinig at sumunod sa matalinong payo ng tagapaglingkod ng kanyang ama (I Samuel 9:5–10).
  c. Nagtiwala siya sa propetang si Samuel at nakipag-ugnayan sa kanya (I Samuel 9:18–25).
  d. Siya ay mapagpakumbaba (I Samuel 9:20–21).
  e. Isinilang siyang muli sa espirituwal at siya ay nagpropesiya (I Samuel 10:6–10).
  f. Pinatawad niya ang mga tumutuligsa sa kanya (I Samuel 11:11–13).
  g. Kinilala niya ang tulong ng Panginoon sa tagumpay ng Israel laban sa mga Ammonita (I Samuel 11:13).

**2. Si Saul ay nagsunog ng alay nang walang tamang awtoridad.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 13:1–14.

- Dalawang taon makaraan ang paghirang kay Saul bilang hari, ang mga Filisteo ay nagtipon ng malaking hukbo upang makipaglaban sa Israel. Ang mga tauhan ni Saul ay takot na takot kung kaya marami sa kanila ang nagtago at nakawatak-watak. Bakit nais ni Saul na magpunta sa kanya sa pagkakataong ito ang propetang si Samuel? (Tingnan I Samuel 13:7–8. Nais ni Saul na maghandog si Samuel ng mga alay sa Panginoon sa ngalan ng mga tao.) Ano ang ginawa ni Saul nang hindi dumating si Samuel sa takdang oras? (Tingnan sa I Samuel 13:9. Si Saul ay mag-isang naghandog ng mga alay kahit na wala siyang awtoridad ng pagkasaserdote upang gawin ang gayon.)

  Isinulat ni Elder James E. Talmage na, "Inihanda mismo ni Saul ang susunuging alay, na nalilimutang kahit na siya ang nakaluklok sa trono, nagsusuot ng korona, at may hawak ng setro, ay wala [siyang] karapatang magsagawa . . . sa Pagkasaserdote ng Diyos; at dahil dito at sa iba pa niyang mga kapangahasan ay tinanggihan siya ng Diyos at iba ang ginawang hari bilang kapalit niya (*The Articles of Faith*, ika-12 edisyon [1924], 185).

- Ano ang naging tugon ni Samuel sa paghahandog ni Saul ng alay nang walang pahintulot? (Tingnan sa I Samuel 13:10–14.)

- Ano ang inihayag nang walang pahintulot na paghahandog ng alay ni Saul tungkol sa kanyang sarili? (Hindi na siya "isang lalaking ayon sa kanyang [Panginoon] sariling puso" [I Samuel 13:14]. Nawalan siya ng pasensiya, nabigong magtiwala sa Panginoon, at sumuway. Bilang karagdagan, ang kanyang pangangahas na magtaglay ng awtoridad upang maghandog ng alay ay nagpapahiwatig na inakala niyang mas mahalaga at mas makapangyarihan siya.) Sa paanong mga paraan tayo hindi mapagpasensiya kung minsan sa Panginoon at sa kanyang mga lingkod? Ano ang maaaring ibunga ng gayong kawalan ng pagpapasensiya? Paano tayo lubos na magtitiwala sa Panginoon?

**3. Sinuway ni Saul ang Panginoon sa pakikipagdigmaan sa mga Amalecita at tinanggihan siya bilang hari.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 15.

- Ano ang iniutos ng Panginoon na gawin ni Saul sa mga Amalecita? (Tingnan sa I Samuel 15:1–3.) Ano ang ginawa ni Saul sa halip na gawin ang gayon? (Tingnan sa I Samuel 15:4–9.) Ano ang inihayag ng mga kilos ni Saul tungkol sa kanyang sarili? (Tingnan sa I Samuel 15:11. Sinunod niya ang kanyang sariling kapasiyahan sa halip na gawin ang kalooban ng Panginoon.)
- Paano binigyang katwiran ni Saul ang kanyang pagsuway sa pagliligtas ng mga pinakamabubuting hayop ng mga Amalecita? (Tingnan sa I Samuel 15:13–15, 20–21, 24. Sinisi niya ang kanyang mga tauhan sa kagustuhang iligtas ang mga hayop.) Sang-ayon kay Saul, bakit gusto ng mga taong iligtas ang mga pinakamabubuting hayop ng mga Amalecita? (Tingnan sa I Samuel 15:15, 21.) Sa anong mga paraan natin sinisikap kung minsan na bigyang katwiran ang pagsuway sa Panginoon? (Maaari nating sabihin sa ating sarili na, "Maliit na kasalanan lang naman," "Mas sinusunod ko ang diwa ng batas kaysa sa isinasaad mismo ng batas," "Wala namang masasaktan," "Minsan ko lang namang susubukan," "Ginagawa naman ito ng ibang tao," o "Hindi angkop sa akin ang kautusang iyan.") Paano natin mapaglalabanan ang pagbibigay ng dahilan o katwiran sa kasalanan?
- Paano tumugon si Samuel sa paliwanag ni Saul tungkol sa pagliligtas sa mga hayop ng Amalecita? (Tingnan sa I Samuel 15:22.) Paano naaangkop sa atin ang mga salita ni Samuel?
- Nang pinagagalitan si Saul sa katigasan ng ulo at pagtanggi sa salita ng Panginoon, sinabi ni Samuel sa kanya na, "Ang katigasan ng ulo ay gayang pagsamba sa mga diyus-diyosan" (I Samuel 15:23). Paano katulad ng pagsamba sa mga diyus-diyosan ang katigasan ng ulo? Ano ang ibinunga ng katigasan ng ulo at pagsuway ni Saul? (Tingnan sa I Samuel 15:23, 26, 28.) Paano tayo matigas ang ulo at masuwayin kung minsan? Ano ang mga bunga ng katigasan ng ating ulo at pagsuway? Paano natin malalaman at mapagtatagumpayan ang ganitong mga pag-uugali?

**4. Pinili ng Panginoon si David na maging hari.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 16. Maaari ninyong ipabuod nang maikli sa inatasang miyembro ng klase ang pangyayaring ito. Ipaliwanag na kahit hinirang ni Samuel si David na maging hari, si David ay naging hari lamang pagkalipas ng maraming taon makaraang mamatay si Saul.

- Ano ang napag-alaman ni Samuel samantalang tinitingnan niya kung sino sa mga anak ni Jesse ang susunod na magiging hari? (Tingnan sa I Samuel 16:6–7.) Paano maihahambing ang paraan ng pagpili ng Panginoon kay David sa paraan ng pagpili Niya ng mga pinuno sa ngayon? Ano ang itinuturo ng I Samuel 16:7 tungkol sa kung paano tayo tinitingnan ng Panginoon? Ano ang hinahanap ng Panginoon sa ating mga puso?

  Sinabi ni Elder Marvin J. Ashton na:

  "Ating . . . tinitingnan ang iba batay sa pisikal at panlabas na kaanyuan: ang kanilang 'kagandahan o kakisigan,' ang kanilang katayuan sa lipunan, ang angkan na kanilang pinagmulan, kanilang mga pinag-aralan, o kanilang mga katayuan sa buhay.

  "Ang Panginoon, gayunman, ay may kakaibang pamantayan ng kanyang sukatan sa isang tao. . . . Hindi siya kumukuha ng medida at inilalagay ito sa palibot ng ulo ng isang tao upang matantiya ang kakayahan ng kanyang kaisipan, ni sa kanyang dibdib upang malaman ang kanyang kakayahan bilang lalaki, kundi kanyang sinusukat ang puso bilang tagapagsabi ng kapasidad ng isang tao at kanyang kakayahang pagpalain ang iba" (sa Conference Report, Okt. 1988, 17; o *Ensign*, Nob. 1988, 15).

- Bakit mahalaga na sa ating pakikipag-ugnayan sa iba ay makita natin hindi lamang ang panlabas na anyo kundi dapat din nating tingnan kung ano ang nasa puso? Paano natin mapagbubuti ang ating kakayahan at pangakong gawin ito?

- Dahil naging suwail si Saul, ang Espiritu ng Panginoon ay lumayo sa kanya (I Samuel 16:14). Paano naghangad ng kapanatagan si Saul mula sa masamang espiritu na dumating sa kanya? (Tingnan sa I Samuel 16:15–23.) Anong mga mapagkukunan sa labas ang kung minsan ay binabalingan ng tao sa ngayon habang nagsisikap silang makatagpo ng kapanatagan mula sa kanilang mga kasalanan? Ano ang paraan ng Panginoon upang makahanap tayo ng kapanatagan mula sa ating mga kasalanan? (Tingnan sa Mateo 11:28–30; Doktrina at mga Tipan 58:42.)

- Ano ang mga katangiang taglay ni David na nagpagindapat sa kanya na maging isang pinuno? (Tingnan sa I Samuel 16:18.)

**5. Pinatay ni David si Goliath sa pamamagitan ng makapangyarihang gawa ng Panginoon.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 17. Maaari ninyong ipabuod nang maikli sa inatasang miyembro ng klase ang pangyayaring ito.

- Ano ang maaaring makuha o kaya naman ay mawala sa mga Israelita sa pakikipaglaban kay Goliath? (Tingnan sa I Samuel 17:8–9.) Bakit takot si Saul at ang kanyang hukbo na makipaglaban kay Goliath? (Tingnan sa I Samuel 17:4–11. Iniisip nila na hindi nila matatalo si Goliath dahil sa kanyang laki, lakas, baluti, at mga sandata.)

- Paano nagkaroon ng lakas ng loob si David na makipaglaban kay Goliath? (Tingnan sa I Samuel 17:32–37, 45–47. Kinilala ni David na iniligtas siya ng Panginoon mula sa leon at oso samantalang pinapastol ang mga tupa ng

kanyang ama, at nagtiwala siya na tutulungan siya ng Panginoon sa kanyang pakikipaglaban kay Goliath.)

- Ano ang sinabi ni Goliath nang makita niya si David na papalapit upang makipaglaban sa kanya? (Tingnan sa I Samuel 17:42–44.) Bilang tugon ano naman ang sinabi ni David? (Tingnan sa I Samuel 17:45–47.) Paano makatutulong sa atin ang pag-alaala sa naging tugon ni David kapag nilalait tayo o tinatakot ng ibang tao?

- Bilang isang kabataan, ang mga tagumpay ni David sa paggapi sa isang leon at isang oso ay naghanda sa kanya upang harapin ang mas malalaking hamon ni Goliath. Anong mga hamon ang maaaring kinakaharap natin sa ngayon na naghahanda sa atin para sa mas malalaking hamon ng buhay? Paano naaapektuhan ng ating mga tugon sa mga hamong ito ang ating kakayahang makipaglaban sa mga Goliath na maaaring dumating sa hinaharap? Magpatotoo na sa paggapi natin sa mga leon at oso sa ating buhay ay magkakaroon tayo ng tiwala, pag-uugali, at pananampalataya upang magapo ang ating mga Goliath.

- Anong mga Goliath ang nakakasagupa natin sa ngayon? Ano ang matututuhan natin mula kay David tungkol sa kung paano pagtagumpayan ang mga ito? (Tingnan sa I Samuel 17:45; Mga Taga Efeso 6:11–18.) Paano kayo natulungan ng Panginoon na mapagtagumpayan ang mga Goliath na nakasagupa na ninyo?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na:

  "May mga Goliath sa inyong paligid, malalaking higanteng may masamang pakay na lipulin kayo. Ang mga ito ay hindi kalalakihan na siyam na talampakan ang taas, kundi sila ay mga kalalakihan at institusyon na pumipigil sa mga kaakit-akit ngunit masasamang bagay na maaaring humamon, magpahina at sumira sa inyo. Kabilang sa mga ito ang *beer* at iba pang alak at tabako. Ang mga nagtitinda ng mga produktong ito ay nagnanais na gawin kayong alipin sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito. Ang mga ito ay iba't ibang uri ng droga na, ang sabi sa akin, ay karaniwang madaling makuha sa maraming matataas na paaralan. Sa mga naglalako ng mga ito, ito ay isang industriya na kumikita ng milyun-milyong dolyar, silang mga dambuhalang bitag ng kasamaan. Nariyan ang pornograpiya, na nakatutukso at kawili-wili at nanggaganyak. Ito ay naging isang malaking industriya na gumagawa ng mga magasin, pelikula, at iba pang mga materyal na nilayon upang kunin ang inyong salapi at akayin kayo tungo sa mga gawaing sisira sa inyo.

  "Ang mga dambuhalang nasa likuran ng mga pagsisikap na ito ay mahirap talunin at sanay na sanay na. Nagkaroon na sila ng malawak na karanasan sa digmaang kanilang ipinaglalaban. Gusto nila kayong bihagin.

  "Halos imposibleng lubusang maiwasan ang malantad sa kanilang mga produkto. Nakikita ninyo ang mga materyal na ito sa lahat ng sulok. Ngunit hindi kayo dapat matakot kung nasa inyong mga kamay ang tirador ng katotohanan. Kayo ay napayuhan at naturuan at nasabihan. Nasa inyo ang mga bato ng kabutihan at karangalan at integridad upang gamitin laban sa mga kaaway na tio na gustong gumapi sa inyo. Yayamang kayo ang nasasangkot, maaari ninyo silang patamaan sa 'pagitan ng mga mata' upang sindakin sila.

Mapagtatagumpayan ninyo ang mga ito sa pamamagitan ng pagdisiplina sa inyong sarili upang maiwasan ang mga ito. Maaari ninyong sabihin sa karamihan ng mga ito ang katulad ng sinabi ni David kay Goliath na, 'Ikaw ay naparirito sa akin na may tabak, at may malaking sibat at may kalasag; ngunit ako'y naparirito laban sa iyo sa pangalan ng Panginoon ng mga hukbo, ng Diyos ng mga kawal ng Israel na iyong hinahamon.'

"Ang tagumpay ay mapapasainyo. . . . Nasa inyo ang Kanyang kapangyarihan upang itaguyod kayo. Nakapalibot sa inyo ang karapatan sa pagmiministeryo ng mga anghel upang ipagsanggalang kayo. Huwag ninyong hayaang sindakin kayo ni Goliath. Ipagtanggol ang inyong mga pinaniniwalaan at manatili sa inyong kinatatayuan, at kayo ay magtatagumpay" (sa Conference Report, Abr. 1983, 66; o *Ensign*, Mayo 1983, 46, 51).

Katapusan

Himukin ang mga miyembro ng klase na magtiwala at sundin ang Panginoon. Ipangako na sa pamamagitan ng paggawa ng gayon sila ay lalaking mas malakas at mapapasakanila ang katiyakan ng Panginoon na sila ay tutulungan niyang magtagumpay sa mga personal na Goliath. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang Panginoon ay tumitingin sa ating mga puso, hindi sa ating kayamanan o katayuan o pakikiayon sa mga tanyag na pamantayan.

## Mga Karagadagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagbibigay katwiran sa kasalanan**

Ang sumusunod na siping-banggit mula kay Elder Spencer W. Kimball ay maaaring makatulong sa pagtalakay ninyo tungkol sa pagkamasuwayin ni Saul na may kinalaman sa mga Amalecita:

"Si Saul ay nangatwiran. Madali para sa kanya ang sumunod kung ito ay tungkol sa pagpapatalsik sa mga hari, dahil ano nga naman ang pakinabang sa mga natalong hari? Ngunit bakit hindi maaaring itabi ang matatabang tupa at baka? Hindi nga ba higit ang kanyang paghusga bilang hari kaysa kay Samuel na mababa ang kalooban? . . .

"Ang karamihan sa Israel ngayon ay tulad ni Saul. Ipinamumuhay ng isang tao ang ilan sa mga pahayag ng Panginoon tungkol sa kalusugan maliban sa kailangan niya ang kanyang tasa ng kape kung minsan; hindi siya gagamit ng tabako ni ng alak na hindi naman niya hinahanap-hanap ngunit kailangan niya ang ginhawang dulot ng isang tasang kape.

"Maglilingkod siya sa isang katungkulan sa Simbahan, dahil narito ang gawaing gusto niya at karangalang kanyang inaasam, . . . subalit madaling humanap ng dahilan sa hindi pagbabayad ng ikapu na mahirap niyang sundin. Hindi niya ito kaya. . . . Hindi siya nakatitiyak kung palagi itong ipinamamahagi sa pamamaraang nais niya, at sino naman ang makaaalam sa kabiguan niyang mabayaran ito?

“Ang isa naman ay dadalo sa ilang pulong ngunit tulad ni Saul ay gumagawa ng mga dahilan sa hindi niya paggawa ng mga bagay na dapat niyang gawin. Bakit hindi siya maaaring manood ng palaro, ng isang palabas, gumawa ng kailangang trabahuin sa bakuran, o ituloy ang pangangalakal tulad ng karaniwang ginagawa?

“Ang isa naman ay matapat na dadalo sa kanyang mga gawain sa labas ng Simbahan ngunit tumatanggi sa anumang mungkahi na may kinalaman sa mga problema o hindi pagkakasundo sa kanyang tahanan o mga panalangin ng mag-anak kapag mahirap tipunin ang mag-anak.

“Ganoon si Saul. Magagawa niya ang mga bagay na kapakipakinabang sa kanya subalit makahahanap siya ng mga dahilan para sa mga bagay na salungat sa kanyang sariling ninanais” (sa Conference Report, Okt. 1954, 51).

**2. Paggapi sa ating mga Goliath**

Gumupit ng tali na 91/2 talampakan (3 metro) ang haba, ang tinatayang taas ni Goliath. Dalhin sa klase ang tali, kaputol na *tape*, ilang papel at isang lapis na pangmarka. Ikabit ang tali sa dingding sa pamamagitan ng paglalagay ng *tape* sa itaas at sa ibaba (kung hindi gaanong mataas ang dingding, ilapag ang dulo ng tali sa sahig). Sabihin sa mga miyembro ng klase na ang tali ay sumasagisag kay Goliath. Hilingan ang mga miyembro ng klase na magbanggit ng mga bagay na maaaring mapanganib para sa kanila (ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng kapalaluan, pornograpiya, pag-iimbot, at mga bawal na gamot). Isulat ang bawat panganib sa isang piraso ng papel at ikabit ang bawat piraso ng papel sa dingding at sa tali sa pamamagitan ng *tape*, na tinatakpan ang tali mula sa itaas hanggang ibaba.

Ipaliwanag na kailangan natin ng mga sandata upang magapi si Goliath. Hilingan ang mga miyembro ng klase na magbanggit ng mga sandata na makagagapi kay Goliath (ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagtitiwala sa Panginoon, pananalangin, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pag-alam sa katotohanan, pagiging moral na malinis, at pagpili ng mabubuting kaibigan). Habang binabanggit ng mga miyembro ng klase ang bawat sandata ay alisin ang papel. Magsimula sa gawing itaas ng tali, na tinatanggal ang papel at tape na kinakabitan ng tali sa dingding. Hayaang mahulog ang tali sa susunod na papel. Matapos matanggal ang lahat ng papel at tape, ang tali ay babagsak sa sahig at si Goliath ay magagapi.

# “Ang Panginoon ay nasa Gitna Natin Magpakailanman”

# Aralin 23

*I Samuel 18–20; 23–24*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na maging matapat sa kanilang mga kaibigan, tulad nina Jonathan at David noon, at iwasang madaig ng pagkainggit at pagkapoot, tulad ni Saul.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. I Samuel 18:1–16. Sina Jonathan at David ay gumawa ng tipan ng pagkakaibigan (18:1–4). Si David ay pinarangalan ng mga Israelita sa kanyang tagumpay sa pakikipagdigmaan (18:5–7). Naingit si Saul kay David at tinangka niyang patayin ito sa pamamagitan ng sibat (18:8–16; pansinin na ang Pagsasalin ni Joseph Smith ay nagsasaad na ang masamang espiritu na dumating kay Saul ay *hindi* mula sa Diyos).
   b. I Samuel 18:17–30; 19:1–18. Nakipaglaban si David sa mga Filisteo bilang kapalit ng karapatang mapangasawa ang anak na babae ni Saul, na walang kaalam-alam na si Saul ay umaasam na sana ay mamatay si David sa digmaan (18:17–25). Nagapi ni David ang mga Filisteo at pinakasalan ang anak ni Saul na si Michal (18:26–28). Sinabihan ni Jonathan si David na magtago at sinikap na hikayatin si Saul na huwag patayin si David (19:1–7). Nabigo si Saul sa isa pang pagtatangka na patayin si David sa pamamagitan ng sibat (19:9–10). Iniligtas ni Michal si David mula sa isa pang pagtatangka ni Saul sa buhay ni David (19:11–18).
   c. I Samuel 20. Sinariwa nina Jonathan at David ang kanilang tipan ng pagkakaibigan at kapayapaan (pansinin na ang tipang ito ay hindi lamang sa pagitan nina Jonathan at David kundi sa pagitan din ng kanilang sambahayan). Nang tangkain muli ni Saul na patayin si David, siya ay binalaan ni Jonathan na tumakas.
   d. I Samuel 23–24. Nagpatuloy sa pakikipaglaban si David sa mga Filisteo at tumakas kay Saul. Natagpuan ni David si Saul at hindi niya ito pinatay.

2. Karagdagang babasahin: I Samuel 14:1–16; II Samuel 1.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Itanong sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod:

- Ano ang ilan sa mga katangiang hinahanap ninyo sa isang kaibigan? (Maaari ninyong naising isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng katapatan, integridad, pagiging hindi sakim, kabaitan, at pagmamahal sa kapwa tao.)

Ipaliwanag na bahagi ng araling ito ay nagtuturo tungkol sa kahalagahan ng pagiging isang tunay na kaibigan.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Sina Jonathan at David ay gumawa ng tipan ng pagkakaibigan. Nainggit si Saul kay David at tinangka itong patayin.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 18:1–16.

Si David ay dagliang naging bayani matapos niyang mapatay si Goliath. Siya ay pinarangalan ni Haring Saul at ng buong kaharian. Gayunman, walang sinumang naging lubos na matapat kay David maliban kay Jonathan, ang anak na lalaki ni Saul.

- Ano ang nadarama nina Jonathan at David sa isa't isa? (I Samuel 18:1, 3.) Bakit mas madali para kay Jonathan ang mainggit kay David?

  a. Bilang anak ni Saul, si Jonathan ang susunod na magiging hari. Gayunman ay pinahiran ng langis ng propetang si Samuel si David upang susunod na maging hari (I Samuel 16:6–13).
  b. Samantalang labis na pinararangalan si David ng mga tao dahil sa kanyang tagumpay sa pakikidigma, si Jonathan naman ay tumanggap lamang ng kaunting pansin para sa kanyang sariling tagumpay sa larangan ng digmaan (I Samuel 14:1–16).

- Bakit sa palagay ninyo hindi nainggit si Jonathan kay David o ni hindi man lamang nabahala sa kanya? (I Samuel 18:1, 3.) Paano ipinakita ni Jonathan ang kanyang pagsuporta kay David? (Tingnan sa I Samuel 18:4. Ibinigay niya ang kanyang maharlikang bata at mga sandata kay David.)

- Ano ang nadama ni Haring Saul kay David matapos niyang mapatay si Goliath? (Tingnan sa I Samuel 18:2, 5. Dinala ni Saul si David sa kanyang sariling tahanan at ginawa siyang pinuno ng kanyang mga hukbo.) Paano ipinakita ni David ang kanyang katapatan kay Haring Saul? (Tingnan sa I Samuel 18:5.) Ano ang nag-udyok kay Saul na kalabanin si David? (Tingnan sa I Samuel 18:6–9.) Bakit kung minsan ay mahirap magdiwang para sa tagumpay ng iba? Paano naaapektuhan ng pagkainggit at kapalaluan ang ating espirituwal na kabutihan?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

  "Si Saul ay naging kaaway ni David nang dahil sa kapalaluan. Nainggit siya dahil ang mga kababaihang Israelita ay nag-aawitan na nagsasabing 'Pinatay ni Saul ang kanyang libu-libo, at ni David ang kanyang laksa-laksa' (I Samuel 18:7; tingnan din sa 18:6, 8).

  "Ang mga palalo ay mas natatakot sa paghatol ng mga tao kaysa sa paghatol ng Diyos. . . . Ang 'Ano ang iisipin ng mga tao sa akin?' ay mas matimbang kaysa sa 'Ano ang iisipin ng Diyos sa akin?' . . .

“Ang takot sa paghatol ng tao ay nakikita sa pakikipagpaligsahan sa pagkuha ng pagsang-ayon ng mga tao. Higit na mahal ng mga palalo ‘ang kaluwalhatian sa mga tao kaysa kaluwalhatian sa Diyos’ (Juan 12:42–43). Ang ating mga pakay sa mga bagay na ginagawa natin ay kakikitaan ng kasalanan ng kapalaluan. Sinabi ni Jesus na ‘palagi niyang ginagawa ang mga bagay’ na kalugud-lugod sa Diyos (Juan 8:29). Hindi ba magiging mabuti para sa atin kung mimithiin nating maging kalugud-lugod sa Diyos sa halip na sikaping iangat ang ating sarili kaysa ating kapatid at higitan ang iba?

“Ang ilang palalong tao ay hindi gaanong iniisip kung sapat ba ang kanilang kinikitang salapi upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Sa halip ay mas iniisip nilang dapat ay higit ang kanilang kinikita kaysa sa ibang tao. Ang kanilang gantimpala ay ang pagiging higit nang kaunti kaysa sa iba. . . .

“Kapag nananahan sa ating puso ang kapalaluan ay nawawala ang ating kalayaan sa daigdig at isinusuko natin ang ating kalayaan tungo sa pagkaalipin sa paghatol ng mga tao. Mas malakas ang sigaw ng daigdig kaysa sa mga bulong ng Espiritu Santo. Ang mga pangangatwiran ng mga tao ay nagiging mas mahalaga sa kanila kaysa sa mga paghahayag ng Diyos, at ang mga palalo ay hindi na kumakapit sa gabay na bakal” (sa Conference Report, Abr. 1989, 4–5; o *Ensign*, 1989, 5).

- Paano kumilos si David matapos siyang pagpalain ng Panginoon ng tagumpay sa pakikipagdigmaan? (Tingnan sa I Samuel 18:5, 14–16.) Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang halimbawa? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “[kayo’y] magpakabait” kapag tayo ay matagumpay?

**2. Nabigo sa Saul sa tatlong ulit pang pagtatangka sa buhay ni David**

Ituro at talakayin ang I Samuel 18:17–30; 19:1–18.

- Sinabi ni Saul na pahihintulutan niyang magpakasal kay David ang isa sa kanyang mga anak na babae kung makikipaglaban si David sa mga Filisteo. Ano ang talagang pakay ni Saul sa paggawa nito? (Tingnan sa I Samuel 18:20–25. Hinangad niyang mapatay ng mga Filisteo si David.)
- Paano naging tapat na kaibigan si Jonathan nang tangkain ni Saul na patayin si David? (Tingnan sa I Samuel 19:1–7.) Ano ang ibig sabihin ng maging isang tunay na kaibigan? Sa paanong paraan tapat sa inyo ang inyong mga kaibigan? Gaano kayo katapat sa inyong mga kaibigan?
- Sa kabila ng mga pagsisikap ni Jonathan na baguhin ang damdamin ni Saul kay David ay patuloy pa ring pinagtatangkaan ni Saul ang buhay ni David (I Samuel 19:9–10). Paano ipinakita ni Michal na asawa ni David na siya ay tapat sa kanyang asawa? (Tingnan sa I Samuel 19:11–18.)

**3. Sinariwa nina David at Jonathan ang kanilang tipan ng pagkakaibigan, at iniligtas ni Jonathan ang buhay ni David.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 20.

- Ano ang reaksiyon ni David sa galit at mga pagtatangka ni Saul na patayin siya? (Tingnan sa I Samuel 20:1.) Paano patuloy na ipinakita ni Jonathan ang kanyang pakikipagkaibigan samantalang pinagtatangkaan ni Saul ang buhay

ni David? (Tingnan sa I Samuel 20:2–4, 13–17, 23; tingnan din sa I Samuel 20:24–42, na tinatalakay sa ibaba.)

- Paano naimpluwensiyahan ng pananampalataya sa Diyos ang pagkakaibigan nina Jonathan at David? (Tingnan sa I Samuel 20:23.) Paano naaapektuhan ng ating pagmamahal sa Diyos ang pagmamahal natin sa iba?

- Kung uunahin natin sa ating buhay ang katapatan sa Diyos, ano ang gagawin natin kapag ang mga kaibigan natin ay gumawa ng mga bagay na mali? (Buong pagmamahal nating sisikaping tulungang magbago ang ating mga kaibigan.) Ano ang gagawin natin kapag hiniling ng ating mga kaibigan na gumawa tayo ng mga bagay na mali? (Hindi natin gagawin ang masasamang bagay na ipinagagawa sa atin ng ating mga kaibigan, anuman ang maging epekto nito sa ating pakikipag-ugnayan sa kanila, at sisikapin nating impluwensiyahan ang ating mga kaibigan na gumawa ng mga tamang pagpili.)

- Paano ipaaalam ni Jonathan kay David kung ligtas na para sa kanya ang magbalik sa kaharian ni Saul? (Tingnan sa I Samuel 20:5–7, 18–22.) Paano tumugon si Haring Saul sa pagkawala ni David at sa pagtatanggol ni Jonathan sa kanyang kaibigan? (Tingnan sa I Samuel 20:24–33.) Paano binalaan ni Jonathan si David na tumakas mula kay Saul? (Tingnan sa I Samuel 20:35–42.)

**4. Si Saul ay napuno ng pagkapoot kay David, hindi pinatay ni David si Saul.**

Ituro at talakayin ang I Samuel 23–24.

- Si David ay biniyayaan ng patuloy na tagumpay sa pakikipagdigmaan (I Samuel 23:1–5). Bakit kailangang lisanin ni David ang lungsod ng Keila matapos niyang mailigtas ang mga tao mula sa mga Filisteo? (Tingnan sa I Samuel 23:7–13.)

- Nang malaman ni Saul na nasa Keila si David ay inihanda niya ang kanyang hukbo upang wasakin ang buong lungsod (I Samuel 23:10). Ano ang dahilan ng pagbabago ni Saul mula sa isang matwid na hari tungo sa pagiging isang taong handang wasakin ang isang buong lungsod mapatay lamang ang isang tao? Bakit nakapangingibabaw ang pagkainggit at pagkapoot? Paano nating maaalis sa ating sarili ang pagkainggit o pagkapoot?

- Noong nagtatago si David mula kay Saul ay dinalaw ni Jonathan si David at "pinagtibay ang kanyang kamay sa Diyos" (I Samuel 23:16). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin nito? Paano nating mapatatatag ang ating mga kaibigan sa Diyos?

- Sa isa sa mga pagtatangkang hanapin at patayin si David, si Saul ay nagpahinga sa isang yungib (I Samuel 24:1–3). Ano ang sinabi ng mga tauhan ni David nang matagpuan nila si Saul? (Tingnan sa I Samuel 24:4.) Ano ang ginawa ni David? (Tingnan sa I Samuel 24:4–5. Ang isang talababa sa talata 4 ay nagpapaliwanag na ginupit ni David ang laylayan ng bata ni Saul—ang bahagi ng bata na sumasagisag sa awtoridad.)

- Bakit tumanggi si David na saktan si Saul? (Tingnan sa I Samuel 24:6–12.) Ano ang itinuturo sa atin ng halimbawa ni David tungkol sa paghihiganti at pagtugon sa mga gumagawa sa atin ng masama? (Tingnan sa I Samuel

24:12–15; tingnan din sa Mormon 8:20.) Ano ang sinabi ni Saul nang hindi siya pinatay ni David? (Tingnan sa I Samuel 24:16–19.)

Katapusan

Ituro na ang kuwento nina Jonathan at David ay nagpapaalala sa atin na ang tunay na pagkakaibigan at pagmamahal ay naglalapit sa atin sa ating mga kaibigan at sa Diyos. Ang kuwento tungkol kay Saul ay nagpapaalala sa atin na maaari tayong pangibabawan ng pagkainggit at pagkapoot at aakayin tayo nito palayo sa ating mga kaibigan at sa Diyos. Himukin ang mga miyembro ng klase na maging tapat sa kanilang mga kaibigan upang masabi nila sa kanila na, "ang Panginoon ay nasa gitna natin magpakailan man" (I Samuel 20:23).

## Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

### Sariling pagtatantiya ng pakikipagkaibigan

Gamitin ang sumusunod na gawain kung nais ninyong bigyang-diin ang kahalagahan ng pagiging tunay na kaibigan.

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng isang papel at *ballpen* o lapis. Ipaliwanag na magtatanong kayo sa kanila ng ilang katanungan upang tulungan silang malaman kung sila ay mga tunay na kaibigan. Ipasulat sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga sagot, na tinitiyak sa kanila na hindi naman nila kailangang ipakita sa iba ang kanilang mga sagot. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

1. Ano ang pinakahuling mabuting bagay na ginawa ninyo para sa isang tao?
2. Ano ang ginagawa ninyo kapag naririnig ninyo ang isang tao na nagsasabi ng hindi mabuti tungkol sa ibang tao?
3. Ano ang nagawa ninyo upang matulungan ang inyong mga kaibigan na maging mas mabubuting tao?

Aralin
# 24 “Likhaan Mo Ako ng Isang Malinis na Puso”

*II Samuel 11–12; Mga Awit 51*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na maging malinis sa kaisipan at kilos at pagsisihan ang kanilang mga kasalanan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. II Samuel 11. Si David ay nagkasala ng pangangalunya kay Bath-she-ba, na asawa ni Uria (11:1–5). Nabigo si David sa pagtatangka niyang itago ang kanyang kasalanan (11:6–13). Nagplano siya upang mapatay sa digmaan si Uria (11:14–17). Pinakasalan ni David si Bath-she-ba, at nagkaanak sila ng lalaki (11:26–27).

   b. II Samuel 12:1–23. Itinuro ng propetang si Natan ang kabigatan ng kasalanan ni David sa pamamagitan ng pagkukuwento ng isang talinghaga kay David (12:1–6). Sinabihan si David na siya ay parurusahan dahil sa kanyang mga kasalanan (12:7–14; pansinin na sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng talata 13 ay sinabi ni Natan na, “*Hindi* inalis ng Panginoon ang iyong kasalanan upang hindi ka mamatay”). Ang unang anak na lalaki nina David at Bath-she-ba ay namatay samantalang sanggol pa lamang (12:15–23).

   c. Mga Awit 51. Ang nagsisising si David ay naghangad ng kapatawaran.

2. Karagdagang babasahin: II Samuel 2–10.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang kareteng sinulid at gunting.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Patayuin ang isang boluntaryo sa harapan ng klase na nakataas ang mga kamay sa harapan. Maluwag na talian ng isang hibla ng sinulid ang dalawang kamay ng miyembro ng klase sa may gawing pulso. Ipaliwanag na ang isang hibla ng sinulid na ito ay sumasagisag sa isang maruming kaisipan. Pagkatapos ay hilinging patirin ng miyembro ng klase ang sinulid sa pamamagitan ng biglang paghihiwalay niya ng kanyang mga kamay.

- Ano ang dapat nating gawin kapag may maruming kaisipan na pumapasok sa ating isip? (Dapat nating alisin ito kaagad.)

Hilingin sa miyembro ng klase na itaas niyang muli ang kanyang mga kamay. Paikutan ng ilang hibla ng sinulid ang mga kamay ng miyembro ng klase—sapat lamang upang mas mahirap niyang makalag ang mga ito. Pagkatapos ay

hilingin sa miyembro ng klase na subukang patirin ang mga hibla ng sinulid. Ulitin ang paraang ito na gamit ang ilang hibla ng sinulid upang gawing imposible ang pagpatid sa mga ito.

- Ano ang nangyayari kapag hinahayaan nating manatili sa ating mga isip ang maruruming kaisipan?

Pawalan ang mga kamay ng miyembro ng klase sa pamamagitan ng paggunting sa mga sinulid. Ipaliwanag na may bahagi sa araling ito na tatalakay tungkol sa mga ibubunga ng pagpapanatili ng maruruming kaisipan sa ating isip. Tinatalakay din ng aralin ang mga paraan ng pagpapalaya sa ating sarili mula sa maruruming kaisipan.

---

Pagtalakay at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan. Dahil mahihirapan kayong itanong ang lahat o talakayin ang bawat punto sa aralin, may panalanging piliin ang mga pinakamainam na tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaaring kailanganin ninyong iangkop ang ilang mga tanong upang lumapat sa mga katayuan ng mga miyembro ng klase.

Ang I Samuel 25 hanggang II Samuel 10 ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa makasaysayang pangyayari sa araling ito. Yayamang hindi natalakay ang mga naturang kabanata sa manwal na ito, maaari ninyong naising ibuod ang mga ito tulad ng sumusunod:

Hindi nagtagal matapos hindi pagtangkaan ni David ang buhay ni Saul ay minsan pang pinagtangkaan ni Saul ang buhay ni David. Muling nagkaroon ng pagkakataon si David na patayin ang hari, ngunit tumanggi siyang gawin ang gayon. Nagpatuloy ang mga digmaan sa pagitan ng mga tao ni Juda at ng mga karatig bansa, at sina Saul at Jonathan ay napatay sa isa sa mga digmaang iyon. Si David ang pumalit kay Saul bilang hari at naging isa sa mga pinakadakilang hari sa kasaysayan ng Israel. Pinag-isa niya ang mga lipi at ginawang isang bansa, inangkin ang lupaing ipinangako sa kanyang mga tao, at nagtatag ng isang pamahalaan na batay sa batas ng Diyos. Gayunman, ang huling 20 taon ng kanyang buhay ay nadungisan ng makasalanang mga pasiya na tinatalakay sa araling ito.

**1. Nagkasala ng pangangalunya si David kay Bath-she-ba at inayos ang kamatayan ni Uria, na asawa ni Bath-she-ba.**

Ituro at talakayin ang II Samuel 11.

- Naglalakad si David sa kanyang bubong nang makita niya si Bath-she-ba at natukso siyang mangalunya nang dahil sa kanya (II Samuel 11:2). Ano ang dapat ginawa ni David nang makita niya si Bath-she-ba? Ano ang ginawa ni David na naging dahilan upang magkasala siya kay Bat-she-ba? (Tingnan sa II Samuel 11:2–4.) Ano ang maaaring umakay sa mga tao upang matuksong gumawa ng seksuwal na kasalanan? Ano ang maaari nating gawin upang maiwasan ang matuksong gumawa ng mga seksuwal na kasalanan?

Maaari ninyong naising ilista sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase na gamit ang isang tsart na tulad ng nasa ibaba. Ang mga sagot ay maaaring kapalooban ng mga sumusunod:

| *Mga bagay na iiwasan* | *Paano iiwasan ang mga ito* |
|---|---|
| Marurumi o mahahalay na kaisipan | Punuin ang inyong mga isip ng mga kaisipan na makapagbibigay-sigla. |
| Mga palabas sa telebisyon, sine, magasin, aklat, at musikang malalaswa at nagmumungkahi o nagdudulot ng hindi angkop o mahalay na kaisipan sa kahit na anong paraan | Piliin ang mga palabas sa telebisyon, sine, magasin, aklat at musika na makapagbibigay inspirasyon sa inyo na gumawa nang mabuti. |
| Mga hindi kapaki-pakinabang na gawain sa pakikipagtipanan | Sundin ang mga pamantayan sa pakikipagtipanan na itinuro ng mga propeta sa mga huling araw at nakabalangkas sa *Para sa Lakas ng Kabataan*. |
| Pakikipagharutan gayong kasal na | Mahalin ang inyong asawa nang buong puso. Patuloy na "ligawan" (palaguin ang inyong pakikipag-ugnayan sa) inyong asawa. |
| Mga lugar o gawain na magiging dahilan ng hindi palagiang pagsama ng Espiritu Santo | Tiyakin na ang mga lugar na inyong pinupuntahan at mga gawaing inyong sinasalihan ay magbibigay daan upang mapasainyo ang palaging pagsama ng Espiritu Santo |

Maaari ninyong naising gamitin ang unang karagdagang ideya sa pagtuturo para talakayin ang mga paraan upang iwasan ang maruruming kaisipan.

- Ano ang sinubukang gawin ni David nang malaman niyang nagdadalantao si Bath-she-ba? (Tingnan sa II Samuel 11:6–13. Sinikap niyang pauwiin si Uria, na asawa ni Bath-she-ba. Sa gayon ay lilitaw na ang batang nasa sinapupunan ay kay Uria.) Bakit nabigo ang plano ni David? (Tingnan sa II Samuel 11:11. Ayaw umuwi ni Uria noong panahong iyon dahil siya ay tapat sa kanyang mga kasamahan sa digmaan at nadama na dapat siyang manatili sa kanilang piling.)

- Ano pa ang mas matinding kasalanan na nagawa ni David sa kanyang pagsisikap na itago ang kanyang kahalayan? (Tingnan sa II Samuel 11:14–17.) Sa palagay ninyo, kanino itinatago ni David ang kanyang mga kasalanan? Paano sinusubukang itago ng mga tao ang kanilang mga kasalanan sa ngayon? Ano ang nangyayari kapag sinisikap nating itago ang ating mga kasalanan?

  Sinabi ni Elder Richard G. Scott:

  "Huwag kayong mapanatag sa katotohanan na ang inyong mga kasalanan ay hindi nalalaman ng ibang tao. Iyon ay tulad ng isang *ostrich* na nakabaon ang ulo sa buhangin. Ang tanging nakikita niya ay kadiliman at nadaramang komportable siya sa kanyang pagkakatago. Sa katotohanan, siya ay hayagang pinagtatawanan. Gayundin naman na ang bawat kilos natin ay nakikita ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Minamahal na Anak. Alam nila ang lahat ng tungkol sa atin. . . .

  "Kung mabigat ang inyong naging kasalanan, hindi kayo makatatagpo ng katiwasayan o kapanatagan na magtatagal sa habampanahon sa bagay na inyong ginawa. Ang pagbibigay dahilan sa kasalanan sa pamamagitan ng pagtatago nito sa iba ay tila kalutasan sa problema, ngunit sa katunayan ay hindi naman. Nilalayon ng manunukso na ihayag sa lahat ang inyong pinaka-nakahihiyang kilos sa panahon na makapipinsala ito sa inyo nang

lubusan. Ang mga pagsisinungaling ay humahabi ng parisan na habampanahong magkukulong at magiging isang bitag na ipanghuhuli ni Satanas upang saktan kayo" (sa Conference Report, Abr. 1995, 103; o *Ensign*, Mayo 1995, 77).

Maaari ninyong gamitin ang ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo upang mailarawan ang panganib ng pagsisikap na itago ang ating mga kasalanan.

**2. Si David ay sinabihan na siya ay parurusahan dahil sa kanyang mga kasalanan.**

Ituro at talakayin ang II Samuel 12:1–23.

- Anong talinghaga ang ikinuwento ng propetang si Natan upang ilarawan kung gaano ang hindi pagkalugod ng Panginoon kay David? (Tingnan sa II Samuel 12:1–4.) Ano ang inisip ni David tungkol sa ikinilos ng lalaking mayaman kung ihahambing sa ikinilos ng lalaking mahirap sa talinghaga? (Tingnan sa II Samuel 12:5–6.) Paano naging tulad ng sa mayamang lalaki ang mga ikinilos ni David? (Tingnan sa II Samuel 12:7–9.) Paano tumugon si David sa pagkastigo ng Panginoon? (Tingnan sa II Samuel 12:13.)

- Bakit kaya nabigong makilala ni David na siya ang isinasagisag ng lalaking mayaman sa talinghaga? Bakit kung minsan ay hindi natin nakikilala ang ating sariling pagiging makasalanan?

- Ano ang mga ibinunga ng mga kasalanan ni David? (Tingnan sa II Samuel 12:10–14. Ang mga katuparan ng mga propesiyang ito ay matatagpuan sa mga talata 15–23 at sa mga kasunod na kabanata ng II Samuel at I Mga Hari; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 132:39. Alalahanin na ang pangangalunya ay mabigat na kasalanan, subalit hindi kakamtin ni David ang kanyang kadakilaan dahil pinapanagot siya ng Panginoon sa pagpaslang kay Uria.)

  Sinabi ni Pangulong Marion G. Romney na: "Si David, . . . kahit na lubos na kinalugdan ng Panginoon (sa katunayan siya ay tinukoy bilang isang lalaking may pusong tulad ng sa Diyos), ay nagpatukso. Ang kanyang kahalayan ay humantong sa pagpaslang, at bilang bunga, nawala sa kanya ang kanyang mag-anak at ang kanyang kadakilaan" (sa Conference Report, Abr. 1979, 60; o *Ensign*, Mayo 1979, 42).

- Ano ang ilan sa mga kagyat na ibinubunga ng kahalayan sa ngayon? Ano ang ilang matagalang epekto para sa mga hindi nagsisisi?

**3. Ang nagsisising si David ay naghahangad ng kapatawaran.**

Ituro at talakayin ang Mga Awit 51.

Sa isang awit sa Panginoon ay ipinahayag ni David ang pagnanais na tulungan ang iba na magsisi sa pamamagitan ng pagsasabing, "Ituturo ko sa mga mananalangsang ang iyong mga lakad; at ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa iyo" (Mga Awit 51:13). Kahit na nawala na kay David ang kanyang kadakilaan dahil isinaayos niya ang pagkamatay ni Uria ay matututo pa rin tayo mula sa kanyang pagsisisi habang humihingi siya ng tawad para sa kasalanan ng pangangalunya. Ang kanyang mga salita sa Mga Awit 51 ay nagtuturo ng maraming aspeto ng tunay na pagsisisi. Habang pinag-aaralan

ninyo ang mga awit na kasama ang mga miyembro ng klase, talakayin kung paano natin maipamumuhay ang halimbawa ni David ng pagsisisi.

- Sa Mga Awit 51 ay unang kinilala ni David ang Diyos at ang Kanyang awa (Mga Awit 51:1). Kinilala din ni David ang kanyang sariling pagkamakasalanan (Mga Awit 51:1–3). Bakit mahalagang kilalanin natin ang kadakilaan ng Diyos at ang ating sariling pagkamakasalanan kapag pinagsisisihan natin ang ating mga kasalanan?
- Ano ang kailangan nating isakripisyo upang makatanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan? (Tingnan sa Mga Awit 51:16–17.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magkaroon ng "isang nawiwindang at nagsisising puso"?
- Paano "laging nasa harap [natin]" ang ating mga kasalanan bago tayo mapatawad? (Mga Awit 51:3.) Paano nagbabago ang gayon matapos tayong mapatawad? (Tingnan sa Mga Awit 51:10; Alma 36:17–19.) Paano tinitingnan ng Diyos ang ating mga nakaraang kasalanan matapos niya tayong patawarin? (Tingnan sa Mga Awit 51:9; Isaias 43:25; Doktrina at mga Tipan 58:42.)
- Inilarawan ni David ang pagpapatawad bilang isang paghuhugas (Mga Awit 51:1–2, 7, 9–10), isang pagpapanumbalik (Mga Awit 51:12), at isang kaligtasan (Mga Awit 51:14). Bakit angkop na mga paglalarawan ang mga ito ng mga pagpapalang hatid ng pagpapatawad ng Diyos?

---

Katapusan

Ipaliwanag na kahit na gaano tayo katagumpay o kalakas, tayo ay maaari pa ring matukso. Himukin ang mga miyembro ng klase na gawin ang anumang kailangang pagbabago sa kanilang buhay na makatutulong sa kanila upang maging malinis sa kaisipan at sa gawa. Ipahiwatig ang inyong pagmamahal para kay Jesucristo at ang inyong pasasalamat para sa kanyang Pagbabayad-sala. Magpatotoo na dahil sa Pagbabayad-sala ay mapapatawad ang ating mga kasalanan.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pag-alis ng ating maruruming kaisipan**

Sa inyong sariling mga salita, ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer tungkol sa kung paano alisin ang maruruming kaisipan na nakapasok sa ating isip nang walang paanyaya:

"Ang isip ay tulad sa isang entablado. Maliban kung tayo ay natutulog, ang mga kurtina ay palaging nakataas. Palaging may ilang yugto na itinatanghal sa entabladong iyon. Ito ay maaaring isang komedya, trahedya, nakawiwili o nakaiinip, mabuti o masama; ngunit palaging may ilang yugtong itinatanghal sa entablado ng isipan.

"Napansin ba ninyo na kahit na walang anumang tunay na intensiyon sa inyong bahagi, sa gitna ng halos alinmang pagtatanghal, ay may isang masamang maliit na kaisipan na maaaring pumasok mula sa mga sulok na hindi

ninyo nakikita at aagaw sa inyong pansin? Sisikaping agawin ng masasamang kaisipang ito ang inyong pansin mula sa lahat ng bagay. Kung papayagan ninyo silang magpatuloy, ang lahat ng kaisipan ng anumang kabutihan ay aalis sa entablado. Kayo ay maiiwan, dahil pinayagan ninyo ito, sa impluwensiya ng masasamang kaisipan.

"Kung pasasailalim kayo sa mga ito, itatanghal ng mga ito para sa inyo sa entablado ng inyong isipan ang anumang bagay sa hangganan ng inyong pagpaparaya. Maaari silang magtanghal ng isang paksa tungkol sa kapaitan, pagkainggit, o pagkapoot. Ito ay maaaring bastos, mahalay, o kaya ay ubod ng sama. Kapag sa kanila ang entablado, kung pahihintulutan ninyo sila, kanilang lilikhain ng pinakamatalinong panghihikayat upang mapanatili ang inyong pansin. Tiyak na gagawin nila itong kawili-wili, at papaniniwalain kayo na ito ay kawalang-malay—sapagkat sila ay mga kaisipan lamang.

"Ano ang gagawin ninyo sa gayong pagkakataon, kung kailan ang entablado ng inyong isipan ay nasasakop ng maliliit na demonyo ng masamang pag-iisip, maging ang mga ito man ay ang mga kulay abo na tila malilinis o ang maruruming kaisipan na talagang alam ninyong masama o mali? Kung mapipigilan ninyo ang inyong mga kaisipan, mapaglalabanan ninyo ang mga nakaugalian, maging ang mga personal na kaugalian na nakapagpapababa ng pagkatao. Kung matututuhan ninyong alipinin ang mga ito, ang inyong buhay ay magiging maligaya.

"Ito ang ituturo ko sa inyo. Pumili kayo mula sa sagradong musika ng Simbahan ng isang paboritong himno, isang nagtataglay ng mga salitang nakapagbibigay sigla at musika na mapitagan, isang tugtog na nagpapadama sa inyo ng inspirasyon. Maingat ninyong ulit-ulitin ito sa inyong isipan. Isaulo ito. Kahit na [maaaring] wala kayong kasanayan sa musika ay maaari ninyong isipin ang isang himno.


"Ngayon, gamitin ninyo ang himnong ito bilang lugar na pupuntahan ng inyong mga kaisipan. Gawin ninyo itong daluyan sa oras ng pangangailangan. Sa tuwing makikita ninyo ang masasamang kaisipang ito na sumusulpot mula sa sulok ng inyong isip patungo sa entablado ng inyong isipan, patugtugin ninyo sa inyong isip ang musikang ito. Habang nagsisimulang tumugtog ang musika at habang nabubuo ang mga salita sa inyong isipan, ang masasamang kaisipan ay maglalaho. Sapagkat samantalang ang kabutihan, ayon sa pagpili, ay hindi makikihalubilo sa marumi, gayundin naman na hindi makakayanan ng masama ang presensiya ng liwanag.

"Sa takdang panahon ay matatagpuan ninyo ang inyong sarili, na manaka-nakang inihihimig sa inyong kalooban ang musika. Habang binabalikan ninyo ang inyong mga kaisipan, natutuklasan ninyo ang ilang impluwensiya mula sa daigdig na nakapalibot sa inyo na humihimok sa masasamang kaisipan na magpunta sa entablado ng inyong isipan, at ang musika ay halos nagsisimula kaagad.

"Minsang matutuhan ninyong linisin ang maruruming kaisipan sa entablado ng inyong isipan, panatilihin itong abala sa pagkatuto ng mga makabuluhang bagay. Baguhin ang inyong kapaligiran upang palibutan kayo ng mga bagay na magbibigay inspirasyon sa mabubuti at nakapagpapasiglang kaisipan. Manatiling abala sa mga bagay na matwid" (sa Conference Report, Okt. 1976, 99–100).

**2. Ang panganib ng pagtatangkang itago ang ating mga kasalanan**

Sa pagsisikap na maitago ang kanyang kasalanan ng pangangalunya, si David ay nakagawa ng mas malaking kasalanan. Upang matalakay ang panganib ng pagtatangkang itago ang ating mga kasalanan, ihambing ang kasalanan sa isang bunton ng basura. Ilarawan ang konseptong ito sa pisara tulad ng nakapakita sa unang drowing sa pahina 116.



- Ano ang mangyayari kung susubukan nating tabunan ang kaunting bunton ng basura? (Ang bunton ay mas lalaki at mas makikita. Ilarawan ang konseptong ito tulad ng nakapakita sa ikalawang drowing sa itaas.)
- Paano katulad ng pagtatabon ng bunton ng basura ang pagtatago ng ating mga kasalanan? (Mas nagiging makasalanan tayo at mas bumibigat ang ating kasalanan kapag tinatangka nating itago ang mga ito.)
- Kung ayaw nating makita ng mga tao ang isang bunton ng basura, ano ang dapat nating gawin? (Dapat nating alisin ang bunton sa halip na tabunan ito.) Paano natin maaalis ang kasalanan sa ating buhay?

**3. "Nang magkagayo'y kinapootan siya ni Amnon na may mahigpit na poot" (II Samuel 13:150**

Ang II Samuel 13:1 ay naglalaman ng kuwento tungkol sa anak na lalaki ni David na si Amnon at ang anak na babae ni David na si Tamar. Si Amnon ay naakit kay Tamar at pinilit niya itong makipagtalik sa kanya.

- Isinasaad sa II Samuel 13:1 na minahal ni Amnon si Tamar. Paano nagbago ang damdamin ni Amnon kay Tamar matapos siyang magkasala sa kanya? (Tingnan sa II Samuel 13:15.) Bakit pagkapoot sa halip na pagmamahal ang kadalasang bunga sa mga taong lumalabag sa mga alituntunin ng moralidad?

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na: "Narinig ko si Elder John A. Widtsoe . . . na nagsabing, 'Napapansin ko na ang isang kabataang lalaki at kabataang babae na lumalabag sa mga alituntunin ng moralidad ay kaagad na humahantong sa pagkamuhi sa bawat isa.' Ganoon din ang napansin ko. Maaaring may mga salita ng pagmamahal sa simula, ngunit magkakaroon ng mga salita ng pagkagalit at kapaitan sa bandang huli" (*Mensahe ng Unang Panguluhan*, Setyembre 1996).

**4. Pag-asa para sa mga nagsisisi**

Kung binigyang-diin ninyo na hindi kailanman huli na magsisi, maaari ninyong naising ibahagi ang sumusunod na pangungusap ni Elder Boyd K. Packer:

"Ang nakapagpapahina ng loob na ideya na ang isang pagkakamali (o maging ang sunud-sunod na pagkakamali) ang dahilan upang maging huli na ang lahat ay hindi mula sa Panginoon. Sinabi niya na *kung* magsisisi tayo, hindi lamang Niya patatawarin ang ating mga kasalanan, kundi kalilimutan din Niya ang mga ito at hindi na aalalahanin pa. . . . Ang pagsisisi ay tulad ng sabon; mahuhugasan nito ang kasalanan. Maaaring kailanganin ng mga duming mahigpit na ang kapit ang matapang na sabon ng disiplina upang maalis ang mga mantsa, at talagang maaalis ang mga ito" (sa Conference Report, Abr. 1989, 72; o *Ensign*, Mayo 1989, 59).

Aralin
# 25 “Purihin ng Bawat Bagay na may Hininga ang Panginoon”

*Mga Awit*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na ipakita ang kanilang pasasalamat sa Tagapagligtas sa maraming biyaya na ibinigay niya at ng Ama sa Langit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan na tinalakay sa aralin at lahat ng maaaring talakayin sa aklat ng Mga Awit.
2. Pag-aralan ang aralin at may panalanging piliin ang mga banal na kasulatan, paksa, at tanong na pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Hindi tatalakayin ng araling ito ang buong aklat ng Mga Awit. Sa halip, ito ay tatalakay lamang ng ilan sa mahahalagang paksa na ipinahahayag sa kabuuan ng aklat.
3. Kung gagamitin ninyo ang unang gawaing pantawag-pansin, magdala ng larawan ng Tagapagligtas at apat o limang bagay na sumasagisag sa mga bagay na inyong pinasasalamatan, tulad ng mga banal na kasulatan, larawan ng isang mahal sa buhay, isang bagay na sumasagisag sa isa sa inyong mga talino, o isang uri ng pagkain. Kung gagamitin ninyo ang ikalawang gawaing pantawag-pansin, hilingan ang isa o dalawang miyembro ng klase na maghandang ibahagi ang isang paboritong awit at sabihin kung bakit mahalaga ito sa kanila.
4. Magdala ng isa o mas marami pang larawan ng mga templo.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na magiging pinakaangkop para sa klase.

1. Magpakita ng isang larawan ng Tagapagligtas at ipahiwatig ang inyong pasasalamat para sa kanyang buhay at misyon. Ipakita ang mga bagay na sumasagisag sa ibang bagay na pinasasalamatan ninyo. Ipahiwatig ang inyong pasasalamat para sa bawat isa. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

    - Anong mga kaloob at pagkakataong mula sa Panginoon ang pinasasalamatan ninyo nang lubos? Paano magiging kaiba ang inyong buhay kung wala ang mga biyayang ito?

      Ipaliwanag na marami sa mga awit ang nagpapahiwatig ng pasasalamat para sa mga biyayang ibinigay ng Panginoon. Bahagi ng araling ito ay nakatuon sa mga biyayang iyon at sa kung ano ang magagawa natin upang maipakita ang ating pasasalamat para sa mga ito.

2. Hilingin sa isang miyembro ng klase na basahin nang malakas ang Mga Awit 23. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Anong damdamin ang ipinahihiwatig sa awit na ito? Ano ang inyong nadarama habang binabasa o pinakikinggan ninyo ang awit na ito?

  Hilingan ang isa o dalawang inatasang miyembro ng klase na ibahagi ang isang paboritong awit at sabihin kung bakit mahalaga ito sa kanila.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Ipaliwanag na ang aklat ng Mga Awit ay isang koleksiyon ng mga tula na orihinal na inawit bilang papuri o pagsamo sa Diyos. Marami ang isinulat ni David. Ang aklat na ito ay tulad ng isang himnaryong mula sa sinaunang Israel. Ang mga titik nito ay naglalaman ng ilan sa mga pinakamainam na nakapagbibigay inspirasyong literatura ng daigdig, na nagpapahiwatig ng pananampalataya sa Panginoon at matinding pagnanais na mamuhay nang matwid.

**1. Mga propesiya tungkol sa buhay at misyon ni Jesucristo**

Maraming awit ang nagpopropesiya tungkol sa misyon ni Cristo bilang Mesiyas. Ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ay nagpahayag na, "Kinakailangang matupad ang lahat ng mga bagay na nangasusulat tungkol sa akin sa kautusan ni Moises, at sa mga propeta, at sa mga awit" (Lucas 24:44). Talakayin ang katuparan ng ilan sa mga sumusunod na propesiya tungkol kay Cristo na nasusulat sa aklat ng Mga Awit:

| *Propesiya* | *Katuparan* |
|---|---|
| Mga Awit 107:23–30 | Mateo 8:23–27. Pinayapa ni Jesus ang mga hangin at alon. |
| Mga Awit 69:8 | Juan 1:11; 7:5. Si Jesus ay hindi tinanggap ng kanyang sariling mga kababayan. |
| Mga Awit 41:9; 55:12–14 | Juan 13:18, 21. Si Jesus ay ipinagkanulo ng isang kaibigan. |
| Mga Awit 69:20 | Marcos 14:32–41. Mag-isang nagpakasakit si Jesus sa Getsemani. |
| Mga Awit 22:7–8 | Mateo 27:39–43. Si Jesus ay nilait. |
| Mga Awit 22:16 | Marcos 15:25. Si Jesus ay ipinako sa krus. |
| Mga Awit 22:18 | Mateo 27:35. Pinagpustahan ng mga kawal ang mga kasuotan ni Cristo. |
| Mga Awit 22:1 | Mateo 27:46. Tinanong ni Jesus kung bakit siya pinabayaan ng Ama. |
| Mga Awit 69:21 | Juan 19:28–30. Si Jesus ay binigyan ng suka nang siya ay uhaw. |
| Mga Awit 34:20 | Juan 19:33–36. Wala ni isang buto ni Jesus ang nabali. |

| | |
|---|---|
| Mga Awit 31:5 | Lucas 23:46. Inihabilin ni Jesus ang kanyang espiritu sa Ama at siya ay namatay. |
| Mga Awit 16:10 | Mga Gawa 2:31–32; 13:34–35. Hindi nabulok ang katawan ng Tagapagligtas, dahil nagbangon ito sa Pagkabuhay na Mag-uli. |

- Si Jesucristo ang nag-iisang tao na ang pagsilang, buhay, kamatayan, at pagkabuhay na mag-uli ay naipropesiya bago siya isinilang. Bakit sa palagay ninyo ibinigay ang gayon ka-detalyeng mga propesiya tungkol sa buhay ng Tagapagligtas? (Nilinaw ng mga propesiyang ito na si Jesus ang ipinangakong Mesiyas, ang Tagapagligtas ng daigdig.) Paano naging pagpapala ang mga propesiyang ito sa mga tumanggap sa mga ito? (Ang mga propesiya ay nakatulong sa mga tao na matutuhan ang tungkol sa Tagapagligtas at magkaroon ng patotoo tungkol sa kanya maging kahit noong bago siya isilang [tingnan sa Mosias 3:13]. Ang mga propesiya ay nakatulong din sa ilang tao na makilala siya nang dumating na siya.)

**2. "Sapagkat ginawan ka ng mabuti ng Panginoon" (Mga Awit 116:7).**

Bilang karagdagan sa pagpopropesiya sa buhay at misyon ng Tagapagligtas, maraming awit ang nagpapahiwatig ng pasasalamat para sa mga biyayang tulad sa paglikha ng langit at lupa; sa awa, pagpapatawad, at pagmamahal ng Tagapagligtas; sa mga banal na kasulatan; at sa templo.

*Ang Paglikha ng Langit at Lupa*

Talakayin ang mga sumusunod na awit na nagpapahiwatig ng pasasalamat sa Panginoon para sa paglikha ng langit at lupa:

Mga Awit 19:1
Mga Awit 104:5–7, 14, 24
Mga Awit 136:3–9

- Paanong ang paglikha ng langit at lupa ay nagpapatotoo sa kapangyarihan at pagmamahal ng Diyos? (Tingnan sa Alma 30:44; Moises 6:63.) Paano natin ipakikita ang pasasalamat sa regalo ng Paglikha?

*Ang Awa, Pagpapatawad at Pagmamahal ng Tagapagligtas*

Talakayin ang ilan sa mga sumusunod na awit na nagpapahiwatig ng pasasalamat sa Tagapagligtas para sa kanyang awa, pagpapatawad at pagmamahal:

Mga Awit 23 (maaaring hindi na ninyo kailangang gamitin ang awit na ito kung ginamit ninyo ito sa gawaing pantawag-pansin)
Mga Awit 51 (maaaring hindi na ninyo kailangang gamitin ang awit na ito kung ginamit ninyo ito sa aralin 24)
Mga Awit 59:16
Mga Awit 78:38
Mga Awit 86:5, 13
Mga Awit 100:4–5
Mga Awit 103:2–4, 8–11, 17–18

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa Panginoon mula sa mga awit na ito? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung paano nilang natuklasan ang awa, pagpapatawad, at pagmamahal ng Panginoon.

- Ano ang hinahangaan ninyo sa pagsusumamo ni David upang humingi ng kapatawaran sa Mga Awit 51? Ano ang itinuturo sa atin ng awit na ito tungkol sa pagsisisi at pagpapatawad? (Pansinin ang mga unang salita sa mga talata 2, 7, at 12. Inilalarawan ng mga salitang ito ang mahahalagang aspeto ng pagsisisi. Pansinin din ang talata 17, na naglalarawan sa uri ng puso na kailangan nating taglayin upang tunay na makapagsisi.)

*Ang mga Banal na Kasulatan*

Talakayin ang mga sumusunod na awit na nagpapahiwatig ng pasasalamat sa Panginoon para sa mga banal na kasulatan:

Mga Awit 19:7–11
Mga Awit 119

- Anong mga salita ang ginamit ni David sa Mga Awit 19:7–10 upang ilarawan ang mga banal na kasulatan? (Ang mga salitang kasing-kahulugan ng mga banal na kasulatan ay kinabibilangan ng *batas*, *patotoo*, *mga patakaran*, *kautusan*, at *mga kahatulan*. Ang mga pang-uri na naglalarawan sa mga banal na kasulatan ay kinabibilangan ng *perpekto*, *tiyak*, *tama*, *dalisay*, *totoo*, at *matwid*. Ang mga banal na kasulatan ay sinasabi rin na mas hinahangad kaysa ginto at mas matamis kaysa pulut-pukyutan.)

- Anong mga biyaya ang maaaring idulot sa ating buhay ng mga banal na kasulatan, tulad ng nakatala sa Mga Awit 19:7–11? Maaaring naisin ninyong ilista ang mga biyayang ito sa pisara:

  a. Pinagbabalik-loob ng mga ito ang ating mga kaluluwa (talata 7).
  b. Ginagawang pantas ng mga ito ang mga simpleng tao (talata 7).
  c. Ang mga ito ay nagpapagalak sa ating mga puso (talata 8).
  d. Ang mga ito ay nagpapaliwanag sa ating mga mata (talata 8).
  e. Bibigyan tayo ng babala ng mga ito (talata 11).

- Paano pinagpala ng mga banal na kasulatan ang inyong buhay sa mga ganito o iba pang mga paraan?

- Ganito ang naibulalas ng Mang-aawit sa Panginoon na, “Oh gaanong iniibig ko ang iyong kautusan! Siya kong gunita buong araw” (Mga Awit 119:97; tingnan din sa mga talata 15–16, 33–35, 40, 47–50, 72, 92, 104, 174). Paano tayo magkakaroon ng gayong pagmamahal sa mga banal na kasulatan?

- Paanong tulad ng “ilawan sa [ating] mga paa, at liwanag sa [ating] landas” ang mga banal na kasulatan? (Mga Awit 119:105.)

*Ang Templo*

Talakayin ang ilan sa mga sumusunod na awit tungkol sa templo. Maaaring naisin ninyong ipakita ang isa o mas marami pang larawan ng mga templo habang binabasa ng mga miyembro ng klase ang mga awit na ito:

Mga Awit 5:7
Mga Awit 15:1–3
Mga Awit 24
Mga Awit 27:4
Mga Awit 65:4
Mga Awit 84:1–2, 4, 10–12
Mga Awit 122
Mga Awit 134

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa templo mula sa mga awit na ito? Ano ang matututuhan natin tungkol sa paghahanda ng ating sarili upang makapunta sa templo?

Maaari ninyong anyayahan ang ilang bata sa Primarya na magpunta sa klase at awitin ang "Ang Templo'y Kaygandang Tingnan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

**3. "Ano ang aking ibabayad sa Panginoon dahil sa lahat niyang kabutihan sa akin?" (Mga Awit 116:12)**

- Sa Mga Awit 116:12 ay itinanong ni David na "Ano ang aking ibabayad sa Panginoon dahil sa lahat niyang kabutihan sa akin?" Paano sinagot ni David ang tanong na ito? Maaari ninyong naising itala ang bawat pahayag ni David tulad ng nakapakita sa ibaba:

  a. "Aking kukunin ang saro ng kaligtasan" (116:13).
  b. "Tatawag ako sa pangalan ng Panginoon" (116:13).
  c. "Oh Panginoon, tunay na ako'y inyong lingkod" (116:16).
  d. "Aking ihahandog sa iyo ang hain ng pasalamat" (116:17).
  e. "Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, oo, sa harapan ng buo niyang bayan, sa mga looban ng bahay ng Panginoon" (116:18–19).

- Paano natin maipamumuhay ang mga sagot ni David sa pagpapakita natin ng pasasalamat sa Panginoon?

**4. "Ilagak ninyo ang inyong tiwala sa Panginoon" (Mga Awit 4:5)**

- Ang "Ilagak ninyo ang inyong tiwala sa Panginoon" ay isa sa mga pinakapangkaraniwang payo sa aklat ng Mga Awit (Mga Awit 4:5; 5:11; 9:10; 18:2; 56:11; 62:8; 118:8–9). Paano nating ilalagak (isasalalay) ang ating tiwala sa Panginoon? Paano kayong nabiyayaan sa pagtitiwala ninyo sa kanya?

---

Katapusan

Ang mga awit ay nagbibigay ng makapangyarihang patotoo tungkol sa banal na misyon ni Jesucristo. Ipinaaalala rin sa atin ng mga ito ang mga dakilang biyaya na ibinigay niya sa atin at ng Ama sa Langit. At nagmumungkahi ng paraan ang mga ito na kung saan ay maipahahayag natin ang pasasalamat sa mga biyayang iyon.

Maaari ninyong naising anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang huling Awit (Mga Awit 150) upang ibuod ang mensahe ng aklat ng Mga Awit. Idagdag ang inyong sariling patotoo ng papuri at pasasalamat.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang mga himno sa mga huling araw ay nabigyang inspirasyon ng mga awit ng Lumang Tipan**

Ipaliwanag na ang aklat ng himno ay maituturing na katumbas ngayong mga huling araw ng mga awit noon. Maaari ninyong naising ipaawit sa mga miyembro ng klase ang isang himno ngayong mga huling araw na nabigyang inspirasyon ng isang awit ng Lumang Tipan. Ang ilan sa mga himnong ito ay ang "Pastol Ko'y Panginoon" (*Mga Himno*; Mga Awit 23), "The Lord Is My Light" (*Hymns,* blg. 89; Mga Awit 27:1), "Dakila Ka" (*Mga Himno*; Mga Awit 8:3–9; 9:1–2), at "Praise to the Lord the Almighty" (*Hymns,* blg. 72; Mga Awit 23:6; 150).

**2. Mga biyayang dulot ng pag-awit ng mga himno**

- Ano ang ilan sa mga pangunahing paksa ng ating mga himno sa mga huling araw? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng Tagapagligtas, ating mga tungkulin bilang mga miyembro ng Simbahan, pagtitiis hanggang sa wakas, pananampalataya, tahanan at mag-anak, pagmamahal, gawaing misyonero, panalangin, pagkasaserdote, mga propeta, ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo, ang sakramento, paglilingkod, pagtitiis ng mga pagsubok, at Sion.) Paano tayo nabibiyayaan ng pag-awit ng mga himno? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 25:12.)

  Talakayin ang ilan sa mga paraan na kung saan ay mabibiyayaan tayo ng pag-awit ng mga himno:

  a. Ang mga himno ay nagbibigay sigla sa ating mga espiritu.
  b. Ang mga himno ay nagbibigay inspirasyon sa atin upang mamuhay tayo nang mas matwid.
  c. Ipinaaalala sa atin ng mga himno ang ating mga biyaya.
  d. Ang mga himno ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na umawit ng mga papuri sa Panginoon.
  e. Ang mga himno ay nagbibigay daan upang makapagbigay tayo ng patotoo.
  f. Tinutulungan tayo ng mga himno na muling ipangako ang ating sarili sa Panginoon.
  g. Tinutulungan tayo ng mga himno na madama ang Espiritu.
  h. Tinutulungan tayo ng mga himno na maging mas naaayon sa ating Ama sa Langit.
  i. Ang mga himno ay tumutulong upang malaman natin at maituro ang ebanghelyo.

  Sinabi ng Unang Panguluhan na:

  "Ang musikang nagbibigay inspirasyon ay mahalagang bahagi ng ating mga pulong sa simbahan. Ang mga himno ay nag-aanyaya sa Espiritu ng Panginoon, lumilikha ng damdamin ng pagpipitagan, pinagkakaisa tayong mga miyembro, at naglalaan ng paraan upang maialay natin ang mga papuri sa Panginoon.

> "Ang ilan sa mga pinakadakilang sermon ay ipinangangaral sa pamamagitan ng pag-awit ng mga himno. Ang mga himno ang nagtutulak sa atin upang magsisi at gumawa nang mabuti, nagpapatatag ng pagtotoo at pananampalataya, nagbibigay kapahingahan sa mga napapagod, umaalo sa nagdadalamhati, at nagbibigay sa atin ng inspirasyon na magtiis hanggang sa wakas" (*Mga Himno*, ix).

- Binabanggit sa ilang mga awit na ang pag-awit ay "[pag-iingay] . . . na may kagalakan sa Panginoon" (Mga Awit 98:4; 100:1; tingnan din sa 66:1; 95:1–2). Paano natin magagamit nang mas mabuti ang pag-awit ng mga himno sa ating mga pulong sa Simbahan at tahanan, na tinitiyak na ito ay puno ng kagalakan at makahulugan?
- Sa Huling Hapunan, si Jesus at ang kanyang mga Apostol ay umawit ng isang himno (Mateo 26:30). Sa palagay ninyo, paano nakatulong kay Jesus at sa kanyang mga Apostol ang pag-awit ng isang himno sa paghahanda nila na magampanan ang gawain na nasa kanilang harapan?
- Ilang sandali bago patayin ang Propetang si Joseph Smith sa Piitan ng Carthage, hiniling niya kay John Taylor na awitin ang "A Poor Wayfaring Man of Grief" (*Hymns*; tingnan din sa B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church*, 2:282–84). Paano sa palagay ninyo nakatulong sa Propeta ang pag-awit ng himnong ito?

**3. Makatang pagkakatulad sa mga awit**

Ang inyong pag-aaral ng mga awit ay maaaring pagyamanin ng pagkaunawa sa makatang pamamaraan na ginamit ni David at ng iba pang makatang Hebreo. Ang isa sa mga pamamaraang ito ay ang pagkakatulad. Ang isang pangkaraniwang katangian ng pagkakatulad ay ang pag-uulit ng isang kaisipan sa ibang salita. Ang gayong pag-uulit ay nagpapalawak o nagbibigay diin sa kahulugan ng isang ideya. Ang isang halimbawa ng ganitong uri ng pagkakatulad ay ang Mga Awit 102:1–2, na kung saan ang iisang ideya ay limang ulit na ipinahihiwatig sa ibang salita ("dinggin mo ang dalangin ko," "dumating nawa ang daing ko sa iyo," "huwag mong ikubli ang mukha mo sa akin," "ikiling mo ang iyong pakinig sa akin," at "sa araw na ako'y tumawag, ay sagutin mo akong madali"). Ituro kung paanong binibigyang diin ng pag-uulit ang mensahe.

# Haring Salomon: Taong Matalino, Taong Mangmang

Aralin
26

*I Mga Hari 3; 5–11*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na gamitin ang kanilang mga biyaya sa matalinong paraan at pumasok nang marapat sa templo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. I Mga Hari 3:5–28. Si Salomon ang humalili sa kanyang ama, si David, bilang hari, at sinunod ang Panginoon. Nagpakita ang Panginoon kay Salomon, na humiling na pagpalain ng isang matalinong puso (3:5–9). Biniyayaan ng Panginoon si Salomon ng katalinuhan, mga kayamanan, at karangalan (3:10–15). Dalawang babae ang nagdala ng isang bata kay Salomon, na matalinong nagpasiya kung sinong babae ang ina ng bata (3:16–28).

   b. I Mga Hari 5–6; 7:1–12. Pinangasiwaan ni Haring Salomon ang pagtatayo ng isang malaking templo (5–6). Nagpatayo siya ng palasyo para sa kanyang sarili (7:1–12).

   c. I Mga Hari 8:22–66; 9:1–9. Inilaan ni Salomon ang templo at hiniling sa Panginoon na biyayaan ang mga Israelita ng espirituwal at temporal na kasaganaan (8:22–53). Sumamba ang mga tao sa loob ng 14 na araw (8:54–66). Muling nagpakita ang Panginoon kay Salomon, na nangangakong pagpapalain ang mga Israelita kung siya ay paglilingkuran nila ngunit isusumpa kung babaling sila sa mga diyus-diyosan (9:1–9).

   d. I Mga Hari 10–11. Ang katanyagan ni Salomon ay nadagdagan dahil sa kanyang kayamanan at katalinuhan (10:1–13, 24–25). Naging labis-labis ang kanyang kayamanan (10:14–23, 26). Nag-asawa siya ng maraming kababaihan na hindi Israelita na humikayat sa kanyang sumamba sa mga huwad na diyus-diyosan (11:1–10). Binigyan ng Panginoon si Salomon ng mga kaaway (11:11–25). Isang propeta ang nagpropesiya na ang kaharian ng Israel ay mahahati dahil sa kasamaan ni Salomon (11:26–40).

2. Karagdagang babasahin: I Mga Hari 2:1–12; 4:29–34; 7:13–51; I Mga Cronica 29; Doktrina at mga Tipan 46.

3. Kung may makukuhang larawan ng Templong Ginamit Noong Unang Panahon, maaari ninyong naising gamitin ito sa oras ng aralin (62300; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 118).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Basahin ninyo o ipabasa sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks:

"Pangkaraniwang iniisip natin na tinutukso tayo ni Satanas sa pinakamahinang bahagi ng ating pagkatao. . . . Ngunit hindi lamang ang kahinaan ang tanging tinatablan. Maaari din tayong tuksuhin ni Satanas sa bahaging inaakala nating malakas tayo—sa mismong bahaging ipinagyayabang natin ang ating kalakasan. Lalapitan niya tayo sa pamamagitan ng mga pinakadakilang talino at espirituwal na kaloob na taglay natin. Kung hindi tayo maingat, maaari tayong espirituwal na pabagsakin ni Satanas sa pamamagitan ng pagsira sa atin na gamit ang ating lakas at gayundin sa pagsasamantala sa ating mga kahinaan" ("Our Strengths Can Become Our Downfall," *Ensign*, Okt. 1994, 12).

- Ano ang ilang kalakasan na magiging sanhi ng ating pagbagsak?

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol kay Haring Salomon, isang taong tumanggap ng dakilang mga kaloob mula sa Diyos ngunit sa bandang huli ay ginamit ang mga kaloob na iyon sa masamang paraan. Imungkahi na humanap ang mga miyembro ng klase ng mga pagkakataon na nagpapakita ng unti-unting pagbagsak ni Salomon. Bigyang-diin na dapat nating hanapin ang kanyang mga kamalian hindi upang hatulan siya, kundi upang matuto mula sa kanyang mga pagkakamali.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Bago mamatay si David ay hinirang ni Sadoc, ang saserdote, at ni Natan, ang propeta, si Salomon bilang bagong hari. Tinanggap ni Salomon, na anak nina David at Bath-she-ba, ang sumusunod na payo mula sa kanyang ama: "Ikaw ay magpakalakas . . . ,at magpakalalaki; at iyong ingatan ang bilin ng Panginoon mong Diyos, na lumakad sa kanyang mga daan, na ingatan ang kanyang mga palatuntunan, ang kanyang mga utos, at ang kanyang mga kahatulan, at ang kanyang mga patotoo, . . . upang ikaw ay guminhawa sa lahat ng iyong ginagawa" (I Mga Hari 2:2–3).

**1. Biniyayaan ng Panginoon si Salomon ng katalinuhan, kayamanan, at karangalan.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 3:5–28.

- Hindi nagtagal matapos maging hari si Salomon, ang Panginoon ay nagpakita sa kanya sa isang panaginip at nagsabing, "Hingin mo kung ano ang ibibigay ko sa iyo" (I Mga Hari 3:5). Ano ang hiniling ni Salomon? (Tingnan sa I Mga Hari 3:9.) Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng isang "matalinong puso"? (Tingnan sa I Mga Hari 3:28; 4:29.) Bakit nadama ni Salomon ang natatanging pangangailangan para sa biyayang iyon? (Tingnan sa I Mga Hari 3:7–8.) Paano makatutulong sa atin sa ating mga tungkulin sa tahanan ang pagkakaroon ng "katalinuhang mula sa Diyos"? sa trabaho? sa paaralan? sa Simbahan? Paano natin matatanggap ang ganitong katalinuhan?
- Bakit natuwa ang Panginoon sa kahilingan ni Salomon na magkaroon ng matalinong puso? (Tingnan sa I Mga Hari 3:11–12. Si Salomon ay humiling ng isang kaloob na makatutulong sa kanya upang mapaglingkuran ang iba sa halip na isang kaloob na may makasariling mga layunin.) Ano ang ilang

espirituwal na kaloob na maaari nating hangarin? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:13–26.) Sa anong mga kondisyon nagbibigay ng mga kaloob ng Espiritu ang Panginoon? (Tingnan sa I Mga Hari 3:14; Doktrina at mga Tipan 46:8–12.) Paano natin magagamit ang mga kaloob na ito upang makapaglingkod sa iba?

- Anong karagdagang mga biyaya ang ipinagkaloob ng Panginoon kay Salomon? (Tingnan sa I Mga Hari 3:13–14.) Paano magagamit ang mga biyayang ito upang makapaglingkod sa iba?
- Ano ang unang kalagayan na nangailangan ng paghatol ni Haring Salomon? (Tingnan sa I Mga Hari 3:16–22.) Paano nilutas ni Salomon ang problema? (Tingnan a I Mga Hari 3:23–28.) Paano ipinakita ng paglutas ni Salomon na siya ay biniyayaan ng Panginoon ng katalinuhan?

**2. Pinangasiwaan ni Haring Salomon ang pagtatayo ng isang malaking templo at nagpatayo ng isang palasyo para sa kanyang sarili.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 5–6; 7:1–12.

- Tulad ng ipinag-utos ng Panginoon, pinangasiwaan ni Salomon ang pagtatayo ng isang templo. (Maaari ninyong naisin na maikling pagbalik-aralan ang I Mga Hari 5:1–6, 17–18; 6:15–36 upang bigyang-diin ang kaliit-liitang bagay tungkol sa templo.) Bakit sa palagay ninyo gumamit nang gayon kahusay na mga kagamitan si Salomon sa pagtatayo ng templo?
- Paano nagpakita ng pagpipitagan ang mga manggagawa sa templo noong kasalukuyang itinatayo ito? (Tingnan sa I Mga Hari 6:7.)
- Paano ginamit ni Salomon ang kanyang katalinuhan, kayamanan, at karangalan upang matiyak ang tamang pagtatayo ng templo? (Tingnan sa I Mga Hari 5:1–12. Dahil sa mga kalakasang ito ay nakakuha siya ng mga materyal na kailangan sa pagtatayo at hiniling ang tulong ng mga bihasang manggagawa sa pagtatayo ng templo.)
- Anong pangako ang ibinigay ng Panginoon kay Salomon na may kinalaman sa templo? (Tingnan sa I Mga Hari 6:11–13.) Anong pangako na katulad nito ang ibinigay sa atin ng Panginoon sa ngayon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:15–17.)
- Nagpatayo din ng bahay si Salomon para sa kanyang sarili. Gaano kalaki ang kanyang bahay kung ihahambing sa laki ng bahay ng Panginoon? (Tingnan sa I Mga Hari 6:2–3; 7:2, 6–7.) Paano ipinakita ng paggamit na ito ng kayamanan ang unti-unting pagbagsak ni Salomon?

**3. Inilaan ni Salomon ang templo.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 8:22–66; 9:1–9.

- Pagkatapos ng pitong taong pagtatayo, ang templo ay inilaan. Ano ang ilan sa mga bagay na ipinanalangin ni Salomon sa panalangin sa paglalaan? (Tingnan sa I Mga Hari 8:22–53.)

  Maaari ninyong naising itala ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kapalooban ng mga sumusunod:

a. Mga sagot sa mga panalangin (I Mga Hari 8:28–30, 49–52)
b. Kapatawaran (I Mga Hari 8:33–39)
c. Ulan (I Mga Hari 8:35–36)
d. Tulong sa panahon ng taggutom at pagkakasakit (I Mga Hari 8:37.)
e. Tulong sa digmaan (I Mga Hari 8:44–45)

- Sa kanyang panalangin sa paglalaan ay isinamo ni Salomon sa Panginoon na tulungan ang kanyang mga tao sa maraming mahihirap na suliranin. Paano makatutulong sa atin ang pagdalo sa templo kapag nabibigatan na tayo sa mga suliranin?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na: "Sa kapayapaan ng magagandang templong ito, kung minsan ay nakasusumpong tayo ng mga kalutasan sa mabibigat na suliranin ng buhay. Kung minsan sa ilalim ng impluwensiya ng Espiritu ay dumadaloy sa atin doon ang dalisay na kaalaman. Ang mga templo ay mga lugar na kung saan tinatanggap ang pansariling paghahayag. Kapag nabibigatan ako sa isang suliranin o kahirapan, ako ay nagtutungo sa Bahay ng Panginoon nang may panalangin sa aking puso na humihingi ng mga kasagutan. Ang mga sagot na ito ay dumadating sa isang malinaw at hindi maipagkakamaling pamamaraan" ("What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," *Ensign,* Ago. 1985, 8).

- Nanalangin si Salomon na nawa ay makatulong ang templo sa pag-akay sa mga hindi sumasampalataya sa Panginoon (I Mga Hari 8:41–43). Paano ito maisasagawa ng isang templo? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga halimbawa kung paano sila o ang ibang tao ay naging interesado sa Simbahan dahil sa kanilang interes sa mga templo.)

- Pagkatapos maihandog ni Salomon ang panalangin sa paglalaan ay pinayuhan niya ang kanyang mga tao na, "Maging sakdal nawa ang inyong puso sa Panginoon nating Diyos" (I Mga Hari 8:61). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magkaroon ng pusong "sakdal sa Panginoon"? Paano makatutulong sa atin ang pagdalo sa templo upang gawing sakdal ang ating mga puso?

- Ano ang maaari nating gawin upang mapanatiling malakas ang impluwensiya ng templo sa ating buhay? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng: Palaging dumalo hangga't maaari, mag-ingat ng kasalukuyang rekomendasyon, at mag-*display* ng mga larawan ng templo sa ating mga tahanan.)

- Ano ang ginawa ng mga tao pagkatapos mailaan ang templo? (Tingnan sa I Mga Hari 8:62–66.) Ano ang naging saloobin ng mga tao sa pagbabalik nila sa kanilang mga tahanan makaraang mailaan ang templo at makalipas ang 14 na araw ng pagsamba? (Tingnan sa I Mga Hari 8:66.) Ano ang nadarama ninyo pag-uwi mula sa templo?

- Ano ang mensahe ng Panginoon nang dalawin niya si Salomon makalipas ang paglalaan sa templo? (Tingnan sa I Mga Hari 9:3–9. Tingnan din sa I Mga Hari 6:11–13. Pansinin na gayundin ang ginawang pahayag ng Panginoon noong kasalukuyang itinatayo ang templo.) Bakit sa palagay ninyo kinailangang paalalahanan si Salomon tungkol sa kanyang mga tipan? Paano tayo pinaaalalahanan ng Panginoon tungkol sa ating mga tipan?

**4. Si Salomon ay naging ubod ng yaman at nag-asawa ng maraming kababaihang hindi Israelita na humikayat sa kanyang sumamba sa mga diyus-diyosan.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 10–11.

- Paano nadagdagan ang kayamanan at karangalan ni Salomon pagkatapos maitayo ang templo? (Tingnan sa I Mga Hari 10:1–15, 24–25.) Paano nagkamali si Salomon sa paggamit ng mga pagpapalang ito? (Tingnan sa I Mga Hari 10:16–23, 26–29. Ituro na ginamit niya ang mga ito upang itatag ang kanyang sariling kaharian sa halip na ang kaharian ng Diyos.) Paano ang dapat na paggamit sa karunungan, kayamanan, at karangalan? (Tingnan sa Jacob 2:18–19.)

- Paano ipinakita ni Salomon sa pagpili niya ng kanyang magiging mga asawa ang kanyang pagtalikod sa Diyos? (Tingnan sa I Mga Hari 11:1–2. Nag-asawa siya sa labas ng tipan.) Ano ang naging impluwensiya kay Salomon ng kanyang mga asawang hindi Israelita? (Tingnan sa I Mga Hari 11:3–8. Pansinin na sa Pagsasalin ni Joseph Smith ay isinasaad sa talata 4 na ang puso ni Salomon ay naging tulad ng puso ng kanyang amang si David, at ang talata 6 naman ay nagsasaad na si Salomon ay gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon, tulad ng ginawa ng kanyang amang si David.)

- Ano ang ginawa ng Panginoon nang sirain ni Salomon ang kanyang mga tipan at tumalikod? (Tingnan sa I Mga Hari 11:9–14, 23–25, 33–36.)

- Paano sa palagay ninyo naging sanhi ng pagbagsak ni Salomon ang mga biyaya ng karunungan, kayamanan, at karangalan? Paano ninyo nakitang nagiging sanhi ng pagbagsak ng mga tao sa ngayon ang mga kalakasang ito? Paano natin matitiyak na ang ating mga kalakasan ay hindi magiging sanhi ng ating pagbagsak? (Tingnan sa I Mga Hari 8:61; Doktrina at mga Tipan 88:67.)

  Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks na:

  "Paano . . . natin maiiwasang maging sanhi ng ating pagbagsak ang ating mga kalakasan? Ang katangiang dapat nating taglayin ay ang kababaang-loob. Ang kababaang-loob ang dakilang pananggalang. Ang kababaang-loob ang panlaban sa kapalaluan. Ang kababaang-loob ang nagbibigay inspirasyon sa lahat ng kaalaman, lalung-lalo na ng mga espirituwal na bagay. Sa pamamagitan ng propetang si Moroni ay ibinigay sa atin ng Panginoon ang dakilang pananaw na ito sa ginagampanang papel ng kababaang-loob: 'Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila' (Eter 12:27).

  "Maaari din nating sabihin na kung ang mga kalalakihan at kababaihan ay magpapakumbaba sa harapan ng Diyos, sila ay tutulungan niya upang maiwasang maging mga kahinaan ang kanilang mga kalakasan nang sa gayon ay hindi makapagsamantala ang katunggali upang wasakin sila. . . .

  . . . Kung tayo ay mapagpakumbaba at madaling turuan, nakikinig sa mga kautusan ng Diyos, gayundin sa payo ng kanyang mga pinuno, at sa

ipinadarama ng kanyang Espiritu, tayo ay magagabayan sa kung paano magagamit ang ating mga espirituwal na kaloob, ating mga tagumpay, at lahat ng ating kalakasan para sa pagkamatwid. At tayo ay magagabayan kung paano maiiwasan ang mga pagsisikap ni Satanas na gamitin ang ating mga kalakasan upang maging sanhi ng ating pagbagsak.

"Sa lahat ng ito, dapat nating alalahanin at asahan ang patnubay at pangako ng Panginoon: 'Maging mapagkumbaba; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin' (Doktrina at mga Tipan 112:10)" ("Our Strengths Can Become Our Downfall," *Ensign*, Okt. 1994, 19).

---

Katapusan

Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa mga espirituwal at materyal na pagpapalang ibinigay sa inyo ng Panginoon at para sa templo. Himukin ang mga miyembro ng klase na magpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon upang matalino nilang magamit ang kanilang mga biyaya at maging karapat-dapat na pumasok sa templo.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Upang ang kanyang puso ay huwag magmataas sa kaniyang mga kapatid" (Deuteronomio 17:20)**

- Ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang Deuteronomio 17:14–20. Paano maaaring nabago ng banal na kasulatang ito ang buhay ni Salomon at ang buhay ng ibang tao sa kanyang kaharian kung ipinamuhay nila ito?

**2. Mga panalangin sa paglalaan ng mga templo**

Kung may mga miyembro ng klase na nakadalo sa isang paglalaan ng templo, hilingan ang isa o dalawa sa kanila na magkuwento tungkol sa karanasang ito. Maaari ninyong naising hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibahagi ang dalawa o tatlong kaisipan (insights) mula sa panalangin sa paglalaan ng isang templo sa mga huling araw. (Ang Doktrina at mga Tipan 109 ay naglalaman ng panalanging inihandog sa paglalaan ng Templo sa Kirtland.)

- Paano dapat maimpluwensiyahan ng mga panalangin sa paglalaan ang ating pansariling buhay?

  Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith na, "Kapag inilalaan natin ang isang bahay sa Panginoon, ang talagang ginagawa natin ay inilalaan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa Panginoon, na may tipan na gagamitin natin ang bahay sa paraang nilayon Niyang gamitin ito" (*Church News*, ika-22 ng Ene. 1972, 3).

# Ang Impluwensiya ng Masasama at mga Matwid na Pinuno

Aralin 27

*I Mga Hari 12–14; II Mga Cronica 17; 20*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na taglayin ang mabubuting katangian ng pamumuno upang maimpluwensiyahan nila ang iba na mamuhay nang matwid.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

   a. I Mga Hari 12:1–20. Si Roboam ang humalili sa kanyang amang si Salomon, bilang hari sa labindalawang lipi ni Israel. Tinanggihan niya ang payo ng matatalinong kalalakihan na maglingkod sa kanyang mga tao, at sa halip ay hinangad na magpataw ng karagdagang pahirap sa kanila (12:1–15). Ang kaharian ay nahati sa pag-aalsa ng sampung lipi (12:16–19; napanatili ng sampung lipi ang titulo sa kaharian ng Israel, samantalang ang mga lipi nina Juda at Benjamin ay nanatili sa ilalim ng pamumuno ni Roboam at tinawag na kaharian ng Juda). Pinili ng kaharian ng Israel si Jeroboam, isang dating tagapamahala sa kaharian ni Salomon, bilang hari (12:20).

   b. I Mga Hari 12:25–33; 13:33–34; 14:14–16, 21–24. Inakay ni Jeroboam ang kanyang mga tao sa pagsamba sa diyus-diyosan at pinalitan ang mga saserdote ng mga lalaking hindi mga Levita (12:25–33; 13:33–34; para sa paliwanag sa kung ano ang mga asera at mga mataas na dako, tingnan ang ikalawang karagdagang ideya sa pagtuturo). Isang propeta ang nagpropesiya tungkol sa pagkalipol ng mag-anak ni Jeroboam at ang pagkalat ng Israel (14:14–16). Pinamunuan ni Roboam ang kaharian ng Juda sa pagsamba sa diyus-diyosan (14:21–24).

   c. II Mga Cronica 17:1–10; 20:1–30. Si Josaphat, na apo ni Roboam, ay matwid na naghari sa kaharian ng Juda, at winasak niya ang mga asero at mga mataas na dako at nagsugo ng mga Levita sa buong Juda upang magturo mula sa aklat ng batas ng Panginoon (17:1–10). Habang sumasalakay ang mga kaaway ng Juda, si Josaphat at ang kanyang mga tao ay nag-ayuno at nanalangin. Sinabi sa kanila ng Panginoon na ang digmaan ay hindi kanila, kundi sa kanya. Ang mga sumasalakay sa kanila ay nangag-away-away at nilipol ang isa't isa (20:1–30).

2. Karagdagang babasahin: I Mga Hari 11:26–40; II Mga Hari 17:20–23.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, kumuha ng isang lumang piraso ng kasuotan na maaaring punit-punitin o isang malaking papel na ginupit sa tabas ng isang kasuotan.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Kunin ang isang lumang piraso ng kasuotan o isang papel na ginupit sa tabas ng isang kasuotan at punit-punitin ito sa 12 piraso. Ipaliwanag na sa dakong huli ng buhay ni Salomon, ang propetang si Ahias ay nagpropesiya na si Jeroboam, ang isa sa 12 tagapangasiwa sa mga buwis at patrabaho, ang mamumuno sa malaking bahagi ng bansa ng mga Israelita. Upang mailarawan ito, inagaw ni Ahias ang kasuotan na nasa likod ni Jeroboam, pinunit ito sa 12 piraso, at ibinigay ang 10 piraso kay Jeroboam (I Mga Hari 11:29–32; ang talababa sa Ingles na Biblia ng BHA para sa talata 32 ay nagtuturo na ayon sa *Septuagint*, ang Griyegong salin ng Lumang Tipan, ay dalawang lipi, hindi isa lamang, ang maiiwan sa kahariang pinamumunuan ng mga inapo ni David).

Itinuro ng Tagapagligtas na "ang bawat kahariang nagkakabaha-bahagi laban sa kanyang sarili ay mawawasak" (Mateo 12:25). Ipaliwanag na ganito ang nangyari sa kaharian ng Israel pagkamatay ni Salomon. Ang araling ito ay tungkol sa impluwensiya ng masasama at mga matwid na pinuno sa nahating kaharian ng Israel.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Ang kaharian ng Israel ay nahati, unang-una dahil sa malupit na pamumuno ni Roboam.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 12:1–20.

Maaari ninyong naising isulat ang sumusunod na pahayag sa pisara:

*Ang isang mabuting pinuno ay:*
*1. Naglilingkod.*

- Pagkatapos mamatay ni Salomon, ang kanyang anak na si Roboam ang naging hari ng Israel. Anong mga pagbabago sa paraan ng pamumuno ng kanyang ama ang nais ng mga Israelita na gawin ni Roboam? (Tingnan sa I Mga Hari 12:3–4.) Anong payo ang ibinigay ng matatandang kalalakihan kay Roboam tungkol sa matagumpay na pamumuno? (Tingnan sa I Mga Hari 12:6–7; II Mga Cronica 10:7.) Bakit mas positibo tayong maiimpluwensiyahan ng isang mabait at naglilingkod na pinuno? Paano natin maipamumuhay ang payong ito sa tahanan? sa simbahan? sa paaralan? sa trabaho? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41–46.) Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa mga magulang at iba pang mga pinuno na matagumpay na ipinamumuhay ang payong ito?

- Pagkatapos tanggihan ang payo ng mga nakatatandang kalalakihan, si Roboam ay bumaling sa mga kabataang lalaki na nakilala niya noong kanyang kabataan. Ano ang kanilang payo? (Tingnan sa I Mga Hari 12:8–11.) Ano ang mga ibinunga ng pasiya ni Roboam na sundin ang kanilang payo? (Tingnan sa I Mga Hari 12:12–17. Ipaliwanag na ang katagang "yumaon ang Israel sa kani-kanyang tolda" ay tumutukoy sa sampung lipi na humiwalay mula sa kaharian ni Roboam.) Paano maaaring naiba ang mga bungang ito kung

sinunod lamang ni Roboam ang payo ng mga nakatatandang kalalakihan? (Tingnan sa I Mga Hari 12:7.)

- Si Jeroboam ay isa sa 12 tagapangasiwa ni Salomon sa mga buwis at patrabaho. Sa dakong huli ng pamumuno ni Salomon, ang propetang si Ahias ay nagpropesiya na si Jeroboam ay magiging hari sa maraming lipi ng Israel (I Mga Hari 11:29–31; tingnan sa gawaing pantawag-pansin). Paano natupad ang propesiyang ito? (Tingnan sa I Mga Hari 12:20, isang talababa sa Ingles na Biblia ng BHA na nagsasaad na ang *Septuagint*, ang Griyegong salin ng Lumang Tipan, ay isinama si Benjamin at gayundin si Juda sa hulihan ng talatang iyon. Ang mga lipi nina Juda at Benjamin ay nanatiling kasama ni Roboam sa Katimugang Kaharian, o kaharian ng Juda. Ang sampung lipi naman ay sumunod kay Jeroboam sa Hilagang Kaharian, o kaharian ng Israel.)

**2. Inakay nina Jeroboam at Roboam ang kanilang mga kaharian sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 12:25–33; 13:33–34; 14:14–16, 21–24.

Maaari ninyong naising idagdag sa pahayag na inyong isinulat sa pisara ang:

*Ang isang mabuting pinuno ay:*
*1. Naglilingkod.*
*2. Nagtitiwala at sumusunod sa Panginoon.*

- Sa pamamagitan ng propetang si Ahias, ang Panginoon ay nangako kay Jeroboam na bibigyan siya ng isang "tiwasay na sangbahayan" (isang ligtas na kaharian) kung lalakad siya sa mga landas ng Panginoon (I Mga Hari 11:38). Paano nawala kay Jeroboam ang mga biyaya ng pangakong iyon? (Tingnan sa I Mga Hari 12:25–33.) Bakit itinayo ni Jeroboam ang mga guyang ginto at mga mataas na dako at nag-ordena ng mga huwad na saserdote? (Tingnan sa I Mga Hari 12:26–33; 13:33–34.)

  Ipaliwanag na natakot si Jeroboam na baka magbalik kay Roboam ang kanyang mga tao kung pupunta sila sa Jerusalem upang sumamba. Sa kanyang pagsisikap na pigilan ang kanyang mga tao at mapanatili ang kanilang katapatan, siya ay gumawa ng mga guyang ginto, sa Bethel at Dan, dalawang lungsod sa Hilagang Kaharian, at inanyayahan ang kanyang mga tao na sumamba sa mga lungsod na iyon. Sa ganitong paraan, hinayaan niyang mangibabaw ang kanyang takot sa halip na magtiwala sa mga pangako ng Panginoon. Ituro na ang isang matalinong pinuno ay nagtitiwala sa Panginoon at hindi ibinabatay ang kanyang mga pasiya sa takot o pansariling pasiya.

- Nang magkasakit ang kanyang anak na lalaki, si Jeroboam ay humingi ng tulong sa propetang si Ahias. Ano ang iprinopesiya ni Ahias tungkol sa sambahayan (mag-anak) at kaharian ni Jeroboam? (Tingnan sa I Mga Hari 14:14–16. Ang katuparan ng propesiyang ito ay matatagpuan sa II Mga Hari 17:20–23.)

- Tulad ni Jeroboam, si Roboam ay sumuway din sa Diyos sa pamamagitan ng pag-akay sa mga tao sa pagsamba sa diyus-diyosan (I Mga Hari 14:21–24). Ang masamang pamumuno ng dalawang haring ito ay may matagalang bunga. Ang kapwa kaharian ay kumalat o natangay sa pagkaalipin sa loob ng maraming taon pagkaraan noon (ang Israel ay napasailalim sa mga taga Asiria

at ang Juda ay napasailalim sa mga taga Babilonia) dahil nagpatuloy sila sa kanilang masasamang nakagawian. Paano nagkakaroon ng gayon katinding epekto sa maraming tao ang isang masamang pinuno?

Maaaring naisin ninyong ituro na hindi natin kailangang gayahin o sundin ang mga gawa ng masasamang pinuno tulad ng ginawa ng mga tao ng Israel at Juda. Binigyan tayo ng Diyos ng kalayaang pumili, at magagamit natin ang kapangyarihang iyon upang piliin ang mabuti, kahit na pinipili ng mga pinuno ang masama (Helaman 14:30–31).

**3. Pinamunuan ni Josaphat ang kaharian ng Juda upang sumunod sa Panginoon at sa Kanyang mga propeta.**

Ituro at talakayin ang II Mga Cronica 17:1–10; 20:1–30.

Maaari ninyong naising dagdagan muli ang talaan sa pisara:

*Ang isang mabuting pinuno ay:*
*1. Naglilingkod.*
*2. Nagtitiwala at sumusunod sa Panginoon.*
*3. May pananampalataya sa Diyos.*
*4. Nagtuturo mula sa mga banal na kasulatan.*
*5. Sumusunod sa mga propeta.*

- Pagkaraan ng tatlong salinlahi mula kay Roboam, ang kanyang apo-sa-tuhod na si Josaphat ang naghari sa kaharian ng Juda. Paano ipinakita ni Josaphat ang kanyang pansariling pagkamatwid? (Tingnan sa II Mga Cronica 17:3–4, 6.) Paano nakaaapekto ang ating pansariling pagsamba at pagkamasunurin sa ating kakayahang pamunuan ang iba?

- "Inalis [ni Josaphat] ang mga mataas na dako at ang mga asera sa Juda" (II Mga Cronica 17:6). Ano sa palagay ninyo ang natutuhan ng mga tao mula dito? (Tingnan sa II Mga Cronica 20:12–13, na binibigyang pansin na "buong Juda ay tumayo sa harap ng Panginoon, pati ang kanilang mga bata, ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak.") Ano ang mga maaari nating tanggalin sa ating mga tahanan at sa ating pansariling buhay upang masamba natin ang Diyos nang may higit na debosyon?

- Nagpadala si Josaphat ng mga Levita sa buong kaharian upang magturo sa mga tao mula sa "aklat ng kautusan ng Panginoon" (II Mga Cronica 17:9). Paano sa palagay ninyo nakaapekto sa mga tao ng Juda ang pagtuturo sa kanila mula sa mga banal na kasulatan? Paano nakatulong sa inyo ang pansarili at pangmag-anak na pag-aaral ng banal na kasulatan? Paano nakaiimpluwensiya sa ating mga mag-anak at sa kabuuan ng Simbahan ang pag-aaral ng banal na kasulatan sa tahanan?

  Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson na: "Kadalasan ay nagsisikap tayong mabuti upang madagdagan ang antas ng pagiging aktibo sa ating mga istaka. Buong pagsusumigasig tayong gumagawa upang madagdagan ang porsiyento ng mga dumadalo sa mga pulong sakramento. Gumagawa tayo upang maging mas mataas ang porsiyento ng ating mga kabataang lalaki na nasa misyon. Nagsisikap tayong madagdagan ang bilang ng mga nagpapakasal sa templo. Ang lahat ng ito ay kahanga-hangang pagsisikap at mahalaga sa pagsulong ng kaharian. Ngunit kapag palagiang isinusubsob ng bawat miyembro at mga

mag-anak ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan, ang iba pang larangang ito ng gawain ay kusa na lamang darating. Ang mga patotoo ay madaragdagan. Ang pangakong susunod ay mapalalakas. Ang mga mag-anak ay mapatatatag. Ang pagtanggap ng pansariling paghahayag ay dadaloy" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 44).

- Isinasaad sa II Mga Cronica ang tungkol sa isang panahon ng matinding pagkabalisa ng mga tao ng Juda, sa pagdedeklara ng digmaan ng tatlong bansa laban sa kanila. Ang inaasahang ibubunga ng anumang digmaan ay tila hindi nagbibigay ng pag-asa para kay Haring Josaphat at sa kanyang mga tao, na tunay na kakaunti ang bilang kaysa kalaban. Ano ang ginawa ni Josaphat upang makatanggap ng tulong? (Tingnan sa II Mga Cronica 20:3–13.) Ano ang sagot ng Panginoon sa kanyang pagsusumamo? (Tingnan sa II Mga Cronica 20:14–17. Pansinin na ang sagot na ito ay ipinadaan sa propetang si Jahaziel.) Anong payo ang ibinigay ni Josaphat sa kanyang mga tao? (Tingnan sa II Mga Cronica 20:20.) Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, paano tayo nahihigitan sa bilang sa ngayon tulad ng mga tao sa Juda noong unang panahon? Paano naaangkop sa atin ang payo ni Josaphat?

- Naaalala ang katiyakang ibinigay ng propetang si Jahaziel na ang digmaan ay sa Diyos, si Josaphat ay nagtalaga ng mga mang-aawit upang papurihan ang Panginoon sa halip na maglabanan. Nang magsimula silang umawit, sila ay pinangalagaan ng Panginoon. Pinag-away ng Panginoon ang mga lumulusob sa kanila at magpatayan (II Mga Cronica 20:21–24). Paano tayo pinangangalagaan kapag naaalala at sinusunod natin ang mga salita ng buhay na propeta?

- Bilang kabaligtaran nina Jeroboam at Roboam na umakay sa kanilang mga tauhan sa pagsamba sa diyus-diyosan, inimpluwensiyahan naman ni Josaphat ang mga tao ng Juda na magpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon (II Mga Cronica 20:3–4). Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa impluwensiya ng mabubuting pinuno? Ano ang maaari nating gawin upang matulungan ang ating mga pinaglilingkuran na mamuhay nang matwid?

---

Katapusan

Magpatotoo tungkol sa kapangyarihang taglay ng mga pinuno sa pag-akay sa mga tao sa kasamaan o kabutihan. Ipaalala sa mga miyembro ng klase ang ating tungkuling manguna sa ating mga tungkulin sa Simbahan, sa ating mga pamayanan, sa trabaho, at sa tahanan. Himukin ang mga miyembro ng klase na maging mabubuting pinuno na naglilingkod, nagtitiwala at sumusunod sa Panginoon, may pananampalataya sa kanya, nagtuturo mula sa mga banal na kasulatan, at sumusunod sa mga propeta.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. Paglaban sa negatibong pamimilit ng mga kasa-kasama

- Ang kaharian ng Israel ay nahati unang-una dahil sa pinili ni Roboam na sundin ang hindi matalinong payo ng kanyang mga kasa-kasama (I Mga Hari

12:9–16). Paano natin mapaglalabanan ang tuksong sundin ang hindi matalinong payo mula sa ating mga kaibigan?

Sinabi ni Elder Malcolm S. Jeppsen na:

"Marami sa inyo . . . ang lalapitan, balang-araw, ng isa o higit sa inyong 'mga kaibigan' na hihimok sa inyong gawin ang isang bagay na alam ninyong hindi ninyo dapat gawin. . . .

" 'Wala namang makakaalam,' ang sasabihin sa inyo ng mga naturingang kaibigan. 'Maliban pa riyan, ano ba naman ang kaibahang magagawa nito?'

" . . . Hindi ninyo kailangang talikuran ang inyong mga kaibigan na nasa maling landas; hindi naman ninyo talagang kailangang iwan sila. Maaari kayong maging kaibigan na nagmamalasakit sa kanila, handang tumulong sa kanila kapag sila ay handang magpatulong. Maaari ninyo silang kausapin at pasiglahin at ibigay sa kanila ang inyong patotoo. Akayin ninyo sila sa pamamagitan ng halimbawa.

"Ngunit huwag na huwag kayong paaakay sa paggawa ng bagay na hindi kalugud-lugod sa Ama sa Langit. Maaaring hilingin ng inyong mga kaibigan na bilang kapalit ng inyong pagkakaibigan ay kailangan ninyong pumili—ang kanilang landas o ang landas ng Panginoon.

"Kapag nangyari ang gayon, piliin ninyo ang landas ng Panginoon at maghanap kayo ng mga bagong kaibigan" (sa Conference Report, Abr. 1990, 59; o *Ensign*, Mayo 1990, 45).

**2. Ang kahulugan ng mga mataas na dako at mga asera**

Ang mga sumusunod na pakahulugan ay makatutulong sa inyo na ipaliwanag ang maling pagsamba na sinulsulan nina Jeroboam at Roboam.

Mga mataas na dako (I Mga Hari 12:31): mga altar na itinayo sa tuktok ng mga burol. Nang magsimulang sumamba sa mga diyus-diyosan ang mga tao ay nilapastangan na nila ang mga altar na ito at ginamit sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.

Mga asera (I Mga Hari 14:15): mga pook na pinagdarausan ng paganong pagsamba kung saan malalaswa ang kilos ng mga tao kung minsan.

**3. "At . . . makapaglilingkod kayo sa mga diyos, na yari ng mga kamay ng mga tao" (Deuteronomio 4:28)**

- Nang itayo ni Jeroboam ang mga gintong guya at sumamba ang mga tao sa mga mataas na dako at sa mga asera ay ipinagwalang bahala na niya at ng kanyang mga tao ang mga babalang ibinigay ni Moises noong nakalipas na 500 taon (Deuteronomio 4:25–28). Anong kalamidad ang binubuo nila para sa kanilang sarili? Ano ang ipinangako kung babaling sila sa Panginoon sa halip na sa mga huwad na diyus-diyosan? (Tingnan sa Deuteronomio 4:29–31.)

**4. Pakay aralin ng pamumuno**

Magdala sa klase ng dalawang magkatulad na set ng mga *blocks* (o ibang bagay). Anyayahan ang dalawang miyembro ng klase na makisali sa sumusunod na

paglalarawan. Bigyan ang bawat kalahok ng isang set ng *block*. Gawing pinuno ang isang miyembro ng klase at gawing tagasunod ang isa pa. Hayaang magtalikuran ang mga miyembro ng klase para hindi nila makita ang *blocks* ng bawat isa. Mabilis na magpabuo sa pinuno ng isang bagay sa pamamagitan ng *blocks* at pabigyang tagubilin ang tagasunod kung paano bubuo ng katulad nito. Ang tagasunod ay hindi dapat magtanong habang sumusunod siya sa mga tagubilin. Wala ni isa man sa mga kalahok ang titingin sa *blocks* ng kabila hangga't hindi nabubuo ang proyekto.

Kapag natapos na sa pagbuo ang tagasunod, talakayin kung gaano kahalaga sa mga pinuno ang magbigay ng malinaw na mga tagubilin at para sa mga tagasunod na makinig na mabuti. Kung nakabuo ang tagasunod ng isang bagay na katulad na katulad ng sa pinuno, purihin ang dalawang kalahok at tanungin ang ibang miyembro ng klase kung bakit naging matagumpay sila. Kung ang paglalarawan ay humantong sa magkaibang bagay, itanong ang mga sumusunod:

- Maibibigay pa ba ng pinuno ang mga tagubilin nang mas malinaw? Makapakikinig pa ba nang mas mabuti ang tagasunod? Paano maaaring nakatulong sa tagasunod kung hinayaan siyang magmasid samantalang binubuo ng pinuno ang bagay na ito?
- Paano natin maisasagawa sa ating mga tungkulin sa Simbahan at sa ating mga tahanan ang natutuhan natin mula sa paglalarawang ito?

Aralin
# 28 "Pagkatapos ng Apoy ay Isang Marahang Bulong na Tinig"

*I Mga Hari 17–19*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na unahin ang Diyos sa kanilang buhay at hanapin ang patnubay at kaaliwan sa mga salita ng buhay na propeta at sa mga bulong ng Espiritu Santo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. I Mga Hari 17. Isinara ni Elijah ang kalangitan kung kaya hindi umulan, tinakasan niya sina Achab at Jezabel, at buong himala siyang natustusan ng pagkain sa ilang (17:1–6). Isinugo ng Panginoon si Elijah sa isang balo na nagbigay sa kanya ng pagkain at tubig (17:7–16). Pinabangon ni Elijah ang anak na lalaki ng balo mula sa mga patay (17:17–24).

   b. I Mga Hari 18. Pagkaraan ng mahigit sa dalawang taon na taggutom, si Elijah ay nakipagkita kay Achab at hinamon ang mga saserdote ni Baal na magpababa ng apoy mula sa langit upang sunugin ang kanilang hain (18:1–2, 17–24). Nabigo ang mga saserdote ni Baal sa kanilang mga pagtatangka, ngunit si Elijah naman ay nanalangin at nagpadala ng apoy ang Panginoon upang sunugin ang hain na kanyang inihanda (18:25–40). Nanalangin si Elijah upang mawakasan ang taggutom, at nagpadala ng ulan ang Panginoon (18:41–46).

   c. I Mga Hari 19. Tinangka ni Jezabel na patayin si Elijah (19:1–2). Si Elijah ay nagpunta sa ilang at pinakain ng isang anghel (19:3–8). Si Elijah ay nagtungo sa Horeb, kung saan siya ay inaliw ng Espiritu Santo at tinagubilinang magpatuloy sa gawain ng Diyos (19:9–19).

2. Hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang magbigay ng maikling ulat tungkol sa pakikipagtunggali ni Elijah sa mga saserdote ni Baal (I Mga Hari 18:17–40).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ibahagi ang sumusunod na kuwentong mula kay Elder Thomas S. Monson:

"Isinilang sa kahirapan ngunit inaruga sa pananampalataya, [si Jose Garcia] ay naghanda para sa isang tawag sa misyon. Naroon ako noong araw na matanggap niya ang kanyang rekomendasyon. Nakasulat doon ang pangungusap na: 'Si Kapatid na Garcia ay maglilingkod sa kabila ng malaking sakripisyo ng kanyang mag-anak, dahil siya ang pinagmumulan ng karamihan sa suporta ng mag-anak. Iisa lamang ang kanyang ari-arian—isang pinakamamahal na koleksiyon ng mga

selyo—na handa niyang ipagbili, kung kinakailangan, upang makatulong sa pagtustos sa kanyang misyon.’

“Nakinig na mabuti si Pangulong [Spencer W.] Kimball habang binabasa sa kanya ang pangungusap na ito, at pagkatapos ay sumagot siyang: ‘Ipabenta ninyo sa kanya ang kanyang koleksiyon ng selyo. Ang gayong sakripisyo ay magiging pagpapala sa kanya.’ ”

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin kung ano ang magiging reaksiyon nila kung hihilingin sa kanilang iwan ang lahat ng kanilang ari-arian upang maglingkod sa Panginoon. Pagkatapos ay ituloy ang kuwento:

“Pagkatapos, may kislap sa kanyang mga mata at ngiti sa kanyang mukhang sinabi ng mapagmahal na propetang ito na, ‘Buwan-buwan sa punong himpilan ng Simbahan ay tumatanggap tayo ng libu-libong liham mula sa lahat ng panig ng daigdig. Tiyaking itabi natin ang mga selyong ito at ibigay ang mga ito kay Jose sa pagtatapos ng kanyang misyon. Mapapasakanya, nang hindi siya gumagasta, ang pinakamainam na koleksiyon ng selyo ng sinumang kabataang lalaki sa Mexico’ ” (sa Conference Report, Okt. 1978, 83; o *Ensign*, Nob. 1978, 56).

Ipaliwanag na kapag inuuna natin sa ating buhay ang mga bagay tungkol sa Diyos, ang mga gantimpalang tatanggapin natin ay tunay na higit pa kaysa anumang bagay na maaaring isakripisyo natin sa ating buhay. Ang araling ito ay nagkukuwento tungkol sa dalawang tao—sina Elijah at ang balo ng Sarepta—na tumanggap ng malalaking biyaya dahil handa silang sumunod sa Diyos kahit na mahirap gawin ang gayon.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Pagkatapos akayin ni Jeroboam ang kaharian ng Israel sa pagsamba sa diyus-diyosan, siya at ang kanyang mga inapo ay nalipol. Sila ay nasundan pa ng mga haring sumasamba sa diyus-diyosan. Kabilang sa mga pinunong ito ay si Achab na hari na “gumawa pa ng higit . . . upang mungkahiin ang Panginoon, ang Diyos ng Israel, sa galit kay sa lahat ng mga hari sa Israel na nauna sa kanya” (I Mga Hari 16:33). Naging asawa niya si Jezabel at siya man ay sumamba na kay Baal, at hinimok ang kanyang mga tao na samahan siya sa pagsamba sa huwad na diyos na ito. Ang propetang si Elijah ay nagbabala kay Achab at sa kanyang kaharian.

**1. Isinara ni Elijah ang kalangitan, buong himala siyang natustusan ng pagkain, at pinabangon niya mula sa mga patay ang anak na lalaki ng isang balo.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 17.

- Dahil sa kasamaan ni Achab at ng kanyang mga tao, si Elijah ay nagsabing, “Hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito, *kundi ayon sa aking salita*” (I Mga Hari 17:1; idinagdag ang pagkahilig ng mga titik). Bakit nakapagsalita nang gayon si Elijah? (Maaari ninyong naising ihambing si Elijah kay Nephi, na anak ni Helaman, na binigyan ng gayunding

kapangyarihan. Ang mga dahilan ng Panginoon sa pagpapahintulot na mangyari ang lahat ng bagay ayon sa mga salita ni Nephi ay matatagpuan sa Helaman 10:4–5.)

- Pagkatapos maipahayag ni Elijah na walang ulang babagsak sa kaharian, siya ay inutusan ng Panginoon na tumakas. Paano tumugon si Elijah sa utos ng Panginoon? (Tingnan sa I Mga Hari 17:2–5.) Ano ang matututuhan natin mula sa tugon ni Elijah?

  Sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley na:

  "Nagbibigay lakas sa akin ang isang simpleng pangungusap na binigkas hinggil kay Propeta Elijah, na nagbabala kay Haring Achab tungkol sa tagtuyot at taggutom na darating sa lupain. Ngunit kinutya siya ni Achab. At sinabihan ng Panginoon si Elijah na lumisan at magtago sa batis ng Cherith, na doon ay iinom siya mula sa batis, at siya ay pakakainin ng mga uwak. At itinala sa banal na kasulatan ang isang simple at kahanga-hangang pangungusap: 'Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang ayon sa salita ng Panginoon.' (I Mga Hari 17:5.)

  "Walang pakikipagtalo. Walang paghingi ng paumanhin. Walang pagsisinungaling. Ang tanging ginawa ni Elijah ay 'naparoon siya at ginawa ang ayon sa salita ng Panginoon.' At naligtas siya mula sa kakila-kilabot na kalamidad na dumapo sa mga nangutya at nakipagtalo at nag-alinlangan" (sa Conference Report, Okt. 1971, 159; o *Ensign*, Dis. 1971, 123-24).

- Paano tumagal si Elijah sa ilang pagkatapos magsimula ang tagtuyot? (Tingnan sa I Mga Hari 17:4, 6.) Anong mga naging karanasan ninyo nang itaguyod kayo ng Panginoon sa pisikal at espirituwal?

- Sino ang inihanda ng Panginoon upang tumulong kay Elijah matapos matuyuan ang batis sa ilang? (Tingnan sa I Mga Hari 17:7–13.) Ano ang maituturo nito sa atin tungkol sa kung paano tinutulungan ng Panginoon ang mga nangangailangan? (Ipaliwanag na kadalasan ay tinutulungan ng Panginoon ang mga nangangailangan sa pamamagitan ng paglilingkod ng ibang tao.) Paano ninyo nakitang tinulungan ng Panginoon ang mga nangangailangan sa pamamagitan ng paglilingkod ng ibang tao? Ano ang maaari nating gawin upang matulungan ang ibang nangangailangan?

  Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland na: "Alam ko na may magagawa ang bawat isa sa atin, gaano man ito kaliit. Maaari tayong magbayad ng tapat na ikapu at magbigay ng ating mga handog ayuno at kusang abuloy. . . . At maaari pa tayong humanap ng ibang paraan para makatulong. Sa mga makabuluhang dahilan at taong nangangailangan ay maibibigay natin ang ating panahon kung wala tayong salapi, at maibibigay natin ang ating pagmamahal kapag naubusan na tayo ng ibibigay na panahon. Maibabahagi natin ang ating mga tinapay at makaaasa sa Diyos na hindi makukulangan ang banga ng langis" (sa Conference Report, Abr. 1996, 41; o *Ensign*, Mayo 1996, 31).

- Paano tumugon ang balo nang humiling si Elijah ng kaunting tubig na maiinom? (Tingnan sa I Mga Hari 17:10–11. Nagbigay siya nang walang pag-aalinlangan.) Ano ang sinabi ng balo nang humiling sa kanya si Elijah ng pagkain?? (Tingnan sa I Mga Hari 17:11–12.) Ano ang ipinangako sa kanya ni Elijah? (Tingnan sa I Mga Hari 17:13–14.) Ano ang ginawa ng balo

pagkatapos? (Tingnan sa I Mga Hari 17:15.) Ano ang matututuhan natin mula sa tugon ng balo?

Sinabi ni Elder Holland na ang tugon ng balo kay Elijah nang humingi siya sa kanya ng pagkain ay isang "pagpapakita ng pananampalataya—dakila, sa pagkakataong ito, na tulad ng ibang alam ko sa mga banal na kasulatan. . . . Marahil dahil hindi tiyak ang magiging katumbas ng kanyang pananampalataya . . . , ay dinala muna niya kay Elijah ang kanyang maliit na tinapay, na talagang nagpakita na nagtitiwala siya na kung hindi sapat ang matitirang tinapay, kahit paano ay mamamatay sila ng kanyang anak na lalaki na nakagawa ng dalisay na pagkakawanggawa" (sa Conference Report, Abr. 1996, 39; o *Ensign*, Mayo 1996, 29).

- Bakit sa palagay ninyo inutusan ng Diyos ang balo na pakainin si Elijah samantalang kakaunti lamang ang pagkain nila? Anong biyaya ang tinanggap ng balo sa kanyang pagkamasunurin? (Tingnan sa I Mga Hari 17:16.) Ano ang ilang bagay na hinihiling ng Diyos sa atin na tila mahirap gawin? Sa anong mga paraan tayo pinagpapala kapag inuuna natin ang Diyos, na ginagawa ang hinihiling niya kahit na mahirap ito?

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson na:

"Kapag inuuna natin ang Diyos, ang lahat ng bagay ay nalalagay sa kanilang tamang kinalalagyan o naaalis sa ating buhay. Ang pagmamahal natin sa Panginoon ang mangingibabaw kaysa sa mga gusto o ibig natin, sa mga pinag-uukulan natin ng ating panahon, sa mga bagay na pinipili nating gawin, at sa pagkakasunud-sunod ng ating mga pinahahalagahan. . . .

"Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos na unahin [siya] at bilang bunga, ay umani ng kapayapaan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan na puspos ng kagalakan sa susunod na buhay" (sa Conference Report, Abr. 1988, 3, 6; o *Ensign*, Mayo 1988, 4, 6).

- Ano ang ginawa ni Elijah nang magkasakit at mamatay ang anak na lalaki ng balo? (Tingnan sa I Mga Hari 17:17–22.) Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan nagawang ibalik ni Elijah ang buhay ng anak ng balo? Paano nabiyayaan ang buhay ninyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote?

**2. Hinamon ni Elijah ang mga saserdote ni Baal at binuksan ang kalangitan para umulan.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 18.

- Sa ikatlong taon ng taggutom, ang Panginoon ay nag-utos kay Elijah na, "Ikaw ay yumaon, [pakita] ka kay Achab; at ako'y magpapaulan sa lupa" (I Mga Hari 18:1). Paano ang naging reaksiyon ni Achab nang makita niya si Elijah? (Tingnan sa I Mga Hari 18:17. Ituro na sinisi ni Achab si Elijah dahil sa taggutom.) Ano ang tunay na pinagmulan ng taggutom? (Tingnan sa I Mga Hari 18:18.)
- Tulad ng kahilingan ni Elijah, tinipon ni Achab ang buong Israel at ang 850 huwad na saserdote sa Bundok ng Carmelo (I Mga Hari 18:19–20). Nang magtipon ang mga tao upang makinig sa pagsasalita ni Elijah, sila ay tinanong

niya, “Hanggang kailan kayo mangag-aalinlangan sa dalawang isipan?” (I Mga Hari 18:21). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mag-alinlangan sa dalawang isipan [o opinyon]? Paano tayo nag-aalinlangan kung minsan sa dalawang opinyon? (Tingnan sa Mateo 6:24. Ituro na ang salitang *mga kayamanan* ay nakapatungkol sa kamunduhan.)

Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell: “Ang makaantig-damdaming mga salita ng iba’t ibang propeta . . . ay humihimok sa atin na pumili, magpasiya, at huwag mag-alinlangan. . . .  Ang mensahe ni Elijah ay napakahalaga sa atin ngayon, dahil sa bandang huli ang lahat ay kailangang mamili sa pagitan ng mga diyus-diyosan ng daigdig na ito at sa Diyos ng kawalang hanggan” (*That My Family Should Partake* [1974], 22).

Hayaang magbigay ng maikling ulat ang inatasang miyembro ng klase tungkol sa pakikipagtunggali ni Elijah sa mga saserdote ni Baal (I Mga Hari 18:17–40).

- Ano ang layunin ni Elijah sa paghamon sa mga saserdote ni Baal? (Tingnan sa I Mga Hari 18:36–37.) Paano ang naging reaksiyon ng mga tao sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Panginoon? (Tingnan sa I Mga Hari 18:38–39.) Paano sila biniyayaan sa pagkilala nila sa Panginoon at sa kanyang kapangyarihan? (Tingnan sa I Mga Hari 18:45.) Paano natin higit na lubusang mabibigyang-pagkilala ang Panginoon at ang kanyang kapangyarihan? (Tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 5:16–18; Alma 34:38; Moroni 7:33–39.)

**3. Si Elijah ay inaliw ng Espiritu Santo at tinagubilinang magpatuloy sa gawain ng Diyos.**

Ituro at talakayin ang I Mga Hari 19.

Dahil sa galit sa pagtatagumpay ni Elijah sa mga saserdote ni Baal ay tinangka ni Jezabel na patayin siya. Si Elijah ay nagpunta sa ilang at nagsumamo sa Panginoon na nagsasabing, “Sukat na; ngayon, Oh, Panginoon kunin mo ang aking buhay” (I Mga Hari 19:4). Pinagpala ng Panginoon si Elijah sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang anghel na may dalang pagkain at tubig. Maaari ninyong naising ituro na maging ang mga propeta ay nakararanas ng kapighatian at nangangailangan ng kaaliwan at patnubay na tanging ang Diyos lamang ang makapagdudulot.

- Bakit nasiraan ng loob si Elijah? (Tingnan sa I Mga Hari 19:10, 14. Sa kabila ng pagtugon ng mga tao sa kagila-gilalas na pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos, nadama ni Elijah na siya na lamang ang natitirang Israelita na sumasamba sa totoong Diyos.) Ano ang ginawa niya upang magtamo ng kapayapaan? (Tingnan sa I Mga Hari 19:4, 8. Siya ay nanalangin at nag-ayuno.) Ano ang matututuhan natin mula sa karanasan ni Elijah na makatutulong sa atin kung tayo ay nasisiraan ng loob, nalulumbay, o nawawalan ng pag-asa?

- Paano inaliw ng Diyos si Elijah sa Bundok ng Horeb? (Tingnan sa I Mga Hari 19:9–13.) Ano ang matututuhan natin mula dito tungkol sa kung paano nakikipag-ugnayan sa atin ang Diyos? Bakit sa palagay ninyo mas madalas makipag-ugnayan ang Diyos sa pamamagitan ng “marahang bulong na tinig” ng Espiritu Santo sa halip na sa pamamagitan ng malakas at kagila-gilalas na mga pagpapakita ng kapangyarihan? Paano natin malalaman ang mga bulong ng Espiritu Santo?

Nang magtanong kay Pangulong Hinckley ang isang tagapagbalita kung paano siya nakikipag-usap sa Diyos, ganito ang naging tugon ng propeta, "Sa palagay ko ang pinakamainam na paraan ng paglalarawan ko sa paraang ito ay sa paghahambing nito sa karanasan ni Elijah ayon sa pagkakasaad sa aklat ng Unang mga Hari. Si Elijah ay nakipag-usap sa Panginoon, at nagkaroon ng hangin, isang malakas na hangin, ngunit ang Panginoon ay wala sa hangin. At nagkaroon ng lindol, ngunit ang Panginoon ay wala sa lindol. At nagkaroon ng apoy, ngunit ang Panginoon ay wala sa apoy. At pagkatapos ng apoy ay isang marahang bulong na tinig, na inilalarawan ko bilang ang mga pagbulong ng Espiritu" (sa Conference Report, Okt. 1996, 71; o *Ensign*, Nob. 1996, 51).

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson na: "Nag-uukol ba kayo ng panahon upang pakinggan ang mga paramdam ng Espiritu? Ang mga sagot sa panalangin ay kadalasang dumarating sa pamamagitan ng isang munting tinig at nadarama ng ating pinakamalalim, kaibuturang *damdamin*. Sinasabi ko sa inyo na malalaman ninyo ang kalooban ng Diyos tungkol sa inyong sarili kung mag-uukol kayo ng panahon na manalangin at makinig" (sa Conference Report, Okt. 1977, 46; o *Ensign*, Nob. 1977, 32).

- Bukod sa pagiging Mang-aaliw, ang Espiritu Santo ay isa ring guro (Juan 14:26; 2 Nephi 32:5). Ano ang itinagubilin ng Panginoon—sa pamamagitan ng Espiritu Santo—na gawin ni Elijah? (Tingnan sa I Mga Hari 19:15–16.) Paano makatutulong sa atin ang paglilingkod sa Panginoon kapag nasisiraan tayo ng loob?
- Ang isang paraan ng pag-aliw ng Panginoon kay Elijah ay sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanya na marami pang mga Israelita na hindi nagsasagawa ng pagsamba kay Baal (I Mga Hari 19:18). Paano makaaaliw sa atin ang pakikipagkaibigan sa ibang matatapat na Banal sa mga Huling Araw? Anong mga impluwensiya ang nakapaligid sa inyo na makatutulong sa inyo para malaman na hindi kayo nag-iisa? Ano ang maaari ninyong gawin upang matulungan ang iba kapag nadarama nilang nag-iisa sila?

---

Katapusan

Magpapatotoo na tayo ay aaliwin at gagabayan kapag inuna natin ang Diyos at nakinig sa mga bulong ng Espiritu Santo.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ito bilang bahagi ng aralin.

**Ang Diwa ni Elijah**

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay kadalasang nag-uusap tungkol sa Diwa ni Elijah. Ang pariralang ito ay nakapatungkol sa gawaing ginagawa natin "upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama" (Doktrina at mga Tipan 110:15). Ang gawaing ito ay kinapapalooban ng pagsasaliksik sa kasaysayan ng mag-anak at gawain sa templo para sa mga buhay at mga patay. Ito ay tinatawag nating Diwa ni Elijah dahil si Elijah ang nagpanumbalik ng mga susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod ng pagkasaserdote kay Joseph Smith (Doktrina at mga Tipan 110:13–16). Sa

pamamagitan ng kapangyarihang ito ang mga ordenansa ng pagbubuklod ay naisasagawa na siyang nagsasama-sama sa mga mag-anak sa kawalang-hanggan.

Sinabi ni Joseph Smith na:

"Ang diwa, kapangyarihan, at tungkulin ni Elijah ay, ay upang magkaroon kayo ng kapangyarihang hawakan ang susi sa mga paghahayag, ordenansa, orakulo, kapangyarihan, at mga pagkakaloob ng kabuuan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at ng kaharian ng Diyos sa lupa; at upang tanggapin, kamtin, at isagawa ang lahat ng ordenansa na nakapaloob sa kaharian ng Diyos, maging sa pagbaling ng mga puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga puso ng mga anak sa mga ama, maging ang mga nasa langit. . . .

"Nais kong maunawaan ninyo ang paksang ito, dahil ito ay mahalaga; at kung tatanggapin ninyo ito, ito ang diwa ni Elijah, na tubusin natin ang ating mga patay, at iugnay ang ating sarili sa ating mga amang nasa langit, at ibuklod ang ating mga namatay upang magbangon sa unang pagkabuhay na mag-uli; at dito ay nais nating ibuklod ng kapangyarihan ni Elijah ang mga naninirahan sa lupa sa mga naninirahan sa langit. Ito ang kapangyarihan ni Elijah at ang mga susi ng kaharian ni Jehova" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 337–38).

# “Kinuha . . . Niya ang Balabal ni Elijah”

Aralin

29

*II Mga Hari 2; 5–6*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano naisasalin ang awtoridad (balabal) mula sa isang propeta tungo sa isa pa, upang himukin silang sundin ang mga salita ng mga propeta, at bigyang katiyakan sila na ang kapangyarihan ng Diyos ay mas higit kaysa alinmang kapangyarihan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. II Mga Hari 2:1–18. Inihanda ni Elijah si Eliseo upang maging bagong propeta (2:1–10). Si Elijah ay dinala sa langit. Kinuha ni Eliseo ang balabal ni Elijah at naging propeta (2:11–15). Limampung kalalakihan ang naghanap kay Elijah sa loob ng tatlong araw sa kabila ng payo ni Eliseo na hindi nila dapat gawin ang gayon (2:16–18).

   b. II Mga Hari 5. Pinagaling ni Eliseo ang ketong ni Naaman (5:1–14). Pinuri ni Naaman ang Diyos at nag-alok ng gantimpala kay Eliseo, na tinanggihan ni Eliseo (5:15–19).

   c. II Mga Hari 6:8–18. Ginabayan ni Eliseo ang hari ng Israel sa isang pakikipagdigma sa Siria (6:8–10). Inutusan ng hari ng Siria ang kanyang mga tauhan na bihagin si Eliseo, at pinaligiran ng hukbo ang lungsod ng Dothan (6:11–14). Walang takot na nanalangin si Eliseo at inihayag ng Panginoon ang isang bundok na puno ng mga kabayo at karwahe ng apoy, at pagkatapos ay binulag ang hukbo ng Siria (6:15–18).

2. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang piraso ng tela na gagamitin bilang balabal.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ibalabal ang isang tela sa inyong balikat (o sa balikat ng isang miyembro ng klase). Ipaliwanag na ang propetang si Elijah ay may suot na isang balabal. Hindi natin alam kung ano talaga ang hitsura ng balabal, ngunit tiyak na ito ay isang balabal na yari sa tela. Ang paglilipat ng balabal mula kay Elijah papunta kay Eliseo ay sumagisag sa paglilipat ng awtoridad ng propeta kay Eliseo.

Sa makabagong panahon kung minsan ang tinutukoy nating “balabal” ng awtoridad ay ang tinatanggap ng propeta kapag inordenan at itinalaga siya. Kahit na ang propeta sa ngayon ay hindi nagsusuot ng balabal o isang piraso ng tela, ipinagkakaloob ng Diyos ang mga susi ng pagkasaserdote sa kanya. Ang mga susing ito ang nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan na kumilos sa

pangalan ng Diyos bilang pinuno ng Simbahan sa mundo. Kapag namatay ang isang propeta, ang balabal na ito ng awtoridad ay ibinibigay sa bagong propeta.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Si Eliseo ang sumunod kay Elijah bilang propeta.**

Ituro at talakayin ang II Mga Hari 2:1–18.

- Anong ugnayan ang namagitan kina Elijah at Eliseo? (Tingnan sa II Mga Hari 2:2–10.) Bakit sa palagay ninyo buo sa kalooban ni Eliseo na lumagi sa piling ni Elijah? Ano ang ginawa ni Eliseo pagkatapos dalhin sa langit si Elijah? (Tingnan sa II Mga Hari 2:11–13. Kung hindi ninyo ginamit ang gawaing pantawag-pansin, sumangguni rito upang ipaliwanag kung ano ang balabal ni Elijah at kung ano ang isinasagisag nito.)

- Sino ang nagtataglay ng balabal ng propeta sa ngayon? (Ang kasalukuyang Pangulo ng Simbahan.) Paano naililipat ang balabal na ito kapag namatay ang propeta?

  Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith na:

  "Walang kababalaghan sa pagpili ng susunod na magiging Pangulo ng Simbahan. Matagal na itong inayos ng Panginoon, at ang *pinakamatagal nang nanunungkulang apostol ang kaagad na nagiging pinunong tagapangasiwa ng Simbahan*, at siya ay itinataguyod sa gayong katayuan ng Kapulungan ng Labindalawa na nagiging lupong tagapangasiwa ng Simbahan kapag walang Unang Panguluhan. Ang pangulo ay *hindi inihahalal*, kundi siya ay kailangang *sang-ayunan* kapwa ng kanyang mga kapatid sa Kapulungan at ng mga miyembro ng Simbahan" (*Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 3:156).

  Ipinaliwanag ni Pangulong Gordon B. Hinckley kung paano sinunod ang patakarang ito nang ordenan siya at italaga bilang propeta at Pangulo ng Simbahan kasunod ng pagkamatay ni Pangulong Howard W. Hunter:

  "Sa pagpanaw ni Pangulong Hunter, ang Unang Panguluhan ay nabuwag. Ako at si Kapatid na Monson na naglingkod bilang kanyang mga tagapayo, ay lumagay sa aming kinalalagyan sa Korum ng Labindalawa, na naging namumunong awtoridad ng Simbahan.

  "[Makalipas ang ilang araw] ang lahat nang nabubuhay na naordenan na Apostol ay nagtipon sa diwa ng pag-aayuno at panalangin sa itaas na silid ng templo. Dito ay umawit kami ng isang sagradong himno at magkakasamang nanalangin. Tinanggap namin ang sakramento ng hapunan ng Panginoon, na sinasariwa sa sagrado at makahulugang testamento ang aming mga tipan at aming kaugnayan sa Kanya na aming banal na Manunubos. Ang Panguluhan noon ay muling binuo, ayon sa pagsunod sa isang parisan na itinatag na mabuti sa mga nakaraang salinlahi [ang parisang ito ay ipinaliwanag sa

naunang pahayag ni Pangulong Joseph Fielding Smith]. Walang pangangampanya, walang paligsahan, walang paghahangad sa katungkulan. Ito ay tahimik, payapa, simple, at sagrado. Ito ay ginawa ayon sa parisan na itinatag Mismo ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1995, 92; o *Ensign*, Mayo 1995, 69).

Maaari ninyong ituro na tulad ng ginawa niya noong sinauna ay ibinigay ng Tagapagligtas ang mga susi ng pagkasaserdote sa bawat isa sa mga Apostol sa mga huling araw. Gayunman, tanging ang Pangulo ng Simbahan, na pinakamatagal nang nanunungkulang buhay na Apostol, ang maaaring gumamit sa mga susing ito (o maaari niyang bigyan ng awtoridad ang iba na gamitin ang mga ito) sa ngalan ng buong Simbahan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:7).

- Paano tumugon ang mga tao nang makita nilang ginaya ni Eliseo ang himalang ginawa ni Elijah sa paghahati ng mga tubig ng Jordan? (Tingnan sa II Mga Hari 2:14–15.) Bakit mahalagang kaagad nating tanggapin at sang-ayunan ang isang bagong naordenan na Pangulo ng Simbahan? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:2–3, 7.)

- Pagkatapos na pagkatapos dalhin sa langit si Elijah ay ninais ng mga tao na magsugo ng 50 malalakas na kalalakihan upang maghanap sa kanya. Ano ang sinabi ni Eliseo sa mga tao? (Tingnan sa II Mga Hari 2:16.) Paano tumugon ang mga tao sa sagot ni Eliseo? (Tingnan sa II Mga Hari 2:17. Nakiusap sila kay Eliseo hanggang sa payagan niyang umalis ang mga kalalakihan.)

- Ano ang sinabi ni Eliseo sa mga tao nang magbalik ang 50 kalalakihan nang hindi natatagpuan si Elijah? (Tingnan sa II Mga Hari 2:18.) Ano ang matututuhan natin mula sa karanasan ng 50 kalalakihan? (Dapat nating sundin ang payo ng propeta sa unang pagkakataon na marinig natin ito.) Bakit kung minsan ay hinihintay nating ulitin ng mga propeta ang payo bago natin ito sundin? Anong payo ang ibinigay ng mga pinuno ng Simbahan sa atin nitong mga nakalipas na taon? Paano kayo nabiyayaan sa pagsunod ninyo sa payong ito?

**2. Pinagaling ni Eliseo ang ketong ni Naaman.**

Ituro at talakayin ang II Mga Hari 5.

- Sino si Naaman, at ano ang kanyang karamdaman? (Tingnan sa II Mga Hari 5:1.) Bakit siya nagpunta kay Eliseo? (Tingnan sa II Mga Hari 5:2–9.) Ano ang sinabi kay Naaman ng mensahero ni Eliseo na dapat niyang gawin upang gumaling? (Tingnan sa II Mga Hari 5:10.) Bakit sa una ay tumanggi si Naaman na sumunod sa mga tagubilin ni Eliseo? (Tingnan sa II Mga Hari 5:11–12.)

- Paano nakumbinsi si Naaman ng kanyang tagapaglingkod na gawin ang ipinagagawa sa kanya ni Eliseo? (Tingnan sa II Mga Hari 5:13.) Ano ang nangyari pagkatapos ilubog ni Naaman ang kanyang sarili nang pitong ulit sa Ilog ng Jordan? (Tingnan sa II Mga Hari 5:14.)

- Ano ang maituturo sa atin ng kuwento ni Naaman tungkol sa pagsunod sa payo ng propeta—maging kahit na hindi natin gusto o hindi nauunawaan ito o kapag ito ay natutungkol sa maliliit at simpleng mga bagay? Ano ang ilan sa

maliliit at simpleng mga bagay na ipinagagawa sa atin ng propeta o ng ibang mga pinuno ng Simbahan? Bakit mahirap gawin ang mga ito kung minsan? Paano natin madaragdagan ang ating kahandaang sumunod sa payo ng mga pinuno ng Simbahan?

Itinanong ni Elder Rex D. Pinegar ang, "Hindi ba kung minsan ay tulad tayo ni Naaman, na naghahanap ng malalaki o mahahalagang bagay na gagawin at winawalang-bahala ang maliliit na bagay na maaaring magpabago sa ating buhay at magpagaling sa ating mga karamdaman?" (sa Conference Report, Okt. 1994, 106; o *Ensign*, Nob. 1994, 80).

Matapos isalaysay ang kuwento ni Naaman ay sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley na: "Ang paraan ng ebanghelyo ay simple. Ang ilan sa mga kinakailangan ay maaaring tila sa inyo simple at hindi kailangan. Huwag tanggihan ang mga ito. Magpakumbaba kayo at maging masunurin. Ipinapangako kong ang mga bungang kasunod nito ay magiging kagila-gilalas napagmasdan at magbibigay kasiyahan na maranasan" (sa Conference Report, Okt. 1976, 143; o *Ensign*, Nob. 1976, 96).

- Ano ang natutuhan ni Naaman mula sa kanyang paggaling? (Tingnan sa II Mga Hari 5:15). Paano nakapagpalakas sa inyong patotoo ang pagkamasunurin sa mga simpleng bagay?
- Ano ang sinubukang ibigay ni Naaman kay Eliseo pagkatapos niyang gumaling? (Tingnan sa II Mga Hari 5:15.) Bakit sa palagay ninyo tinanggihan ni Eliseo ang alok ni Naaman? Bakit mahalagang maglingkod nang hindi inaalala ang mga makalupang gantimpala?

**3. Ginabayan ni Eliseo ang Israel sa isang pakikipagdigma sa Siria.**

Ituro at talakayin ang II Mga Hari 6:8–18.

- Paano tinulungan ni Eliseo ang hari ng Israel sa digmaan laban sa Siria? (Tingnan sa II Mga Hari 6:8–10.) Ano ang ginawa ng hari ng Siria nang malaman niya ang ginagawa ni Eliseo? (Tingnan sa II Mga Hari 6:11–14.)
- Paano tumugon ang tagapaglingkod ni Eliseo nang makita niya ang mga kabayo at karwahe ng Siria na nakapaligid sa lungsod? (Tingnan sa II Mga Hari 6:15.) Paano tumugon si Eliseo? (Tingnan sa II Mga Hari 6:16.) Ano ang ibig sabihin ni Eliseo nang sabihin niya sa kanyang tagapaglingkod na, "Ang sumasaatin ay higit kaysa sumasa kanila"? (II Mga Hari 6:16). Paano ninyo napatunayan na ang pahayag na ito ni Eliseo ay totoo pa rin hanggang sa ngayon?
- Anong mga makabagong kalagayan ang maaaring magpapaniwala sa ilan sa atin na wala tayong magagawa laban sa mga kasamaan ng daigdig? Paano makatutulong sa atin ang matibay na paniniwala ng "ang sumasaatin ay higit kaysa sumasa kanila" sa ating pakikibaka sa mga kasamaang ito?

Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks na: "Sa pagbabasa ko nitong kahanga-hangang kuwentong ito noong kabataan ko ay palagi kong iniisip na katulad ako ng batang tagapaglingkod ni Eliseo. Inisip ko na kung mapapaligiran man ako ng mga puwersa ng kasamaan habang naglilingkod ako sa Panginoon, inaasahan

ko na bubuksan ng Panginoon ang aking mga mata at bibigyan ako ng pananampalataya na maunawaan na kapag tayo ay nasa gawain ng Panginoon, silang sumasaatin ay palaging higit na makapangyarihan kaysa sa mga sumasalungat sa atin" (sa Conference Report, Okt, 1992, 54; o *Ensign*, Nob. 1992, 39).

- Paano nakatutulong sa atin ang katiyakan na "ang sumasaatin ay higit kaysa sumasa kanila" habang inihahatid natin ang ebanghelyo sa lahat ng tao? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:87–88.)

  Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na: "Hindi pa natin naihahatid ang ebanghelyo sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao. Ngunit nakagawa na tayo ng malalaking hakbang. Napuntahan na natin ang mga lugar na kung saan ay pinahintulutan tayong pumasok. Ang Diyos ang pumapatnubay o nangangasiwa sa gawaing ito, at ang mga pintuan ay mabubuksan sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ayon sa Kanyang banal na kalooban. Nagtitiwala ako dito. Nakatitiyak ako dito" (sa Conference Report, Okt. 1995, 93; o *Ensign*, Nob. 1995, 70–71).

- Ano ang panalangin ni Eliseo para sa kapakanan ng kanyang tagapaglingkod? (Tingnan sa II Mga Hari 6:17.) Bakit sa una ay hindi nakita ng tagapaglingkod ang bundok na puno ng mga kabayo at karwahe ng apoy na ipinadala ng Diyos? Ano ang maaari nating gawin upang mas mabuksan pa ang ating mga mata sa kapangyarihan ng Diyos na nasa ating buhay at sa daigdig?

---

## Katapusan

Magpatotoo na ang Pangulo ng Simbahan ay propeta ng Diyos. Himukin ang mga miyembro ng klase na sang-ayunan ang mga bagong pinuno ng Simbahan at sundin ang payo ng mga propeta. Magpatotoo na ang kapangyarihan ng Diyos ay higit kaysa anumang kapangyarihan.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. Ang mga himala ni Eliseo

Si Eliseo ay nagsagawa ng maraming dakilang himala, na nagpapakita ng pagkahabag sa mga tao at nagbibigay ng karagdagang patunay na siya ang binigyang karapatan na humalili kay Elijah. Hinawi niya ang mga tubig ng Jordan, pinagaling ang mga tubig ng Jerico, pinarami ang langis ng balo, pinabangon mula sa mga patay ang isang batang lalaki, pinagaling ang mga taong nalason, pinakain ang mga nagugutom, pinagaling ang ketong ni Naaman, pinalutang ang isang palakol, at ginabayan ang mga hari sa pakikipagdigmaan. Maaari ninyong naising pagbalik-aralan ang ilan sa mga himalang ito mula sa II Mga Hari 2–6.

- Sa palagay ba ninyo ay kasingdami ng mga himalang naganap noong kapanahunan ni Eliseo ang mga himalang nagaganap sa ating panahon sa ngayon? Ano ang mga panganib ng paghahanap lamang ng mga kagila-gilalas na himala? Ano ang mga tila maliliit na himala na nagaganap sa ating buhay?

**2. Isang batang babaeng Israelita ang nagsabi kay Naaman tungkol kay Eliseo**

- Paano nalaman ni Naaman ang tungkol kay Eliseo at sa kanyang kapangyarihang magpagaling? (Tingnan sa II Mga Hari 5:2–4. Isang batang babaeng Israelita na naging bihag ng mga taga Siria ang nagsabi sa asawa ni Naaman na may isang propeta sa Israel na makapagpapagaling kay Naaman.) Paano isang halimbawa sa atin ang batang babaeng Israelita na ito? (Anuman ang ating edad, katayuan, o tungkulin sa Simbahan ay marami tayong magagawang kabutihan sa pamamagitan ng pag-akay sa mga tao tungo sa mga propeta—at sa Panginoon.)

# “Magsiparoon sa Bahay ng Panginoon”

Aralin **30**

*II Mga Cronica 29–30; 32; 34*

**Layunin**

Bigyang inspirasyon ang bawat miyembro ng klase na tumanggap ng mga ipinangakong biyaya na nagmumula sa gawain sa templo at pag-aaral ng banal na kasulatan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. II Mga Cronica 29–30. Binuksan ni Ezechias, na hari ng Juda, ang mga pintuan ng templo at tinagubilinan ang mga saserdote at Levita na linisin at gawing banal ito para sa pagsamba (29:1–19). Nang malinis na ang templo, si Ezechias at ang kanyang mga tao ay sumamba at nagpuri sa Panginoon (29:20–36). Inanyayahan ni Ezechias ang buong Israel na magpunta sa bahay ng Panginoon sa Jerusalem (30:1–9). Pinagtawanan at kinutya ng ilan ang paanyaya, ngunit ang mga matapat ng Israel ay sumamba sa Panginoon sa Jerusalem (30:10–27).

   b. II Mga Cronica 32:1–23. Sinakop ni Sennacherib, na hari ng Asiria, ang Juda at bumigkas ng mapanlait na mga salita laban sa Panginoon (32:1–19). Sina Isaias at Ezechias ay nanalangin para humingi ng tulong, at nilipol ng isang anghel ng Panginoon ang karamihan sa mga kawal ng Asiria (32:20–23).

   c. II Mga Cronica 34. Pagkatapos maghari sa kasamaan ang anak at apong lalaki ni Ezechias, ang apo ni Ezechias sa tuhod na si Josias ang naging hari ng Juda. Winasak ni Josias ang mga diyus-diyosan sa kaharian at kinumpuni ang templo (34:1–13). Ang aklat ng batas ay natagpuan sa templo at binasa kay Josias, na tumangis nang malaman niya kung gaano na ang paglihis ng mga tao sa batas (34:14–21). Iprinopesiya ng babaeng propeta na si Hulda ang tungkol sa darating na pagkawasak ng Juda ngunit nagpropesiya din na hindi ito kailangang masaksihan ni Josias (34:22–28). Nakipagtipan si Josias at ang kanyang mga tao na paglilingkuran ang Panginoon (34:29–33).

2. Karagdagang babasahin: II Mga Cronica 31; 33; II Mga Hari 18–19; 22–23; Isaias 37:10–20, 33–38.

3. Kung makukuha ang mga sumusunod na larawan, maaari ninyong naising gamitin ang mga ito sa oras ng aralin: Templong Ginamit Noong Unang Panahon (62300) at isang larawan ng isang templo sa mga huling araw.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag -pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipaliwanag na upang makatulong sa pagtatanggol sa Jerusalem mula sa paglusob ng mga taga Asiria ay inilihis ni Haring Ezechias ang tubig sa bukal ng Gihon patungo sa tangke ng Siloe, sa loob ng mga bakod ng lungsod (II Mga Cronica 32:2–4, 30;). Ito ay ginawa sa pamamagitan ng paghukay ng isang lagusan [*tunnel*] para sa tubig sa 1770 talampakan ng batong *limestone*. Ipinag-utos ni Ezechias na tabunan ang mga bukal sa labas ng lungsod upang mahirapan sa pagkuha ng tubig ang mga taga Asiria. Kung wala ang tubig na ito sa loob ng bakod ng lungsod, ang mga tao ng Israel ay hindi makaliligtas sa paglusob ng mga taga Asiria.

Ituro na tulad ng kung gaano kahalaga ang tubig mula sa bukal ng Gihon sa pisikal na kaligtasan ng mga tauhan ni Ezechias habang nakikipaglaban sila sa mga taga Asiria, ay gayundin naman kahalaga ang tubig na buhay para sa ating espirituwal na kaligtasan habang nakikipaglaban tayo kay Satanas.

- Ano ang tubig na buhay? (Tingnan sa Juan 4:10–14.)

  Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie na ang tubig na buhay ay "ang mga salita ng buhay na walang hanggan, ang mensahe ng kaligtasan, ang mga katotohanan tungkol sa Diyos at sa kanyang kaharian; ito ang mga doktrina ng ebanghelyo" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 3 tomo, [1966—73], 1:151).

- Paano tayo makapagbubukas ng lagusan patungo sa Panginoon upang sa gayon ay dumaloy sa ating buhay ang tubig na buhay?

Ipaliwanag na ang isang paraan upang tanggapin ang tubig na buhay ay ang pagpunta sa templo, ang bahay ng Panginoon, kung saan maaari tayong mapagkalooban ng kapangyarihan at pang-unawa, matagubilinan ng Panginoon, at makadama ng kapayapaan at kagalakan.

Ituro na ang pagsamba sa templo ay isang mahalagang proteksiyon para sa mga Israelita noong panahon ni Ezechias, at ito ay maaari ring maging mahalagang proteksiyon para sa atin sa ngayon.

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata ng banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Ipinag-utos ni Ezechias na linisin ang bahay ng Panginoon.**

Ituro at talakayin ang II Mga Cronica 29–30.

- Ang ama ni Ezechias na si Achaz, ay isang masamang hari na lumapastangan sa templo ng Panginoon at "isinara ang mga pinto [nito]" (II Mga Cronica 28:24). Nang maging hari ng Juda (ang Katimugang Kaharian) si Ezechiaz noong 715 B. C., ang isa sa mga unang bagay na kanyang ginawa ay ang buksan ang mga pinto ng templo at utusan ang mga saserdote at mga Levita na linisin at pabanalin ito (II Mga Cronica 29:3–5). Bakit, sang-ayon kay Ezechias, kinailangang gawing banal ang templo? (Tingnan sa II Mga Cronica 29:6–7.) Sa anong mga paraan tayo maaaring magkasala sa "[pagtalikod] ng [ating] mga mukha sa tahanan ng Panginoon"? Ano ang nangyari sa mga tao

ng Juda dahil sa kanilang pagwawalang bahala sa templo? (Tingnan sa II Mga Cronica 29:8–9.)

- Ano ang inasahan ni Ezechias na makakamit niya sa pamamagitan ng paglilinis sa templo at paghahanda nito para sa muling pagsamba? (Tingnan sa II Mga Cronica 29:10.) Bakit mahalagang huwag hayaang makapasok ang maruruming bagay sa templo? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:15–17.) Ano ang ating pananagutan sa pagtiyak na walang maruming bagay na makapapasok sa templo? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:20–21. Kailangan nating tiyakin na malinis tayo kapag nagpupunta tayo sa templo.)

- Ano ang ginawa ni Ezechias at ng mga tao ng Jerusalem nang malinisan na ang templo? (Tingnan sa II Mga Cronica 29:20–21, 29–31, 36.) Sino ang inanyayahan ni Ezechias na magpunta sa bahay ng Panginoon para sa pagdiriwang ng Paskua? (Tingnan sa II Mga Cronica 30:1, 6.) Paano tinanggap ang paanyayang ito? (Tingnan sa II Mga Cronica 30:10–11.)

- Anong pagpapala ang tinanggihan ng mga tao ng Israel sa pagtangging magpunta sa templo? (Tingnan sa II Mga Cronica 30:6–9. Ipaliwanag na noong si Ezechias pa ang hari, ang karamihan sa kaharian ng Israel [ang Hilagang Kaharian] ay nabihag ng mga taga Asiria. Pinangakuan ni Ezechias ang mga nalalabing Israelita na kung "manunumbalik [sila] sa Panginoon," ang mga bihag ay pakakawalan. Sa halip, tinanggihan ng karamihan ng mga tao ang paanyaya ni Ezechias. Dahil sa kasamaan ng mga tao, ang natitirang bahagi ng kaharian ng Israel ay nabihag din makalipas ang ilang taon [II Mga Hari 18:10–12]. Ang nabihag na mga Israelita ang naging sampung nawawalang lipi.)

**2. Sinakop ng mga taga Asiria ang kaharian ng Juda. Nanalangin sina Isaias at Ezechias para humingi ng tulong, at nilipol ng isang anghel ng Panginoon ang karamihan sa hukbo ng Asiria.**

Ituro at talakayin ang II Mga Cronica 32:1–23.

- Matapos mabihag ang kaharian ng Israel ay sinimulang lusubin ng mga taga Asiria ang kaharian ng Juda (II Mga Cronica 32:1). Ano ang ginawa ni Ezechias nang makita niyang pinaplano ng hukbo ni Sennacherib na lusubin ang Jerusalem? (Tingnan sa II Mga Cronica 32:2–5.) Pagkatapos ng paghahandang ginawa ni Ezechias para sa pakikipagdigma, ano ang sinabi niya sa kanyang mga tao tungkol sa bantang paglusob? (Tingnan sa II Mga Cronica 32:6–8.) Ano ang matututuhan natin mula kay Ezechias tungkol sa tamang ugnayan sa pagitan ng pagtitiwala sa ating sariling kakayahan at pagtitiwala sa Panginoon?

- Isinugo ni Sennacherib ang kanyang mga tagapaglingkod upang makipag-usap sa mga tao ng Jerusalem. Ano ang sinabi ng mga tagapaglingkod? (Tingnan sa II Mga Cronica 32:9–17.) Bakit nila sinabi ang mga bagay na ito? (Tingnan sa II Mga Cronica 32:18.) Sa anong mga paraan sinusubukan ni Satanas na papaniwalain tayo na hindi tayo kayang tulungan ng Diyos o hindi niya tayo tutulungan?

- Ano ang naging reaksiyon ni Ezechias at ng propetang Isaias sa mga salita ng mga tagapaglingkod ni Sennacherib? (Tingnan sa II Mga Cronica 32:20; Isaias

37:14–20.) Paano sinagot ng Panginoon ang mga panalangin nina Ezechias at Isaias? (Tingnan sa II Mga Cronica 32:21–22; Isaias 37:33–38.)

- Tinanggap ni Ezechias at ng kanyang mga tao ang proteksiyon ng Panginoon dahil sa kanilang kabutihan, na ipinakita ng kanilang pagsamba sa templo. Paano magiging proteksiyon para sa atin ang pagdalo sa templo? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:24–28.) Ano ang maaari nating gawin upang maging una sa ating buhay ang pagiging karapat-dapat at pagdalo sa templo?

  Si Pangulong Howard W. Hunter ay nanghikayat na:

  "Maging mga tao tayong paladalo sa templo. Dumalo sa templo nang madalas ayon sa ipahihintulot ng pansariling kalagayan. Maglagay ng isang larawan ng templo sa inyong tahanan upang makita ito ng inyong mga anak. Ituro sa kanila ang tungkol sa mga layunin ng bahay ng Panginoon. Papagplanuhin sila mula sa kanilang kamusmusan na magpunta doon at manatiling karapat-dapat sa biyayang iyon.

  "Kung ang distansiya mula sa templo ay hindi magpapahintulot ng madalas na pagdalo, tipunin ang kasaysayan ng inyong mag-anak at ihanda ang mga pangalan para sa mga sagradong ordenansa na isinasagawa lamang sa templo. Ang pagsasaliksik na ito sa mag-anak ay mahalaga sa gawain ng mga templo, at ang mga biyaya ay tiyak na darating sa mga gumagawa ng gawaing iyon" (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign*, Nob. 1994, 8).

**3. Nakipagtipan sina Josias at ang kanyang mga tao na maglilingkod sa Panginoon.**

Ituro at talakayin ang II Mga Cronica 34.

Si Ezechias ay hinalinhan bilang hari ng kanyang anak na si Manases at ng kanyang apong si Amon (II Mga Cronica 33). Pinamunuan ni Manases ang Juda sa kasamaan, na naglalagay ng mga diyus-diyosan sa templo at inaakay ang mga tao sa kasalanan. Gayunman, sa bandang huli ay nagpakumbaba sa kanyang sarili si Manases at nagsisi bago siya namatay. Ang anak din ni Manases na si Amon ay naghari sa kasamaan, na sumasamba sa mga diyus-diyosan na ginawa ng kanyang ama. Hindi nagsisi si Amon at pinatay siya ng kanyang sariling mga tagapaglingkod. Ang anak ni Amon na si Josias ay tinanghal na hari ng Juda noong walong taong gulang siya. Naging mabuti siyang hari na tumalikod sa masasamang gawain ng kanyang ama at lolo.

- Anong uri ng tao si Haring Josias? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:1–2; II Mga Hari 23:25. Pansinin na ang David na nabanggit sa II Mga Cronica 34:2 ay si Haring David, na ninuno ni Josias, at hindi ang kanyang literal na ama.)

- Anong mabubuting bagay ang ginawa ni Josias noong bago pa lamang siya namumuno bilang hari? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:3–8. Hinanap niya ang tunay na Diyos, inalis ang pagsamba sa diyus-diyosan sa kaharian, at nagsugo ng mga tao upang kumpunihin ang templo. Ituro na si Josias ay 15 o 16 na taong gulang lamang nang simulan niyang gawin ang mahahalagang pagbabagong ito.)

- Ano ang mahalagang bagay na natuklasan ni Hilcias, ang mataas na saserdote, nang kasalukuyang kinukumpuni ang templo? (Tingnan sa II Mga Cronica

34:14. Natagpuan niya ang isang aklat ng batas ng Panginoon, o ang mga banal na kasulatan. Pansinin na sa panahong ito ng kasaysayan ng Juda ang batas na nasusulat ay tila nawawala at halos hindi alam.) Ano ang naging reaksiyon ni Josias nang basahin sa kanya ang aklat ng batas? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:19. Pansinin na isang kaugalian sa sinaunang Israel ang sirain o punitin ang damit ng isang tao upang ipakita ang pagtangis [pagdadalamhati] o matinding kalungkutan.) Bakit lubhang nababagabag si Josias nang marinig niya kung ano ang nilalaman ng aklat ng batas? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:21.)

- Ano ang sinabi ng propetang [babae] si Hulda na mangyayari sa Juda dahil nabigo ang mga tao na sundin ang salita ng Panginoon at gawin ang itinuturo ng mga banal na kasulatan? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:22–25.) Ano ang mangyayari sa atin kung kaliligtaan nating basahin ang mga banal na kasulatan at ipamuhay ang mga aral nito?

  Inilarawan ni Pangulong Ezra Taft Benson ang mga panganib kapag nakaligtaan ng isang tao ang isa sa ating mga aklat ng banal na kasulatan, ang Aklat ni Mormon:

  "Noong 1829 ay binalaan ng Panginoon ang mga Banal na huwag lapastanganin ang mga bagay na banal (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:12). Tunay na ang Aklat ni Mormon ay sagradong bagay, gayunman marami ang lumalapastangan dito, o sa madaling salita, ipinagwawalang bahala ito, itinuturing ito na hindi gaanong mahalaga.

  "Noong 1832, sa pagbabalik ng ilan sa mga unang misyonero mula sa kanilang larangan, sila ay kinastigo ng Panginoon sa pagwawalang bahala sa Aklat ni Mormon. Bilang bunga ng gayong pag-uugali ay sinabi niya na ang kanilang isipan ay nadiliman. Hindi lamang nagdulot ng pagkawala ng liwanag sa kanilang sarili ang pagbabalewala sa sagradong aklat na ito, kundi napasailalim din sa kaparusahan ang buong Simbahan, maging ang lahat ng anak ng Sion. At pagkatapos ay sinabi ng Panginoon, 'At sila ay mananatili sa ilalim ng kaparusahang ito hanggang sa sila ay magsisi at kanilang alalahanin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon' (Doktrina at mga Tipan 84:54–57). . . .

  "Kung ang mga Banal noong una ay kinastigo sa hindi gaanong pagbibigay halaga sa Aklat ni Mormon, tayo ba ay mapapasailalim sa mas magaan na kaparusahan kung gagawin natin ang gayon?" (sa Conference Report, Okt. 1986, 3–4; o *Ensign*, Nob. 1986, 4–5).

- Ano ang sinabi ni Hulda na mangyayari kay Josias? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:26, 28. Ang katuparan ng pangakong ito ay nakalarawan sa II Mga Cronica 35:20–24.) Bakit ginawa ng Panginoon ang pangakong ito kay Josias? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:27.)

- Nang matuklasan ni Josias na ang kanyang mga tao ay mapaparusahan dahil hindi nila ginawa ang tulad sa itinagubilin ng mga banal na kasulatan, tinawag niya ang lahat ng tao sa templo at binasa sa kanila ang mga banal na kasulatan (II Mga Cronica 34:29–30). Bakit sa palagay ninyo ginawa niya ito? (Hindi masusunod ng mga tao ang mga batas ng Diyos kung hindi nila alam ang mga ito.) Paano masusundan ng mga magulang ang halimbawa ni Josias

at paano nila maituturo sa kanilang mga anak ang mga batas ng ebanghelyo? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25, 28.)

- Paano natin maipakikita ang pagpapahalagang iniuukol natin sa mga banal na kasulatan? Ituro na mas marami ang mga banal na kasulatan na nasa atin ngayon kaysa sa mga Israelita, kaya mas madali para sa atin ang makakuha ng mga banal na kasulatan. Ano ang ating pananagutan dahil sa mga biyayang ito?

  Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na: "Ang Panginoon ay hindi nakikipagbiruan sa atin kapag ibinibigay niya sa atin ang mga bagay na ito, kung kaya 'sa sinumang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kanya.' (Lucas 12:48.) Ang pagkakaroon ng mga ito ay nangangahulugan ng pananagutan sa mga ito. Kailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan sang-ayon sa kautusan ng Panginoon (tingnan sa 3 Nephi 23:1–5); at kailangan hayaan nating pamahalaan ng mga ito ang ating buhay" ("How Rare a Possession—the Scriptures!" *Ensign*, Set. 1976, 5).

- Nakipagtipan sa Panginoon si Josias at ang kanyang mga tao habang nasa loob sila ng templo. Ano ang pinakipagtipan nilang gawin? (Tingnan sa II Mga Cronica 34:31–33.) Ipaliwanag na sa templo ay gumagawa tayo ng mga sagradong tipan sa Panginoon, at ang katuparan nito ay magdudulot sa atin ng mga biyaya dito sa lupa at kadakilaan sa walang hanggan. Paano tayo makapaghahanda upang gumawa ng mga sagradong tipan sa templo? Minsang nakipagtipan na tayo, bakit mahalagang magbalik tayo sa templo nang madalas hangga't maaari?

---

Katapusan

Ipaliwanag na sa bandang huli ang mga tao sa kaharian ng Juda ay naging napakasasama kung kaya pinahintulutan ng Panginoon na mabihag sila (II Mga Cronica 36:14–21). Gayunman, sa panahon ng kanilang paghahari ay sinikap nina Ezechias at Josias na patatagin ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabaling ng kanilang pansin sa templo at sa mga banal na kasulatan. Magpatotoo na habang itinutuon natin ang ating pansin sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon at sa pagiging karapat-dapat na makapasok sa templo, tayo ay pagpapalain ng espirituwal na kalakasan at kagalakan. Himukin ang mga miyembro ng klase na tamasahin ang mga biyaya ng templo sa pamamagitan ng pamumuhay nang karapat-dapat at pagdalo nang madalas hangga't maaari.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Isang *credit card* sa Panginoon"**

Isang linggo bago ituro ang araling ito ay hilingin sa isang miyembro ng klase na maging pamilyar sa sumusunod na sipi na hango sa isang pananalita ni Pangulong Gordon B. Hinckley at maghandang ibahagi ito sa klase:

"Hawak ko ngayon ang dalawang *credit card*. Marami sa inyo ang pamilyar sa mga kard na tulad ng mga ito.

"Ang una ay isang *credit card* sa bangko. Pinahihintulutan ako nitong makapamili ng kalakal sa pamamagitan ng utang at pagkatapos ay bayaran ang aking mga pinamili sa ibang pagkakataon. Ito ay mahalagang bagay at isang bagay na dapat pag-ingatan. Kung manakaw o gamitin nang hindi tapat, magiging malaking kawalan ito sa akin at marahil magdudulot ng malaking kahihiyan. Sa pagtanggap ko nito mula sa aking bangko, ako ay pumasok sa isang kontrata at natali sa mga pananagutan at kasunduan. Sa pagtanggap ng kard, sumasang-ayon ako na tutupad sa mga kondisyong itinakda sa pagbibigay nito.

"Ang bisa nito ay para lamang sa isang taon at kailangang baguhin taun-taon kung nais kong tamasahin ang mga pribilehiyong dulot nito. Hindi ito talagang sa akin. Ito ay pag-aari pa rin ng bangko. Kung mabibigo kong gawin ang napagkasunduan, sa gayon ay maaaring ipahinto ng bangko ang aking pangungutang at bawiin ang kard.

"Ang isa pang kard na hawak ko ay ang tinatawag nating rekomendasyon sa templo. Ito ay nagsisilbing isang *credit card* sa Panginoon, na magbibigay sa akin ng Kanyang maraming dakilang kaloob. Ang kard ng bangko ay may kinalaman sa mga bagay ng daigdig, ang rekomendasyon ay sa mga bagay tungkol sa Diyos.

"Upang makakuha ng rekomendasyon sa templo, kailangan ding ipakita ng tumatanggap ang kanyang pagiging marapat, at ang pagiging marapat na iyon ay batay sa pagiging karapat-dapat ng sarili. Sa sandaling matanggap ito, ito ay hindi para sa habampanahon kundi kailangang palitan taun-taon. Bilang karagdagan, ito ay maaaring bawiin kung ang mayhawak ay gagawa ng anumang bagay na mag-aalis sa kanya ng karapatan sa mga pribilehiyo nito.

"Ang pagiging karapat-dapat sa pagtanggap ng isang rekomendasyon sa templo ay hindi batay sa halaga ng salapi. Iyan ay walang kinalaman dito. Ito ay batay sa hindi nagbabagong pansariling pag-uugali, sa kabutihan ng buhay ng isang tao. Wala itong kinalaman sa mga bagay na nauukol sa pananalapi, kundi sa halip ay sa mga bagay ng kawalang hanggan.

"Ang kard ng bangko ang nagbubukas ng pintuan sa pangungutang ng salapi. Ang rekomendasyon sa templo ang nagbubukas ng pintuan sa Bahay ng Panginoon. Ito ay may kinalaman sa pagpasok sa mga banal na pook upang gawin ang sagrado at banal na gawain. . . .

" . . . Ang rekomendasyon na hawak ko at hawak ng karamihan sa inyo ay isang bagay na mahalaga at kahanga-hanga. Ginagawa nitong karapat-dapat ang isang tao para sa isang natatangi at kahanga-hangang pribilehiyo—ang pribilehiyo ng pagpasok sa Bahay na iyon na sa dingding nito ay nakasulat ang, 'Kabanalan sa Panginoon—ang Bahay ng Panginoon.' Mamuhay nang karapat-dapat upang maglingkod sa bahay na iyon. Panatilihin itong banal. Gampanan ang inyong bahagi sa pagpapanatiling malayo sa bahay ng Panginoon ang anumang marumi o nakadudungis na impluwensiya o tao. Tamasahin ang kagandahan nito. Tamasahin ang kahanga-hangang mga bagay na binibigkas doon, ang kagandahan at biyaya ng mga ordenansang pinangangasiwaan doon.

"Sa mga hindi pa nakapapasok sa templo, hayaan ninyong imungkahi ko na samantalahin ninyo ang pagkakataon ng pagpapabinyag para sa kapakanan ng mga patay. At pagkatapos ay hayaang maging pangunahing suporta ang sagradong karanasang iyon sa inyong buhay, upang matulungan kayong

kumilos nang wasto sa lahat ng pagkakataon at sa lahat ng kalagayan upang, sa tamang oras, kayo ay makakuha ng isang natatanging *credit card* sa Panginoon na hindi basta ipinagkakaloob sa lahat, maging ang rekomendasyon sa pagpasok sa Kanyang banal na sambahayan, upang doon ay tamasahin ang lahat ng mga biyaya at pribilehiyo nito" (sa Conference Report, Abr. 1990, 65, 69; o *Ensign*, Mayo 1990, 49, 52).

**2. Mga layunin ng mga templo**

Magdala ng mga larawan ng ilang templo sa mga huling araw (sa magkakaibang estilo sa arkitektura, kung maaari). Ituro na kahit na tila magkakaiba ang mga templong ito sa labas, ang mga ordenansang isinasagawa at ang mga tipang ginagawa sa loob ng mga templong ito ay magkakapareho.

Ipaliwanag na kahit na ang ilan sa mga ginagawa sa templo ng sinaunang Israel ay kaiba sa ginagawa natin sa mga templo sa huling araw (halimbawa, hindi tayo nag-aalay ng mga hayop o nagsisindi ng mga kandila at nagsusunog ng insenso sa mga templo sa mga huling araw), ang mga layunin ng mga sinaunang templo at mga templo sa mga huling araw ay magkapareho: upang ihanda tayo na makapiling ang Panginoon at maging tulad niya.

Maaari ninyong naising ipalabas ang "Ancient Temples," isang siyam na minutong yugto mula sa *Old Testament Video Presentations* (53224), na naglalarawan sa tabernakulo ni Moises at ilan sa mga gawaing naganap doon.

**3. Pag-aaral ng mga banal na kasulatan**

- Bakit kung minsan ay nahihirapan tayong pag-aralan ang mga banal na kasulatan?

Isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa isang hanay sa pisara. Pagkatapos ay talakayin ang mga paraan kung paano natin mapaglalabanan ang mga kahirapang ito. Halimbawa, kung hindi natin nauunawaan ang ating binabasa, maaari tayong manalangin upang humingi ng pang-unawa at pag-aralan kung ano ang sinabi ng mga propeta at apostol tungkol sa mga banal na kasulatan na ating binabasa; kung antok na antok na tayo upang magbasa ng mga banal na kasulatan sa gabi, maaari tayong humanap ng ibang oras sa araw upang magbasa. Isulat ang mga kalutasang ito sa isa pang hanay sa pisara.

Hamunin ang mga miyembro ng klase na maging higit na may dedikasyon sa kanilang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

# “Mapalad ang Tao na Nakakasumpong ng Karunungan”

Aralin
31

*Mga Kawikaan at Eclesiastes*

**Layunin**

Bigyang inspirasyon ang mga miyembro ng klase na maging higit na katulad ni Cristo sa pamamagitan ng pamumuhay ng matalinong payo mula sa mga aklat ng Mga Kawikaan at Eclesiastes.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan na tinalakay sa banghay ng aralin at lahat ng matatalakay sa mga aklat ng Mga Kawikaan at Eclesiastes hangga’t maaari.

2. Kung gagamitin ninyo ang unang gawaing pantawag-pansin, isulat ang mga sumusunod na pangungusap sa isang poster o sa pisara bago magklase:

   a. Ang ________________ ay nagpapauna sa kapahamakan.
   b. Turuan mo ang ________________ sa daan na dapat niyang lakaran.
   c. Sa bawat bagay ay may ________________, at ________________ sa bawat panukala sa silong ng langit.
   d. ________________ ka sa Panginoon ng buong puso mo.
   e. Ang ________________ ________________ ay nakapapawi ng poot.
   f. Sapagkat kung ano ang ________________ niya sa loob niya, ay gayon siya.

   Kung gagamitin ninyo ang pangalawang gawaing pantawag-pansin, hilingan ang isa o dalawang miyembro ng klase na maghandang magbahagi ng isang paboritong talata mula sa Mga Kawikaan o Eclesiastes at sabihin kung bakit ito mahalaga sa kanila.

3. Kung may makukuhang *Old Testament Video Presentations* (53224), maaari ninyong naising ipalabas ang “Trusting in the Lord,” isang limang minutong yugto, bilang bahagi ng aralin.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na magiging pinakaangkop sa klase.

1. Ituro sa mga miyembro ng klase ang mga pangungusap na isinulat ninyo sa isang poster o sa pisara (tingnan sa “Paghahanda” sa itaas). Ipaliwanag na ang mga ito ay tanyag na pangungusap mula sa mga aklat ng Mga Kawikaan at Eclesiastes, at hilingan ang mga miyembro ng klase na punan ang mga patlang. Kung kailangan, ibigay ang mga sumusunod na sanggunian upang

hanapin ng mga miyembro ng klase sa mga banal na kasulatan ang mga salitang hindi nila alam.

a. Mga Kawikaan 16:18 (Kapalaluan)
b. Mga Kawikaan 22:6 (bata)
c. Eclesiastes 3:1 (kapanahunan, panahon)
d. Mga Kawikaan 3:5 (Tumiwala)
e. Mga Kawikaan 15:1 (malubay na sagot)
f. Mga Kawikaan 23:7 (iniisip)

2. Hilingan ang isa o dalawang inatasang miyembro ng klase na ibahagi ang isang paboritong talata mula sa Mga Kawikaan o Eclesiastes at sabihin kung bakit ito mahalaga sa kanila.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan. Dahil magiging mahirap talakayin ang bawat tanong o punto sa aralin, piliin nang may panalangin ang mga pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaari ninyong kailanganing iangkop ang ilang tanong upang tumugma sa mga katayuan ng mga miyembro ng klase.

Ang mga kawikaan ay maiikling kasabihan na karaniwang nagbibigay payo tungkol sa matwid na pamumuhay. Nakatala sa Lumang Tipan na si Salomon ay “nagsalita ng tatlong libong kawikaan” (I Mga Hari 4:32). Ang ilan sa mga matatalinong kasabihang ito ay kasama sa aklat ng Mga Kawikaan. Bagaman si Salomon at ang iba pang mga may-akda ng aklat na ito ay hindi mga propeta, ang karamihan sa kanilang mga isinulat ay binigyang inspirasyon ng Panginoon. Ang kanilang mga isinulat sa pangkalahatan ay sumasalamin sa paniniwalang ang totoong karunungan ay nagmumula sa Diyos.

Ang aklat ng Eclesiastes ay naglalaman din ng matatalinong kasabihan, at naniniwala ang ilang tao na si Salomon ang may-akda nito. Ang mensahe ng Eclesiastes ay tanging sa pamamagitan lamang ng Diyos nagiging makabuluhan ang buhay.

Ang araling ito ay nahahati sa pitong bahagi na nagtutuon ng pansin sa mahahalagang paksa sa Mga Kawikaan at Eclesiastes. Sa inyong pansariling pag-aaral, maaari kayong makatagpo ng ibang paksa na nanaisin ninyong talakayin sa klase.

**1. Karunungan**

Ituro at talakayin ang sumusunod na mga talata mula sa Mga Kawikaan at Eclesiastes.

- Binibigyang-diin ng mga aklat ng Mga Kawikaan at Eclesiastes ang kahalagahan ng karunungan. Ano ang mga pagkakaiba ng pagiging maalam at pagiging matalino? (Tingnan sa Mga Kawikaan 1:7; 9:9–10; 2 Nephi 9:28–29. Ituro na sa wika ng Biblia, ang ibig sabihin ng matakot sa Panginoon ay igalang at sundin siya. Ipaliwanag na ang karunungan ay higit pa kaysa

kaalaman; ito ang wastong paggamit ng kaalaman. Sa mga Israelita, ang karunungan ay nangangahulugan ng pagsunod sa mga batas ng Diyos.)

- Ano ang matututuhan natin mula sa Mga Kawikaan 2:2–6 tungkol sa kung paano makakamtan ang kaalaman tungkol sa Diyos? Bakit sa palagay ninyo nangangailangan ng pagtitiyaga ang pagkakamit ng kaalamang ito?
- Paano maihahambing ang halaga ng karunungan sa halaga ng mga makalupang kayamanan? (Tingnan sa Mga Kawikaan 3:13–18; Eclesiastes 7:12. Pansinin na ang mga salitang *siya* at *kanya* sa Mga Kawikaan 3:15–18 ay nakapatungkol sa karunungan.) Paano nagdudulot ng kaligayahan at kapayapaan ang karunungan?
- Isinasaad ng Mga Kawikaan 3:18 na ang karunungan "ay punungkahoy ng buhay" sa mga nagtataglay nito. Ano ang maituturo sa atin ng sagisag na ito tungkol sa kahalagahan ng karunungan? (Tingnan sa 1 Nephi 11:8–11, 21–25, na tinatandaan na ang punungkahoy ng buhay ay sagisag ng pag-ibig ng Diyos.)
- Anong mga katangian ng matatalinong tao ang nakatala sa Mga Kawikaan 9:9–10 at 15:31–33? Bakit mahalaga ang mga katangiang ito upang magkaroon ng karunungan?

**2. Magtiwala sa Panginoon**

Ituro at talakayin ang Mga Kawikaan 3:5–7.

- Ano ang payong ibinigay sa Mga Kawikaan 3:5–7? Paano ginagabayan ng Panginoon ang ating mga landas? Anong mga karanasan ang nagturo sa inyong magtiwala sa Panginoon?
- Ano ang ibig sabihin ng kilalanin ang Diyos? (Tingnan sa Mga Kawikaan 3:6; Alma 34:38; Doktrina at mga Tipan 59:21.) Paano tayong binibiyayaan sa pagkilala natin sa kanya?

**3. Mga salitang binibigkas natin**

Ituro at talakayin ang mga sumusunod na talata mula sa Mga Kawikaan.

- Nakatala sa Mga Kawikaan 6:16–19 ang pitong bagay na kinapopootan ng Panginoon. Tatlo sa mga bagay na ito—pagsisinungaling, pagsasalita ng kabulaanan, at paghahasik ng pagtatalo—ay may kinalaman sa mga salitang ating binibigkas. Bakit lubhang nag-aalala ang Panginoon sa mga salitang ating binibigkas? (Tingnan sa Mga Kawikaan 16:27–28; 18:8; 25:18; Mateo 12:36–37.) Paano nating mapaglalabanan ang mga suliranin tungkol sa pagsisinungaling, pagtsitsismis, o pagsasalita ng negatibong bagay tungkol sa ibang tao?
- Isinasaad sa Mga Kawikaan 16:24 na ang "mga maligayang salita ay parang pulot-pukyutan, matamis sa kaluluwa." Paano ito totoo? Ano ang mga bunga ng mabuting pagsasalita? (Tingnan sa Mga Kawikaan 12:25; 15:1; 16:24.) Paano nakatulong sa inyo ang mabubuting salita ng ibang tao?
- Ano ang mga kapakinabangang dulot ng malumanay na pagsasalita kapag may nabubuong pagtatalo? (Tingnan sa Mga Kawikaan 15:1.)

Sinabi ni Elder Gordon B. Hinckley na: “Madalang tayong masangkot sa away kapag malumanay tayong magsalita, tanging kapag nagtataas tayo ng tinig sumisiklab ang apoy at ang maliliit na bunton ay nagiging malalaking bundok ng pagtatalo” (sa Conference Report, Abr. 1971, 82; o *Ensign*, Hunyo 1971, 72).

Upang muling mabigyang-diin ang kahalagahan ng pagbigkas ng mabubuting salita, maaari ninyong naising ipaawit sa mga miyembro ng klase ang “Tayo Nang Mag-usap Nang Marahan” (*Mga Himno*).

**4. Kapalaluan**

Ituro at talakayin ang Mga Kawikaan 8:13; 13:10; 16:18–19.

- Isinasaad sa Mga Kawikaan 8:13 na napopoot ang Panginoon sa kapalaluan. Bakit gayon kabigat na kasalanan ang kapalaluan?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na:

  “Ang pinakapanguhaning katangian ng kapalaluan ay ang pag-aalitan—pakikipag-alitan sa Diyos at pakikipag-alitan sa ating kapwa-tao. Ang ibig sabihin ng *pakikipag-alitan* ay ‘pagkapoot sa, pagkagalit sa, o isang kalagayan ng pakikipagsalungatan.’ Ito ang kapangyarihan na nais gamitin ni Satanas upang makapaghari siya sa atin.

  “Ang kapalaluan ay likas na totoong pakikipagpaligsahan. Isinasalungat natin ang ating kagustuhan sa kalooban ng Diyos. Kapag itinutuon natin ang ating kapalaluan sa Diyos, ito ay sa diwa ng ‘aking kagustuhan at hindi ang inyo ang masusunod.’ Tulad ng sinabi ni Pablo, kanilang ‘pinagsisikapan . . . ang lahat sa kanilang sarili, hindi ang mga bagay ni Jesucristo’ (Mga Taga Filipos 2:21).

  “Ang pakikipagkompetensiya ng ating kagustuhan sa kalooban ng Diyos ang dahilan kung bakit hindi natin mapigil ang ating mga pagnanasa, hilig, at silakbo ng damdamin (tingnan sa Alma 38:12; 3 Nephi 12:30).

  “Hindi matatanggap ng mga palalo ang awtoridad ng Diyos na nagbibigay ng direksiyon sa kanilang buhay (tingnan sa Helaman 12:6). Ginagamit nila ang kanilang mga ideya o konsepto tungkol sa katotohanan upang makipagtagisan sa dakilang kaalaman ng Diyos, ang kanilang mga kakayahan laban sa kapangyarihan ng pagkasaserdote ng Diyos, ang kanilang mga tagumpay laban sa Kanyang mga makapangyarihang gawa.

  “Ang ating pakikipag-alitan sa Diyos ay may iba’t ibang uri, tulad ng pagrerebelde, pagmamatigas ng puso, pagmamalaki, hindi pagsisisi, pagmamayabang, madaling masaktan, at mapaghanap ng mga palatandaan. Inaasam ng mga palalo na sumang-ayon sa kanila ang Diyos. Hindi sila interesadong baguhin ang kanilang mga opinyon upang sumang-ayon sa Diyos. . . .

  “Ang kapalaluan ay karumal-dumal na kasalanan sa tunay na kahulugan ng salitang iyon. Hinahangganan nito o pinatitigil ang pag-unlad (tingnan sa Alma 12:10–11). Ang mga palalo ay hindi madaling turuan (tingnan sa 1 Nephi 15:3, 7–11). Hindi sila magbabago ng isipan upang tanggapin ang mga katotohanan, dahil ang paggawa ng gayon ay nagpapahiwatig na sila ay nagkamali” (sa Conference Report, Abr. 1989, 3–5; o *Ensign*, Mayo 1989, 4, 6).

- Itinuturo ng Mga Kawikaan 13:10 at 16:18 na ang kapalaluan ay humahantong sa pagtatalo at kapahamakan. Paano ito nagagawa ng kapalaluan? Paano naaapektuhan ng kapalaluan ang ating mga mag-anak?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na:

  "Ang isa pang palatandaan ng kapalaluan ay ang pakikipagtalo. Ang mga pakikipagtalo, pakikipag-away, hindi makatwirang pamamahala, hindi pagkakaunawaan dahil sa agwat ng edad, diborsiyo, pang-aabuso sa asawa, pagkakagulo, at pagkabalisa ay kasamang lahat sa kategoriyang ito ng kapalaluan.

  "Ang pagtatalo sa ating mga mag-anak ay nagtataboy palayo sa Espiritu ng Panginoon. Itinataboy din nito ang marami sa mga miyembro ng ating mag-anak. . . .

  "Masama ang mga epekto ng kapalaluan sa lahat ng ating pakikipag-ugnayan—sa ating ugnayan sa Diyos at sa Kanyang mga tagapaglingkod, sa pagitan ng mag-asawa, sa magulang at anak" (sa Conference Report, Abr. 1989, 5; o *Ensign*, Mayo, 1989, 6).

- Paano natin mapaglalabanan ang kapalaluan? (Tingnan sa Mga Kawikaan 16:19.) Ano ang maaari nating gawin upang maging higit na mapagpakumbaba sa ating mga pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng ating mag-anak at sa Diyos?

**5. Pakikipagkaibigan**

Ituro at talakayin ang sumusunod na mga talata mula sa Mga Kawikaan at Eclesiastes.

- Bakit tayo binabalaan tungkol sa masasamang kaibigan? (Tingnan sa Mga Kawikaan 13:20; 22:24–25.)

- Ano ang ilang katangian ng mabubuting kaibigan? (Tingnan sa Mga Kawikaan 17:17; 27:9.) Paano kayo natulungan ng mabubuting kaibigan sa mga panahon ng kahirapan?

- Ano ang maaari nating gawin upang magkaroon ng mga tunay na kaibigan? (Tingnan sa Mga Kawikaan 18:24. Ituro na upang magkaroon ng mabubuting kaibigan ay kailangan nating maging mabuting kaibigan din.)

- Ano ang nagiging reaksiyon ng mga tunay na kaibigan kapag gumagawa tayo ng mga hindi matalinong pagpili? (Tingnan sa Eclesiastes 4:9–10.)

  Sinabi ni Elder Marvin J. Ashton na:

  "May isang nagsabi na, 'Ang kaibigan ay isang taong handang tanggapin ako kung ano ako.' Sa pagtanggap nito bilang isang kahulugan ng salitang ito, hayaan ninyong imungkahi ko kaagad na hindi tayo tunay na kaibigan kung iiwan natin ang isang tao na tulad din nang siya ay una nating matagpuan. . . .

  "Wala nang hihigit pang gantimpala na maaaring dumating sa sinuman sa atin habang naglilingkod tayo kaysa sa isang matapat na 'Salamat sa pagiging kaibigan ko.' Kapag natagpuan ng mga nangangailangan ng tulong ang

kanilang landas pabalik at kasama tayo, ito ay pakikipagkaibigang isinasagawa. Kapag ang mahihina ay napalakas at ang malalakas ay higit pang napalakas sa ating buhay, ang pakikipagkaibigan ay tunay. Kung ang isang tao ay masusukat sa pamamagitan ng kanyang mga kaibigan, siya rin ay masusukat sa pamamagitan ng kung gaano kadakila o kabuti ang espirituwalidad ng mga kaibigang iyon. . . .

"Oo, ang kaibigan ay isang taong handang tanggapin ako kung ano ako ngunit handa at kaya akong iwan bilang isang mas mabuting tao kaysa noong matagpuan niya ako" (sa Conference Report, Okt. 1972, 32, 35; o *Ensign*, Ene. 1973, 41, 43).

- Paano natin mapatatatag ang mga pagkakaibigan sa mga miyembro ng mag-anak?

- Madalas tawagin noon ni Jesucristo ang kanyang mga tagasunod na kanyang mga kaibigan (Doktrina at mga Tipan 88:62; 93:45). Paano niya ipinakita na siya ay ating kaibigan? (Tingnan sa Juan 15:13.) Paano natin ipinakikita na tayo ay kanyang mga kaibigan? (Tingnan sa Juan 15:14.) Paano ninyo nadama ang kanyang pakikipagkaibigan?

**6. Pagpapalaki ng mga bata**

Ituro at talakayin ang mga sumusunod na talata mula sa Mga Kawikaan.

- Isinasaad sa Mga Kawikaan 22:6 na "turuan [mo] ang bata sa daan na dapat niyang lakaran." Ano ang dapat gawin ng mga magulang upang masunod ang payong ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25–28.) Paano natin higit na mabisang maituturo sa mga bata ang mga alituntunin ng ebanghelyo at matutulungan silang palaguin ang kanilang mga patotoo?

  Sinabi ni Elder Richard G. Scott na: "Kailangan ay handa kayong talikuran ang pansariling kasiyahan at pansariling kapakanan para sa mga gawaing nakatuon sa mag-anak, at huwag ipagkatiwala sa simbahan, paaralan, o lipunan ang pangunahing papel ng pagtulong sa isang bata na umunlad sa lahat ng larangan sa buhay. Kailangan ang panahon, malaking pagsisikap, at malaking sakripisyo ng sarili upang 'turuan . . . ang bata sa daan na dapat niyang lakaran.' Subalit saan kayo makahahanap ng mas dakilang gantimpala sa isang gawaing nagampanan nang mabuti?" (sa Conference Report, Abr. 1993, 43; o *Ensign*, Mayo 1993, 34).

- Bakit kailangan ng mga bata ng mga tuntunin, hangganan, at mapagmahal na pagtutuwid? (Tingnan sa Mga Kawikaan 19:18; 29:17.) Paano dapat tumugon ang mga bata sa matwid na payo ng kanilang mga magulang? (Tingnan sa Mga Kawikaan 6:20–23.) Paano ang dapat gawing pagtutuwid ng mga magulang? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41–44.)

**7. Kaligayahan at masayang pagkatao**

Ituro at talakayin ang Mga Kawikaan 15:13 at 17:22.

- Bakit mahalagang maging masayahin tayo sa pag-uugali at sa pagkatao? (Tingnan sa Mga Kawikaan 15:13; 17:22.)

Sinabi ni Pangulong Hugh B. Brown na: "Gusto ko ay nakangiti kayo dahil sa kabila ng lahat ay kailangan nating panatilihing masaya ang ating sarili anuman ang mangyari. Sa palagay ko sa lahat ng tao sa daigdig ay tayo ang dapat na maging pinakamasaya. Nasa atin ang pinakadakila at lubos na nakagagalak na mensahe sa daigdig. Sa palagay ko kapag naroon na tayo sa kabila, may isang taong sasalubong sa atin na nakangiti (maliban kung mapunta tayo sa maling lugar at sa gayon ay may isang ngingisi), kaya maging masaya tayo. Ngunit gawin nating tunay ang ating kaligayahan—hayaang magmula ito sa ating kalooban" (*The Abundant Life* [1965], 83).

- Ano ang maaari nating gawin upang makahikayat ng nakapagpapasiglang kasayahan sa ating mga mag-anak? (Maaari ninyong naising hilingan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga pagkakataon nang makatulong sa kanilang mga mag-anak ang pagiging masayahin upang malutas ang mga problema at madagdagan ang pagmamahal nila sa isa't isa.)

---

Katapusan

Ibahagi ang inyong damdamin tungkol sa mga paksang inyong tinalakay. Himukin ang mga miyembro ng klase na alalahanin at sundin ang payo sa Mga Kawikaan at Eclesiastes. Maaari din ninyong naising himukin silang magsaulo ng isang paboritong talata mula sa isa sa mga aklat na iyon.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Gawain para sa Mga Kawikaan**

Sumulat ng ilang sanggunian mula sa aklat ng Mga Kawikaan sa magkakahiwalay na papel at ilagay ang mga ito sa mangkok. Hayaang maghalinhinan ang mga miyembro ng klase sa pagpili ng isang papel mula sa mangkok, na binabasa ang talata ng banal na kasulatan na nakasaad sa papel, at ipinapaliwanag kung paano naaangkop sa ating buhay ang talatang iyon.

**2. Pagsasagawa ng banal na kasulatan**

Magdrowing ng isang hugis ng katawan sa pisara. Ipahanap sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na talata at ipasulat ang mga sanggunian na kasunod ng bawat kaukulang bahagi ng katawan. Magkakasabay ninyong basahin ang mga talata at talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa ating buhay.

a. Mga Kawikaan 2:2 (tainga at puso)
b. Mga Kawikaan 3:5 (puso)
c. Mga Kawikaan 3:7 (mga mata)
d. Mga Kawikaan 3:27 (kamay)
e. Mga Kawikaan 4:26–27 (paa)
f. Mga Kawikaan 8:7 (bibig)
g. Mga Kawikaan 10:4 (kamay)
h. Mga Kawikaan 12:15 (mga mata)

**3. "Isang mabait na babae" (Mga Kawikaan 31:10)**

Pabalik-aralan sa mga miyembro ng klase ang Mga Kawikaan 31:10–31 at ipatala ang mga katangian ng isang mabait na babae. Ituro na ang mga ito ay mga katangiang dapat sikaping taglayin nating lahat, lalaki o babae man. Maaari ninyong naising isulat ang mga sagot ng mga miyembro ng klase sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng sumusunod:

| *Talata* | *Katangian* |
|---|---|
| 11 | Mapagkakatiwalaan |
| 13 | Kusang gumagawa |
| 20 | Ay mahabagin |
| 25 | Ay malakas at kagalang-galang |
| 26 | Nagsasalita na may karunungan at kagandahang-loob |
| 28 | Ay isang matapat na asawa at ina |
| 30 | Sumusunod sa Panginoon |

Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na magkuwento tungkol sa mga taong kilala nilang kakikitaan ng mga katangiang ito.

# "Talastas Ko na Manunubos sa Akin ay Buhay"

Aralin
# 32

*Job 1–2; 13; 19; 27; 42*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng lakas upang harapin ang kahirapan sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Panginoon, pagpapatatag ng kanilang mga patotoo tungkol sa kanya, at pagpapanatili ng pansariling integridad.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan.
   a. Job 1–2. Si Job, isang makatarungan at matapat na lalaki, ay dumanas ng matitinding pagsubok. Nanatili siyang tapat sa Panginoon kahit na nawala ang kanyang mga ari-arian, anak, at kalusugan.
   b. Job 13:13–16; 19:23–27. Si Job ay nakasumpong ng kalakasan sa pagtitiwala sa Panginoon at sa kanyang patotoo sa Tagapagligtas.
   c. Job 27:2–6. Si Job ay nakasumpong ng kalakasan sa kanyang pansariling pagkamatwid at integridad.
   d. Job 42:10–17. Pagkatapos na matapat na mapagtiisan ni Job ang kanyang mga pagsubok, siya ay pinagpala ng Panginoon.
2. Karagdagang babasahin: Iba pang mga kabanata sa Job; Doktrina at mga Tipan 121:1–10.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ibahagi sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na pagkakatulad (o hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang ibahagi ito):

Minsan ay sinabihan ni Elder Joseph B. Wirthlin ang mga magsasaka sa mainit na disyerto ng hilagang-kanlurang Mexico na "nagtatanim ng iba't ibang uri ng mais at bins na hindi pangkaraniwan ang tigas at tutubo kahit na tagtuyot. Ang mga uring ito ng buto ay tumutubo at yumayabong sa mainit na klima na kung saan ay matutuyo at mamatay ang ibang mga halaman. Ang isa sa mga halamang ito ay ang puting *tepary bean*. Sumisibol ang buto nito at ang halaman ay lumalaki kahit sa kaunting patak ng ulan. Ang mga ugat nito ay bumabaon nang hanggang anim na talampakan ang lalim sa mabato at mabuhanging lupa upang mahanap ang kinakailangan nitong halumigmig sa lupa. Nakapamumulaklak at nakapamumunga ito sa antas na 46 na digri sa Centigrado na temperatura sa disyerto na minsan lang ang pag-ulan sa loob ng isang taon. Ang mga dahon nito ay nananatiling lubhang luntian, sa kaunting patubig, kahit na sa init ng kalagitnaan ng Hulyo."

- Ano ang matututuhan natin mula sa pagkakatulad na ito na makatutulong sa atin upang mapagtiisan ang kahirapan?

Iminungkahi ni Elder Wirthlin na: "Marahil ay maaaring tularan ng mga miyembro ng Simbahan ang halimbawa ng matitigas at matitibay na mga halamang ito. Dapat nating ibaon nang malalim ang ating mga ugat sa lupa ng ebanghelyo. Dapat tayong lumaki, lumago, mamulaklak, at magbungang mabuti nang hitik sa kabila ng kasamaan, tukso, o pambabatikos na maaari nating makasagupa. Dapat tayong matutong mabuhay sa tindi ng paghihirap" (sa Conference Report, Abr. 1989, 7; o *Ensign*, Mayo 1989, 7).

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol kay Job, isang taong ang pananampalataya at pagkamatwid ay nakatulong sa kanya na mapagtiisan ang matinding paghihirap.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Si Job ay sinubok sa matinding kahirapan.**

Ituro at talakayin ang Job 1–2.

- Anong uri ng tao si Job? Maaari ninyong naising isulat ang ilan sa mga sumusunod na katangian sa pisara. Marami sa mga kaukulang sanggunian ay wala sa takdang babasahin, kaya maaari ninyong naising hilingan ang bawat miyembro ng klase na hanapin ang mga ito at sabihin kung anong katangian ang inilalarawan.

  a. Siya ay isang mabuting tao na may takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan (Job 1:1).
  b. Siya ay mayaman ngunit hindi napaalipin sa yaman (Job 1:3, 21).
  c. Siya ay may integridad (Job 2:3).
  d. Pinalakas niya ang mahihina (Job 4:3–4).
  e. Lumakad siya sa mga landasin ng Panginoon at pinahalagahan ang mga salita ng Panginoon (Job 23:10–12).
  f. Mahabagin siya sa mga balo, sa mahihirap, sa mga lumpo, at sa mga bulag (Job 29:12–16).
  g. Pinagmalasakitan niya at pinatawad ang kanyang mga kaaway (Job 31:29–30).

- Anong mga pagsubok ang naranasan ni Job? Maaari ninyong naising isulat ang ilan sa mga pagsubok na ito sa pisara. Marami sa mga kaukulang sanggunian ay wala sa takdang babasahin, kaya maaari ninyong naising hilingan ang bawat miyembro ng klase na hanapin ang mga ito at sabihin kung anong katangian ang inilalarawan.

  a. Pagkawala ng mga tagapaglingkod, ari-arian, at kita (Job 1:13–17).
  b. Pagkawala ng mga anak (Job 1:18–19).
  c. Pisikal na karamdaman at sakit (Job 2:7; 7:5; 16:16).
  d. Hindi pagkatulog na puno ng bangungot (Job 7:4, 13–14).
  e. Malulupit na pagpaparatang at pagkawala ng suporta mula sa mga kaibigan at mag-anak (Job 2:9; 4:1, 7–8; 11:1–6; 19:13–22).

f. Pagkalito kung bakit ipinaranas sa kanya ang mga pagsubok na ito (Job 10:15).
g. Paghamak ng mga natutuwa sa kanyang pagbagsak (Job 16:10–11; 30:1, 8–10).
h. Ang damdamin na nakalimutan siya ng Diyos o hindi siya pinakikinggan (Job 19:6–8; 23:3–4; pansinin na ang salitang *kanya* sa Job 23:3–4 ay nakapatungkol sa Diyos).

- Paano maihahambing ang mga pagsubok na dinaranas ng mga tao sa ngayon sa mga pagsubok na dinanas ni Job? (Ang mga pagsubok ay magkakapareho: pagkawala ng ari-arian, pagkawala ng mga anak, pagkawala ng kalusugan, at pagkawala ng pagmamahal at pagsama ng mga kaibigan at mag-anak.)

- Ano ang sinabi ni Satanas na dahilan ng pagkamatwid ni Job? (Tingnan sa Job 1:9–10.) Sang-ayon kay Satanas ano ang magiging reaksiyon ni Job kapag binawi sa kanya ang kanyang kayamanan at iba pang mga biyaya? (Tingnan sa Job 1:11; 2:4–5.) Ano ang naging reaksiyon ni Job nang maganap ito? (Tingnan sa Job 1:20–22; 2:10.) Ano ang matututuhan natin mula sa mga reaksiyong ito?

- Sa kabila ng kanyang paghihirap ay "hindi nagkasala si Job, ni inari mang mangmang ang Diyos" (Job 1:22). Paano pinararatangan ng ibang tao na mangmang ang Diyos kapag dumarating ang kalungkutan, kamalasan, o trahedya? (Maaari nilang sisihin ang Diyos o pag-alinlanganan ang kanyang karunungan o pagkalinga, na nadaramang hindi sila nauunawaan o minamahal ng Diyos. Maaari ring pag-alinlanganan ng ilan ang kanyang pag-iral.)

**2. Si Job ay nakasumpong ng kalakasan sa Panginoon.**

Ituro at talakayin ang Job 13:13–16; 19:23–27.

- Ang pagtitiwala ni Job sa Panginoon ay isang malaking pinanggalingan ng kanyang espirituwal na kalakasan (Job 13:13–16). Ano ang ibig sabihin ng magtiwala sa Panginoon? Paano tayo magkakaroon ng tiwala sa Panginoon na magtataguyod sa atin sa mga pagsubok? (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:28; 2 Nephi 2:2, 11, 24; Doktrina at mga Tipan 58:2–4; 122:5–9.) Magpatotoo na dahil mahal tayo ng Panginoon, tiniyak niya sa atin na habang tayo ay matapat, ang lahat ng bagay ay magiging para sa ating kabutihan at tutulungan tayong umunlad.

- Sa kabanata 19, inilarawan ni Job ang mga pagsubok na dumating sa kanyang buhay, pagkatapos siya ay nagpatotoo tungkol sa Tagapagligtas. Paano nakatulong kay Job ang kanyang patotoo tungkol sa Tagapagligtas upang mapagtiisan ang kanyang mga pagsubok? (Tingnan sa Job 19:25–27.) Paano tayo mapalalakas ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas sa panahon ng paghihirap?

  Maaari ninyong naising ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Ang Manunubos Ko ay Buhay" (*Mga Himno*), o maaari ninyong patugtugin ang musika ng himnong ito.

**3. Si Job ay nakasumpong ng kalakasan sa kanyang pansariling kabutihan at integridad.**

Ituro at talakayin ang Job 27:2–6.

- Ang integridad ni Job ay isa pang mapagkukunan ng espirituwal na kalakasan sa panahon ng kanyang mga paghihirap (Job 27:2–6). Ano ang integridad? Paano pinalakas ng pansariling integridad si Job sa oras ng kanyang mga pagsubok? Paano makatutulong sa atin ang pansariling integridad sa oras ng pagsubok? (Habang pinananatili natin ang ating integridad, makatatanggap tayo ng lakas mula sa pagkakaalam na ang landas ng ating buhay ay kalugud-lugod sa Panginoon.)

  Ang pakahulugang ibinigay ni Elder Joseph B. Wirthlin sa *integridad* ay "palaging paggawa ng tama at mabuti, anuman ang kaagad na maging mga bunga nito. Ang ibig sabihin nito ay pagiging matwid mula sa kaibuturan ng ating kaluluwa, hindi lamang sa ating mga kilos kundi, higit na mahalaga, sa ating mga kaisipan at ating mga puso. Ang pansariling integridad ay nagpapahiwatig nang pagiging mapagkakatiwalaan at pagiging matapat kung kaya hindi natin magagawang sirain ang isang tipan o pagtitiwala" (sa Conference Report, Abr. 1990, 38; o *Ensign*, Mayo 1990, 30).

**4. Pagkatapos na matapat na mapagtiisan ni Job ang kanyang mga pagsubok, siya ay pinagpala ng Panginoon.**

Ituro at talakayin ang Job 42:10–17.

- Pagkatapos na matapat na mapagtiisan ni Job ang kanyang mga pagsubok, paano siya pinagpala ng Panginoon? (Tingnan a Job 42:10–15; Santiago 5:11.) Paano tayo pinagpapala ng Panginoon habang buong katapatan nating pinagtitiisan ang mga pagsubok? (Tingnan sa Job 23:10; 3 Nephi 15:9. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng pansariling mga karanasan. Maaari ninyong naising ituro na kahit na biniyayaan ng Panginoon si Job ng "makalawa ng dami kaysa tinatangkilik niyang dati," ang mga espirituwal na biyayang ibinibigay sa atin ng Panginoon sa matapat nating pagtitiis ay higit na marami kaysa sa temporal na mga biyaya.)

  Sinabi ni Elder Orson F. Whitney na: "Wala tayong sakit na pinagdurusahan, walang pagsubok na nararanasan na nasasayang. Ito ay tumutulong sa ating pagkakatuto, sa paglago ng mga katangiang tulad ng tiyaga, pananampalataya, tatag ng loob at pagpapakumbaba. Ang lahat ng ating pinagdurusahan at ang lahat ng ating pinagtitiisan, lalung-lalo na kapag buong tiyaga nating pinagtitiisan ito, ay nagpapatatag sa ating pagkatao, nagpapadalisay sa ating mga puso, nagpapaunlad sa ating mga kaluluwa, at ginagawa tayo nitong higit na magiliw at mapagmahal sa kapwa-tao, higit na karapat-dapat na tawaging mga anak ng Diyos . . . at sa pamamagitan lamang ng kalungkutan at pagdurusa, pagpapakapagod at malaking hirap, makakamtan ang edukasyon na sinadya natin dito upang ating makamtan at gawin tayong higit na katulad ng ating Ama at Ina sa langit" (sinipi sa Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle*, 98).

  Sinabi ni Propetang Joseph Smith na: "Ako ay tulad ng isang malaki at magaspang na bato na gumugulong pababa mula sa isang mataas na bundok; at ang tanging pagpapakintab na natatanggap ko ay kapag nakikiskis ang anumang sulok sa pamamagitan ng pagbangga nito sa iba pang bagay, . . . na tumatapyas nang kaunti rito at kaunti roon. Sa gayon ako ay magiging makinis at makintab na pana sa lalagyan ng Pinakamakapangyarihan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 304).

Katapusan

Ibuod ang inyong talakayan hinggil sa aklat ni Job, na binibigyang-diin na makatatanggap tayo ng lakas upang mapagtiisan ang ating mga pagsubok sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Panginoon, pagpapatatag sa ating mga patotoo tungkol sa kanya, at pagpapanatili ng ating integridad upang malaman natin na ang ating buhay ay kalugud-lugod sa kanya. Maaari ninyong naising sabihin sa mga miyembro ng klase ang tungkol sa isang pagkakataon nang tumanggap kayo ng lakas sa panahon ng paghihirap. Imungkahi na pag-isipang mabuti ng mga miyembro ng klase kung paano nila maipamumuhay ang mga alituntuning tinalakay sa araling ito upang matulungan silang mapagtiisan ang paghihirap.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang mga kaibigan ni Job**

- Paano inilarawan nina Eliphaz at Bildad, dalawa sa mga kaibigan ni Job, ang kanyang paghihirap? (Tingnan sa Job 4:7–8; 8:6. Inakala nila na ang mga paghihirap ni Job ay parusa mula sa Diyos para sa mga kasalanang nagawa ni Job.) Ano ang mga panganib sa paniniwalang ang lahat ng paghihirap ay dumarating bilang parusa ng Diyos sa ating mga kasalanan?
- Ano ang maituturo sa atin ng mga kamalian ng mga kaibigan ni Job tungkol sa pagtulong sa mga taong dumaranas ng paghihirap?

**2. Mga itatanong sa panahon ng kahirapan**

Sinabi ni Elder Richard G. Scott na: "Kapag nahaharap kayo sa paghihirap, kayo ay natutuksong magtanong ng maraming katanungan. Ang ilan ay nagiging kapaki-pakinabang; ang iba ay hindi. Ang pagtatanong na, Bakit kailangang mangyari ito sa akin? Bakit kailangang kong pagdusahan ito sa ngayon? Ano ang ginawa ko upang mangyari ito? ay walang mabuting idudulot. Tunay na walang mabuting kahahantungan ang pagtatanong na nagpapakita ng pagsalungat sa kalooban ng Diyos. Sa halip ay itanong ang, Ano ang gagawin ko? Ano ang matututuhan ko sa karanasang ito? Ano ang babaguhin ko? Sino ang tutulungan ko? Paano ko maaalala ang marami kong biyaya sa oras ng pagsubok?" (Sa Conference Report, Okt. 1995, 18; o *Ensign*, Nob. 1995, 17).

**3. Panatilihin ang walang hanggang pananaw kapag may pagsubok sa ating buhay**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na:

"Kung titingnan natin ang mortalidad bilang kabuuan ng pag-iral, sa gayon ang sakit, kalungkutan, kabiguan, at maikling buhay ay magiging kalamidad. Ngunit kung titingnan natin ang buhay bilang isang bagay na walang hanggan na ang lawak ay umaabot sa nakaraang buhay at nagpapatuloy sa walang hanggang hinaharap pagkatapos ng kamatayan, sa gayon ang lahat ng pangyayari ay mailalagay sa tamang pananaw.

“ . . . Hindi nga ba’t nalalantad tayo sa mga tukso upang subukin ang ating lakas, sa karamdaman upang matutuhan nating magtiis, sa kamatayan upang tayo ay maging imortal at maluwalhati?

“Kung ang lahat ng maysakit na ipinananalangin natin ay gumaling, kung ang lahat ng matwid ay pinangalagaan at ang masasama ay nilipol, ang buong programa [o plano] ng Ama ay mawawalang saysay at ang pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, ang kalayaang pumili, ay magwawakas. Walang taong mamumuhay ayon pa sa pananampalataya” (*Faith Precedes the Miracle* [1975], 97).

**4. Ang kasaganaan ng masasama ay panandalian lamang.**

- Kung minsan ay tila mas masagana ang masasama samantalang ang mga matwid na tao ay nagdurusa. Ano ang itinuturo ng aklat ni Job tungkol sa tila kasaganaan ng masasama? (Tingnan sa Job 21:24.)

# Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa Daigdig

Aralin 33

*Jonas 1–4; Mikas 2; 4–7*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na tuparin ang kanilang mga pananagutan bilang Israel sa mga huling araw na mahalin ang lahat ng tao sa daigdig at ibahagi sa kanila ang mga biyaya ng ebanghelyo.

**Paghahanda**

Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

a. Jonas 1–2. Tinawag ng Panginoon si Jonas upang mangaral ng pagsisisi sa mga tao ng Ninive. Sinubukan ni Jonas na tumakas sa Panginoon sa isang barko, nilulon siya ng isang malaking isda, nanalangin, at inilabas mula sa tiyan ng isda.
b. Jonas 3–4. Iprinopesiya ni Jonas ang pagbagsak ng Ninive at nagalit nang magsisi ang mga tao ng Ninive at hindi winasak ng Panginoon ang lungsod (ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Jonas 3:9–10 ay nagpapaliwanag na ang mga tao, hindi ang Diyos, ang nagsisi). Gumamit ang Panginoon ng isang halamang kikayon at uod upang turuan si Jonas na dapat niyang mahalin ang lahat ng tao.
c. Mikas 2:12–13; 4:1–7, 11–13; 5:2–4, 7–8; 6:6–8; 7:18–20. Iprinopesiya ni Mikas ang tungkol sa misyon ng Israel sa mga huling araw.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

- Ilang kabataang lalaki sa Simbahan ang nais ng Panginoon na maglingkod sa *full-time* na misyon? (Lahat ng karapat-dapat at may kakayahang kabataang lalaki.) Bakit mahalagang tumugon sa tawag na ito ang bawat isa sa mga kabataang lalaking ito? Sino pa ang maaaring maglingkod sa *full-time* na misyon? (Karapat-dapat na mga kapatid na babaeng walang asawa na may gulang na 21 o pataas at ang mga may edad na mag-asawa kapag pahihintulutan ng kanilang mga kalagayan.)

Noong 1979, si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagsalita tungkol sa pangangailangan sa dagdag pang mga misyonero na makapangangaral ng ebanghelyo sa mga tao sa lahat ng dako ng daigdig. Ipinahayag niyang: "Naniniwala akong magagawa ng Panginoon anuman ang isipin niyang gawin. Ngunit wala akong makitang magandang dahilan kung bakit bubuksan ng Panginoon ang mga pintuang hindi natin handang pasukin" ("The Uttermost Parts of the Earth," *Ensign*, Hulyo 1979, 9).

Tatalakayin ng araling ito kung paano makatutulong sa atin ang buhay at ang mga isinulat nina Jonas at Mikas upang maunawaan natin ang ating pananagutang mahalin ang lahat ng tao at ibahagi ang mga biyaya ng ebanghelyo sa kanila.

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Si Jonas ay tinawag na mangaral sa Ninive, ngunit tumakas siya.**

Ituro at talakayin ang Jonas 1–2.

- Bakit nais ng Panginoon na magpunta si Jonas sa Ninive? (Tingnan sa Jonas 1:2.) Bakit kaya nag-alinlangan si Jonas na tanggapin ang isang tawag ng pagmimisyon sa Ninive? (Tingnan sa Nahum 3:1–5, kung saan inilalarawan ang labis na kasamaan at karahasan ng Ninive. Ang mga tao ng Ninive, ang kapital ng Asiria, ay mga kaaway ng Israel.)
- Bakit nagpunta si Jonas sa Tarsis? (Tingnan sa Jonas 1:3.) Sa anong mga paraan tayo kung minsan nagsisikap na tumakas mula sa kinaroroonan ng Panginoon o mula sa mga tawag na ipinaaabot sa atin ng kanyang mga kinatawan? Ano ang mga ibubunga ng gayong mga pagtatangka?
- Paano nagpakita ng awa ang Panginoon at paano tinulungang magsisi si Jonas? (Tingnan sa Jonas 1:4–2:10.) Ano ang natutuhan ni Jonas habang nasa loob siya ng malaking isda? (Tingnan sa Jonas 2:1–9.) Paano tayo tinutulungan ng Panginoon na magsisi at magbalik sa kanyang mga landas?
- Sa panahon ng kanyang ministeryo sa lupa, ang Tagapagligtas ay nagsalita tungkol sa "tanda ng propetang Jonas" (Mateo 12:39). Ano ang ibig sabihin ng tandang ito? (Tingnan sa Mateo 12:39–41. Si Jonas ay lumagi nang tatlong araw at tatlong gabi sa tiyan ng malaking isda at pagkatapos ay buhay siyang iniluwa. Ang Tagapagligtas ay ililibing sa lupa sa loob nang tatlong araw at gabi at pagkatapos ay mabubuhay na mag-uli.)
- Sa pamamagitan ng kanyang mga propeta, ang Panginoon ay paulit-ulit na nag-utos sa bawat karapat-dapat at may kakayahang kabataang lalaki na maglingkod sa *full-time* na misyon. Hinikayat din niya ang mga may edad na mag-asawa na maglingkod bilang mga *full-time* na misyonero kung kaya nila. (Tingnan ang mga karagdagang ideya sa pagtuturo.) Ano ang ilang dahilan kung bakit pinipiling huwag magmisyon ng ilang may kakayahang kabataang lalaki at mga may edad na mag-asawa? (Kakulangan ng taos na pangangako at pananampalataya, pagiging hindi karapat-dapat, kawalan ng kahandaang iwan ang mga kaginhawaan ng tahanan at mag-anak, takot sa maaaring asahan sa kanila.) Ano ang matututuhan natin mula sa kuwento tungkol kay Jonas na makatutulong sa atin upang higit tayong maging magiting sa pagsunod sa Panginoon at sa pagbabahagi ng ebanghelyo?

**2. Ang mga tao ng Ninive ay tumugon sa mensahe ni Jonas at nagsisi.**

Ituro at talakayin ang Jonas 3–4.

- Matapos magsisi si Jonas, siya ay tinawag muli ng Panginoon upang mangaral ng pagsisisi sa mga tao ng Ninive. Paano tumugon ang mga tao ng Ninive sa mensahe ni Jonas? (Tingnan sa Jonas 3:5–9. Noong mga unang panahon, ang mga tao ay nagdaramit ng magaspang na tela na tinatawag na kayong

magaspang (sackcloth), at umuupo sa mga abo upang ipakita na sila ay nagpapakumbaba at nagsisisi.) Paano tumugon ang Diyos sa pagbabago sa mga tao? (Tingnan sa Jonas 3:10.)

- Iprinopesiya ni Jonas ang pagbagsak ng Ninive (Jonas 3:4). Paano tumugon si Jonas nang patawarin ng Panginoon ang mga tao ng Ninive? (Tingnan sa Jonas 4:1–3. Siya ay nagalit dahil naawa ang Panginoon sa mga tao.)

- Ano ang itinuro ng Panginoon kay Jonas sa pag-usbong ng kikayon na nagbigay lilim at kaginhawaan at pagkatapos ay namatay? (Tingnan sa Jonas 4:4–11. Mahal ng Diyos ang lahat ng kanyang anak. Kung paanong nagpakita siya ng awa kay Jonas ay gayundin na ninais niyang magpakita ng awa sa nagsisising mga tao ng Ninive.) Ano ang maituturo sa atin ng karanasan ni Jonas tungkol sa pagmamahal sa ibang tao?

**3. Nagpropesiya si Mikas tungkol sa misyon ng Israel sa mga huling araw.**

Ituro at talakayin ang mga sumusunod na talata mula sa Mikas.

Tinawagan ng propetang Mikas ang mga tao ng Israel upang pagsisihan ang kanilang kasamaan at magbalik-loob sa Panginoon. Iprinopesiya niya ang pagkawasak ni Jacob (Israel) at ng Juda. Iprinopesiya din niya na maisasakatuparan ng Israel sa mga huling araw (Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw) ang mga layunin ng Panginoon na may dakilang kapangyarihan.

- Ano ang mga pangakong ibinigay ng Panginoon sa Mikas 2:12–13? (Nangako siyang titipunin niya ang labi ng Israel, na sila ay magiging malaking lupon ng mga tao, at siya ang mangunguna sa kanila.) Paano natutupad ang mga pangakong ito sa ngayon?

- Ang ilan sa mga dakilang propesiya ni Mikas tungkol sa mga huling araw ay nakatala sa Mikas 4:1–7. Ano ang iprinopesiya ni Mikas tungkol sa mga templo sa mga huling araw? (Tingnan ang mga talata 1–2.) Ano ang kanyang iprinopesiya tungkol sa Milenyo? (Tingnan sa mga talata 3–7.) Bakit mahalaga sa atin ang mga propesiyang ito?

- Ano ang matututuhan natin mula sa Mikas 4:11–13 tungkol sa kapalaran ng Israel sa huling araw? (Sa sinaunang daigdig, ang mga kapong baka ay kadalasang ginagamit sa paggigiik ng mga butil. Tatapakan nila ang mga butil at mahihiwalay ang mga ipa (balat) sa mga butil. Ang ipa ay nahihipan ng hangin papalayo at naiiwan ang butil. Ang mga bansang laban sa Sion ay titipuning tulad ng mga tungkos [ng butil] at gigiikin ng Israel.) Paano maaaring ihambing ang paghihiwalay na ito ng ipa mula sa butil sa pananagutan ng Israel sa mga huling araw na gawin ang gawaing misyonero sa buong daigdig? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:7; 33:5–7.)

- Sino ang iprinopesiya ni Mikas sa Mikas 5:2–4? (Ihambing ang propesiyang ito sa tala ng katuparan nito sa Mateo 2:4–6.)

- Sa ano inihahambing ang mga tao ng Panginoon sa Mikas 5:7? Paano maihahambing ang mga hamog o ulan sa damo sa epekto ng mga miyembro ng Simbahan sa mga tao sa daigdig? Ano sa palagay ninyo ang ibig ipakahulugan ni Mikas sa pagsasabing ang mga ulan na ito ay hindi maghihintay "sa mga anak ng tao"? (Tulad ng kung paano hindi mapipigilan ng mga tao ang

pamumuo ng hamog o ang pagbagsak ng ulan ay gayundin na walang makapipigil sa gawain ng Panginoon sa pagsulong nito sa buong daigdig.)

- Sa ano inihahambing ang mga tao ng Panginoon sa Mikas 5:8? Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa lakas at kapangyarihan ng gawain ng Panginoon? (Tulad ng kung paano walang kapangyarihan ang isang kawan ng mga tupa na pigilin ang isang batang leon ay gayundin na walang kapangyarihan sa lupa na makapipigil sa gawain ng Panginoon.)

  Noong 1842 ay ipinahayag ng Propetang Joseph Smith na, "Walang hindi banal na kamay ang makapipigil sa pag-unlad ng gawain, pag-uusig ma'y magngalit, mga mandurumog ma'y magsama-sama, mga hukbo ma'y magtipun-tipon, paninirang-puri ma'y magpasama, ngunit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may tapang, marangal, at malaya, hanggang sa mapasok na nito ang lahat ng lupalop, madalaw ang lahat ng lugar, masuyod ang lahat ng bansa, at maipahayag sa lahat ng tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay maisagawa at sabihin ng Dakilang Jehova na ang gawain ay tapos na" (*History of the Church*, 4:540).

- Paano tayo matutulungan ng Mikas 6:6–8 kapag nadarama nating napangingibabawan tayo ng lahat ng bagay na inaasahan sa atin ng ibang tao?

- Pagkatapos magpropesiya tungkol sa gawain ng Panginoon sa mga huling araw, ano ang sinabi ni Mikas sa bandang huli tungkol sa katauhan ng Diyos? (Tingnan sa Mikas 7:18–20.) Anong mga parirala sa mga talatang ito ang maaaring iangkop sa mga pakikitungo ng Panginoon sa mga tao ng Ninive? Alin sa mga pariralang ito ang maaaring iangkop sa mga pakikitungo ng Panginoon sa atin?

---

Katapusan

Magbigay ng patotoo na mahal ng Panginoon ang lahat ng kanyang mga anak at tayo, bilang Israel sa mga huling araw, ay may malaking pananagutan na ibahagi ang kanyang pagmamahal at ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa lahat ng tao. Hilingan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang natutuhan mula kina Jonas at Mikas.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. Ang bawat karapat-dapat at may kakayahang kabataang lalaki ay dapat maghandang maglingkod sa misyon

Talakayin ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

"Kapag humihiling ako ng dagdag na mga misyonero, hindi ako humihiling ng mga misyonerong walang patotoo o hindi karapat-dapat. Hinihiling ko na magsimula tayo nang maaga at sanayin ang ating mga misyonero nang mas mabuti sa bawat sangay at sa bawat purok sa daigdig. Iyan ay isa pang hamon—ang maunawaan ng mga kabataan na malaking pribilehiyo ang magmisyon at kailangan nilang maging malusog sa pangangatawan, malusog sa kaisipan,

malusog sa espirituwal, at 'ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may munti mang antas ng pagpapahintulot' . . .

"Ang tanong na madalas ulitin ay: Dapat bang magmisyon ang bawat kabataang lalaki? At ang sagot ay ibinigay na ng Panginoon. Ito ay 'Oo.' Ang bawat kabataang lalaki ay dapat magmisyon" (When the World Will Be Converted," *Ensign*, Okt. 1974, 7–8).

**2. Ang pangangailangan sa mga mag-asawang misyonero**

Talakayin ang sumusunod na pahayag mula kay Elder David B. Haight:

"Sa ngalan ng mga Kapatid, ito ay isang panawagan sa mga mag-asawang nagretiro na, na taimtim nilang isaalang-alang ang paglilingkod sa misyon. Lubha nating kailangan ang dagdag pang mga mag-asawa upang tulungan tayong tugunan ang ating mga pangangailangan. . . .  Kulang sa 50 porsiyento ng ating mga kahilingan para sa mga mag-asawang misyonero mula sa [ating] mga pangulo ng misyon ang natutugunan. . . .

"Ang mga Kapatid ay umaasa na marami, at marami pang mag-asawa ang hahanap ng pagkakataon upang makapaglingkod sila nang buong panahon sa Simbahan. Malaki ang pangangailangan! Daan-daang libong bagong miyembro ang sumasapi sa Simbahan taun-taon, at kailangan nilang makarinig ng tinig ng pagtataguyod ng isang kaibigan at aliw mula sa mga miyembrong may-karanasan.

"Ang koro na, 'Tutungo ako saanman, O Diyos' (*Mga Himno*), ay dapat maging higit pa sa isang himno na ating inaawit kapag Linggo. Ito ay dapat maging sarili nating panalangin ng pananampalataya habang naglilingkod tayo saanman tayo kailanganin ng Panginoon" ("Couple Missionaries: 'A Wonderful Resource,' " *Ensign*, Peb. 1996, 7, 12).

Aralin
# 34
# “Magiging Asawa Mo Ako sa Katuwiran”

*Oseas 1–3; 11; 13–14*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang Panginoon ay mapagmahal at maawain at patatawarin tayo kapag nagsisisi tayo at nagbabalik-loob sa kanya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:
   a. Oseas 1–3. Sa paggamit ng paghahambing ng isang matapat na asawang lalaki at ng isang nangangalunyang asawang babae, inilalarawan ni Oseas ang ugnayan sa pagitan ng Panginoon at ng Israel.
   b. Oseas 11; 13–14. Dahil sa kanyang pagmamahal para sa kanyang mga tao ay ipinagpapatuloy ng Panginoon ang pag-anyaya sa Israel na magsisi at magbalik sa kanya.
2. Karagdagang babasahin: Ang nalalabing bahagi ng Oseas.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, isulat ang bawat isa sa mga sumusunod na parirala sa magkakahiwalay na piraso ng papel bago magklase. Kung maliit ang inyong klase, maghanda lamang ng isang papel para sa bawat miyembro ng klase.

   “Ang bilang ng mga anak ni Israel ay magiging parang buhangin sa dagat” (Oseas 1:10)
   “Aking ibubuhos ang aking galit sa kanila na parang tubig” (Oseas 5:10)
   “Ang Panginoon . . . ay paririto sa atin na parang ulan” (Oseas 6:3)
   “Gaya ng isang aguila dumarating siya” (Oseas 8:1)
   “Ang Israel ay isang mayabong na baging” (Oseas 10:1)
   “Ang kahatulan ay lumilitaw na parang ajenjo (hemlock) sa mga bungkal sa parang” (Oseas 10:4)
   “Sila’y magiging . . . parang usok na lumalabas sa chimenea” (Oseas 13:3)
   “Aking sasalubungin sila na gaya ng oso na ninakawan ng kanyang mga anak” (Oseas 13:8)
   “Ako’y parang sariwang abeto [green fir tree] (Oseas 14:8)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipamigay sa mga miyembro ng klase ang mga papel na inyong inihanda (tingnan sa “Paghahanda” sa itaas). Ipaliwanag na ang bawat isa sa mga pariralang ito ay paghahambing mula sa aklat ni Oseas. Ipabasa nang malakas sa bawat miyembro ng klase na nakatanggap ng papel ang parirala at magpamungkahi ng isang posibleng kahulugan sa paghahambing. Halimbawa,

ang pagsasabing ang isang tao ay “tulad ng isang leon” ay maaaring magpahiwatig ng lakas o pagiging mabangis.

- Bakit sa palagay ninyo gumamit ng mga paghahambing si Oseas at ang ibang mga propeta? (Ang paghahambing ng isang masalimuot o hindi pamilyar na ideya sa isang mas simple o mas pamilyar ang paraan upang mas maunawaan ito ng mga taong tinuturuan. Ang mga paghahambing ay tumutulong din sa pagbibigay ng maraming detalye sa ilang salita lamang.)

Ipaliwanag na bilang karagdagan sa mga mas maliliit na paghahambing na ito, si Oseas ay gumamit din ng mas mahaba o kumplikadong paghahambing, na tinatawag na mga metapora o pagwawangis (*wangis* ang salitang ginamit sa mga banal na kasulatan). Ang aklat ni Oseas ay naglalaman ng ilang paghahambing upang tulungan tayong maunawaan ang ugnayan sa pagitan ni Jesucristo at ng kanyang mga tao.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Sa paggamit ng paghahambing ng isang matapat na asawang lalaki at ng isang mapangalunyang asawang babae, inilarawan ni Oseas ang ugnayan sa pagitan ng Panginoon at ng Israel.**

Ituro at talakayin ang Oseas 1–3. Kung hindi ninyo ginamit ang gawaing pantawag-pansin, ipaliwanag kung ano ang isang pagwawangis bago ninyo simulan ang talakayan.

Ang isa sa mga madalas gamiting pagtutulad sa mga banal na kasulatan ay naglalarawan sa Panginoon bilang kasintahang lalaki (o asawang lalaki) at ang kanyang mga pinagtipanang tao bilang kanyang kasintahang babae (o asawang babae). Buong bisang ginamit ng Oseas 1–3 ang pagtutulad na ito, na inihahambing ang pagsamba ng Israel sa mga diyus-diyosan sa pangangalunya. Sa mga kabanatang ito ay kinakatawan ng propetang si Oseas ang Panginoon bilang asawang lalaki, at si Gomer ang kumakatawan sa Israel bilang asawang babae.

- Sa aklat ni Oseas, ang ugnayan ng Panginoon sa Israel (at sa Simbahan sa ngayon) ay inihahalintulad sa ugnayang namamagitan sa mag-asawa. Ano ang itinuturo sa atin ng paghahambing na ito tungkol sa antas ng taimtim na pangako at debosyon na inaasahan ng Panginoon mula sa atin?

- Sa anong paraan maihahalintulad ang sinaunang Israel kay Gomer, na inilalarawan bilang “asawang patutot”? (Tingnan sa Oseas 1:2–3; 2:5, 13. Iniwan ni Gomer ang kanyang asawa dahil sa kanyang mga mangingibig; kinalimutan ng Israel ang Panginoon at naging masama.)

- Sino o ano ang “mga mangingibig” ng Israel—mga bagay na naging sanhi ng pagtalikod ng mga tao sa Panginoon? (Ibang mga diyos, materyal na bagay, at ang mga kaugalian ng daigdig.) Anong mga bagay ang maaaring maglihis sa atin mula sa ating dedikasyon sa pagsunod sa Tagapagligtas?

- Sino ang binigyang papuri ng nangangalunyang asawang babae para sa kanyang mga pagkain at kasuotan? (Tingnan sa Oseas 2:5.) Sino ang sinasabi ng mga Israelita na pinagmulan ng masaganang lupain na kanilang tinitirhan? (Tingnan sa Oseas 2:5, 12; sa kanilang mga huwad na diyos o mga diyus-diyosan.) Paano nagbibigay papuri ang mga tao ngayon sa mga huwad na diyos para sa mga biyayang tinatanggap nila?

- Paano pinaalalahanan ng asawang lalaki ang kanyang asawa na siya—hindi ang kanyang mga mangingibig—ang nagtustos sa kanya ng pagkain, tubig at iba pang ari-arian? (Tingnan sa Oseas 2:8–9.) Sa anong mga paraan kayo binigyan ng Panginoon ng materyal at espirituwal na mga biyaya? Paano natin maipakikita ang ating pasasalamat sa Panginoon para sa mga biyayang ibinibigay niya sa atin?

- Ano ang naging saloobin ng asawang lalaki tungo sa kanyang taksil na asawa sa Oseas 2:6–13? Paano kakaiba ang saloobing ito sa mga talata 14–23? (Ituro na kahit na nagtaksil ang asawang babae, siya ay minahal pa rin ng asawang lalaki at ninais niyang bumalik sa kanya ang babae. Gayundin, mahal pa rin ng Panginoon ang kanyang mga tao na naligaw ng landas, at nais na bumalik sila sa kanya.)

  Ipinaliwanag ni Elder Henry B. Eyring na: "Ito ay isang kuwento ng pag-ibig. Ito ay kuwento ng isang kasal sa tipan na pinagbuklod ng pag-ibig, ng hindi nagmamaliw na pagmamahal. . . . Ang Panginoon na kung kanino ay pinagpala akong makagawa ng tipan, ay nagmamahal sa akin, at sa inyo, . . . nang walang maliw na kung alin ay patuloy kong pinagtatakhan at nais kong pamarisan nang buong puso ko" (*Covenants and Sacrifice* [talumpating ibinigay sa Symposium ng Sistemang Pang-edukasyon ng Simbahan, ika-15 ng Ago. 1995], 2).

- Ano ang ipinangako ng asawang lalaki sa kanyang kabiyak kung magbabalik siya sa kanya? (Tingnan sa Oseas 2:19.) Ano ang ipinapangako ng Panginoon sa kanyang mga tao kung sila ay magsisisi at magbabalik sa kanya? (Tingnan sa Oseas 2:20, 23.) Bakit mahalaga ang pangakong ito?

- Sa Oseas 3:1–2 ay binili ng asawang lalaki ang kanyang kabiyak mula sa mangingibig nito (maaari ninyong naising ipaliwanag na sa kultura ng Lumang Tipan, ang mga babae ay madalas na itinuturing na ari-arian at maaaring bilhin o ipagbili). Ano ang hiniling ng asawang lalaki sa kanyang kabiyak matapos niya siyang bilhin? (Tingnan sa Oseas 3:3.) Ano ang ipinangako niya sa babae? Sa anong paraan "binili" ni Jesucristo ang bawat isa sa atin? (Tingnan sa I Pedro 1:18–19.) Ano ang hinihiling naman sa atin ni Cristo bilang kapalit?

**2. Dahil sa kanyang pagmamahal sa kanyang mga tao ay ipinagpapatuloy ng Panginoon ang pag-anyaya sa Israel na magsisi at magbalik sa kanya.**

Ituro at talakayin ang Oseas 11; 13–14.

Sa buong aklat ni Oseas ay pinagagalitan ng Panginoon ang mga Israelita dahil sa kanilang mabibigat na kasalanan. Pagkatapos ilarawan ng Panginoon, sa pamamagitan ni Oseas, ang pagkaalipin at kapahamakan na magiging bunga ng kasamaan ng Israel, muli niyang inanyayahan ang kanyang mga tao na magsisi at magbalik sa kanya.

- Ang isa pang pagwawangis na madalas gamitin sa mga banal na kasulatan upang ilarawan ang ugnayan ng Panginoon at ng kanyang mga tao ay ang ugnayan ng Panginoon at ng hayop. Ang paghahambing na ito ay maikling ginamit sa Oseas 11:4. Ano ang nalalaman natin tungkol sa damdamin ng Panginoon sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng paghahambing na ito? (Tingnan din sa Oseas 11:7–9. Pansinin na ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng talata 8 ay nagsasaad na ang puso ng Panginoon ay bumaling sa Israel sa halip na sa kanyang sarili.)
- Ilang pagkakataon na pinaalalahanan ng Panginoon ang mga Israelita kung paano naligtas ang kanilang mga ninuno mula sa pagkaalipin sa Egipto (Oseas 11:1; 12:9, 13; 13:4–5). Ano ang maaaring kawangis ng pangyayaring ito? (Tingnan sa Oseas 13:14. Kung paano iniligtas ng Panginoon ang mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto ay gayundin naman na ililigtas niya sila—at ang lahat ng taong lalapit sa kanya—mula sa kasalanan at kamatayan.)
- Ano ang kinailangang gawin ng mga Israelita upang makabalik sa Panginoon at tumanggap ng kaligtasan? (Tingnan sa Oseas 12:6; 14:2–3. Kinailangan nilang pagsisihan ang kanilang mga kasalanan at talikuran ang mga diyus-diyosang sinamba nila.) Ano ang ipinangakong gagawin ng Panginoon kung sila ay magsisisi? (Tingnan sa Oseas 14:4–7.) Ano ang ipinapangako ng Panginoon na gagawin niya kung pagsisisihan natin ang ating mga kasalanan?
- Paano kayo natutulungan ng mga pagkakawangis sa aklat ni Oseas upang maunawaan kung ano ang nadarama ng Tagapagligtas para sa inyo?

---

Katapusan

Magpatotoo na samantalang nakalaan ang mga biyaya ng Panginoon sa mga sumusunod sa kanyang mga kautusan, ang kanyang pagmamahal ay hindi nagbabago at ipinaaabot sa lahat. Kahit na kapag tinatalikuran natin siya dahil sa kasalanan, mahal pa rin tayo ng Panginoon at nais niyang magsisi tayo at magbalik sa kanya. Himukin ang mga miyembro ng klase na maging matapat sa Panginoon.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

### 1. "Ako'y nagnanasa ng kaawaan, at hindi [ng] hain" (Oseas 6:6)

Sa Oseas 6:6 ay sinabi ng Panginoon sa Israel na, "Ako'y nagnanasa ng kaawaan, at hindi [ng] hain; at ng pagkakilala sa Diyos higit kaysa mga handog na susunugin." Noong panahon ng kanyang ministeryo sa lupa ay makalawang ulit na tinukoy ni Cristo ang talatang ito upang sagutin ang pambabatikos ng mga Fariseo (Mateo 9:13; 12:7). Matapos pag-aralang mabuti ang nilalaman ng dalawang sangguniang ito (Mateo 9:10–13; 12:1–8), talakayin kung ano ang ibig sabihin ng talatang ito.

### 2. "Siyang iyong kapahamakan, Oh Israel" (Oseas 13:9)

Sa panahon ng ministeryo ni Oseas, ang Hilagang Kaharian (Israel) ay nilusob ng mga taga Asiria, na sa bandang huli ay siyang wawasak sa kaharian at bibihag

sa mga tao. Sa literal na kahulugan ang mga taga Asiria ang may pananagutan sa pagkawasak ng Israel. Ngunit sinabi ng Panginoon na, "Siyang iyong kapahamakan, Oh Israel" (Oseas 13:9).

- Sa anong paraan winasak ng Israel ang kanyang sarili? Ano ang tanging pag-asa ng Israel sa kaligtasan matapos ang pagkawasak ng kanilang bansa? (Tingnan sa Oseas 13:9–10; 14:1.) Paano tayo mapangangalagaan ng ating pagsunod kay Jesucristo mula sa temporal at espirituwal na kapahamakan?

**3. Pagsisisi**

Kung may makukuha, maaari ninyong naising ipalabas ang "Repentance: It's Never Too Late," isang anim na minutong yugto mula sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277).

# Inihahayag ng Diyos ang Kanyang mga Lihim sa Kanyang mga Propeta

Aralin
35

*Amos 3; 7–9; Joel 2–3*

**Layunin**

Ituro sa mga miyembro ng klase na sa mga huling araw ay inihahayag ng Panginoon ang kanyang mga lihim sa kanyang mga propeta at ibinubuhos ang kanyang Espiritu sa lahat ng tao.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Amos 3:6–7. Itinuro ni Amos na inihahayag ng Panginoon ang kanyang mga lihim sa kanyang mga tagapaglingkod, ang mga propeta.
   b. Amos 7:10–17; 8:11–13; 9:8–15. Si Amos ay tinawag ng Diyos na maging propeta (7:10–15). Iprinopesiya niya ang tungkol sa pagbihag at pagkalat ng Israel (7:16–17; 9:8–10). Iprinopesiya niya na magkakaroon ng taggutom sa pagdinig sa mga salita ng Panginoon (8:11–13). Nagpropesiya siya na sa mga huling araw ang Israel ay maitatatag bilang isang dakila at maunlad na mga tao (9:11–15).
   c. Joel 2; 3:16–17. Nagpropesiya si Joel tungkol sa mga digmaan at kalamidad ng mga huling araw (2:1–11). Tinawagan niya ang mga tao upang magsisi (2:12–14; pansinin na ang Pagsasalin ni Joseph Smith sa mga talata 13 at 14 ay nagpapaliwanag na ang mga tao, hindi ang Panginoon, ang kailangang magsisi). Nagpropesiya si Joel na pagpapalain ng Diyos ang kanyang mga tao sa mga huling araw at ibubuhos ang kanyang Espiritu sa kanila (2:15–32; 3:16–17).

2. Karagdagang babasahin: Joseph Smith—Kasaysayan 1:41; Doktrina at mga Tipan 1:14–28, 37–38.

3. Kung gagamitin ninyo ang ikalawang gawaing pantawag-pansin, maaari ninyong naising magsaayos ng saliw na musika para sa himno. Maaari din ninyong naising anyayahan ang isang miyembro ng klase na maikling ibahagi ang ilang payo mula sa propeta na ibinigay kamakailan lamang.

4. Kung maaari, kumuha ng isang larawan ng buhay na propeta.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang isa sa mga sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin. Piliin ang gawain na magiging pinakaangkop sa klase.

1. Ibahagi ang sumusunod na kuwento sa mga miyembro ng klase:

   “Noong ako ay bata pang maybahay at ina, ang aking asawa ay dalawang taong nasa hukbong panghimpapawid (air force). Nanirahan kami sa pabahay

sa mga militar sa Long Island, New York. Habang inaalagaan ko ang aming maliliit na anak ay madalas kong dalawin ang aming mga kapitbahay na mula sa iba't ibang dako ng bansa. Isang araw samantalang pinag-uusapan namin ng isang kapitbahay ang tungkol sa ating mga paniniwala, siya ay naging mausisa sa kung ano ang kaibahan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

"Ikinuwento ko sa kanya nang maikli ang tungkol sa Pagpapanumbalik, at ipinaliwanag ko na ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay may buhay na propeta ngayon. Ito ay talagang tila nakakuha ng kanyang interes at ninais niyang malaman kung ano ang sinabi ng propeta. Nang simulan kong sabihin sa kanya ang tungkol sa Doktrina at mga Tipan at makabagong paghahayag, sinabi niyang, 'Ngunit ano ang sinabi niya nitong huli?' Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa pangkalahatang komperensiya at ang Simbahan ay may buwanang lathalain na may mensahe mula sa propeta. Pagkatapos ay naging talagang interesado siya. Hiyang-hiya ako nang aminin kong hindi ko pa nabasa ang kasalukuyang mensahe. Tinapos niya ang aming pag-uusap sa pagsasabing, 'Ang ibig mong sabihin mayroon kayong buhay na propeta at hindi mo alam kung ano ang kanyang sinabi?' " (Janette Hales Beckham, "Sustaining the Living Prophets," *Ensign*, Mayo 1996, 84).

- Kung may magtatanong sa inyo kung ano ang sinabi ng propeta kamakailan lamang, masasagot ba ninyo ang tanong?

Ipaliwanag na binibigyang-diin ng araling ito ang kahalagahan ng pakikinig at pagsunod sa buhay na propeta.

2. Hilingin sa mga miyembro ng klase na awitin ang himnong "Salamat, O Diyos, sa Propeta" (*Mga Himno*). Ipaliwanag na mahalaga para sa atin na pag-aralan ang payo ng ating buhay na propeta. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng ilang payo na ibinigay niya (ng propeta) kamakailan lamang. O anyayahan ang isang inatasang miyembro ng klase na maikling pagbalik-aralan ang ilang payo ng propeta na ibinigay kamakailan lamang.

---

## Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Si Amos ay isang pastol mula sa Tecoa, isang maliit na bayan sa timog ng Jerusalem. Siya ay nagministeryo sa mga tao ng kaharian ng Israel mula 800 hanggang 750 bago isilang si Cristo (B.C.). Ang karamihan sa mga taong ito ay tumalikod sa katotohanan. Minahal nila ang kayamanan at inapi ang mahihirap, at napakatigas ng kanilang puso kung kaya't maging ang taggutom o salot ay hindi sila kayang gawing maging mapagpakumbabang [mga tao]. Nang harapin ni Amos ang mga tao dahil sa kanilang mga kasalanan, siya ay nagpropesiya ng mas matitinding kaparusahan. Gayunman, binigyang-diin niya na ang Diyos ay handang linisin ang sinumang magsisisi, na nanghihikayat na, "Inyong hanapin ang Panginoon, at kayo'y mangabubuhay" (Amos 5:6). Si Amos ay nagpropesiya din tungkol sa mga huling araw.

Ang propetang si Joel ay nagministeryo sa mga tao ng kaharian ng Juda. Hindi natin alam kung kailan talaga siya nabuhay, gayunman ang kanyang mga propesiya ay may natatanging kahalagahan sa atin dahil marami sa mga ito ang may kinalaman sa mga huling araw. Ginamit ni Joel ang makapangyarihang paglalarawan ng mapamuksang langkay ng mga balang upang isagisag ang pagkawasak na idudulot ng mga hukbo at ng kahatulan ng Diyos sa mga huling araw. Si Joel ay nagpropesiya din tungkol sa mga dakilang pagpapala sa mga huling araw, na nakikini-kinitang ibubuhos ng Panginoon "ang [kanyang] espiritu sa lahat ng laman" (Joel 2:28).

**1. Itinuro ni Amos na ipinahahayag ng Panginoon ang kanyang mga lihim sa kanyang mga tagapaglingkod, ang mga propeta.**

Ituro at talakayin ang Amos 3:6–7.

- Paano natin naririnig ang salita ng Panginoon sa ating panahon? Ano ang itinuro ng propetang si Amos tungkol sa kahalagahan ng mga propeta? (Tingnan sa Amos 3:7.) Sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang salitang *alam* ang ginamit sa halip na *ginawa* sa talata 6 at ang salitang *hangga't* sa halip na *kundi* sa talata 7.) Paano nililinaw ng mga pagbabagong ito ang kahulugan ng talata? Ituro na ang Pagsasalin ni Joseph Smith mismo ay isang halimbawa ng pagpapaalam ng mga lihim ng Panginoon sa isang propeta para sa ating kapakinabangan.

- Ano ang itinuturo ng Doktrina at mga Tipan 1:37–38 tungkol sa dapat nating gawing paggalang para sa mga mensahe ng mga propeta? (Ipakita ang isang larawan ng buhay na propeta.) Sang-ayon sa nakatala sa Doktrina at mga Tipan 21:4–5, anong payo at kautusan ang ibinigay ng Panginoon sa mga Banal sa araw ng pagkatatag ng Simbahan? Anong mga pagpapala ang kanyang ipinangako kung gagawin ito ng mga Banal? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 21:6.) Paano ninyo nakitang natupad ang pangakong ito sa sarili ninyong buhay habang sinusunod ninyo ang payo ng mga propeta?

**2. Nagpropesiya si Amos tungkol sa sinauna at huling araw na Israel.**

Ituro at talakayin ang Amos 7:10–17; 8:11–13; 9:8–15.

- Bakit hiniling ni Amasias, isang saserdote sa kaharian ng Israel, kay Amos na lisanin ang lupain? (Tingnan sa Amos 7:10–17. Iprinopesiya ni Amos na may masamang mangyayari sa mga tao at sa kanilang hari. Ayaw ni Amasias at ng kanyang mga tao na marinig ang katotohanan hinggil sa kanilang masasamang gawain.) Ano ang itinuturo sa atin ng mga talata 14 hanggang 17 tungkol sa propetang si Amos? (Siya ay may integridad at lakas ng loob. Hindi niya binago ang ipinasasabi ng Panginoon sa kanya, sa halip ay patuloy na iprinopesiya ang masamang daranasin ng mga tao kung hindi sila magsisisi.)

- Sa lahat ng kapanahunan, bakit tinatanggihan o ipinagwawalang bahala ng maraming tao ang mga mensahe ng mga propeta? Ano ang iprinopesiya ni Amos na magiging bunga kung tatanggihan ng Israel ang payo ng mga propeta? (Tingnan sa Amos 8:11–13. Espirituwal na taggutom, o pagtalikod sa katotohanan, ang magiging bunga.) Ano ang mga ibubunga sa ating sarili mismo kung tatanggihan natin ang payo ng mga propeta?

  Ang propesiya ni Amos hinggil sa isang espirituwal na taggutom ay natupad sa mga anak ni Israel pagkaraan ng kapanahunan ni Malakias, ang huling

propeta ng Lumang Tipan. Ang panahong ito ay tinatayang nagtapos pagkaraan ng mga 400 taon nang tawagin si Juan Bautista upang ihanda ang daan para kay Jesucristo. Ang propesiya ni Amos ay naaangkop din sa Dakilang Pagtalikod sa Katotohanan, ang daang taon ng espirituwal na kadiliman na kasunod ng pagkamatay ng mga Apostol ng Tagapagligtas at nagwakas sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith.

- Sa anong mga paraan maihahambing ang isang taggutom sa kawalan ng salita ng Panginoon? Anong katibayan ang nakikita ninyo na ang mga tao sa ngayon ay naglalakbay sa "mga karagatan" na hinahanap ang salita ng Panginoon? Paano maihahambing sa isang piging ang pagkakaroon ng mga biyaya ng ipinanumbalik na ebanghelyo?

- Anong mensahe ng pag-asa ang nagtatapos sa aklat ni Amos? (Tingnan sa Amos 9:8–15. Ang mga anak ni Israel ay hindi lubusang malilipol, ikakalat sila sa lahat ng bansa, at sa mga huling araw sila ay itatatag muli bilang isang dakila at maunlad na mga tao. Pansinin na sa hulihan ng talata 9 ay nililinaw ng Panginoon na siya ay nagmamalasakit sa bawat miyembro ng sambahayan ni Israel.)

**3. Iprinopesiya ni Joel na pagpapalain ng Diyos ang kanyang mga tao sa mga huling araw at ibubuhos niya ang kanyang Espiritu sa kanila.**

Ituro at talakayin ang Joel 2; 3:16–17.

Inilarawan ng propetang si Joel ang ilan sa mga kaganapan sa mga huling araw na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito. Inilarawan niya ang pagmamartsa ng isang malaking hukbo na magiging sanhi ng malaking kapahamakan dahil sa kasamaan ng mga tao (Joel 2:1–11). Tinawagan niya ang Israel upang magsisi at bumaling sa Panginoon, nangakong pagigitna sa kanila ang Diyos, at inilarawan sa bandang huli ang tagumpay at pagkatubos ng Israel (Joel 2:12–32).

- Isulat ang *Joel 2:12–32* at *Joel 3:16–17* sa pisara. Hilingin sa mga miyembro ng klase na pagbalik-aralan ang mga talatang ito at hanapin ang mga sagot sa sumusunod na tanong: Anong mga paanyaya ang ipinaabot ng Panginoon sa mga nabubuhay sa mga huling araw?

  Isulat ang salitang *Mga Paanyaya* sa pisara. Habang nagbabanggit ng mga parirala ang mga miyembro ng klase, isulat ang mga susing salita mula sa bawat paanyaya sa pisara. Himukin ang mga miyembro ng klase na markahan ang mga pariralang ito sa kanilang mga banal na kasulatan. Ang sumusunod ay ilang paanyaya na maaaring mabanggit.

  *Mga Paanyaya*

  a. "Magsipanumbalik kayo sa akin ng inyong buong puso" (Joel 2:12).
  b. "Papagdalamhatiin ninyo ang inyong puso" (Joel 2:13, na ang ibig sabihin ay mawindang ang inyong puso o maging mapagpakumbaba).
  c. "Magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Diyos" (Joel 2:13).
  d. "Banalin ang kapisanan" (Joel 2:16).
  e. "Huwag kang matakot, Oh lupain, ikaw ay matuwa at magalak" (Joel 2:21).

- Ano ang ipinahihiwatig ng mga paanyayang ito tungkol sa kahalagahan ng pagbaling sa Panginoon nang buong puso natin? Ano ang maaari nating gawin upang mapabanal ang ating sarili upang maging karapat-dapat tayo sa mga ipinangakong biyaya ng Panginoon?

- Hilingin sa mga miyembro ng klase na muling pagbalik-aralan ang Joel 2:12–32 at Joel 3:16–17, na naghahanap ng mga sagot sa sumusunod na tanong: Anong mga biyaya ang ipinangako ng Panginoon sa mga susunod sa kanya sa mga huling-araw?

  Isulat sa pisara ang salitang *Mga Biyaya*. Habang nagbabanggit ang mga miyembro ng klase ng mga parirala, isulat sa pisara ang mga susing salita mula sa bawat biyaya. Maaari ding naising markahan ng mga miyembro ng klase ang mga pariralang ito sa kanilang mga banal na kasulatan. Ang sumusunod ay ilang biyaya na maaaring mabanggit:

  *Mga Biyaya*

  a. "Ang Panginoon ay maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit; sagana siya sa kagandahang-loob, at ilalayo kayo sa kasamaan" (tingnan sa Joseph Smith Translation, Joel 2:13).
  b. Ang Panginoon ay "nahabag sa kanyang bayan" (Joel 2:18).
  c. Itataboy ng Panginoon ang hukbo ng hilaga (inilalarawan sa mga talata 1–11) tungo sa isang tigang na pook (Joel 2:20).
  d. "Kayo'y magsisikaing sagana, at mangabubusog" (Joel 2:26).
  e. "Ako'y nasa gitna ng Israel, . . . at ang aking bayan ay hindi mapapahiya magpakailan man" (Joel 2:27).
  f. "Ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman" (Joel 2:28; tingnan din sa talata 29).
  g. Bata man o matanda ay magpopropesiya, magsisipanaginip, at makakikita ng mga pangitain (Joel 2:28).
  h. "Ang sinumang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas" (Joel 2:32).
  i. "Ang Panginoon ay aangal mula sa Sion, at palalakasin ang kanyang tinig mula sa Jerusalem" (Joel 3:16).
  j. "Ang Panginoon ay magiging kanlungan sa kanyang bayan" (Joel 3:16).
  k. "Ang Panginoon ay magiging . . . katibayan sa mga anak ni Israel" (Joel 3:16).
  l. "Sa gayo'y inyong malalaman na ako ang Panginoon ninyong Diyos, na tumatahan sa Sion" (Joel 3:17).

- Ano ang itinuturo ng mga biyayang ito tungkol sa pangako ng Panginoon sa kanyang mga pinagtipanang tao? tungkol sa kanyang kapangyarihan sa kapakanan ng kanyang mga Banal? tungkol sa kanyang awa at pagmamahal? tungkol sa ating mga pagkakataon sa mga huling araw?

- Ang pahayag ni Joel na ibubuhos ng Panginoon ang kanyang Espiritu sa lahat ng tao sa mga huling araw (Joel 2:28–29) ay tahasang kabaligtaran ng taggutom na inilarawan ni Amos (Amos 8:11–12). Binanggit ng anghel na si Moroni ang propesiya ni Joel kay Joseph Smith at sinabihan siyang hindi pa ito natutupad ngunit malapit na itong mangyari (Joseph Smith—Kasaysayan 1:41). Anong mga halimbawa ng pagbubuhos na ito ng espiritu ang nakita na ninyo sa buhay ng mga kabataan at may sapat na gulang sa ngayon?

Katapusan

Bigyang-diin na isang dakilang pagpapala ang mabuhay sa mga huling araw, kung kailan marami sa mga propesiya ang natutupad at kung kailan mayroon tayong patnubay ng buhay na propeta. Himukin ang mga miyembro ng klase na pag-aralan nang may panalangin ang mga salita ng buhay na propeta at ipamuhay ang kanyang mga payo.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagiging tiwasay sa Sion**

- Binalaan ni Amos ang mga tao tungkol sa pagiging "tiwasay sa Sion" (Amos 6:1). Ano ang ibig sabihin ng maging matiwasay sa Sion? (Tingnan sa 2 Nephi 28:19–24, 27, 29–30.) Sa anong mga paraan tayo maaaring maging matiwasay sa Sion sa ngayon? Paano natin maiiwasan ito?

**2. "Ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman" (Joel 2:28)**

- Ang lahat ng makabagong imbensiyon sa paglalakbay at komunikasyon ay dumating mula nang maipanumbalik ang ebanghelyo. Paano tumutulong ang mga kaunlarang ito upang matupad ang propesiya sa Joel 2:28–29? Paano pa nakatutulong ang mga kaunlarang ito sa pagpapalaganap ng gawain ng Panginoon sa ating panahon?

  Maaari ninyong naising basahin ang sumusunod na pahayag mula kay Elder Joseph Fielding Smith upang matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang malaking pakinabang sa mga imbensiyong ito sa pagsasagawa ng gawain ng Panginoon:

  "Naniniwala ako na kung walang naging pagpapanumbalik ng ebanghelyo, at hindi itinatag ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay wala ring radyo; walang eroplano, at walang magiging kahanga-hangang pagtuklas sa *medisina*, chemistry, elektrisidad, at marami pang ibang bagay na kung saan ay nakinabang ang daigdig sa gayong mga pagkatuklas. Sa gayong katayuan ang mga pagpapalang ito ay hindi maipagkakaloob, sapagkat ang mga ito ay nabibilang sa Dispensasyon ng Kabuuan ng mga Panahon na kung saan ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo at pagkakatatag ng Simbahan ang bumubuo ng pinakasentro, kung saan nagmumula ang ningning ng Espiritu ng Panginoon na tumatanglaw sa buong daigdig. Ang inspirasyon ng Panginoon ay kumakalat at namamayani sa mga kaisipan ng mga tao, kahit na hindi nila ito alam, at sila ay ginagabayan ng Panginoon. Sa ganitong paraan, sila ay kanyang dinadala sa paglilingkod sa kanya upang ang kanyang mga layon at kanyang kabutihan, sa takdang panahon, ay mangibabaw sa lupa.

  " . . . Kahit isang saglit ay hindi ko pinaniniwalaan na ang mga pagkatuklas na ito ay nagkataong nangyari lamang, o na naganap ang mga ito dahil sa labis na katalinuhang taglay ng mga tao sa ngayon kaysa sa mga taong nabuhay noong mga nakaraang panahon. Dumating sila at dumarating pa dahil ang daigdig ay handa na, dahil niloob ito ng Panginoon, at dahil ibinuhos niya ang kanyang Espiritu sa lahat ng laman" (sa Conference Report, Okt. 1926, 117).

# Ang Kaluwalhatian ng Sion ay Magiging Pananggalang

Aralin **36**

*Isaias 1–6*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na iwasan ang mga kasamaan ng daigdig sa pamamagitan ng pagtayo sa mga banal na lugar at tulungan silang makakuha ng lakas mula sa kahandaan ni Isaias na maglingkod.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata mula sa Isaias 1–6 na tinatalakay sa araling ito.
2. Karagdagang babasahin: 2 Nephi 11.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipaliwanag na madalas ay maraming beses na inuulit ng Panginoon ang iisang ideya sa kabuuan ng mga banal na kasulatan. Isulat ang mga sumusunod na sanggunian sa pisara at hilingin sa mga miyembro ng klase na tuklasin kung anong payo ang ibinigay ng Panginoon upang tulungan tayong mapagtiisan ang mga pagsubok sa mga huling araw:

Doktrina at mga Tipan 45:32
Doktrina at mga Tipan 87:8
Doktrina at mga Tipan 101:22

Isulat sa pisara ang *"Tumayo kayo sa mga banal na lugar at huwag matinag."*

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pariralang ito? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagiging karapat-dapat sa lahat ng oras, pagnanais na madalas na magpunta sa mga banal na lugar, pagpiling huwag magpunta sa hindi banal na lugar, pagtitiwalang gagabayan kayo ng Diyos, at pagtatanggol sa katotohanan at kabanalan.)

Ipaliwanag na sa araling ito ay matutuklasan ng mga miyembro ng klase kung bakit ipinag-utos ng Panginoon sa atin na tumayo sa mga banal na lugar at kung anu-ano ang banal na lugar na ito.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

"Dakila ang mga salita ni Isaias," ang pahayag ng Tagapagligtas habang inuutusan niya ang mga Nephita na saliksikin ang mga propesiya ni Isaias (3 Nephi 23:1).

Ang mga propesiya ni Isaias ay mas madalas banggitin sa Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan kaysa sa mga salita ng ibang mga propeta. Nagpropesiya siya ng maraming bagay tungkol sa misyon ng Tagapagligtas sa mundo, tungkol sa kapahamakan na magiging kasunod ng kasamaan ng Israel, at tungkol sa misyon at tadhana ng Israel sa mga huling araw.

**1. Inilarawan ni Isaias ang katayuan ng daigdig sa mga huling araw.**

- Marami sa mga babala at propesiya ni Isaias ay naaangkop kapwa sa kanyang kapanahunan, na panahon ng labis na kasamaan, at sa ating panahon. Paano nangyayari sa daigdig ngayon ang mga kalagayang inilarawan sa sumusunod na mga banal na kasulatan? (Maaari ninyong naising isulat ang mga sanggunian sa pisara at ipahanap ang mga ito sa mga miyembro ng klase.)

  a. Isaias 1:3–5 (Paghihimagsik laban sa Panginoon)
  b. Isaias 1:11–15 (Mga seremonya ng relihiyon na walang kabuluhan o pananampalataya)
  c. Isaias 2:7–8 (Pagsamba sa mga bagay ng daigdig at kaligtasan sa militar sa halip na sa Panginoon; alalahanin na ang mga kabayo at karuwahe ang ginamit bilang kagamitan sa digmaan noong mga unang panahon)
  d. Isaias 2:11–12 (Kapalaluan)
  e. Isaias 3:5 (Pagmamalupit sa ibang tao at kabiguang igalang ang mga nakatatanda)
  f. Isaias 3:9 (Hindi ikinahihiya ang kasalanan)
  g. Isaias 3:14–15 (Pagsasamantala sa mahihirap at pagkabigong kalingain sila)
  h. Isaias 3:16–24 (Pagbibigay-diin sa panlabas na pisikal na kagandahan kahit na nakataya ang kabutihan at mabuting pagkatao)
  i. Isaias 5:8 (Kasakiman sa paghahangad na magkamit ng maraming-maraming materyal na bagay)
  j. Isaias 5:11–12 (Palagiang paghahangad ng makamundong kasiyahan sa halip na hangarin ang Panginoon at ang kanyang gawain)
  k. Isaias 5:20 (Pagsasabing ang masasamang bagay ay mabubuti at ang mabubuting bagay ay masasama)
  l. Isaias 5:21 (Pagtitiwala sa sarili sa halip na sa Diyos)
  m. Isaias 5:24 (Paghamak sa mga kautusan at salita ng Diyos)

- Paano natutupad ang mga propesiyang ito sa ngayon? (Tingnan ang karagdagang ideya sa pagtuturo para sa dagdag na talakayan ng ilan sa mga propesiyang ito.)

**2. Pinayuhan ni Isaias ang mga matapat na tumayo sa mga banal na lugar.**

- Anong mga lugar ang nag-aalok ng kaligtasan mula sa mga makamundong kalagayan na binanggit ni Isaias? Ano ang tatlong banal na lugar na binanggit sa Isaias 4:5–6?

  a. Bawat lugar na tinitirhan sa bundok Sion (mga tahanan)
  b. Mga pagtitipon (mga istaka, purok, at sangay; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 115:5–6)
  c. Tabernakulo (mga templo)

- Paano magiging banal na lugar ang isang tahanan na nag-aalok ng kanlungan mula sa kasamaan ng daigdig? Paano magiging mga banal na lugar at

kanlungan ang mga istaka, purok, at sangay? Paano magiging banal na lugar at kanlungan ang isang templo? Paano nakatulong ang tatlong banal na lugar na ito sa pagsasanggalang sa inyo laban sa mga kasamaan ng daigdig?

Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang *Tumayo sa mga Banal na Lugar* at pagkatapos ay isulat sa ibaba nito ang *1. Mga tahanan*; *2. Mga Istaka, Purok, at Sangay*; at *3. Mga Templo*. Isulat ang mga puna ng mga miyembro ng klase sa ibaba ng bawat pang-ulo.

- Anong mga pananalita ang ginamit sa Isaias 4:5–6 upang mailarawan kung paano tayo mapapangangalagaan ng mga banal na lugar na ito?

  a. "Lilim sa kaarawan laban sa init"
  b. "Isang kanlungan"
  c. "Isang kublihan [lugar na pagtataguan o silungan] sa bagyo at sa ulan"

- Marami sa mga isinulat ni Isaias ang kasama rin sa Aklat ni Mormon. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang 2 Nephi 14:5 upang matuklasan kung ano ang mga salitang idinagdag sa Isaias 4:5. (Ang mga salita ng *Sion* ay idinagdag.) Ano ang idinaragdag ng mga salitang ito sa ating pagkaunawa sa talatang ito?

- Anong mga propesiya tungkol sa mga templo sa mga huling araw ang kasama sa Isaias 2:2–3? (Maraming tao ang magpupunta sa tahanan ng Diyos, na siyang templo, at magnanais na matutuhan ang mga kautusan ng Diyos at lumakad sa kanyang mga landas.) Bakit kaya sa palagay ninyo inilarawan ni Isaias ang templo bilang isang "bundok ng Panginoon"? (Ang mga sinaunang propeta kadalasan ay nagpupunta sa mga bundok upang makipag-usap at tumanggap ng payo mula sa Panginoon. Doon ay ipinahayag niya ang mga bagay-bagay sa kanila. Magkakaroon din tayo ng gayong mga karanasan sa templo sa ngayon.)

**3. Inilarawan ni Isaias ang pagtitipon ng Israel sa mga huling araw.**

Sa Isaias 5:26–29 ay inilarawan ni Isaias ang pagtitipon ng Israel sa mga huling araw. Ang sagisag na itinataas ay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang ibig sabihin ng "sutsutan" ay sipulan o tawagin, na sumasagisag sa paanyaya sa mga bansa ng mundo na magtipon sa Simbahan. Ang pagtitipong ito ay magiging mabilis at makapangyarihan.

- Paano natutupad sa ngayon ang propesiya na ang lahat ng bansa ay matitipon sa Simbahan? (Ang mga misyonero ay nagtutungo sa buong daigdig upang ituro ang ebanghelyo at tipunin ang mga tao sa katotohanan.) Ano ang maaaring gawin ng bawat isa sa atin upang tumulong sa pagsasakatuparan ng propesiyang ito?

**4. Si Isaias ay maluwag sa loob na tumugon sa kanyang tawag na maging propeta.**

Tinawag ng Panginoon si Isaias na maging isang propeta sa pamamagitan ng isang pangitain kung saan nakita ni Isaias ang Panginoon sa kanyang kaluwalhatian. Ang pangitaing ito ay nakatala sa Isaias 6.

- Paano inilarawan ni Isaias ang kaluwalhatian ng Panginoon? (Tingnan sa Isaias 6:1–4.) Ano ang naging tugon ni Isaias nang makita niya ang

Panginoon? (Tingnan sa Isaias 6:5. Nadama ni Isaias na hindi siya karapat-dapat sa harapan ng Panginoon.) Paano ipinakita ng Panginoon sa pamamagitan ng sagisag na si Isaias ay malinis sa kanyang harapan? (Tingnan sa Isaias 6:6–7.) Paano tumugon si Isaias nang tawagin siya ng Panginoon na maging propeta? (Tingnan sa Isaias 6:8.)

- Sa pagtanggap sa kanyang tungkulin ay ginamit ni Isaias ang mga salitang ginamit din ng Tagapagligtas nang tanggapin Niya ang pananagutang isakatuparan ang plano ng ating Ama sa Langit para sa kaligtasan ng kanyang mga anak (Abraham 3:27). Ano ang ilang situwasyon na kung saan ay kakailanganin din nating sagutin ang Panginoon na gamit ang mga salita ding iyon? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng kapag natatawag tayo sa misyon, kapag nahihilingan tayong maglingkod sa Simbahan, at kapag hinihiling sa atin na pagtiisan ang mahihirap na pagsubok.)
- Maraming kabanata ng Isaias ang nakatala sa Aklat ni Mormon, kabilang ang mga kabanata 2 hanggang 6. Anong mga dahilan ang ibinigay ng propetang si Nephi sa pagsasali ng mga isinulat ni Isaias sa kanyang talaan? (Tingnan sa 2 Nephi 11:8.)
- Aling mga mensahe mula sa mga kabanatang ito mula sa Isaias ang nagpapagalak sa inyo? Aling mga mensahe mula sa mga kabanatang ito ang nadarama ninyong pinakamahalagang ihalintulad sa inyong sarili?

---

Katapusan

Ang mga salita ni Isaias ay nagtuturo sa atin ng maraming bagay tungkol sa mga huling araw. Kung pag-aaralan ang payo ni Isaias, tayo ay matututong tumayo sa mga banal na lugar at maiiwasan ang mga kasamaan ng daigdig. Sa pagsunod sa kanyang halimbawa, tayo ay magiging mas handang tagapaglingkod ng ating Ama sa Langit.

---

**Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ito bilang bahagi ng aralin.

**Dagdag na talakayan tungkol sa mga propesiya ni Isaias sa Isaias 1–6**

*Paggawa na katanggap-tanggap sa Panginoon ng ating mga gawaing pangrelihiyon*

- Sang-ayon sa Isaias 1:11, 16–17, bakit hindi katanggap-tanggap sa Panginoon ang mga hain ng mga Israelita? (Kahit na sinikap ng mga Israelita na maging relihiyoso sa panlabas na kaanyuan, ang kanilang mga puso ay malayo sa Diyos. Tingnan din sa Mateo 5:23–24; Moroni 7:6–9.) Bakit sinisikap ng ilang tao na maging tila relihiyoso sa panlabas na kaanyuan kahit na ang kanilang mga puso ay malayo sa Diyos? Bakit nakakasakit ng damdamin ng Diyos ang ganitong uri ng pagkukunwari?

*Ang mga biyaya ng pagpapatawad*

- Si Isaias ay nagbigay ng dalawang magagandang paglalarawan na nakatutulong sa atin upang maunawaan kung gaano lubos na patatawarin ng Panginoon ang mga nagsisisi. Sinabi niyang, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niyebe; bagaman maging

mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa" (Isaias 1:18). Paano tayo matutulungan ng mga paglalarawang ito kapag tayo ay nagkasala at nadama na malayo sa Panginoon? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 58:42.)

*Pag-iwas sa makamundong kaanyuan*

- Sinabi ni Elder Joseph Fielding Smith na ang propesiya sa Isaias 3:16–24 ay nakapatungkol sa mga miyembro ng Simbahan sa ngayon at "nakapatungkol sa mga lalaki at gayundin sa mga babae" (*Answers to Gospel Questions*, tinipon ni Joseph Fielding Smith Jr., 5 tomo [1957–66], 5:174). Paano maaaring maipakita o maimpluwensiyahan ng uri ng ating pananamit ang ating espirituwal na kapakanan? Ano ang ibig sabihin ng manamit nang disente? Ano ang mga panganib ng labis na pag-aalala tungkol sa ating pananamit at pansariling kaanyuan? (Tingnan sa Alma 31:27–28.) Paano natin matuturuan ang mga bata na iwasan ang maging makamundo sa kaanyuan?

*Pagtawag sa masama na mabuti at sa mabuti na masama*

- Bakit nawala ang kakayahan ng Israel na makilala ang mabuti at masama? (Tingnan sa Isaias 5:20.) Sa anong mga paraan tinatawag ng mga tao sa ngayon ang masama na mabuti at ang mabuti na masama? Ano ang maaari nating gawin upang matiyak na nalalaman natin ang pagkakaiba ng mabuti at masama? (Tingnan sa 2 Nephi 32:5; Doktrina at mga Tipan 45:57.)

*"Pantas sa kanilang sariling mga mata"*

- Ano ang ibig sabihin ni Isaias nang balaan niya ang mga tao na huwag maging "pantas sa kanilang sariling mga mata, at mabait sa kanilang sariling paningin"? (Isaias 5:21). Ano ang nagiging sanhi ng problemang ito? Bakit ito mapanganib? Paano tayo makaiiwas dito?

*"Laging nakaunat ang kanyang kamay"*

- Anong mensahe ang binigyang-diin ni Isaias sa Isaias 5:25, 9:12, 9:17, 9:21, at 10:4? Bakit mahalaga ang mensaheng ito? Paano ninyo nalaman ang katotohanan ng mensaheng ito?

Aralin
# 37 "Sapagkat Ikaw ay Gumawa ng Kagila-gilalas na Bagay"

*Isaias 22; 24–26; 28–30*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagkilala sa ilang kahanga-hangang bagay na kanyang ginawa.

**Paghahanda**

Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

a. Isaias 22:22. Ang Tagapagligtas ang nagbukas ng pintuan patungo sa kinaroroonan ng Ama sa Langit.
b. Isaias 24:21–22. Ang Tagapagligtas ay nagpakita ng habag sa mga nasa bilangguan ng mga espiritu.
c. Isaias 25:1–4; 32:1–2. Ang Tagapagligtas ay kalakasan at kanlungan.
d. Isaias 25:6–9. Ang Tagapagligtas ay maghahanda ng piging at sisirain ang "lambong."
e. Isaias 25:8. Papahirin ng Tagapagligtas ang ating mga luha.
f. Isaias 26:19. Ang Tagapagligtas ang magdudulot ng Pagkabuhay na Mag-uli.
g. Isaias 28:16. Ang Tagapagligtas ang ating tiyak na saligan.
h. Isaias 29:4, 9–14, 18, 24. Ipanunumbalik ng Tagapagligtas ang ebanghelyo sa mundo.
i. Isaias 30:19–21. Alam ng Tagapagligtas ang ating mga pagsubok at pinapatnubayan ang ating mga landas.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Sabihin sa mga miyembro ng klase ang tungkol sa isang miyembro ng mag-anak o kaibigan na may nagawang kahanga-hangang bagay para sa iyo. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pag-usapan ang tungkol sa mga taong nakagawa ng mga kahanga-hangang bagay para sa kanila. Hilingin sa kanila na maikling ilarawan ang kanilang damdamin tungkol sa mga taong iyon. Ipaliwanag na bibigyang-diin ng araling ito ang ilan sa mga kahanga-hangang bagay na nagawa ng Tagapagligtas.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Ipaliwanag na karamihan sa mga turo ng propetang Isaias ay ginawa niya sa makahulugang pananalita. Ang pananalitang ito ay hindi tuwiran ang

pagtuturo, kaya kailangan nating suriin at isiping mabuti ang mga salita ni Isaias upang matuklasan ang mga katotohanan na itinuturo ng mga ito.

Ang ilan sa mga pinakamaganda at malalim na makahulugang pananalita ni Isaias ay tungkol sa Tagapagligtas, na siyang pinagtutuunan ng araling ito. Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang *"Ang Kanyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha"* (Isaias 9:6). Habang tinatalakay ninyo ang mga sumusunod na propesiya tungkol sa Tagapagligtas, ibuod ang bawat isa sa mga ito sa pisara.

**1. Ang Tagapagligtas ang nagbukas ng pintuan patungo sa kinaroroonan ng Ama sa Langit.**

Talakayin ang Isaias 22:22.

- Sinasabi sa Isaias 22:22 na ang Mesiyas ang may "katungkulan sa sangbahayan ni David." Ito ay masagisag na paraan ng pagsasabing ang Tagapagligtas ang may kapangyarihang magpapasok o magpalayas ng sinuman sa kinaroroonan ng Ama sa Langit. (Tingnan din sa Apocalipsis 3:7–8; 2 Nephi 9:41.) Ano ang ginawa ng Tagapagligtas upang buksan ang pintong ito para sa atin? Ano ang kailangan nating gawin upang makapasok? (Tingnan sa 2 Nephi 9:45.)

**2. Ang Tagapagligtas ay nagpakita ng awa sa mga nasa bilangguan ng mga espiritu.**

Talakayin ang Isaias 24:21–22.

- Anong bilangguan ang tinutukoy sa Isaias 24:21–22? (Ang bilangguan ng mga espiritu, ang lugar kung saan ang mga espiritu ng ilang namatay na tao ay nagpupunta samantalang naghihintay ng Pagkabuhay na Mag-uli.) Bakit nasa bilangguan ng mga espiritu ang mga espiritu ng ilang taong namatay na? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:32. Ang ilan sa kanila ay hindi tinanggap ang ebanghelyo sa lupa, at ang ilan ay hindi naging matatag sa kanilang mga patotoo.)
- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas para sa mga espiritung nasa bilangguan? (Tingnan sa Isaias 42:5–7; Doktrina at mga Tipan 138:29–37. Bumuo siya ng puwersa sa mga matwid na espiritu upang magturo sa kanila ng ebanghelyo.) Paano ipinakita nito ang pagmamahal at pagkamaawain ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Isaias 49:9–10.)

**3. Ang Tagapagligtas ay kalakasan at kanlungan.**

Talakayin ang Isaias 25:1–4; 32:1–2.

- Isinulat ni Isaias ang pagpapatatag ng Tagapagligtas sa atin sa oras ng mga unos, bagyo, disyerto, at mainit na panahon ng ating buhay. Ano ang itinuturo ng mga ideyang ito tungkol sa kung paano tayo tinutulungan ng Tagapagligtas kapag nahaharap tayo sa gayong mga hamon?

  a. Siya ay isang silungan sa bagyo (Isaias 25:4).
  b. Siya ay lilim sa init (Isaias 25:4).
  c. Siya ay kublihang dako sa hangin (Isaias 32:2).
  d. Siya ay kanlungan sa bagyo (Isaias 32:2).

e. Siya ay mga ilog ng tubig sa tuyong dako (Isaias 32:2).
f. Siya ay lilim ng malaking bato sa kinapapagurang (nakauuhaw) lupain (Isaias 32:2).

**4. Ang Tagapagligtas ay maghahanda ng piging at sisirain ang "lambong."**

Talakayin ang Isaias 25:6–9.

- Ang isang pakahulugan ng Isaias 25:6–7 ay na ang isang bundok ay sumasagisag sa templo (tingnan din sa Isaias 2:2; Doktrina at mga Tipan 58:8–9). Ano ang piging na binabanggit sa Isaias 25:6? (Piging ng mga salita at turo ni Cristo.) Paano magiging tila isang piging ang pagdalo sa templo?

- Ang lambong ay isang manipis na pantabing. Sa makahulugang pananalita ito ay kadalasang sumasagisag sa kawalan ng paniniwala na humahadlang sa mga tao sa tunay na paglapit kay Cristo (Moises 7:26). Paano masisira ang "lambong" na nakatakip sa mundo? (Tingnan sa Isaias 25:7–9.)

**5. Papahirin ng Tagapagligtas ang ating mga luha.**

Talakayin ang Isaias 25:8.

- Ano ang ginagawa ninyo kapag ang isang minamahal ninyo ay umiiyak? Paano "papahirin ng Tagapagligtas ang ating mga luha"? (Imungkahi na ilarawan ng mga miyembro ng klase sa kanilang isipan na pinapahiran ng isang magulang ang mga luha sa pisngi ng isang anak. May damdamin ng pagiging malapit sa isa't isa ang tagpong ito. Ito ay magiliw na pagpapahayag na pinagsasaluhan lamang ng mga taong taos-pusong nagmamahalan at nagtitiwala sa isa't isa.)

- Ano ang mga kalagayang binabanggit sa Apocalipsis 21:4 na nagiging sanhi ng mga luha? Paano papahirin ng Tagapagligtas ang mga luha na ibinunga ng mga kalagayang ito?

**6. Ang Tagapagligtas ang magdudulot ng Pagkabuhay na Mag-uli.**

Talakayin ang Isaias 26:19.

- Nagpropesiya si Isaias na kapag dumating ang Mesiyas, siya ay mamamatay at mabubuhay na mag-uli (Isaias 25:8). Sino pa ang mabubuhay na mag-uli? (Tingnan sa Isaias 26:19; I Mga Taga Corinto 15:20–22; Alma 11:43–44. Ang lahat ng anak ng Diyos na nabuhay sa mundo ay mabubuhay na mag-uli.) Ano ang ipinahihiwatig ng Isaias 26:19 tungkol sa madarama natin kapag tayo ay nabuhay nang mag-uli? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:12–16, 50.)

  Sinabi ng Propetang si Joseph Smith na: "Kapag ang tinig ay nagtawag na para bumangon ang mga patay, . . . ano ang magiging unang kagalakan ng aking puso? Ang makita ang aking ama, aking ina, aking mga kapatid na babae at lalaki; at kapag nasa tabi ko na sila, yayakapin ko sila at gayundin sila sa akin" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 295–96).

**7. Ang Tagapagligtas ang ating tiyak na saligan.**

Talakayin ang Isaias 28:16.

- Ano ang sinasabi sa atin ni Isaias tungkol sa Tagapagligtas sa pagtukoy sa kanya bilang "subok na bato"? (tingnan sa Mosias 3:17.) Paano naging "ating tiyak na saligan" si Jesucristo? (Tingnan sa Helaman 5:12.) Ano ang maaari nating gawin upang makapagtatag sa saligang ito? Ano ang ipinapangako ng Panginoon kung makapagtatatag tayo sa saligang ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:44.)

**8. Ipanunumbalik ng Tagapagligtas ang ebanghelyo sa mundo.**

Talakayin ang Isaias 29:4, 9–14, 18, 24.

- Ano ang nakini-kinita ni Isaias tungkol sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw? (Tingnan sa Isaias 29:4, 9–14. Nakini-kinita niya na ito ay darating sa panahon ng espirituwal na kadiliman. Nakinita din niya ang paglitaw ng Aklat ni Mormon.)

  Paghambingin ang mga sumusunod na talata sa Isaias 29 sa kaukulang mga talata sa Aklat ni Mormon, Mahalagang Perlas, at Doktrina at mga Tipan upang makita kung paano natupad ang ilan sa mga propesiya ni Isaias:

| | |
|---|---|
| a. Isaias 29:4 | Moroni 10:27 |
| b. Isaias 29:9–10, 13 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:18–19 |
| c. Isaias 29:11–12 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:63–65 |
| d. Isaias 29:14 | Doktrina at mga Tipan 4:1; 6:1 |

- Binanggit ni Isaias ang mga taong lumalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng kanilang mga bibig samantalang ang kanilang mga puso ay malayo sa Kanya (Isaias 29:13). Paano tayo makatitiyak na malapit tayo sa Panginoon sa ating mga isipan at kilos at gayundin sa ating mga salita?

- Sinabi ni Isaias na ang Aklat ni Mormon ay makatutulong sa mga espirituwal na bingi at bulag upang makarinig at makakita (Isaias 29:18, 24). Paano natupad ang propesiyang ito? Paano kayo natulungan ng Aklat ni Mormon na makakita at makarinig nang mas mabuti sa espirituwal?

**9. Alam ng Tagapagligtas ang ating mga pagsubok at pinapatnubayan ang ating mga landas.**

Talakayin ang Isaias 30:19–21.

- Ano ang itinuturo ng Isaias 30:19–21 tungkol sa paghihirap? Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa gagawin para sa atin ng Tagapagligtas kapag dumarating ang paghihirap? (Tingnan din sa Alma 37:37.)

---

Katapusan

Ibigay ang inyong patotoo tungkol sa Tagapagligtas, na ipinahahayag ang inyong pasasalamat sa mga kahanga-hangang bagay na ginawa niya para sa atin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagbalik-aralan ang listahan na nasa pisara at ipahayag ang kanilang damdamin kapag naiisip nila ang tungkol sa

mga bagay na ito. Talakayin kung ano ang magagawa natin bilang kapalit. (Tingnan sa Isaias 35:3–4 para sa ilang mungkahi.) Maaari din ninyong naising ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Ako'y Namangha" (*Mga Himno*).

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mga bagay na sumasagisag sa ilan sa mga paglalarawan ni Isaias**

Mag-*display* ng iba't ibang bagay o larawan na sumasagisag sa ilang paglalarawan ni Isaias, tulad ng isang susi, bato, o larawan ng lilim sa disyerto, habang tinatalakay ninyo ang mga paglalarawang ito.

**2. Musika mula sa *The Messiah* ni Handel**

Patugtugin ang "For Unto Us a Child Is Born," ang musikal na pagkakatugtog ng Isaias 9:6 mula sa *Messiah* ni George Frideric Handel.

**3. "Ang Dantay ng Kamay ng Maestro"**

Kung may makukuhang *Gabing Pantahanan ng Mag-anak Karagdagang Video 2* (5x736 893), maaaring naisin ninyong ipalabas ang "Ang Dantay ng Kamay ng Maestro," isang 18 minutong yugto, bilang bahagi ng aralin.

# “Liban sa Akin ay Walang Tagapagligtas”

Aralin
38

*Isaias 40–49*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na si Jesucristo ay walang kapantay sa kanyang debosyon sa kanyang mga tao at na may dakila siyang gawaing ipagagawa sa kanila.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata mula sa Isaias 40–49 na tinatalakay sa araling ito.

2. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, isulat ang mga sumusunod na siping-banggit sa isang poster o sa pisara bago magklase:

   a. “Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo?” (Mateo 22:42).
   b. “Maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?” (3 Nephi 27:27).
   c. “Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao? . . . Ano ang sabi ninyo kung sino ako?” (Mateo 16:13, 15).
   d. “Sinumang sa Panginoon ang kiling?” (Exodo 32:26).
   e. “Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha?” (Alma 5:14).

3. Kung may makukuhang *Gabing Pantahanan ng Mag-anak Karagdagang Video 2* (5x736 893), maaari ninyong naising ipalabas ang limang minutong yugto na “Ano ang Palagay Ninyo kay Cristo?” bilang bahagi ng aralin.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ituro sa mga miyembro ng klase ang mga siping-banggit na inyong isinulat sa isang poster o sa pisara (tingnan sa “Paghahanda” sa itaas). Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang magkakatulad sa mga siping-banggit na ito? (Ang lahat ng ito ay mga tanong mula sa mga banal na kasulatan na tumutulong sa atin na timbangin ang ating patotoo tungkol sa Tagapagligtas at ang ating taimtim na pangakong magiging kanyang mga disipulo.) Bakit sa palagay ninyo napakarami ng mga tanong na tulad ng mga ito sa mga banal na kasulatan?

Ipaliwanag na bahagi ng araling ito ay nakatuon sa mga tanong sa banal na kasulatan na nagbibigay-diin sa kadakilaan ng Tagapagligtas.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay.

Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga pansariling karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Itinuro ni Isaias na ang Tagapagligtas ay walang kapantay.**

- Sa pamamagitan ni Isaias, ang Panginoon ay paulit-ulit na nagtanong ng isang tanong sa iba't ibang paraan. Ano ang itinatanong sa bawat isa sa mga sumusunod na talata?

  a. Isaias 40:18 ("Kanino nga ninyo itutulad ang Diyos?")
  b. Isaias 44:8 ("May Diyos baga liban sa akin?")
  c. Isaias 46:5 ("Kanino ninyo ako itutulad, at ipaparis, at iwawangis ako, upang kami ay magkagaya?")

- Ano ang magkakatulad sa mga naunang tanong na ito? (Itinuturo ng lahat ng ito na ang Tagapagligtas ay nakahihigit kanino mang tao o bagay na ihahambing natin sa kanya.) Paano ninyo sasagutin ang mga tanong na ito? Paano sinagot ang mga ito sa aklat ni Isaias? (Tingnan ang mga talatang nakatala sa ibaba, na pinapansin na sa bawat kalagayan ang Panginoon ay nakikipag-usap sa mga taong sumasamba sa mga diyus-diyosan na gumawa ng kanilang sariling huwad na mga diyos ng pilak at ginto.)

  a. Isaias 43:11 ("Liban sa akin ay walang tagapagligtas.")
  b. Isaias 44:6 ("Liban sa akin ay walang Diyos.")
  c. Isaias 45:5 ("Liban sa akin ay walang Diyos"; tingnan din ang mga talata 6, 14, 18, 21–22.)
  d. Isaias 46:9 ("Ako'y Diyos, at walang gaya ko.")

- Bakit sa palagay ninyo inulit nang maraming beses ang mga tanong at sagot na ito sa aklat ni Isaias? Paano naaangkop ang mga tanong at sagot na ito sa ating panahon?

**2. Inilarawan ni Isaias ang mga walang kapantay na katangian ng Tagapagligtas.**

- Itinuro ni Propetang Joseph Smith na kailangan natin ang "isang *tumpak* na ideya tungkol sa pag-uugali, mga kaganapan at katangian ng [Diyos] upang sumampalataya tayo sa Kanya (*Lectures on Faith* [1985], 38). Si Isaias ay nagbigay ng maraming magagandang paglalarawan tungkol sa pag-uugali at mga katangian ng Tagapagligtas. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang ilan sa mga nakalistang talata sa ibaba at talakayin ang sumusunod na mga tanong: Aling katangian ng Tagapagligtas ang binabanggit sa talata? Paano nakatutulong sa paglago ng ating pananampalataya sa Tagapagligtas ang pagkakaalam sa katangiang ito? Maaari ninyong naising isulat ang mga katangiang ito sa pisara.

  a. Isaias 40:13–14 (Walang sinumang nagpapayo o nagtuturo sa kanya.)
  b. Isaias 40:28–31 (Siya ay hindi napapagod kailanman; binibigyan niya tayo ng kalakasan.)
  c. saias 40:12, 21–22, 26; 45:12, 18 (Siya ang nagplano at lumikha sa sansinukob at alam niya ang bawat bahagi nito.)
  d. Isaias 41:17–18 (Pinakikinggan niya tayo kapag may problema tayo at pinagpapala tayo nang masagana.)

e. Isaias 42:1, 4 (Hindi siya mabibigo ni masisiraan ng loob hanggang sa matupad ang kanyang mga layunin.)
f. Isaias 42:16 (Tinatanglawan niya at itinutuwid ang landas ng kanyang mga tao na naliligaw.)
g. Isaias 43:1–4 (Tutulungan niya ang kanyang mga tao sa kanilang mga pagsubok.)
h. Isaias 43:25–26; 44:21–23 (Binubura niya ang ating mga kasalanan at hindi na inaalala ang mga ito kailanman.)
i. Isaias 44:2–4 (Ibinubuhos niya ang kanyang Espiritu sa ating mga mag-anak na tulad ng tubig sa tuyong lupa.)
j. Isaias 46:3–4 (Dinadala niya ang kanyang mga tao mula sa pagsilang hanggang sa katandaan.)
k. Isaias 49:14–16 (Hindi niya tayo kailanman kalilimutan. Tayo'y "nakaukit" sa mga palad ng kanyang mga kamay.)

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga karanasan na nakapagpalakas ng kanilang mga patotoo tungkol sa alinman sa mga katangiang ito ng Tagapagligtas.

**3. Ang daigdig (Babilonia) ay nakikipagpaligsahan sa Tagapagligtas para sa ating debosyon.**

- Kanino nakapatungkol ang Isaias 47? (Tingnan ang talata 1. Ang Babilonia ay isang makapangyarihang lungsod ng sinaunang daigdig na winasak dahil sa kasamaan nito. Sa mga banal na kasulatan, ang Babilonia ay kadalasang ginagamit bilang sagisag ng kasamaan ng daigdig.)

- Sa kabanata 47, si Isaias ay nagbabala na ang Babilonia ay wawasakin dahil sa kasamaan nito. Ang mga babalang ito ay maaari ding itulad sa magiging pagkawasak ng daigdig at ng kasamaan nito. Ano ang itinuturo ng mga sumusunod na talata tungkol sa mga bunga ng paghahangad sa masasamang gawain ng daigdig?

  a. Isaias 47:1, 5 (Ang daigdig ay magiging alikabok at magiging tahimik at magdidilim.)
  b. Isaias 47:7–9 (Sa kabila ng pagpapalagay na ang daigdig na ito ay hindi magagapi, ito ay mawawasak at mawawala dito ang mga bagay na pinakamahahalaga, na isinasagisag ng pagkawala ng asawang lalaki at ng mga anak.)
  c. Isaias 47:10–11 (Dahil ipinapahayag ng daigdig na ito ay mas dakila kaysa Diyos, ang kapanglawan ay darating dito.)

- Sa Isaias 47:8, 10, ano ang inaangkin ng Babilonia (ang daigdig) na katulad ng pahayag ng Tagapagligtas tungkol sa kanyang sarili? ("Ako nga, at walang iba liban sa akin.") Ano ang maihahandog ng daigdig kung ihahambing sa inihahandog ng Tagapagligtas? Bakit napakaraming tao ang nagbibigay ng kanilang debosyon sa daigdig sa halip na sa Tagapagligtas? Paano natin matutulungan ang iba na makita kung ano ang inihahandog ng Tagapagligtas?

- Sa Isaias 48:17–18, ang Panginoon ay nangako ng mga dakilang pagpapala sa mga naghahangad sa kanya sa halip na sa daigdig. Ano ang ipinadarama sa

inyo ng mga pangakong ito tungkol sa pagsunod sa Tagapagligtas nang buong puso ninyo?

**4. Inilarawan ni Isaias ang misyon ng Israel sa mga huling araw.**

- Ang Isaias 49 ay naglalaman ng maraming propesiya tungkol sa misyon ng Israel sa mga huling araw. Ang mga propesiyang ito ay makatutulong sa atin upang maunawaan ang mahalagang gawaing ipinagagawa ng Panginoon sa bawat isa sa atin. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang ilan sa mga talatang nakatala sa ibaba at talakayin ang sumusunod na tanong: Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa ating mga pananagutan sa mga huling araw na ito? (Alalahanin na marami sa mga propesiya ang angkop kapwa sa gawain ng Tagapagligtas at gayundin sa gawain ng kanyang mga tagapaglingkod, ang sambahayan ni Israel [Isaias 49:3].)

    a. Isaias 49:1, 5. "Tinawag ako ng Panginoon mula sa bahay-bata." (Tinawag tayo mula sa pagsilang upang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon sa mga huling araw; tingnan din sa Jeremias 1:5.)
    b. Isaias 49:2. "Kanyang ginawa ang aking bibig na parang matalas na tabak." (Ang paglalarawang ito ay nagpapahiwatig ng pagsasalita ng mga makapangyarihang salita ng katotohanan—ang mga salita ng Panginoon; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 6:2.)
    c. Isaias 49:2. "Sa lilim ng kanyang kamay ay ikinubli niya ako." (Tayo ay pinangalagaan at inihanda ng Panginoon para sa ating dakilang mga pananagutan; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 86:9.)
    d. Isaias 49:2. "Ginawa niya akong makinang na pana." (Ang mga palaso na may makinang na pana ay lilipad nang diretso at wasto. Tayo ay pinakinang at inihanda ng Panginoon upang lumipad nang diretso at wasto saan man niya tayo isugo.)
    e. Isaias 49:6. "Ikaw ay maging aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa." (Hinilingan ng Panginoon ang kanyang mga tagapaglingkod na ibangon at ipanumbalik ang mga labi ng Israel at maging liwanag sa mga Gentil. Sa ganitong paraan ay makatutulong tayo sa pagdadala ng kaligtasan sa mga hangganan ng lupa; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 86:8–11.)

---

Katapusan

Magpatotoo na ang mga isinulat ni Isaias ay makatutulong sa atin upang madagdagan ang ating pagmamahal sa Tagapagligtas at magkaroon ng dagdag na pang-unawa sa gawaing nais niyang ipagawa sa atin. Maaari ninyong naising anyayahan ang mga miyembro ng klase o isang maliit na pangkat na awitin ang "Dakila Ka" (*Mga Himno*) o ang "Kaytibay na Saligan" (*Mga Himno*).

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mga sagisag na ginamit ni Isaias**

- Paulit-ulit na ginamit ni Isaias ang pagiging bulag bilang sagisag ng kasamaan at espirituwal na kamangmangan (Isaias 29:10, 18; 32:3; 42:6–7, 16–18; 43:8; 44:9). Habang inyong pinag-iisipang mabuti ang mga talatang ito, alalahanin

na madalas ipahayag ng Tagapagligtas na siya ang Liwanag ng Daigdig (Juan 8:12). Paano natin mas mabubuksan ang ating espirituwal na mga mata sa Liwanag ng Daigdig?

- Paulit-ulit na ginamit ni Isaias ang paglalarawan ng tubig (Isaias 12:3; 32:2; 41:17–18; 43:19–20; 44:3–4; 48:18, 21; 49:10). Paano kayo matutulungan ng turo ng Tagapagligtas na siya ang pinagmumulan ng tubig na buhay sa pag-unawa sa mga talatang ito? (Tingnan sa Juan 4:7–14.)

**2. Paghihintay sa Panginoon**

- Ano ang ibig sabihin ng "[maghintay] sa Panginoon"? (Isaias 40:31). Sa anong mga paraan pinag-iibayo ng Panginoon ang lakas ng mga naghihintay sa kanya? (Tingnan sa Isaias 41:10.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan tungkol sa pagpapaibayo ng Panginoon sa espirituwal at pisikal na lakas ng isang tao.

**3. "Gayon ma'y hindi ka tumawag sa akin"**

- Bakit kung minsan ay nadarama ng ilan sa atin na pinabayaan tayo ng Panginoon? Kung nadarama natin na iniwan tayo ng Panginoon, ano kaya ang dahilan nito? (Tingnan sa Isaias 43:22–26; Mosias 5:13.) Ano ang maaari nating gawin upang madama nating muli tayong malapit sa kanya?

  Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na: "Natuklasan ko na kapag pangkaraniwan ang aking pakikitungo sa kabanalan at kapag tila walang banal na taingang nakikinig at walang banal na tinig na nagsasalita, na ako ay malayung-malayo. Kung isusubsob ko ang aking sarili sa mga banal na kasulatan, ang agwat (distansiya) ay umiikli at ang espirituwalidad ay nagbabalik" (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball [1982], 135).

Aralin
# 39
# "Anong Pagkaganda sa mga Bundok"

*Isaias 50–53*

**Layunin**

Palakasin ang patotoo ng bawat miyembro ng klase tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata mula sa Isaias 50–53 na tinatalakay sa araling ito. Ang mga ito ay nakasentro sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas.
2. Karagdagang babasahin: Mosias 14–15.
3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, atasan ang dalawa o tatlong miyembro ng klase na pumili ng isang paboritong himno tungkol sa pagmamahal at sakripisyo ng Tagapagligtas at maghandang sabihin sa klase ang tungkol sa mensahe ng himno at kung paano ito nakaimpluwensiya sa kanila. Maaari ninyong naising ikuwento ang tungkol sa isa sa inyong sariling paboritong himno tungkol sa Tagapagligtas.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipaliwanag na marami sa mga himno ng Simbahan ang tumutulong sa atin upang maunawaan ang ipinakita sa ating pagmamahal ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Anyayahan ang bawat isa sa mga miyembro ng klase na sabihin ang tungkol sa isang paboritong himno hinggil sa pagmamahal at sakripisyo ng Tagapagligtas. Yayamang makatutulong sa atin ang musika sa pag-anyaya sa Espiritu ng Panginoon sa klase, maaari ninyong naising hilingan ang mga miyembro ng klase na awitin ang isa sa mga himno na tinalakay.

Ipaliwanag na tatalakayin ng araling ito ang ilan sa mga propesiya ni Isaias tungkol sa buhay at misyon ng Tagapagligtas.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Binanggit ni Isaias ang tungkol sa mga sugong may dalang mabuting balita.**

- Sa Isaias 52:7 ay inilarawan ni Isaias sa matulaing pamamaraan ang mga taong nagdadala ng isang dakilang mensahe. Bakit sa palagay ninyo tinukoy

ni Isaias ang mga paa ng mga sugo? (Sa sinaunang daigdig, bago pa nagkaroon ng elektronikong pakikipagtalastasan, ang mahahalagang mensahe ay kadalasang inihahatid ng mga mananakbong naglalakbay sa pamamagitan ng paglalakad lamang. Ginamit ni Isaias ang mga paa ng mga sugo upang isagisag mismo ang mga sugo.) Ano ang nadama ni Isaias tungkol sa mga sugong ito?

- Paano inilarawan ni Isaias ang mensaheng inihahatid? (Iyon ay isang mensahe ng mabuting balita, isang mensahe ng kapayapaan at kaligtasan.) Ipinaliwanag ng propeta sa Aklat ni Mormon na si Abinadi na ang mga sugong inilalarawan ni Isaias ay kinabibilangan ng mga propeta at ng Panginoon din mismo (Mosias 15:13–18). Anong dakilang mensahe ng kapayapaan at kaligtasan ang inihatid ng mga sugong ito? (Tingnan sa 2 Nephi 2:6–8.)

- Sino pa ang naghahatid ng mensahe ng ebanghelyo sa daigdig? Maaari ninyong naising hilingan ang mga miyembro ng klase na magkuwento ng mga karanasan nila sa pagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo. Maaari rin ninyong naising hilingan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung ano ang nadarama nila tungkol sa mga nagdala ng mensahe sa kanila.

**2. Iprinopesiya ni Isaias ang tungkol sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas.**

Talakayin ang mga sumusunod na propesiya tungkol sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas at ang mga biyayang idinudulot nito sa atin.

- Isaias 50:5–7. Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa saloobin ng Tagapagligtas sa dakilang sakripisyo na gagawin niya para sa atin? Ano ang itinuturo ng Mateo 26:39 at Mga Taga Filipos 2:8 tungkol sa saloobin ng Tagapagligtas nang harapin niya ang matinding pagdurusa?

- Isaias 51:6. Anong paghahambing ang ginawa sa talatang ito? Gaano ang itatagal ng mga epekto ng Pagbabayad-sala? (Tingnan din sa Mosias 16:9; Alma 34:10, 14.)

- Isaias 51:22. Para kanino nagsusumamo ang Tagapagligtas? Paano pinapangyari ng Pagbabayad-sala na siya ang maging ating Tagapamagitan? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:3–5.) Ano ang “saro na nakapanginginig” na ininom ni Jesus para sa atin? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:15–20.) Ano ang kailangan nating gawin upang tanggapin natin ang buong pagpapalang iniaalok sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala?

- Isaias 52:3. Ano ang ibig sabihin ng “tinubos nang walang salapi”? (Tingnan sa 2 Nephi 26:27–28; Isaias 55:1–3.)

- Isaias 53:2–4. Ano ang sinasabi sa atin ng mga talatang ito tungkol sa buhay ng Tagapagligtas? Bakit nauunawaan niya ang ating mga kalungkutan at ating pighati? (Tingnan sa Alma 7:11–13; Mga Hebreo 2:16–18; 4:15.) Paano ninyo nadama na nauunawaan niya ang inyong mga kalungkutan at pighati?

- Isaias 53:5. Bakit maluwag sa kalooban ng Tagapagligtas na pagdusahan ang sakit ng masugatan, mabugbog, at mahagupit? (Tingnan sa 1 Nephi 19:9.)

- Isaias 53:6–7. Ano ang mga katangian ng pagkatao ang ipinamalas ng Tagapagligtas nang siya ay pahirapan, pasakitan, at ipadala ang ating mga kasalanan? Paano natin kung minsan "sinusunod ang [ating] sariling paraan" sa halip na magpasailalim sa kalooban ng Ama sa Langit? Paano tayo matutulungan ng halimbawa ng Tagapagligtas na magpasailalim sa kalooban ng Ama sa Langit?

- Isaias 53:10. Ano ang ibig sabihin ni Isaias nang sabihin niyang "kinalugdan ng Panginoon na mabugbog" ang Tagapagligtas? Ano ang natututuhan natin mula sa talatang ito tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit para sa atin? (Tingnan din sa Juan 3:16–17.)

- Isaias 53:8–11. Ipaliwanag na ang propeta sa Aklat ni Mormon na si Abinadi ay nagbigay ng isang makapangyarihang puna sa mga talatang ito noong nagsasalita siya sa masasamang saserdote ng haring si Noe (Mosias 15:10–13). Sang-ayon kay Abinadi, sino ang magiging binhi ng Tagapagligtas? (Tingnan din sa Mosias 5:7–8.)

- Isaias 53:12. Ipaliwanag na sa bandang huli ng digmaan ay hinahati-hati ng pinuno ng mga nagwaging kawal ang mga labi o ari-ariang nasamsam mula sa mga kaaway sa kanyang mga tagasunod. Ano ang mga bunga ng tagumpay ni Cristo sa kasalanan at kamatayan na handa niyang ibahagi sa atin? (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17; II Timoteo 4:7–8.)

**3. Inilarawan ni Isaias ang ilan sa ating mga pananagutan.**

- Sang-ayon sa nakatala sa Isaias 51 at 52, ano ang mga pananagutan natin bilang mga tumanggap sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?

  a. Isaias 51:1, 4, 7. Pakinggan at sundin ang Panginoon; huwag matakot sa mga panlalait ng mga tao.
  b. Isaias 51:12–13. Alalahanin ang Panginoon, na siyang Manlilikha. Huwag matakot kay Satanas.
  c. Isaias 52:1–2. Gumising at isuot ang lakas ng pagkasaserdote (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 113:7–8). Isuot ang magandang kasuotan ng pagkamatwid (tingnan sa Apocalipsis 19:7–8). "Pagkakalag . . . sa mga gapos sa kanyang leeg" (Doktrina at mga Tipan 113:9–10).
  d. Isaias 52:11. Lumayo sa kasamaan ng daigdig. Huwag hahawakan ang maruruming bagay; maging malinis.

- Paano natin magagampanan nang mas mabuti ang mga pananagutang ito?

---

Katapusan

Pagbalik-aralan ang Mosias 15:18, kung saan inilalarawan ng propetang si Abinadi ang Tagapagligtas bilang isang sugo na ang mga paa ay maganda sa itaas ng kabundukan. Ipaliwanag na ang isang dahilan kung bakit maganda ang kanyang mga paa ay dahil taglay ng mga ito ang marka ng mga pako, ang sagisag ng kanyang nagbabayad-salang pagmamahal. Magbigay ng patotoo tungkol sa kung paano napalakas ng mga turo ni Isaias ang inyong pagmamahal sa Tagapagligtas at inyong paghahangad na maging karapat-dapat sa mga biyaya ng kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano din napalakas ang kanilang patotoo.

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Paglalakad sa liwanag**

Pagbalik-aralan ang Isaias 50:10–11 at ituro ang pagpiling ibinigay ni Isaias sa atin sa mga talatang ito. Kung pipiliin nating matakot sa Panginoon, sundin ang tinig ng kanyang mga tagapaglingkod, at magtiwala sa kanya ay mapapasaatin ang kanyang liwanag upang gumabay sa atin at hindi tayo lalakad sa kadiliman (Juan 8:12; 12:46). Kung pipiliin nating lumakad sa sarili nating liwanag, na inihahambing sa liwanag ng liyab ng sulo, ang Panginoon ay nagbabala na tayo ay "hihiga sa kapanglawan."

**2. Gawaing misyonero**

Kung may makukuhang *Gabing Pantahanan ng Mag-anak Karagdagang Video 2* (5x736 893), maaari ninyong naising ipalabas ang "Gawaing Misionero: Ang Pinakamahalaga Nating Tungkulin," isang limang minutong yugto, bilang bahagi ng aralin.

Aralin
# 40

# “Iyong Palakihin ang Dako ng Inyong Tolda”

*Isaias 54–56; 63–65*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na palakasin ang mga istaka ng Sion at maghanda para sa Ikalawang Pagparito at sa Milenyo.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata mula sa Isaias 54–56 at 63–65 na tinatalakay sa aralin.
2. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng istaka ng isang tolda.
3. Kung makukuha ang larawang Ang Nabuhay na Mag-uling si Jesucristo, maaari ninyong naising gamitin ito sa oras ng aralin (62187 893; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Idrowing sa pisara ang larawan ng isang tolda tulad ng nakapakita sa ibaba. Pagkatapos ay *i-display* ang istaka ng isang tolda at itanong ang mga sumusunod.



- Bakit nangangailangan ng mga istaka ang toldang ito? Ano ang mangyayari kung walang suhay na mga istaka ang tolda?
- Ano ang isinasagisag ng toldang binanggit sa Isaias 54:2? (Ang Simbahan ni Jesucristo.) Ano ang isinasagisag ng mga istaka ng tolda?

  Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na:

  “Ang salitang *istaka* ay isang masagisag na pahiwatig. Ilarawan sa inyong isipan ang isang malaking tolda na pinananatiling nakatayo ng mga lubid na nakatali sa mga istakang matatag na nakabaon sa lupa.

"Inihalintulad ng mga propeta ang Sion sa mga huling araw sa isang malaking tolda na sumasakop sa mundo. Ang toldang iyon ay sinusuportahan ng mga lubid na nakatali sa mga istaka. Ang mga istakang iyon, mangyari pa, ay mga organisasyon sa iba't ibang pook na nakakalat sa buong mundo. Sa kasalukuyan, ang Israel ay tinitipon sa iba't ibang istaka ng Sion" ("Strengthen Thy Stakes," *Ensign*, Ene. 1991, 2).

Sabihin sa klase na ang mga unang istaka ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinatag sa Kirtland, Ohio, at sa Clay County, Missouri, noong 1834. Sa paglago ng Simbahan, marami pang istaka ang nadagdag tulad ng ipinag-utos ng Panginoon (Doktrina at mga Tipan 101:20–21). Ngayon ay may daan-daang istaka na matatagpuan sa buong daigdig.

Ipaliwanag na tatalakayin ng araling ito kung paano natin mapatatatag ang mga istaka ng Sion. Tatalakayin din nito ang mabisang turo ni Isaias tungkol sa Ikalawang Pagparito at sa Milenyo.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. "Habaan mo ang iyong mga lubid, at patibayin mo ang iyong mga tulos [istaka]" (Isaias 54:2).**

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pariralang "Iyong palakihin ang dako ng iyong tolda"? (Isaias 54:2). (Nais ng Panginoon na ibahagi ng mga miyembro ng Simbahan ang ebanghelyo sa maraming tao upang lumaganap ito sa mundo. Iprinopesiya ni Isaias na sa mga huling araw, ang Simbahan ay mabilis na lalago at maraming tao sa buong daigdig ang magbabalik-loob sa katotohanan [Isaias 54:3]).

- Ano pa ang ibang payo na ibinigay sa Isaias 54:3 hinggil sa tolda, o Simbahan? Paano natin masusunod ang payong ito? Maaari ninyong naising ibuod ang talakayan sa pisara, tulad ng nakalarawan sa ibaba.

| Payo ni Isaias | Ano ang Maaari Nating Gawin |
|---|---|
| Iladlad ang mga tabing ng tolda at habaan ang mga lubid. | Maglingkod bilang mga *full-time* na misyonero; ibahagi ang ebanghelyo sa mga kaibigan at kapitbahay. |
| Patatagin ang mga istaka ng tolda. | Palakasin ang inyong lokal na mga istaka. |

- Ano ang maaari nating gawin upang patatagin ang istaka kung saan tayo nakatira? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng sumusunod: Dagdagan ang pansariling espirituwal na kalakasan, impluwensiyahan ang ating mga mag-anak at kaibigan na gawin din ang gayon, paglingkuran ang ating mga kapitbahay na miyembro at hindi miyembro, at tanggapin ang mga tawag mula sa mga pinuno ng pagkasaserdote na maglingkod sa Simbahan.)

- Paano mapagpapala ng mga istaka ang buhay ng mga tao? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 115:5–6.) Paano magiging lugar na pananggalang at kanlungan natin ang mga istaka ng Sion?

**2. "Pipisanin kita sa pamamagitan ng mga malaking kaawaan" (Isaias 54:7).**

- Bagaman ikinalat ang Israel sa loob ng maraming taon, ang Panginoon ay nangako na siya ay kanyang titipunin sa totoong Simbahan sa mga huling araw (Isaias 54:4–10). Ano ang malalaman natin tungkol sa Panginoon sa Isaias 54:4–10? Anong mga tiyak na pagpapala ang ipinangako ng Panginoon sa kanyang mga matwid na tagapaglingkod? (Tingnan sa Isaias 54:13–14, 17.) Bakit mahalaga ang mga pangakong ito?

- Sino ang inaanyayahang makahanap ng kanlungan sa pamamagitan ng pagtitipon na kasama ang mga Banal? (Ang lahat ng anak ng Ama sa Langit.) Pagbalik-aralan ang mga sumusunod na talata mula sa Isaias na naglalarawan sa mga grupo ng tao na nais ng Panginoon na lumapit sa kanya at makatagpo ng kaligtasan sa ebanghelyo.

  a. Isaias 55:1–3. (Ang lahat ng nauuhaw.) Anong uri ng pagkauhaw ang tinutukoy sa mga talatang ito? Ano ang nangyayari kapag sinusubukan nating pawiin ang espirituwal na pagkauhaw sa pamamagitan ng paggugol ng salapi at pagsisikap sa mga temporal na bagay? Paano tunay na mapapawi ang ating espirituwal na pagkauhaw? (Tingnan sa 2 Nephi 9:50–51; 3 Nephi 20:8.)
  b. Isaias 55:6–7. (Ang masasama na magsisisi.) Ano ang pangakong ipinaaabot sa mga nagsisisi?
  c. Isaias 56:3, 5–8. (Mga dayuhan na hindi nakakikilala sa Panginoon.) Ano ang kailangang gawin ng dayuhan upang matanggap ng Panginoon?

- Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagkaawa ng Panginoon? Ano ang itinuturo ng mga ito tungkol sa kung paano natin dapat tingnan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit?

- Isinulat ni Isaias na ang mga salita ng Diyos ay maaaring magbigay sustansiya sa ating kaluluwa tulad ng ulan at niyebe na nagbibigay sustansiya sa mga buto ng halaman (Isaias 55:10–13). Paano binibigyang sustansiya ng salita ng Diyos ang ating kaluluwa? (Tingnan sa Alma 32:28, 41.)

**3. Ang Milenyo ay magiging panahon ng kapayapaan at kagalakan.**

- Sa kabuuan ng kanyang mga isinulat, si Isaias ay nagpatotoo na sa kabila ng mga paghihirap, tukso, at pagdurusa sa daigdig na ito ay magtatagumpay ang mabuti laban sa masama sa dakong huli, at para sa mga matwid, ang hinaharap ay mapupuspos ng kagalakan. Si Isaias ay taimtim na nanalangin para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, na siyang magbibigay ng kaparusahan sa masasama at matinding kagalakan sa mga matwid (Isaias 64). Anong mensahe ng pag-asa at kagalakan ang nilalaman ng Isaias 64:1–4? Paano pinag-iibayo ng mensaheng ito ang inyong paghahangad na magtiis hanggang sa wakas sa paglilingkod sa Panginoon?

- Ang mga huling kabanata ng tala ni Isaias ay naglalahad ng isang magandang larawan ng Milenyo, ang isang libong taon ng kapayapaan na sisimulan ng

Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Sang-ayon sa nakatala sa Isaias 65:17–25, anong mga kalagayan ang iiral sa panahon ng Milenyo? (Maaari ninyong naising itala ang mga kalagayang ito sa pisara; tingnan din sa Isaias 11:6–9.)

a. Ang Panginoon ay lilikha ng bagong kalangitan at isang bagong daigdig (Isaias 65:17).
b. Magkakaroon ng matinding kagalakan at hindi na tatangis ang mga tao ng Panginoon (Isaias 65:18–19).
c. Ang mga tao ay hindi mamamatay sa murang gulang; sila ay mabubuhay hanggang 100 taong gulang (Isaias 65:20).
d. Tatamasahin ng mga tao ang mga bunga ng kanilang sariling pagpapagod (Isaias 65:21–23).
e. Ang mga panalangin ay kaagad sasagutin (Isaias 65:24).
f. Mapapawi na ang pagkapoot sa isa't isa ng mga hayop (Isaias 65:25).

- Ano ang itinuturo ng Isaias 63:7–9 tungkol sa walang hanggang kabutihan at pagmamahal ng Panginoon? (Hilingan ang mga miyembro ng klase na magmungkahi ng mga salita at parirala mula sa mga talatang ito na nagpapakita ng pagmamahal sa atin ng Tagapagligtas. Maaari ninyong naising isulat ang mga ito sa pisara.) Sa anong mga paraan ipinakita sa inyo ng Tagapagligtas ang "karamihan sa kanyang mga kagandahang-loob"?

---

Katapusan

Magpatotoo na habang pinatatatag natin ang mga istaka ng Sion at ibinabahagi ang ebanghelyo sa daigdig, ang mga kayamanan ng kawalang hanggan ay naghihintay sa atin. Maaari nating asamin ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas at ang kapayapaan at kagalakan na iiral sa panahon ng Milenyo. Ang mga propesiya ni Isaias ay humihikayat sa atin na alalahanin na isang pribilehiyo ang maglingkod sa Panginoon at pinagpapala niya ang kanyang mga disipulo.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang tunay na batas ng pag-aayuno (Isaias 58:3–12)**

- Ano ang matututuhan natin mula sa Isaias 58 tungkol sa pag-aayuno? Ano ang mga elemento ng tunay na pag-aayuno? (Tingnan sa Isaias 58:3–7.)

  Ang isang elemento ng tunay na pag-aayuno ay ang pagbibigay ng bukas-palad na handog-ayuno . Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na, "Sa aking palagay kung tayo ay may kaya, tulad ng katayuan ng marami sa atin, tayo ay dapat na lalong maging bukas palad . . . at magbigay, sa halip na ibigay lamang ang katumbas na halaga ng ating matitipid sa dalawang pagkain sa pag-aayuno, marahil nang lalong higit pa—sampung ulit pa ang dami kung nasa katayuan tayong gawin ito" (sa Conference Report, Abr. 1974, p. 184).

- Anong mga biyaya ang ipinangako sa Isaias 58 sa pamumuhay ng batas ng pag-aayuno?

a. Nagiging mas malakas tayo sa paglaban sa tukso (Isaias 58:6).
b. Pinagagaan ang ating mga pasanin (Isaias 58:6).
c. Higit na bumubuti ang ating pisikal at espirituwal na kalusugan (Isaias 58:8).
d. Nagiging mapagpakumbaba tayo at handang makipag-usap sa Panginoon (Isaias 58:9).
e. Natutulungan natin ang mahihirap at mga nangangailangan (Isaias 58:10).
f. Tumatanggap tayo ng patuloy na patnubay mula sa Panginoon (Isaias 58:11).
g. Nabibigyang kasiyahan ang ating kaluluwa sa tagtuyot at nagiging "parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat" (Isaias 58:11).

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan, kasaysayan ng Simbahan, o pansariling karanasan na nagpapakita ng mga pagpapalang dulot ng pamumuhay ng batas ng pag-aayuno. (Tingnan sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ayuno, Pag-aayuno.")

- Paano tayo magiging mas masigasig sa pamumuhay ng batas ng pag-aayuno?

**2. Paglalarawan ng ministeryo ng Tagapagligtas**

- Ang Isaias 61:1–3 ay isang pahayag tungkol sa tawag at ministeryo ng Tagapagligtas. Noong mga unang araw ng kanyang ministeryo sa Nazaret, ang mga talatang ito ay binanggit ng Tagapagligtas at sinabi sa mga tao na, "Ngayo'y naganap ang kasulatang ito sa inyong mga pakinig" (Lucas 4:14–21). Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagkatao at misyon ni Jesucristo?

**3. Ang Ikalawang Pagparito ni Cristo (Isaias 63:1–6)**

- Ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas ay inilalarawan sa Isaias 63:1–6. Ano ang kulay ng batang isusuot ng Tagapagligtas kapag pumarito siya sa kanyang kaluwalhatian? (Tingnan sa Isaias 63:2; Apocalipsis 19:11–13; Doktrina at mga Tipan 133:46–48.) Ano ang isinasagisag ng kulay pula? (Ang kanyang dugo na nabuhos nang magdusa siya para sa ating mga kasalanan sa Getsemani at sa krus.)

# “Ginawa Kita sa Araw na Ito . . . na Pinakahaliging Bakal”

Aralin
# 41

*Jeremias 1–2; 15; 20; 26; 36–38*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na manatiling matapat sa panahon ng pakikilaban at paghihirap.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata mula sa Jeremias na tinatalakay sa araling ito. Ang araling ito ay nakatuon sa lakas ng loob at taimtim na pangako ni Jeremias habang nahaharap siya sa pakikilaban sa nakapaligid sa kanya.
2. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, magdala ng isang bara ng bakal sa klase.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipakita ang isang baras na bakal at anyayahan ang isang miyembro ng klase na subukang baliin ito. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Kung ang bagay na ito ay sumasagisag sa pag-uugali ng isang tao, ano ang ipahihiwatig nito tungkol sa kanya?
- Hilingan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Jeremias 1:17–19. Anong mga parirala ang ginagamit ng Panginoon sa talata 18 upang ilarawan si Jeremias? Ano ang ipinahihiwatig ng mga pariralang ito tungkol sa kung anong uri ng tao si Jeremias noon? Ano ang madarama ninyo kung ang mga salitang ito ay ginamit upang ilarawan kayo sa paghahanda ninyo sa pagtupad ng isang tungkulin o atas mula sa Panginoon?

Ipaliwanag na ang mga hari, prinsipe, saserdote, at lahat ng tao sa lupain ay sumalungat kay Jeremias sa kanyang misyon, ngunit buong giting pa rin siyang sumunod sa ipinag-utos ng Panginoon. Tukuyin ang baras na bakal at ipaliwanag na si Jeremias ay isang “haliging bakal” na may kakaibang lakas sa panahon ng paghihirap at hindi siya nabaluktot o nabali.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Si Jeremias ay nagministeryo noong panahon ng pamumuno ng limang hari, mula kay Josias hanggang kay Sedechias (626 hanggang 586 B.C.). Noong panahon ni Josias ay sinikap niyang baguhin ang mga tao mula sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at imoralidad. Ngunit ang mga haring sumunod kay Josias ay namuno sa kasamaan, at ang mga tao ay lubusang tumalikod sa katotohanan. Ang misyon ni Jeremias ay mangaral at bigyang babala ang mga taong ito, at ang kanyang pagbatikos sa kanilang kasamaan ay isa sa mga pinakamalakas sa buong banal na kasulatan. Sa kanya ang isa sa mga huling tinig ng pagbababala bago nasakop ng mga taga Babilonia ang Juda.

Ang buhay ni Jeremias ay puno ng kalungkutan, ngunit ang kanyang pagtugon sa pagsubok ay makapagtuturo at makapagbibigay inspirasyon sa atin. Binugbog siya at ikinulong sa pagpopropesiya laban sa kaharian ng Juda. Ang kanyang buhay ay palaging pinagtatangkaan. Ngunit sa kabila ng lahat ng paghihirap at pakikilaban, si Jeremias ay tulad ng isang "haliging bakal" (Jeremias 1:18). Ang aklat ni Jeremias ay nagbibigay ng isang personal at nakapag-papaibayo ng pananampalatayang talaan tungkol sa tugon ng propeta sa mga kalungkutan at kabiguan sa kanyang buhay.

**1. Si Jeremias ay tinawag ng Diyos na maging isang propeta.**

Pagbalik-aralan ang pangyayari ng pagtawag kay Jeremias na maging isang propeta na nakatala sa Jeremias 1:4–10.

- Ano ang itinuturo sa atin ng pagtawag kay Jeremias tungkol sa doktrina ng pag-oordena noon pa? (Tingnan sa Jeremias 1:5.) Paano sa palagay ninyo nakatulong kay Jeremias ang malaman na sa buhay bago pa ang buhay na ito ay inordenan na siya noon pa na maging isang propeta.

  Sinabi ng Propetang si Joseph Smith na, "Ang bawat taong may tungkuling magministeryo sa mga naninirahan sa daigdig ay inordenan noon pa sa mismong layuning iyon sa Dakilang Kapulungan sa langit bago pa likhain ang daigdig na ito" (*History of the Church*, 6:364).

- Ano ang ginawa ng Panginoon nang madama ni Jeremias na wala siyang kakayahang gampanan ang kanyang tungkulin? (Tingnan sa Jeremias 1:6–10.) Paano kayo nabigyang katiyakan ng Panginoon nang madama ninyong wala kayong kakayahang gumanap?

**2. Maraming tao ang sumalungat kay Jeremias at sinikap na hadlangan siya sa pagtupad sa kanyang misyon.**

Gamitin ang mga sumusunod na banal na kasulatan upang talakayin ang mga nakaharap ni Jeremias na pagsalungat habang ginagampanan niya ang misyon na ibinigay sa kanya ng Panginoon:

a. Jeremias 20:1–6. Dahil hindi natuwa sa mga propesiya ni Jeremias, ipinabugbog ni Pashur, ang pangulong pinuno ng templo, si Jeremias at ipinalagay sa pangawan (stock). Iprinopesiya ni Jeremias na si Pashur, ang kanyang mag-anak, at kanyang mga kaibigan ay mabibihag ng mga taga Babilonia at mamamatay sa Babilonia.

b. Jeremias 26:7–15. Ang karamihan sa mga tao sa lupain, kabilang na ang mga saserdote, ay kumalaban kay Jeremias at sa kanyang mensahe (26:7–11). Gayunman, buong tapang na ipinahayag ni Jeremias ang mensahe na ipinag-

utos ng Panginoon na kanyang ibigay (26:12–15). Si Jeremias ay lalo pang kinalaban at kinapootan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak (11:19–21; 12:6. Alalahanin na si Jeremias ay mula sa lungsod ng Anathoth).

c. Jeremias 36:1–6, 20–32. Ang mga salita ng mga propesiya ni Jeremias ay isinulat at binasa sa mga tao (36:1–6). Sinunog ng hari ang mga salitang ito, at inutusan ng Panginoon si Jeremias na itala muli ang mga ito (36:20–32).

d. Jeremias 37:12–15; 38:4–13. Si Jeremias ay pinaratangan nang hindi matwid at ikinulong (37:12–15). Sa bandang huli ay ipinatapon siya sa hukay, kung saan ay nabaon siya sa burak (38:4–6). Sa utos ni Haring Sedechias ay pinalabas si Jeremias sa hukay at ibinalik sa kulungan (38:7–13).

- Ano ang inihahayag ng Jeremias 20:14–18 tungkol sa nadama ni Jeremias habang pinagtitiisan niya ang gayong nag-uumapaw na oposisyon? Ano ang matututuhan natin mula kay Jeremias na makatutulong sa atin kapag nakararanas tayo ng paghihirap? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng patuloy na pagsunod ni Jeremias sa Panginoon at pagtupad sa kanyang tungkulin kahit na siya ay inuusig at nawawalan ng pag-asa; tingnan sa Jeremias 26:12–15.)

- Sa Jeremias 2:13, ano ang sinasabi ng Panginoon na dalawang kasamaang ginawa ng kanyang mga tao? (Sila ay tumalikod sa kanya na bukal ng buhay na tubig. At gumawa sila sa kanilang sarili ng mga sirang balon na hindi maaaring pagsidlan ng buhay na tubig ng Panginoon, na ang ibig sabihin ay naghanap sila ng kaganapan at kaligtasan sa mga bagay ng daigdig.) Bakit mahihirapan ang mga taong may ganitong mga katangian na tanggapin ang mga salita ni Jeremias? Bakit hindi nila magagawang tumugon sa paghihirap na tulad ng ginawa ni Jeremias? Paano tayo kung minsan lumilikha ng "mga sirang balon" na hindi mapagsisidlan ng buhay na tubig ng Tagapagligtas?

  Sinabi ni Elder Marion D. Hanks:

  "Labis nating ginugugol ang ating panahon sa pagsisikap na makamit ang mga materyal na ari-arian o mga makamundong mithiin. Ang pagsisikap na makamtan ang ating kailangan o higit pa sa ating kailangan ang umuubos sa ating panahon at lakas. Sinisikap nating matamo ang kalayawan o paglilibang, o tayo ay labis na nakikisali sa mga gawaing may kinalaman sa mga samahan, o sa pamayanan. Tunay na ang mga tao ay kailangang maglibang, kailangang magtagumpay, kailangang magbahagi; ngunit kung ang mga ito ang siyang kapalit ng pakikipagkaibigan kay Cristo, ang halaga nito ay lubhang napakataas.

  " 'Sapagkat ang bayan ko ay nagkamit ng dalawang kasamaan,' ang sabi ng Panginoon sa Israel; 'kanilang iniwan ako na bukal ng buhay na tubig, at nagsigawa sa ganang kanila ng mga balon na mga sirang balon na hindi malalamnan ng tubig.' (Jer. 2:13.)

  "Ang mga panghalili na ginagawa natin bilang kapalit ng Diyos sa ating buhay ay tunay na hindi malalamnan ng tubig. Sa isang banda ay tinatanggihan natin ang 'buhay na tubig,' hindi natin natatamasa ang kagalakan na dapat sana ay mapasaatin" (sa Conference Report, Abr. 1972, 127; o *Ensign*, Hulyo 1972, 105).

Ang mga propesiya ni Jeremias na wawasakin ng mga taga Babilonia ang Jerusalem ay natupad, ayon sa nakatala sa Jeremias 39–40. Si Jeremias ay nasa kulungan sa kasalukuyan ng pananakop, ngunit pagkatapos ay

pinakawalan siya ng mga taga Babilonia at pinahintulutan siya at ang ilang labi ng mga Judio na manatili sa lupain ng Juda. Si Johanan, ang pinuno ng mga nanatili, ay humiling kay Jeremias na alamin ang kalooban ng Panginoon para sa kanila at nangakong susundin ito (Jeremias 42:1–6). Sa pamamagitan ni Jeremias ay sinabi ng Panginoon sa mga tao na manatili sa lupain ng Juda at nangakong pagpapalain sila kung gagawin nila ang gayon (Jeremias 42:9–22). Ngunit pinamunuan ni Johanan ang mga tao patungo sa Egipto, kung saan nagpatuloy sa kasamaan ang karamihan sa kanila (Jeremias 43–44).

**3. Si Jeremias ay pinalakas ng kanyang pagmamahal sa salita ng Diyos sa gitna ng paghihirap.**

Talakayin ang mga sumusunod na banal na kasulatan, na nagpapakita kung paano tinulungan ng salita ng Diyos si Jeremias na manatiling malakas sa oras ng paghihirap.

- Tulad ng nakatala sa Jeremias 1:9, ano ang inilagay ng Panginoon sa bibig ni Jeremias? Tulad ng nakatala sa Jeremias 15:16, ano ang ginawa ni Jeremias sa mga salita ng Panginoon? (Kinain niya ang mga ito, na matulaing pananalita na ang ibig sabihin ay naging bahagi ng kanyang buhay ang salita ng Diyos.) Ano ang nadama ni Jeremias tungkol sa mga salita ng Panginoon?

- Paano natin "makakain" ang mga salita ng Panginoon na tulad ng ginawa ni Jeremias? (Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at payo ng mga propeta sa mga huling araw.) Ang propetang si Nephi sa Aklat ni Mormon ay nagsabing "magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo" (2 Nephi 32:3). Paano tayo mapalalakas ng pagpapakabusog sa mga salita ng Panginoon?

- Sa Jeremias 20:9, paano inilarawan ni Jeremias ang salita ng Panginoon na nasa kanyang kalooban? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pagiging tila nag-aalab na apoy sa inyong mga buto ang mga salita ng Panginoon? Bakit sa palagay ninyo hindi mapigilan ni Jeremias ang pagtuturo ng salita ng Panginoon?

---

Katapusan

Ipahayag ang inyong nadarama tungkol sa halimbawa ni Jeremias at pangangailangan ng mga matapat sa mga oras ng paghihirap. Himukin ang mga miyembro ng klase na saliksikin at pag-isipang mabuti ang mga salita ng Panginoon hanggang sa ang mga salitang ito ay maging tila apoy na nag-aalab sa kanilang mga buto, na nagpapalakas sa kanila habang ginagawa nila ang gawain ng Panginoon. Kung ginamit ninyo ang gawaing pantawag-pansin, *I-display* ang baras na bakal at hamunin ang mga miyembro ng klase na maging tulad ni Jeremias, na isang haliging bakal para sa Panginoon.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Putik . . . sa kamay ng magpapalayok" (Jeremias 18:6)**

- Pagbalik-aralan ang pangyayari tungkol sa pagdalaw ni Jeremias sa magpapalayok, na nakatala sa Jeremias 18:1–4. Ano ang itinuro ng Panginoon sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng karanasan ni Jeremias? (Tingnan sa Jeremias 18:5–10. Ipinakita sa kanila ng Panginoon na kung magsisisi sila, sila ay huhubugin niya at gagawing mas mabuti, tulad ng paghubog muli na ginawa ng magpapalayok sa sirang sisidlan. Pinaalalahanan din niya sila na may kapangyarihan siyang lipulin sila kung hindi sila magsisisi.)

- Paano naaangkop ang paghahambing na ito sa atin sa ngayon? Paano tayo magiging mas mainam na putik sa mga kamay ng Panginoon? (Sa pamamagitan ng pagpapakumbaba—sa pamamagitan ng pagsunod, pagsisisi, pagtitiwala sa Panginoon, at pag-alam sa kanyang kalooban. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nagpapakita kung paano hinubog at inihanda ng Panginoon ang mga tao upang maisakatuparan ang kanyang mga layunin.) Ano ang nangyayari kapag tumatanggi tayong mahubog ng Panginoon?

  Ibinigay ni Pangulong Heber C. Kimball ang mga sumusunod na ideya sa paghahambing sa Jeremias 18:1–10:

  "Ang lahat ng madaling hubugin sa mga kamay ng Diyos at masunurin sa Kanyang mga utos, ay mga sisidlang may karangalan, at sila ay tatanggapin ng Diyos?" (*History of the Church*, 4:478).

  "Maraming sisidlan ang nangababasag matapos silang mahubog at mahugisan. Bakit? Dahil hindi panatag ang kanilang kalooban sa hugis na ibinigay sa kanila ng magpapalayok, at sa halip ay kaagad na gumagawa ng sariling hugis upang bigyang kasiyahan ang kanilang sarili; samakatwid hindi abot ng kanilang pang-unawa ang mga layon ng Diyos, at sinisira nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanilang sariling kalayaang pumili. [Ang mga taong] ito ay kailangang dumaan sa maraming pagbabago ng hubog at hugis, pagkatapos . . . ay kailangang pakintabin at sunugin; at maging sa pagsusunog, ang ilang sisidlan ay nagbibitak" (sa Stanley B. Kimball, *Heber C. Kimball: Mormon Patriarch and Pioneer* [1981], 270).

### 2. Si Jeremias ay kasabay na nangaral ng propeta ng Aklat ni Mormon na si Lehi

Ang propetang si Jeremias ay nagtuturo at nagbababala sa mga tao ng Juda noong panahon na lisanin ni Lehi ang Jerusalem. Kapwa sina Jeremias at Lehi ay nagpropesiya na ang Jerusalem ay mawawasak.

- Nasaan si Jeremias nang lisanin ni Lehi at ng kanyang mag-anak ang Jerusalem? (Tingnan sa Jeremias 37:15–16; I Nephi 7:14.)

- Si Jeremias ay gumugol ng maraming oras sa pagpapayo kay Sedechias, ang hari ng Juda, ngunit tumanggi si Sedechias na sundin ang mga salita ng Panginoon na inihatid ni Jeremias. Ano ang nangyari kay Sedechias bilang bunga ng kanyang pagsuway? (Tingnan sa Jeremias 39:4–7.)

- Mula sa Aklat ni Mormon ay nalaman natin na ang isa sa mga anak na lalaki ni Sedechias ay hindi napatay ng mga taga Babilonia. Ano ang kanyang pangalan? (Tingnan sa Helaman 8:20–21.) (Tingnan sa Omni 1:15.)

Aralin
# 42

# "Aking Isusulat sa Kanilang Puso"

*Jeremias 16; 23; 29; 31*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na makilahok sa dakilang gawain ng Diyos sa mga huling araw at ipasulat ang kanyang batas sa kanilang puso.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Jeremias 16; 23; 29; at 31.
2. Karagdagang babasahin: Jeremias 3–9; 13; 30; 32:37–42; 33; 35.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

- Kung magkaroon kayo ng pagkakataong sumaksi o lumahok sa alinmang kuwento o kaganapan sa Lumang Tipan, alin ang pipiliin ninyo? (Maaari ninyong naising isulat ang mga tugon ng mga miyembro ng klase sa pisara.)
- Bakit gugustuhin ninyong masaksihan o makilahok sa pangyayaring ito?
- Ano ang nangyayari sa Simbahan sa ngayon na maaaring ihambing sa ilan sa mga pangyayari na inyong napili?

Ipaliwanag na kahit na si Jeremias ay may ilang mensahe ng pag-asa sa mga tao noong kanyang kapanahunan, nakini-kinita niya ang isang panahon ng pag-asa sa pagtitipon ng Israel sa mga huling araw. Tinatalakay ng araling ito ang mga propesiya ni Jeremias tungkol sa malawakang pagtitipon sa mga huling araw na kinalalahukan natin sa ngayon.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Nakini-kinita ni Jeremias ang pagtitipon ng Israel sa mga huling araw.**

Kung ang kuwento tungkol sa paglalakbay ng Israel mula sa Egipto ay hindi nabanggit sa gawing pantawag-pansin, ipaliwanag na ito ay isa sa mga pinakamahimalang pangyayari sa Lumang Tipan. Ito ay tinutukoy sa aklat ni Jeremias at sa iba pang aklat ng Lumang Tipan, gayundin sa Aklat ni Mormon.

- Ano ang nadama ni Moises tungkol sa kahalagahan ng Exodo? (Tingnan sa Deuteronomio 4:32–35.) Ano sa palagay ninyo ang naging katayuan ninyo kung naging bahagi kayo ng paglalakbay ng Israel mula sa Egipto?

- Pagkalipas ng maraming henerasyon ay nakakita si Jeremias ng mga pangitain tungkol sa kaganapan sa mga huling araw na sinabi ng Panginoon na magiging kasinlawak ng Exodo (Jeremias 16:14–16; 23:3–8). Anong pangyayari ang inilalarawan sa Jeremias 16:15 at 23:3? (Ang pagtitipon ng Israel at ang paglago ng Simbahan.) Sino ang mga pastol na binanggit sa Jeremias 23:4? (Ang mga pinuno ng pagkasaserdote at iba pang mga pinuno ng Simbahan.) Sino ang Haring nabanggit sa Jeremias 23:5–6? (Si Jesucristo.) Bakit sa palagay ninyo ang mga kaganapang ito ay kasinlawak ng Exodo?

- Sinabi ni Elder LeGrand Richards na ang mga mangingisda at mangangaso na inilalarawan sa Jeremias 16:16 ay ang mga misyonero ng Simbahan (sa Conference Report, Abr. 1971, 143; *Ensign*, Hunyo 1971, 98–99). Ano ang mga pagkakatulad ng mga mangingisda at mangangaso sa mga misyonero? (Tingnan sa Mateo 4:18–19.) Paano tayo magiging higit na mabisang mga misyonero?

**2. Isusulat ng Diyos ang kanyang batas sa puso ng kanyang mga tao.**

- Ang mga anak ng Israel ay umasa kay Moises na tatanggap ng paghahayag para sa kanila habang naglalakbay sila sa ilang. Anong matinding pag-asam ang ipinahiwatig ni Moises sa Mga Bilang 11:29? (Nais niyang matutuhan ng mga tao ang batas ng Diyos at matutong pakinggan nila mismo ang Espiritu.)

- Sang-ayon sa nakatala sa Jeremias 31:31–34, ano ang ipinangako ng Panginoon na kanyang gagawin sa mga huling araw? (Tingnan din sa Ezekiel 11:17–20; 36:24–28; II Mga Taga Corinto 3:2–3.) Ano ang ibig sabihin ng isulat sa ating mga puso ang batas ng Diyos? Ano ang kailangan nating gawin upang maisulat sa ating puso ang batas ng Diyos?

- Paano naaapektuhan ang ating pag-uugali kapag nasusulat sa ating puso ang batas ng Diyos? Maaari ninyong naising talakayin kung paano ito nakatutulong sa atin na sundin ang mga tiyak na kautusan, tulad ng:

  a. Pagmamahal sa ating mga kapitbahay.
  b. Paggalang sa ating mga magulang.
  c. Pagiging malinis sa moralidad.
  d. Pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath.
  e. Pagpili ng mga angkop na pelikula, palabas sa telebisyon, aklat at magasin.
  f. Pagsusuot ng disenteng damit.
  g. Pagpili ng angkop na musika.

- Minsan ay tinanong si Joseph Smith kung paano niya matagumpay na napamunuan ang gayon karaming tao. Sinabi niyang, "Tinuturuan ko ang mga tao ng mga wastong alituntunin, at pinamamahalaan nila ang kanilang sarili" (sinipi ni John Taylor, sa *Journal of Discourses*, 10:57–58). Paano nauugnay ang pangungusap na ito sa pagkakasulat ng batas ng Diyos sa ating mga puso?

- Iprinopesiya ni Jeremias na pagkalipas ng 70 taon makaraang mabihag sa Babilonia ang mga tao ng Juda, sila ay magbabalik sa kanilang lupang sinilangan at minsan pang mamumuhay nang naaayon sa Diyos (Jeremias 29:10–14; ang kaganapan ng propesiyang ito ay tinatalakay sa aralin 47). Batay sa Jeremias 29:12–14, ano ang maaari nating gawin upang mapalapit sa Diyos? Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang *tumawag*, *manalangin*, *hanapin* at *saliksikin* tungkol sa dapat nating maging saloobin habang sinisikap nating mapalapit

sa Diyos? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga naging karanasan sa paghahangad nilang mapalapit sa Diyos.

**Katapusan**

Magbigay patotoo na nabubuhay tayo sa panahon na buong kagalakang inasam ni Jeremias at ng maraming iba pang mga propeta. Himukin ang mga miyembro ng klase na makilahok sa pagtitipon ng Israel at ipasulat ang batas ng Diyos sa kanilang mga puso.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ngayon ang panahon upang magsisi**

Ang pagkaawa ng Panginoon ay laging ipinaaabot sa mga nagsisisi. Gayunman, maaaring matuklasan ng mga taong nagpapaliban sa pagsisisi na nagiging mas mahirap ang magsisi.

Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith na: "Matutuklasan ng taong nakagawa noon ng maraming kamalian o kasalanan na hindi niya pinagsisihan at kung sa alin ay hindi nakatanggap ng kapatawaran na hindi pala maaaring iwasan ang kasamaan at ang kanyang katayuan sa daigdig ay walang pag-asa; at siya na walang ingat na ginagawang imposible ang umiwas sa masama dahil sa kabiguang pagsisihan ang mga nakaraang kamalian o kasalanan ay pinakasawimpalad. Kung gayon, ang araw-araw na pagsasanay ng paghingi ng awa at kapatawaran mula sa itaas habang patuloy tayong nabubuhay, ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihang maiwasan ang kasamaan" *(Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 374).

- Ano ang itinuturo ng mga sumusunod na talata tungkol sa kahalagahan ng pakikinig sa salita ng Panginoon at kaagad na pagsisisi?

  Jeremias 5:1–5, 21–25
  Jeremias 6:10–17
  Jeremias 7:23–28
  Jeremias 8:6–12, 20
  Jeremias 13:11, 23
  Jeremias 17:23

**2. Pagtalima sa mga salita ng mga propeta**

- Madalas itala ni Jeremias na ang mga tao ay hindi tumatalima sa kanyang mga salita (Jeremias 7:13; 25:3–4; 26:2–5; 32:33). Anong mga salita ng mga propeta sa mga huling araw ang maaaring kailangan nating sundin nang mas masigasig?

**3. Pag-ulit sa mga kasalanan ng mga nakaraang salinlahi**

- Nagbabala si Jeremias sa mga Judio noong kanyang kapanahunan na ang mga kasalanang kanilang ginagawa ay katulad ng mga kasalanan ng mga nakaraang salinlahi na kung saan ay tumanggap ang mga ito ng matinding

kaparusahan (Jeremias 11:1–12). Bakit sa palagay ninyo ayaw matuto ng salinlahi ni Jeremias mula sa mga kasalanan ng kanilang mga ninuno, lalung-lalo na napakalinaw ng pagkakasulat sa naging kaparusahan sa mga kasalanang iyon? Paano tayo higit na makikinabang mula sa mga aral na natutuhan ng mga nakaraang salinlahi ng mga pinagtipanang tao ng Diyos?

**4. Ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Diyos**

- Sa Jeremias 17:5–8, anong mga paghahambing ang ginawa sa pagitan ng mga taong nagtitiwala sa tao at mga taong nagtitiwala sa Diyos? Paano ninyo nakitang tumpak nga ang mga paghahambing na ito? Paano natin maipakikita ang ating pagtitiwala sa Diyos?

**5. Mga huwad na propeta**

- Si Sedechias ay isang hari na nagnais na sabihin sa kanya ng mga propeta ang nais lamang niyang marinig. Dahil dito maraming huwad na propeta ang nangakong hindi babagsak ang Jerusalem (Jeremias 28:1–4; 37:19). Sa ngayon ay maraming huwad na propeta na lumalapit "na may damit tupa" (Mateo 7:15). Ano ang katibayan na may mga huwad na propeta sa ating kalipunan? Ano ang ilan sa mga mensahe ng mga huwad na propeta sa ngayon? Paano natin maiiwasang mailigaw ng mga huwad na propeta?

Aralin
43

# Ang mga Pastol ng Israel

*Ezekiel 18; 34; 37*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na gampanan ang kanilang mga pananagutan bilang “mga pastol ng Israel” (Ezekiel 34:2).

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Ezekiel 34. Pinagalitan ng Panginoon ang mga pastol na hindi nagpapakain sa kawan. Hahanapin niya ang lahat ng nawawalang tupa at siya ang kanilang magiging Pastol.
   b. Ezekiel 18:21–32. Itinuro ni Ezekiel na ang masasama na magsisisi ay maliligtas at ang mga matwid na bumabaling sa kasamaan ay itataboy.
   c. Ezekiel 37:1–14. Si Ezekiel ay nakakita ng isang pangitain kung saan maraming tuyong buto ang nabigyang buhay.
   d. Ezekiel 37:15–28. Si Ezekiel ay nagpropesiya na ang tungkod ni Juda at ang tungkod ni Jose ay magiging isa sa kamay ng Panginoon.

2. Karagdagang babasahin: Ezekiel 2.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Basahin (o isulat sa pisara) ang sumusunod na tanong:

- Ano ang kaibahan ng isang tunay na pastol sa isang bayarang pastol?

Hilingin sa mga miyembro ng klase na pakinggan ang mga sagot sa tanong na ito sa sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson (maaari ninyong ipabasa sa isang miyembro ng klase ang siping-banggit):

“Noong kapanahunan ni Jesus, ang pastol na Palisteo ay tanyag sa kanyang pangangalaga sa kanyang tupa. Hindi tulad ng mga makabagong bayarang pastol, ang tunay na pastol ay palaging nauunang naglalakad sa kanyang kawan. Inaakay niya ang mga ito. Kilala ng tunay na pastol ang bawat isa sa mga tupa at karaniwang may pangalan para sa bawat isa. Kilala ng mga tupa ang kanyang tinig at nagtitiwala sa kanya at hindi sila sumusunod sa isang dayuhan. Kung kaya, kapag tinawag, ang mga tupa ay lumalapit sa kanya. (Tingnan sa Juan 10:14, 16.)

“Sa gabi ay dinadala ng mga tunay na pastol ang kanilang mga tupa sa isang kural na tinatawag na kulungan ng mga tupa. Matataas na bakod ang nakapaligid sa kulungan ng mga tupa, at nilalagyan ng mga tinik ang ibabaw ng mga bakod na ito upang hindi makaakyat ang mababangis na hayop at mga magnanakaw.

"Gayunman, kung minsan ay may mabangis na hayop na dahil sa gutom ay tumatalon sa mga bakod tungo sa gitna ng mga tupa, na sumisindak sa mga ito. Ang gayong kalagayan ang nagpapakita ng malaking pagkakaiba ng tunay na pastol—isang nagmamahal sa kanyang mga tupa—sa upahan—isang nagtatrabaho lamang dahil sa bayad at tungkulin.

"Ang tunay na pastol ay handang magbuwis ng kanyang buhay para sa mga tupa. Pupuntahan niya ang mga tupa at ipaglalaban ang sa kanilang kapakanan. Ang bayaran, sa kabilang dako, ay pinahahalagahan ang kanyang sariling kaligtasan kaysa sa mga tupa at karaniwang tatakasan ang panganib" (sa Conference Report, Abr. 1983, 61; o *Ensign*, Mayo 1983, 43).

Pagkatapos basahin ang siping-banggit, hilingan ang mga miyembro ng klase na ibuod ang mga pagkakaiba ng isang tunay na pastol at ng isang bayarang pastol (o upahan). Gamitin ang mga sumusunod na tanong kung kinakailangan, at isulat ang mga sagot sa pisara:

- Saan lumalakad ang tunay na pastol kapag kasama ang mga tupa? Saan lumalakad ang bayarang pastol? (Ang tunay na pastol ay nauunang lumalakad sa mga tupa at inaakay ang mga ito; ipinahihiwatig ng siping-banggit na ang bayarang pastol ay nasa likuran ng mga tupa at itinataboy ang mga ito.)
- Ano ang kaugnayan ng tunay na pastol sa bawat isa sa mga tupa? Ano ang kaugnayan ng bayarang pastol sa bawat isa sa mga tupa?
- Paano tumutugon ang tunay na pastol kapag nasa panganib ang mga tupa? Paano naman tumutugon ang bayarang pastol?

Ipaliwanag na bahagi ng araling ito ay tumatalakay sa ating mga pananagutan bilang mga espirituwal na pastol.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga pansariling karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

Noong 597 B.C., binihag ni Haring Nabucodonosor ng Babilonia ang maraming tao mula sa kaharian ng Juda. Kabilang sa mga bihag na ito ay si Ezekiel, na tinawag ng Panginoon bilang isang propeta pagkaraan ng limang taon. Noong 587 B.C. ay winasak ng mga taga Babilonia ang Jerusalem at marami pang binihag. Si Ezekiel ay nagministeryo sa kanyang mga tao na ipinatapon (exiled) hanggang 570 B.C.

Ang mga isinulat ni Ezekiel ay kinapapalooban ng matitinding galit at maluwalhating mga pangako na naaangkop hindi lamang sa sinaunang kaharian ng Juda kundi sa lahat ng Israel, kabilang na ang mga miyembro ng Simbahan sa ngayon. Kahit na winasak ang Jerusalem, nakini-kinita ni Ezekiel ang araw kung kailan titipunin at ipanunumbalik ang Israel. Ang pangyayaring ito ay isinagisag sa kanyang pangitain tungkol sa lambak ng mga tuyong buto at sa kanyang propesiya tungkol sa mga tungkod nina Juda at Jose.

### 1. Ang mga pastol ng Israel

Ituro at talakayin ang Ezekiel 34. Sa kabanatang ito ay pinagalitan ng Panginoon ang mga makasariling pastol ng Israel na hindi nagpakain sa kawan. Pagkatapos

ay inilarawan niya ang kanyang sarili bilang ang Mabuting Pastol na magtitipon sa kanyang kawan sa mga huling araw at aakay sa kanila sa panahon ng Milenyo.

- Sino ang "mga pastol ng Israel" na binanggit sa Ezekiel 34? (Ang mga pinuno ng relihiyon noong panahon ni Ezekiel.) Bakit hindi nalugod ang Panginoon sa kanila? (Tingnan sa Ezekiel 34:2–4.) Ano ang nangyari sa mga tupa nang pabayaan sila ng mga pastol? (Tingnan sa Ezekiel 34:5–6.)

- Sa anong mga paraan maituturing ang bawat isa sa atin na isang pastol ng Israel? (Tayo ay magbabantayan at magpapalakas ng bawat isa bilang mga miyembro ng mag-anak, miyembro ng Simbahan, magkakapitbahay, mga tagapagturo ng tahanan at dumadalaw na tagapagturo, at mga miyembro ng mga korum at klase.)

  Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie: "Ang sinumang naglilingkod sa anumang tungkulin sa Simbahan kung saan ay may pananagutan siya sa espirituwal o temporal na kapakanan ng sinuman sa mga anak ng Panginoon ay isang pastol sa mga tupang iyon. Papananagutin ng Panginoon ang kanyang mga pastol sa kaligtasan ng kanyang mga tupa" (*Mormon Doctrine,* ika-2 edisyon [1966], 710.)

- Ang Panginoon ay hindi nalugod sa ilang pastol sa pagpapakain sa kanilang sarili sa halip na pakainin ang mga kawan (Ezekiel 34:2–3, 8). Paano maaaring magawa ng ilan sa atin ang kamaliang ito sa ngayon?

- Ayon sa Ezekiel 34:11–16, ano ang ginagawa ng mga tunay na pastol para sa kanilang mga tupa? (Pansinin ang mga pandiwang *susuriin*, *hahanapin*, *ililigtas*, *titipunin*, *pakakanin*, *tatalian*, at *palalakasin*.) Paano tayo makatutulong sa iba upang hindi sila maligaw o maikalat? Paano tayo makatutulong upang tipunin ang mga naligaw? Paano natin pakakainin at palalakasin ang mga kawan ng Panginoon? Paano kayo pinagpala ng mga tunay na pastol na gumawa ng mga bagay na ito?

  Ang Pangulong Ezra Taft Benson ay nagsabing: "Hinihiling namin sa inyo na magtrabaho pa kayong mabuti nang may pinag-ibayong dedikasyon. . . . Nais namin na inyong bantayan, pakainin, pag-ingatan, at pangalagaan ang kawan at, sa pagkakataon na kung saan ang ilan ay pansamantalang naliligaw, hinahamon namin kayong hanapin sila" (sa Conference Report, Abr. 1983, 64; o *Ensign*, Mayo 1983, 45).

- Paano tulad ng isang pastol ang Tagapagligtas sa atin? (Tingnan sa Ezekiel 34:11–16; Mga Awit 23; Isaias 40:11; Juan 10:11–15.) Maaari ninyong naising talakayin kung paano nagawa ng Tagapagligtas ang bawat isa sa mga bagay na inilalarawan sa mga banal na kasulatan na ito. Magbigay ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas ayon sa ipadarama sa inyo ng Espiritu.

**2. Pagsisisi at pagpapatawad**

Ituro at talakayin ang Ezekiel 18:21–32.

- Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa pagsisisi at pagpapatawad? (Tingnan sa Ezekiel 18:21–22, 27–28.) Ano ang ibig sabihin ng "magbagong loob at magbagong diwa"? (Ezekiel 18:31). Bakit mahalagang maunawaan na ang pagsisisi ay kinabibilangan kapwa ng pagtalikod sa kasalanan at

pagkakaroon ng pagbabago ng puso? Paano natin mararanasan itong pagbabago ng puso na ito? (Tingnan sa Alma 5:7–14.)

- Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa mga taong tumatalikod sa pagkamatwid at hindi nagsisisi? (Tingnan sa Ezekiel 18:24, 26.)
- Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa nadarama ng Panginoon kapag pinarurusahan niya ang masasama? (Tingnan sa Ezekiel 18:23, 32.)
- Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa katarungan at pagkaawa ng Panginoon? (Tingnan sa Ezekiel 18:25, 29–32.) Bakit mahalagang malaman na ang Panginoon ay makatarungan at maawain?

**3. Ang pangitain ni Ezekiel tungkol sa lambak ng mga buto**

Ituro at talakayin ang Ezekiel 37:1–14. Ipaliwanag na ang pangitain ni Ezekiel tungkol sa lambak ng mga buto ay sumasagisag kapwa sa Pagkabuhay na Mag-uli at sa pagpapanumbalik ng mga anak ni Israel sa kanilang lupang pangako.

- Paano isinasagisag ang Pagkabuhay na Mag-uli sa pangitain ni Ezekiel? (Ang mga buto ay nagkasama-sama, nabalutan ng laman at natakpan ng balat, at muling nagkaroon ng buhay; tingnan sa Ezekiel 37:1–10; tingnan din sa Alma 11:42–44; 40:23.)
- Paano isinasagisag ang pagpapanumbalik ng mga anak ni Israel sa kanilang lupang pangako sa pangitain ni Ezekiel? (Tingnan sa Ezekiel 37:11–14. Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay ginamit upang isagisag ang pagpapanumbalik na ito.)
- Ang pangitain ni Ezekiel ay maaari ring mabasa bilang isang pagtutulad na naglalarawan sa pagpapanibago ng "pag-asa" ng Israel (Ezekiel 37:11). Bagaman ang pag-asa ng Israel ay patay na tulad ng "malaking hukbo" ng mga buto na nakita ni Ezekiel, ay maaari pa ring ibalik dito ng Tagapagligtas ang lakas at buhay. Paano pinag-ibayo ng Tagapagligtas ang inyong pag-asa? (Maaari ninyong naising basahin ang Moroni 7:41 habang tinatalakay ninyo ang tanong na ito.)
- Ang mga buto sa pangitain ni Ezekiel ay nagsimulang mabuhay pagkatapos na sabihin ni Ezekiel sa mga ito na "inyong pakinggan ang salita ng Panginoon" (Ezekiel 37:4). Paano nagbibigay sa atin ng buhay ang salita ng Panginoon?

**4. Ang tungkod ni Juda at ang tungkod ni Jose**

Ituro at talakayin ang Ezekiel 37:15–28. Ipaliwanag na ang propesiya ni Ezekiel tungkol sa mga tungkod nina Juda at Jose ay may dalawahang kahulugan. Ito ay nakapatungkol sa pagsasama sa mga huling araw ng mga talaan ng banal na kasulatan nina Juda at Jose (Israel). Ito ay nakapatungkol din sa muling pagsasama ng mga kaharian nina Juda at Jose (Israel) sa mga huling araw.

- Paano natupad ang propesiya sa Ezekiel 37:15–20? (Tingnan sa 1 Nephi 5:14; 2 Nephi 3:12; Doktrina at mga Tipan 27:5. Ipaliwanag na ang salitang *tungkod* sa mga talatang ito ay tumutukoy sa isang uri ng yari sa kahoy na pinagsusulatan na pangkarinawang gamit noong kapanahunan ni Ezekiel. Ang tungkod ni Juda ay sumasagisag sa Biblia, at ang tungkod ni Jose ay sumasagisag sa Aklat ni Mormon.)

Si Elder Boyd K. Packer ay nagsabing: "Ang tungkod o talaan ni Juda—ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan—at ang tungkod o talaan ni Ephraim—ang Aklat ni Mormon, na isa pang tipan ni Jesucristo—ay hinabing magkasama sa ngayon sa paraan na kung saan kapag masigasig mong pinag-aralan ang isa ay malalapit ka sa isa pa; habang natututo ka sa isa ay naliliwanagan ka rin sa isa. Tunay na iisa ang mga ito sa ating mga kamay. Ang propesiya ni Ezekiel ay nagkaroon na ng katuparan sa ngayon" (sa Conference Report, Okt. 1982, 75; o *Ensign*, Nob. 1982, 53).

- Anong mga biyaya ang dumating mula sa pagkakaroon ng Aklat ni Mormon bilang karagdagan sa Biblia? (Tingnan sa 1 Nephi 13:39–40; 2 Nephi 3:12.) Paano kayo natulungan ng Aklat ni Mormon na higit na maunawaan ang Biblia? Paano nito pinatatag pa sa inyo ang patotoo ng Biblia tungkol sa Panginoong Jesucristo?

- Ano ang sinabi ni Ezekiel na magaganap pagkatapos na mapagsama ang dalawang tungkod?

  a. Ang mga anak ni Israel ay pagsasama-samahin at pagkakaisahin sa isang kaharian kasama ang Tagapagligtas bilang Hari (Ezekiel 37:21–22).
  b. Ang mga tao ay lilinisin at gagawing dalisay (Ezekiel 37:23).
  c. Susundin ng mga tao ang mga palatuntunan ng Panginoon (Ezekiel 37:24).
  d. Ang mga tao ay maninirahan sa isang lupang pangako (Ezekiel 37:25).

- Ano ang iba pang mga biyaya na ipinangako ng Panginoon sa Ezekiel 37:26–28? (Ang isang mahalagang biyaya ay ang pagpapanumbalik ng banal na lugar o tabernakulo ng Panginoon, na ang ibig sabihin ay ang templo. Tatalakayin ng kasunod na aralin ang mga pagpapala ng templo nang mas detalye.)

---

**Katapusan**

Ang mga turo ni Ezekiel ay tumutulong sa atin na maunawaan kung gaano ang pagmamahal at pagmamalasakit ng Tagapagligtas sa bawat isa sa atin. Siya ang ating Pastol. Handa siyang magpatawad. Ginawa niyang posible na tayo ay mabuhay na mag-uli. Pinangangasiwaan niya ang pagtitipon ng Israel sa mga huling araw. At inilabas niya ang Aklat ni Mormon bilang isa pang saksi hinggil sa kanya. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga patotoo tungkol sa mga katotohanang ito.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Pagkatuto na maging isang mabuting pastol**

Habang tinatalakay ang ating mga pananagutan bilang mga pastol, maaari ninyong naising basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento mula kay Pangulong James E. Faust:

"Noong ako ay bata pa, ang aking ama ay nakakita ng isang tupa na nag-iisa sa disyerto. Ang kawan ng tupa na kung saan kabilang ang ina nito ay nakaalis na,

at sa paanong paraan ang tupa ay nahiwalay sa ina nito, at maaaring hindi alam ng pastol na ito ay naligaw. Dahil hindi ito mabubuhay nang mag-isa sa disyerto, dinampot ito ng aking ama at iniuwi. Ang pag-iwan sa tupa doon ay mangangahulugan ng tiyak na kamatayan, maaaring sa pamamagitan ng pagpatay dito ng mga *coyote* o kaya ay sa gutom dahil napakabata nito at nangangailangan pa ng gatas. . . .  Ibinigay sa akin ng aking ama ang tupa, at ako ang naging pastol nito.

"Sa loob ng ilang linggo ay nagpainit ako ng gatas ng baka sa isang bote ng sanggol at pinakain ang tupa. Naging magkaibigan kaagad kami. . . .  Nagsimula itong lumaki. Naglalaro kami ng aking tupa sa damuhan. Kung minsan ay magkasama kaming nahihiga sa damo at inihihiga ko ang aking ulo sa malambot na balahibuhing bahagi nito at titingala sa bughaw na langit at sa makakapal na ulap. Hindi ko ikinukulong ang aking tupa sa araw. Hindi naman ito umaalis. Hindi nagtagal ay natuto itong kumain ng damo. Natawag ko ang aking tupa sa kahit saang bahagi ng bakuran sa pamamagitan lamang ng buong husay kong panggagaya sa huni ng isang tupa. . . .

"Isang gabi ay dumating ang isang malakas na unos. Nakalimutan kong ilagay ang aking tupa sa loob ng kamalig noong gabing iyon tulad ng dapat gawin. Natulog ako. Ang munti kong kaibigan ay natakot sa unos, at narinig ko itong umiiyak. Alam kong kailangan kong tulungan ang alaga kong hayop, ngunit gusto kong manatiling ligtas, mainit, at tuyo sa aking higaan. Hindi ako nagbangon tulad ng dapat ko sanang ginawa. Kinabukasan ay lumabas ako at natagpuan kong patay na ang aking tupa. Narinig din ng isang aso ang pag-iyak nito at pinatay ito. Nasaktan ang aking puso. Hindi ako naging mabuting pastol o tagapangalaga ng bagay na ipinagkatiwala sa akin ng aking ama. Sinabi ng aking ama na, 'Anak, kahit ba naman ang isang tupa ay hindi ko maipagkakatiwalang pangalagaan mo?' Ang sinabing iyon ng aking ama ay mas masakit sa akin kaysa sa pagkawala ng aking mabalahibong kaibigan. Nagpasiya ako noong araw na iyon, bilang isang bata, na sisikapin kong hindi na kailanman magpapabaya sa ipinagkatiwala sa akin bilang pastol kung ako ay malalagay muli sa gayong katayuan.

"Mga ilang taon ang nakalipas pagkaraan noon ay tinawag ako bilang isang nakababatang kasama ng isang tagapagturo ng tahanan. May mga pagkakataon na napakalamig at maunos at nais kong lumagi sa tahanan at maging maginhawa ang aking pakiramdam, ngunit sa aking isipan ay naririnig ko ang aking maliit na tupa na umiiyak, at alam kong kailangan kong maging isang mabuting pastol at sumama sa aking nakatatandang kasama. Sa loob ng maraming taon na iyon, sa tuwing nanaisin kong magpabaya sa aking mga tungkulin, ay dumarating sa aking alaala ang kalungkutang nadama ko noong gabing iyon, maraming taon na ang nakalilipas, nang ako ay hindi naging isang mabuting pastol" (sa Conference Report, Abr. 1995, 62–63; o *Ensign*, Mayo 1995, 46).

**2. Ang mga bantay ay magbibigay babala**

- Noong tinatawag si Ezekiel bilang isang propeta, ang Panginoon ay nagsabing, "Ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel" (Ezekiel 3:17). Paano tulad ng sa isang bantay ang mga tungkulin ni Ezekiel bilang propeta? (Tingnan sa Ezekiel 3:17–21; 33:1–9. Noong kapanahunan ni Ezekiel, ang isang bantay sa tore ay nagbibigay babala sa mga tao hinggil sa nagbabantang panganib mula

sa mga kaaway na hukbo. Binalaan ni Ezekiel ang kanyang mga tao tungkol sa mga kaaway na maglalagay sa kanila sa espirituwal na panganib.)

- Sino ang ating mga bantay sa mga huling araw? Bakit mahalagang magkaroon ng mga bantay na ito? Ano ang ating pananagutan sa pagiging bantay? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:81. Bahagi ng pananagutang ito ang ituro ang ebanghelyo sa mga hindi pa nakatanggap nito.)

Upang maituro ang kahalagahan ng pakikinig sa mga babala ng mga propeta—at ng pagbababala sa ating mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa kanila—ay ikinuwento ni Elder Boyd K. Packer ang tungkol sa nakapipinsalang baha na sanhi ng pagguho ng Teton Dam sa Idaho noong 1976. Sa tiyak na dadaluyan ng mabilis na rumaragasang tubig ay ang 7,800 katao. Sa pagragasa ng tubig pababa sa lambak, winasak nito ang 790 tahanan at malubhang sinira ang iba pang 800 tahanan, simbahan, paaralan, at negosyo. Kung titingnan ang dami ng tubig, ang tulin nito, at ang populasyon ng pook, tinantiya ng isang dalubhasa na 5,300 katao ang maaari sanang namatay. Hindi kapani-paniwalang 6 na tao lamang ang nalunod.

Si Elder Packer ay nagtanong:

"Paano nangyari na kakaunti lamang ang buhay na nawala samantalang gayon kalaki ang kakila-kilabot na pagkawasak? . . .  Dahil sila ay nabigyang babala! Wala silang gaanong panahon, ngunit sila ay nabigyang babala; at ang bawat taong nabigyang babala ay nagbigay babala sa kanyang kapitbahay. . . .

"Ano naman ang nangyari sa anim na nalunod? Ang isa sa kanila ay nasa ibaba lamang ng dam at walang nagawa. Ang dalawa sa kanila ay ayaw maniwala sa babala hanggang sa huli na ang lahat. Sa dakong huli ay natagpuan sila kapwa sa kanilang kotse, ngunit hindi nila pinakinggan ang babala. Tatlo sa kanila ang nagbalik upang kumuha ng ilang materyal na ari-arian, at nasawi.

"Sa kabila ng lahat ay isa itong napakalaking himala. Bilang mga Banal sa mga Huling Araw ay natutuhan nating pakinggan ang mga babala. . . .

"Ngayon ay malaki ang nakikita kong pagkakatulad nito sa nangyayari sa daigdig, isang malaking alon ng masama at kasamaan sa daigdig. Tumatagos ito sa ating paligid at palalim nang palalim. Ang buhay natin ay nanganganib. Ang ating ari-arian ay nanganganib. Ang ating kalayaan ay nanganganib, ngunit gayon pa man ay walang anuman na patuloy tayong abala sa ating ginagawa at hindi nauunawaan na nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang babala na balaan ang kanyang kapwa.  . . .

"[Tayo ay] binalaan ng isang propeta. Pakikinggan ba [natin] ang babala, o magiging tulad ba [tayo] ng anim na iyon sa Idaho na nag-akalang hindi para sa kanila ang babala?" (*That All May Be Edified* [1982], 220-21, 223).

# “Bawat Likhang may Buhay . . . Saan mang Dako Umaagos ang Tubig, ay Mabubuhay”

Aralin
44

*Ezekiel 43–44; 47*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na makibahagi sa nagbibigay-buhay at nagpapagaling na mga kapangyarihan na makakamtan sa templo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Ezekiel 43:1–12; 44:6–9, 23. Ipinakita kay Ezekiel ang isang pangitain tungkol sa templo sa Jerusalem.
   b. Ezekiel 47:1, 6–12. Si Ezekiel ay nakakita ng isang ilog na dumadaloy mula sa templo na nagbigay buhay sa disyerto at nagpagaling sa Patay na Dagat (Dead Sea).
   c. Ezekiel 47:2–5. Sinukat ni Ezekiel ang lalim ng ilog at natuklasan na ang tubig ay lalong lumalalim sa tuwing lulusong siya dito.

2. Idrowing ang mapa na nasa aralin ding ito sa isang poster o sa pisara bago magsimula ang klase.

3. Karagdagang babasahin: Ezekiel 40–42; Joel 3:18; Zacarias 14:8; Apocalipsis 22:1–3; 1 Nephi 8:10–11; 11:25; Doktrina at mga Tipan 97:8–20.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Magtanong sa mga miyembro ng klase ng katulad ng mga sumusunod:

- Naramdaman na ba ninyong matuwa samantalang pinanonood ang isang palaro o iba pang uri ng libangan?
- Naging labis ba ang inyong matuwa sa gayong pangyayari kung kaya tumayo at sumigaw o pumalakpak kayo?
- May naiisip ba kayong sagradong pangyayari na nasamahan na o sasamahan ng masiglang pagpapahayag ng kagalakan at pasasalamat? Ang ilan sa mga pangyayaring ito ay kinabibilangan ng:

   a. Ang paglikha sa mundo (Job 38:4–7).
   b. Ang matagumpay na pagpasok ni Jesus sa Jerusalem (Juan 12:12–16).
   c. Ang Ikalawang Pagparito ni Cristo at ang Pagkabuhay na Mag-uli (1 Mga Taga Tesalonica 4:16).

- Paano maihahambing ang kasiglahan ng mga palaro o iba pang aliwan sa kagalakan ng mga sagradong pangyayaring ito? (Samantalang pansamantala lamang ang kasiglahan ng mga palaro o iba pang aliwan, ang kagalakang nauugnay sa mga sagradong pangyayari ay walang hanggan.)
- Ano ang sagradong pangyayari sa Simbahan na kung saan ipinakikita ng mga kalahok ang kanilang kagalakan at pasasalamat sa pamamagitan ng pagtayo, pagsigaw, at pagkaway? (Sa paglalaan ng isang templo, ang kongregasyon ay nakikilahok sa isang dakilang pagpapahayag ng kagalakan na tinatawag na Sigaw ng Hosanna.)

  "Ang Sigaw ng Hosanna ay buong kaluluwa, na kung saan ibinubuhos ang hangg anan ng lakas ng isang tao. Ang kongregasyon ay tumatayo at sabay-sabay na isisigaw ang mga salitang "Hosanna, Hosanna, Hosanna sa Diyos at Kordero. Amen, Amen, Amen, na inuulit nang tatlong beses ang mga ito. Ito ay karaniwang sinasabayan ng may ritmong pagwawagayway ng mga puting panyo nang nakataas ang mga kamay. Ang salitang 'Kordero' na gamit na panghalili sa Jesucristo ay nauugnay sa pagpapakababa ng Diyos at sa pagbabayad-sala ni Jesucristo" (sa Daniel H. Ludlow, inedit, *Encyclopedia of Mormonism*, 5 tomo, [1992], 2:659).

Ipaliwanag na ang araling ito ay tutulong sa mga miyembro ng klase na maunawaan ang ilan sa maraming paraan ng pagdudulot ng templo ng kagalakan.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Ipinakita kay Ezekiel ang isang pangitain ng templo sa Jerusalem.**

Ituro at talakayin ang Ezekiel 43:1–12; 44:6–9, 23.

- Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Ezekiel 43:1–12 at 44:6–9, 23. Ano ang matututuhan natin tungkol sa templo mula sa mga talatang ito?

  Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase at talakayin ang kahulugan ng mga ito. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng mga sumusunod:


  a. Napupuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon ang templo (Ezekiel 43:2, 4–5).
  b. Ang templo ay "ang dako ng luklukan [ng Panginoon]" sa lupa (Ezekiel 43:7).
  c. Ang Panginoon ay lumalakad sa templo at tinatawag itong "dako ng mga talampakan ng aking mga paa" (Ezekiel 43:7).
  d. Ang templo ang lugar kung saan ang Panginoon ay maaaring "[tumahan] sa gitna" ng kanyang mga tao (Ezekiel 43:7).
  e. Natututuhan natin ang mga batas ng Panginoon sa templo (Ezekiel 43:11).
  f. May mga ordenansa na nais ipagawa sa atin ang Panginoon sa templo (Ezekiel 43:11).
  g. Maging ang lupa sa palibot ng templo ay dapat "maging kabanal-banalan" (Ezekiel 43:12).

h. Tanging ang mga karapat-dapat lamang ang dapat pumasok sa templo (Ezekiel 44:6–9).
i. Sa templo ay nalalaman natin ang pagkakaiba ng banal at hindi banal at ng malinis at marumi (Ezekiel 44:23).

**2. Si Ezekiel ay nakakita ng isang ilog na dumadaloy mula sa templo na nagbigay buhay sa disyerto at nagpagaling sa Patay na Dagat (Dead Sea).**

Ituro at talakayin ang Ezekiel 47:1, 6–12.

- Ano ang nakita ni Ezekiel na nanggagaling sa silangang pintuan ng templo sa Jerusalem? (Tingnan sa Ezekiel 47:1.) Saan nagpunta ang tubig? (Tingnan sa Ezekiel 47:8. Ipakita sa mapa na ang ilang ng Judea at ang Patay na Dagat ay nasa silangang bahagi ng Jerusalem.)




- Ang ilang ng Judea ay tigang na disyerto, at ang Patay na Dagat ay napakaalat upang magbigay buhay sa mga hayop. Sang-ayon sa pangitain ni Ezekiel, anong mga pagbabago ang magaganap sa ilang ng Judea at sa Patay na Dagat dahil sa ilog na dumadaloy mula sa templo? (Tingnan sa Ezekiel 47:6–12.)

- Sa isang pangitain na tulad ng pangitain ni Ezekiel sa templo ay ipinakita kay Juan na Minamahal ang luklukan ng Diyos (Apocalipsis 22:1–3. Pansinin na sa Ezekiel 43:7 ay tinawag ng Panginoon ang templo na “dako ng aking luklukan”). Ano ang dumaloy mula sa luklukan ng Diyos sa pangitain ni Juan? (Tingnan sa Apocalipsis 22:1.) Ano ang “tubig ng buhay”? (Ang mga doktrina ng ebanghelyo; tingnan sa gawaing pantawag-pansin sa aralin 30.) Paano tayo katulad ng ilang ng Judea at ng Patay na Dagat kung hindi natin iinumin ang tubig ng buhay?

- Paano nakapagpapagaling at nagbibigay buhay sa mga kasal ang tubig ng buhay na nakukuha sa templo? mag-anak? ating mga ninuno? sa Simbahan? Ano pa ang dumadaloy mula sa templo na nagbibigay ng espirituwal na buhay at kagalingan? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng katotohanan, karunungan, paghahayag, at mga tipan.)

- Ang Ezekiel 47:12 ay naglalarawan sa mga punungkahoy na tumutubo sa pampang ng ilog sa pangitain ni Ezekiel. Ano ang ipinagkapareho ng mga punungkahoy sa mga tubig ng ilog? (Ang mga ito ay may mga kapangyarihan sa pagpapagaling at pagbibigay buhay.)

- Ano ang tumubo sa pampang ng ilog sa pangitain ni Juan? (Tingnan sa Apocalipsis 22:2.) Saan pa sa mga banal na kasulatan ipinakita sa mga propeta ang punungkahoy ng buhay? (Tingnan sa 1 Nephi 8:10–11; 11:25.) Sa panaginip na ibinigay kina Lehi at Nephi, ano ang isinagisag ng punungkahoy ng buhay? (Tingnan sa 1 Nephi 11:25.)
- Paano nakapagpapagaling at nakapagbibigay buhay ang pag-ibig ng Diyos? Anong mga espirituwal at pisikal na sugat ang pagagalingin ng pag-ibig ng Diyos?

**3. Sinukat ni Ezekiel ang lalim ng ilog.**

Ituro at talakayin ang Ezekiel 47:2–5.

- Gaano kalalim ang tubig ng ilog noong unang lumusong patawid si Ezekiel? (Tingnan sa Ezekiel 47:2–3.) Gaano ito kalalim noong ikalawa, ikatlo, at ikaapat na pagkakataon na siya ay lumusong patawid? (Tingnan sa Ezekiel 47:4–5.) Anong katotohanan ang ipinahihiwatig ng mga talatang ito tungkol sa templo? (Ang kapangyarihan ng templo ay nadaragdagan sa ating mga buhay kapag madalas tayong dumalo.)
- Mga kamangha-manghang katotohanan ang itinuturo sa templo, at marami ang sa pamamagitan ng mga sagisag. Kung sa una ang ating pang-unawa sa mga katotohanang ito o sa mga ordenansa ng templo ay hanggang "bukung-bukong lamang ang lalim," ano ang dapat nating gawin? (Tingnan sa Ezekiel 47:2–5. Dapat tayong paulit-ulit na lumusong sa "ilog"—o, sa madaling salita, dumalo sa templo nang mas madalas hangga't maaari.)

---

Katapusan

Sabihin sa mga miyembro ng klase na tinawag ng Panginoon ang templo na "isang lugar ng pagbibigay-pasalamat" (Doktrina at mga Tipan 97:13). Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa mga biyayang dumarating dahil sa templo, at anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang damdamin ng pasasalamat para sa templo. Magpatotoo na kung paanong pinagaling ng mga tubig mula sa templo ang ilang ng Judea at ang Patay na Dagat sa pangitain ni Ezekiel, ay gayundin na pagagalingin at lilinisin tayo ng ebanghelyo ni Jesucristo kung makikibahagi tayo dito.

---

## Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. "Aking iniibig ang tahanan ng iyong bahay" (Mga Awit 26:8)**

Marami sa mga awit ang bumabanggit sa mga biyayang natatanggap natin mula sa pagdalo sa templo at nagpapahayag ng magandang damdamin ng pagmamahal at pasasalamat para sa templo. Maaari ninyong naising hilingan ang ilang miyembro ng klase na ipahayag ang kanilang damdamin ng pasasalamat para sa templo habang tinatalakay ninyo ang sumusunod na mga awit:

Mga Awit 24:3–4
Mga Awit 26:6–8

Mga Awit 27:1, 4–6
Mga Awit 65:4
Mga Awit 84
Mga Awit 122
Mga Awit 134

**2. "Ang Dakilang Sagisag ng [Ating] Pagiging Miyembro"**

Ang Pangulong Howard W. Hunter ay nagsabing: "Inaanyayahan ko ang mga Banal sa mga Huling Araw na ituring ang templo ng Panginoon bilang dakilang sagisag ng inyong pagiging miyembro. Ang pinakataimtim na hangarin ng aking puso ay gawing karapat-dapat ang bawat miyembro ng Simbahan na makapasok sa templo. Magiging kalugud-lugod sa Panginoon kung ang bawat miyembro na may sapat na gulang ay magiging karapat-dapat sa—at magdadala—ng isang kasalukuyang may bisang rekomendasyon sa templo. Ang mga bagay na kailangan nating gawin at hindi gawin upang maging karapat-dapat sa isang rekomendasyon sa templo ang siya rin mismong mga bagay na magbibigay katiyakan na tayo ay magiging maligaya bilang mga indibiduwal at bilang mag-anak" (sa Conference Report, Okt, 1994, 8; *Ensign*, Nob. 1994, 8).

- Paano natin magagawang "dakilang sagisag ng [ating] pagiging miyembro" sa Simbahan ang templo? Paano makaaapekto sa ating pananaw sa buhay at sa ating dedikasyon sa gawain ng Panginoon ang ganitong uri ng pagtanaw sa templo?

Aralin
# 45
# "Kung Ako'y Mamatay ay Mamatay"

*Daniel 1; 3; 6; Esther 3–5; 7–8*

**Layunin**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na magkaroon ng lakas ng loob na mamuhay nang naaayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

   a. Daniel 1. Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay tumangging dungisan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagkain ng pagkain ni Haring Nabucodonosor (1:1–16). Biniyayaan ng Panginoon si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ng mabuting kalusugan at karunungan (1:17–21).
   b. Daniel 3. Sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay tumangging sambahin ang mga diyus-diyosan ni Haring Nabucodonosor (3:1–12). Ipinatapon sila ni Haring Nabucodonosor sa isang hurnong nagniningas, at iniligtas sila ng Panginoon mula sa kamatayan (3:13–30).
   c. Daniel 6. Hinikayat ng mga tauhan ni Haring Darius ang hari na lumagda sa isang kautusan na sa loob ng 30 araw ang lahat ng mga kahilingan ay kailangang sa kanya idulog sa halip na sa kaninumang tao o sa Diyos (6:1–9). Sa kabila ng utos ng hari, si Daniel ay nanalangin pa rin sa Diyos (6:10–13). Bilang parusa sa pagsuway sa utos, si Daniel ay itinapon sa yungib ng mga leon (6:14–17). Nagsugo ang Panginoon ng isang anghel upang pangalagaan si Daniel (6:18–23).
   d. Esther 3–5; 7–8. Si Mardocheo ay tumangging yumukod kay Aman (3:1–4). Hinikayat ni Aman si Haring Assuero na maghanda ng isang kautusan na magtatakda ng kamatayan ng lahat ng Judio sa kaharian (3:5–14). Natuklasan ni Esther ang plano ni Aman na pagpatay sa kanyang mga tao at itinaya ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagpunta sa hari para humingi ng tulong (4:1–17). Tinanggap ng hari si Esther at ipinagkaloob ang kanyang kahilingan na magpunta sa isang piging na kasama si Aman (5:1–8). Sa piging ay inihayag ni Esther ang plano ni Aman na patayin ang mga Judio (7:1–6). Ipinabitay ng hari si Aman (7:7–10). Pinarangalan ng hari si Mardocheo at ipinagkaloob ang kahilingan ni Esther na baligtarin ang utos ni Aman (8:1–17).

2. Karagdagang babasahin: Daniel 5; Esther 1–2; 6; 9–10.

3. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, hilingan ang dalawang miyembro ng klase na maghandang magkuwento nang maikli tungkol sa isang pagkakataon nang sila o ang isang taong kakilala nila ay kinailangang magpamalas ng lakas ng loob upang sundin ang Panginoon.

4. Kung makukuha ang sumusunod na mga larawan, maaari ninyong naising gamitin ang ilan sa mga ito sa oras ng aralin: Tinatanggihan ni Daniel ang Karne at Alak ng Hari (62094; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 114); Tatlong Lalaki sa Nagniningas na Hurno (62093; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 116); at Si Daniel sa yungib ng mga Leon (62096; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 117).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Hilingan ang inatasang mga miyembro ng klase na maikling ikuwento ang tungkol sa isang pagkakataon nang sila o ang isang kakilala nila ay kinailangang magpamalas ng lakas ng loob upang sundin ang Panginoon.

Pagkatapos maibahagi ng mga miyembro ng klase ang kanilang mga karanasan, ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa anim na tao sa Lumang Tipan na nagpamalas ng lakas ng loob sa pagsunod sa Panginoon.

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay tumangging kumain ng pagkain ni Haring Nabucodonosor; sila ay biniyayaan ng mabuting kalusugan at karunungan.**

Ituro at talakayin ang Daniel 1.

Bilang isang bata, si Daniel ay dinalang bihag mula sa Jerusalem patungong Babilonia. Siya at iba pang matatalino at mga may kakayahang kabataang Hebreo—kabilang ang kanyang mga kaibigan na sina Sadrach, Mesach, at Abednego—ay sinanay sa kaharian ni Haring Nabucodonosor.

- Ano ang iminungkahi ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan nang bigyan sila ng karne at alak ng hari? (Tingnan sa Daniel 1:8–14.) Anong mga biyaya ang natanggap nila sa pagsunod sa batas ng kalusugan ng Panginoon? (Tingnan sa Daniel 1:15, 17, 20.) Paano katulad ng mga pangako ng Panginoon sa atin ang mga biyayang natanggap nila kung susundin natin ang Salita ng Karunungan? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89:18–20.)

  Itinuro ni Elder Boyd K. Packer na: "Napag-alaman ko . . . na ang isang pangunahing layunin ng Salita ng Karunungan ay may kinalaman sa paghahayag. Mula pa noong maliliit kayo ay tinuruan na namin kayong umiwas sa tsaa, kape, alak, tabako, mga narkotiko, at anumang bagay na nakasasama sa inyong kalusugan. . . . Kung ang isang tao na nasa ilalim ng impluwensiya [ng alkohol o narkotiko] ay nahihirapang makinig sa simpleng usapan, paano pa sila makatutugon sa mga espirituwal na paramdam na ipinadarama sa kanilang mga pinakasensitibong damdamin? Bagaman ang Salita ng Karunungan ay kasing halaga ng batas ng kalusugan, ito ay maaaring maging lubos na mas mahalaga sa inyo sa espirituwal kaysa sa pisikal" (sa Conference Report, Okt. 1979, 28–29; o *Ensign*, Nob. 1979, 20).

- Ano ang maituturo sa atin ng kuwentong ito tungkol sa kung paano tutugon kapag nakadama tayo ng panggigipit na gawin ang isang bagay na hindi natin

dapat gawin? (Tingnan sa Daniel 1:5, 8.) Anong mga kalagayan sa ngayon ang nangangailangan ng ating lakas ng loob upang masunod ang mga kautusan ng Panginoon? Paano tayo magkakaroon ng lakas ng loob na kailangan upang makasunod sa gayong mga kalagayan?

**2. Iniligtas ng Panginoon sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa kamatayan sa nagniningas na hurno.**

Ituro at talakayin ang Daniel 3.

- Ipinag-utos ni Haring Nabucodonosor na ang sinumang hindi sasamba sa kanyang diyus-diyosan ay itatapon sa nagniningas na hurno (Daniel 3:1–6). Paano tumugon sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa utos? (Tingnan sa Daniel 3:12.) Ano ang ginawa ni Nabucodonosor nang malaman niyang ayaw nilang sumamba sa kanyang diyus-diyosan? (Tingnan sa Daniel 3:13–15, 19–20.)

- Ano ang sinabi nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego nang manakot ang hari na itatapon sila sa hurno? (Tingnan sa Daniel 3:16–18.)

  Si Elder Neal A. Maxwell ay nagsabing: "[Hindi] tayo palaging ililigtas sa pang-araw-araw nating mga problema, ngunit ililigtas tayo mula sa walang hanggang kamatayan! Samantala, ginagawang posible ng tunay na pag-asa na mabigkas natin ang tatlong salita ring iyon na ginamit mga ilang siglo na ang nakararaan ng tatlong magigiting na lalaki. Alam nilang ililigtas sila ng Diyos mula sa nagniningas na hurno kung gugustuhin Niya. 'Ngunit kung hindi,' gayunma'y sinabi nilang, Siya'y paglilingkuran pa rin nila!" (sa Conference Report, Okt. 1994, 45; o *Ensign*, Nob. 1994, 35).

- Ano ang maituturo sa atin ng tugon nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego tungkol sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon? (Sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay handang sumunod sa Panginoon pangalagaan man niya sila o hindi. Ang ating pagsunod ay hindi dapat ibatay sa kung bibigyan tayo o hindi ng Panginoon ng isang inaasahang biyaya sa isang inaasahang pagkakataon bilang kapalit.) Ano ang mga panganib ng pagsunod sa Panginoon nang dahil lamang sa inaasahan nating ibibigay niya sa atin ang isang tiyak na pagpapala bilang kapalit?

- Ano ang nangyari nang itapon sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa hurno? (Tingnan sa Daniel 3:21–27.) Sino ang kasama nila sa hurno? (Tingnan sa Daniel 3:25.) Paano tayo tinutulungan ng Tagapagligtas kapag bumabaling tayo sa kanya sa oras ng ating mga pagsubok?

- Ano ang naging epekto kay Nabucodonosor ng kalakasan ng loob nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego? (Tingnan sa Daniel 3:28–30.) Paano nakaaapekto sa ating mga kapitbahay ang ating mga saloobin tungkol sa Simbahan?

**3. Si Daniel ay nanalangin sa kabila ng utos ng hari at siya ay ipinatapon sa yungib ng mga leon. Ang Panginoon ay nagsugo ng anghel upang pangalagaan si Daniel.**

Ituro at talakayin ang Daniel 6.

Ang anak ni Haring Nabucodonosor na si Belsasar ang sumunod na naging hari. Nang mapatay si Belsasar, si "Dario na taga Madian ang tumanggap sa kaharian" (Daniel 5:31), at si Daniel ay nalagay sa katungkulan na bantog na bantog.

(Paalala: Si Dario na taga Madian ay hindi ang Haring Dario na naghari sa Imperyo ng Persia pagkatapos ni Ciro at kung kanino nagsumamo ang mga Judio samantalang muling itinatayo ang templo. Tingnan sa Ezra 4–6; aralin 47; at sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Dario".)

- Bakit gustong hanapan ng kamalian ng mga pangulo at prinsipe ng hari si Daniel? (Tingnan sa Daniel 6:1–5. Nanibugho sila na mas kinalugdan ng hari si Daniel, at nag-alala sila na baka bigyan siya ng hari ng higit na kapangyarihan.) Anong utos ang nakumbinsing palagdaan ng mga kalalakihang ito sa hari? (Tingnan sa Daniel 6:6–9. Nalalamang palaging nananalangin si Daniel, hinikayat nila ang Haring Dario na lagdaan ang isang utos na sa loob ng 30 araw ang lahat ng kahilingan ay kailangang sa kanya idulog sa halip na kung kaninong tao o sa Diyos. Ang mga susuway sa utos ay itatapon sa yungib ng mga leon.)

- Paano tumugon si Daniel sa utos ng hari? (Tingnan sa Daniel 6:10.) Ano ang matututuhan natin mula kay Daniel tungkol sa kahalagahan ng panalangin? (Ang panalangin ay napakahalaga kay Daniel kung kaya't nagpatuloy siyang manalangin kahit na ang kanyang buhay ay nakataya sa paggawa ng gayon.) Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pag-isipang mabuti ang pagpapahalaga na ibinibigay natin sa pribilehiyong manalangin sa ating Ama sa Langit.

- Ano ang nadama ni Haring Dario nang mag-ulat ang kanyang mga tauhan na nakita nilang nananalangin si Daniel? (Tingnan sa Daniel 6:12–15.) Paano ipinakita ng hari ang kanyang paniniwala sa Diyos? (Tingnan sa Daniel 6:16, 18.)

- Paano biniyayaan ng Panginoon si Daniel sa yungib ng mga leon? (Tingnan sa Daniel 6:19–23.) Ano ang naging epekto ng pananampalataya at lakas ng loob ni Daniel kay Haring Dario at sa mga tao ng kaharian? (Tingnan sa Daniel 6:24–28.)

  Si Elder L. Tom Perry ay nagsabing: "Hindi lamang ang hari ang nakinabang sa paglilingkod ni Daniel, kundi dahil na rin sa pananampalataya ni Daniel sa Panginoon, ang buong lupain ay naapektuhan. Ang hari ay nagpalabas ng kautusan na ang lahat ng tao sa kaharian ay dapat sumamba sa tunay at buhay na Diyos, ang Diyos na sinamba ni Daniel. Napakalakas ng kapangyarihan ng paglilingkod ng isang matwid na tao, na nakaapekto sa marami, habang siya ay naglilingkod sa daigdig na kanyang ginagalawan! Lubhang magiging epektibo ang magiging bunga ng ating paglilingkod kung magpapatuloy tayo sa paglilingkod sa ating sariling munting paraan 'sa daigdig' na ating ginagalawan!" (sa Conference Report, Abr. 1988, 16; o *Ensign*, Mayo 1988, 15).

**4. Itinaya ni Esther ang kanyang buhay upang iligtas ang kanyang mga tao.**

Ituro at talakayin ang Esther 3–5; 7–8.

Si Esther ay isang babaing Judio na nabuhay pagkatapos na pagkatapos ng kapanahunan ni Daniel. Pagkatapos mamatay ang kanyang mga magulang, siya ay pinalaki ng kanyang pinsang si Mardocheo. Si Esther ay napakaganda, at si Assuero, ang hari ng Persia at Media, ay lugod na lugod sa kanyang kagandahan kung kaya't siya ay ginawa niyang reyna.

- Itinaas ni Haring Assuero ang katungkulan ni Aman upang maging kanyang prinsipe na pinakamataas ang ranggo (Esther 3:1). Paano nagpamalas ng lakas ng loob si Mardocheo nang utusan siya ng hari at ang iba pang mga tagapaglingkod na yumukod kay Aman? (Tingnan sa Esther 3:2–4.) Ano ang naging reaksiyon ni Aman? (Tingnan sa Esther 3:5–14. Nagalit siya at hinikayat ang hari na ipag-utos ang paglipol sa "isang bayan"—ang lahat ng mga Judio sa kaharian.)

- Nang malaman ni Esther ang pagdadalamhati sa kalipunan ng mga Judio, siya ay nagpadala ng isang sugo upang tanungin si Mardocheo kung ano ang problema (Esther 4:1–6). Ano ang hiniling ni Mardocheo kay Esther? (Tingnan sa Esther 4:7–9.) Bakit mapanganib para kay Esther ang mamanhik at makipag-usap sa hari? (Tingnan sa Esther 4:10–11. Ang batas ay nagpapahintulot sa hari na patayin ang sinumang lumapit sa kanya nang hindi inaanyayahan.)

- Anong mensahe ang ipinarating ni Mardocheo kay Esther nang malaman niya ang kanyang mga problema tungkol sa paglapit sa hari? (Tingnan sa Esther 4:13–14.) Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Esther habang pinag-iisipan niya na maaari ngang "kung kaya [siya] pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito"? (Esther 4:14). Paano tayo makatatanggap ng katiyakan na tunay na may layunin ang ating buhay? Paano makatutulong sa atin ang katiyakang ito?

- Ano ang hiniling ni Esther sa kanyang mga dalaga at sa mga Judio sa kanilang lugar habang naghahanda siya sa paglapit sa hari? (Tingnan sa Esther 4:16.) Paano makatutulong sa atin ang nagkakaisang pag-aayuno at mga panalangin ng maraming tao?

- Sa pagpapahayag ng kanyang layunin sa paglapit sa hari, si Esther ay nagsabing, "Kung ako'y mamatay ay mamatay" (Esther 4:16). Paano katulad ang pahayag na ito ng pahayag nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego bago sila itinapon sa hurno? (Tingnan sa Daniel 3:17–18.) Paano ipinamalas ng pahayag na ito ang debosyon ni Esther sa kanyang mga tao at sa Diyos?

- Nang lapitan ni Esther ang hari, siya ay tinanggap niya at nagsabing ipagkakaloob niya ang anumang bagay na hihilingin ni Esther (Esther 5:1–3). Hiniling niya na dumalo sa isang piging ang hari at si Aman (Esther 5:4–8). Noong ikalawang araw ng piging, ano ang hiniling ni Esther mula sa hari? (Tingnan sa Esther 7:3–4.) Ano ang ginawa ng hari nang malaman niya na ang mga taong binabalak patayin ni Aman ay ang mga Judio? (Tingnan sa Esther 7:5–10.)

- Si Aman ay binitay, subalit ang utos na patayin ang lahat ng Judio ay naipamalita na sa buong kaharian. Ano ang hiniling ni Esther na gawin ng hari? (Tingnan sa Esther 8:5–6.) Anong mga biyaya ang tinanggap ng mga Judio dahil sa lakas ng loob at pananampalataya ni Esther? (Tingnan sa Esther 8:16–17.) Anong mga biyaya ang natanggap ninyo dahil sa lakas ng loob at pananampalataya ng ibang tao?

- Anong mga hamon ang kinakaharap natin sa ngayon na nangangailangan ng lakas ng loob na tulad ng kay Esther? Anong mga biyaya ang matatanggap natin habang sinisikap nating gawin ang tama kahit na nahaharap tayo sa mahihirap na ibubunga nito?

Katapusan

Magpatotoo na pagpapalain tayo ng Panginoon kapag malakas ang ating loob na ipagtanggol ang katotohanan. Himukin ang mga miyembro ng klase na sundin ang mga halimbawa nina Daniel, Sadrach, Mesach, Abed-nego, Esther, at Mardocheo.

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang mga biyaya sa bandang huli ng may lakas loob na pagsunod**

- Ano ang bagay na magkakatulad kina Daniel, Sadrach, Mesach, Abed-nego, Esther, at Mardocheo? (Lahat sila ay malakas ang loob na gawin ang tama, kahit na malagay sa panganib ang kanilang buhay sa paggawa ng gayon.) Anu-ano nang mga situwasyon ang naranasan ninyo kung saan ay kinailangan kayong magpasiya kung maninindigan o hindi sa nalalaman ninyong tama?

Magpatotoo na habang nagsisikap tayong sundin ang mga kautusan, tayo ay pagpapalain ng Panginoon. Gayunman, ang mga biyayang ating tinatanggap ay hindi palaging kaagad-agad nakikita. Upang mailarawan ito, maaari ninyong naising talakayin ang mga pagsubok na pinagtiisan ng mga sumusunod na tao:

a. Si Sarah ay hindi nagkaanak hanggang hindi siya sumasapit sa edad na 90 (Genesis 17:15–17; 21:1–2).
b. Si Jose ay ipinagbili ng kanyang mga kapatid na lalaki at sa dakong huli ay nakulong dahil sa isang krimen na hindi niya ginawa (Genesis 37:27–28; 39:7–20).
c. Ang Tagapagligtas ay ipinagkanulo ng isang kaibigan, nilitis nang labag sa batas, at ipinako sa krus (Juan 18–19).
d. Si Nephi ay binugbog at sa huli ay iginapos sa pamamagitan ng mga tali ng kanyang mga kapatid na lalaki (1 Nephi 3:28; 18:10–11).
e. Sina Alma at Amulek ay napilitang manood samantalang ang mga kababaihan at mga bata ay sinusunog nang dahil sa kanilang mga paniniwala (Alma 14:8–11).
f. Si Joseph Smith ay ikinulong at namatay na martir (Doktrina at mga Tipan 135).

- Bakit sa palagay ninyo pinahintulutan ng Panginoon ang mga taong ito na dumanas ng gayong mga pagsubok? Bakit sa palagay ninyo nakayanan nilang pagtiisan ang ganitong mga pagsubok? Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang mga halimbawa?

**2. Pagtatanggol sa katotohanan**

Ipasadula sa mga miyembro ng klase ang magkakaibang situwasyon kung saan kakailanganin nilang ipagtanggol ang nalalaman nilang tama. Mag-isip ng mga kalagayan na aangkop sa mga miyembro ng klase. Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong:

a. Minamaliit ng isang kaibigan ang isang tao at hinihimok kayong gawin din ang gayon.
b. May isang taong nagmungkahi na makinig kayo sa musika na alam ninyong hindi naaangkop.
c. May isang taong humiling na magpunta kayo sa isang restawran sa araw ng Linggo pagkatapos magsimba.
d. May isang nag-alok sa inyo ng alak o iba pang bagay na labag sa Salita ng Karunungan.

# “Isang Kaharian na Hindi Magigiba Kailanman”

Aralin 46

*Daniel 2*

**Layunin**

Palakasin ang mga patotoo ng mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo at himukin silang tumulong sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:
   a. Daniel 2:1–23. Si Haring Nabucodonosor ay nanaginip at inutusan ang kanyang mga tagapayo na ilarawan at bigyan ito ng pakahulugan (2:1–13). Si Daniel ay nanalanging kasama ng kanyang mga kaibigan, at inihayag ng Diyos sa kanya ang panaginip at pakahulugan nito (2:14–23).
   b. Daniel 2:24–49. Inihayag ni Daniel na ang panaginip ni Haring Nabucodonosor ay nagpopropesiya tungkol sa pagbangon at pagbagsak ng malalaking kaharian ng mundo at sa pagtatagumpay ng kaharian ng Diyos sa mga huling araw laban sa iba pang mga kaharian.
2. Karagdagang babasahin: Doktrina at mga Tipan 65.
3. Anyayahan ang dalawa o tatlong miyembro ng klase upang maghandang magbigay ng maikling patotoo hinggil sa katotohanan ng Simbahan.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, idrowing ang tsart na nasa ibaba ng pahinang ito sa isang poster o sa pisara bago magsimula ang klase.
5. Kung gagamitin ninyo ang *diagram* ng “Panaginip ni Nabucodonosor” (tingnan sa pahina 218), idrowing ito sa isang poster o sa pisara bago magklase. Huwag isulat ang mga pangalan ng bawat isa sa mga kaharian hangga’t hindi ninyo tinatalakay ang balangkas sa klase.
6. Kung may makukuhang larawan ng Binigyang Pakahulugan ni Daniel ang Panaginip ni Nabucodonosor, maaari ninyong naising gamitin ito sa oras ng aralin (62531; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 115).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa tsart na inyong naidrowing sa poster o sa pisara:

| | Ika-6 ng Abril 1830 | 1880 | 1930 | 1980 | 1995 | 2000 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 6 | 133,628 | 670,017 | 4,639,822 | 9,340,898 | Mahigit 11,000,000 |
| | 1 | 10 | 16 | 44 | 88 | 100 |
| | 0 | 23 | 104 | 1,218 | 2,150 | 2,581 |
| | 0 | 10 | 30 | 188 | 307 | 334 |
| | 0 | 1 | 7 | 19 | 47 | 102 |

- Ano sa palagay ninyo ang isinasagisag ng mga bilang na ito?

Bigyan ang mga miyembro ng klase ng ilang minuto upang magmungkahi ng mga sagot sa tanong na ito. Pagkatapos ay kumpletuhin ang tsart tulad ng nakapakita sa ibaba:

| | Ika-6 ng Abril 1830 | 1880 | 1930 | 1980 | 1995 | 2000 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Mga miyembro ng Simbahan | 6 | 133,628 | 670,017 | 4,639,822 | 9,340,898 | Mahigit 11,000,000 |
| Mga wikang may nakalimbag na edisyon ng Aklat ni Mormon | 1 | 10 | 16 | 44 | 88 | (39 na buo at 49 na piling bahagi lamang ang isinalin) |
| Mga istaka | 0 | 23 | 104 | 1,218 | 2,150 | 2,581 |
| Mga misyon | 0 | 10 | 30 | 188 | 307 | 334 |
| Mga ginagamit na templo | 0 | 1 | 7 | 19 | 47 | 102 |

(Ang kasalukuyang estadistika ay matatagpuan sa mga lathalain ng Simbahan na inilabas kamakailan lamang. Maaari ninyong naising magdagdag ng hanay sa tsart upang isama ang mga estadistikang iyon.)

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbigay ng puna sa mabilis na paglago ng Simbahan. Ipaliwanag na ang araling ito ay nagkukuwento tungkol kay Daniel, isang sinaunang propeta na nakini-kinita ang pagtatagumpay ng kaharian ng Diyos sa lupa—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

---

**Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan**

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Si Daniel ay tumanggap ng paghahayag kung saan ipinakita sa kanya ang panaginip ni Haring Nabucodonosor at ibinigay ang pakahulugan nito.**

Ituro at talakayin ang Daniel 2:1–23.

Si Haring Nabucodonosor ay nagkaroon ng nakababagabag na panaginip isang gabi. Sinubok niya ang kanyang mga tagapayo sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila na nakalimutan niya ang panaginip at inutusan silang ihayag ito at ang kahulugan nito (Daniel 2:2–5). Nang sabihin nilang hindi nila mailarawan ang panaginip, ipinag-utos ni Nabucodonosor ang kamatayan ng lahat ng lalaking pantas sa Babilonia, kabilang na si Daniel at ang kanyang mga kaibigan (Daniel 2:10–13).


- Paano pinaghandaan ni Daniel ang pagbibigay kahulugan sa panaginip ng hari? (Tingnan sa Daniel 2:17–18. Hinilingan niya ang kanyang mga kaibigan na manalanging kasama niya.) Paano nakatulong sa inyo ang mga panalangin ng mga miyembro ng mag-anak at ng mga kaibigan?
- Paano sinagot ang mga panalangin ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan? (Tingnan sa Daniel 2:19, 27–28.) Ano ang kaagad na ginawa ni Daniel pagkatapos tanggapin ang pangitain tungkol sa panaginip ng hari? (Tingnan sa Daniel 2:20–23.) Ano ang inihayag ng kanyang mga salita hinggil sa kanyang damdamin tungkol sa Diyos? Bakit mahalagang magpakita ng pasasalamat sa Panginoon? Paano natin maipakikita sa kanya ang ating pasasalamat?
- Paghambingin ang mga pagkukunan [ng sagot] na binalingan nina Daniel at Nabucodonosor nang maghanap sila ng mga kasagutan sa mga katanungan. (Tingnan sa Daniel 2:2, 19–23, 28.) Anong mga hindi mapagkakatiwalaang pagkukunan ang binabalingan ng mga tao sa ngayon kapag kailangan nila ng tulong upang masagot ang mahihirap na katanungan o sa paggawa ng mga desisyon? Ano ang pumipigil sa maraming tao sa paghahangad ng patnubay ng Diyos sa gayong mga situwasyon?

**2. Inilarawan at binigyang pakahulugan ni Daniel ang panaginip ni Nabucodonosor.**

Ituro at talakayin ang Daniel 2:24–49.

- Paano inilarawan ni Daniel ang malaking larawang nakita ng hari sa kanyang panaginip? (Tingnan sa Daniel 2:31–33. Tukuyin ang larawang Binibigyang Pakahulugan ni Daniel ang Panaginip ni Nabucodonosor o ang inyong drowing ng *diagram* sa ibaba.)

**Ang Panaginip ni Nabucodonosor (Daniel 2:31–45)**




- Ano ang isinasagisag ng magkakaibang bahagi ng larawan (image)? (Tingnan sa Daniel 2:36–43. Ang mga bahagi ay sumasagisag sa iba't ibang kaharian na magtatagumpay sa isa't isa bilang mga makapangyarihang bansa sa daigdig.)

  Isulat ang mga pangalan ng mga kaharian na nasa *diagram* habang pinagbabalik-aralan ninyo ang sumusunod na pakahulugan mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

  a. Ang ulo na yari sa ginto ay sumasagisag kay Nabucodonosor at sa kanyang kahariang Babilonia.
  b. Ang dibdib at mga bisig na yari sa pilak ay sumasagisag kay Ciro at sa kanyang kahariang Media at Persia.
  c. Ang tiyan at ang mga hita na yari sa tanso ay sumasagisag kina Phillip II at Alexander III at sa Griyego o kahariang Macedonia.
  d. Ang mga binti na yari sa bakal ay sumasagisag sa Imperyong Romano.
  e. Ang mga paa na yari sa bakal at putik ay sumasagisag sa isang grupo ng mga bansang Europa. (Sa Conference Report, Abr. 1976, 10; o *Ensign*, Mayo 1976, 8.)

- Sa panaginip ni Nabucodonosor, ano ang sumira sa larawan na sumagisag sa mga makalupang kaharian? (Tingnan sa Daniel 2:34–35.) Ano ang isinasagisag ng "bato . . . [na] natibag . . . hindi ng mga kamay"? (Tingnan sa Daniel 2:44–45; Doktrina at mga Tipan 65:2.)

  Itinuro ni Pangulong Kimball na: "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ipinanumbalik noong 1830. . . . Ito ang kaharian, na itinatag ng Diyos ng langit, na hindi kailanman magigiba ni mapapalitan, at ang batong natibag mula sa bundok nang hindi ginagamitan ng mga kamay na magiging isang malaking bundok at pupuno sa buong mundo" (sa Conference Report, Abr. 1976, 10; o *Ensign,* Mayo 1976, 8–9).

- Ano ang ipinropesiya ni Daniel hinggil sa Simbahan sa mga huling araw? (Tingnan sa Daniel 2:34–35, 44.)

  Maaari ninyong naising ilista ang mga sumusunod na propesiya sa pisara. Si Daniel ay nagpropesiya na ang Simbahan ay:

  a. "Matitibag [ito] hindi [sa pamamagitan] ng mga kamay" (Daniel 2:34).
  b. Magiging "malaking bundok, at pinuno ang buong lupa" (Daniel 2:35).
  c. "Hindi magigiba kailanman" (Daniel 2:44).
  d. "[Hindi iiwan] sa ibang bayan" (Daniel 2:44).
  e. "Lilipulin niya ang lahat na kaharian" (Daniel 2:44).
  f. "Lalagi magpakailanman" (Daniel 2:44).

- Ano ang ibig sabihin ng ang bato ay "natibag . . . hindi ng mga kamay"? (Tingnan sa Daniel 2:34. Ito ay hindi gawa ng tao.) Paano tulad ng isang batong natibag nang hindi ginagamitan ng mga kamay ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo?

  Si Elder Joseph B. Wirthlin ay nagsabing: "Ang ating Panginoon at Tagapagligtas ang namumuno sa simbahang ito at pinapatnubayan ito sa pamamagitan ng kanyang mga tagapaglingkod. Ito ang simbahan ng Panginoon; hindi ito simbahan ng tao" (sa Conference Report, Okt. 1993, 4; o *Ensign*, Nob. 1993, 5).

- Paano natutupad ngayon ang propesiya ni Daniel na ang Simbahan ay "pupunuin ang buong mundo" at "hindi magigiba kailanman"? (Maaari ninyong naising tukuyin ang ikalawang tsart sa gawaing pantawag-pansin.)

  Si Pangulong Gordon B. Hinckley ay nagpatotoo na: "Ang Simbahang ito ay totoo. Makakayanan nito ang bawat unos na sasagupa laban dito. Madadaig nito ang bawat mambabatikos na hahamak dito. Ito ay itinatag ng Diyos na ating Amang Walang Hanggan para pagpalain ang Kanyang mga anak na lalaki at babae sa lahat ng salinlahi. Taglay nito ang pangalan Niya na namumuno, maging ang Panginoong si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng daigdig. Ito ay pinamamahalaan at kumikilos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote. Ipinararating nito sa daigdig ang isa pang patotoo tungkol sa kabanalan ng Panginoon. Maging matapat, aking mga kaibigan. Maging totoo. Maging matapat sa mga dakilang bagay na inihayag ng Diyos sa dispensasyong ito" ("Keep the Faith, *Ensign*, Set. 1985, 6).

- Ano ang maaari nating gawin upang makilahok sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa ating mga tahanan, sa ating mga pamayanan, at sa buong daigdig?

Anyayahan ang mga inatasang miyembro ng klase na magbigay ng maiikling patotoo tungkol sa katotohanan ng Simbahan.

---

Katapusan

Magpatotoo na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang kaharian ng Diyos sa lupa at si Jesucristo ang namumuno dito. Himukin ang mga miyembro ng klase na makilahok sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa.

Aralin
# 47
# "Magsibangon Tayo at Magtatag"

*Ezra 1–8; Nehemias 1–2; 4; 6; 8*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na tumulong sa pagtatatag ng Sion at magpakita ng pagmamahal na tulad ng kay Cristo sa mga kumakalaban sa gawain ng Panginoon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:
   a. Ezra 1–6. Nabasa ni Haring Ciro ang kanyang pangalan sa mga propesiya ni Isaias at napuspos ng pagnanais na gawin ang kalooban ng Panginoon. Pinalaya niya ang mga Judio na nabihag sa Babilonia at inanyayahan silang magbalik sa Jerusalem at itayong muli ang templo (Ezra 1). Pinamunuan nina Zorobabel at Jesua ang tinatayang 50,000 katao pabalik sa Jerusalem, at sinimulan nilang itayong muli ang templo (Ezra 2–3). Ang mga Samaritano ay nag-alok na tumulong gumawa sa templo, ang alok ay tinanggihan, at nagtangkang pigilin ang gawain; ang muling pagtatayo ay nahinto (Ezra 4). Makalipas ang ilang taon, hinikayat ng mga propetang sina Hageo at Zacharias ang mga Judio na tapusin ang templo; ang mga Samaritano ay patuloy na sumalungat dito (Ezra 5; tingnan din sa Hagai 1). Binago ni Haring Darius ang utos na itayong muli ang templo, at ito ay natapos at inilaan noong bandang 515 B.C. (Ezra 6).
   b. Ezra 7–8. Mahigit sa 50 taon matapos mailaan ang templo, si Ezra ay tumanggap ng pahintulot mula kay Haring Artajerjes ng Persia na pamunuan ang isa pang grupo ng mga Judio pabalik sa Jerusalem. Nag-ayuno at nanalangin si Ezra at ang kanyang mga tao, at pinangalagaan sila ng Panginoon sa kanilang paglalakbay.
   c. Nehemias 1–2; 4; 6. Nang malaman na ang mga Judio na nagbalik sa Jerusalem ay "nasa malaking kapighatian at kakutyaan," si Nehemias ay nakatanggap ng pahintulot mula kay Haring Artajerjes na magpunta sa Jerusalem upang itayong muli ang mga pader ng lungsod (Nehemias 1–2). Pinigilan ng mga kaaway ang mga Judio sa pagtatayong muli ng mga pader. Binigyan ni Nehemias ang mga tao ng mga sandata at ipinagpatuloy ang gawain hanggang sa matapos ang mga pader (Nehemias 4; 6).
   d. Nehemias 8. Matapos maitayong muli ang mga pader sa paligid ng Jerusalem, binasa ni Ezra ang mga banal na kasulatan sa mga tao. Nang marinig nila ang mga salita ng batas, ang mga tao ay tumangis at nagnais na sundin ang mga ito.

2. Karagdagang babasahin: Hagai 1; "Ezra," Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan; "Nehemias," Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.

3. Maaari ninyong naising anyayahan ang isang miyembro ng klase na maghandang magbigay ng maikling buod tungkol sa mga makasaysayang pangyayari na ibinigay sa simula ng unang kuwento sa banal na kasulatan.

4. Kung may makukuhang larawan ng Templong Ginamit Noong Unang Panahon, maaari ninyong naising gamitin ito sa oras ng aralin (62300; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 118).

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

### Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na siping-banggit mula kay Elder Dallin H. Oaks:

"Maaari nating . . . matuklasan na ang isang partikular na talata ng banal na kasulatan na binigkas para sa isang tila kakaibang layunin at ganap na kakaibang panahon, ay makapagbibigay sa atin ng isang napaka-personal na mensaheng angkop sa ating personal na mga pangangailangan sa ngayon, sa ilalim ng nakapagbibigay pakahulugang impluwensiya ng Espiritu Santo. . . . Kung hahangarin nating ihalintulad ang mga banal na kasulatan sa ating sariling mga kalagayan, 'upang ito ay maging para sa [ating] kapakinabangan at kaalaman' (1 Nephi 19:23), ang mga ito ay magagamit ng isang mapagmahal na Ama sa langit upang pagpalain tayo sa napakaraming paraan" (*Studying the Scriptures* [debosiyonal na ibinigay sa Salt Lake Tabernacle, ika-24 ng Nob. 1985]).

- Naranasan na ba ninyong basahin ang mga banal na kasulatan at nadamang ang isang partikular na talata ay tuwirang nangusap sa inyo? (Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang mga karanasan.) Paano nakatulong ang mga banal na kasulatan sa pagbibigay ng direksiyon sa inyong buhay mismo?

Ipaliwanag na ang mga pangyayaring tinatalakay sa araling ito ay pinasimulan ng isang taong nakatuklas na ang isang talata ng banal na kasulatan na isinulat noong nakaraang 150 taon bago ang kanyang pagsilang ay personal na nangusap sa kanya—sa katunayan, binanggit nito ang kanyang pangalan.

### Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Pinayagan ni Haring Ciro ang mga Judio na magbalik sa Jerusalem upang itayong muli ang templo.**

Ituro at talakayin ang Ezra 1–6.

Ilahad (o ipalahad sa isang inatasang miyembro ng klase) ang isang maikling buod ng sumusunod na makasaysayang impormasyon:

Noong 721 B.C., nang ang kaharian ng Israel (ang Hilagang Kaharian, o sampung lipi) ay nabihag ng Asiria, ang imperyong Asiria ang siyang

pinakadakila sa daigdig. Gayunman, pagsapit ng 612 B.C., ang imperyong Asiria ay nawasak ng mga taga Babilonia. Sa ilalim ni Haring Nabucodonosor, ang Babilonia ang naghari sa karamihan ng mga lupaing nasakop ng mga taga Asiria. Ang pagsakop ng Babilonia sa kaharian ng Juda (ang Katimugang Kaharian) ay nagsimula noong bandang 605 B.C., nang bihagin nila ang maraming Judio, hanggang 587 B.C., nang wasakin nila ang Jerusalem.

Pagkamatay ni Nabucodonosor noong 562 B.C., ang Babilonia ay mabilis na nawala sa kapangyarihan. Noong 539 B.C., ang Babilonia ay bumagsak sa kamay ng mga taga Media at Persia, na nagkakaisa sa ilalim ng pamumuno ni Ciro. Hindi tulad ni Nabucodonosor, na malupit na pinakitunguhan ang kanyang mga nasakop, si Ciro ay isang mabait na pinuno. Sa pamamagitan ng mabait na pakikitungo sa mga tao at paggalang sa kanilang mga relihiyon, nakamtan ni Ciro ang katapatan ng kanyang mga pinamumunuan.

Pagkatapos na pagkatapos na magapi ang Babilonia, ipinag-utos ni Ciro na itayong muli ang templo sa Jerusalem. Inanyayahan niya ang mga Judio sa kanyang kaharian na magbalik sa Jerusalem at itayong muli ang templo, at ibinalik niya ang mga sisidlang ginto at pilak na ninakaw ng mga tauhan ni Nabucodonosor sa templo. (Tingnan sa II Mga Cronica 36:22–23; Ezra 1:1–3, 7. Ang propesiya ni Jeremias na tinutukoy sa mga talatang ito ay na ang mga Judio ay magbabalik sa Jerusalem pagkaraan ng 70 taong pagkabihag ng Babilonia; tingnan sa Jeremias 25:11–12; 29:10.)

- Bakit ipinag-utos ni Ciro na dapat magtayong muli ng templo sa Jerusalem? (Tingnan sa Ezra 1:1–2.) Paano nalaman ni Ciro na nais ipagawa ito sa kanya ng Panginoon? Ang mga salita ni Ciro na nakatala sa Ezra 1:2 ay nakapatungkol sa propesiya na nasa Isaias 44:28 na nagbanggit sa pangalan ni Ciro (tingnan din sa 45:1–5; ipaliwanag na kahit na nauna ang kuwento tungkol kay Ciro kaysa sa aklat ni Isaias sa Lumang Tipan, si Isaias ay nabuhay nang mga 150 taon bago isinilang si Ciro). Ang sinaunang mananalaysay na Judio na si Flavius Josephus ay nag-ulat na nabasa ni Ciro ang kanyang pangalan sa mga propesiya ni Isaias, naantig ng Espiritu ng Panginoon, at naghangad na isakatuparan ang nasusulat (*The Works of Flavius Josephus, Antiquities of the Jews,* isinalin ni William Whiston [walang petsa], ika-11 aklat, kabanata 1, mga parapo 1–2).
- Ano ang inyong mararamdaman kung sa pagbabasa ninyo ng mga banal na kasulatan ay nabasa ninyo ang isang propesiya na bumanggit sa inyong pangalan at naglarawan ng mga tiyak na bagay na inyong gagawin?

Noong pamunuan nina Zorobabel at Jesua ang unang grupo ng mga Judio pabalik sa Jerusalem ay natagpuan nila ang mga Samaritano doon. Maaari ninyong naising ipaliwanag na ang mga Samaritano ay mga inapo ng mga Israelita na nakatakas noong panahon na sila ay mga bihag at nag-asawa ng mga mananakop na taga Asiria at Babilonia na ipinadala ng mga hari upang manirahan sa lupain.

- Ano ang hiniling ng mga Samaritano sa mga nagbalik na Judio? (Tingnan sa Ezra 4:1–2.) Paano tumugon ang mga Judio sa kahilingan ng mga Samaritano? (Tingnan sa Ezra 4:3. Tumanggi ang mga Judio na patulungin ang mga Samaritano sa muling pagtatayo ng templo dahil nadama nilang ang mga

Samaritano ay hindi tunay na mga Israelita.) Ano ang ginawa ng mga Samaritano nang tumanggi ang mga Judio na patulungin sila? (Tingnan sa Ezra 4:4–7, 11–24. Sinikap nilang pigilin ang muling pagtatayo ng templo sa pamamagitan ng pagdaing sa mga haring humalili kay Ciro.)

- Sa kalaunan ay natigil ang trabaho sa templo. Ano ang nag-udyok sa mga Judio na ipagpatuloy ang kanilang trabaho makalipas ang ilang taon? (Tingnan sa Ezra 5:1–2; Hagai 1. Ang mga propetang sina Hagai at Zacharias ay nagbigay ng may inspirasyong patnubay.) Ano ang sinabi ng Panginoon sa mga Judio sa Jerusalem tungkol sa templo sa pamamagitan ni Hagai? (Tingnan sa Hagai 1:3–4, 7–8.) Anong saloobin ng mga Judio ang pumipigil sa muling pagtatayo ng templo? (Tingnan sa Hagai 1:2.) Anong mga saloobin ang humahadlang sa atin sa palagiang pagsamba at paglilingkod sa templo?

- Sinikap muling pigilan ng mga Samaritano ang muling pagtatayo ng templo nang magsimula ulit ang pagpapatayo nito. Subalit ipinaliwanag ng mga Judio ang utos ni Haring Ciro, at pinahintulutan ni Haring Dario ang pagpapatuloy ng gawain (Ezra 5–6). Ano ang ginawa ng mga Judio nang matapos ang templo? (Tingnan sa Ezra 6:15–22.)

**2. Pinamunuan ni Ezra ang isa pang grupo ng mga Judio pabalik sa Jerusalem.**

Ituro at talakayin ang Ezra 7–8.

- Tulad ng kung paano inantig ng Panginoon ang puso ni Haring Ciro upang pawalan ang mga Judio ay gayundin na inantig Niya ang puso ni Haring Artajerjes upang pahintulutang magbalik sa Jerusalem ang grupo ng mga Judio na pinangunahan ni Ezra (Ezra 7:27–28; tingnan din sa mga talata 11–26). Ano ang ilang halimbawa ng pagpapalambot ng Panginoon sa mga puso ng mga pinuno ng pamahalaan tungo sa Simbahan sa mga huling araw? (Tingnan, halimbawa, si Thomas S. Monson, sa Conference Report, Abr. 1989, 65–69; o *Ensign*, Mayo 1989, 50–53.) Ano ang maaari nating gawin upang mapalambot ang puso ng mga pinuno ng pamahalaan tungo sa Simbahan? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagsunod sa mga batas ng lupain, paggawa ng mabuti, paghahandang ituro ang ebanghelyo sa buong daigdig, at pananalangin na palambutin ng Panginoon ang mga puso ng mga pinuno. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:21, 27; 98:4–6.)

- Ano ang ginawa ni Ezra upang makatiyak na mapangangalagaan ang grupo ng mga Judio na kanyang dadalhin sa Jerusalem? (Tingnan sa Ezra 8:21–23, 31.) Paano kayo o ang inyong mag-anak, o ang iba pa na kakilala ninyo nabiyayaan nang dahil sa pag-aayuno?

**3. Si Nehemias ay nagpunta sa Jerusalem at pinamunuan ang mga tao sa pagtatayong muli ng pader upang mapangalagaan ang lungsod.**

Ituro at talakayin ang Nehemias 1–2; 4; 6. Maaari ninyong naising ituro na si Nehemias ang tagahawak ng saro ni Haring Antajerjes ng Persia. Ito ay katungkulan na nangangailangan ng malaking pagtitiwala at pananagutan, na nangailangan kay Nehemias na tiyakin na ang pagkain at inumin ng hari ay ligtas. Kahit na si Nehemias ay nasa mahalagang katungkulan sa Persia, siya ay nagmalasakit pa rin sa kanyang mga tao sa Jerusalem at hinangad na tulungan sila nang marinig niya ang tungkol sa kanilang mga kahirapan.

- Ano ang ginawa ni Nehemias nang marinig niya ang tungkol sa mga kahirapan ng kanyang mga tao sa Jerusalem? (Tingnan sa Nehemias 1:4–11; 2:1–5.) Paano tumugon si Haring Artajerjes sa kahilingan ni Nehemias? (Tingnan sa Nehemias 2:6–8. Pinahintulutan ng hari si Nehemias na umalis, binigyan siya ng mga tanod at bantay para maging ligtas, at pinahintulutan siyang gumamit ng kahoy mula sa kagubatan upang itayong muli ang pader ng lungsod.) Ano ang matututuhan natin mula kay Nehemias na makagagabay sa atin kapag tayo ay nababagabag ng mga pagdurusa ng iba?

- Paano hinimok ni Nehemias ang mga tao na itayong muli ang mga pader sa palibot ng lungsod? (Tingnan sa Nehemias 2:17–18.) Bakit sa palagay ninyo ang pagpapatotoo sa katotohanan at pagbabahagi ng mga espirituwal na karanasan ay may ganoong kapangyarihang magbigay inspirasyon sa iba na gumawa ng mabuti? Paano nakapagbigay inspirasyon sa inyo ang mga patotoo at espirituwal na karanasan ng iba?

- Si Sanballat ang gobernador ng Samaria, at siya at ang kanyang mga tao ay mga kaaway ng mga Judio na nagbalik na kasama ni Zorobabel. Ano ang naging reaksiyon ni Sanballat sa mga plano na itayong muli ang mga pader ng lungsod? (Tingnan sa Nehemias 2:10, 19; 4:1–3, 7–8, 11.) Paano tumugon ang mga Judio sa mga pagsisikap na ito na pigilan ang pagtatayo ng mga pader? (Tingnan sa Nehemias 4:9, 13–15.)

- Ano ang ginawa ni Nehemias nang hilingin sa kanya ni Sanballat na tumigil sa pagtatrabaho at makipagkita sa kanya? (Tingnan sa Nehemias 6:1–4.) Paano sinisikap ng ilang tao na gambalain ang mga miyembro ng Simbahan sa paggawa ng gawin ng Panginoon ngayon? Paano tayo dapat tumugon sa mga gayong panggagambala?

  Si Elder Marvin J. Ashton ay nagpayo na: “Ang ilang tao at organisasyon ay nagsisikap na itulak tayo sa pakikipagtalo sa pamamagitan ng maling ulat na nakasisira, mga maling pagpapahiwatig na naglalayong siraan ang isang tao, at maling paratang. Napakahangal natin sa lipunan sa ngayon kung pahihintulutan nating mainis, mabalisa, o masaktan ang ating kalooban dahil sa tila nasisiyahan ang iba sa maling pagpaparatang hinggil sa ating katayuan o paglahok. Ang ating mga alituntunin o pamantayan ay hindi maiiba sa kanila dahil sa mga pahayag na ginawa ng mga taong mahilig gumawa ng mga pag-aaway. Tungkulin nating ipaliwanag ang ating kalagayan sa pamamagitan ng pangangatwiran, panghihikayat na tulad ng sa isang kaibigan, at mga tumpak na katotohanan. Tungkulin nating manatiling matatag at hindi napatatangay sa mga usaping moral ng ating panahon at matatag sa mga walang hanggang alituntunin ng ebanghelyo, nang hindi nakikipagtalo sa kaninumang tao o organisasyon. . . . Tungkulin nating mapakinggan at magturo. Tungkulin natin hindi lamang ang umiwas sa pagtatalo, kundi tiyakin din na wala ang gayong mga bagay” (sa Conference Report, Abr. 1978, 10; o *Ensign*, Mayo 1978, 8).

**4. Ang mga tao ay nagdiwang habang binabasa sa kanila ni Ezra ang mga banal na kasulatan.**

Ituro at talakayin ang Nehemias 8.

- Nang matapos ng mga tao ang muling pagtatayo ng mga pader ng lungsod, ano ang kanilang hiniling kay Ezra? (Tingnan sa Nehemias 8:1–2. Alalahanin na ang karamihan sa mga Judio ay matagal na naging bihag kung kaya't hindi nila kailanman narinig o nabasa ang mga banal na kasulatan.)
- Gaano katagal binasahan ni Ezra ang mga tao? (Tingnan sa Nehemias 8:3, 17–18.) Paano tumugon ang mga tao? (Tingnan sa Nehemias 8:3, 6, 9, 12.) Paano natin higit na mabibigyang pansin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan? (Talakayin kung paano nila higit na mabibigyang pansin ang mga banal na kasulatan at ang mga bulong ng Espiritu na dumarating habang nagbabasa ng mga banal na kasulatan? Paano tayo magkakaroon ng pananabik sa mga banal na kasulatan tulad ng pananabik na tinaglay ng mga taong ito?
- Ano ang ginawa ni Ezra upang matulungan ang kanyang mga tao na maunawaan ang mga banal na kasulatan? (Tingnan sa Nehemias 8:8.) Ano ang nakatulong sa inyong mga pagpupunyaging maunawaan ang mga banal na kasulatan at matulungan ang inyong mga mag-anak na maunawaan ang mga ito? (Maaari ninyong naising anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga partikular na bagay na kanilang ginawa upang mapagbuti ang kanilang pansarili at pang-mag-anak na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.)
- Ano ang sinabi ni Ezra at ng ibang mga pinuno nang magsimulang tumangis ang mga tao samantalang pinakikinggan nila ang mga banal na kasulatan? (Tingnan sa Nehemias 8:9–11.) Paano naging sanhi ng inyong kagalakan ang mga banal na kasulatan?

---

Katapusan

"Ang lakas, kakayahan, hindi makasariling kabayanihan, at personal na integridad ni Nehemias ang muling nagbigay buhay sa isang bago at masaganang Juda. Ang pagpapanumbalik ng Jerusalem, na nasadlak sa kapahamakan sa loob ng isa't kalahating siglo, ay nasimulan. Si Ezra, na isang matwid at may dedikasyon na saserdote, ay nakiisa kay Nehemias sa gawaing ito, at magkasama silang nagtagumpay sa minsan pang pagpapanumbalik sa pamayanang Judio sa Jerusalem" (*Old Testament Student Manual: I Kings–Malachi* [1982], 314).

Ipaliwanag na tulad ng kung paano pananagutan ng mga Judio na itayong muli ang Jerusalem, gayundin ang pananagutan ng mga Banal sa mga Huling Araw na itayo ang Sion sa buong daigdig. Upang matulungan tayong gawin ito, kailangan nating sundin ang mga aral sa mga banal na kasulatan at makilahok sa gawain sa templo. Magpatotoo hinggil sa pagiging totoo ng mga banal na kasulatan at kahalagahan ng gawain sa templo.

Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na sisikapin ng ilang tao na pigilan ang gawain ng Panginoon. Dapat nating pakitaan sila ng pagmamahal na tulad ng kay Cristo ngunit hindi natin sila dapat pahintulutang gambalain tayo sa ating mga pagsisikap na itayo ang kaharian ng Diyos.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Ang gawain ay malaki at malaon, at tayo'y nangakahiwalay" (Nehemias 4:19)**

Habang itinatayong muli ang pader sa palibot ng Jerusalem, ang mga Judio ay naghiwa-hiwalay upang sabay-sabay silang makapagtrabaho sa magkakaibang bahagi ng pader (Nehemias 3; 4:19). May mga pagkakataong magkakalayo sila, ngunit silang lahat ay gumagawa tungo sa iisang layunin, at sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang sama-sama ay nagawa nilang tapusin ang pader. Paalalahanan ang mga miyembro ng klase na ang Simbahan ay nahahati sa magkakaibang yunit (tulad ng mga mag-anak, purok, sangay, istaka, distrito, at korum) sa buong daigdig. Kung minsan ay tila malayo ang isang yunit sa iba pang mga yunit. Ngunit ang lahat ng mga Banal ay sama-samang gumagawa tungo sa iisang layunin, at kung masigasig na gagawa ang bawat indibiduwal at yunit, ang buong Simbahan ay patuloy na lalago.

**2. "Ang mga Templo ay Para sa mga Walang Hanggang Tipan"**

Kung makukuha ang *Gabing Pantahanan ng Mag-anak Karagdagang Video 2* (5x736 893), maaari ninyong naising ipalabas ang "Ang mga Templo ay Para sa mga Walang Hanggang Tipan," isang anim na minutong yugto, bilang bahagi ng talakayan tungkol sa kahalagahan ng mga templo.

# “Ang Dakila at Kakila-kilabot na Araw ng Panginoon”

Aralin
**48**

*Zacarias 10–14; Malakias*

**Layunin**

Himukin ang mga miyembro ng klase na (1) maghanda para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesucristo, (2) magbigay ng tapat na ikapu at bukas-palad na mga handog, at (3) tamasahin ang mga biyayang dumarating dahil sa kapangyarihan ng pagbubuklod ng pagkasaserdote.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang mga talata mula sa Zacarias 10–14 at Malakias na tinatalakay sa araling ito.
2. Karagdagang babasahin: Doktrina at mga Tipan 45.
3. Maaari ninyong naising isulat ang ilan sa mga sangguniang banal na kasulatan mula sa unang bahagi ng aralin sa magkakahiwalay na piraso ng papel upang maipamahagi sa mga miyembro ng klase.
4. Kung gagamitin ninyo ang gawaing pantawag-pansin, kumuha ng larawang Ang Ikalawang Pagparito (62562; Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 238).
5. Kumuha ng kopya ng *New Testament Class Member Study Guide* (31392) para sa bawat tao sa inyong klase. (Dapat ay na-order na ng purok ang mga gabay sa pag-aaral na ito bilang bahagi ng taunang order para sa kurikulum; isang miyembro ng pamunuang obispo ang dapat magbigay nito sa panguluhan ng Panlinggong Paaralan.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Gawaing Pantawag-pansin

Maaari ninyong naising gamitin ang sumusunod na gawain (o isa na kayo mismo ang may gawa) upang simulan ang aralin.

Ipakita ang larawang Ang Ikalawang Pagparito. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang nadarama ninyo kapag naririnig ninyo ang mga salitang tulad ng *Ikalawang Pagparito*, *mga huling araw*, o *mga palatandaan ng mga panahon*? Tinutukoy sa mga banal na kasulatan ang Ikalawang Pagparito bilang ang “dakila at kakila-kilabot na araw” (Malakias 4:5). Paano kapwa matutupad ang mga ito?

  Ang Pangulong Ezra Taft Benson ay nagsabing, “Ang pagdating ng [Tagapagligtas] ay magiging kapwa maluwalhati at kakila-kilabot, batay sa espirituwal na katayuan ng mga mananatili” (“Prepare Yourself for the Great Day of the Lord,” *New Era*, Mayo 1982, 49).

Ipaliwanag na kasama sa araling ito ang mga talakayan tungkol sa (1) mga propesiya na ginawa nina Zacarias at Malakias tungkol sa mga huling araw at (2) ating paghahanda para sa Ikalawang Pagparito.

---

Talakayan at Pagsasagawa ng Banal na Kasulatan

Habang itinuturo ninyo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, talakayin kung paano naaangkop ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Himukin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na nauugnay sa mga alituntunin sa banal na kasulatan.

**1. Nagpropesiya sina Zacarias at Malakias tungkol sa maraming pangyayaring magaganap sa mga huling araw.**

Talakayin ang ilan sa mga sumusunod na propesiya mula sa Zacarias at Malakias, na naglalarawan sa mga pangyayari sa mga huling araw. Kung nakapaghanda kayo ng mga piraso ng papel na nasusulatan ng mga sangguniang banal na kasulatan, ipamahagi ang mga ito sa mga miyembro ng klase. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang bawat talata at ipasabi sa kanila kung ano ang itinuturo nito. Kung ang talata ay nagbibigay ng impormasyon na makatutulong sa atin upang makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito, talakayin kung paano natin ito maisasagawa.

*Mga propesiyang natupad bilang paghahanda para sa Ikalawang Pagparito*

a. Malakias 3:1. Nagpropesiya si Malakias na isang sugo ang maghahanda ng daan para sa pagdating ng Panginoon. Si Juan Bautista ang naghanda ng daan para sa mortal na ministeryo ng Panginoon, at si Joseph Smith ang sugo na naghanda ng daan para sa Ikalawang Pagparito (tingnan sa Mateo 11:10).
b. Malakias 4:5–6. Nagpropesiya si Malakias na ang propetang si Elijah ay magbabalik bago ang Ikalawang Pagparito upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak at ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama. Ang propesiyang ito ay natupad nang magpakita si Elijah kay Joseph Smith sa Templo sa Kirtland, na ipinanunumbalik ang mga susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod (Doktrina at mga Tipan 110:13–16). *Posibleng pagsasagawa*: Dapat nating saliksikin ang mga pangalan ng ating mga ninuno at isagawa ang mga ordenansa para sa kanila sa templo (ang detalye nito ay tatalakayin mamaya sa aralin).

- Bakit makatutulong na malaman na ang ilan sa mga propesiya tungkol sa Ikalawang Pagparito ay natupad na?

*Mga propesiyang matutupad bago pumarito ang Tagapagligtas*

a. Zacarias 10:6–8. Ang mga tao nina Juda at Jose ay titipunin, at ang mga tao ni Ephraim ay magiging malakas. Ang Panginoon ay "susutsot" o mananawagan sa kanyang mga tao at titipunin sila. *Posibleng pagsasagawa*: Makatutulong tayo sa pagtitipon na ito sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba.
b. Zacarias 12:2–3, 8–9. Isang malaking digmaan ang magaganap sa loob at sa palibot ng Jerusalem, ngunit ang Panginoon ay mamamagitan at ililigtas mula sa kapahamakan ang mga naninirahan sa Jerusalem. *Posibleng pagsasagawa*: Dapat tayong magtiwala na ipagtatanggol ng Diyos ang kanyang mga tao sa oras ng mga kahirapan sa mga huling araw.

c. Zacarias 14:8. Ang tubig na buhay ay dadaloy mula sa templo sa Jerusalem at pagagalingin ang Dagat na Patay at ang ilang ng Judea (tingnan din sa Ezekiel 47:1, 8–9).

- Marami sa mga propesiya tungkol sa mga huling araw ay kinabibilangan ng mga trahedya tulad ng digmaan, kalamidad, at malawakang kasamaan. Paano natin mapananatili ang pag-asa kapag naririnig natin ang mga propesiyang ito at nasasaksihan ang kaganapan ng mga ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 38:28–30.)

*Mga propesiyang matutupad kapag pumarito ang Tagapagligtas*

a. Zacarias 14:3–4. Ang Tagapagligtas ay tatayo sa Bundok ng mga Olivo, at ang bundok ay mahahati sa dalawa (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:48).
b. Zacarias 12:10; 13:6. Makikita si Jesucristo ng mga Judio na nabubuhay sa panahon ng pagliligtas ng Jerusalem at tatangis sila dahil bilang isang bansa ay tinanggihan nila siya bilang Mesiyas (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:51–53).
c. Zacarias 13:2. Ang mga huwad na diyus-diyosan, masasamang espiritu, at mga huwad na propeta ay lilipulin.
d. Zacarias 14:5. Ang mga matwid na nabubuhay sa daigdig ay iaangat upang salubungin ang Tagapagligtas. Ang mga matwid na namatay ay mabubuhay na mag-uli at iaangat din upang salubungin siya (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:96–98).
e. Zacarias 14:9. Ang Panginoon ay magiging hari ng buong mundo at maghahari sa panahon ng Milenyo.
f. Zacarias 14:12–13; Malakias 3:13–18; 4:1–3. Ang masasama ay lilipulin, at ang mga matwid ay maliligtas (tingnan din sa 1 Nephi 22:15–17, 19).

- Bakit sa palagay ninyo inihayag ng Panginoon ang mga propesiyang ito tungkol sa mga huling araw, sa Ikalawang Pagparito, at sa Milenyo? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:34–44.) Paano tayo makapaghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:56–57.)

  Si Pangulong Ezra Taft Benson ay nagsabing: "Habang ipinamumuhay natin ang mga kautusan ng Diyos ay makaaasa tayo sa hinaharap nang may kagalakan at pag-asam sa ikalawang pagparito ng Panginoong Jesucristo at malalaman na sa pamamagitan ng ating mga pagpupunyagi ay karapat-dapat tayo, kasama ng ating mga mahal sa buhay, na manirahan sa Kanyang kinaroroonan sa buong kawalang hanggan. Tiyak na walang bagay na napakahirap gawin upang makamtan ang dakilang layuning ito. Hindi tayo maaaring tumigil nang kahit sandali man lamang. Kailangan nating patunayan, sa bawat araw ng ating buhay, na handa tayong sumunod sa kalooban ng Panginoon—na palaganapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo, na magbigay ng patotoo sa daigdig, na ibahagi ang ebanghelyo sa iba" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 341).

- Paano nakatutulong sa inyo na malaman na ang katwiran ay magtatagumpay sa bandang huli laban sa kasamaan?

**2. Si Malakias ay nagturo tungkol sa mga biyayang dumarating sa mga nagbabayad ng ikapu at mga handog.**

Ituro at talakayin ang Malakias 3:8–12.

- Paano “ninanakawan ng mga tao ang Diyos” sa pamamagitan ng hindi pagbabayad ng ikapu at mga handog?
- Ano ang ibig sabihin ng pagbabayad ng buong ikapu?

  Ang Unang Panguluhan ay nagpahayag na: “Ang pinakasimpleng pahayag na alam natin ay ang pahayag mismo ng Panginoon, at ito ay, na ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat magbayad ng ‘ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang taunang tinutubo,’ na alam nating ang ibig sabihin ay ang kinikita. Walang sinumang mabibigyang katwiran sa paggawa ng anumang pahayag maliban dito” (liham ng Unang Panguluhan, ika-19 ng Mar. 1970; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 119:1–4).

- Anong mga biyaya ang ipinangako ng Panginoon sa atin kung magbabayad tayo ng ikapu? (Tingnan sa Malakias 3:10–12.) Paano kayo biniyayaan ng Panginoon sa pagbabayad ninyo ng ikapu at mga handog?
- Ano ang dapat makahikayat sa atin sa pagbabayad ng ikapu at mga handog?

  Matapos tukuyin ang mga biyayang ibinibigay ng Panginoon sa mga nagbabayad ng ikapu, si Pangulong Gordon B. Hinckley ay nagsabing:

  “Ngayon, huwag kayong magkakamali sa aking sasabihin. Hindi ako tumayo rito upang sabihin na kung kayo ay magbabayad ng matapat na ikapu ay matutupad ang inyong pangarap na magandang bahay, mamahaling kotse, at isang bahay bakasyunan sa Hawaii. *Bubuksan ng Panginoon ang mga dungawan ng langit batay sa ating pangangailangan at hindi batay sa ating kasakiman*. Kung nagbabayad tayo ng ikapu upang maging mayaman, ginagawa natin ito sa maling kadahilanan. Ang pangunahing layunin ng ikapu ay upang bigyan ang Simbahan ng panggastos na kailangan upang maisulong ang Kanyang gawain” (sa Conference Report, Abr. 1982, 60; o *Ensign*, Mayo 1982, 40).

- Bakit kung minsan ay isang hamon ang pagsunod sa batas ng ikapu? Ano ang maaaring gawin upang mapaglabanan ang hamong iyon?

**3. Si Malakias ay nagpropesiya tungkol sa pagbabalik ni Elijah sa mundo upang ipanumbalik ang mga susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod.**

Ituro at talakayin ang Malakias 4:5–6.

- Si Malakias ay nagpropesiya na darating sa mundo ang propetang si Elijah bago dumating ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon (Malakias 4:6). Paano natupad ang propesiyang ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16. Si Elijah ay nagpakita sa Templo sa Kirtland at ipinanumbalik kay Joseph Smith ang mga susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod.) Ano ang ibig sabihin ng “ibaling ang mga puso ng mga ama sa kanilang mga anak, at ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama”? (Ang ibig sabihin nito ay mabuklod sa lahat ng ating mga ninuno—ang ating “mga ama”—at sa lahat ng ating mga inapo—ang ating “mga anak”—magpakailanman. Dahil sa kapangyarihan ng pagbubuklod ng pagkasaserdote at sa mga ordenansa sa templo para sa

mga buhay at mga patay, ang mga mag-anak ay maaaring sama-samang pagbuklurin para sa kawalang hanggan.)

- Paano ninyo nadamang bumaling ang inyong puso sa inyong mga ninuno habang ginagawa ninyo ang kasaysayan ng mag-anak at gawain sa templo para sa kanila? Paano ibinabaling ng mga pangako ng mga tipan sa templo ang inyong puso sa inyong mga magulang, kabiyak, at mga anak?
- Ang mensahe sa Malakias 4:5–6 ay itinuturo sa bawat isa sa mga pamantayang banal na kasulatan (Lucas 1:17; 3 Nephi 25:5–6; Doktrina at mga Tipan 2:1–3; Joseph Smith—Kasaysayan 1:37–39). Bakit sa palagay ninyo madalas na inuulit-ulit ang mensaheng ito?

---

Katapusan

Magbigay ng patotoo tungkol sa mga bagay na pinili ninyong talakayin sa aralin. Bilang pagtatapos sa kurso ng pag-aaral sa taong ito, maaari din ninyong naising ipahiwatig ang inyong pasasalamat sa mga turo sa Lumang Tipan.

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng kopya ng *New Testament Class Member Study Guide* (31392; tingnan sa "Preparation" pahina 225). Ipaliwanag na ang kurso ng pag-aaral sa susunod na taon ay ang Bagong Tipan. Himukin ang mga miyembro ng klase na simulang gamitin ang gabay sa pag-aaral upang makapaghanda para sa aralin sa susunod na linggo at upang mapag-aralan ang Bagong Tipan na kasama ang kanilang mga mag-anak.

---

**Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo**

Ang sumusunod na materyal ay nagdaragdag sa mungkahing banghay ng aralin. Maaari ninyong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga ideyang ito bilang bahagi ng aralin.

**1. Mga naipropesiyang pagpapakita ng Tagapagligtas**

- Kahit paano ay may pitong pagpapakita ang Tagapagligtas sa mga huling araw na nakapropesiya sa mga banal na kasulatan. Ilan sa mga ito ang inyong matutukoy?

Ang sumusunod na impormasyon ay makatutulong sa pagsagot sa tanong na ito:

a. Kay Propetang Joseph Smith sa Unang Pangitain (Mga Gawa 3:19–21; Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–17).
b. Sa kanyang mga templo sa mga huling araw (Malakias 3:1; Doktrina at mga Tipan 133:1–2).
c. Sa lambak ng Adam-ondi-Ahman (Doktrina at mga Tipan 116; Daniel 7:13–14, 22; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:53–56, na naglalarawan sa isang nakaraang pulong sa Adam-ondi-Ahman na katulad ng pulong na idaraos doon).
d. Sa Jerusalem sa panahon ng pandaigdig na labanan na kilala bilang ang digmaan sa bundok ng Megiddo (Ezekiel 38–39; Zacarias 12–14; Apocalipsis 11; Doktrina at mga Tipan 45:47–53).
e. Sa lungsod ng Bagong Jerusalem, sa Independence, Missouri (3 Nephi 21:24–26).

f. Sa mga matwid sa panahon ng kanyang Ikalawang Pagparito (Zacarias 14:5; I Mga Taga Tesalonica 4:16–17; Doktrina at mga Tipan 88:96–98).
g. Sa masasama (Doktrina at mga Tipan 133:42–51).

**2. Kailan magaganap ang Ikalawang Pagparito?**

Nilinaw ng Panginoon na kahit na tiyak na magbabalik siya, walang taong nakaaalam sa tamang oras (Doktrina at mga Tipan 39:20–21; 49:7).

Si Elder Richard L. Evans ay nagsabing: "Ang ilan sa mga kapatid . . . ay lumapit kay [Pangulong Wilford Woodruff] at . . . nagtanong sa kanya kung kailan niya nadaramang darating ang katapusan—kailan ang magiging pagdating ng Guro? Ang mga ito, sa aking palagay, ay hindi ang mga eksaktong salita, ngunit ipinahihiwatig ng mga ito ang diwa ng kanyang nakatalang kasagutan: 'Mamumuhay ako na tila ba bukas na ito mangyayari—ngunit nagtatanim pa rin ako ng mga puno ng *cherry*!' Sa palagay ko ay maaari nating tanggapin ang pahayag at ipamuhay ito at mamuhay na tila ba ang wakas ay bukas na—at magtanim pa rin ng mga puno ng *cherry*! Sa pag-aalala tungkol sa mga bagay na mangyayari sa hinaharap, hindi natin dapat kaligtaan ang ating mga oportunidad sa ating sariling mag-anak at mga kaibigan; sa pag-aalala tungkol sa mga maaaring mangyari sa hinaharap hindi natin dapat kaligtaan ang mga bagay na kailangang isagawa dito at ngayon, at ang mga bagay na magagawa natin" (sa Conference Report, Abr. 1950, 105–6).

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 02355 70893 6
35570 893